
# Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan

Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo



# Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan

**Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo**

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

**Mga Puna at Mungkahi**

Pasasalamatan namin ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa manwal na ito. Mangyari lamang na ipadala ang mga ito sa:

Curriculum Planning
50 East North Temple Street, Floor 24
Salt Lake City, UT 84150-3200
USA
E-mail: cur-development@ldschurch.org

Mangyaring isulat ang inyong pangalan, tirahan, purok, at istaka. Tiyaking ibigay ang pamagat ng manwal. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng manwal at mga bahaging maaari pang pagbutihin.

| | |
|---|---|
| Pabalat: | *Ang Unang Pangitain*, ni Del Parson |
| Pahina 193: | *Itinaboy ang mga Banal sa Jackson County, Missouri*, ni C. C. A. Christensen, © ng Museum of Fine Arts, Brigham Young University. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan |
| Pahina 232: | *Kapatid na Joseph*, ni David Lindsley |
| Pahina 241: | *Brigham Young, ang Moises ng Amerika*, ni Kenneth A. Corbett © ni Kenneth A. Corbett |

© 2000 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/96
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/96

Pagsasalin ng *Doctrine and Covenants and Church History: Gospel Doctrine Teacher's Manual*

Tagalog

# Mga Nilalaman


| Bilang at Pamagat ng Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| Mga Tulong para sa Guro | | v |
| 1 | Pambungad sa Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan | 1 |
| 2 | “Masdan, Ako si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng Sanlibutan” | 7 |
| 3 | “Nakakita Ako ng Pangitain” | 14 |
| 4 | “Alalahanin ang Bagong Tipan, Maging ang Aklat ni Mormon” | 21 |
| 5 | “Ito ang Diwa ng Paghahayag” | 30 |
| 6 | “Sasabihin Ko sa Iyo sa Iyong Isipan at sa Iyong Puso, sa Pamamagitan ng Espiritu Santo” | 36 |
| 7 | “Ang mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo” | 44 |
| 8 | Ang Pagpapanumbalik ng Pagkasaserdote | 52 |
| 9 | “Ang Tanging Tunay at Buhay na Simbahan” | 60 |
| 10 | “Ito ang Aking Tinig sa Lahat” | 66 |
| 11 | “Ang Bukirin ay Puti na Upang Anihin” | 73 |
| 12 | “Pagtitipon ng Aking mga Tao” | 79 |
| 13 | “Ang Salinlahing Ito ay Tatanggap ng Aking Salita sa Pamamagitan Mo” | 87 |
| 14 | “Ang Batas ng Paglalaan” | 94 |
| 15 | “Masigasig Ninyong Hanapin ang mga Pinakamahusay na Kaloob” | 102 |
| 16 | “Ihandog ang Inyong Sakramento sa Aking Banal na Araw” | 110 |
| 17 | Ang Batas ng Ikapu at ang Batas ng Ayuno | 118 |
| 18 | “Magtayo ng . . . Isang Bahay ng Diyos” | 126 |
| 19 | Ang Plano ng Kaligtasan | 133 |
| 20 | Ang mga Kaharian ng Kaluwalhatian | 139 |
| 21 | “Tatanaw sa Dakilang Araw ng Panginoon na Dumating” | 146 |
| 22 | Ang Salita ng Karunungan: “Isang Alituntuning may Lakip na Pangako” | 153 |
| 23 | “Maghangad na Matuto, Maging sa Pamamagitan ng Pag-aaral, at Gayundin sa Pamamagitan ng Pananampalataya” | 161 |
| 24 | “Huwag Magpalinlang, sa Halip ay Manatiling Matatag” | 170 |
| 25 | Pagkasaserdote: “Ang Kapangyarihan ng Kabanalan” | 178 |
| 26 | “Humayo sa Buond Daigdig, at Mangaral ng Aking Ebanghelyo” | 180 |
| 27 | “Sila ay Kinakailangang Parusahan at Subukan, Maging Gaya ni Abraham” | 191 |

| | | |
|---|---|---|
| 28 | "O Diyos, Nasaan Kayo?" | 200 |
| 29 | Pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa Nauvoo, Illinois | 208 |
| 30 | "Ang mga Bilanggo ay Makalalaya" | 216 |
| 31 | "Ibinuklod . . . sa Panahon at sa Lahat ng Kawalang-Hanggan" | 223 |
| 32 | "Upang Tatakan ang Patotoo" | 231 |
| 33 | Pinamunuan ni Pangulong Brigham Young ang mga Banal | 239 |
| 34 | Pananampalataya sa Bawat Hakbang | 246 |
| 35 | "Misyon ng Pagliligtas" | 254 |
| 36 | "Ang Ilang ay Magagalak, at Mamumulaklak na gaya ng Rosas" | 262 |
| 37 | "Salamat, O Diyos, sa Propeta" | 268 |
| 38 | "Sa Aking Sariling Pamamaraan" | 277 |
| 39 | "Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob sa Kanilang mga Ama" | 285 |
| 40 | Pagkakaroon ng Kagalakan sa Gawain sa Templo at Kasaysayan ng Mag-anak | 293 |
| 41 | "Bawat Miyembro ay Misyonero" | 299 |
| 42 | Patuloy na Paghahayag sa mga Propeta sa mga Huling Araw | 307 |
| 43 | "Magsuot Kayo ng Aking Buong Kasuotan" | 315 |
| 44 | Pagiging Mabubuting Mamamayan | 322 |
| 45 | "Ang Mag-anak ay Inordena ng Diyos" | 328 |
| 46 | "Sion—Ang may Dalisay na Puso" | 336 |
| | Mga Pagkakasunud-sunod ng Pangyayari sa Kasaysayan ng Simbahan | 341 |
| | Mapa 1: Ang Pook ng New York, Pennsylvania, at Ohio ng Estados Unidos | 345 |
| | Mapa 2: Ang Pook ng Missouri, Illinois, at Ohio ng Estados Unidos | 346 |
| | Mapa 3: Ang Pakanlurang Paglalakbay ng Simbahan | 347 |

# Mga Tulong para sa Guro

Ang kursong pag-aaralan sa taong ito ay ang Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan. Ang Doktrina at mga Tipan ay mga tinipong propesiya, pangitain, kautusan, at aral na ibinigay sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith at ng ilan sa mga humalili sa kanya sa Panguluhan ng Simbahan. Tinukoy ng Propeta ang aklat na ito ng banal na kasulatan bilang "ang saligan ng Simbahan sa mga huling araw na ito, at isang kapakinabangan sa sanlibutan, ipinakikita na ang mga susi ng mga hiwaga ng kaharian ng ating Tagapagligtas ay muling ipinagkatiwala sa tao" (pamagat ng D at T 70). Ang mga pahayag sa aklat na ito ay malaking bahagi ng kasaysayan ng Simbahan, na natanggap "bilang kasagutan sa panalangin, sa panahon ng pangangailangan, at . . . mula sa mga pangyayari sa tunay na buhay na kinabibilangan ng mga tunay na tao" (Pambungad sa Doktrina at mga Tipan).

Habang itinuturo ninyo ang ebanghelyo mula sa Doktrina at mga Tipan at sa kasaysayan ng Simbahan, matutulungan ninyo ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng pagpapahalaga sa nakaraan, lakas sa kasalukuyan, at pag-asa sa hinaharap. Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Napakaluwalhati ng nakaraan ng dakilang mithiing ito. Ito ay puno ng kabayanihan, katapangan, lakas ng loob, at pananampalataya. Kagila-gilalas ang kasalukuyan habang sumusulong tayo upang pagpalain ang buhay ng mga tao na nakikinig saan man sila naroon sa mensahe ng mga tagapaglingkod ng Panginoon. Napakaganda ng hinaharap habang ipinagpapatuloy ng Makapangyarihan ang Kanyang maluwalhating gawain, na iniimpluwensiyahan sa kabutihan ang lahat ng tumatanggap at ipinamumuhay ang Kanyang ebanghelyo at ipinaaabot maging ang walang hanggang pagpapala ng Kanyang mga anak na lalaki at babae sa lahat ng henerasyon sa pamamagitan ng hindi makasariling gawain ng mga taong ang puso ay puno ng pagmamahal para sa Manunubos ng daigdig" (sa Conference Report, Okt. 1995, 95; o *Ensign*, Nob. 1995, 72).

## Mga Layunin ng Kursong Ito

Sa halip na sunud-sunod o baha-bahagi ang paraan ng pagtalakay, ang mga aralin sa kursong ito ay nakatuon sa mahahalagang paksa na itinuturo sa Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan. Ginawa ang mga ito upang tulungan kayong:

1. Ituro ang mga doktrina, ordenansa, at tipan ng ipinanumbalik na ebanghelyo, na kailangan ng mga indibiduwal at mag-anak upang lumapit kay Cristo at magmana ng buhay na walang hanggan.
2. Ituro ang patuloy na kasaysayan ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo.
3. Anyayahan ang Espiritu sa klase.
4. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan at mahalin ang mga banal na kasulatan.

5. Tulungan ang mga miyembro ng klase na isagawa ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa kanilang buhay.
6. Himukin ang mga miyembro ng klase na turuan at palakasin ang bawat isa.
7. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang kahalagahan ng kanilang kapanahunan sa kasaysayan ng Simbahan—na nakamtan nila ang isang dakilang pamana at makatatagpo sila ng kagalakan sa kanilang responsibilidad na patuloy na isulong ang gawain ng Panginoon.

---

**Mga Materyal na Dapat Ninyong Gamitin**

Habang inihahanda at itinuturo ninyo ang mga aralin sa kursong ito, dapat ninyong gamitin ang sumusunod na mga materyal:

1. Ang mga banal na kasulatan (tingnan sa "Magturo mula sa mga Banal na Kasulatan," pahina x).
2. Ang manwal na ito ng guro (tingnan sa "Paano Gamitin ang Manwal na Ito" sa kasunod na pahina).
3. *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase sa Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan* (35686 893). Ang buklet na ito ay naglalaman ng takdang babasahin para sa bawat aralin at ilang mga tanong para sa talakayan. Habang inihahanda ninyo ang bawat aralin, isipin kung paano gagamitin ang materyal sa *Gabay sa Pag-aaral*. Ang mga miyembro ng klase ay higit na makasasali sa talakayan kung napag-aralan nila ang takdang babasahin at kung magtatanong kayo ng mga katanungang handa nilang sagutin. Himukin ang mga miyembro ng klase na gamitin ang *Gabay sa Pag- aaral* sa kanilang pansariling pag-aaral at sa mga talakayan sa mag-anak.

   Ang bawat miyembro ng klase ay dapat magkaroon ng kopya ng *Gabay sa Pag-aaral*. Dapat kayong makatanggap ng mga kopya mula sa panguluhan ng Panlinggong Paaralan, sa klerk ng purok, o sa kawaksing klerk ng purok na itinalaga sa mga materyal.
4. *Ang Ating Pamana: Isang Maikling Kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw* (35448 893). Ang aklat na ito ay naglalahad ng nakapagbibigay inspirasyong kuwento tungkol sa kasaysayan ng Simbahan mula noong kapanahunan ng Propetang si Joseph Smith hanggang sa kasalukuyan. Maraming kuwento sa aklat na ito ang tinalakay sa mga aralin.

   Ang bawat miyembro ng klase ay dapat magkaroon ng kopya ng *Ang Ating Pamana* para sa pansariling pag-aaral (kahit isang kopya lamang sa bawat tahanan). Maraming miyembro ang may mga kopya na. Dapat kayong makakuha ng mga kopya mula sa panguluhan ng Panlinggong Paaralan, sa klerk ng purok, o sa kawaksing klerk ng purok na itinalaga sa mga materyal. Ang klerk ay makatutulong sa pag-order ng karagdagang mga kopya kung kinakailangan.
5. Ang mga videocassette na *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912) at *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933). Ang mga videocassette na ito ay naglalaman ng mga pagtatanghal na sumusuporta sa mga aralin. Ang mga mungkahi sa paggamit

ng mga ito ay matatagpuan sa bahaging "Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo" ng maraming aralin sa manwal. Ang mga pagtatanghal na ito ng video ay makadaragdag sa pang-unawa ng mga miyembro ng klase ukol sa mga alituntunin ng ebanghelyo at kasaysayan ng Simbahan. Gayunman, ingatang huwag gamitin nang madalas ang mga ito o bilang panghalili sa mga talakayang nababatay sa banal na kasulatan.

Para sa tulong sa batayang mga alituntunin ng pagtuturo ng ebanghelyo, sumangguni sa mga tagubilin sa pambungad na ito at sa sumusunod na mga mapagkukunan:

"Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno," ika-16 na bahagi ng *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* (35209 893 o 35903 893)

*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, 1999 na edisyon (36123 893)

*Patnubay sa Pagtuturo* (34595 893)

---

## Paano Gamitin ang Manwal na Ito

Ang manwal na ito ay kasangkapan upang tulungan kayo na ituro ang mga doktrina ng ebanghelyo mula sa mga banal na kasulatan at kasaysayan ng Simbahan. Isinulat ito para sa mga klase ng Doktrina ng Ebanghelyo ng mga kabataan at may sapat na gulang at gagamitin tuwing ikaapat na taon. Ang karagdagang mga sanggunian at komentaryo ay hindi na kinakailangan para ituro ang mga aralin. Sinabi ni Elder M. Russell Ballard:

"Ang mga guro ay dapat mapagpayuhan na pag-aralang mabuti ang mga banal na kasulatan at ang kanilang mga manwal bago sila gumamit ng mga karagdagang materyal. Napakaraming guro ang tila lumalayo sa inaprubahang mga materyal ng kurikulum nang hindi lubusang pinag-aaralang muli ang mga ito. Kung madarama ng mga guro na kailangang gumamit ng ilang mabubuting karagdagang mapagkukunan bukod sa mga banal na kasulatan at mga manwal sa paglalahad ng aralin, dapat muna nilang isaalang-alang ang paggamit ng mga magasin ng Simbahan" (sa Conference Report, Abr. 1983, 93; o *Ensign*, Mayo 1983, 68).

Muling pag-aralan ang bawat aralin nang kahit isang linggo man lamang bago ito ituro. Kapag maaga ninyong pinag-aralan ang takdang babasahin at ang materyal nang aralin, makatatanggap kayo ng mga kaisipan at impresyon sa loob ng linggo na tutulong sa inyo na ituro ang aralin. Habang pinag-iisipan ninyong mabuti ang aralin sa loob ng linggo, manalangin na patnubayan kayo ng Espiritu. Manampalataya na pagpapalain kayo ng Panginoon.

Ang bawat aralin sa manwal na ito ay naglalaman ng higit na impormasyon na kaysa sa maaari ninyong ituro sa buong oras ng klase. Hangarin ang Espiritu ng Panginoon sa pagpili ng mga kuwento sa banal na kasulatan, tanong at iba pang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Palaging isaisip ang mga gulang, kinawiwilihan, at kinalakhang kapaligiran ng mga miyembro ng klase.

Ang manwal na ito ay naglalaman ng 46 aralin. Dahil maaaring mahigit sa 46 na mga Linggo ang inyong pagtuturo, maaari ninyong gamitin paminsan-minsan ang dalawang buong oras ng klase upang ituro ang isang aralin. Ito ay

malamang na makatutulong lalo na sa ilan sa mahahabang aralin, kagaya ng mga aralin 4, 7, at 27.

Ang mga aralin ay kinabibilangan ng sumusunod na mga bahagi:

1. *Layunin*. Ang pangungusap na nagsasaad ng layunin ay nagmumungkahi ng pangunahing ideya na pagtutuunan ng pansin habang inihahanda at itinuturo ninyo ang aralin. Ito ay karaniwang kinabibilangan ng inaasahang gagawin ng mga miyembro ng klase bilang bunga ng aralin.

2. *Paghahanda*. Nakatala sa bahaging ito ang mga kuwento sa banal na kasulatan at iba pang mga materyal sa banghay ng aralin. Maaari din itong kabilangan ng iba pang mga mungkahi sa paghahanda, kagaya ng mga materyal na dadalhin sa klase. Marami sa mga materyal na ito ang makukuha sa aklatan ng bahay-pulungan. (Ang limang numero na kasunod ng pangalan ng isang mungkahing aytem ang numero ng aytem; kung may larawang kasama sa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo [34730 893], ang numerong iyon ay nakasaad din.)

3. *Gawaing pantawag pansin*. Ang bahaging ito ay binubuo ng simpleng gawain sa pagkatuto upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maghandang matuto, makisali, at madama ang impluwensiya ng Espiritu. Kung gamit man ninyo ang gawaing pantawag pansin sa manwal o ang sariling inyo, mahalagang ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa simula ng aralin. Ang gawain ay dapat maging maikli.

4. *Talakayan at pagsasagawa*. Ito ang pangunahing bahagi ng aralin. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan at tala sa kasaysayan upang mabisang maituro at matalakay ninyo ang mga ito. Gamitin ang mga mungkahi sa "Magturo mula sa mga Banal na Kasulatan" (pahina x) at "Himuking Magkaroon ng Talakayan sa Klase" (pahina xi) upang maiba ang paraan ng inyong pagtuturo at mapanatili ang interes ng mga miyembro ng klase. Pumili ng mga tanong at pamamaraan na angkop sa mga edad at karanasan ng mga miyembro ng klase.

5. *Katapusan*. Ang bahaging ito ay tumutulong sa inyo na ibuod ang aralin at himukin ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang mga alintuntunin na inyong tinalakay. Pinaaalalahanan din kayo nito na magbahagi ng patotoo. Tiyaking maglaan ng sapat na oras upang tapusin ang bawat aralin.

6. *Mga karagdagang ideya sa pagtuturo*. Ang bahaging ito ay makikita sa karamihan sa mga aralin sa manwal. Maaari itong kabilangan ng mga karagdagang katotohanan mula sa mga kuwento sa banal na kasulatan, gawain, o iba pang mga mungkahi na sumusuporta sa banghay ng aralin.

Ang manwal ay naglalaman ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan (mga pahina 342–44]) at tatlong mapa ng mga makasaysayang lugar sa Simbahan (mga pahina 345–47). Maraming aralin ang tumutukoy sa mga mapagkukunang ito, na kasama rin sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (mga pahina 35–37).

## Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu

Kapag naghahanda sa pagtuturo ng ebanghelyo, mahalagang hangarin ninyo ang inspirasyon at patnubay mula sa Espiritu Santo. “Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya,” ang sabi ng Panginoon, “at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo” (D at T 42:14). Alalahanin na ang Espiritu Santo ang siyang magiging guro sa inyong klase.

Mahahangad ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng pananalangin, pag-aayuno, pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw, at pagsunod sa mga kautusan. Habang naghahanda para sa klase, manalangin na tulungan kayo ng Espiritu na maunawaan ang mga banal na kasulatan at ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Matutulungan din kayo ng Espiritu na magplano ng mga makabuluhang paraan upang matalakay ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga ito sa kasalukuyan.

Ang ilang mungkahi sa pag-aanyaya sa Espiritu sa inyong klase ay nakalista sa ibaba:

1. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na mag-alay ng panalangin bago magsimula at pagkatapos ng aralin. Sa klase, manalangin sa inyong puso na gabayan kayo ng Espiritu, na buksan ang puso ng mga miyembro ng klase, at upang magpatotoo at magbigay inspirasyon.
2. Gamitin ang mga banal na kasulatan (tingnan sa “Magturo ng Tamang Doktrina” sa pahinang ito at “Magturo mula sa mga Banal na Kasulatan” sa pahina x). Ipabasa nang malakas sa mga miyembro ng klase ang mga piling talata.
3. Magbigay ng patotoo sa tuwing binibigyan kayo ng inspirasyon ng Espiritu, hindi lamang sa hulihan ng aralin. Magpatotoo tungkol kay Jesucristo. Palaging na anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbigay ng kanilang mga patotoo.
4. Gumamit ng mga himno, awit sa Primarya, at iba pang sagradong musika upang ihanda ang mga puso ng mga miyembro ng klase na madama ang Espiritu.
5. Ipahayag ang inyong pagmamahal sa mga miyembro ng klase, sa iba, at sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.
6. Kapag naaangkop, magbahagi ng mga pananaw, damdamin, at karanasan na may kaugnayan sa aralin. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na gawin din ang gayon. Ang mga miyembro ng klase ay maaari ding magkuwento kung paano nila naisagawa ang mga alituntuning tinalakay sa nakaraang mga aralin.

## Magturo ng Tamang Doktrina

Itinuro ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa na, “Ang tamang doktrina, kapag naunawaan, ay nagpapabago ng asal at pag-uugali” (sa Conference Report, Okt. 1986, 20; o *Ensign*, Nob. 1986, 17).

Sa inyong paghahanda at sa buong oras ng klase, pagtuunan ng pansin ang mga nakapagliligtas na doktrina ng ebanghelyo na inilahad sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Kinakailangan ninyong pag-aralan ang mga banal na kasulatan nang masigasig at may panalangin. Iniutos ng Panginoon, "Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (D at T 11:21).

---

**Magturo mula sa mga Banal na Kasulatan**

May dakilang kapangyarihan sa paggamit ng mga banal na kasulatan upang ituro ang mga doktrina ng ebanghelyo. Himukin ang mga miyembro ng klase na dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan sa klase tuwing linggo upang sama-sama ninyong mabasa ang mga piling talata ng banal na kasulatan.

Gamitin ang mga sumusunod na mungkahi upang ituro ang mga kuwento sa banal na kasulatan nang mabisa at may pagkakaiba:

1. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatan tungkol kay Jesucristo. Hilingin sa kanila na isipin kung paanong ang ilang partikular na mga talata ay nakadaragdag sa kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas at nakatutulong sa kanila na madama ang Kanyang pagmamahal.
2. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na iangkop sa sarili ang mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng pag-iisip na ihalili ang kanilang mga pangalan sa mga piling talata.
3. Magbahagi ng mga nakapagbibigay-inspirasyon kuwento sa kasaysayan ng Simbahan upang ipakita kung paano naaangkop sa ating buhay ang mga talata ng banal na kasulatan.
4. Pahanapin ang mga miyembro ng klase ng mga salita, parapo, o ideya na madalas na inuulit sa isang talata ng banal na kasulatan o may natatanging kahulugan para sa kanila.
5. Himukin ang mga miyembro ng klase na gamitin ang mga tulong sa pag-aaral na kasama sa tatlong pinagsama-samang aklat ng mga Banal na Kasalatan at *Gabay sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan*.
6. Isulat sa pisara ang mga kataga, pangunahing salita, o tanong na may kaugnayan sa kuwento sa banal na kasulatan. Pagkatapos ay basahin o ibuod ang kuwento. Kapag may nabasa ang mga miyembro ng klase na mga kataga, pangunahing salita, o sagot sa mga tanong, tumigil at talakayin ang mga ito.
7. Hatiin ang klase sa dalawa o higit pang maliliit na grupo. Matapos pagbalik-aralan ang isang kuwento sa banal na kasulatan, ipasulat sa bawat grupo ang mga alituntunin at doktrinang itinuro sa kuwento. Pagkatapos ay halinhinang ipatalakay sa mga grupo kung paano naaangkop ang mga aral na ito sa kanilang buhay.
8. Imungkahi na magdala ng mga lapis ang mga miyembro ng klase upang markahan ang mga talata na tunay na makahulugan sa kanila.

## Himuking Magkaroon ng Talakayan sa Klase

Karaniwan ay hindi kayo dapat magbigay ng mga lektyur. Sa halip ay tulungan ang mga miyembro ng klase na makisali nang makabuluhan sa pagtalakay ng mga banal na kasulatan. Ang payo ng Panginoon tungkol sa talakayan na ito sa klase ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 88:122: "Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pribilehiyo."

Gamitin ang sumusunod na mga panuntunan habang hinihimok ninyo na magkaroon ng talakayan sa klase:

1. Magtanong ng mga tanong na nangangailangan ng pag-iisip. Ang mga tanong na nagsisimula sa *bakit, paano, sino, ano, kailan,* at *saan* ay karaniwang pinakamabisa sa paghihikayat ng talakayan. Hangarin ang patnubay ng Espiritu habang pinag-aaralan ninyo ang mga tanong sa manwal na ito at magpasiya kung alin sa mga ito ang itatanong.

2. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na maikling ibahagi ang mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin sa banal na kasulatan na inyong tinatalakay. Himukin din silang ibahagi ang kanilang damdamin tungkol sa mga natututuhan nila mula sa mga banal na kasulatan. Tulungan silang maunawaan na ang mga espirituwal na karanasan at damdamin ay dapat ibahagi "nang may pag-iingat, at sa panghihimok ng Espiritu" (D at T 63:64). Ang ilang mga karanasan at damdamin ay hindi nararapat na ibahagi.

3. Maging sensitibo sa mga pangangailangan ng bawat miyembro ng klase. Bagama't ang lahat ng miyembro ng klase ay dapat himukin na makisali sa mga talakayan sa klase, ang ilan ay maaaring mag-atubiling sumagot. Maaari ninyong naisin na kausapin sila nang sarilinan upang matuklasan kung ano ang nadarama nila tungkol sa pagbabasa nang malakas o pakikisali sa klase. Mag-ingat na tawagin ang mga miyembro ng klase kung mapapahiya sila dahil dito.

4. Magbigay ng mga sangguniang banal na kasulatan upang tulungan ang mga miyembro ng klase na mahanap ang mga sagot sa ilang katanungan.

5. Kung halos nauubos ng ilan sa mga miyembro ng klase ang oras sa talakayan, magsikap na isali ang mga hindi pa nakapag-ambag. Maaaring kailanganin ninyong baguhin nang banayad ang daloy ng talakayan sa pagsasabing, "Pakinggan naman natin ang iba" o "May iba pa bang gustong magdagdag sa sinabing iyon?"

Mas mahalagang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan at maisagawa ang mga banal na kasulatan kaysa talakayin ang buong materyal ng aralin na inyong inihanda. Kung ang mga miyembro ng klase ay natututo mula sa mabuting talakayan, kadalasan ay mas kapaki-pakinabang na hayaan itong magpatuloy sa halip na sikaping talakayin ang buong materyal ng aralin. Gayunman, kung ang isang talakayan ay hindi nakatutulong o nakapagpapasigla ng kalooban, dapat ninyong ibahin ito.

**Pagtulong sa mga Bagong Miyembro**

Maaari kayong magkaroon ng pagkakataon na turuan ang mga miyembro na bagung-bago pa sa Simbahan. Ang inyong pagtuturo ay makatutulong sa mga miyembrong ito na maging matatag sa pananampalataya. Sinabi ng Unang Panguluhan: "Ang bawat miyembro ng Simbahan ay kailangang mahalin at pangalagaan, lalo na sa mga unang buwan matapos ang pagbibinyag. Kapag ang mga bagong miyembro ay tumatanggap ng taos na pakikipagkaibigan, pagkakataon na maglingkod, at ng espirituwal na pangangalaga na nagmumula sa pag-aaral ng salita ng Diyos, nakararanas sila ng pagbabalik-loob na tumatagal at nagiging 'mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Diyos' (Mga Taga Efeso 2:19)" (liham ng Unang Panguluhan, ika-15 ng Mayo, 1997).

**Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Kabataan**

Kung nagtuturo ka sa kabataan, alalahanin na kadalasan ay kailangan nila ng aktibong pakikisali at bisuwal na paglalahad ng mga doktrinang tinatalakay. Ang paggamit ninyo ng mga gawain, pagpapalabas ng video, at mga larawan na iminumungkahi sa manwal ay makatutulong sa kabataan na manatiling interesado sa mga aralin.

# Pambungad sa Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan

Aralin **1**

**Layunin**

Upang ipakilala sa mga miyembro ng klase ang pag-aaral sa taong ito ng Doktrina at mga Tipan at kasaysayan ng Simbahan at tulungan silang maunawaan ang kanilang kalagayan sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at iba pang mga materyal:

   a. Pambungad sa Doktrina at mga Tipan; Doktrina at mga Tipan 1.

   b. Pambungad sa *Ang Ating Pamana*.

2. Kumuha ng kopya ng *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase sa Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan* (35686 893) para sa bawat miyembro ng klase. Dapat ninyong matanggap ang mga kopyang ito mula sa panguluhan ng Panlinggong Paaralan, sa klerk ng purok, o sa kawaksing klerk ng purok na itinalaga sa mga materyal. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral*, at magplano ng mga paraan para mabanggit ito sa buong oras ng aralin.

3. Kumuha ng sapat na kopya ng *Ang Ating Pamana: Isang Maikling Kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw* (35448 893) upang ang bawat miyembro ng klase ay may magamit para sa pansariling pag-aaral (kahit isang kopya lamang sa bawat tahanan). Maraming miyembro ang may mga kopya na. Dapat kayong makakuha ng mga kopya mula sa panguluhan ng Panlinggong Paaralan, sa klerk ng purok, o sa kawaksing klerk ng purok na itinalaga sa mga materyal. Ang klerk ay makatutulong sa pag-order ng karagdagang mga kopya kung kinakailangan.

4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng larawan ng Templo sa Salt Lake sa klase (62433 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 502).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang larawan ng Templo sa Salt Lake. Ituro ang bola sa tuktok ng templo na tinutuntungan ng estatwa ng anghel na si Moroni. Ipaliwanag na ang itaas na bahagi ng bolang iyon ay ang batong pinakaibabaw (capstone) ng Templo sa Salt Lake. Noong ika-6 ng Abril, 1892, ang Simbahan ay nagdaos ng pangkalahatang komperensiya sa Tabernakulo. Bago sumapit ang tanghali, tinapos ni Pangulong Wilford Woodruff ang pulong. Apatnapung libong tao ang

nagtipon sa Temple Square, na may libu-libo pang nakapaligid dito. Pagkatapos ay pinindot ni Pangulong Woodruff ang isang buton na de-kuryente, at ang batong pinakaibabaw ay ibinaba sa kinalalagyan nito. Sa ibaba, ang Koro ng Tabernakulo, na sinaliwan ng isang banda, ay nagsimula sa pag-awit ng himnong "Ang Espiritu ng Diyos," at ang mga Banal ay umawit din. Pagkatapos ay sumigaw sila ng Hosana at iwinagayway ang mga puting panyo, na ipinakikita ang kanilang kagalakan dahil ang Templo sa Salt Lake ay malapit nang matapos.

Ipinaliwanag ni Pangulong Ezra Taft Benson, ang ika-13 Pangulo ng Simbahan, na ang Doktrina at mga Tipan ay mailalarawan bilang batong pinakaibabaw ng ating relihiyon:

"Ang Doktrina at mga Tipan ay nagdadala sa mga tao sa kaharian ni Cristo, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 'ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo' [D at T 1:30]. . . .

"Ang Aklat ni Mormon ang 'saligang bato' ng ating relihiyon, at ang Doktrina at mga Tipan ang batong pinakaibabaw, na may patuloy na paghahayag sa mga huling araw. Ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang pagsang-ayon kapwa sa saligang bato at sa batong pinakaibabaw" (sa Conference Report, Abr. 1987, 105; o *Ensign*, Mayo 1987, 83).

Magpatotoo na ang saligang bato at ang batong pinakaibabaw ay nagtuturo sa atin tungkol sa Tagapagligtas, na siyang bato sa panulok ng ating relihiyon (Mga Taga Efeso 2 :20). Ang mga banal na kasulatang ito ay nagpapatotoo rin tungkol sa Tagapagligtas at sa katotohanan ng Kanyang ebanghelyo.

---

## Talakayan at Pagsasagawa

Ang araling ito ay naglalaman ng labis na materyal kaysa sa maaaring ituro sa buong oras ng klase. Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

Ipaliwanag na gamit ng kursong ito ang paraan na pagtutuon ng pansin sa paksa sa pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan. Ang mga aralin ay binuo upang tulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhan at maisagawa ang itinuturo ng Doktrina at mga Tipan at kasaysayan ng Simbahan tungkol sa partikular na mga paksa ng ebanghelyo. Bilang resulta ng pag-aaral sa taong ito, ang mga miyembro ng klase ay dapat magkaroon ng higit na pagnanais na hangarin ang mga pagpapala ng ebanghelyo.

Bigyang-diin na dahil ang mga aralin sa taong ito ay nakatuon sa paksa, ang ilang bahagi ng Doktrina at mga Tipan ay hindi isinama sa mga takdang babasahin. Gayunman, dapat planuhin ng mga miyembro ng klase na basahin ang buong Doktrina at mga Tipan sa loob ng taon.

Ipamahagi ang mga kopya ng *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase*. Ipaliwanag na ang gabay sa pag-aaral ay naglalaman ng mga takdang babasahin at mga tanong sa talakayan para sa bawat aralin. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na gumawa ng pangako na basahin ang mga takdang aralin na ito at maghanda para sa klase linggu-linggo. Hilingan silang magbahagi ng mga ideya kung paano makakaugalian ang lingguhang pagbabasa ng takdang aralin.

Ipakita ang isang kopya ng *Ang Ating Pamana* at ipamahagi ang mga kopya ayon sa pangangailangan upang magkaroon ng kahit isang kopya man lamang sa bawat tahanan. Ipaliwanag na inilalahad ng aklat na ito ang nakapagbibigay-inspirasyong kuwento tungkol sa kasaysayan ng Simbahan mula sa kapanahunan ng Propetang si Joseph Smith hanggang sa kasalukuyan. Dapat basahin ng mga miyembro ng klase ang aklat sa loob ng taon. Ang karamihan sa kasaysayang ito ay tatalakayin sa mga aralin.

Bigyang-diin na responsibilidad ng mga miyembro ng klase na gawing matagumpay ang kursong ito. Himukin silang maghandang makisali sa mga aralin at magbahagi ng mga karanasan na nakapagturo sa kanila kung paano isasagawa ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang buhay.

**1. Ang mga paghahayag na nasa Doktrina at mga Tipan ay nakapatungkol sa mga pangangailangan ng ating kapanahunan.**

- Basahin ang ikatlong talata ng Pambungad, na matatagpuan sa simula ng Doktrina at mga Tipan (ang talatang ito ay nagsisimula sa katagang "Ang aklat na"). Paanong kaiba ang Doktrina at mga Tipan sa iba pang mga aklat ng banal na kasulatan? Anong mga talata sa Doktrina at mga Tipan ang naging higit na kapaki-pakinabang o makahulugan sa inyo?
- Basahin ang ikaanim na talata ng Pambungad (ang talatang ito ay nagsisimula sa katagang "Ang mga banal na paghahayag na ito"). Ano ang itinuturo ng talatang ito hinggil sa kung paano natanggap ang mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan? Bakit kapaki-pakinabang na maunawaan na ang karamihan sa mga paghahayag ay nagmula sa mga sagot sa mga panalangin?
- Basahin ang ikawalong talata sa Pambungad (ang talatang ito ay nagsisimula sa katagang "Sa mga paghahayag"). Ano ang ilan sa mga doktrina ng ebanghelyo na ipinaliliwanag sa Doktrina at mga Tipan? (Pumili ng dalawa o tatlo sa mga doktrinang ito at talakayin kung paano magiging kaiba ang ating buhay kung wala ang mga katotohanan na ipinahayag tungkol sa mga ito sa Doktrina at mga Tipan.)

**2. Ang Panginoon ang may-akda sa paunang salita ng Doktrina at mga Tipan.**

Simulan ang bahagi 1 ng Doktrina at mga Tipan sa pamamagitan ng pagrepaso sa sumusunod na impormasyon:

Noong ika-1 ng Nobyembre, 1831, ang Propetang si Joseph Smith ang namuno sa isang natatanging komperensiya ng mga elder, na idinaos sa Hiram, Ohio. Ang mga dumalo ay nagpasiya na tipunin ang ilan sa mga paghahayag na natanggap ng Propeta at ilathala ang mga ito sa isang aklat na pinamagatang *Book of Commandments*. Kasunod ng unang sesyon ng komperensiyang ito, ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang pagsang-ayon sa paglalathala sa pamamagitan ng pagbibigay kay Joseph Smith ng paghahayag na tinawag Niyang "aking paunang salita sa aklat ng aking mga kautusan" (D at T 1:6). Ang paghahayag na ito ay ang bahagi 1 ngayon ng Doktrina at mga Tipan.

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Ang Doktrina at mga Tipan ang tanging aklat sa daigdig na may paunang salita na isinulat mismo ng Panginoon. Sa paunang salita na iyon ay ipinahayag Niya sa daigdig na ang Kanyang tinig ay

sumasalahat ng tao (tingnan sa talata 2), na ang pagparito ng Panginoon ay malapit na (tingnan sa talata 12), at ang mga katotohanang matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan ay matutupad lahat (tingnan sa mga talata 37–38)" (sa Conference Report, Okt. 1986, 101; o *Ensign*, Nob. 1986, 79).

- Sa D at T 1, ang Panginoon ay nagtaas ng "tinig ng babala," na ipinagpatuloy Niya sa buong Doktrina at mga Tipan (D at T 1:4). Anong mga babala ang ipinalabas ng Panginoon sa bahaging ito? (Tingnan sa D at T 1:7–10, 12–16, 31–33. Maaari ninyong isulat ang mga ito sa pisara.) Paanong naaangkop sa atin ang mga babalang ito?

- Para kanino ang mga mensahe ng Doktrina at mga Tipan? (Tingnan sa D at T 1:1–4, 11, 34–35.) Paano ipararating ang mga mensaheng ito sa lahat ng tao? (Tingnan sa D at T 1:4.)

- Sa D at T 1, nagpropesiya ang Panginoon tungkol sa dakilang kahihinatnan ng Kanyang gawain sa mga huling araw (D at T 1:23, 30). Ipaliwanag na noong ipahayag ng Panginoon ang bahaging ito, ang Simbahan ay isa't kalahating taon pa lamang na naitatatag at iilang daan pa lamang ang mga miyembro nito. Paano natutupad sa ating kapanahunan ang mga propesiya tungkol sa paglago ng Simbahan?

- Sa D at T 1, ipinaliwanag ng Panginoon ang ilan sa mga layunin ng mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 1;17–28. Ayon sa nakatala sa mga talatang ito, ano ang ilan sa mga layunin ng mga paghahayag? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. "Bagkus ay makapangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan" (D at T 1:20).
  b. "Nang ang pananampalataya rin ay maragdagan sa mundo" (D at T 1:21).
  c. "Nang ang aking walang hanggang tipan ay mapagtibay" (D at T 1:22).
  d. "Nang ang kabuuan ng aking ebanghelyo ay maihayag" (D at T 1:23).
  e. Upang tulungan ang mga tagapaglingkod ng Panginoon na "sila ay mangyaring makaunawa" (D at T 1:24).
  f. "At yayamang sila ay nagkamali ito ay maipaalam" (D at T 1:25).
  g. "At yayamang sila ay naghangad ng karunungan sila ay maturuan" (D at T 1:26).
  h. "At yayamang sila ay nagkasala sila ay maparusahan, upang sila ay makapagsisi" (D at T 1:27).
  i. "At yayamang sila ay nagpakumbaba sila ay maaaring gawing malakas, at pagpalain mula sa kaitaasan, at tumanggap ng kaalaman sa pana-panahon" (D at T 1:28).

- Ang paunang salita ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan ay nagtatapos sa isang kautusan na saliksikin ang Kanyang mga salita. Basahin ang D at T 1:37–38 at 18:34–36 sa mga miyembro ng klase. Bakit itinuturo sa atin ng Panginoon ang tungkol sa Kanyang mga salita at Kanyang tinig sa mga talatang ito? Paanong kakaiba ang pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan sa pagbabasa lamang ng mga ito? Paano kayo nakinabang sa pagsasaliksik ng mga salita ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan?

**3. Ang kursong ito ay tatalakay sa mahahalagang pangyayari sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon.**

Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang pahina 45 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*. Basahin ang unang pangungusap na nasusulat sa salitang *dispensasyon*. Pagkatapos ay ipaliwanag na ang mga aralin sa taong ito ay tatalakay ng marami sa mahahalagang pangyayari sa ating dispensasyon—ang dispensasyon ng kaganapan ng panahon (D at T 112:30–32). Ibahagi ang kasunod na pangungusap ni Propetang Joseph Smith:

"Ang mga propeta, saserdote, at hari . . . ay umasam nang may kagalakan sa araw na ito kung kailan tayo namumuhay; at dahil nabigyang-inspirasyon ng makalangit at buong kagalakang paghihintay, sila ay umawit at sumulat at nagpropesiya tungkol sa ating kapanahunan; ngunit namatay silang hindi nasasaksihan ang ating panahon; tayo ang mga kinalugdang tao na pinili ng Diyos upang isakatuparan ang kaluwalhatian sa mga Huling Araw; ipinagkaloob sa atin upang saksihan, lahukan at tulungang isulong ang kaluwalhatian sa mga Huling Araw, 'ang dispensasyon ng kaganapan ng panahon' " (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 231).

- Bakit kakaiba ang ating dispensasyon sa alinman sa mga naunang dispensasyon? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang katotohanan na ang dispensasyong ito ay hindi magtatapos sa pagtalikod sa katotohanan at ang Simbahan ay patuloy na lalago hanggang sa punuin nito ang mundo at ang daan para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon ay maihanda.) Ano ang ilan sa mga pagpapala at responsibilidad na kaakibat ng pamumuhay sa dispensasyong ito?

Ipaliwanag na ang dispensasyong ito ay maaaring hatiin sa anim na makasaysayang kapanahunan. Maaari ninyong isulat ang mga ito sa pisara na tulad sa sumusunod:

| | |
|---|---|
| Kapanahunan ng New York | 1820–1830 |
| Kapanahunan ng Ohio-Missouri | 1831–1838 |
| Kapanahunan ng Nauvoo | 1839–1846 |
| Unang Paninirahan sa Kanluran | 1846–1898 |
| Paglawak ng Simbahan | 1899–1950 |
| Ang Pandaigdig na Simbahan | 1951–kasalukuyan |

Bigyang-diin na marami sa mahahalagang pangyayari sa anim na makasaysayang kapanahunang ito ay ibinuod sa "Mga Pagkakasunud-sunod ng Pangyayari sa Kasaysayan ng Simbahan" sa mga pahina 342–44 sa manwal na ito at sa mga pahina 32–34 sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase*. Maikling pabalik-aralan sa mga miyembro ng klase ang mga pangyayaring ito.

- Aling mga pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan ang tunay na makahulugan sa inyo?

**4. Ang bawat isa sa atin ay makatutulong sa pagsusulong ng dakilang gawaing ito sa mga huling araw.**

Palingunin ang mga miyembro ng klase sa palibot ng silid at tingnan ang mga tao sa klase. Ipaliwanag na hindi nagkataon lamang ang pagparito natin sa

mundo sa panahong ito. Ipinadala tayo ng Diyos upang tumulong sa pagtatayo ng Kanyang kaharian sa huling dispensasyong ito. Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, "Hindi kailanman inasahan nang higit ang matatapat sa gayon kaikling panahon na tulad ng sa atin" (sinipi ni Marvin J. Ashton, sa Conference Report, Okt. 1989, 48; o *Ensign*, Nob. 1989, 36).

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "Ang pinakamatinding hamon na kinakaharap natin, at ang pinakakahanga-hangang hamon, ay ang hamon na nagmumula sa pag-unlad" (sinipi sa "President Gordon B. Hinckley," *Ensign*, Abr. 1995, 6).

- Ano ang ilang mga hamon na dulot ng mabilis na pag-unlad ng Simbahan? Ano ang ilan sa mga halimbawa ng pagsisikap ng Simbahan upang matugunan ang mga hamong ito? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang kagila-gilalas na pagdami ng pagtatayo ng mga templo, pagsisikap na itatag ang pamumuno ng pagkasaserdote, at pagmamadali ng pagsasalin ng mga banal na kasulatan sa maraming wika.)

Bigyang-diin na nakikita at nadarama natin ang pananabik na dulot ng pag-unlad ng Simbahan. Gayunman, ang Panginoon ay hindi lamang nangangailangan ng mga taong nanghihimok ngunit hindi naman nakikilahok; kailangan nating tanungin ang ating sarili kung ginagawa ba natin ang ipinagagawa sa atin at ginagampanan ang ating papel bilang mga mag-anak at bilang indibiduwal. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Ito ang panahon ng maraming oportunidad. Panahon na dapat nating samantalahin at isulong. Napakagandang panahon para gampanan ng bawat isa sa atin ang ating maliit na bahagi sa pagsusulong ng gawain ng Panginoon tungo sa kagila-gilalas na patutunguhan nito" (sa Conference Report, Okt. 1997, 90–91; o *Ensign*, Nob. 1997, 67).

- Ano ang maaaring gawin ng bawat isa sa atin at sa ating mag-anak upang tumulong sa pagsusulong ng dakilang gawain ng Panginoon sa mga huling araw?

---

Katapusan

Bigyang-diin na isang pribilehiyo ang mabuhay sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon. Nakikita natin ang Simbahan na sumusulong tulad ng naipropesiya noong unang panahon (Daniel 2:44–45; tingnan din sa D at T 65:2). Tinatamasa natin ang mga pagpapala ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Naririnig natin ang tinig ng Panginoon habang binabasa natin ang Doktrina at mga Tipan. Pinamumunuan tayo ng buhay na propeta. Ang kursong pinag-aaralan sa taong ito ay makatutulong sa atin upang higit na maunawaan ang tungkol sa mga oportunidad at pagpapalang dulot ng pamumuhay sa dispensasyong ito.

# “Masdan, Ako si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng Sanlibutan”

Aralin
2

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na madama ang makapangyarihang patotoo sa Tagapagligtas na nagmumula sa Doktrina at mga Tipan at tulungan silang patatagin ang kanilang mga patotoo sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan sa araling ito. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga talata sa pahina 10–11, alamin kung alin ang mga pinakamainam na makatutulong sa mga miyembro ng klase. Maging pamilyar sa mga talatang pinili ninyo, at maghandang gamitin ang mga ito sa aralin.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan para mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung makukuha ang mga sumusunod na larawan, maghandang gamitin ang mga ito sa oras ng aralin: Ang Panginoong Jesucristo (62572 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240); Nananalangin si Jesus sa Getsemani (62173 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 227); at Ang Pagpapako sa Krus (62505 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 230). Maaari ninyong ipakita ang larawang Ang Panginoong Jesucristo sa buong oras ng aralin.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala sa klase ng sanga mula sa isang punongkahoy.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang sanga mula sa isang punongkahoy. Bigyang-diin na hindi na nito natatanggap ang pangangalagang kailangan upang manatiling buhay.

- Bakit hindi na natatanggap ng sangang ito ang pangangalagang kailangan? (Nahiwalay na ito sa mga ugat.)

Ibahagi ang sumusunod na pangungusap ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa:

“[Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo] ang pinakaugat ng doktrinang Kristiyano. Maaaring marami kayong alam sa ebanghelyo sa pagsasanga nito mula sa doktrina, ngunit kung ang tanging alam ninyo ay ang mga sanga at hindi nababatay ang mga ito sa doktrina ng pagbabayad-sala, kung ihihiwalay ang mga ito mula sa katotohanan, ang mga ito ay hindi magkakaroon ng buhay, ni

sustansiya, ni katubusan" (sa Conference Report, Abr. 1977, 80; o *Ensign*, Mayo 1977, 56).

Ihambing ang patay na sanga sa isang malakas at malusog na puno. Bigyang-diin na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagdudulot sa atin ng buhay at nagbibigay kahulugan sa lahat ng iba pang mga doktrina ng ebanghelyo. Dapat nating alalahanin ang Pagbabayad-sala habang pinag-aaralan natin ang iba pang mga alituntunin sa kabuuan ng kursong ito.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

**1. Ang Doktrina at mga Tipan ay nagpapatotoo hinggil kay Jesucristo.**

Bigyang-diin na ang isang layunin ng lahat ng banal na kasulatan ay ang magpatotoo hinggil kay Jesucristo at hikayatin ang mga tao na lumapit sa Kanya at makibahagi ng kaligtasan. Ang Biblia, ang mga aklat nina Moises at Abraham sa Mahalagang Perlas, at ang Aklat ni Mormon ay mga sinaunang tipan, o saksi, ni Jesucristo. Ang Doktrina at mga Tipan ay isang tipan ni Jesucristo na ibinigay sa dispensasyong ito. Ang aklat na ito ng banal na kasulatan ay nagpapatotoo na si Jesus ang Cristo, na Siya ay buhay, at Siya ay patuloy na nagsasalita sa mga propeta at ginagabayan ang Kanyang mga tao sa ngayon.

Bigyang-diin na ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng mga makapangyarihang patotoo hinggil sa Tagapagligtas at sa Kanyang gawain. Ang karamihan sa mga ito ay mula mismo sa Tagapagligtas. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na mga talata bilang mga halimbawa: D at T 50:41–44 at 76:22–24.

Ipaliwanag na ang araling ito ay tumatalakay sa mga aral sa Doktrina at mga Tipan tungkol sa Tagapagligtas.

**2. "Tiniis [ni Jesucristo] ang mga pasakit ng lahat ng tao, upang ang lahat ng tao ay magsisi at lumapit sa kanya."**

Ipakita ang mga larawan ni Jesus sa Getsemani at sa krus. Ipaliwanag na ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng maraming paghahayag na makadaragdag sa ating pang-unawa sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang mga paghahayag na ito ay nagpapaunawa sa atin kung gaano katindi ang pagdurusa na dinanas ng Tagapagligtas at ang tindi ng pagmamahal Niya at ng Ama sa Langit para sa atin.

*Inilarawan ng Tagapagligtas ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo*

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 19:16–19. Ipaliwanag na ito lamang ang talata sa banal na kasulatan kung saan inilarawan ng Tagapagligtas ang Kanya mismong pagdurusa noong maganap ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Ano ang itinuturo sa atin ng talatang ito tungkol sa pagpapakasakit na ginawa ng Tagapagligtas para sa atin? Bakit pumayag si Jesus na dumanas ng gayon katinding pagdurusa para sa atin? (Tingnan sa D at T 18:10–11; 19:19, 24; 34:3.)

*Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli*

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata: D at T 88:14–18; 93:33; Alma 11:42–44. Ano ang matututuhan natin tungkol sa

Pagkabuhay na Mag-uli mula sa mga talatang ito? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

a. Ang pagkabuhay na mag-uli ay ang pagkatubos ng kaluluwa. Ang espiritu at katawan ay muling magsasama, hindi na kailanman maghihiwalay sa perpektong anyo nito (D at T 88:14–16; 93:33; Alma 11:42–43).
b. Ang pagkabuhay na mag-uli ay naghahanda sa atin para sa selestiyal na kaluwalhatian (D at T 88:18).
c. Ang pagkabuhay na mag-uli ay kailangan upang matanggap natin ang ganap na kagalakan (D at T 93:33).
d. Ang lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli (Alma 11:44).

*Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, maaari tayong mapatawad sa ating mga kasalanan at magmana ng selestiyal na kaluwalhatian*

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata: D at T 18:11–12; 19:16–17, 20; 58:42; 76:62–70. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa mga pagpapalang maaari nating tanggapin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. Maaari nating pagsisihan ang ating mga kasalanan at lumapit sa Kanya (D at T 18:11–12).
  b. Kung magsisisi tayo, inako na ni Cristo sa Kanyang sarili ang pagdurusa para sa ating mga kasalanan (D at T 19:16–17, 20).
  c. Kung magsisisi tayo, patatawarin tayo ng Panginoon at hindi na aalalahanin pa ang ating mga kasalanan (D at T 58:42).
  d. Maaari tayong bumangon sa unang pagkabuhay na mag-uli, maging perpekto sa pamamagitan ni Cristo, at magmana ng selestiyal na kaluwalhatian (D at T 76:62–70).

*Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, ang Tagapagligtas ay nagkaroon ng lubos na pagdamay sa atin sa lahat ng ating kalungkutan, pighati, pasakit, at paghihirap.*

Ipaliwanag na noong nabubuhay Siya at nang huli'y sa Pagbabayad-sala, ang Tagapagligtas ay nagdusa sa paraan na nagbigay sa kanya ng lubos na pang-unawa sa lahat ng ating mga pasakit at paghihirap.

Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang D at T 122. Ang bahaging ito ay isang paghahayag na ibinigay sa Propetang si Joseph Smith samantalang nakakulong siya sa bilangguan sa Liberty, Missouri. Bigyang-diin na sa unang pitong talata ang Panginoon ay nagsasalita tungkol sa mga pagsubok ng Propetang si Joseph. Pagkatapos sa talata 8 ang Panginoon ay nagbanggit ng tungkol sa Kanyang sarili.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 122:8. Sa paanong paraan "nagpakababa-baba" sa lahat ng bagay ang Tagapagligtas? (Tingnan sa Alma 7:11–12; D at T 62:1; 133:53. Pansinin na ang ibig sabihin ng salitang *masasaklolohan* ay matulungan. Dahil naranasan ng Tagapagligtas ang lahat ng ating kalungkutan, kapighatian, at kahirapan, nauunawaan Niya kung ano ang ating nadarama. Alam Niya kung paano tayo tutulungan.) Paano tayo matutulungan ng kaalamang ito kapag nakararanas tayo ng mga pagsubok?

  Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawa: "Kapag . . . dumating sa atin ang panahon ng kahirapan, maaari nating gunitain na si

Jesus ay nagpakababa sa lahat ng bagay bago Niya mahigitan ang mga ito, at dinanas Niya ang lahat ng uri ng sakit at kahirapan at tukso upang mapuspos Siya ng awa at malaman kung paano Niya tutulungan ang Kanyang mga tao sa kanilang mga kahirapan (tingnan sa D at T 88:6; Alma 7:11–12)" (sa Conference Report, Okt. 1995, 91; o *Ensign*, Nob. 1995, 69).

- Kailan ninyo nadama ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala sa inyong buhay? Ano ang maaari nating gawin upang lubusang madama ang kapangyarihang ito?
- Paano natin maipakikita sa Tagapagligtas ang ating pasasalamat sa Kanyang Pagbabayad-sala? Paano dapat maapektuhan ng ating pang-unawa sa Pagbabayad-sala ang ating pang-araw-araw na buhay?

**3. Tinutulungan tayo ng Doktrina at mga Tipan na maunawaan ang mga papel na ginagampanan at katangian ng Tagapagligtas.**

Ipaliwanag na upang maipakita ang pananampalataya sa Diyos, kailangan tayong magkaroon ng "tamang ideya tungkol sa kanyang pag-uugali, pagiging perpekto, at katangian" (sa Joseph Smith, tinipon, *Lectures on Faith* [1985], 38). Tinutulungan tayo ng Doktrina at mga Tipan na magkaroon ng ganitong kaalaman.

- Anong mga katangian ng Tagapagligtas ang nakikita ninyo sa mga talata na nabasa nating ngayon? (Isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Maaaring ibilang sa mga sagot ang pag-ibig sa kapwa-tao, kababaan ng loob, at pagiging masunurin.)

  Pumili ng ilan sa mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan na babasahing kasama ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung ano ang itinuturo ng bawat talata tungkol sa mga papel na ginagampanan at katangian ng Tagapagligtas. Ibuod ang impormasyon sa pisara.

a. D at T 6:20–21. (Kung tayo ay matapat at matiyaga, yayakapin tayo ng Tagapagligtas sa bisig ng Kanyang pagmamahal. Siya ang ilaw na nagliliwanag sa kadiliman.)

b. D at T 6:32–37. (Alay Niya sa atin ang proteksiyon at kapanatagan at handang pagpalain tayo kapag inaalala natin Siya at sinusunod ang Kanyang mga kautusan.)

c. D at T 19:1–3. (Pagkaraang maisagawa ang kalooban ng Ama, pinasuko Niya ang lahat ng bagay at nanatili sa Kanya ang lahat ng kapangyarihan. Lulupigin Niya si Satanas at ang kanyang mga gawain. Hahatulan Niya ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa.)

d. D at T 29:1–2. (Ang Kanyang bisig ng awa ang nagbayad-sala sa ating mga kasalanan. Kung makikinig tayo sa Kanyang tinig at magpapakumbaba, titipunin Niya tayo tulad ng isang inahing manok na nagtitipon sa kanyang mga sisiw.)

e. D at T 38:1–3. (Siya ang Manlilikha ng daigdig, at alam Niya ang lahat ng bagay.)

f. D at T 43:34. (Siya ang Tagapagligtas ng daigdig.)

g. D at T 45:3–5. (Siya ang ating Tagapamagitan sa Ama.)

h. D at T 50:44. (Siya ang Mabuting Pastol at ang Bato ng Israel, isang matatag na saligan na maaari nating pagtayuan.)

i. D at T 76:5. (Siya ay mahabagin at maawain sa mga may takot sa Kanya, at nagagalak Siyang igalang ang mga naglilingkod sa Kanya sa kabutihan at katotohanan hanggang sa wakas.)

j. D at T 93:5–19. (Siya ang Bugtong ng Ama. Siya ay "nagpatuloy nang biyaya sa biyaya" hanggang sa matanggap Niya ang kaganapan ng kaluwalhatian at kapangyarihan ng Ama.)

k. D at T 133:42–52. (Kapag dumating Siya na may kapangyarihan sa panahon ng Kanyang Ikalawang Pagparito, babanggitin ng mga taong tinubos Niya ang Kanyang buong pagmamahal na kabaitan at kabutihan.)

l. D at T 136:22. (Ang Kanyang bisig ay nakaunat upang iligtas ang Kanyang mga tao.)

- Bakit mahalagang malaman ninyo ang mga papel na ginagampanan at katangiang ito ng Tagapagligtas? Paano napagyaman ng mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan ang inyong patotoo hinggil sa Tagapagligtas?

---

Katapusan

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 19:23. Paano kayo matutulungan ng mga katotohanan na tinalakay natin ngayon na makatanggap ng kapayapaan?

Kapag nabigyang inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo hinggil kay Jesucristo. Bigyang-diin na dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, ipinaaabot Niya sa atin ang paanyaya na magsisi at lumapit sa Kanya, at tumanggap ng "kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating" (D at T 59:23). Himukin ang mga miyembro ng klase na tamasahin ang lahat ng mga biyaya ng Pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, pagsunod sa mga kautusan, at pagtitiis hanggang sa wakas.

Imungkahi na habang pinag-aaralan ng mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan sa taong ito ay patuloy nilang hanapin kung ano ang itinuturo nito hinggil kay Jesucristo. Siya ang pinakasentro ng aklat na ito. Ang makapangyarihang mga patotoo at katotohanan na ibinigay sa mga paghahayag na ito ay makapagpapayaman sa patotoo ng bawat tao tungkol sa Kanya.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

### 1. "Ako'y Namangha"

Paunang pag-aralan ang teksto ng himnong "Ako'y Namangha" (*Mga Himno*). Maghanap ng mga linya sa himno na maaaring sumuporta sa mga talata sa Doktrina at mga Tipan. Ang mga sumusunod na halimbawa ay maaaring makatulong sa inyo.

| Mga linya mula sa himno | Mga talatang sumusuporta |
|---|---|
| “Ako ay namangha sa pag-ibig ni Jesus” | D at T 34:3 |
| “Sa akin S’ya’y nagdusa’t nag-alay ng buhay” | D at T 19; 16–19 |
| “Mula sa banal na luklukan S’ya’y bumaba” | D at T 88:6; 122:8 |
| “Kamay N’ya’y pinako bilang pambayad-sala” | D at T 6:36–37 |
| “Malilimot ba Kanyang pag-ibig at awa” | D at T 20:77 |

Sa klase, basahin nang malakas ang himno, na humihinto upang ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga talata ng banal na kasulatan na sumusuporta matapos ang angkop na mga linya mula sa himno.

### 2. Ating “tagapamagitan sa Ama” (D at T 45:3)

Isulat sa pisara ang *Tagapamagitan*. Ipaliwanag na ilang ulit na sinabi ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan na Siya ang ating Tagapamagitan (D at T 29:5; 45:3; 62:1; 110:4).

- Ano ang tagapamagitan? (Isang tao na nagsusumamo para sa kapakanan ng iba.)
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 45:3–4. Bakit kailangan natin ng “tagapamagitan sa Ama”? Sa mga talata 4 at 5, anong katibayan ang ipinakita ng Tagapagligtas sa Ama upang ipakita na dapat tayong tumanggap ng buhay na walang hanggan? (Una ay binanggit Niya ang Kanyang Pagbabayad-sala—ang Kanyang pagdurusa, kamatayan, at dugo. Pagkatapos ay binanggit Niya ang ating paniniwala sa Kanya.)

### 3. Pagbibigay ng patotoo tungkol kay Jesucristo sa pamamagitan ng mga katawagan sa Kanya

Ipaliwanag na ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng mahigit sa 60 mga katawagan kay Jesucristo, at ang bawat isa sa mga ito ay humihingi ng natatanging paggalang para sa Kanya. Halimbawa, tinukoy ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang “Manunubos,” “Tagapagligtas,” at “ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan.”

Ipalista sa mga miyembro ng klase ang iba pang mga katawagan kay Jesucristo. Isulat ang kanilang mga sagot sa pisara.

- Ano ang itinuturo ng mga katawagan kay Jesus tungkol sa Kanyang mga katangian at sa Kanyang misyon?

### 4. Ang Liwanag ni Cristo

Ipaliwanag na ang Liwanag ni Cristo kung minsan ay tinutukoy bilang ating konsiyensiya, ngunit ito ay higit pa rito. Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng higit na pang-unawa tungkol sa Liwanag ni Cristo, ipabasa sa kanila ang ikalawa at ikatlong mga talata sa ilalim ng “Ilaw, Liwanag ni Cristo” sa *Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan*. Pagkatapos ay ipabasa sa kanila ang D at T 88:6–13; 93:2; Moroni 7:13, 16–19.

- Ano ang matututuhan natin tungkol sa Liwanag ni Cristo mula sa *Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan* at ang mga talatang ito? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang nakalista sa ibaba.)

  a. Ang Liwanag ni Cristo '[ay pumupuno sa] kalakhan ng kalawakan" at "nagbibigay ng buhay sa lahat ng bagay" (D at T 88:12–13).

  b. Ito ay may nakapagbibigay-siglang impluwensiya kung kaya ibinibigay ito sa bawat tao na isinisilang sa daigdig (D at T 93:2).

  c. Tinutulungan tayo nito na makilala ang mabuti sa masama at inaanyayahan tayong gumawa ng mabuti at manalig kay Cristo (Moroni 7:13, 16–19).

- Paano natin mapahihintulutan ang Liwanag ni Cristo na magkaroon ng higit na impluwensiya sa ating buhay?

Aralin

3

# "Nakakita Ako ng Pangitain"

**Layunin**

Patatagin ang mga patotoo ng mga miyembro ng klase tungkol sa Unang Pangitain at sa pagkatawag kay Joseph Smith bilang propeta na kinasangkapan ng Diyos sa pagpapanumbalik ng kaganapan ng ebanghelyo sa lupa.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang materyal:
   a. Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–26.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 1–5.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Paghandain ang isang miyembro ng klase na ibuod ang kuwento tungkol sa pagkakaopera ng binti ng batang si Joseph Smith (*Ang Ating Pamana*, mga pahina 1–2).
4. Kung makukuha ang mga sumusunod na larawan, maghandang gamitin ang ilan sa mga ito sa oras ng aralin: Ang Propetang si Joseph Smith (62002 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 401); Si Kapatid na Joseph (62161 893); Naghanap ng Karunungan si Joseph Smith sa Biblia (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 402); at Ang Unang Pangitain (62470 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403).
5. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng orasan, mapa ng daigdig o globo, at lathalain tungkol sa kasuotan ng kalalakihan. Ihanda ang mga sumusunod na pangalan para sa mga bagay na ito: *Ang tamang oras*, *Ang tamang lugar*, at *Ang tamang lalaki*.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang orasan, ang mapa o globo, at ang mga pangalan nito sa mga miyembro ng klase (tingnan sa "Paghahanda," aytem 5). Ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito kung paano inihanda ng Panginoon ang tamang oras at tamang lugar para sa pagpapanumbalik ng Kanyang ebanghelyo matapos ang maraming siglo ng Pagtalikod sa Katotohanan.

Ipakita ang lathalaing tungkol sa kasuotan ng kalalakihan at ang pangalan nito sa mga miyembro ng klase. Ipaliwanag na tinatalakay din ng araling ito kung paano pinili at inihanda ng Diyos ang tamang lalaki—si Joseph Smith—na maging propeta na kakasangkapanin sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo.

Talakayan at Pagsasagawa

Ang araling ito ay naglalaman ng labis na materyal kaysa sa maaaring ituro sa buong oras ng klase. Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

**1. Matapos ang Pagtalikod sa Katotohanan, inihanda ng Diyos ang daan para sa Pagpapanumbalik.**

Ipaliwanag na matapos ipako sa krus si Jesucristo, ang Kanyang mga Apostol ang namuno sa Simbahan. Ngunit hindi nagtagal ay nadagdagan ang pagmamalupit, pagkakahati, at pagtalikod sa katotohanan. Sa loob ng ilang dekada, nagkaroon ng pagtalikod sa Simbahan, tulad ng naipropesiya ng mga Apostol (Mga Gawa 20:28–30; 2 Mga Taga Tesalonica 2:1–3; 2 Kay Timoteo 4:3–4). Ang pagtalikod sa katotohanang ito ay kilala bilang ang Malawakang Pagtalikod sa Katotohanan.

- Ano ang ilan sa mga bunga ng Malawakang Pagtalikod sa Katotohanan? (Tingnan sa D at T 1:15–16; Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–9, 19, 21; Mormon 1:13–14. Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. Walang awtoridad ng pagkasaserdote sa daigdig.

  b. Walang mga apostol o mga propeta sa daigdig.

  c. Nawala ang mahalagang kaalaman tungkol sa likas na katangian ng Diyos.

  d. Ang mga doktrina ng ebanghelyo ay nahaluan ng mga hindi totoo.

  e. Ang mga sagradong ordenansa, tulad ng pagbibinyag, ay binago.

  f. Ang orihinal na Simbahan ay nahati sa magkakasalungat na grupo.

Ang kadiliman ng Pagtalikod sa Katotohanan ay tumagal nang maraming siglo. Gayunman, nakita ito ng Diyos at nagplano Siya ng pagpapanumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw. Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawa na ang paghahanda para sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo ay nagsimula maraming siglo na ang nakararaan bago pa ang Unang Pangitain:

"Simula noong ika-14 na siglo, sinimulan na ng Panginoon na ihanda ang kalagayang panlipunan, pang-edukasyon, pangrelihiyon, pananalapi, at pampamahalaan kung saan sa ilalim nito ay mas madali niyang maipanumbalik ang ebanghelyo sa huling pagkakataon" (*Mormon Doctrine*, ika-2 edisyon [1966], 717).

- Bago isilang si Joseph Smith, anong mga pangyayari ang tumulong sa paghahanda ng daan para sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo? (Maaari ninyong isulat sa pisara ang mga sagot. Maaaring ibilang sa mga sagot ang nakalista sa ibaba.)

  a. Ang *Renaissance* ay pagsilang muli ng kaalaman, lalung-lalo na sa literatura, sining, at agham. Ang mga imbensiyon na tulad ng palimbagan ay lumitaw.

  Sinabi ni Elder James E. Talmage ng Korum ng Labindalawa na ang *Renaissance* ay hindi nagkataon lamang na nangyari kundi sa halip ay "isang pag-unlad na ipinasiya na noon pa man ng Kaisipan ng Diyos upang bigyang liwanag ang mangmang na pag-iisip ng mga tao bilang paghahanda sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo, na itinalagang maisasakatuparan mga ilang siglo pa pagkaraan nito" (*Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 749).

b. Nagsimulang hamunin ng mga repormista na kagaya nina John Wycliffe, Martin Luther, at John Calvin ang mga nakaugalian at turo ng umiiral na mga simbahan, batid na ang mga simbahan ay lumihis sa mga turo ni Cristo.

   Sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawa na si Martin Luther at ang iba pang mga repormista ay "nabigyang-inspirasyon upang lumikha ng kapaligirang pangrelihiyon kung saan maipanunumbalik ng Diyos ang mga nawalang katotohanan at awtoridad ng pagkasaserdote" (sa Conference Report, Okt. 1994, 85; o *Ensign*, Nob. 1994, 66).

c. Nadiskubre ang lupalop ng Amerika. Ang Estados Unidos ay nasakop ng relihiyosong mga tao at sa dakong huli ay naging malayang bansa (1 Nephi 13:12–19).

d. Ang Saligang Batas ng Estados Unidos ay naitatag, na nagbibigay katiyakan sa kalayaan sa relihiyon sa bansang iyon (D at T 101:77–80).

   Sinabi ni Elder Ballard, "Binigyang-inspirasyon ng Diyos ang mga naunang mananaliksik at mananakop ng Amerika at ang mga may-akda ng Saligang Batas na paunlarin ang lupain at umiiral na mga alituntunin na magiging kasangkapan sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo" (sa Conference Report, Okt. 1994, 85; o *Ensign*, Nob. 1994, 66).

**2. Inihanda ng Diyos si Joseph Smith upang maging propeta ng Pagpapanumbalik.**

Ipaliwanag na bukod sa paglalaan ng tamang kalagayan para sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo, ang Diyos ay naglaan ng isang tao upang maging propeta ng Pagpapanumbalik. Ang taong ito ay si Joseph Smith, na isinilang noong ika-23 ng Disyembre 1805 sa Sharon, Vermont. Ipakita ang larawan ni Joseph Smith. Gamitin ang sumusunod na materyal upang talakayin ang paghahanda kay Joseph Smith upang maging propeta ng Pagpapanumbalik.

*Ang mag-anak ni Joseph ay tumulong upang maihanda siya*

Si Joseph Smith ay nagmula sa isang lubhang relihiyosong angkan. Ang kanyang mga magulang at mga lolo at lola ay napakarelihiyoso, makabayan, mahilig mag-aral, at matatag ang paniniwala sa kagandahang-asal. Ang kanyang lolo sa panig ng kanyang ama, si Asael Smith, ay nagsabi maraming taon na ang nakalipas bago isilang si Joseph, "Pinatotohanan sa aking kaluluwa na ang isa sa aking mga inapo ay magpapalaganap ng isang gawain na magpapabago nang lubusan sa daigdig ng relihiyosong pananampalataya" (sa Joseph Fielding Smith, *Essentials in Church History*, ika-27 edisyon [1974], 25).

Ang mga magulang ni Joseph Smith, sina Joseph Sr. at Lucy Mack Smith, ang nakaimpluwensiya nang malaki sa kanyang buhay. Kapwa sila matapat sa Diyos. Matapat din silang mga magulang, na tinuturuan ang kanilang mga anak ng mga alituntunin ng pananampalataya at kabutihan.

Ang kapwa mga magulang ni Joseph ay may malalim na mga karanasan ukol sa relihiyon. Si Joseph Sr. ay nagkaroon ng ilang panaginip na nagbigay katiyakan sa kanya na tatamasahin niya ang mga pagpapala ng totoong ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa Lucy Mack Smith, *History of Joseph Smith*, inedit ni Preston Nibley [1958], 47–50, 64–66). Minsan habang may mabigat na karamdaman si Lucy bilang batang ina, gumawa siya ng tipan sa Diyos na paglilingkuran niya ang Diyos nang lubusan kung hahayaan Niyang mabuhay si Lucy upang

mangalaga sa kanyang mag-anak. Hindi nagtagal ay nakarinig siya ng tinig na nagbigay kapanatagan sa kanya, at kamangha-mangha ang kanyang naging paggaling. (Tingnan sa *History of Joseph Smith*, 33–35.)

Sina Joseph Sr. at Lucy ay kapwa buong aktibong nagsaliksik ng katotohanan ukol sa relihiyon. Kapwa nila nadama na wala sa mga umiiral na mga simbahan ang naaayon sa Simbahan na itinatag ni Jesucristo. Dahil dito, si Joseph Sr. ay hindi sumapi sa alinmang simbahan. Nadama ni Lucy na tungkulin niyang magpabinyag, kung kaya umanib siya sa Simbahang Presbitero. Nang ipanumbalik ang ebanghelyo, kapwa nila natanto ang katotohanan at niyakap ito.

- Bakit mahalaga ang angkan ni Joseph Smith sa pagtulong sa kanya upang maihanda siya sa kanyang misyon bilang propeta ng Pagpapanumbalik?

*Ang pagsubok ay tumulong upang maihanda siya*

Habang lumalaki si Joseph Smith, siya at ang kanyang mag-anak ay nakasagupa ng maraming hamon. Noong pitong taong gulang pa lamang siya, nagkaroon siya ng malubhang karamdaman na may impeksiyon sa kanyang paa. Ipabuod sa inatasang miyembro ng klase ang kuwentong ito mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 1–2.

- Ano ang matututuhan nating pag-uugali ng batang si Joseph mula sa karanasang ito? Sa paanong mga paraan maaaring nakatulong ang mga pagsubok at kahirapan noong kabataan ni Joseph sa paghahanda sa kanya na maging propeta ng Pagpapanumbalik? Paano nakatulong sa inyo ang mga pagsubok at kahirapan sa paghahanda sa mga responsibilidad na ibinigay sa inyo?

*Ang kapaligirang pangrelihiyon sa kanlurang bahagi ng New York ay nakatulong upang maihanda siya*

Noong mga 10 taong gulang si Joseph, ang tatlong taon na pagkasira ng mga pananim sa Vermont ang naging sanhi ng matinding paghihirap sa pananalapi ng mag-anak na Smith. Matapos ang masusing pag-iisip, ang mag-anak ay lumipat sa Palmyra, New York, kung saan may pag-asa ng mas mainam na kalagayan sa pagtatanim. Noong panahong iyon ay may malaking kaguluhan at pagkalito ukol sa relihiyon sa kanlurang bahagi ng New York, at maraming simbahan ang nagtatalu-talo upang magkaroon ng mga bagong kasapi.

- Bakit naguluhan si Joseph kung aling simbahan ang kanyang aaniban? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:5–10.) Paanong ang situwasyon ni Joseph ay katulad ng sa mga tao sa ngayon na nagsasaliksik upang malaman ang katotohanan?

- Paano nakatulong kay Joseph ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan upang malutas ang kanyang pagkalito? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–12. Ipakita ang larawan ni Joseph Smith na nagbabasa ng Biblia.) Ano ang matututuhan natin sa halimbawa ni Joseph? (Maaari ninyong bigyang-diin na hindi lamang binasa ni Joseph ang mga banal na kasulatan kundi sinaliksik at pinagbulay-bulay din niya at isinagawa ang mga ito sa kanyang buhay.) Paano kayo natulungan ng mga banal na kasulatan sa mga sandali ng pangangailangan at pagkalito?

**3. Ang Unang Pangitain ang nagpasimula sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo.**

Ipaliwanag na isang umaga ng tagsibol noong 1820, si Joseph Smith ay nagpunta sa kakahuyang malapit sa kanyang tahanan upang manalangin at humingi ng patnubay.

- Paano naging kaiba ang panalangin ni Joseph nang umagang ito kaysa sa ibang mga panalangin na kanyang naialay na? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:14.) Bakit kadalasan ay nakatutulong ang pansariling malakas na panalangin kapag inaalay natin sa Diyos ang mga naisin ng ating puso?
- Ano ang nangyari nang magsimulang manalangin si Joseph Smith? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15.) Paano siya nakaligtas mula sa makapangyarihang kadiliman na ito? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17. Ipakita ang larawan ng Unang Pangitain.) Ano ang matututuhan natin mula sa karanasang ito tungkol sa pagdaig sa impluwensiya ni Satanas? Bakit mahalagang manatiling nananalangin sa mga sandali ng kadiliman o pagsubok? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan kung kailan ang panalangin ay nakatulong sa kanila sa gayong mga kahirapan.)
- Bakit sinabihan si Joseph Smith na huwag sumapi sa alinman sa mga simbahan? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:18–19.)

**4. Maraming katotohanan ang naihayag sa Unang Pangitain.**

Bigyang-diin na ang pagdalaw ng Ama at ng Anak kay Joseph Smith ay sagana sa kahalagahan ukol sa doktrina. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "Naniniwala ako na sa ilang minuto na nakapiling ni Joseph Smith ang Ama at ang Anak ay higit ang kanyang nalaman tungkol sa likas na katangian ng Diyos na Amang Walang Hanggan at sa nabuhay na mag-uling Panginoon kaysa sa lahat ng matatalinong kaisipan sa lahat ng kanilang mga talakayan sa lahat ng nagdaang siglo" (*Church News*, ika-24 ng Okt. 1998, 6).

- Ano ang ilan sa mga katotohanan na ating matututuhan mula sa Unang Pangitain? (Ibuod ang mga sagot sa pisara. Maaaring ibilang sa mga sagot ang nakalista sa ibaba.)

a. Ang Diyos Ama at si Jesucristo ay buhay.
b. Ang Ama at ang Anak ay totoo, magkahiwalay na nilikha na may maluwalhating katawan ng laman at buto.
c. Tayo ay nilikha sa wangis ng Diyos.
d. Si Satanas at ang kanyang kapangyarihan ay totoo, ngunit ang kapangyarihan ng Diyos ay higit na dakila.
e. Dinidinig at sinasagot ng Diyos ang mga panalangin at nagmamalasakit siya sa atin.
f. Wala isa man sa mga simbahan sa mundo ang nagtaglay ng kabuuan ng ebanghelyo ni Cristo.
g. Ang mga paghahayag ay hindi pa tumitigil.

Si Pangulong David O. McKay, ang ikasiyam na Pangulo ng Simbahan, ay nagpatotoo na ang Unang Pangitain ay "sumasagot sa lahat ng [mga tanong]

hinggil sa Diyos at sa kanyang banal na pagkatao. . . . Ang kanyang kaugnayan sa kanyang mga anak ay malinaw. Ang kanyang pagmamalasakit sa sangkatauhan sa pamamagitan ng ipinakatawan na awtoridad sa tao ay malinaw. Ang kinabukasan ng gawain ay binigyang katiyakan. Ito at ang iba pang maluwalhating katotohanan ay binigyang linaw ng maluwalhating unang pangitain na iyon" (*Gospel Ideals* [1954], 85).

- Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, si Elder Ezra Taft Benson ay nagsabi, "Ang pagpapakita ng Diyos Ama at ng kanyang Anak na si Jesucristo sa batang propeta ang pinakadakilang pangyayari na naganap sa daigdig na ito simula noong pagkabuhay na mag-uli ng Guro" (sa Conference Report, Abr. 1971, 20; o *Ensign*, Hunyo 1971, 34). Bakit mahalaga para sa bawat isa sa atin na magkaroon ng patotoo tungkol sa Unang Pangitain? Paano nabiyayaan ng patotoo tungkol sa Unang Pangitain ang inyong buhay?

---

Katapusan

Basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:25–26, simula sa mga salitang "Ako'y tunay na nakakita ng liwanag." Pagkatapos ay ibuod kung paano inihanda ng Diyos ang tamang oras, tamang lugar, at tamang lalaki para sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo. Ibigay ang inyong patotoo hinggil sa Unang Pangitain at sa kahalagahan nito. Maaari din ninyong ibahagi ang sumusunod na patotoo mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Isang pinakapambihirang paghahayag ang naganap isang umaga ng tagsibol noong taong 1820 nang ang Ama at ang Anak ay magpakita sa batang si Joseph Smith. . . . Ang patotoo sa [pangitaing iyon] ang umantig sa puso ng milyun-milyon sa maraming lupain. Idinaragdag ko ang aking sariling patotoo, na ibinigay sa akin ng Espiritu, na ang paglalarawan ng Propeta sa kagila-gilalas na pangyayaring iyon ay totoo, na ang Diyos na Amang Walang Hanggan at ang nabuhay na mag-uling Panginoong Jesucristo ay nakipag-usap sa kanya sa sandaling iyon sa isang pakikipag-usap na kasing-totoo at sarilinan at malapitan na tulad ng ating mga pakikipag-usap ngayon" (*Be Thou an Example* [1981], 10).

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na mga ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Mga pagtatanghal ng video**

Kung may makukuhang videocassette na *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang na ipalabas ang "A Search for the Truth," isang 16 na minutong yugto. Itinatanghal ng yugtong ito ang kuwento ng pagbabalik-loob ni Wilford Woodruff, na naging ikaapat na Pangulo ng Simbahan. Ipinapaliwanag nito ang Pagtalikod sa Katotohanan at ang kasunod na pangangailangan para sa Pagpapanumbalik.

Bago panoorin ng mga miyembro ng klase ang pagtatanghal na ito ng video, hilingan sila na pansinin ang apat na bagay na inilista ni Wilford Woodruff habang sinasaliksik niya ang totoong ebanghelyo (mga propeta at apostol, awtoridad ng pagkasaserdote, tamang doktrina, at nakapagliligtas na mga ordenansa).

Kung may makukuhang *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912), isaalang-alang na ipalabas ang "The First Vision," isang 10 minutong yugto.

**2. Ang halimbawa ni Joseph Smith bilang kabataan**

Maaaring bigyang-diin ng mga guro ng kabataan na si Joseph Smith ay 14 na taong gulang lamang nang tanggapin niya ang Unang Pangitain.

- Paano makapagbibigay ng halimbawa para sa mga kabataan sa ngayon ang pag-uugali ni Joseph Smith noong kanyang kabataan? Paano makatutulong sa inyo ang halimbawa ni Joseph kapag nahihirapan kayong malaman ang katotohanan? kapag tinalikuran o inalipusta kayo ng mga tao? kapag kailangan ninyong gumawa ng mahihirap na desisyon habang kayo ay kinukutya?

# "Alalahanin ang Bagong Tipan, Maging ang Aklat ni Mormon"

Aralin 4

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na makilala ang kamay ng Panginoon sa pagdating ng Aklat ni Mormon at himukin silang pag-aralan ang Aklat ni Mormon, sundin ang mga itinuturo nito, at ibahagi ito sa iba.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–65; Doktrina at mga Tipan 3; 5; 10; 17; 20:5–15; 84:54–62.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 7–12.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Paghandain ang isang miyembro na ibuod ang kuwento tungkol sa pagkawala ni Martin Harris ng 116 na mga pahina ng manuskrito. Hayaang sumangguni ang taong iyon sa mga pamagat ng bahagi 3 at 10 ng D at T at sa unang tatlong talata sa ilalim ng "Ang Gawain ng Pagsasalin" sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 8–11.
4. Kung makukuha ang sumusunod na mga larawan, maghandang gamitin ang mga ito sa oras ng aralin: Nagpakita si Moroni kay Joseph Smith sa Kanyang Silid (62492 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 404) at Tinanggap ni Joseph Smith ang mga Gintong Lamina (62012 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 406).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga kataga. Tanungin ang mga miyembro ng klase kung alam nila kung ano ang sinasabi ng mga katagang ito.

モルモン書

КНИГА МОРМОНА

몰 몬 경

Ipaliwanag na isinulat ninyo ang katagang "Ang Aklat ni Mormon," sa wikang Hapon, Ruso, at Koreano. Mula sa abang pinagmulan nito sa dispensasyong ito, ang Aklat ni Mormon ay naging pagpapala sa buhay ng milyun-milyong mga tao sa buong daigdig. Ang araling ito ay tumatalakay sa himala ng Aklat ni Mormon at sa ating responsibilidad na "palaganapin sa mundo at [ating] buhay ang Aklat ni Mormon" (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1989, 3; o *Ensign*, Mayo 1989, 4).

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maaari ninyong gamitin ang dalawang panahon ng klase upang ituro ang araling ito.

**1. Ang paghahanda ni Joseph Smith sa pagtanggap at pagsasalin ng Aklat ni Mormon**

- Sa loob ng tatlong taon matapos ang Unang Pangitain, si Joseph Smith ay dumanas ng "masidhing pag-uusig" ngunit nanatiling tapat sa kanyang patotoo (Joseph Smith—Kasaysayan 1:27). Paano tayo mananatiling tapat sa ating mga patotoo kahit na dumaranas tayo ng pag-uusig?
- Noong si Joseph ay 17 taong gulang, siya ay dinalaw ni Moroni. (Kung kailangan, ipaliwanag na si Moroni ang huling propeta na sumulat sa Aklat ni Mormon at ibinaon niya ang mga laminang ginto noong mga bandang A.D. 421.) Ano ang idinadalangin ni Joseph nang gabing magpakita sa kanya si Moroni? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:28–29.) Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ni Joseph kapag nadarama natin na "isinumpa [tayo] dahil sa [ating] kahinaan at mga kamalian"? (Kung naaangkop, anyayahan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung paano nakatulong sa kanila ang panalangin nang madama nila na binigo nila ang Diyos.)

Ibuod ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:30–59. Ipabasa nang malakas sa mga miyembro ng klase ang piling mga talata. Sa angkop na pagkakataon, ipakita ang larawan ni Moroni na nagpakita kay Joseph Smith at ang larawan ni Joseph na tinatanggap ang mga lamina. Maaari din kayong sumangguni sa mapa 1 sa pahina 345 sa manwal na ito at sa pahina 35 sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase*.

- Nang unang ipakita kay Joseph Smith ang mga laminang ginto, hindi siya handang tanggapin at isalin ang mga ito. Paano inihanda ng Panginoon si Joseph upang tanggapin at isalin ang mga lamina? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:33–35, 42, 44–46, 53–54.) Paano kayo inihanda ng Panginoon (o paano Niya kayo inihahanda ngayon) upang gampanan ang inyong mga responsibilidad? Paano ninyo maihahanda ang inyong sarili upang gampanan ang mga responsibilidad sa hinaharap?
- Paano tumugon ang ama ni Joseph nang sabihin sa kanya ni Joseph ang tungkol sa pagdalaw ni Moroni? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:50.) Ano ang iminumungkahi nito tungkol sa integridad at pagiging maaasahan ni Joseph? Bakit mahalagang suportahan ang mga miyembro ng ating mag-anak sa kanilang mga pagsisikap na sundin ang Panginoon? Paano natin higit na masusuportahan ang mga miyembro ng mag-anak at ang ibang tao sa pagsunod nila sa Panginoon?

**2. Ang himala ng pagkakapanatili ng Aklat ni Mormon**

Ipaliwanag na sinikap ni Satanas na pigilin ang paglabas ng Aklat ni Mormon. Tinukso niya ang mga tao na subukang nakawin ang mga laminang ginto, at patuloy na inusig ng mga tao si Joseph Smith at ang kanyang mag-anak (Joseph Smith—Kasaysayan 1:60–61). Gayunman, pinigilan ng Diyos ang lahat ng pagsisikap ni Satanas na hadlangan ang paglabas ng Aklat ni Mormon.


Ang isang halimbawa ng mahimalang pagkakapanatili ng Aklat ni Mormon ay nangyari nang mawala ng isa sa mga tagasulat, si Martin Harris, ang 116 na mga pahina ng naisalin na manuskrito. Ipabuod sa inatasang miyembro ng klase ang pangyayaring ito (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3). Pagkatapos ay ituro at talakayin ang D at T 3 at 10, na inihayag ng Panginoon matapos mawala ang mga pahina.

- Matapos mawala ang 116 na mga pahina ng manuskrito, kinastigo ng Panginoon si Joseph dahil higit ang takot niya sa tao kaysa sa Diyos (D at T 3:7). Sandaling nawala kay Joseph ang kanyang kaloob na pagsasalin (D at T 3:14; 10:1–2). Sa paanong paraan higit na kinatakutan ni Joseph ang tao kaysa sa Diyos? (Tingnan sa D at T 30:1–2. Isang halimbawa ay kapag nagpapatangay tayo sa pamimilit ng mga kaibigan na gumawa ng maling bagay.) Ano ang magagawa natin upang madaig ang ating takot sa tao? (Para sa ilang kasagutan sa tanong na ito, tingnan sa D at T 3:8; 10:5.)
- Paano makikita ang pagmamahal ng Panginoon kay Joseph Smith matapos mawala ang 116 na mga pahina ng manuskrito? (Tingnan sa D at T 3:8–10; 10:1–3.) Anong mga karanasan ang nagpakita sa inyo na kung matapat kayo, ang Diyos ay "[makakasama ninyo] sa bawat panahon ng kaguluhan"? (D at T 3:8). Anong mga karanasan ang nagpakita sa inyo na ang "Diyos ay maawain"? (D at T 3:10).
- Ano ang plano ng mga nagnakaw ng 116 na mga pahina ng manuskrito? (Tingnan sa D at T 10:10–19, 29–33. Kung muling isinalin ni Joseph ang nawalang materyal, malamang na baguhin nila ang mga salita sa manuskrito. Malamang na ihambing nila ang binagong orihinal sa muling isinalin na manuskrito, at sikaping ipakita na ang dalawang bersiyon ay nagkakasalungat.)

- Ano ang ginawa ng Panginoon mga ilang siglo na ang nakararaan upang mapawalang-saysay ang plano ng mga nagnakaw sa mga pahina ng manuskrito? (Tingnan sa D at T 10:38–39; tingnan din sa 1 Nephi 9:2–5; Mga Salita ni Mormon 1:3–7. Nakinita niya ang pagkawala ng mga pahinang ito. Mga 2,400 taon na ang nakalipas nang bigyang-inspirasyon Niya si Nephi, na sumusulat noon ng sekular na kasaysayan ng mga Nephita, upang maghanda ng ikalawang bahagi ng mga talaan. Ang ikalawang set ay naglalaman ng kuwento tungkol sa ministeryo ng mga Nephita noong panahon ding iyon at higit ang kahalagahan ng doktrina kaysa sa nauna.)
- Ano ang iniutos ng Panginoon na gawin ng Propeta upang sirain ang plano ng mga nagnakaw sa manuskrito? (Tingnan sa D at T 10:40–45. Naisalin na ni Joseph ang 116 na mga pahina ng manuskrito mula sa sekular na kasaysaysan ni Nephi. Inutusan siya ng Panginoon na huwag nang isalin muli ang materyal kundi sa halip ay isalin ang ikalawang bahagi ng mga talaan ni Nephi.)
- Ano ang itinuturo ng kuwento ng nawalang mga pahina ng manuskrito tungkol sa kapangyarihan ng Panginoon? (Habang tinatalakay ng mga miyembro ng klase ang tanong na ito, ipabasa sa kanila ang D at T 3:1–3; 10:14, 43; at 1 Nephi 9:6.) Paano makatutulong sa atin ang kaalaman na ito kapag nakaranas tayo ng mga sagabal at kabiguan?
- Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang D at T 3:16, 19–20 at 10:46–52, 60–66. Ano ang matututuhan nating mula sa mga talatang ito tungkol sa mga layunin ng Aklat ni Mormon? Paano naisasakatuparan ang mga layuning ito sa ngayon?

**3. Mga Saksi sa Aklat ni Mormon**

- Habang isinasalin ni Joseph ang Aklat ni Mormon, nalaman niya na pahihintulutan ng Panginoon ang tatlong saksi at ang ilan pang tao na makita ang mga lamina (tingnan ang pagbanggit sa mga saksing ito sa 2 Nephi 27:12–14 at Eter 5:1–3). Sinu-sino ang Tatlong Saksi? (Tingnan sa "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi," Aklat ni Mormon.) Ano ang ipinag-utos na gawin nila? (Tingnan sa D at T 5:11–15; 24–25; 17:3, 5.) Bakit mahalaga ang kanilang patotoo? (Tingnan sa Eter 5:4; D at T 5:16–18; 17:4.)



**Ang Tatlong Saksi.** Oliver Cowdery, David Whitmer, at Martin Harris.

Ipaliwanag na bilang karagdagan sa Tatlong Saksi ay may walo pang pinagpakitaan ng mga laminang ginto ("Ang Patotoo ng Walong Saksi," Aklat ni Mormon). Ang lahat ng Tatlong Saksi at tatlo sa Walong Saksi ay umalis sa Simbahan sa bandang huli. Iilan lamang ang nagbalik, ngunit walang sinuman sa kanila na nagtatwa sa kanyang patotoo tungkol sa kanyang nakita.

Sa huling taon ng kanyang buhay, inilathala ni David Whitmer ang kanyang patotoo bilang tugon sa mga maling paratang:

"Nakatala sa *American Encyclopaedia* at sa *Encyclopaedia Britannica*, na ako, si David Whitmer, ay itinatwa ang aking patotoo bilang isa sa tatlong saksi sa kabanalan ng *Aklat ni Mormon*, at na ang dalawa pang mga saksi, sina Oliver Cowdery at Martin Harris, ay itinatwa ang kanilang patotoo sa aklat na iyon. Minsan ko pang sasabihin sa buong sangkatauhan, na hindi ko kailanman itinatwa ang aking patotoo ni ang anumang bahagi niyon. Pinatototohanan ko rin sa daigdig, na maging sina Oliver Cowdery at Martin Harris ay hindi kailanman itinatwa ang kanilang patotoo. Kapwa sila namatay na muling pinagtitibay ang katotohanan ng banal na katunayan ng *Aklat ni Mormon*" (*Address to All Believers in Christ* [1887], 8; ayon sa pagkasipi sa, *A Comprehensive History of the Church,* 1:145, ni B. H. Roberts).

Bigyang-diin na ang Tagapagligtas ay saksi rin sa Aklat ni Mormon. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 17:6 at 19:26.

- Sa paanong mga paraan tayo magiging mga saksi sa Aklat ni Mormon? (Tingnan sa Moroni 10:3–5. Maaari ninyong anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon.)

Bigyang-diin na ang Tatlong Saksi at ang Walong Saksi ay nagpatotoo sa mga bagay na nakita at narinig nila. Ngayon ay milyun-milyong mga miyembro ng Simbahan ang nagpapatotoo hinggil sa Aklat ni Mormon dahil nadarama nila ang patunay ng Espiritu Santo. Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley na:

"Ang kalakasan ng Simbahan ay wala sa . . . libu-libong bahay sambahan sa buong daigdig, ni sa mga unibersidad nito. . . . Ang kalakasan ng simbahang ito ay nakasalalay sa puso ng mga tao nito, sa patotoo ng bawat isa at sa matibay na paniniwala sa katotohanan ng gawaing ito" (sa Conference Report, Abr. 1973, 73–74; o *Ensign*, Hulyo 1973, 49).

### 4. Ang ating tungkulin na "alalahanin ang bagong tipan, maging ang Aklat ni Mormon"

- Noong Setyembre 1832 ang Propetang si Joseph Smith ay tumanggap ng paghahayag kung saan sinabi ng Panginoon na ang "buong simbahan [ay nasa] ilalim ng kaparusahan" (D at T 84:55). Bakit nasa ilalim ng kaparusahan ang Simbahan? (Tingnan sa D at T 84:54–56.) Ano ang kinailangang gawin ng mga miyembro ng Simbahan para mawala ang kaparusahan? (Tingnan sa D at T 84:57–58, 60–62.)

Basahin ang sumusunod na mga pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Kung ang naunang mga Banal ay nakagalitan sa hindi gaanong pagbibigay pansin sa Aklat ni Mormon, hindi ba't tayo ay parurusahan din kung gayon din ang ating gagawin?" (sa Conference Report, Okt. 1986, 4; o *Ensign*, Nob. 1986, 4–5).

"Ang Panginoon ay hindi natutuwa sa atin sa uri ng atensiyon na ating ibinibigay sa Aklat ni Mormon, na isang bagong saksi ni Cristo. Kailangan natin ito sa ating mga tahanan, kailangan natin ito sa ating mga mag-anak. Isinulat ito para sa atin sa ngayon" (*Church News*, ika-9 ng Nob., 1986, 10).

- Ano ang maaari nating gawin upang mabigyan ng higit pang pansin ang Aklat ni Mormon sa ating sariling buhay, sa ating mga mag-anak, at sa ating mga katungkulan sa Simbahan? Anong mga pagpapala ang dumarating sa atin kapag binibigyan natin ng tamang pansin ang Aklat ni Mormon? Paano kayo nabiyayaan sa inyong pag-aaral ng Aklat ni Mormon? (Bilang karagdagan sa paghingi ng mga puna sa mga miyembro ng klase, ipabasa sa kanila ang sumusunod na sipi at ang ikaanim na talata ng pambungad sa Aklat ni Mormon; tingnan din ang ikatlong karagdagang ideya sa pagtuturo.)

  Ipinahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson na:

  "May kapangyarihan sa aklat na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyo ang masusing pag-aaral ng aklat. Makatatagpo kayo ng higit na kapangyarihan upang labanan ang tukso. Matatagpuan ninyo ang kapangyarihan upang maiwasan ang panlilinlang. Matatagpuan ninyo ang kapangyarihan na manatili sa makipot at makitid na landas. Ang mga banal na kasulatan ay tinatawag na 'mga salita ng buhay' (D at T 84:85), at iyan ay lalong higit na totoo sa Aklat ni Mormon. Kapag nagsimula kayong magutom at mauhaw sa mga salitang iyon, matatagpuan ninyo ang buhay na lalong higit na masagana. . . . [Tatamasahin din ninyo] ang dagdag na pagmamahalan at pagkakasundo sa tahanan, dagdag na paggalang sa pagitan ng magulang at anak, [at] dagdag na espirituwalidad at kabutihan."

  "Ang mga pangakong ito," sa pagtiyak ni Pangulong Benson, "ay hindi pangakong walang-saysay, sa halip ito ang talagang ibig sabihin ng Propeta nang sabihin niyang ang Aklat ni Mormon ay tutulong sa atin upang higit na mapalapit sa Diyos" (sa Conference Report, Okt. 1986, 6; o *Ensign*, Nob. 1986, 7).

- Inutusan tayo ng Tagapagligtas na magbigay ng patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon sa buong mundo (D at T 84:62; tingnan din ang sumusunod na siping-banggit). Ano ang magagawa ng bawat isa sa atin upang maisulong ang pagpupunyaging ito?

  Sinabi ni Pangulong Benson: "Matagal nang lumampas ang panahon para sa malawakang pagpapalaganap sa mundo ng Aklat ni Mormon. . . . Sa panahong ito ng media na gamit ang kompyuter at ang malawakang pamamahagi ng inilimbag na salita, tayo ay papananagutin ng Diyos kung hindi natin itataguyod sa kagila-gilalas na paraan ang Aklat ni Mormon. Mayroon tayong Aklat ni Mormon, mayroon tayong mga miyembro, mayroon tayong mga misyonero, mayroon tayong mga mapagkukunan, at ang daigdig ay may pangangailangan. *Ngayon na ang panahon!*" (sa Conference Report, Okt. 1988, 4; o *Ensign*, Nob. 1988, 4–5).

Bigyang-diin na ang Aklat ni Mormon, na isinalin ng batang propeta sa abang mga kalagayan, ay tunay na lumalaganap na ngayon sa daigdig. Ang Aklat ni Mormon o mga piling bahagi mula rito ay inilathala sa mahigit 90 wika. Mahigit sa 100 milyong kopya ang nailimbag na.

Katapusan

Ipahayag ang pasasalamat para sa Aklat ni Mormon, at kilalanin ang kamay ng Panginoon sa paglabas ng aklat. Himukin ang mga miyembro ng klase na bigyan ng dagdag na pansin ang Aklat ni Mormon sa kanilang buhay.

Magbigay ng patotoo hinggil sa naging epekto ng Aklat ni Mormon sa inyong buhay.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na mga ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Mga propesiya sa Biblia na binanggit ni Moroni kay Joseph Smith**

Ayon sa nakatala sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:36–49, binanggit ni Moroni ang sumusunod na mga propesiya sa Biblia kay Joseph Smith nang apat na ulit. Basahin ang bawat propesiya sa mga miyembro ng klase at talakayin ang kahulugan at katuparan nito.

a. Malakias 3 (pansinin na bahagi lamang ng kabanatang ito ang binanggit ni Moroni)
b. Malakias 4 (tingnan din sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:37–39)
c. Isaias 11 (tingnan din sa D at T 113:1–6)
d. Mga Gawa 3:22–23
e. Joel 2:28–32

**2. Ang Doktrina at mga Tipan: isang panlabas na saksi ng Aklat ni Mormon**

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson na, "Maliban sa mga saksi ng Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan ang pinakamalaking panlabas na saksi at katibayan na nasa atin mula sa Panginoon na ang Aklat ni Mormon ay totoo" (sa Conference Report, Abr. 1987, 105; o *Ensign*, Mayo 1987, 83).

Tinukoy ni Pangulong Benson ang 13 bahagi ng Doktrina at mga Tipan na nagpapatotoo sa Aklat ni Mormon: D at T 1, 3, 5, 8, 10–11, 17–18, 20, 27, 42, 84, at 135. Maaari ninyong pag-aralan ang mga bahaging ito habang naghahanda kayong ituro ang aralin.

**3. Higit na paglapit sa Diyos sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon**

Sinabi ng Propetang si Joseph Smith na: "Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat" (*History of the Church*, 4:461).

Binanggit ni Pangulong Ezra Taft Benson ang siping-banggit na ito, at pagkatapos ay nagtanong, "Hindi ba't may bahagi sa kaibuturan ng ating puso na nagnanais na mapalapit sa Diyos, upang maging higit na katulad Niya sa ating pang-araw-araw na buhay, upang madama na kapiling natin Siya palagi? Kung gayon, samakatuwid ang Aklat ni Mormon ang makatutulong sa atin upang magawa ang gayon nang higit kaysa alinmang aklat" (sa Conference Report, Okt. 1986, 6; o *Ensign*, Nob. 1986, 7)

### 4. “Isinalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos” (D at T 135:3)

Natapos ni Joseph Smith ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa loob ng mga 65 araw ng pagtatrabaho (I Have a Question,” *Ensign*, Ene. 1988, 46–47). Si Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa ay nagbigay ng puna tungkol sa bilis ng prosesong ito:

“Isang may kakayahang BHA na tagapagsalin sa Japan, na pinalilibutan ng mga sangguniang aklat, diksyonaryo ng wika, at mga kasamahang tagapagsalin na handang tumulong kung kinakailangan, ang nagsabing itinuturing niyang kapaki-pakinabang kung makatapos siya ng isang pahina sa isang araw, na buong ingat niyang isinalin. At nagsasalin siya mula sa sinaunang salitang Hapon tungo sa makabagong salitang Hapon! Mahigit sa 50 may kakayahang mga iskolar na Ingles ang nagtrabaho sa loob ng pitong taon, na gumamit ng naunang mga salin, upang malikha ang King James na Bersiyon ng Biblia, ang itinatayang nakapagsasalin ng isang mahalagang pahina sa isang araw. Ang Propetang si Joseph Smith kung minsan ay nakapagsasalin ng 10 pahina sa isang araw! (Tingnan ang buletin na *Insights: An Ancient Window* [Provo, Utah: Foundation for Ancient Research and Mormon Studies (F.A.R.M.S.), Peb. 1986], 1).

“Ang isa pang kagila-gilalas sa proseso ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay ang alam natin na bihirang balikan, repasuhin, o baguhin ni Joseph ang nagawa na niya. May patuloy na pagdaloy sa pagsasalin. . . .

“Ganito ang sinabi ni Emma Smith sa may inspirasyong proseso: ‘Pagkatapos kumain, o matapos ang mga pagkaabala, [si Joseph] ay kaagad na magsisimula kung saan siya nagtapos, nang hindi nakikita ang manuskrito o kaya’y binabasa sa kanya ang alinmang bahagi nito’ (“Last Testimony of Sister Emma,” *Saints’ Herald*, ika-1 ng Okt. 1879, 290). Ang isang taong nadiktahan at naabala ay karaniwang kinakailangang magpatuloy sa pamamagitan ng pagtatanong ng, ‘Ngayon, nasaan na nga tayo?’ Hindi ito nangyari sa Propeta!

“Kung ang isang tao ay gumagawa ng teksto, kadalasan ay kakailanganin niyang suriin ang kanyang sarili, upang itama, at upang baguhin ito at hindi magkaroon ng pagkakaiba-iba. Kung malawakan ang pagdidikta at pagbabago ng Propeta, magkakaroon ng higit na katibayan ito. Ngunit hindi na kailangang baguhin ang tekstong ibinigay mula sa langit. Anuman ang mga detalye ng proseso ng pagsasalin, tinatalakay natin ang isang proseso na tunay na kahanga-hanga!” (“By the Gift and Power of God,” *Ensign*, Ene. 1997, 39–40).

Habang isinasalin ang Aklat ni Mormon sa maraming wika sa ngayon, ang mga himala ay nagpapatuloy. Isalaysay ang sumusunod na kuwento na ibinahagi ni Priscilla Sampson-Davis, isang miyembro ng Simbahan sa Ghana:

“Mga dalawang taon matapos akong mabinyagan, ako ay nakatanggap ng pangitain. . . . Nakita ko na nasa pulong sakramento ako, at isang taong nakasuot nang puti ang lumapit at tumayo sa harapan ng pulpito at tinawag ako. Nagpunta ako sa harapan at tumayo sa kanyang tabi, at pagkatapos ay sinabihan niya akong lumingon at tingnan ang mukha ng mga tao, upang makita kung lahat sila ay nasisiyahan sa serbisyo. Lumingon ako, at sinabi kong wala akong makitang pagkakaiba sa kanilang mga mukha. Pagkatapos ay sinabihan ako ng taong nakaputi na magmasid na mabuti. Nakita ko na ang ilan sa mga nasa kongregasyon ay nakayuko na ang ulo. Tinanong ako ng tao kung

bakit hindi sumasali sa pag-awit ang mga taong iyon. Sinabi ko na hindi sila nakakabasa ng Ingles, kung kaya hindi sila makaawit, kaya yumuko na lamang sila. Tinanong niya ako kung hindi ko ba nais na tulungan ang aking mga kapatid . . . upang sila man ay makasali sa pag-awit ng mga papuri sa ating Ama sa Langit. Bagama't nakakapagsalita ako ng Fante [ang wikang gamit ng mga tao], hindi naman ako masyadong marunong sumulat nito. Ngunit hindi ako sumagot nang hindi; sinabi kong susubukan ko, na gagawin ko ang lahat sa abot ng aking makakaya. Pagkatapos ay nawala na ang pangitain. Kagyat akong nagbangon at kumuha ng papel at lapis at sinimulan kong isalin ang awit na 'Redeemer of Israel' sa Fante."

Isinalin ni Sister Sampson-Davis ang mga himno, ilang polyeto ng misyonero, at ang manwal na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*. Pagkatapos, sa pagkakaatas, tumulong siya sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon, ng Doktrina at mga Tipan, at ng Mahalagang Perlas. Napansin niya na: "Isinasaad sa mga banal na kasulatan na sa mga huling araw ay maririnig ng mga tao ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanilang [sariling] wika. Ito ang nais ng Panginoon na gawin ko, at ginagawa ko ito sa pamamagitan ng kanyang awa" ("An Instrument in His Hands," sa *"All Are Alike unto God,"* pinamatnugutan ni E. Dale LeBaron [1990], 40–42).

**5. "Huwag kang tumakbo nang mas mabilis o gumawa nang labis kaysa sa iyong lakas" (D at T 10:4)**

- Habang kinakaharap ni Joseph ang malaking gawain ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon, anong payo ang ibinigay sa kanya ng Panginoon? (Tingnan sa D at T 10:4–5.) Paano tayo matutulungan ng payong ito habang kinakaharap natin ang mabigat na mga gawain o responsibilidad?

**6. Mga pagtatanghal ng video**

Kung may makukuhang videocassette na *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang na ipalabas ang "The Works and Designs of God." Ang 13 minutong yugto na ito ay tungkol sa kuwento ng 116 na nawalang mga pahina ng manuskrito. Gamitin ang pagtatanghal upang bigyang-diin na "ang mga gawain, at ang mga layunin, at ang mga hangarin ng Diyos ay hindi mabibigo, ni mapawawalang-saysay" (D at T 3:1). Upang talakayin ang alituntuning ito, gamitin ang mga tanong na nasa ikalawang bahagi ng araling ito.

Kung may makukuhang *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912), isaalang-alang na ipalabas ang "Parley P. Pratt Finds the Book of Mormon," isang 11 minutong yugto. Matapos ipalabas ito, itanong ang mga sumusunod:

- Ang kagalakan ba na inyong nadarama mula sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon ay katulad ng nadama ni Parley P. Pratt noong una niyang basahin ito? Ano ang maaari ninyong gawin upang higit na maging sentro ng inyong buhay ang Aklat ni Mormon? (Maaari ninyong imungkahi na tahimik na pagbulay-bulayin ng mga miyembro ng klase ang mga tanong na ito.)
- Paano ninyong nakita ang katuparan ng mga pangako ni Pangulong Benson?

Aralin
5

# “Ito ang Diwa ng Paghahayag”

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano maghanda upang tumanggap ng pansariling paghahayag at himukin silang gawin ang gayon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 6, 8, 9, Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–17, at ang iba pang mga banal na kasulatan na nasa araling ito.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, maghandang ipakita ang ilang larawan ng mga propeta na tumatanggap ng paghahayag, katulad ng Si Moises at ang Nag-aapoy na Palumpong (62239 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 107); Tinawag ng Panginoon ang Batang si Samuel (62498 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 111); Binigyang Kahulugan ni Daniel ang Panaginip ni Nabucodonosor (62531 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 115); Nakita ng Kapatid na Lalaki ni Jared ang Daliri ng Panginoon (62478 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 318); at Ang Unang Pangitain (62470 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403). Maaari din kayong kumuha ng mga larawan ng ilan sa mga miyembro ng klase.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin:

- Ipakita ang mga larawan ng mga propeta (tingnan sa “Paghahanda,” aytem 3). Ipaliwanag na ang bawat isa sa mga larawang ito ay may ipinakikitang isang bagay na magkakatulad. Ano ito? (Ang bawat isa ay nagpapakita ng isang propetang tumatanggap ng paghahayag.)

Ibahagi ang sumusunod na pahayag mula sa Propetang si Joseph Smith: “Ang Diyos ay hindi naghayag ng anumang bagay kay Joseph na hindi Niya ihahayag sa Labindalawa, at maging ang pinakaabang Banal ay maaaring malaman ang lahat ng bagay ayon sa bilis ng kanyang pang-unawa sa mga ito” (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 149).

Bigyang-diin na hindi tayo kailangang maging mga propeta upang tumanggap ng paghahayag mula sa Panginoon. Bagama’t hindi tayo tumatanggap ng paghahayag upang gabayan ang Simbahan, makatatanggap tayo ng paghahayag

na tutulong sa atin upang matutuhan ang mga katotohanan ng ebanghelyo at gabayan tayo sa ating sariling buhay at sa ating mga responsibilidad sa tahanan at sa Simbahan. Kung nakakuha kayo ng mga larawan ng mga miyembro ng klase, ilagay ang mga ito sa tabi ng mga larawan ng mga propeta.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung paano naaangkop ang mga banal na kasulatan sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

Ipaliwanag na ang mga aralin 5 at 6 ay kapwa tungkol sa pansariling paghahayag. Ang Doktrina at mga Tipan ay kinabibilangan ng mga nagbibigay liwanag sa atin tungkol sa mahalagang paksang ito. Ang araling ito ay nakatuon sa kung paano makikilala ang pansariling paghahayag at kung paano tayo maghahanda para tanggapin ito. Ang aralin 6 ay nakatuon sa kung paano makikilala ang pansariling paghahayag na mula sa Espiritu Santo. Ang mga takdang babasahin para sa kapwa mga aralin ay kinabibilangan ng D at T 6, 8, at 9, na tinanggap ni Joseph Smith habang isinasalin ang Aklat ni Mormon na kasama si Oliver Cowdery bilang kanyang tagasulat. Bagama't ang kaugnay na kahulugan ng D at T 9 ay may kinalaman sa pagtatangka ni Oliver Cowdery na isalin ang Aklat ni Mormon, ang mga alituntunin ay angkop din sa iba pang paghahayag.

**1. Ang ating pangangailangan ng pansariling paghahayag**

Ipaliwanag na ang isa sa ating mga pinakadakilang pagpapala ay ang katotohanan na ang mga kalangitan ay nakabukas at ang Panginoon ay nakikipag-usap sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng patuloy na paghahayag. "Ang banal na paghahayag ang isa sa mga pinakadakila sa mga konsepto at alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo, dahil kung wala ito, hindi malalaman ng tao ang mga bagay tungkol sa Diyos. . . . Ang patuloy na paghahayag mula sa Diyos sa kanyang mga banal . . . ang nagbibigay daan sa pang-araw-araw na patnubay sa tamang mga landas at umaakay sa matatapat na kaluluwa tungo sa ganap at walang hanggang kaligtasan sa kahariang selestiyal. . . . Kung walang paghahayag, ang lahat ay hula-hula lamang, kadiliman, at kalituhan" (Bible Dictionary, "Revelation," 762).

- Sinabi ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa, "Wala isa man sa atin ang makapananatili sa daigdig sa ngayon, lalo na sa kahihinatnan nito, kung walang pansariling inspirasyon" (sa Conference Report, Okt. 1991, 29; o *Ensign*, Nob. 1991, 23). Bakit sa palagay ninyo napakahalaga ng pansariling paghahayag sa ating panahon? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang nakalista sa ibaba.)
    a. Sa pansariling paghahayag natin natatanggap ang ating patotoo kay Jesucristo, sa Kanyang ebanghelyo, at sa banal na pagkahirang ni Joseph Smith.
    b. Sa pansariling paghahayag natin natututuhan ang mga banal na katotohanan.

c. Sa pansariling paghahayag natin natatanggap ang patnubay na higit sa ating limitadong pang-unawa sa pagsagot sa mga katanungan ng buhay, pagharap sa mga hamon, at paggawa ng mga desisyon.

- Ano ang ilang desisyon o situwasyon kung saan makatutulong sa atin ang pansariling paghahayag? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung paano nakatulong ang pansariling paghahayag sa kanilang mga responsibilidad sa mag-anak, sa Simbahan, at sa iba pang aspeto ng kanilang buhay.)

**2. Pag-unawa sa dapat nating gawin upang makatanggap ng paghahayag**

Ipaliwanag na mahalaga sa atin na maunawaan kung paano tayo makapaghahanda upang makatanggap ng pansariling paghahayag. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na mga sangguniang banal na kasulatan na nakahilig ang mga titik. Pagkatapos ay ipatukoy sa kanila kung ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatang iyon tungkol sa kung paano tayo makapaghahanda upang makatanggap ng pansariling paghahayag (ang mga mungkahing kasagutan ay nasa panaklong). Ibuod ang mga sagot sa pisara. Pagkatapos ay talakayin ang mga sagot.

*A. Doktrina at mga Tipan 9:8; Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–10. (Pag-aralan ang bagay na iyon sa inyong isipan.)*

- Ano ang magagawa natin upang mapag-aralan sa ating sariling isipan ang isang katanungan?

  Maaari ninyong pag-aralan ng mga miyembro ng klase ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:8 upang makahanap ng mga pangungusap na nagpapakita kung paano pinag-aralan ni Joseph Smith ang kanyang katanungan sa kanyang isipan. Ilang batayang pangungusap ang nakalista sa ibaba:

  a. "Ang aking pag-iisip ay natawag sa matamang pagmumuni-muni."
  b. "Ang aking damdamin ay matindi at kadalasan ay masidhi."
  c. "Ako ay dumadalo sa ilan nilang pagpupulong na kasindalas ng ipinahihintulot ng pagkakataon."

  Bigyang-diin na pinag-isipang mabuti ni Joseph Smith ang kasagutan sa katanungan na kung aling simbahan ang tama. Gumugol din siya ng maraming oras at pagod, pagdalo sa mga pulong, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagsasaliksik nang mahigit pa sa dalawang taon para sa kasagutan. Imungkahi na ituring ng mga miyembro ng klase si Joseph Smith na halimbawa ng kung paano pag-aralan ang mga bagay-bagay sa kanilang isipan samantalang naghahangad sila ng paghahayag.

- Bakit inaasahan ng Panginoon na pag-aaralan muna natin sa ating isipan ang mga bagay-bagay bago tayo makatanggap ng paghahayag? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang, nais ng Panginoon na maging masigasig tayo, at hindi naghihintay na lamang, habang hinahangad natin ang paghahayag mula sa Kanya. Inaasahan din niyang gagamitin natin ang ating kalayaan sa pagpili. Umuunlad tayo habang ginagamit natin ang mga kaloob at mapagkukunan na ibinigay Niya upang tulungan tayong pag-aralan ang mga bagay-bagay sa ating isipan.) Paano kayo tinutulungang umunlad sa espirituwal ng pag-aaral na mga bagay-bagay sa inyong isipan?

*B. Doktrina at mga Tipan 138:1–11; Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–12. (Pagbulay-bulayin at pag-isipang mabuti ang mga banal na kasulatan at turo ng mga propeta sa mga huling-araw.)* Ipaliwanag na ang pagbubulay-bulay ng mga banal na kasulatan ang dahilan ng paglitaw ng kapwa mga paghahayag na nakatala sa mga talatang ito.

- Bakit mahalagang pag-aralan at pagbulay-bulayin ang mga banal na kasulatan kapag naghahangad tayo ng paghahayag? Paano nakatulong sa inyo ang pag-aaral ng banal na kasulatan nang maghangad kayo ng paghahayag mula sa Panginoon?

  Ipinaliwanag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawa:

  "Ang pagbabasa ng banal na kasulatan ay maaaring . . . humantong sa kasalukuyang paghahayag tungkol sa anumang [paksa] na nais ng Panginoon na iparating sa mambabasa sa panahong iyon. Hindi naman pagmamalabis kapag sinasabi natin na ang mga banal na kasulatan ay maaaring maging Urim at Thummim upang tulungan ang bawat isa sa atin na tumanggap ng pansariling paghahayag.

  "Dahil naniniwala tayo na ang pagbabasa ng banal na kasulatan ay makatutulong sa atin sa pagtanggap ng paghahayag, hinihimok tayo na magbasa ng mga banal na kasulatan nang paulit-ulit. Sa pamamagitan nito, nalalaman natin ang nais ng ating Ama sa Langit na malaman at gawin natin sa ating sariling buhay sa ngayon. Iyan ang isang dahilan kung bakit ang mga Banal sa mga Huling Araw ay naniniwala sa *araw-araw* na pag-aaral ng banal na kasulatan" ("Scripture Reading and Revelation," *Ensign*, Ene. 1995, 8).

*C. Doktrina at mga Tipan 6:5, 14; 8:1; 42:61; 88:63–64. (Magtanong sa Panginoon nang may pananampalataya, may tapat na puso, naniniwala na tatanggapin ninyo ito.)*

Sinabi ni Elder Boyd K. Packer, "Walang mensahe sa banal na kasulatan na lumilitaw nang mas maraming ulit, sa mas maraming paraan kaysa sa 'Kumatok, at ikaw ay pagbubuksan' " (sa Conference Report, Okt. 1991, 26; o *Ensign*, Nob. 1991, 21). Ang pananalangin nang may pananampalataya ay mahalagang bahagi ng proseso ng pagtanggap ng paghahayag. Bigyang-diin na karamihan sa mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan ay mga sagot sa mga tanong ng Propetang si Joseph Smith sa Panginoon.

- Ano ang ibig sabihin ng "hihilingin nang may pananampalataya"? (D at T 8:1; tingnan din sa 1 Nephi 15:11; Moroni 10:4).

  Ang sumusunod na mga tanong mula kay Pangulong Spencer W. Kimball ay makatutulong sa atin upang maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng manalangin nang may pananampalataya: "Nag-aalay ba kayo ng ilang pangkaraniwang salita at luma nang mga kataga, o nakikipag-usap nang masinsinan sa Panginoon? Paminsan-minsan lang ba kayong manalangin samantalang dapat kayong manalangin nang palagian at madalas? . . . Kapag nananalangin kayo, nagsasalita lamang ba kayo, o nakikinig din kayo? . . . Nagpapasalamat ba kayo o humihiling lamang kayo?" ("Prayer," *New Era*, Mar. 1978, 17).

- Ano ang ibig sabihin ng humiling "nang may tapat na puso"? (D at T 8:1; maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa kasunod na pahina).

a. Dapat ay buong katapatan nating hangaring maunawaan ang kalooban ng Panginoon at hilingin lamang ang mga bagay na naaayon dito.

b. Dapat nating tiyakin na ang ating mga layunin sa paghiling ay dalisay.

c. Dapat tayong magsisi.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:13–16. Ano ang matututuhan natin tungkol sa panalangin mula sa talatang ito? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang kahalagahan ng pananalangin nang pabigkas, pagluhod kapag nananalangin, pag-aalay ng mga mithiin ng ating puso sa halip na pagsasalita lamang, at pagbubuhos ng lahat ng ating lakas upang tumawag sa Diyos.)

- Ano ang ipinapangako ng Panginoon kapag humihiling tayo nang may pananampalataya at may tapat na puso? (Tingnan sa D at T 6:14; 42:61.) Paano natupad ang mga pangakong ito sa inyong buhay?

*D. Doktrina at mga Tipan 63:23; 76:5–10; 93:1, 28; 101:7–8. (Maging masunurin at maglingkod sa Diyos.)*

- Bakit mahalaga ang pagsunod sa paghahangad natin ng paghahayag mula sa Diyos?

  Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks, "Ang daan patungo sa paghahayag ay ang kabutihan" (*The Lord's Way* [1991], 34). Itinuro din niya, "Hindi mapapasaatin ang Espiritu Santo—ang daluyan ng paghahayag sa bawat tao—kung nagkakasala tayo o kapag galit tayo o kapag sumusuway tayo sa mga hinirang na awtoridad ng Diyos" ("Teaching and Learning by the Spirit," *Ensign*, Mar. 1997, 9).

*E. Doktrina at mga Tipan 5:24; 19:23; 112:10; 136:32–33. (Maging maamo at mapagpakumbaba.)*

- Bakit mahalaga ang pagpapakumbaba habang naghahangad tayo ng paghahayag mula sa Diyos?

  Naalala ni David Whitmer na isang umaga nang si Joseph Smith ay naghahanda upang ipagpatuloy ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay, "nagkaroon ng kaunting problema sa bahay at siya ay hindi mapalagay dahil dito. May isang bagay na nagawa ang kanyang asawang si Emma. Umakyat kami ni Oliver at hindi nagtagal ay umakyat na rin si Joseph upang ipagpatuloy ang pagsasalin ngunit wala siyang magawa. Hindi siya makapagsalin ng kahit na isang pantig. Nanaog siya, lumabas at nagpunta sa bakuran, at nagsumamo sa Panginoon; nawala nang mga isang oras—nagbalik sa bahay, at humingi ng kapatawaran kay Emma at pagkatapos ay umakyat sa aming kinaroroonan at naging maayos na ang daloy ng pagsasalin. Hindi siya makagawa maliban kung siya ay mapagpakumbaba at matapat" (sinipi sa *A Comprehensive History of the Church*, 1:131, ni B. H. Roberts).

*F. Doktrina at mga Tipan 25:10; 30:2. (Ituon ang pansin sa mga bagay na ukol sa Diyos sa halip na sa mga bagay ng mundo.)*

- Bakit mahalagang ituon ang pansin sa "mga bagay na [ukol sa Diyos]" kaysa sa "mga bagay ng mundo" habang naghahangad tayo ng paghahayag? (D at T 30:2). Paano natin mapalalaya ang ating sarili mula sa mga alalahanin at panggagambala ng mundo habang naghahangad tayo ng paghahayag?

Itinuro ni Elder Boyd K. Packer:

"Ang inspirasyon ay mas madaling dumadaloy sa tahimik na kapaligiran. Ang mga salitang tulad ng *tahimik*, *walang-ingay*, *payapa*, *Mang-aaliw* ay laganap sa mga banal na kasulatan. . . .

"Ang mundo ay lalo pang nagiging maingay. Ang kasuotan at kaayusan at pag-uugali ay lalo pang lumuluwag at hindi maayos at magulo. Ang maingay na musika, na may malalaswang salita na ubod-lakas na naririnig sa pamamagitan ng amplipayer samantalang ang iba't ibang kulay ng mga ilaw ay kumikislap, ay nagpapakilala ng pagiging lantad sa droga. Ang iba't ibang uri ng mga bagay na ito ay nagiging katanggap-tanggap sa marami at naiimpluwensiyahan nito ang ating mga kabataan. . . .

"Ang pagkahilig na ito sa higit pang maingay, higit na kaguluhan, higit na pagtatalu-talo, kakulangan ng pagpipigil, kakulangan ng dignidad, kakulangan ng pormalidad ay hindi nagkataon lamang ni hindi kawalang-kamalayan, ni hindi di-nakapipinsala.

"Ang unang utos na ipinalalabas ng isang komander na gagawa ng pagsalakay na militar ay ang pagputol ng mga daluyan ng komunikasyon ng mga taong binabalak niyang gapiin.

"Ang kawalang-pitagan ay akma sa mga layunin ng kalaban na pagputol sa maseselang daluyan ng paghahayag kapwa sa isipan at sa espiritu" (sa Conference Report, Okt. 1991, 27–28; o *Ensign*, Nob. 1991, 21–22).

Habang naglilingkod sa Panguluhan ng Pitumpu, itinuro ni Elder Neal A. Maxwell na:

"Ang banal na patnubay ay napakahalaga . . . kung kaya kailangan nating maging higit na masigasig upang mailagay ang ating sarili sa situwasyon na kung saan ang gayong natatanging tulong ay maibibigay. Si Pangulong David O. McKay ay nagsalita tungkol sa kung paanong ang mga oras sa umaga, bago pa dumagsa sa atin ang mga alalahanin ukol sa araw na iyon, ay tunay na angkop sa inspirasyon. Nadarama ng iba na ang pag-iisa at pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay makalilikha ng kapaligiran na angkop sa Espiritu at maaaring paunlarin pa ito. Tutal, ang pagbabasa ng mga salita ni Cristo na nasa atin na sa ngayon ay mabuting bagay na gawin bago tayo humiling ng karagdagan dito" (*Wherefore, Ye Must Press Forward* [1977], 121).

---

Katapusan

Bigyang-diin ang kahalagahan ng pansariling paghahayag sa ating buhay. Magpatotoo na ang bawat miyembro ng Simbahan ay maaaring makatanggap ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Himukin ang mga miyembro ng klase na ihanda ang kanilang sarili upang matanggap ang banal na patnubay na ito.

Aralin

# 6

# "Sasabihin Ko sa Iyo sa Iyong Isipan at sa Iyong Puso, sa Pamamagitan ng Espiritu Santo"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhang makilala ang pansariling paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo at himukin silang hangarin ang pagpapalang ito sa kanilang buhay.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 6, 8, 9, 11 at ang iba pang mga banal na kasulatan sa araling ito.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng radyo sa klase.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin:

- Ipakita ang radyo sa klase ngunit huwag itong buksan. Bakit hindi natin naririnig ang isinasahimpapawid?
- Buksan ang radyo ngunit huwag itong itapat sa isang istasyon. Ano ang kailangan nating gawin upang marinig nang malinaw ang istasyon ng radyo? Paano maihahambing ang pakikinig sa Espiritu Santo sa paghahanap ng istasyon ng radyo? (Ang pagsisikap na makamtan ang patnubay ng Espiritu Santo ay maaaring ihambing sa pagbubukas ng radyo. Ang paggawa ng kinakailangan upang tanggapin ang mga bulong ng Espiritu Santo ay maaaring ihambing sa pagtatapat sa istasyon ng radyo o pagkukumpuni ng radyo kung kinakailangan.)

Ipaliwanag na ang layunin ng araling ito ay tulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhan kung paano makilala ang pansariling paghahayag na mula sa Espiritu Santo.

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung paano nauukol sa pang-araw-araw na pamumuhay ang mga piniling banal na kasulatan. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ito ang pangalawa sa dalawang aralin tungkol sa pansariling paghahayag. Sa aralin 5 ay tinalakay kung paano maghahanda upang makatanggap ng pansariling paghahayag. Tinatalakay sa araling ito kung paano makikilala ang pansariling paghahayag.

**1. Pag-unawa kung paano nakikipag-ugnayan sa atin ang Espiritu Santo**

Ipaliwanag na ang paghahayag ay maaaring dumating sa maraming paraan. Ang ilan dito ay kinabibilangan ng mga pagpapakita ng Panginoon o ng Kanyang mga sugo, mga tinig na mula sa Panginoon o sa Kanyang mga sugo, pangitain at panaginip. Gayunman, karaniwan ay dumarating ang paghahayag habang nakikipag-ugnayan ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating mga isipan at damdamin sa ating mga puso. Ang Espiritu Santo ay miyembro ng Panguluhang Diyos. Siya ang tagapaghayag na nagtuturo, nang-aaliw, nagbababala, nagpapalakas, at gumagabay sa atin.

Ipaliwanag na ang Espiritu Santo ay nakikipag-ugnayan sa atin sa iba't ibang paraan. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na sangguniang banal na kasulatan na nakahilig ang mga titik. Pagkatapos ay ipatukoy sa kanila kung ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatang iyon tungkol sa kung paano nakikipag-ugnayan ang Espiritu Santo sa atin (ang mga mungkahing kasagutan ay nasa loob ng panaklong). Ibuod ang mga sagot sa pisara. Pagkatapos ay talakayin ang mga sagot.

A. *Doktrina at mga Tipan 8:2–3; 85:6. (Gumagamit siya ng marahan at banayad na tinig upang makipag-ugnayan sa ating mga isipan at puso.)* Tingnan din sa 1 Mga Hari 19:12; 1 Nephi 17:45; Helaman 5:30.

Itinuro ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa: "Ang maselan at malinis na espirituwal na pakikipag-ugnayang ito ay hindi nakikita ng ating mga mata ni naririnig ng ating mga tainga. At kahit na inilalarawan ito bilang isang tinig, ito ay tinig na higit na nadarama kaysa naririnig ng isang tao" (*That All May Be Edified* [1982], 335).

- Bakit mahalagang maunawaan ang alituntuning ito ng pakikipag-ugnayan ng Espiritu Santo? Ano ang mga panganib ng pag-asam na dumating ang banal na pakikipag-ugnayan sa higit na kagila-gilalas o mga kamangha-manghang paraan?

  Nagbabala si Elder Dallin H. Oaks:

  "Ang ilang [tao] ay tumitingin lamang sa dakilang mga pagpapamalas na nakatala sa mga banal na kasulatan at nabibigong makilala ang marahan at banayad na tinig na ibinigay sa kanila. . . . Kailangan nating malaman na ang Panginoon ay bibihirang makipag-usap nang malakas. Ang Kanyang mga mensahe ay halos palaging dumarating nang pabulong. . . .

  "Dahil hindi nauunawaan ang mga alituntuning ito ng paghahayag, isinasaisantabi ng ilang tao ang kanilang patotoo hanggang sa makaranas sila ng kahima-himalang pangyayari. Hindi nila nauunawaan na sa karamihan sa mga tao . . . ang pagkakaroon ng patotoo ay hindi isang pangyayari kundi isang proseso" (*Ensign*, Mar. 1997, 11–12, 14).

*B. Doktrina at mga Tipan 6:15; 11:13–14. (Binibigyang-liwanag Niya ang ating mga isipan.)*

- Sa paanong mga paraan binibigyang-liwanag ng Espiritu ang ating mga isipan?

  Maaaring ibilang sa mga sagot ang maaaring bigyang-liwanag ng Espiritu ang ating mga isipan sa pamamagitan ng mga bagong ideya o pananaw, mga biglaang pagdating ng inspirasyon, at malalakas na damdamin o impresyon (tingnan, halimbawa, sa D at T 128:1). Itinuro ng Propetang si Joseph Smith na ang paghahayag ay maaaring dumating bilang "biglaang pagdagsa ng mga ideya" na dumadaloy sa ating mga isipan bilang "dalisay na katalinuhan" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 151).

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng mga karanasan kung kailan nabigyang-liwanag ng Espiritu Santo ang kanilang isipan sa pamamagitan ng mga bagong ideya o pananaw, biglaang dating ng inspirasyon, o matinding damdamin o impresyon.

*C. Doktrina at mga Tipan 6:22–23. (Siya ay nagdudulot ng kapayapaan sa ating isipan.)*

Ipaliwanag na si Oliver Cowdery ay lumagi sa tahanan ng mga magulang ni Joseph Smith nang ilang panahon bago niya nakita ang Propeta. Noong panahong iyon, si Oliver ay nanalangin at tumanggap ng mapayapang katiyakan na ang pagkatawag at gawain ni Joseph ay banal. Pagkatapos niyon ay naglakbay si Oliver sa Harmony, Pennsylvania, at sinimulan ang kanyang paggawa bilang tagasulat ni Joseph sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Kaagad pagkatapos niyon, ninais ni Oliver ang "karagdagang katibayan" ng katiyakan na nauna niyang natanggap (D at T 6:22).

- Ano ang ipinahayag ng Panginoon kay Oliver Cowdery tungkol sa kanyang pagnanais ng "karagdagang katibayan" sa banal na misyon ng Propeta? (Tingnan sa D at T 6:22–23.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng mga karanasan nang ang Espiritu ay nangusap ng kapayapaan sa kanilang isipan. Paano tayo higit na makapagtitiwala sa kapayapaan na dulot ng Espiritu sa ating isipan?

*D. Doktrina at mga Tipan 9:7–8. (Siya ang magdudulot ng pag-aalab sa dibdib.)* Tingnan din sa Lucas 24:32.

Bigyang-diin na bagama't ang nilalaman ng D at T 9 ay may kinalaman sa pagtatangka ni Oliver Cowdery na isalin ang Aklat ni Mormon, ang mga alituntunin ay angkop din sa pansariling paghahayag. Bigyang-diin na ang pag-aalab sa dibdib ay isang paraan lamang ng pakikipag-ugnayan sa atin ng Espiritu Santo. Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na siping-banggit upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang paraan ng pakikipag-ugnayan ng Espiritu.

Ipinaliwanag ni Pangulong Boyd K. Packer: "Ang pag-aalab na ito sa dibdib ay hindi lamang pisikal na pakaramdam. Ito ay mas katulad ng mainit na liwanag na nagniningning sa iyong pagkatao" (sa Conference Report, Okt. 1994, 77; o *Ensign*, Nob. 1994, 60).

Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks: "May nakilala akong mga tao na nagsasabi sa akin na hindi sila kailanman nagkaroon ng patotoo mula sa Espiritu Santo dahil hindi nila kailanman nadama na 'nag-alab ang kanilang dibdib.' Ano ang ibig sabihin ng 'pag-aalab ng dibdib'? Kailangan ba itong maging katulad ng nadarama kapag nasusunog ang kaloriya, o tulad ng apoy na likha ng pagliliyab? Kung iyan ang ibig sabihin, hindi ako kailanman nagkaroon ng pag-aalab sa dibdib. Tiyak na ang salitang 'pag-aalab' sa banal na kasulatang ito ay nangangahulugan ng damdamin ng kapanatagan at kapayapaan" (*Ensign*, Mar. 1997, 13).

*E. Doktrina at mga Tipan 98:12. (Kadalasan ay inihahayag Niya ang mga bagay nang "taludtod sa taludtod, utos sa utos," sa halip na minsanan.)*

Ipaliwanag na karaniwan tayong tumatanggap ng paghahayag batay sa ating paghahanda na tanggapin ito. Habang higit tayong nagiging handa, higit ang inihahayag sa atin. Itinuro ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawa:

"Kapag naghahangad tayo ng inspirasyon upang makatulong sa paggawa ng mga desisyon, ang Panginoon ay nagbibigay ng banayad na mga pag-uudyok. Kailangan nito na mag-isip tayo, magpakita ng pananampalataya, gumawa, magsikap kung minsan, at kumilos. Bihirang dumating nang minsanan ang buong kasagutan sa isang tiyak na mahalagang bagay o masalimuot na problema. Mas madalas na dumarating ito nang unti-unti, nang hindi nakikita ang kahahantungan" (sa Conference Report, Okt. 1989, 40; o *Ensign*, Nob. 1989, 32).

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan kung paano sila nakatanggap ng banal na patnubay nang taludtod sa taludtod, o utos sa utos.

**2. Mga babala tungkol sa pansariling paghahayag**

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na sangguniang banal na kasulatan na nakahilig ang titik. Pagkatapos ay ipatukoy sa kanila ang babala na ibinibigay sa mga banal na kasulatang iyon tungkol sa pansariling paghahayag (ang mga mungkahing sagot ay nasa panaklong). Ibuod sa pisara ang mga sagot.

*A. Doktrina at mga Tipan 109:44. (Dapat tayong manalangin na ang kalooban ng Panginoon ang masunod—at maging handa tayong ipasailalim ang ating kalooban sa Kanya.)* Tingnan din sa Mateo 6:10.

- Bakit mahalagang ipasailalim ang ating kalooban sa kalooban ng Diyos kapag naghahangad tayo ng pansariling paghahayag?
- Paano natin malalaman kapag sumagot ng "hindi" ang Diyos? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang magkakaroon tayo ng negatibong damdamin, pagkalito, damdamin ng kawalang-kapanatagan at pagkabalisa, o "pagkatuliro ng pag-iisip" [D at T 9:9]. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan sa pagkatanggap ng gayong mga damdamin.)
- Paano tayo dapat tumugon kapag ang isang taos-pusong panalangin tungkol sa isang bagay na minimithi natin nang labis ay hindi sinagot sa paraan na nais natin? Paano makatutulong sa atin ang gayong mga karanasan?

*B. Doktrina at mga Tipan 88:68. (Dapat nating tandaan na ang paghahayag ay darating sa takdang panahon at paraan ng Panginoon.)*

Ipaliwanag na hindi tayo palaging tumatanggap ng paghahayag sa oras o sa paraan na inaasahan natin. Kung sisikapin nating piliting dumating ang paghahayag sa oras at sa paraan na nais natin, maaari tayong malinlang. Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks:

"Ang Panginoon ay makikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng Espiritu sa kanyang takdang panahon at sa kanyang sariling paraan. Maraming tao ang hindi nakauunawa sa alituntuning ito. Naniniwala sila na kapag handa na sila at kapag maluwag na para sa kanila ay makatatawag sila sa Panginoon at kaagad siyang tutugon, maging sa eksaktong paraan na isinaad nila. Ang paghahayag ay hindi dumarating sa gayong paraan. . . .

"Ang alituntuning isinaad sa [D at T 88:68] ay akma sa bawat pakikipag-ugnayan mula sa ating Ama sa Langit: 'Ito'y magaganap sa kanyang takdang panahon, at sa kanyang sariling paraan, at sang-ayon sa kanyang sariling kalooban.' Hindi natin mapipilit ang mga espirituwal na bagay" (*Ensign*, Mar. 1997, 10–11).

*C. Doktrina at mga Tipan 28:2, 6–7; 43:2–4. (Nakatatanggap tayo ng paghahayag ayon sa tungkulin at mga responsibilidad natin.)*

Itinuro ng Propetang si Joseph Smith, "Labag sa ekonomiya ng Diyos ang tumanggap ang sinumang miyembro ng Simbahan, o ang sinuman, ng tagubilin para sa mga may awtoridad na mas mataas sa kanila" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 21).

Bago ang kanyang pagkatawag bilang Apostol, ipinaliwanag ni Dallin H. Oaks na: "Ang bahay ng ating Ama sa Langit ay bahay ng kaayusan. . . . Tanging ang Pangulo ng Simbahan ang tumatanggap ng paghahayag upang gabayan ang buong Simbahan. . . . Ang taong tumatanggap ng paghahayag para sa purok ay ang obispo. . . . Ang mga indibiduwal ay maaaring makatanggap ng paghahayag upang magabayan ang kanilang sariling buhay. Ngunit kapag ang isang tao ay nagpapahiwatig na tumatanggap ng paghahayag para sa isa pang tao na hindi naman niya nasasakupan batay sa kaayusan ng Simbahan—makatitiyak kayo na ang gayong mga paghahayag ay hindi mula sa Panginoon" ("Revelation," *New Era*, Set. 1982, 45–46).

- Bakit mahalaga ang alituntuning ito sa pamamahala sa Simbahan? Bakit mahalagang maunawaan ang ating mga kaugnayan sa ibang mga tao? (Kung naaangkop sa inyong klase, maaari kayong sumangguni sa ikalawang karagdagang ideya sa pagtuturo para sa isang mungkahi kung paano maisusulong ang talakayang ito.)

*D. Doktrina at mga Tipan 11:12–14; 50:23–24. (Dapat nating malaman kung ang paghahayag ay nagmula sa Diyos.)*

Ipaliwanag na mahalagang malaman natin kung ang isang paghahayag ay tunay na mula sa Diyos. Kung minsan ang iniisip nating tila paghahayag ay maaaring bunga lamang ng ating sariling pagnanais. At kung minsan ang mga maling paghahayag ay maaaring magmula kay Satanas.

- Paano natin malalaman kung ang paghahayag ay mula sa Diyos? (Tingnan sa D at T 11:12–14; 50:23–24. Maaaring kabilang sa mga sagot na ang mga paghahayag na mula sa Diyos ay magiging ayon sa banal na kasulatan at sa payo ng mga buhay na propeta. Ang mga ito ay makapagbibigay-sigla. Hindi tayo aakayin ng mga ito na gumawa ng isang bagay na labag sa mga alituntunin ng kabutihan.)

Sinabi ng Unang Panguluhan: "Kapag . . . ang inspirasyon ay nagpapahiwatig ng isang bagay na hindi naaayon sa mga tanggap na paghahayag ng Simbahan o labag sa mga desisyon ng mga awtoridad nito, malalaman ng mga Banal sa mga Huling Araw na ito ay hindi sa Diyos, gaano man ito tila kapani-paniwala. . . . Ang anumang bagay na salungat sa mga bagay na mula sa Diyos sa pamamagitan ng ulo ng Simbahan ay hindi nararapat tanggapin bilang utos na dapat sundin o paniwalaan" (sa *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, tinipon ni James R. Clark, 6 na tomo [1965-75], 4:285).

**3. Kailan hindi tinatanggap o kinikilala ang paghahayag**

- Ano ang dapat nating gawin kapag ang pansariling paghahayag ay hindi dumarating kapag hinahangad natin ito? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. Maging matiisin at patuloy na maghintay nang tapat sa Panginoon (D at T 98:2). Sasagot Siya sa Kanyang takdang panahon. Ang pagpapakita ng pagtitiis ay nakatutulong sa atin upang lumago sa espirituwal at magtaglay ng mga banal na katangian. Maaari ninyong basahin ang ikalawang talata ng liham na binanggit sa Opisyal na Pahayag 2 (mga pahina 418–420 sa Doktrina at mga Tipan), na binibigyang-diin na maging ang mga propeta ay kailangang magpakita ng pagtitiis sa paghahangad nila ng banal na patnubay.

  b. Dagdagan ang ating pagsisikap na maging handa sa espirituwal upang makatanggap at makilala ang mga bulong ng Espiritu.

  c. Dagdagan ang ating pagsisikap na mag-aral at manalangin, na kinikilala na maaaring hindi natin ito nagawa nang kasing-tagal, o kasing-tapat na tulad ng dapat nating gawin.

  d. Maging mas matapat sa pagsunod sa mga kautusan (Isaias 59:2).

  e. Isaisantabi muna ang bagay. Ang mga dagliang daloy ng inspirasyon ay kadalasang dumarating kapag hindi natin inaasahan at habang ang ating mga isipan ay hindi na abala sa pag-iisip sa bagay na ito.

  f. Aminin na maaaring naghahangad tayo ng payo tungkol sa mga bagay na dapat sana ay tayo mismo ang magpasiya para sa ating sarili, na gamit ang ating pinakamainam na paghatol batay sa pag-aaral at pangangatwiran. Sa mga ganitong kalagayan ay maaaring hayaan tayo ng Panginoon na magpasiya sa ating sarili (para sa mga halimbawa, tingnan sa D at T 58:25–28; 60:5; 61:22; 62:5). Kadalasan ay pinahihintulutan tayo ng Panginoon na gumawa ng ating sariling mga desisyon sa kabutihan.

  g. Tingnan din dahil baka nakatanggap na tayo ng kasagutan ngunit hindi natin tinanggap ito dahil hindi ito ang ating inaasam o kaya'y inaasahan. Kung igigiit natin ang gusto natin, maaaring maputol ang pakikipag-ugnayan sa atin ng Espiritu.

  Ipinayo ni Elder Boyd K. Packer:

  "Minsan ay maaaring mahirapan kayo sa isang problema at hindi makatanggap ng kasagutan. Ano kaya ang mali? Maaaring wala kayong ginagawang anumang kamalian. Maaaring hindi ninyo ginawa ang tamang bagay nang mas matagal. Tandaan, hindi ninyo mapipilit ang mga espirituwal na bagay. Kung minsan ay nalilito tayo dahil ayaw nating tanggapin ang *hindi* bilang kasagutan. . . .

> “Huwag palaging isipin ang mahihirap na katanungan at mamuhay nang matiwasay. Pagbulay-bulayin at ipanalangin nang tahimik at palagian ang mahihirap na katanungan.
>
> “Ang sagot ay maaaring hindi dumating na kasingbilis ng kidlat. Maaaring dumating ito bilang kaunting inspirasyon dito at kaunti doon, nang ‘taludtod sa taludtod, utos sa utos’ (D at T 98:12).
>
> “Ang ilang kasagutan ay darating mula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan, ang ilan ay mula sa pakikinig sa mga tagapagsalita. At minsan, kapag mahalaga, ang ilan ay darating sa napakatuwiran at makapangyarihang inspirasyon. Ang mga inspirasyon ay magiging malinaw at hindi maipagkakamali” (sa Conference Report, Okt. 1979, 29–30; o *Ensign*, Nob. 1979, 21).

---

Katapusan

Bigyang-diin na ang bawat isa sa atin ay may pribilehiyo at responsibilidad na maging bihasa sa wika ng Espiritu. Himukin ang mga miyembro ng klase na gawin ang nararapat na pagsisikap upang matanggap at makilala ang mga bulong ng Espiritu Santo. Magpatotoo na habang inihahanda natin ang ating sarili at nakikinig na mabuti, tayo ay tatanggap ng “paghahayag sa paghahayag” sa pamamagitan ng Espiritu Santo (D at T 42:61).

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

**1. Pagtuturo sa mga bata tungkol sa pansariling paghahayag**

Kung ang tinuturuan ninyo ay mga nasa hustong gulang, maaari ninyong talakayin kung paano ituro ang alituntunin ng pansariling paghahayag sa mga bata.

**2. Babala tungkol sa paghahayag para sa kasal**

Ang sumusunod na babala mula kay Elder John H. Groberg ng Pitumpu ay nagpapaliwanag sa mahalagang alituntunin ng paghahangad ng banal na patnubay tungkol sa kung sino ang pakakasalan:

“Babalaan . . . ko kayo na hindi kayo maaaring tumanggap ng isang-panig na paghahayag lamang mula sa Diyos hinggil sa walang hanggang kasal. Tanging kapag iisa ang nadarama ng kapwa panig kayo magkakaroon ng katiyakan na ito ay mula sa Panginoon. Ang mga taong nagsisikap na pilitin ang ibang tao na sumang-ayon sa kanilang pansariling paghahayag ay nagdudulot ng kapahamakan sa kanilang sarili at sa kanilang mga kaibigan” (“What Are You Doing Here?” *New Era*, Ene. 1987, 37–38).

**3. Ang proseso ng pagtanggap ni Pangulong Joseph F. Smith sa kanyang patotoo**

Ibahagi ang kuwento ni Pangulong Joseph F. Smith kung paano niya natanggap ang kanyang patotoo:

“Nang magsimula ako sa pagmiministeryo noong ako ay bata pa, madalas kong hanapin at hilingan ang Panginoon na ipakita sa akin ng ilang mga kagila-gilalas na bagay, nang sa gayon ay makatanggap ako ng patotoo. Subalit ipinagkait ng Panginoon ang mga kagila-gilalas na bagay sa akin, at ipinakita sa akin ang katotohanan, nang taludtod sa taludtod, nang utos sa utos, kaunti rito

at kaunti roon, hanggang sa maipaalam niya sa akin ang katotohanan mula sa aking ulo hanggang sa aking talampakan, at hanggang sa tuluyang maglaho sa akin ang alinlangan at takot. Hindi niya kinailangan na magpadala ng anghel mula sa kalangitan upang gawin ito, ni hindi rin niya kinailangan na makapangusap nang may pakakak ng arkanghel. Sa pamamagitan ng mga pagbulong ng marahan at banayad na tinig ng Espiritu ng buhay na Diyos, ipinagkaloob niya sa akin ang patotoo na aking tinataglay. At sa pamamagitan ng ganitong alituntunin at kapangyarihan ay ipagkakaloob niya sa lahat ng anak ng tao ang kaalaman ng katotohanan" (*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 7.

Aralin

# 7

# "Ang mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan at hangarin ang mga pagpapala na nagmumula sa mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo: pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, pagbibinyag, at pagpapatibay.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan na nasa aralin.
2. Repasuhin ang mga materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung makukuha ang sumusunod na mga larawan, ilagay ang mga ito sa harapan ng silid bago magsimula ang aralin: Ang Panginoong Jesucristo (62572 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240); Pagbibinyag (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 601); at Ang Kaloob na Espiritu Santo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 602).
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng kapirasong tela upang magamit na pampiring.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Hilingan ang isang miyembro ng klase na kusang pumunta sa harapan. Piringan ang nagkusa at ipasulat sa kanya sa pisara ang sumusunod na kataga: *Si Jesus ang ilaw ng sanlibutan*. Tanggalin ang piring at ipasulat muli sa kanya sa pisara ang kataga ring iyon. Pagkatapos ay paupuin siya.

- Paanong ang pagkakasala ay katulad ng paglalagay ng piring? Paanong ang pagpapakita ng pananampalataya kay Jesucristo at pagsisisi ng ating mga kasalanan ay katulad ng pagtatanggal ng piring? Ano ang mas maliwanag nating nakikita kapag nagsisi tayo?

Ipaliwanag na tinatalakay sa araling ito ang mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag, at kaloob na Espiritu Santo, mas malinaw nating makikita ang ating patutunguhan at layunin sa kawalang-hanggan habang nasa buhay na ito.

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maaari kayong gumamit ng dalawang panahon ng klase upang ituro ang araling ito.

Ipaliwanag na ipinanumbalik ng Panginoon ang ebanghelyo sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith nang "talutod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin" (D at T 128:21). Ang ilan sa mga unang katotohanan na ipinanumbalik ay ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo. Ipabigkas sa isang miyembro ng klase ang pang-apat na saligan ng pananampalataya. Isulat sa pisara ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa.

**1. Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ang unang alituntunin ng ebanghelyo.**

Bigyang-diin na ang pagpapanumbalik ng ebanghelyo ay nagsimula sa pagpapakita ng pananampalataya ni Joseph Smith (Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–14). Ang pagpapakita ni Moroni ay naganap din bilang tugon sa pagpapakita ng pananampalataya ni Joseph, na nagtala na "buo ang [kanyang] pagtitiwala na magtatamo ng banal na pagpapatunay" habang nananalangin siya upang humingi ng kapatawaran (Joseph Smith—Kasaysayan 1:29).

- Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo? Bakit mahalagang isentro natin ang ating pananampalataya kay Jesucristo?
- Paano natin mapalalakas ang ating pananampalataya kay Jesucristo? (Tingnan sa D at T 19:23; 88:118; Alma 32:27. Bigyang-diin na unti-unti nating napalalakas ang ating pananampalataya, at hindi sa minsanang karanasan lamang. Bigyang-diin din na kailangan nating laging pangalagaan ang ating pananampalataya upang manatili itong malakas.) Kung naaangkop, anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nakatulong sa kanila upang mapatatag ang kanilang pananampalataya kay Cristo.
- Ano ang ilang kalagayan sa pang-araw-araw na buhay na nangangailangan ng pagpapakita natin ng pananampalataya kay Cristo? Paano kayo natulungan ng pananampalataya na mapaglabanan ang kawalan ng pag-asa, mga kahinaan, o iba pang mga kahirapan? Paano mapatatatag ng pananampalataya kay Cristo ang ating pakikipag-ugnayan sa iba? (Talakayin ang mga partikular na uri ng ugnayan, katulad ng sa asawa, anak, magulang, miyembro ng purok, o kapitbahay.)
- Paano natin maipakikita ang ating pananampalataya kay Cristo? (Tingnan sa D at T 20:69; Santiago 2:14–17.) Paano naaapektuhan ng pananampalataya kay Cristo ang ating pagnanais na gumawa ng mabuti?
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 8:10. Ano ang maaari nating magawa kung *walang* pananampalataya? Ano ang maaari nating magawa kung *may* pananampalataya? (Para sa ilang kasagutan sa tanong na ito, tingnan sa D at T 35:9; 42:48–51; 63:9–11; Moroni 7:33.) Paano ninyo nakita ang pagpapamalas ng kapangyarihan ng pananampalataya?
- Ang isang madalas na uliting mensahe sa Doktrina at mga Tipan ay ang kahalagahan ng pananalangin nang may pananampalataya. Halimbawa, sa D at T 10:46–52 sinabi ng Panginoon na ang Aklat ni Mormon ay napag-ingatan dahil ang mga sinaunang propeta ay may "pananampalataya sa kanilang mga

panalangin" na ito ay mapag-iingatan. Ano ang papel na ginagampanan ng pananampalataya sa ating mga panalangin?

2. **Sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi, maaari tayong makibahagi sa mga pagpapala ng Pagbabayad-sala.**

Ipaliwanag na ang pagsisisi ay isang pangunahing paksa sa Doktrina at mga Tipan. Itinuturo ng Panginoon ang doktrina ng pagsisisi at paulit-ulit na binibigyang-diin na kailangang magsisi. Nangangako siya ng maraming pagpapala sa mga nagsisisi—at kaparusahan sa mga hindi nagsisisi.

- Ano ang pagsisisi? (Tingnan sa D at T 58:42–43. Ang pagsisisi ay ang proseso ng pagkalinis mula sa ating mga kasalanan at pagtanggap ng kapatawaran para sa mga ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Upang makapagsisi, kailangan nating aminin at talikdan ang ating mga kasalanan at lumayo sa masama. Kailangan din nating ibaling ang ating puso at kalooban sa Diyos, na buong katapatang nagsisikap na sundin ang Kanyang mga kautusan. Upang talakayin ang proseso ng pagsisisi, tingnan ang ikalawang karagdagang ideya sa pagtuturo.)

- Ano ang kaibahan ng tunay na pagsisisi at ng pagtigil lamang sa masamang nakaugalian o pagbabago ng ugali?

  Ipinaliwanag ni Pangulong Ezra Taft Benson na: "Ang ibig sabihin ng pagsisisi ay higit pa sa pagbabago lamang ng pag-uugali. . . . Ang tunay na pagsisisi ay batay at dumadaloy mula sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Wala nang iba pang paraan. Ang tunay na pagsisisi ay kinapapalooban ng pagbabago ng puso at hindi lamang ng pagbabago ng pag-uugali (tingnan sa Alma 5:13)" (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 71).

  Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa na ang "pagsisisi ay nangangailangan kapwa ng pagtalikod sa masama at pagbaling sa Diyos" (sa Conference Report, Okt. 1991, 40; o *Ensign*, Nob. 1991, 30).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 18:11–13 at 19:16–19. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa pagmamahal ng Tagapagligtas para sa atin? Bakit natin kailangan ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas upang mapatawad ang ating mga kasalanan? (Tingnan din sa 2 Nephi 2:6–9.) Bakit mahalaga na magsisi tayo upang mapatawad ang ating mga kasalanan?

  Ipaliwanag na kapag nagkakasala tayo, tayo ay nagiging marumi at napasasailalim sa mga parusang hinihiling ng batas ng katarungan. Dahil hindi tayo perpekto, hindi tayo maaaring maging malinis muli o hindi natin matutugunan ang mga hinihiling ng katarungan nang tayo lamang. Sa pamamagitan ng pagbabayad-sala para sa ating mga kasalanan, inako ng Tagapagligtas ang mga kaparusahang hinihiling ng batas ng katarungan at nagagawa Niyang ialay ang awa at kapatawaran na kailangan upang maging malinis. Ang mga pagpapalang ito ng Pagbabayad-sala ay makakamtan lamang natin kung tayo ay magsisisi (Alma 7:14).

- Bakit kailangan natin ang pananampalataya kay Jesucristo upang tayo ay tunay na makapagsisi?

- Isulat sa pisara ang *Mga Ibubunga ng Hindi Pagsisisi*. Ano ang mga ibubunga ng hindi pagsisisi ng ating mga kasalanan? (Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na mga banal na kasulatan at tukuyin ang mga ibubunga: D at T 1:33, 19:17–18, at 29:17. Ilista sa pisara ang mga ibubunga na ito. Ang iba pang mga ibubunga ay maaaring kabilangan ng paglayo sa Diyos at sa ibang tao, kasalanan, mababang pagpapahalaga sa sarili, pangangatwiran sa iba pang mga kasalanan, at hindi pagpapatawad.)
- Isulat sa pisara ang *Mga Pagpapala ng Tunay na Pagsisisi*. Ano ang ipinapangako ng Panginoon kapag tunay ang ating pagsisisi sa ating mga kasalanan? (Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na mga banal na kasulatan at ipatukoy ang mga pangako: D at T 1:32, 58:42, at 109:53. Ilista ang mga pangakong ito sa pisara.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung paano pinagpala ng pagsisisi ang kanilang buhay. (*Paalala*: maaari ninyong pagpayuhan ang mga miyembro ng klase na huwag magbigay ng detalyeng pag-amin ng nakaraang mga kasalanan.)
- Bakit minsan ay nahihirapan tayong patawarin ang ating sarili o ang iba kahit na ipinangako ng Panginoon na patatawarin Niya tayo kapag nagsisi tayo?
- Paano tayo higit na makapagsisisi? Bakit natin ipinagpapaliban ang ating pagsisisi kung minsan? Paano natin magagapi ang anumang kapalaluan, kawalan ng pag-asa, kasiyahang-loob, o anumang bagay na makapipigil sa ating pagsisisi?

Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell: “Ang pagsisisi ay pagsagip, hindi isang malupit na doktrina. Makakamtan ito ng taong may mabibigat na kasalanan at gayundin ng mabubuting tao na nagsisikap na umunlad nang unti-unti” (sa Conference Report, Okt. 1991, 40; o *Ensign*, Nob. 1991, 30). Bigyang-diin na kahit na mahirap na proseso ang pagsisisi, ito ay makapagdudulot din naman ng malaking kagalakan kapag ibinaling natin ang ating puso mula sa kasalanan tungo sa Diyos.

**3. Ang pagbibinyag ay mahalagang ordenansa.**

Ipaliwanag na ang pananampalataya at pagsisisi ay humahantong sa pagbibinyag, ang unang ordenansa ng ebanghelyo. Sa Doktrina at mga Tipan ay inihayag ng Panginoon ang mga layunin, mga kailangan, at tagubilin para sa pagbibinyag. Sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith, ipinanumbalik ni Juan Bautista ang awtoridad ng pagkasaserdote na kailangan upang maisagawa ang ordenansa (tingnan sa aralin 8).

- Ano ang mga layunin ng pagbibinyag? (Tingnan sa D at T 18:22; 49:13–14. Ang mga layunin ay kinabibilangan ng ating pangako sa Tagapagligtas, pagtanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan, pagiging miyembro ng Simbahan, pagpasok sa landas na patungo sa kadakilaan, at paghahandang tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo. Tingnan din sa 2 Nephi 9:23; 31:10–13, 17; Mosias 18:17.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng kanilang damdamin tungkol sa kanilang pagbibinyag.
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 20:37. Ano ang mga kailangang gawin ng isang tao bago mabinyagan? Anong mga tipan ang ginagawa natin sa Diyos kapag nabinyagan tayo? (Tingnan din sa Mosias 18:8–10.) Paano natin mapagbubuti ang ating pangako na tutuparin ang mga pangakong ating ginawa sa Panginoon noong tayo ay binyagan?

- Ano ang isinasagisag ng pagbibinyag? (Tingnan sa D at T 76:51; Juan 3:3–5; Mga Taga Roma 6:3–4. Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog ay sumasagisag sa kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo. Isinasagisag din nito ang paglilibing ng ating lumang sarili at ating muling pagsilang kay Cristo. Bilang karagdagan, isinasagisag nito ang pagiging malinis mula sa ating mga kasalanan.)
- Bakit mahalagang mabinyagan ng isang taong may tamang awtoridad? (Tingnan sa D at T 22.) Bakit mahalagang maisagawa ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog? (Tingnan sa D at T 20:72–74.) Bakit hindi angkop na binyagan ang isang tao bago siya sumapit ng walong taong gulang? (Tingnan sa D at 20:71; 29:46–47; 68:25; Moroni 8:9–12.)

**4. Sa pamamagitan ng ordenansa ng pagpapatibay, matatanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo.**

Ipaliwanag na ang Espiritu Santo ay miyembro ng Panguluhang Diyos at isang "personaheng Espiritu" (D at T 130:22). Matapos ang pagbibinyag sa pamamagitan ng tubig, tinatanggap ng mga miyembro ng Simbahan ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng ordenansa ng pagpapatibay (D at T 33:15; 35:5–6). Ang ordenansang ito ay tinatawag din na "pagbibinyag ng apoy at ng Espiritu Santo" (D at T 20:41). Ang Propetang si Joseph Smith ay nagsabi, "Ang pagbibinyag sa tubig ay kalahating pagbibinyag lamang, at walang-saysay ito kung wala . . . ang pagbibinyag ng Espiritu Santo" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 314).

- Ano ang kaibahan ng pagpapahayag ng Espiritu Santo at ng kaloob na Espiritu Santo?

  Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawa na: "Ang mga pagpapahayag ng Espiritu ay ibinibigay upang akayin ang mga taimtim na naghahanap sa mga katotohanan ng ebanghelyo na hihimok sa kanila tungo sa pagsisisi at pagbibinyag. Ang kaloob na Espiritu Santo ay mas madaling maunawaan. . . . Kinabibilangan [ito] ng karapatan na palaging makasama ito, nang 'sa tuwina ay [mapasaatin] ang kanyang Espiritu' (D at T 20:77)" (sa Conference Report, Okt. 1996, 80; o *Ensign*, Nob. 1996, 60).

  Inihambing ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawa ang mga pagpapahayag ng Espiritu Santo na tinatanggap ng isang tao bago ang pagbibinyag na tulad sa mga bugso ng kidlat na "[nagliliyab] sa madilim at maunos na gabi." Inihambing niya ang kaloob na Espiritu Santo na tinatanggap ng isang tao matapos ang pagbibinyag sa "patuloy na pagliliyab ng araw sa katanghaliang-tapat, na nakasikat sa landas ng buhay at sa lahat ng nakapalibot dito" (*A New Witness for the Articles of Faith* [1985], 262).

- Ang pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo ay hindi kaagad nagbibigay katiyakan na palaging mapapasaatin ang Espiritu Santo. Ano ang kailangan nating gawin upang patuloy na mapasaatin ang Espiritu Santo?

  Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith, "Ang Espiritu Santo ay hindi mananahan sa taong hindi handang sumunod at tumupad sa mga kautusan ng Diyos o isang tao na tahasang lumalabag sa mga kautusang iyon" (*Church News*, ika-4 ng Nob. 1961, 14).

- Ano ang ilan sa mga ginagawa ng Espiritu Santo? (Pumili ng ilan sa mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan upang basahing kasama ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung ano ang itinuturo ng bawat talata tungkol sa mga ginagawa ng Espiritu Santo. Ibuod ang impormasyon sa pisara.)

  a. D at T 18:18; 39:6; 42:14; 75:10; 79:2. (Siya ay isang guro; tingnan din sa Juan 14:26; 16:13; 1 Nephi 10:19; Moroni 10:5.)
  b. D at T 39:6. (Siya ang Mang-aaliw; tingnan din sa Juan 14:16.)
  c. D at T 42:17; 100:8. (Siya ay tagapagpatotoo; tingnan din sa Juan 15:26; Alma 5:46.)
  d. D at T 11:12. (Inaakay niya tayo upang gumawa ng mabuti, lumakad nang may kababaang-loob, at humatol nang makatwiran.)
  e. D at T 11:13; 76:10. (Binibigyan niya ng kaliwanagan ang ating mga isipan at pinupuno ang ating kaluluwa ng kagalakan.)
  f. D at T 84:33. (Sa pamamagitan Niya tayo ay nagiging dalisay; tingnan din sa 3 Nephi 27:20.)
  g. D at T 31:11; 75:27; 84:85. (Binibigyan Niya tayo ng inspirasyon kung saan pupunta, ano ang gagawin, at ano ang sasabihin.)

  Anyayahan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung paano sila pinagpala ng Espiritu Santo sa ganito o sa iba pang paraan. Talakayin kung paano natin matatamasa nang higit ang mga pagpapalang ito sa ating buhay. Bigyang-diin na pribilehiyo natin ang mapasaatin ang isa sa mga miyembro ng Panguluhang Diyos. Ibahagi ang inyong patotoo tungkol sa kahalagahan na mapasaatin ang Espiritu Santo.

**5. Kailangan tayong magtiis hanggang sa wakas nang may pananampalataya upang matanggap ang buhay na walang hanggan.**

Kapag nabinyagan tayo, pumapasok tayo sa landas na patungo sa kadakilaan. Gayunman, ang kakaibang karanasang ito ay hindi nagbibigay katiyakan na tayo ay makatatanggap ng kadakilaan. Tulad ng palagiang panghihimok ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan, kailangan din nating tuparin ang mga tipan na ginawa natin sa pagbibinyag upang buong katapatang makapagtiis hanggang sa huling sandali ng ating buhay.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang 2 Nephi 31:19–20 at D at T 14:7. Ano ang ibig sabihin ng magtiis hanggang sa wakas? Anong mga pagpapala ang ipinangako sa atin ng Panginoon kung magtitiis tayo hanggang sa wakas?

- Anong mga karanasan ang nakapagturo sa inyo ng kahalagahan ng pananatiling tapat sa inyong mga pinaniniwalaan at tipan?

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 24:8. Ipaliwanag na ang pagtitiis hanggang sa wakas ay kinabibilangan ng pananatiling matapat sa oras ng mga pagsubok ng buhay. Paano tayo mananatiling matapat sa sandali ng paghihirap? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung ano ang nakatulong sa kanila upang mapagtiisan ang mahihirap na karanasan.)

Katapusan

Magbigay ng patotoo hinggil sa kahalagahan ng unang mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo. Ipahayag ang inyong pasasalamat kay Jesucristo, sa Kanyang Pagbabayad-sala, at sa Kanyang halimbawa. Himukin ang mga miyembro ng klase na palakasin ang kanilang pananampalataya bawat araw, pagsisihan ang kanilang mga kasalanan, tuparin ang kanilang mga tipan sa pagbibinyag, at mamuhay nang sa gayon ay palaging mapasakanila ang Espiritu Santo. Magpatotoo na kung buong katapatan tayong magtitiis hanggang sa wakas, tayo ay tatanggap ng kadakilaan.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

**1. "Ang kalasag ng pananampalataya" (D at T 27:17)**

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 27:15, 17. Sa pagtukoy sa banal na kasulatang ito, sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer na:

"[Ang] kalasag ng pananampalataya ay hindi ginagawa sa isang pabrika kundi sa tahanan kung saan ito ginagawa ng isang mag-anak.

"Ang pinakalayunin ng lahat ng itinuturo natin ay pag-isahin ang mga magulang at mga anak sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, na maging maligaya sila sa tahanan, maibuklod sa walang hanggang kasal, maiugnay sa kanilang mga salinlahi, at mabigyang katiyakan ng kadakilaan sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit. . . .

". . . Kung kaya puspusang inirerekomenda ng ating mga pinuno sa miyembro na unawain na ang pinakamakabuluhang gawain ay kailangang gawin sa tahanan. Hindi pa rin nakikita ng ilan na ang napakaraming mga gawain sa labas ng tahanan, gaano man kabuti ang layon, ay kaunti lamang ang oras na inilalaan upang makabuo at mapalakas ang kalasag ng pananampalataya sa tahanan" (sa Conference Report, Abr. 1995, 8; o *Ensign*, Mayo 1995, 8–9).

- Paano maaaring magtulungan ang mga magulang at mga anak upang makabuo at mapatatag ang kalasag ng pananampalataya sa mag-anak?

**2. Ang proseso ng pagsisisi**

- Ano ang kailangan nating gawin upang makapagsisi? Ano ang itinuturo ng D at T 58:43 at 61:2 tungkol sa proseso ng pagsisisi? Bakit mahalagang bahagi ng pagsisisi ang pag-amin? Bakit mahalagang talikuran natin ang ating mga kasalanan bilang bahagi ng pagsisisi?

Binanghay ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawa ang mahahalagang elemento ng pagsisisi na tulad ng sumusunod:

"*Pighati para sa kasalanan.* [Ito'y] magdudulot ng taos na pagbabago at kahandaang magpasailalim sa bawat kinakailangan para magkaroon ng kapatawaran. . . .

"*Pagtalikod sa kasalanan.* Ito ay ang hindi pagsuko at pirmihang pasiya na hindi na uulitin ang pagkakasala. . . .

"*Pag-amin sa kasalanan.* Kailangan ninyong palaging aminin ang inyong mga kasalanan sa Panginoon. Kung ang mga ito ay mabibigat na paglabag, katulad halimbawa ng imoralidad, kailangang ipagtapat ang mga ito sa obispo o sa pangulo ng istaka. . . .

"*Pagsasauli ng nawala dahil sa kasalanan.* Kailangan ninyong isauli hangga't maaari ang lahat ng ninakaw, nasira, o nadungisan. . . .

"*Pagsunod sa lahat ng kautusan.* Ang lubusang pagsunod ay nagdudulot ng ganap na kapangyarihan ng ebanghelyo sa inyong buhay. . . . Kinabibilangan ito ng mga bagay na sa una'y maaaring hindi ninyo ituring na bahagi ng pagsisisi, katulad halimbawa ng pagdalo sa mga pulong, pagbabayad ng ikapu, paglilingkod, at pagpapatawad sa iba. . . .

"*Pagkilala sa Tagapagligtas*. Sa lahat ng kinakailangang mga hakbang sa pagsisisi, pinatotohanan ko na ang pinakamahalaga sa lahat ay ang magkaroon kayo ng matibay na paniniwala na ang pagpapatawad ay dumarating dahil sa Manunubos" (sa Conference Report, Abr. 1995, 102; o *Ensign*, Mayo 1995, 76–77).

Kung nagtuturo kayo sa mga kabataan, maaari ninyong ipabasa sa kanila at talakayin ang payo tungkol sa pagsisisi sa *Para sa Lakas ng Kabataan*, mga pahina 17–18 (34285 893).

### 3. Mga pagtatanghal ng grupo

Dalhin ang Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo (34730 893) sa klase. Hatiin ang klase sa dalawang grupo at ibigay sa bawat grupo ang kalahati ng mga larawan. Pagkatapos ay hilingan sila na gumugol ng ilang minuto upang bumuo ng isang mensahe na gamit ang mga larawan mula sa pakete upang ituro ang tungkol sa unang mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo. Himukin sila na gumamit ng 5 hanggang 10 larawan (visuals). Bigyan ng panahon ang bawat grupo na gawin ang kanilang pagtatanghal.

Aralin
8

# Ang Pagpapanumbalik ng Pagkasaserdote

**Layunin**

Dagdagan ang pagpapahalaga ng mga miyembro ng klase sa pagpapanumbalik ng pagkasaserdote, himukin ang mga kapatid na lalaki na tanggapin at gampanang mabuti ang pagkasaserdote, at tulungan ang lahat ng miyembro na mas lubos na matamasa ang mga pagpapala ng pagkasaserdote.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at ang iba pang materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 13; 20:38–67; 27:12–13; 84:6–30; 107:1–20; 110:11–16; Joseph Smith—Kasaysayan 1:66–73.
   b. Ang ulat ni Oliver Cowdery tungkol sa pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Aaron, sa talababa sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:71.
   c. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 13–16.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang magamit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung may makukuhang larawang Pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Melquisedec (62371 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 408), ihandang gamitin ito sa oras ng aralin.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng maraming uri ng susi sa klase.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

- Ipakita ang iba't ibang susi.
- Anu-ano ang layunin ng mga susing ito?

Isulat ang *Pagkasaserdote* sa pisara. Ipaliwanag na madalas nating tinutukoy sa Simbahan ang mga susi ng Pagkasaserdote.

- Anu-ano ang layunin ng mga susi ng Pagkasaserdote?

Ipaliwanag na ang mga susi ng Pagkasaserdote ay nagbibigay ng karapatan sa mga maytaglay ng pagkasaserdote na mamuno at mangasiwa sa isang nasasakupan ng Simbahan, katulad ng istaka, purok, o korum. Tinatanggap ng mga namumuno sa pagkasaserdote ang mga susing ito kapag sila ay itinalaga.

Kumikilos ang lahat ng katungkulan sa pagkasaserdote at samahan sa Simbahan sa ilalim ng mga namumunong awtoridad na ito. Ang araling ito ay hinggil sa pagpapanumbalik ng pagkasaserdote at sa mga susi nito.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng mga banal na kasulatang ito.

**1. Kahulugan at layunin ng pagkasaserdote**

Ipaliwanag na ang pagkasaserdote ay isa sa mga pangunahing paksa sa Doktrina at mga Tipan. Sa pamamagitan ni Joseph Smith, nagbigay ng maraming paghahayag ang Panginoon na nakaragdag nang malaki sa ating pang-unawa sa mga susi, katungkulan, samahan, ordenansa, tungkulin, at pagpapala ng pagkasaserdote. Ang mga paghahayag na ito ay naglalaan ng patnubay sa paggamit ng pagkasaserdote upang palaganapin ang gawain ng Diyos sa mundo.

- Ano ang pagkasaserdote? (Ang pagkasaserdote ay ang walang hanggang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito, Kanyang nilikha at pinamamahalaan ang langit at ang lupa. Sa pamamagitan din ng kapangyarihang ito ay tinutubos at dinadakila Niya ang kanyang mga anak. Ibinibigay Niya ang bahagi ng kapangyarihan at awtoridad ng kanyang pagkasaserdote sa mga karapat-dapat na lalaking miyembro ng Simbahan nang sa gayon ay kanilang maipangaral ang ebanghelyo, mapangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan, at mapamahalaan ang Kanyang kaharian sa mundo.)
- Bakit mahalaga na may pagkasaserdote sa mundo? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang binibigyan ng awtoridad ng pagkasaserdote ang mga kalalakihan na kumilos upang pagpalain ang Kanyang mga anak at tulungan silang maghanda para sa kadakilaan.)
- Anu-ano ang ilang paraan kung saan kumikilos ang mga maytaglay ng pagkasaserdote sa pangalan ng Diyos upang pagpalain ang Kanyang mga anak? (Tingnan ang mga piling talata mula sa D at T 20:38–55; 107:8–12, 23, 35.) Paano kayo pinagpala sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga maytaglay ng pagkasaserdote?
- Ano ang impluwensiya sa inyo ng pagkasaserdote? Paano naipamalas sa inyong buhay ang kapangyarihan ng pagkasaserdote?
- Paano pinagpala at pinalakas ng pagkasaserdote ang inyong mag-anak? Paano ninyo mas mapabibisa ang impluwensiya at kapangyarihan ng pagkasaserdote sa inyong buhay at sa inyong mag-anak?

**2. Ang pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Aaron**

Ituro at talakayin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72; D at T 13; 84:26–27; 107:20. Ipaliwanag na ang Pagkasaserdoteng Aaron "ay kaakibat sa nakatataas, o ang Pagkasaserdoteng Melquisedec" (D at T 107:14).

- Paano ipinanumbalik sa mundo ang Pagkasaserdoteng Aaron sa mga huling araw? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72 at *Ang Ating Pamana*, mga pahina 13– 15; tingnan din sa D at T 13. Bigyang-diin na ang pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Aaron ang unang paggagawad ng banal na awtoridad sa dispensasyong ito.)

- (Para sa mga maytaglay ng pagkasaserdote) Ano ang nadama ninyo nang matanggap ninyo ang Pagkasaserdoteng Aaron?

  Maaari ninyong pagbalik-aralan ang nadama ni Oliver Cowdery hinggil sa pagtanggap ng Pagkasaserdoteng Aaron (tingnan sa talababa sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:71). Maaari rin ninyong ibahagi ang mga sumusunod na kaisipan mula kay Elder James E. Talmage, na naglingkod sa Korum ng Labindalawa, tungkol sa kung paano nakaapekto sa kanya ang kanyang ordenasyon sa katungkulan ng diyakono:

  "Pagkatapos na pagkatapos na ako'y maordenan, may nadama ako na tunay na hindi ko kayang lubos na mailarawan. Sa wari'y talagang hindi maaari, na ako, na isang bata, ay kikilalanin ng Diyos at tatawagin sa pagkasaserdote. . . . Nadama kong lumakas ako sa ideyang ako ay sa Panginoon, at na ako'y kanyang tutulungan sa kahit anong hilingin niya sa akin.

  "Ang epekto ng aking ordenasyon . . . ay naging bahagi ng lahat ng pangyayari sa aking kabataan . . . kapag ako'y naglalaro sa bakuran ng paaralan, at marahil kapag natutukso na mandaya sa laro, kapag nasa mainit na pakikipagtalo sa kalaro, naaalala ko, at ang kaisipan ay kasing bisa ng sa wari'y binigkas nang malakas—Ako ay isang diyakono; at hindi tama na kumilos nang ganito ang isang diyakono. Sa mga araw ng pagsusulit, kapag sa wari'y madali para sa akin na mangopya sa gawain ng ibang bata . . . , ay naiisip kong, 'Mas masama na gawin ko iyon kaysa sa kanila dahil ako ay isang diyakono'" (*Incidents from the Lives of Our Church Leaders* [manwal ng tagubilin sa mga diyakono, 1914], 135–36).

- Paano makapaghahanda ang mga bata at kabataang lalaki upang matanggap ang Pagkasaserdoteng Aaron? Paano makatutulong ang mga magulang, lolo at lola, at ang iba pa sa mga bata at kabataang lalaki na maghanda upang matanggap ang pagkasaserdote? Paano makatutulong ang iba na maikintal sa isipan ng mga bata at kabataang lalaki ang lubos na pagpapahalaga sa pagkasaserdote?

- Anong awtoridad at mga pagpapala ang naipanumbalik kasama ng Pagkasaserdoteng Aaron? (Tingnan sa D at T 13; 84:26–27; 107:20. Gamitin ang sumusunod na impormasyon upang buuin ang talakayang ito. Isulat ang mga pamagat sa pisara.)

*Ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel (D at T 13; 84:26; 107:20)*

- Ano ang ibig sabihin ng taglayin "ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel"? (D at T 13).

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "Ang ibig sabihin niyon, sa pagpapakahulugan ko nito, kung kayo ay mamumuhay nang karapat-dapat sa pagkasaserdote, kayo ay may karapatan na tanggapin at tamasahin ang lubos na kapangyarihan ng mga makalangit na katauhan upang gabayan kayo,

upang pangalagaan kayo, upang pagpalain kayo" (sa Conference Report, Okt. 1982, 64; o *Ensign*, Nob., 1982, 42).

Ipaliwanag na ang paglilingkod ng mga anghel ay maaaring maganap sa pamamagitan ng personal na pagpapakita at "maaari ring hindi nakikita. Ang mga mensahe ng mga anghel ay maihahatid sa pamamagitan ng tinig o sa pamamagitan lamang ng mga kaisipan o damdaming ipinababatid sa isipan. . . . Ang karamihan sa pakikipag-ugnayan ng mga anghel ay nadarama o naririnig sa halip na nakikita" (Dallin H. Oaks, sa Conference Report, Okt. 1998, 51; *Liahona*, Enero 1999, "Ang Pagkasaserdoteng Aaron at ang Sakramento," Dallin H. Oaks).

- Sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Aaron ang paglilingkod ng mga anghel ay maaaring matamo ng lahat ng miyembro ng Simbahan, hindi lamang ng mga maytaglay ng pagkasaserdote. Paano tayo makatatanggap ng paglilingkod ng mga anghel? (Tingnan sa Moroni 7:35–37 at ang sumusunod na siping-banggit.)

  Nagsalita si Elder Dallin H, Oaks ng Korum ng Labindalawa tungkol sa kaugnayan ng pagtanggap ng sakramento at ng pagtanggap ng paglilingkod ng mga anghel:

  "Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng pagbibinyag ng Pagkasaserdoteng Aaron at ng Sakramento, tayo ay nalilinis sa ating mga kasalanan at pinapangakuan na kung tutuparin natin ang ating mga tipan ay mapasasaatin sa tuwina ang Kanyang Espiritu. Naniniwala ako na ang pangakong iyon ay hindi lamang tumutukoy sa Espiritu Santo subalit sa paglilingkod din ng mga anghel, sapagkat 'ang mga anghel ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; anupa't, nangungusap sila ng mga salita ni Cristo' (2 Nephi 32:3). Samakatuwid ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang siyang nagbubukas ng pinto para sa lahat ng miyembro ng Simbahan na karapat-dapat na tumatanggap ng sakramento upang matamasa ang pagdalo ng Espiritu ng Panginoon at ang paglilingkod ng mga anghel" (sa Conference Report, Okt. 1998, 51; o *Liahona*, Enero 1999, "Ang Pagkasaserdoteng Aaron at ang Sakramento," Dallin H. Oaks).

Maaari ninyong balik-aralan ang dalawa o tatlong mga talata sa mga banal na kasulatan hinggil sa paglilingkod ng mga anghel. Ang mga talatang ito ay kinabibilangan ng 3 Nephi 7:18; 17:23– 24; Moroni 7:25, 29–31; at D at T 84:88.

*Ang mga susi ng pagsisisi at pagbibinyag (D at T 13; 84:26–27; 107:20)*

Ipaliwanag na ang pagsisisi at pagbibinyag ay tinatawag ding "panimulang ebanghelyo" (D at T 84:26–27). Ito ay sa kadahilanang tinutulungan tayo ng pagsisisi at pagbibinyag na maghanda upang matanggap ang mga dakilang pagbabasbas na ipinagkakaloob sa pamamagitan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, katulad ng kaloob na Espiritu Santo at mga ordenansa sa templo.

- Bigyang-diin na si Juan Bautista ay nangaral ng pagsisisi at nagbinyag ng mga tao sa paghahanda ng daan para sa Tagapagligtas (Mateo 3:1–6, 11). Paano nangangaral ng pagsisisi ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron sa ating panahon? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagtuturo sa tahanan, gawaing misyonero, pagpapatotoo, at pakikipagkapatiran.) Paano maaaring

makibahagi ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron sa ordenansa ng pagbibinyag? (Sa ilalim ng patnubay ng obispo, maaaring magsagawa ang mga karapat-dapat na saserdote ng mga pagbibinyag at magsilbing mga saksi sa mga pagbibinyag.)

Anyayahan ang mga kapatid na lalaki na nakapagbinyag na ng iba na ibahagi ang kanilang nadarama hinggil sa kanilang pagsasagawa ng ordenansang iyon.

- Bukod sa pagbibinyag, maaaring mangasiwa ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron sa ordenansa ng sakramento. Paano nauugnay ang sakramento sa pagsisisi at pagbibinyag?

Anyayahan ang mga kapatid na lalaki na ibahagi ang kanilang nadama nang kanilang ihanda, basbasan, o ipasa ang sakramento sa kauna-unahang pagkakataon. O hilingin sa mga magulang na ibahagi ang kanilang nadama nang ang kanilang mga anak ang siyang naghanda, nagbasbas, o nagpasa ng sakramento.

Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawa: "Hinihiling namin sa inyo mga kabataang lalake ng Pagkasaserdoteng Aaron na ihanda at basbasan at ipasa ang mga sagisag na ito ng pagpapakasakit ng Tagapagligtas nang karapat-dapat at may pagpipitagan. Kaygandang pribilehiyo at banal na pagtitiwala ang ibinigay sa gayong napakabatang edad! Wala akong maisip na higit na papuri na maipagkakaloob sa inyo ng langit. Mahal namin kayo. Mamuhay nang matwid at mag-ayos mabuti kapag nakikibahagi kayo sa sakramento ng Hapunan ng Panginoon" (sa Conference Report, Okt. 1995, 89; o *Ensign*, Nob, 1995, 68).



**Ilog Susquehanna**. Ang mga pagkasaserdoteng Aaron at Melquisedec ay ipinanumbalik sa pampang ng ilog na ito noong 1829 (D at T 13; 128:20).

**3. Ang pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Melquisedec**

Ituro at talakayin ang D at T 27:12–13; 84:19–22; 107:1–12, 18–19. Ipaliwanag na ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ang mas nakatataas na pagkasaserdote. Kasama nito ang lahat ng awtoridad, kaalaman, at tipan na kinakailangan para sa kadakilaan ng mga anak ng Diyos.

- Paano ipinanumbalik sa mundo ang Pagkasaserdoteng Melquisedec sa mga huling araw? Ipakita ang larawan ng Pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Ipaliwanag na ilang linggo matapos ipanumbalik ni Juan Bautista ang Pagkasaserdoteng Aaron, sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagpakita kina Joseph Smith at Oliver Cowdery at iginawad sa kanila ang Pagkasaserdoteng Melquisedec. Ang ulat hinggil sa karanasang ito ay hindi kabilang sa Doktrina at mga Tipan, subalit ang mga sanggunian para dito ay matatagpuan sa pamagat sa D at T 13; D at T 27:12–13; D at T 128:20; at *Ang Ating Pamana*, pahina 16.)
- Anong awtoridad at mga pagpapala ang ipinanumbalik kasama ng Pagkasaserdoteng Melquisedec? (Tingnan sa D at T 84:19–22; 107:8–12, 18–19; 110:11–16. Isulat ang mga pamagat sa pisara.)

*Awtoridad na mangasiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo (D at T 84:19)*

- Ano ang ibig sabihin ng kabilang sa Pagkasaserdoteng Melquisedec ang awtoridad na pangasiwaan ang ebanghelyo ni Jesucristo? (Tingnan sa D at T 84:19. Maaaring ibilang sa mga sagot ang kabilang sa Pagkasaserdoteng Melquisedec ang awtoridad na pamahalaan ang Simbahan, ipangaral ang ebanghelyo, at pangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan.)

*“Mga susi ng lahat ng pagpapalang espirituwal ng Simbahan” (D at T 107:18)*

- Anu-ano ang ilang pagpapalang espirituwal na dumating sa atin sa pamamagitan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec? (Tingnan sa D at T 84:19–22; 107:18–19. Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba. Talakayin ang kahulugan ng bawat pagpapala at ang kahalagahan nito sa buhay ng mga miyembro ng klase.)

    a. Kaalaman tungkol sa mga hiwaga ng kaharian at kaalaman tungkol sa Diyos (D at T 84:19; 107:19; ang kaalamang ito ay dumarating sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo).

    b. Ang kapangyarihan ng kabanalan, na ipinakikita sa pamamagitan ng mga ordenansa ng ebanghelyo (D at T 84:20–21). Paano ipinakikita ng mga ordenansa ng pagkasaserdote “ang kapangyarihan ng kabalanan” sa ating buhay? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan kung saan nadama nila “ang kapangyarihan ng kabalanan” sa pamamagitan ng mga ordenansa ng ebanghelyo.

    c. Ang pagkakataon na makita, makausap, at matamasa ang pagdalo ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak, na si Jesucristo (D at T 84:22; 107:19).

- Anu-ano ang ilang paraan upang ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay nararapat na maging mga espiritwal na pinuno sa kanilang tahanan?

*Ang karapatan ng panguluhan (D at T 107:8–9)*

Ipaliwanag na ang karapatan ng panguluhan ay karapatan na mamuno sa Simbahan. Ang Pangulo ng Simbahan ang nag-iisang tao sa mundo na maaaring gumamit (o magbigay ng karapatan sa ibang tao na gamitin) ang mga susi ng pagkasaserdote para sa pangangasiwa sa buong Simbahan. Binibigyan niya ng karapatan ang mga sumusunod na pinuno ng pagkasaserdote na hawakan ang mga susi na kinakailangan para sa pamumuno sa kanilang mga tungkulin: mga pangulo ng templo, pangulo ng misyon, pangulo ng istaka, obispo, pangulo ng distrito, pangulo ng sangay, at pangulo ng korum.

*Ang mga susi ng pagtitipon ng Israel, ng ebanghelyo ng dispensasyon ni Abraham, at ng kapangyarihan ng pagbubuklod (D at T 110:11–16)*

Ipaliwanag na ang mga susing ito ay ipinanumbalik nina Moises, Elias, at Elijah sa Templo ng Kirtland noong 1836. Ang mga ito ay tatalakayin sa aralin 18.

**4. Mga pagpapala ng pagkasaserdote para sa lahat ng tao**

Ipaliwanag na bagama't mga karapat-dapat na miyembrong kalalakihan lamang ng Simbahan ang maytaglay ng pagkasaserdote, ang lahat ay maaaring makibahagi sa mga pagpapala nito.

- Paano pinagpapala ang mga kababaihan sa pamamagitan ng pagkasaserdote? Paano pinagpapala ang mga bata sa pamamagitan ng pagkasaserdote? (Pagbalik-aralan ang ilan sa mga pagpapala ng pagkasaserdote na maaaring matanggap ng kababaihan at ng mga bata sa kanilang buhay. Bigyang-diin na bagama't hindi nagtataglay ng pagkasaserdote ang kababaihan at ang mga bata, sila ay patuloy na pinagpapala nito. Para sa tulong sa pagsagot sa mga tanong na ito, maaari kayong sumangguni sa *Ang mga Kababaihang Banal sa mga Huling Araw, Bahagi A,* mga kabanata 12 at 13 [31113 893].)
- Paano makatatanggap ng mga pagpapala ng pagkasaserdote ang mga walang matatapat na maytaglay ng pagkasaserdote sa kanilang tahanan? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga tagapagturo ng tahanan, pinuno ng pagkasaserdote, at ibang kamag-anak.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na maglahad ng mga karanasan noong matanggap nila ang mga pagbabasbas ng pagkasaserdote mula sa mga maytaglay ng pagkasaserdote na hindi nakatira sa kanilang tahanan.
- Paano natin maipakikita ang ating pagpapahalaga sa mga pagpapala ng pagkasaserdote?

---

Katapusan

Magpatotoo na ipinanumbalik ang pagkasaserdote at ang mga susi nito. Hawak ng mga maytaglay ng Pagkasaserdote ang awtoridad na pangasiwaan ang gawain ng Diyos sa mundo at kumilos para sa Kanya sa pagpapala ng Kanyang mga anak at pagtulong sa kanila na maghanda para sa kadakilaan. Bigyang-diin na ang mga pagpapala ng pagkasaserdote ay maaaring matamo ng lahat. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na hangarin ang mga pagpapalang ito.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

### 1. Mga katungkulan, korum, at tungkulin ng pagkasaserdote

Inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith ang mahahalagang tagubilin hinggil sa mga katungkulan ng pagkasaserdote, ang mga tungkulin ng bawat katungkulan, at ang mga korum kung saan binuo ang mga maytaglay ng pagkasaserdote. Maaari ninyong pagbalik-aralan ang ilan sa mga tagubiling ito katulad ng pagkakabanghay sa kasunod na tsart:

| **Pagkasaserdoteng Aaron** | | |
|---|---|---|
| **Katungkulan** | **Mga Tungkulin** | **Korum** |
| Diyakono | D at T 20:57–59; 84:111 | D at T 107:85 |
| Guro | D at T 20:53–59; 84:111 | D at T 107:86 |
| Saserdote | D at T 20:46–52 | D at T 107:87–88 |
| Obispo | D at T 107:13–17, 68, 71–72, 87–88 | |
| **Pagkasaserdoteng Melquisedec** | | |
| **Katungkulan** | **Mga Tungkulin** | **Korum** |
| Elder | D at T 20:38–45; 42:43–44; 43:15–16; 107:11-12 | Dat T 107:89; 124:137 |
| Mataas na Saserdote | D at T 107:10, 12, 17 | D at T 124:133,136 |
| Partriyarka | D at T 124:91–93, 124 | |
| Pitumpu | D at T 107:25, 34, 38, 97 | D at T 107:25–26; 93–96; 124:138–39 |
| Apostol | D at T 27:12–13; 107:23, 33, 35, 39, 58; 112:30–32; 124:128 | D at T 107:23–24 |

Ipakita ang larawan ng Templo sa Salt Lake (62433 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 502). Ituro na ang mga tulis sa dulong silangan ng templo ay mas matataas kaysa sa mga nasa dulong kanluran. Pansinin din na mayroong limang grupo ng bintana sa mga tulis na nasa silangan ng Templo at apat na grupo ng mga bintana naman ang nasa mga tulis sa kanluran. Ipaliwanag na ang disenyong ito ay nilayon upang kumatawan sa pagkasaserdote, na ang Pagkakaserdoteng Melquisedec at ang limang katungkulan nito ay kinakatawan ng mga tulis sa silangan at ang Pagkasaserdoteng Aaron at ang apat na katungkulan nito ay kinakatawan ng mga tulis sa kanluran.

### 2. Pagtatanghal ng Video na "Pagpapanumbalik ng Pagkasaserdote"

Kung may makukuhang *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912 893), isaalang-alang ang pagpapalabas ng "Restoration of the Priesthood," isang walong-minutong bahagi, upang magbigay ng pangyayaring pangkasaysayan para sa pangalawang bahagi ng aralin.

Aralin
9

# "Ang Tanging Tunay at Buhay na Simbahan"

**Layunin**

Turuan ang mga miyembro ng klase hinggil sa pagpapanumbalik ng Simbahan ni Jesucristo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, tulungan silang pahalagahan ang mga biyaya ng pagiging miyembro ng Simbahan at himukin sila na ipakita sa Panginoon ang kanilang pasasalamat sa pagiging miyembro ng Kanyang Simbahan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at ang ibang materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 20:1–36, 68–69, 75–79; 21; 27; 115:1–4.
   b. *Ang Ating Pamana,* mga pahina 16–19.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung gagamitin ninyo ang pangalawang pantawag pansin, magdala ng isang papel at isang bolpen o lapis para sa bawat miyembro ng klase.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang isa sa kasunod na gawain upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop para sa klase.

1. Kung maliit ang inyong klase, ipabahagi nang maikli sa bawat miyembro ng klase ang isang dahilan kung bakit siya nagpapasalamat na naging miyembro siya ng Simbahan. Kung malaki ang klase, maaari kayong magtalaga ng ilang miyembro ng klase upang gawin ito.
2. Isulat ang mga sumusunod na tanong sa pisara. Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng papel at bolpen o lapis. Ipasulat ang alam nilang mga sagot sa mga tanong na ito:

> Anong petsa itinatag ang Simbahan sa dispensasyong ito?
>
> Paano nalaman ni Joseph Smith kung kailan itatatag ang Simbahan?
>
> Saan itinatag ang Simbahan?
>
> Ilan ang miyembro ng Simbahan noong una itong itatag?

Ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito ang pagtatatag ng Simbahan ni Jesucristo sa mga huling araw. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na makinig sa mga sagot sa mga tanong na ito habang nagpapatuloy ang aralin at isulat o itama ang kanilang mga sagot kung kinakailangan.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang mga talata sa mga banal na kasulatan, tanong, at iba pang materyal sa aralin na pinakamainam na tutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung paano naaangkop ang mga piling bahaging ito ng banal na kasulatan sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga naaangkop na karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng mga banal na kasulatang ito.

**1. Ang Simbahan ay itinatag sa mga huling-araw.**

Ipaliwanag na ang taong 1830 ay napakahalagang panahon sa kasaysayan ng daigdig. Dumating na ang panahon para matupad ang mga sinaunang propesiya (Isaias 11:11–12; 29:13–14; Jeremias 31:31–33; Daniel 2:44–45). Matapos mailathala ang Aklat ni Mormon at maipanumbalik ang pagkasaserdote, ang sumunod na mahalagang hakbang sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo ay ang pormal na pagtatatag ng Simbahan. Ang Doktrina at mga Tipan 20 ay naglalaman ng mga tagubilin kay Joseph Smith mula sa Panginoon tungkol sa pagtatatag ng Simbahan.

- Anong petsa itinatag ang Simbahan sa dispensasyon ito? (Tingnan sa D at T 20:1; 21:3.) Bakit napili ang petsang ito? (Tingnan ang pamagat sa D at T 20.)
- Sampung taon ang lumipas sa pagitan ng Unang Pangitain at ng pagtatatag ng Simbahan. Sa panahong ito, anu-anong pangyayari ang naganap upang ihanda ang daan para sa pagtatatag ng Simbahan at upang ihanda si Joseph Smith na pamunuan ito? (Maaari ninyong itala ang mga sagot sa pisara. Kung kinakailangan, tingnan ang kasunod na siping-banggit upang makatulong sa pagsagot sa tanong na ito.)

  Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley:

  "Ang araw na ito ng pagtatatag ay, sa katunayan, isang araw ng pagtatapos, ang pagtatapos para kay Joseph sa sampung taon ng kahanga-hangang pag-aaral. Nagsimula iyon sa hindi matutularang pangitain sa kakahuyan noong tagsibol ng 1820, nang magpakita ang Ama at ang Anak sa labing-apat na taong gulang na bata. Iyon ay nagpatuloy sa pamamagitan ng pagtuturo mula kay Moroni, na may kapwa mga babala at tagubiling ibinibigay sa maraming pagkakataon. Pagkatapos ay nagkaroon ng pagsasalin ng sinaunang talaan, at ng inspirasyon, ng kaalaman, ng paghahayag na nagmula sa karanasang iyon. Nagkaroon ng paggagawad ng banal na karapatan, ang sinaunang pagkasaserdote ay muling iginawad sa mga tao na tunay na humawak nito—Juan Bautista sa Pagkasaserdoteng Aaron, at sina Pedro, Santiago, at Juan sa Melquisedec. Mayroong mga paghahayag, maraming paghahayag, kaya't narinig muli ang tinig ng Diyos, at ang daan ng pakikipag-ugnayan ay nabuksan sa pagitan ng tao at ng Tagapaglikha. Ang lahat ng ito ay panimula sa makasaysayang araw na iyon ng ika-6 ng Abril" ("150-Year Drama: A Personal View of Our History," *Ensign,* Abr. 1980, 11–12).

- Paano tumulong ang paglabas ng Aklat ni Mormon sa paghahanda ng daan para sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo? (Tingnan sa D at T 20:6–12.) Paano tumulong ang pagpapanumbalik ng pagkasaserdote sa paghahanda ng daan? (Ang karapatan na Pagkasaserdote ay kinakailangan upang pamunuan ang Simbahan at pangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan.)

Ipaliwanag na noong ika-6 ng Abril 1830, si Joseph Smith at ang mahigit 50 katao ay nagpulong sa yari sa trosong tahanan ni Peter Whitmer, Sr. sa Fayette, New York, para sa pagtatatag ng Simbahan. Ang batas ng New York ay humihingi na magkaroon ng kahit anim na miyembro ang simbahan upang ito ay pormal na maitatag. Kaya anim na kalalakihan, ang lahat ng ito ay nabinyagan at nakita nila ang mga laminang ginto, ang naging unang opisyal na miyembro ng Simbahan. Ang mga kalalakihang ito ay sina Joseph Smith, Oliver Cowdery, Hyrum Smith, Peter Whitmer Jr., Samuel H. Smith, at David Whitmer (tingnan sa *History of the Church,* 1:76; para sa karagdagang pangyayaring pangkasaysayan, tingnan sa *Ang Ating Pamana,* mga pahina 16–19).

- Kanino ipinangalan ang Simbahan nang ito ay maitatag? (Tingnan sa D at T 20:1.) Ipaliwanag na ang Simbahan ay tinawag din sa ibang pangalan noong mga unang taon nito, subalit noong Abril 1838, inihayag ng Panginoon ang pangalan kung saan makikilala ang Kanyang Simbahan? Anong pangalan ang ibinigay ng Panginoon sa Kanyang Simbahan? (Tingnan sa D at T 115:4.) Bakit mahalaga na matawag ang Simbahan ng Panginoon sa Kanyang pangalan? (Tingnan sa 3 Nephi 27:8.)

  Maaari ninyong ipaliwanag na ang pangalang *Mormon* ay palayaw na ibinigay sa Simbahan dahil sa Aklat ni Mormon. Mas gusto nating tawagin ang ating Simbahan sa buong pangalan nito upang bigyang-diin ang ating paniniwala sa Tagapagligtas, na si Jesucristo.

Kung gagamitin ninyo ang pangalawang pantawag pansin, maikling pagbalik-aralan ang mga sagot sa mga tanong (ang lahat ng sagot ay ibinigay sa naunang talakayan).



**Ang Bahay na Troso ni Peter Whitmer Sr.** Ang kopyang ito ay itinayo sa lugar kung saan itinatag ang Simbahan sa Fayette, New York, noong ika-6 ng Abril 1830.

2. **Inuutusan ng Panginoon ang mga miyembro ng Simbahan na sundin ang propeta.**

Sa pagpupulong kung saan itinatag ang Simbahan, sina Joseph Smith at Oliver Cowdery ay sinang-ayunan bilang namumunong pinuno ng Simbahan (*History of the Church,* 1:77). Nagbigay rin ng pahayag ang Panginoon na nagtatagubilin sa mga miyembro ng Simbahan na sundin si Joseph Smith bilang propeta. Ang paghahayag na ito ay nakatala sa D at T 21.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 1:38 at 21:4–5. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito hinggil sa paano natin nararapat pahalagahan ang mga salita ng propeta? (Bigyang-diin na samantalang ang mga pahayag sa D at T 21 ay tungkol kay Joseph Smith, ang mga ito ay tumutukoy rin sa mga propetang humalili sa kanya.) Saan natin matatagpuan ang mga salita ng buhay na propeta? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga opisyal na liham, pangkalahatang komperensiya, at mga magasin ng Simbahan.) Anong payo o mga turo ng mga propeta sa mga huling araw ang sadyang mahalaga sa inyo?
- Sa D at T 21:5, sinabi ng Panginoon na nararapat tayong sumunod sa mga salita ng propeta "nang buong pagtitiis at pananampalataya." Bakit nangangailangan kung minsan ng pagtitiis o pananampalataya ang pagsunod sa payo ng propeta? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang ang pagsunod sa payo ng propeta ay nangailangan ng pagtitiis o pananampalataya.
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 21: 6. Anu-anong papapala ang ipinapangako ng Panginoon sa mga sumusunod sa propeta? (Maaari ninyong itala ang mga pagpapalang ito sa pisara.) Paano natutupad ang mga pangakong ito sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan ngayon? Sa paanong paraan kayo pinagpala dahil sinunod ninyo ang propeta?
- Sa D at T 21:9, ipinangako ng Panginoon ang "dakilang pagpapala" sa mga gumagawa sa paglilingkod sa kanya. Paano kayo pinagpala sa inyong paglilingkod sa Panginoon? (Maaari ninyong bigyang-diin na ang isang pagpapala ng paglilingkod sa Panginoon ay napapalakas ang ating mga patutoo sa mga salita ng mga propeta.)

3. **Hinihimok ng Panginoon ang mga miyembro ng Simbahan na magsama-sama nang madalas upang tumanggap ng sakramento.**

- Ipaliwanag na sa pulong ng pagkakatatag ng Simbahan, ang mga miyembro ay tumanggap ng sakramento (*History of the Church,* 1:78). Sa palagay ninyo, bakit mahalaga na maisagawa ang ordenansa ng sakramento sa unang pulong ng ipinanumbalik na Simbahan?
- Sa D at T 20, naghayag ang Panginoon ng impormasyon kung paano pangangasiwaan ang sakramento (mga talata 75–79). Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 20:75. Bakit mahalaga na palaging tumanggap ng sakramento?
- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang mga panalangin ng sakramento (D at T 20:77, 79). Anu-ano ang ginagawa nating pangako kapag tumatanggap tayo ng sakramento? (Tingnan din sa Lucas 22:19–20; 3 Nephi 18:7, 10–11.) Maaari ninyong ituro na ang mga panalangin ay kapwa nagbibigay-diin sa pag-alaala

kay Jesus. Ano ang ibig sabihin ng alalahanin Siya sa tuwina? Paano tumutulong sa atin ang sakramento upang maalaala Siya?

- Ano ang pangakong ibinigay sa mga panalangin ng sakramento sa mga tumatanggap nang karapat-dapat? (Tingnan sa D at T 20:77, 79.) Kung naaangkop, anyayahan ang mga miyembro ng klase na isalaysay kung paano pinagpala ang kanilang buhay ng pagtanggap ng sakramento.
- Sa D at T 27, ang Panginoon ay nagbigay pa ng mga tagubilin kay Joseph Smith hinggil sa sakramento. Ano ang ginawa ni Joseph nang matanggap niya ang paghahayag na ito? (Tingnan ang pamagat sa D at T 27.) Ano ang natutuhan ni Joseph hinggil sa sakramento sa paghahayag na ito? (Tingnan sa D at T 27:2.) Paano tayo maaaring tumanggap ng sakramento "na ang mga mata ay nakatuon sa kaluwalhatian [ni Cristo]"?

**4. Ipinaliliwanag ng Panginoon ang mga tungkulin ng mga miyembro ng Simbahan.**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 20:68–69. Sa mga talatang ito ay ipinaliliwanag ng Panginoon "ang tungkulin ng mga kasapi pagkatapos silang tanggapin sa pamamagitan ng pagbibinyag." Ano ang inihahayag ng talata 69 hinggil sa mga inaasahan ng Panginoon sa atin bilang mga miyembro ng Simbahan? Paano natin maipakikita sa Panginoon ang ating pasasalamat sa pagiging miyembro sa Kanyang Simbahan?

---

Katapusan

Bigyang-diin na ang pagtatatag ng Simbahan si Jesucristo noong 1830 ay isa sa mga dakilang himala sa mga huling-araw. Bagama't ang maliit na pagpupulong na yaon sa Fayette, New York, ay hindi napansin ng karamihan sa mga tao, ang mga pangyayari noong araw na iyon ay nagpabago sa daigdig. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na paglimi-limiin ang himala ng paglaganap ng Simbahan sa buong daigdig mula sa aba nitong pinagmulan. Maaari ninyong isalaysay ang sumusunod na karanasan:

Isinalaysay ni Pangulong Wilford Woodruff ang tungkol sa isang pulong kung saan ipinopropesiya ni Propetang Joseph Smith ang paglaki ng Simbahan. Ang papupulong ay ginanap sa "isang maliit na bahay, marahil mga 14 na talampakan ang sukat. Gayunpaman laman nito ang buong Pagkasaserdote ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na noon ay nasa bayan ng Kirtland, at sama-samang nagtipon upang lumisan patungo sa kampo ng Sion." Matapos magpatotoo ang ilang kalalakihan tungkol sa gawain, sinabi ng Propeta:

"Mga kapatid ako'y labis na napasigla at naturuan ng inyong mga patotoo ngayon gabi, subalit nais kong sabihin sa inyo sa harapan ng Panginoon, na wala kayong nalalaman hinggil sa mga tadhana ng Simbahan at kahariang ito, na tulad ng sanggol sa kandungan ng kanyang ina. Hindi ninyo nauunawaan ito . . . Kakaunti lamang ang nakikita ninyong Pagkasaserdote dito ngayong gabi, sabalit pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang daigdig" (sa Conference Report, Abr. 1898, 57).

Kapag binigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa araling ito.

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Paglaki ng Simbahan**

Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa larawan ng Bahay na Troso ni Peter Whitmer Sr. sa pahina 62. Ipaliwanag na ang bahay sa larawan ay kopya ng bahay kung saan pormal na itinatag Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Paghambingin ang mga pinagmulan ng Simbahan sa malawakang paglaganap nito ngayon.

**2. Ang Ating Kaugnayan sa Diyos**

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang D at T 20:8–31 upang matukoy ang mga katotohanan tungkol sa Diyos at ang Kanyang kaugnayan sa Kanyang mga anak sa mundo. Himukin ang mga miyembro ng klase na isipin kung gaano ang maaaring kaibahan ng kanilang buhay kung hindi nila nalaman ang mga katotohanang ito. Ang ilan sa mga katotohanang ito na maaari ninyong talakayin ay nakatala sa ibaba:

a. D at T 20:11. (Binibigyang-inspirasyon pa rin ng Diyos ang mga tao at tinatawag sila upang gawin ang Kanyang gawain.)
b. D at T 20:12. (Siya rin ang kahapon, ngayon, at magpakailanman.)
c. D at T 20:17. (Siya ay walang katapusan, walang hanggan at hindi nagbabago.)
d. D at T 20:17. (Kanyang nilikha ang langit at ang lupa at ang lahat ng bagay na naroroon sa mga yaon.)
e. D at T 20:18. (Tayo ay nilikha sa wangis ng Diyos.)
f. D at T 20:21–25. (Ibinigay ng Diyos ang Kanyang Bugtog na Anak upang magbayad-sala para sa ating mga kasalanan.)
g. D at T 20:29–31. (Kung tayo ay maniniwala, magsisisi, mamahalin at paglilingkuran ang Diyos, at magtitiis hanggang sa wakas, tayo ay bibigyang katwiran at pababanalin sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo at maliligtas sa kaharian ng Diyos.)

**3. "Ako ay iinom ng bunga ng puno ng ubas na kasama kayo" (D at T 27:5)**

- Basahin ang D at T 27:5. Ano ang ginawang pangako ng Panginoon tungkol sa sakramento sa talatang ito? (Sa darating na hinaharap ay tatanggap Siya ng sakramento kasama ang Kanyang mga tagasunod sa mundo.) Sino ang sinasabi ng Panginoon na makakasama Niya sa pangyayaring ito? (Tingnan sa D at T 27:5–14. Bigyang-diin na sinabi Niya sa talata 14 na, "silang lahat na ibinigay sa akin ng Ama sa sanlibutan" ay naroroon.)

**4. Pagtatanghal ng Video na "Pagtatatag ng Simbahan"**

Kung may makukuhang *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912), isaalang-alang ang pagpapalabas ng "Organization of the Church," isang walong-minutong bahagi.

Aralin

# 10 "Ito ang Aking Tinig sa Lahat"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhang ipamuhay ang mga tagubilin ng Panginoon na inihayag sa ibang tao sa mga banal na kasulatan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 25 at ang iba pang banal na kasulatan sa araling ito.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung may makukuhang larawan ni Emma Smith, ihandang gamitin ito sa oras ng aralin (62509 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 405).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, isalaysay ang sumusunod na karanasan o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin:

Inilarawan ni Elder Jay E. Jensen ng Pitumpu ang isang pagkakataon noong siya ay naglilingkod bilang pangulo ng misyon at nasumpungan ang sarili na bigo at walang pag-asa sa pagtatapos ng komperensiya ng distrito dahil sa dami ng problemang kanyang kinakaharap. Habang siya ay naglalakbay pauwi, binuklat-buklat niya ang mga pahina ng kanyang mga banal na kasulatan, na humahanap ng aliw at patnubay, nang siya ay tumigil sa ikatlong bahagi ng Doktrina at mga Tipan. Sinabi niyang:

"Kapag ako'y nagbabasa ng talata, madalas kong isinisingit ang pangalan ko rito. Ginawa ko ito sa talata 5 at nasumpungan ang tulong na kailangan ko upang mapawi ang kawalan ng pag-asang aking nadarama: 'Masdan, ikaw [Jay Jensen] ay pinagkatiwalaan sa mga bagay na ito, subalit kayhigpit ng iyong mga kautusan; at alalahanin din ang mga ipinangako sa iyo [Jay Jensen]' (D at T 3:5).

"Ang mga salitang 'alalahanin din ang mga ipinangako' ay tumimo sa akin nang may kakaibang kapangyarihan. . . . Sa loob ng apat na araw na yaon, ako ay nakatuon lamang sa mga problema. Hindi ako huminto upang isipin man lamang ang isang pangako" (sa Conference Report, Okt. 1992, 112; o *Ensign,* Nob. 1992, 80).

Sa gayon ay ginugunita ni Elder Jensen sa kanyang isipan ang mga ibinigay na pangako sa kanya sa kanyang basbas patriyarkal, sa pagbabasbas nang siya ay italaga bilang pangulo ng misyon, at sa mga banal na kasulatan. Sa pamamagitan ng paggawa nito, nasumpungan niya ang lakas at aliw na kanyang kinakailangan.

- Paano nakatutulong sa atin ang ideyang paghahalili ng ating pangalan sa mga banal na kasulatan habang binabasa natin ang mga banal na kasulatan?
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang 1 Nephi 19:23. Ano ang itinuro ni Nephi hinggil sa kahalagahan ng pamumuhay ng mga banal na kasulatan sa ating sarili?

Ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito kung paano natin ipamumuhay ang payo na ibinigay ng Panginoon sa bawat Banal sa Doktrina at mga Tipan.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

Bigyang-diin na marami sa mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan ang ibinigay sa isang tao. Bagama't ang payo sa mga paghahayag ay tiyak na ibinigay lamang sa mga taong ito, at bagama't nabuhay ang mga miyembrong ito maraming taon na ang nakalipas, karamihan sa mga payong ito ay nauukol sa atin ngayon. Katulad ng paulit-ulit na sinabi ng Panginoon, "Kung ano ang aking sinabi sa isa sinasabi ko sa lahat" (D at T 61:36; tingnan din sa D at T 25:16; 82:5; 93:49).

Noong Hulyo 1830, ipinatungkol ng Panginoon ang paghahayag kay Emma Smith, ang kabiyak ni Propetang Joseph Smith (D at T 25). Ipakita ang larawan ni Emma Smith. Ipaliwanag na nakatuon ang araling ito sa tatlong paksa mula sa paghahayag ng Panginoon kay Emma.

**1. Nararapat suportahan at aliwin ng mga mag-asawa ang isa't isa.**

Ang pahayag ng Panginoon kay Emma Smith ay kinabibilangan ng payo hinggil sa kanyang mga responsibilidad sa kanyang kabiyak. Kung nagtuturo kayo sa kabataan, gamitin ang materyal sa bahaging ito upang tulungan silang maunawaan ang kahalagahan ng pagsuporta sa kanilang magiging kabiyak sa hinaharap.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 25:5. Ano ang ipinayo ng Panginoon kay Emma Smith sa talatang ito? Anu-ano ang ilang kaparaanan na matutulungan ng mga mag-asawa ang isa't isa sa panahon ng kahirapan? (Habang tinatalakay ng mga miyembro ng klase ang tanong na ito, anyayahan silang magbahagi ng mga personal na karanasan o napupuna sa mga mag-asawa na inaaliw at sinusuportahan ang isa't isa.)

  Itinuro ni Propetang Joseph Smith na nararapat pakitunguhan ng mga maybahay ang kanilang asawa "nang may kabaitan at pagmamahal. Kapag ang isang lalaki ay nagpapasan ng suliranin, kapag siya ay nalilito sa pag-aalala at kahirapan, kung makikita niya ang isang ngiti mula sa kanyang kabiyak sa halip na pagtatalo o pagdaing—kung pakikitunguhan siya nang may kabaitan, mapalulubag nito ang kanyang kaluluwa at mapapagaan ang kanyang mga nadarama" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 228).

Tinuruan ng Propeta ang mga asawang lalaki, "Tungkulin ng asawang lalaki na mahalin, itangi, at pangalagaan ang kanyang kabiyak, at pumisan sa kanya at wala nang iba; nararapat na kanyang igalang ito katulad ng kanyang sarili, at nararapat na isaalang-alang ang kanyang damdamin nang may paggiliw" (*Elders' Journal,* Ago. 1838, 61).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 25:14. Ano ang ipinayo ng Panginoon kay Emma Smith sa talatang ito? Paano maipakikita ng mag-asawa na nagagalak sila sa isa't isa?

Sina Joseph at Emma Smith ay malaking suporta sa isa't isa sa loob ng maraming taon ng paghihirap na kanilang dinaranas, noong si Joseph Smith ay nagtatago dahil nasa panganib ang kanyang buhay, nagawa ni Emma na madalaw siya. Sinabi kalaunan ni Joseph hinggil sa pagdalaw na ito:

"Hindi maipaliwanag na kaligayahan at napakalaki ng kagalakan na pumuno sa aking dibdib, nang tanganan ko, noong gabing yaon; ang aking pinakamamamahal na si Emma—siya na aking kabiyak, maging ang kabiyak ng aking kabataan, at ang pinili ng aking puso. Marami ang umalingawngaw sa aking isipan nang aking pagnilay-nilayin sandali ang maraming pangyayari kung saan tinawag kami upang pagdaanan ang mga pagod at ang mga pagpapagal, ang mga kalungkutan at paghihirap at ang mga kagalakan at kaaliwan, sa pana-panahon, na nagkalat sa aming mga daraanan. . . . Oh anong magkakatugmang kaisipan ang sandaling pumuno sa aking isipan, muli narito siya, . . . matapang, matatag, at hindi nagbabago—hindi nagmamaliw, ang mapagmahal na si Emma!" (*History of the Church,* 5:107).

Sinuportahan at inaliw din nina Joseph at Emma ang isa't isa habang tinitiis nila ang sakit na dulot ng pagkamatay ng marami sa kanilang mga anak. Sa loob ng apat na taon, mayroon silang apat na sanggol na anak na namatay. Mula sa labing-isang anak (ang dalawa rito ay ampon), tatlong anak na lalaki at isang anak na babae lamang ang nabuhay at tumanda.

Sa panahong may dinadalang mabibigat na pasanin ang Propeta na may kaugnayan sa lumalaking Simbahan sa Kirtland, Ohio, si Emma ay nagsilang ng kambal, isang lalaki at babae, kapwa namatay ang mga ito sa loob ng ilang oras ng kanilang pagsilang. Nang halos kasabay ng oras na iyon, sa kalapit na lungsod ng Orange, Ohio, ay may isinilang ding kambal kina John at Julia Murdock, mga bagong miyembro ng Simbahan. Sa loob ng anim na oras pagkaraang isilang ang ang kambal ng mga Murdock, namatay si Sister Murdock. Nang malaman ito nina Emma at Joseph, tinanong nila si Brother Murdock (ang asawa) kung maaari nilang ampunin ang kambal. Kinalaunan ang dalawang sanggol, sina Joseph at Julia Murdock, ay dinala sa tahanan ng mga Smith.

Inilarawan ng ina ni Joseph Smith, na si Lucy Mack Smith, ang ilan sa mga katangian na nasuportahan ni Emma si Joseph sa mga panahon ng paghihirap:

"Hindi ako kailanman nakakita ng babae sa aking buhay, na matitiis ang lahat ng uri ng kapaguran at kahirapan, buwan-buwan, at taun-taon, na nagtataglay ng hindi matitinag na katapangan, sigasig, at pagtitiis, na kanyang ginagawa noon pa man; sapagkat nalalaman ko ang kanyang pinagtiisan. . . . Napagtiisan niya ang mga paghihirap ng pag-uusig, at napaglabanan ang matinding pagkapoot ng mga tao at diyablo, na dadaig halos sa lahat ng ibang kababaihan" (*History of Joseph Smith,* pinili ni Preston Nibley [1958], 190–91).

- Ano ang matututuhan ng mga mag-asawa mula sa halimbawa nina Joseph at Emma Smith upang tulungan sila na maging mas mapagmahal at mas mapagtaguyod?

**2. Dapat tayong maging maamo at iwasan ang kapalaluan.**

Inutusan ng Panginoon si Emma Smith na "magpatuloy sa diwa ng kaamuan, at mag-ingat sa kapalaluan" (D at T 25:14). Nagbigay din Siya ng gayunding mga tagubilin sa iba pang miyembro ng Simbahan. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata:

a. D at T 23:1 (kay Oliver Cowdery): "Mag-ingat sa kapalaluan, upang huwag kang matukso."

b. D at T 38:39 (sa mga Banal sa isang komperensiya ng Simbahan): "Mag-ingat sa kapalaluan, at baka kayo ay maging katulad ng mga Nephita noong sinauna."

c. D at T 90:17 (sa Unang Panguluhan ng Simbahan): "Mapaalalahanan sa lahat ng inyong pagmamataas at kapalaluan, sapagkat ito ay nagdadala ng bitag sa inyong mga kaluluwa."

d. D at T 98:19–20 (sa mga Banal sa Kirtland): "Ako, ang Panginoon, ay hindi labis na nalulugod sa marami sa nasa simbahan sa Kirtland; sapagkat hindi nila tinalikuran ang kanilang mga kasalanan, at ang kanilang masasamang gawi, ang kapalaluan ng kanilang mga puso, at ang kanilang mga pag-iimbot."

- Ano ang kapalaluan? Sa palagay ninyo, bakit napakatindi at napakadalas ng mga babala ng Panginoon hinggil sa kapalaluan?

  Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson:

  "Iniisip ng karamihan sa atin na ang kapalaluan ay pagiging makasarili, mapagmataas, mayabang, hambog, o mapagmalaki. Ang lahat ng ito ay elemento ng kasalanan, subalit ang puso, o ang pinakapusod, ay nawawala pa rin.

  "Ang pangunahing katangian ng kapalaluan ay pagkapoot—pagkapoot sa Diyos at pagkapoot sa ating kapwa. Ang *pagkapoot* ay nangangahulugang 'pagkagalit sa, paglaban sa, o isang kalagayan ng pagsalungat' " (sa Conference Report, Abr. 1989; 3; o *Ensign,* Mayo 1989, 4).

- Paano nakaaapekto sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos ang kapalaluan?

  Ipinaliwanag ni Pangulong Benson:

  "Ang kapalaluan ay sadyang likas na nakikipagtunggali. Inilalagay natin ang ating kagustuhan na salungat sa kalooban ng Diyos. . .sa diwa ng 'ang aking kagustuhan at hindi ang sa inyo ang masusunod.'. . .

  "Ang ating kagustuhan laban sa kalooban ng Diyos ay nagpapahintulot sa mga ninanais, ninanasa, at silakbo ng damdamin na hindi mapigilan (tingnan sa Alma 38:12; 3 Nephi 12:30). . . .

  "Ang ating pagkapoot sa Diyos ay may maraming katawagan, katulad ng paghihimagsik, katigasan ng puso, katigasan ng ulo, hindi pagsisisi, pagmamataas, madaling masaktan, at paghahanap ng palatandaan. Hinihiling ng mga palalo na sasang-ayon ang Diyos sa kanila. Hindi sila interesado na

palitan ang kanilang opinyon upang sumang-ayon sa Diyos" (sa Conference Report, Abr. 1989, 4; o *Ensign,* Mayo 1989, 4).

- Paano nakaaapekto ang kapalaluan sa pakikipag-ugnayan natin sa iba?

  Napansin ni Pangulong Benson:

  "Ang isa pang malaking bahagi ng malaganap na kasalanan ng kapalaluang ito ay pagkapoot sa ating kapwa. Natutukso tayo sa araw-araw na itaas ang ating sarili kaysa sa iba at minamaliit ang mga ito (tingnan sa Helaman 6:17; D at T 58:41). . . .

  "Ang kapalaluan . . . ay nakikita sa napakaraming paraan, katulad ng paghahanap ng mali, pagtsitsismis, paninira, pagdaing, pamumuhay nang higit sa ating kinikita, pagkainggit, pag-iimbot, hindi pagbibigay-pasalamat at papuri na maaaring makapagpasigla sa iba, at pagiging hindi mapagpatawad at mapanibugho. . . .

  "Ang kasakiman ay isa lamang sa napakaraming mukha ng kapalaluan. 'Paano nakaaapekto ang lahat sa akin' ang siyang sentro ng lahat ng mahalaga—pagyayabang sa sarili, pagkaawa sa sarili, makamundong katuparan sa sarili, kasiyahan sa sarili, at pagkamakasarili. . . .

  "Ang isa pang mukha ng kapalaluan ay pagtatalo. Mga awayan, labanan, di-makatwirang pamamahala, pagkakaiba sa pagitan ng mga anak at ng kanilang mga magulang, diborsiyo, pang-aabuso sa asawa, at pagkakagulo ay bumabagsak lahat sa kategorya ng kapalaluan" (sa Conference Report, Abr. 1989, 4–5; o *Ensign,* Mayo 1989, 4–6).

- Paano natin mapaglalabanan ang kapalaluan at malilinang ang diwa ng kaamuan?

  Ipinayo ni Pangulong Benson: "Ang gamot sa kapalaluan ay kababaang-loob—kaamuan, pagpapakumbaba (tingnan sa Alma 7:23). Ito ay ang bagbag na puso at nagsisising espiritu. . . . Maaari nating piliing magpakumbaba sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos, pagsuko ng ating kagustuhan sa Kanya, at pag-una sa Kanya sa ating buhay" (sa Conference Report, Abr. 1989, 6; o *Ensign,* Mayo 1989, 6–7).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata: D at T 1:28, 19:23, 112:10, at 124:97. Ayon sa mga talatang ito, anu-ano ang ilang biyaya na dumarating sa atin kapag pinipili nating maging maamo at mapagpakumbaba?

- Anu-anong biyaya ang dumating sa inyo nang piliin ninyong maging mapagpakumbaba sa halip na maging palalo?

**3. Dapat tayong magalak at matuwa.**

Pinayuhan ng Panginoon si Emma Smith, "Pasiglahin ang iyong puso at magalak" (D at T 25:13). Kahit na ang mga naunang Banal ng dispensasyong ito ay naharap sa malaking paghihirap, paulit-ulit na nagbigay sa kanila ng gayunding payo ang Panginoon. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata:

a. D at T 29:5 (kay Propetang Joseph Smith at sa iba): "Pasiglahin ang inyong mga puso at magalak, sapagkat ako ay nasa gitna ninyo, at ako ang inyong tagapamagitan sa Ama."

b. D at T 61:36 (kay Propetang Joseph Smith at sa iba): "Magalak, maliliit na bata; sapagkat ako ay nasa inyong gitna, at hindi ko kayo pinabayaan."

c. D at T 68:6 (kina Orson Hyde, Luke S. Johnson, at William E. McLellin): "Magalak, at huwag matakot, sapagkat ako ang Panginoon ay kasama ninyo, at tatayo sa tabi ninyo."

d. D at T 78:18 (kay Propetang Joseph Smith at sa iba): "Hindi ninyo mababata ang lahat ng bagay ngayon; gayunpaman, magalak, sapagkat akin kayong aakayin."

e. D at T 136:29 (sa Kampo ng Israel sa Winter Quarters): "Kung kayo ay malungkot, manawagan sa Panginoon ninyong Diyos nang may pagsusumamo, upang ang inyong mga kaluluwa ay mangagalak."

- Sa mga talatang ito, anu-anong kadahilanan ang ibinigay ng Panginoon sa pagkakaroon ng kagalakan? Ano ang magagawa natin upang magkaroon at mapanatili ang kagalakan? Paano natin matutulungan ang iba na magalak?
- Ano ang ilang ibubunga ng palaging pag-iisip sa mga negatibong aspeto ng buhay, bagamat matindi at laganap ang mga ito?

Ipinayo ni Elder Marvin J. Ashton ng Korum ng Labindawa:

"Walang sinuman sa atin ang makaliligtas sa trahedya at pagdurusa. Marahil ang bawat isa sa atin ay tutugon nang kakaiba. Gayunman, kung maaalaala natin ang Pangako ng Panginoon, 'sapagkat ako ang Panginoon ay kasama ninyo,' ay mahaharap natin ang ating problema nang may dignidad at katapangan. Masusumpungan natin ang lakas na magalak sa halip na maging mapaghinanakit, mapamintas, o talunan. Mahaharap natin ang mga di-magagandang pangyayari sa ating buhay nang may maayos na pananaw, lakas, at kapangyarihan. . . .

"Kay saya na makita ang isang tao na may galak, at habang ang iba naman dahil sa mga di-magagandang pangyayari o kinalabasan ay nabubuhay nang may kimkim na pagkapoot o pagpapahiwatig ng pagkamuhi, na hinaharap niya ang sitwasyon nang may masayang pagtitiis at mabubuting diwa" (sa Conference Report, Abr. 1986, 84–85; o *Ensign,* Mayo 1986, 66).

Bigyang-diin na ang maraming payo ng Panginoon na magalak ay nagpapaalaala sa atin na makasusumpong tayo ng kapayapaan at kagalakan anuman ang ating kalagayan.

---

Katapusan

Patotohanang ang payo ng Panginoon sa bawat Banal maraming taon na ang nakalipas ay magdudulot ng malaking pagpapala sa ating buhay ngayon. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga banal na kasulatan na may hangaring ipamuhay ang mga mensahe sa bawat pangyayari sa kanilang buhay.

---

## Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Pagsasabuhay ng mga banal na kasulatan

Bago magklase, humingi ng mga larawan ng ilan sa mga miyembro ng klase. Ihanda ring ipakita ang larawan ni Emma Smith (62509 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 405).

Ipakita ang larawan ni Emma Smith at ipaliwanag na ang D at T 25 ay naglalaman ng mga tagubilin ng Panginoon sa kanya. Ilagay ang mga larawan ng mga miyembro ng klase sa tabi ng larawan ni Emma. Ipabasa ang D at T 25:16 sa mga miyembro ng klase. Ipaliwanag na ang payo sa pahayag na ito ay maaari din nating ipamuhay. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang D at T 61:36, 82:5, at 93:49. Tulungan silang makita na maaari nating "[ihalintulad]. . .ang banal na kasulatan [sa atin]" (1 Nephi 19:23).

- Paano nagdulot ng kapakinabangan sa inyong buhay ang mga payo sa isang partikular na tao sa banal na kasulatan? Paano ninyo ipinamuhay ang payo sa inyong sariling mga kalagayan?

# “Ang Bukirin ay Puti na Upang Anihin”

Aralin
11

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magpasiyang palakasin ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng masigasig na paglilingkod, lalung-lalo na sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa pamamagitan ng gawaing misyonero.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 4, 11, 12, 14, 15, 16, 18, 31, 33, 75, at ang iba pang banal na kasulatan sa araling ito.
   b. *Ang Ating Pamana,* mga pahina 12–13.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat sa pisara ang *Samuel Smith—>Phinehas Young at John P. Greene—>* _________________. Ipaliwanag na nang naipanumbalik ang ebanghelyo, sinimulan ng Simbahan ang napakalaking gawaing pangmisyonero upang ipalaganap ang mabuting balitang ito sa buong daigdig. Maraming bagong nagbalik-loob ang tumugon nang masigasig sa mga panawagan na magmisyon. Ang isa sa mga nagbalik-loob na ito ay ang kapatid ni Joseph Smith na si Samuel.

Noong Abril 1830, nagsimulang maglakbay si Samuel Smith sa mga kalapit na bayan sa New York upang ipangaral ang ebanghelyo at ipakilala sa mga tao ang Aklat ni Mormon. Hindi siya gaanong nagtagumpay, bagama’t naipagbili niya ang isang sipi ng aklat sa lalaking nagngangalang Phinehas Young. Noong Hunyo 1830, si Samuel ay itinalaga ni Propetang Joseph na maglakbay patungong silangan. Siya ay naglakad ng 25 milya sa unang araw at tumigil sa maraming bahay, subalit pinakitunguhan siya nang di-mabuti ng mga tao at hindi nakinig ang mga ito. Kinabukasan, nag-iwan siya ng isang kopya ng Aklat ni Mormon kay John P. Greene, isang ministro ng Methodist. Ang maybahay ni John Greene, na si Rhoda, ay kapatid ni Phinehas Young.

Nahaharap sa pagtanggi mula sa halos lahat ng kanyang nilapitan, nadama ni Samuel na ang kanyang misyon ay hindi lubos na nagtagumpay. Gayunpaman, ang mga aklat na iniwan niya kina Phinehas Young at John P. Greene ay nag-akay sa kanilang pagbabalik-loob at sa pagbabalik-loob ng marami pang iba. Halimbawa, sina Phinehas Young at Rhoda Greene ay may isa pang kapatid na

nagngangalang Brigham, na nagbalik-loob at kinalaunan ay naging pangalawang Pangulo ng Simbahan. Ang kaibigan ni Brigham Young na si Heber C. Kimball ay sumapi rin sa Simbahan. Naglingkod ito kinalaunan sa Unang Panguluhan. Sina Brigham Young at Heber C. Kimball ay kapwa instrumento sa pagbabalik-loob ng libu-libo sa Estados Unidos at Inglatera.

Bigyang-diin na kung pupunan ninyo ang patlang sa pisara ng mga pangalan ng lahat ng taong naimpluwensiyahan ng gawaing misyonero ni Samuel Smith, kinakailangan ninyong isulat ang milyun-milyong pangalan. Ang mga yaong tahasang naimpluwensiyahan ay kinabibilangan ng ilan sa mga dakilang pinuno ng Simbahan. Marami sa inyong tinuturuan, kung hindi man lahat sila, ay naimpluwensiyahan kahit paano ng paglilingkod na ito. Maaari ninyong isulat ang inyong pangalan at ang mga pangalan ng ilan sa mga miyembro ng klase sa pisara.

Tinatalakay ng araling ito ang ilan sa mga pangunahing paghahayag na ibinigay ng Panginoon hinggil sa paglilingkod sa Kanyang kaharian, lalung-lalo na sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Bigyang-diin na katulad ng pagsusumigasig ni Samuel Smith na nagbigay biyaya sa maraming henerasyon ng mga miyembro ng Simbahan, kapag ibinabahagi rin natin ang ebanghelyo maaaring pagpalain ang maraming tao sa kasalukuyan at daan-daan o maging libu-libo sa hinaharap.

---

## Talakayan at Pagsasagawa

Ang araling ito ay naglalaman ng labis na materyal kaysa sa maaaring ituro sa buong oras ng klase. Piliin nang may panalangin ang materyal na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

Noong Pebrero 1829, dinalaw ng mga magulang ni Joseph Smith sina Joseph at Emma sa Harmony, Pennsylvania. Sa panahong ito, ang Propeta ay nagtanong sa Panginoon at natanggap ang paghahayag na nakatala sa D at T 4 para sa kanyang amang si Joseph Smith Sr.

Bukod sa paghahayag na ito para sa kanyang ama, nakatanggap ang Propeta ng mga paghahayag para sa marami pa na humiling sa kanya na tanungin ang Panginoon at malaman ang Kanyang kalooban para sa kanila. Ang ilan sa mga paghahayag na ito ay nakatala sa D at T 11, 12, 14, 15, at 16. Bagama't ang mga paghahayag na ito ay ibinigay para sa isang tao, ang mga alituntunin ay tumutukoy sa lahat na naglilingkod sa kaharian ng Panginoon (D at T 11:27).

**1. "[Paglingkuran] mo siya nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas."**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 4:1–2. Ayon sa talata 2, ano ang hinihingi ng Panginoon sa mga naglilingkod sa Kanyang kaharian? Ano ang ibig sabihin ng maglingkod nang buo ninyong puso, kakayahan, pag-iisip at lakas? (Nagpapahiwatig ito ng ganap na katapatan sa paglilingkod sa Panginoon.)
- Bakit mahalagang iukol natin ang ating buong kaluluwa sa paglilingkod sa Panginoon? Bakit magkaminsan tayo ay hindi gaanong nakatuon sa paglilingkod sa Panginoon? Paano natin mapagbubuti ang ating pangako na paglingkuran ang Panginoon nang may buong katapatan?

Ipaliwanag na iniukol ng ama ni Joseph Smith ang kanyang buhay sa paglilingkod sa Diyos, katulad ng itinagubilin sa kanya sa D at T 4. Ibahagi ang

sumusunod na ulat, na nagpapakita ng tindi ng kanyang katapatan na ibahagi ang ebanghelyo:

"Si Joseph Smith Sr. ay puspos ng patotoo hinggil sa katotohanan, at sa tuwina ay nananabik na ibahagi ito sa iba. Siya ay halos animnapung taong gulang nang siya ay gumawa ng matagal at nakapapagod na paglalakbay. . .upang dalhin ang ebanghelyo sa kanyang ama at ina, sa kanyang mga kapatid na babae at lalaki. Matapos ang kanyang pagbabalik [sa tahanan], siya ay ipiniit dahil sa maliit na pagkakautang na labing-apat na dolyar, sa halip na itatwa ang katotohanan ng Aklat ni Mormon at mapatawad sa pagkakautang! Siya ay itinapon sa selda kasama ng mga hinatulang mamamatay-tao at iniwan sa loob ng apat na araw nang walang pagkain. Kinalaunan ay inilipat siya sa gawaan sa loob ng bilangguan kung saan ipinangaral niya ang ebanghelyo at napabalik-loob ang dalawang tao na kanyang bininyagan kinalaunan. Siya ay nasa bilangguan ng buong isang buwan bago natamo ng kanyang mag-anak ang kanyang paglaya" (E. Cecil McGavin, *The Family of Joseph Smith* [1963], 68; tingnan din sa History of Joseph Smith ni Lucy Mack Smith, inedit ni Preston Nibley [1958], 172–73, 179–86).

- Paano natin maipakikita ang gayunding katapatan sa pagbabahagi ng ebanghelyo na katulad sa ipinakita ni Joseph Smith Sr.? Anu-ano ang inyong mga karanasan sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa inyong mag-anak o kapitbahay? sa mga tao sa paaralan o trabaho? sa mga taong nakikilala ninyo sa paglalakbay? sa iba pang pangyayari?

**2. Maghanda upang paglingkuran ang Panginoon.**

Sa buong Doktrina at mga Tipan, pinapayuhan tayo ng Panginoon kung paano ihanda ang ating sarili upang paglingkuran Siya. Ipaliwanag na ang paghahandang ito ay nararapat na tuluy-tuloy sa buong buhay natin.

- Anu-ano ang ilan sa mga katangian na ninanais ng Panginoon sa mga naglilingkod sa Kanya? (Tingnan ang mga sumusunod na banal na kasulatan. Ilista ang mga katangian sa pisara at gamitin ang mga tanong upang makahikayat ng talakayan.)

    a. D at T 4:3; 11:8. Bakit mahalagang katangian ang hangarin sa paglilingkod sa Panginoon? Paano natin madaragdagan ang ating hangarin na paglingkuran Siya?

    b. D at T 4:5–6; 12:8; 18:19. Aling mga katangian ang pinakamadalas na ulitin sa mga talatang ito? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nagpapakita ng kahalagahan ng kahit alin sa mga katangiang ito sa paglilingkod sa Panginoon.

    c. D at T 11:6, 20. Bakit mahalaga ang pagsunod sa paglilingkod sa Panginoon?

    d. D at T 4:7; 31:12. Paano nakatulong sa inyo ang panalangin sa paglilingkod sa Panginoon?

    Himukin ang mga miyembro ng klase na pumili ng isa sa mga katangiang ito at may panalanging pagsikapan na bumuti rito.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 11:21. Ano ang matututuhan natin mula sa talatang ito hinggil sa paghahanda upang paglingkuran ang Panginoon? Paano ipinakita ng inyong mga karanasan ang karunungan sa payong ito?

**3. “Ang bukirin ay puti.”**

Sa buong Doktrina at mga Tipan, ipinababatid ng Panginoon ang diwa ng kaagad na pagkilos hinggil sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Ito ay sa dahilang ang layunin ng gawaing misyonero ay “kaligtasan ng mga kaluluwa” (D at T 100:4).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 4:4, 11:3, at 33:3. Ano ang ibig sabihin ng Panginoon sa paghahambing sa gawaing misyonero sa isang bukid na handa na upang anihin? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang maraming tao ang handa na upang tanggapin ang ebanghelyo.)
- Binalaan ng Panginoon ang mga elder na huwag maging tamad at sinabing nararapat silang “humayo” sa halip na “manatili” (D at T 60:13; 75:3). Paano nauukol sa atin ang babalang ito? Bakit ipinagpapaliban ng ilan sa atin ang pagbabahagi ng ebanghelyo?

Isinalaysay ni Elder Henry B. Eyring ng Korum ng Labindalawa ang sumusunod na karanasan:

“Madaling sabihing, ‘Hindi pa panahon.’ Subalit may panganib sa pagpapaliban. Maraming taon na ang lumipas, ako ay nagtrabaho para sa isang lalaki sa California. Tinanggap niya ako; siya ay mabait sa akin; sa wari’y lubos niya akong pinahahalagahan. Ako marahil ang tanging Banal sa mga Huling Araw na nakilala niya nang husto. Hindi ko nauunawaan ang lahat ng kadahilanang nasumpungan ko upang maghintay ng mas mainam na sandali upang kausapin siya tungkol sa ebanghelyo. Tandang-tanda ko ang kalungkutang aking nadama nang malaman ko, na matapos siyang magretiro at ako ay namuhay sa malayo, siya at ang kanyang kabiyak ay namatay sa sakuna isang gabi habang nagmamaneho pauwi sa kanilang tahanan sa Carmel, California. Mahal niya ang kanyang kabiyak. Mahal niya ang kanyang mga anak. Mahal niya ang kanyang mga magulang. Mahal niya ang kanyang mga apo, at mamahalin niya ang mga anak nila at nanaising makasama sila magpakailanman.

“Ngayon, hindi ko alam kung paano pamamahalaan ang mga tao sa daigdig na darating. Gayunpaman ipinalalagay ko na makikita ko siya, na tititig siya sa aking mga mata, at makikita ko sa mga iyon ang katanungang, ‘Henry, alam mo. Bakit hindi mo sinabi sa akin?’ ” (sa Conference Report, Okt. 1998, 42; o *Liahona,* Enero 1999, “Tinig ng Babala,” Henry B. Eyring, mga talata 12 at 13).

**4. “Ibuka ang inyong mga bibig at ang mga ito ay mapupuno.”**

Sa Doktrina at mga Tipan, ang Panginoon ay nagbibigay ng patnubay hinggil sa *ano* ang nararapat nating ituro at *paano* tayo nararapat na magturo sa pagbabahagi natin ng ebanghelyo. Hinihikayat Niya rin tayo na ibahagi ang ebanghelyo nang walang takot, na nangangakong tutulong kapag nakadama tayo ng kakulangan.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang ilan sa mga sumusunod na talata: D at T 11:9, 15:6, 18:6, 31:3–4, 33:10–11, 42:12, at 52:8–9. Ano ang inihahayag ng mga talatang ito hinggil sa *ano* ang nararapat ituro ng mga tagapaglingkod ng Panginoon? Bakit napakahalaga ng mensahe ng pagsisisi? (Tingnan sa D at T 18:10–14.)
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang ilan sa mga sumusunod na talata: D at T 18:20–21, 38:41, 42:6, 42:14, 75:4, at 100:7–8. Ano ang

inihahayag ng mga talatang ito hinggil sa *paano* nararapat magturo ang mga tagapaglingkod ng Panginoon? Bakit mahalaga na iwasan ang pagtatalu-talo sa pagtuturo ng ebanghelyo? Ano ang ibig sabihin ng "[lakasan] ang inyong mga tinig gaya ng tunog ng isang pakakak"? (D at T 42:6; 75:4). Paano tayo magiging kapwa matapang at maamo habang itinuturo natin ang ebanghelyo? (Tingnan sa Alma 38:10–12.)

- Paulit-ulit na pinayuhan ng Panginoon ang mga elder na ibuka ang kanilang mga bibig upang ipahayag ang Kanyang ebanghelyo, "hindi kinatatakutan kung anuman ang magagawa ng tao" (D at T 30:11; tingnan din sa D at T 30:5; 33:8–11). Sinabi rin ng Panginoon na Siya ay hindi nalulugod sa mga yaong "hindi binubuksan ang kanilang mga bibig. . .dahil sa takot sa tao" (D at T 60:2). Paano nauukol sa atin ito? Paano natin mapaglalabanan ang takot sa pagbabahagi ng ebanghelyo? (Tingnan sa D at T 19:38; 33:12–14; 75:9–13.)
- Ipaliwanag na ang ilan sa atin ay nag-aatubili na ibahagi ang ebanghelyo sapagkat kulang ang tiwala natin sa ating kakayahang magsalita o magturo. Paano natin mapaglalabanan ang gayong alalahanin? (Tingnan sa D at T 11:21; 14:8; 31:3.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magsalaysay ng karanasan nang bigyan sila ng inspirasyon ng Espiritu sa kanilang sasabihing salita habang ibinabahagi nila ang ebanghelyo.
- Tukuyin ang ulat tungkol sa unang misyon ni Samuel Smith, na ibinuod sa gawaing pantawag pansin. Bakit nadama ni Samuel Smith na wari'y bigo siya pagkatapos ng kanyang unang misyon? Sa paanong paraan siya nagtagumpay? Ano ang natutuhan natin mula sa kanyang karanasan na makatutulong sa atin sa pagsisikap natin na maging misyonero?

**5. Nangangako ang Panginoon ng mga dakilang pagpapala sa mga naglilingkod sa kanya.**

- Ano ang ipinangangako ng Panginoon sa mga masigasig na naglilingkod sa kanya? (Pumili ng ilan sa mga sumusunod na talata ng mga banal na kasulatan na babasahing kasama ng mga miyembro ng klase. Talakayin ang mga pangako sa bawat talata. Ibuod ang impormasyon sa pisara at gamitin ang mga iminumungkahing talakayan upang manghikayat ng pagsasagawa.)

  a. D at T 4:4; 11:3; 75:5.
  b. D at T 18:15–16. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ipahayag ang kanilang nadarama para sa mga miyembro ng Simbahan na siyang nagbahagi ng ebanghelyo sa kanila o upang ilarawan ang kanilang nadarama sa pagbabahagi nila ng ebanghelyo.
  c. D at T 31:5; 84:60–61.
  d. D at T 31:7; 109:55–57. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang buksan ng Panginoon ang kanilang mga puso o ang mga puso ng iba sa ebanghelyo.
  e. D at T 31:11; 84:85; 100:5–6. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan noong patnubayan at bigyan sila ng inspirasyon ng Espiritu sa pagbabahagi nila ng ebanghelyo.
  f. D at T 31:13; 75:9–13; 84:88. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng karanasan nang madama nilang sinuportahan at pinalakas sila ng Panginoon sa pagbabahagi ng ebanghelyo.

g. D at T 71:9–10. Bigyang-diin na ibinigay ng Panginoon ang pangakong ito noong panahong ang Simbahan ay nasa ilalim ng pagtuligsa ng isang napopoot na tumiwalag sa simbahan. Paano makatutulong ang pangakong ito sa atin ngayon?

h. D at T 84:80. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isalaysay kung paano sila sinuportahan ng Panginoon sa isipan, pangangatawan, at espirituwal habang ipinangangaral nila ang ebanghelyo.

i. D at T 100:7–8. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang madama nila na nagpatotoo ang Espiritu Santo habang ibinabahagi nila ang ebanghelyo.

---

Katapusan

Himukin ang mga miyembro ng klase na magbigay ng ganap na katapatan sa paglilingkod sa Panginoon. Bigyang-diin na pagpapalain sila ng Panginoon sa pagbabahagi nila ng ebanghelyo sa iba. Sa gabay ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa araling ito.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Pag-uulit ng mga turo**

Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang apat na magkakaibang bahagi sa Doktrina at mga Tipan: D at T 6, 11, 12, at 14. Ipabasa sa isang tao ang unang anim na talata ng kahit alin sa mga bahaging ito, at hilingin sa iba na sumabaybay sa pagbasa sa ibang bahagi. Ipaliwanag na inuulit ng Panginoon sa mga banal na kasulatan ang maraming tagubilin, na kadalasan ay sa gayon at gayunding mga salita.

- Ano ang matututuhan natin mula sa pag-uulit ng Panginoon sa mga tagubiling ito? Bakit mahalaga sa atin ngayon ang pag-unawa sa mga tagubiling ito?

**2. “Hangaring ihayag at itatag ang kapakanan ng Sion” (D at T 6:6)**

- Maraming ulit na pinayuhan ng Panginoon ang kanyang mga tagapaglingkod na “hangaring ihayag at itatag ang kapakanan ng Sion” (D at T 6:6; 11:6; 12:6; 14:6). Paano tayo makatutulong sa pagtatatag ng kapakanan ng Sion? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pamumuhay nang matwid at pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa ating mag-anak, sa ating istaka at purok, sa pamamagitan ng gawaing misyonero, at sa pamamagitan ng gawain sa templo.) Anu-ano ang ilang kadahilanan na maaaring makagambala sa atin sa pagtatatag ng kapakanan ng Sion?

**3. Pagtatanghal sa video ng *Tinawag Upang Maglingkod***

Kung may makukuhang videocassette na *Tinawag Upang Maglingkod* (53072 893), isaalang-alang ang pagpapalabas ng bahaging ito sa oras ng aralin (21 minuto).

# “Pagtitipon ng Aking mga Tao”

Aralin
12

**Layunin**

Upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano tinipon ang Israel sa mga huling araw sa mga unang taon ng Simbahan, kung paano ito tinitipon ngayon, at kung paano sila maaaring makibahagi sa pagtitipong ito.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at iba pang materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 29:1–8; 33:3–7; 38:24–41; 52:2–5, 42–43; 57:1–3; 110:11; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10; at iba pang banal na kasulatan sa araling ito.
   b. *Ang Ating Pamana,* mga pahina 19–27, 43–46.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Ipabuod sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na salaysay mula sa *Ang Ating Pamana:*
   a. Ang mga sakripisyo nina Newel Knight at Joseph Knight Jr. sa pagtitipon sa Kirtland (pahina 21–22).
   b. Ang exodo ng mga Banal mula sa Fayette, na pinamunuan ni Lucy Mack Smith (pahina 22).
   c. Ang mga sakripisyo ni Brigham Young sa pagtitipon sa Kirtland (pahina 26–27).
   d. Ang paglalakbay ng mga Banal ng Colesville sa Missouri at ang kanilang pamamalagi roon (mga pahina 43–46).
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng maraming patpat sa klase.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Magkalat ng maraming maliliit na patpat sa paligid ng silid. Ipakita kung gaano kadaling baliin ang isang patpat. Pagkatapos ay anyayahan ang mga miyembro ng klase na tipunin ang lahat ng patpat, at ipabali sa isang tao ang lahat nang sabay-sabay.

- Ano ang maituturo sa atin ng gawaing ito tungkol sa mga layunin ng Panginoon sa pagtitipon ng Kanyang mga tao?

Ipaliwanag na ang araling ito ay nakatuon sa pagtitipon ng Israel at ang ating bahagi rito.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Tinitipon ng Panginoon ang Kanyang mga tao.**

Ipaliwanag na ang pagtitipon ng Israel ay isang mahalagang paksa sa Doktrina at mga Tipan. Nang tumalikod sa katotohanan ang labindalawang tribo ng Israel noong unang panahon, nabihag sila ng kanilang mga kaaway at kumalat sa mga bansa ng daigdig, gaya ng babala ng Panginoon. Kahit na nalungkot ang mga propeta sa kasamaan ng mga tao, nagdiwang sila nang makita nila ang panahon sa mga huling araw kung kailan matitipong muli ang Israel (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Israel, Ang pagtitipon ng," pahina 85). Ang dakilang prosesong ito ay nagsimula sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo at sa pagtawag ng mga misyonero upang "ipahayag ang mabuting balita ng dakilang kagalakan sa salinlahing ito" (D at T 31:3).

Sinabi ng Propetang si Joseph Smith, "Lahat ng isinulat. . .ng mga propeta, mula sa kapanahunan ng matwid na si Abel, hanggang sa pinakahuling taong nag-iwan ng anumang nakatalang patotoo para sa ating pagsasaalang-alang, tungkol sa kaligtasan ng Israel sa mga huling araw, ay tahasang ipinakikitang ito ay kinapapalooban ng gawain ng pagtitipon" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 83).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang ikasampung saligan ng pananampalataya at D at T 45:71. Ano ang pagtitipon ng Israel? (Ipaliwanag na ang pagtitipon ng Israel ay may espirituwal at pisikal na kahulugan, tulad ng nakabanghay sa ibaba.)

  a. *Espirituwal na pagtitipon.* Ang espirituwal na pagtitipon ng Israel ay nangyayari habang natututuhan ng mga tao ang ebanghelyo, lumalapit kay Cristo, nabibinyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at tumutupad sa kanilang mga tipan. Sa ganitong paraan natitipon sila mula sa mundo patungo sa Simbahan, o sa kaharian ng Diyos sa lupa.

  b. *Pisikal na pagtitipon.* Ang pisikal na pagtitipon ng Israel ay nangyayari habang nagsasama-sama ang mga miyembro ng Simbahan sa isang natatanging pook o sa mga istaka ng Sion sa buong mundo.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 29:1–2, 7–8. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa mga layunin ng pagtitipon? Paano naging isang pagpapala sa inyong buhay ang pagtitipon sa Simbahan ng Panginoon?

- Ipaliwanag na ibinigay ang awtoridad para pamahalaan ang pagtitipon ng Israel sa pamamagitan ng mga natatanging susi ng pagkasaserdote. Kailan

ipinanumbalik sa lupa ang mga susi sa pagtitipon ng Israel? (Tingnan sa D at T 110:11 at sa ulo ng bahagi.)

- Ipaliwanag na sa dispensasyong ito, nagsimula ang pagtitipon sa pamamagitan ng kakaunting tao sa New York. Lumalaganap ngayon ito sa buong daigdig, na nagdadala ng daan-daang libong tao bawat taon sa Simbahan ng Panginoon. Ano ang mga responsibilidad natin upang tumulong na tipunin ang mga tao sa Simbahan ng Panginoon? (Tingnan sa D at T 33:7; 38:40; 39:11; 88:81.)

**2. Nagtipon ang mga Banal sa Ohio.**

Noong Disyembre 1830, mga walong buwan lamang makalipas ang pagkakatatag ng Simbahan, ibinigay ng Panginoon ang unang tawag sa dispensasyong ito para pisikal na magtipon ang mga Banal. Inihayag niya kay Joseph Smith na kailangang lisanin ng mga Banal ang New York at magtipon sa Ohio (D at T 37:3). Maaari kayong sumangguni sa mga mapa 1 at 3 sa mga pahina 345 at 347 sa manwal na ito at mga pahina 35 at 37 sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase*.

- Anong mga layunin ang ibinigay ng Panginoon sa pag-uutos sa Kanyang mga tao na magtungo sa Ohio? (Tingnan sa D at T 38:31–32; 39:15.) Sa paanong paraan "pinagkalooban ng kapangyarihan mula sa itaas" ang mga banal matapos silang magtipon sa Ohio? (Tingnan sa D at T 95:8; 105:33; 110:9. Sa isang bahagi, natanggap ng mga Banal ang kaloob na kapangyarihan na ito sa pamamagitan ng mga pagpapakita ng Tagapagligtas at ng pagpapanumbalik ng mga susi ng pagkasaserdote noong natapos ang Templo sa Kirtland.)
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 38:24–27. Anong payo ang ibinigay ng Panginoon sa mga talatang ito habang naghahandang makapagtipon sa Ohio ang Kanyang mga tao? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang kabutihan, pagmamahalan, at pagkakaisa.) Bakit mahalaga ang pagkakaisa sa Simbahan? Paano naging pagpapala sa inyong buhay ang damdamin ng pakikipagkaisa sa mga miyembro ng Simbahan? Paano tayo magiging higit na nagkakaisa?
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 38:34–39. Anong payo ang ibinigay ng Panginoon sa mga talatang ito habang naghahandang magtipon sa Ohio ang Kanyang mga tao? Paano maiaangkop sa atin ang payong ito? Ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga sumunod sa utos na magtipon? (Tingnan sa D at T 38:39.)

Ipaliwanag na sa pagitan ng Enero at Mayo 1831, karamihan sa mga miyembro ng Simbahan sa New York ay ipinagbili, ipinarenta, o nilisan ang kanilang mga bukid at nilakbay ang 300 milya patungong Ohio. Marami sa mga Banal na ito ang nagsakripisyo nang labis upang sundin ang tawag ng Panginoon na magtipon. Ipabuod sa mga inatasang miyembro ng klase ang ulat hinggil sa mga sakripisyong ito mula sa *Ang Ating Pamana* (ang mga ito ay ang unang tatlong buod na nakatala sa ilalim ng "Paghahanda," aytem 3).

- Bakit sa palagay ninyo nakahandang maghirap sa pananalapi at sa ibang bagay ang mga miyembro ng Simbahan upang sundin ang tawag ng Panginoon na magtipon sa Ohio? Ano ang matututuhan natin sa

halimbawang ito? Anong mga sakripisyo ang hinihiling ng Panginoon sa atin upang makatulong sa pagbuo ng Kanyang kaharian?

**3. Nagtipon ang mga Banal sa Missouri.**

Nabasa ng naunang mga Banal ang mga propesiya tungkol sa lungsod ng Sion, o Bagong Jerusalem, na itatatag sa mga huling araw (Isaias 2:2–3; 3 Nephi 20:22; 21:22–28; Eter 13:2–12; Moises 7:61–62). Ang paghahanap at pagtatatag ng lungsod na ito ang isa sa mga pangunahing layunin ng mga miyembrong ito ng Simbahan.

Ilang buwan makaraang magsimulang magtipon sa Ohio ang mga Banal, naglakbay si Joseph Smith patungong Missouri at nakatanggap ng paghahayag na itinatalaga ang Missouri bilang lugar para sa lungsod ng Sion (D at T 57:1–3). Sa paghahayag na ito, naging pangalawang pook ng pagtitipon ang Missouri para sa Simbahan sa dispensasyong ito (D at T 63:24, 36–48). Mula 1831 hanggang 1838, nagpanatili ng mga sentro ng populasyon ang Simbahan kapwa sa Ohio at sa Missouri. Maaari kayong sumangguni sa mga mapa 2 at 3 sa mga pahina 346 at 347 sa manwal na ito at mga pahina 36 at 37 sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase.*

Ibinubuod ng sumusunod na linya ng panahon ang naunang mga paghahayag tungkol sa lupain ng Sion at sa pagkakatatag ng Simbahan sa Missouri. Repasuhin ang linya ng panahon sa mga miyembro ng klase, na ginagamit ang pisara kung kinakailangan.

a. Setyembre 1830 (sa New York): Ipinahayag ng Panginoon na ang lungsod ng Sion ay itatayo “sa mga hangganan ng mga Lamanita,” na may tiyak na lugar na itatakda sa susunod (D at T 28:9).

b. Setyembre at Oktubre 1830 (sa New York): Tumawag ang Panginoon ng apat na misyonero upang mangaral ng ebanghelyo sa mga Lamanita (D at T 30:5–6; 32:1–3). Ang mga misyonerong ito ang unang mga miyembrong nagtungo sa Missouri.

c. Pebrero 1831 (sa Kirtland, hindi nagtagal matapos magsirating ang mga Banal doon): Sinabi ng Panginoon na ihahayag Niya ang lugar ng Bagong Jerusalem sa Kanyang sariling takdang panahon (D at T 42:62).

d. Hunyo 1831 (sa Kirtland, matapos ang unang komperensiya roon): Tinawag ng Panginoon si Joseph Smith, Sidney Rigdon, at iba pang elder na magmisyon sa Missouri. Ipinangako rin ng Panginoon na itatalaga ang lupain ng Missouri sa Kanyang mga tao bilang kanilang lupang pamana (D at T 52:2–5, 42–43).

e. Hunyo 1831 (sa Kirtland): Ipinahayag ng Panginoon na ang mga Banal mula sa Sangay ng Colesville sa New York, na naglakbay patungong Ohio, ay dapat tumuloy sa Missouri (D at T 54:8).

f. Hulyo 1831 (matapos makapaglakbay ang Propeta sa Missouri): Ipinahayag ng Panginoon na ang lungsod ng Sion ay itatatag sa Missouri, na ang Independence ang magiging sentro. Isang templo ang itatayo sa Independence (D at T 57:1–3).

Unang nagtipon sa Missouri ang mga Banal sa Colesville, at hindi nagtagal ay marami pang iba ang sumunod. Anyayahan ang inatasang miyembro ng klase

na magbigay ng buod ng mga karanasan ng mga Banal sa Colesville habang naglalakbay sila patungong Missouri at nagsisimulang manirahan doon (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3d).

- Ano ang hinangaan ninyo sa mga karanasan ng mga Banal sa Colesville? (Maaari ninyong repasuhin ang ilan sa magagandang katangiang ipinamalas ng mga Banal na ito sa mga oras ng pagsubok.) Ano ang matututuhan natin sa kanilang halimbawa?

**4. Nagtitipon sa ngayon ang mga Banal sa mga istaka ng Sion sa kanilang sariling lupain.**

Nanatili ang mga miyembro ng Simbahan sa Ohio at Missouri mula 1831 hanggang 1838, nang karamihan sa kanila ay napilitang umalis dahil sa pag-uusig (tingnan sa mga aralin 26–28). Noong 1839 nagtipon sila sa Illinois at itinatag ang lungsod ng Nauvoo. Napilitan silang lisanin ang Nauvoo noong 1846, at noong 1847 pinamunuan sila ni Pangulong Brigham Young sa isang bagong lugar na pagtitipunan sa Rocky Mountains malapit sa Great Salt Lake. Maaari kayong sumangguni sa mapa 3 sa pahina 347 ng manwal na ito at pahina 37 ng *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase.*

Sa maraming taon matapos makapanahan ang mga Banal sa Utah, nagpatuloy ang tawag para sa mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo upang magtipon sa pook na iyon. Gayunpaman, ang bahaging iyon ng pagtitipon ay nagwakas na, at pinayuhan ang mga miyembro ng Simbahan na magtipon sa mga istaka ng Sion kung saan sila naninirahan. Sa isang komperensiya ng pook na ginanap sa Lungsod ng Mexico, sinabi ni Elder Bruce R. McConkie:

"[Ang] ipinahayag na mga kataga ay tungkol sa . . . mga kongregasyon ng mga pinagtipanang tao ng Panginoon *sa bawat bansa, na nagsasalita sa bawat wika, at sa bawat lahi* kapag muling dumating ang Panginoon. . . .

"Ang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal sa Mexico ay sa Mexico; ang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal sa Guatemala ay sa Guatemala; ang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal sa Brazil ay sa Brazil; at kung anu-ano pa sa kabuuan at kalawakan ng buong daigdig. Ang Japan ay para sa mga Hapon; ang Korea ay para sa mga Koreano; ang Australia ay para sa mga Australiano; bawat bansa ay lugar ng pagtitipon para sa sariling lahi nito" (sa Conference Report, Mexico and Central America Area Conference 1972, 45).

Noong Abril 1973, binanggit ni Pangulong Harold B. Lee, ang ika-11 Pangulo ng Simbahan, ang mga katagang iyon sa pangkalahatang komperensiya. Sa gayon, "parang ipinahayag na niya na tapos na ang panimulang bahagi ng pagtitipon. Ang pagtitipon ngayon ay mula sa labas ng mundo papasok sa Simbahan sa bawat bansa" (Boyd K. Packer, sa Conference Report, Okt. 1992, 99; o *Ensign,* Nob. 1992, 71).

- Anong mga kalagayan sa Simbahan ang nagdulot ng pagbabago na dapat magtipon ang mga miyembro sa sarili nilang bansa sa halip na magtungo sa isang lugar? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagkakaroon ng sapat na bilang ng mga kasapi at mapagkukunan ng Simbahan upang magtatag ng mga istaka at magtayo ng mga templo sa maraming lugar sa mundo.)
- Isang layunin ng pagtitipon sa isang sentrong lugar noong nagsisimula pa lamang ang Simbahan ay upang mapalakas ng mga miyembro ang isa't isa at

makatagpo ng kanlungan at kaligtasan sa mundo. Paano natutupad ng parehong mga layuning ito ang pagtitipon sa mga istaka ng Sion sa kasalukuyan? (Tingnan sa D at T 115:6 at ang kasunod na sipi. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano sila nakadama ng kaligtasan at kalakasan sa pamamagitan ng mga istaka ng Sion.) Ano ang magagawa natin upang tiyakin na ang ating mga istaka ay isang kanlungan at isang pananggalang laban sa kasamaan?

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Sa ngayon, tinitipon ang Israel sa iba't ibang istaka ng Sion. . . . Ang isang istaka ay may hindi kukulangin sa apat na layunin:

"1. [Ang mga istaka ay] dapat pagkaisahin at gawing ganap ang mga miyembro na naninirahan sa [kanilang] mga hangganan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga programa ng Simbahan, mga ordenansa, at tagubilin ng ebanghelyo.

"2. Ang mga miyembro ng istaka ay dapat maging mga modelo, o huwaran, ng pagkamatwid.

"3. Ang mga istaka ay dapat maging pananggalang. Nagagawa nila ito habang ang mga miyembro ng istaka ay nagkakaisa sa ilalim ng kanilang mga lokal na opisyal sa pagkasaserdote at itinatalaga ang kanilang sarili na gawin ang kanilang tungkulin at tuparin ang kanilang mga tipan. . . .

"4. Ang mga istaka ay kanlungan mula sa mga kasamaang namamayani sa buong mundo" ("Strengthen Thy Stakes," *Ensign*, Ene. 1991, 2, 4–5).

- Isang mahalagang bahagi ng pagtitipon ang pagtatayo ng templo sa Kirtland, Missouri, Nauvoo, at Utah. Patuloy itong nagiging mahalaga habang ang mga Banal sa ngayon ay nagtitipon sa mga istaka ng Sion sa buong mundo. Bakit isang mahalagang bahagi ng pagtitipon ang pagtatayo ng templo? Paano nakatutulong ang gawain sa templo sa dakilang gawain ng pagtitipon sa lupa at sa daigdig ng espiritu?

Itinuro ni Propetang Joseph Smith: "Ano ang layunin ng pagtitipon . . . ng mga tao ng Diyos sa alinmang kapanahunan ng mundo? . . . Ang pangunahing layunin ay upang magtayo ng bahay alang-alang sa Panginoon kung saan maihahayag Niya sa Kanyang mga tao ang mga ordenansa sa Kanyang bahay at ang mga kaluwalhatian ng Kanyang kaharian, at ituro sa mga tao ang landas tungo sa kaligtasan. . . .Ito rin ang layunin ng Diyos sa pagtitipon sa Kanyang mga tao sa mga huling araw, upang magtayo ng isang bahay para sa Panginoon upang ihanda sila para sa mga ordenansa at mga endowment, paghuhugas at pagpapahid" (*History of the Church,* 5:423–24).

---

Katapusan

Bigyang-diin na ang mga pangako ng Panginoon na tipunin ang Israel ay tinutupad sa ating panahon. Ang dakilang gawaing ito ay bumibilis habang sumasapi ang mga tao sa Simbahan at magkakasamang sumasamba sa mga istaka ng Sion sa mahigit na 160 bansa sa buong mundo. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na masigasig na gumawa upang tipunin ang mga tao sa Simbahan at upang itayo at palakasin ang Simbahan saanman sila naninirahan. Patotohanan ang mga ipinangakong biyaya na nanggagaling sa pagtitipon.

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sa mga sumusunod na ideya bilang karagdagan sa mga iminungkahing banghay ng aralin.

**1. "Lalawig ang Sion. . .sa buong daigdig"**

Maaari ninyong ipaliwanag na kahit na sa Missouri ang maging sentro ng Sion, sa kalaunan ay kakalat ang Sion sa buong daigdig. Sinabi ni Pangulong Brigham Young:

"Nang unang maihayag kay Joseph [Smith] ang lupaing pagtitipunan ng mga Banal, isang babae sa Canada ang nagtanong kung ipinapalagay natin na magiging sapat ang lawak ng Jackson County para tipunin ang lahat ng tao. . . . Sasagutin ko ang tanong. . . . Lalawig ang Sion, sa kalaunan, sa buong daigdig na ito. Walang sulok o kanto sa ibabaw ng lupa na hindi magiging bahagi ng Sion. Lahat ay magiging Sion. . . .

"Titipunin natin ang lahat ng maaari nating tipunin, pagpapalain sila, bibigyan sila ng kanilang mga endowment, at iba pa, ipangangaral sa kanila ang katotohanan, ipakikita ang mga alituntunin ng buhay na walang hanggan sa kanilang harapan, ipababatid sa kanilang mga isipan ang lahat ng kaya nating gawin, at gagabayan sila sa landas ng katotohanan at pagkamatwid" (sa *Journal of Discourses,* 9:138).

**2. Ang paghahanda ng Panginoon para sa pisikal na pagtitipon ng "mga nangalat ng Juda" (Isaias 11:12)**

Ilang dekada matapos ang pagkamatay ng Tagapagligtas, ang mga Judio ay "ikinalat sa buong bansa" (2 Nephi 25:15; tingnan din sa talata 14). Gayunpaman, nakatala sa mga banal na kasulatan ang maraming propesiya na sa mga huling araw ang nakalat na mga Judio ay muling titipunin at ibibigay sa kanila ang Jerusalem "na lupain ng kanilang mana" (3 Nephi 20:33; tingnan din sa 1 Nephi 15:19–20; 2 Nephi 9:1–2; 10:8).

Noong ika-27 ng Mayo 1836, sa panalangin sa paglalaan ng Templo sa Kirtland, nanalangin si Propetang Joseph Smith na ang pagtitipon ng mga Judio at ang pagtubos sa Jerusalem ay magsimula (D at T 109:62–67). Ibahagi ang sumusunod na impormasyon upang ipakita ang isang paraan na inihanda ng Panginoon para sa pagtitipon ng mga Judio:

Naalala ni Orson Hyde na noong sumapi siya sa Simbahan, nagpropesiya si Joseph Smith na, "Sa takdang panahon ikaw ay tutungo sa Jerusalem. . .; at sa pamamagitan ng iyong mga kamay gagawin ng Kataas-taasan ang isang dakilang gawain, na siyang maghahanda sa daan at lubhang magpapadali sa pagtitipon ng mga taong iyon" (*History of the Church,* 4:375). Sa pangkalahatang komperensiya noong Abril 1840, tinawag si Elder Hyde, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawa, sa isang misyon sa Palestina (*History of the Church,* 4:106). Mga 18 buwan pagkaraang makarating siya sa kanyang patutunguhan.

Maagang-maaga nang Linggong iyon, noo'y ika-24 ng Oktubre 1841, ay inakyat ni Elder Hyde ang Bundok ng Olivo at nag-alay ng isang panalangin. Sa kanyang panalangin inilaan at itinalaga niya ang lupain "para sa pagtitipon ng labi ng Juda, ayon sa mga hula ng mga banal na Propeta—para sa muling pagtatayo ng

Jerusalem. . .at para sa pagtatayo ng Templo sa karangalan ng pangalan [ng Panginoon].” Nanalangin din siya na sana ay maalala ng Panginoon ang binhi ni Abraham, Isaac, at Jacob magpasawalang-hanggan at “ibigay sa kanila ang lupaing ito bilang isang walang-hanggang pamana” (*History of the Church,* 4:456).

Bilang katibayan ng pagsasagawa, nagtayo si Elder Hyde ng isang bunton ng mga bato sa tuktok ng Bundok ng Olivo. Nagtayo rin siya ng isang bunton ng mga bato “sa ibabaw ng sinaunang tinawag na Bundok ng Sion [maaaring Bundok ng Moriah], kung saan nakatayo ang Templo” (*History of the Church,* 4:459).

# “Ang Salinlahing Ito ay Tatanggap ng Aking Salita sa Pamamagitan Mo”

Aralin
13

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na pahalagahan ang papel na ginampanan ni Propetang Joseph Smith sa pagdadala ng salita ng Panginoon sa dispensasyong ito.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan sa araling ito at ang mga sumusunod na ibang materyal:
   a. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 27–29, 46–48, 69–70.
   b. *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Pagsasalin ni Joseph Smith,” pahina 195.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Ipabuod sa isang miyembro ng klase ang ulat tungkol sa pagsagip nina Mary Elizabeth at Caroline Rollins sa mga pahina ng Aklat ng mga Kautusan (*Ang Ating Pamana*, mga pahina 47–48).
4. Kung may makukuhang larawang Sinasagip nina Mary at Caroline Rollins ang Aklat ng mga Kautusan (62605 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 409), ihandang gamitin ito sa oras ng aralin.
5. Sipiin ang mga piling pamagat mula sa tsart sa pahina 88 sa isang poster o ihandang isulat ang mga ito sa pisara.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat ang ilan o lahat ng sumusunod na paksa sa pisara bago magsimula ang klase.

Pisikal na katangian ng Panguluhang Diyos
Ang paglikha sa atin sa wangis ng Diyos
Mga apostol at propeta
Pagkasaserdoteng Melquisedec
Pagkasaserdoteng Aaron
Pamamaraan ng pagbibinyag
Ang kaloob na Espiritu Santo
Buhay bago ang buhay sa mundong ito
Pagbibinyag alang-alang sa mga patay
Pagkabuhay na mag-uli
Ang tatlong kaharian ng kaluwalhatian
Walang hanggang kasal
Ang ating kakayahan na maging katulad ng Ama sa Langit

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na burahin sa pisara ang anumang hindi inihayag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Tulungan ang mga miyembro ng klase na makitang walang maaaring burahin sa pisara—na ang lahat ng mga katotohanang ito ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph. Tinatalakay ng araling ito kung paano naging instrumento si Joseph Smith sa pagdadala ng salita ng Diyos sa dispensasyong ito.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntuning iyong ituturo.

**1. Inihayag ng Panginoon na matatanggap ng mga tao sa dipensasyong ito ang kanyang salita sa pamamagitan ni Joseph Smith.**

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 5:10. Ipaliwanag na sa talatang ito, ang pariralang "salinlahing ito" ay tumutukoy sa dispensasyong ito—ang panahon kung saan tayo nabubuhay. Pagkatapos ay ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Brigham Young:

"Anumang natanggap ko mula sa Panginoon, ay natanggap ko sa pamamagitan ni Joseph Smith" (*Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widstoe [1941], 458).

- Gaano katotoo sa inyo ang pahayag na ito? Gaano ito katotoo sa mga Banal sa mga Huling Araw?

Bigyan-diin na ang dakilang pagbuhos ng katotohanan sa dispensasyong ito ay dumating sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Halimbawa, ang mga banal na kasulatan sa mga huling araw, ordenansa ng pagkasaserdote, ang samahan ng pagkasaserdote, at pagtatayo ng templo ay nagmula sa Panginoon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.

**2. Maraming banal na kasulatan na sinauna at sa mga huling araw ang dumating sa pamamagitan ni Joseph Smith.**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Moises 1:40–41. Paano natupad ang propesiya sa talata 41? (Bigyan-diin na noong panahong marami

ang hindi nagpapahalaga sa mga salita ng Panginoon, tinawag ng Panginoon si Propetang Joseph Smith. Ang mga salita ng Panginoon ay "muling [napasa] mga anak ng tao.")

- Anu-anong banal na kasulatan ang dumating sa atin sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith? (Ang Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, Mahalagang Perlas, at Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia. Bigyan-diin na si Joseph Smith ay instrumento sa mga kamay ng Panginoon sa pagpapanumbalik ng mga sinumang banal na kasulatan, at siya ay nakatanggap ng maraming pahayag na naging mga banal na kasulatan sa mga huling araw.)

  Sa pagtukoy kay Joseph Smith, sinabi ni Elder LeGrand Richards ng Korum ng Labindalawa, "Kung titingnan sa ating mga talaan, binigyan niya tayo ng mas maraming inihayag na katotohanan kaysa sinumang propeta na nabuhay sa ibabaw ng mundo" (sa Conference Report, Abr. 1981, 43; o *Ensign*, Mayo 1981, 33).

*Ang Aklat ni Mormon*

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang 2 Nephi 3:11–15. Ipaliwanag na naglalaman ang talatang ito ng propesiya hinggil kay Joseph Smith. Ang mga isinulat na binabanggit sa talata 12 ay ang Biblia at ang Aklat ni Mormon.

- Sa anu-anong paraan pinapawi ng Aklat ni Mormon ang pagtatalu-talo at itinatatag ang kapayapaan? Sa anu-anong paraan inaakay ng Aklat ni Mormon ang mga tao sa kaalaman tungkol sa mga tipan ng Panginoon?
- Paano pinagpala ng Aklat ni Mormon ang inyong buhay?
- Anu-ano ang ilan sa inyong mga paboritong talata sa Aklat ni Mormon?

Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari kayong magbahagi ng isa o dalawang talata mula sa Aklat ni Mormon na pinakamakabuluhan sa inyo.

*Ang Doktrina at mga Tipan*

Ipaliwanag na mula 1823 hanggang 1831, tumanggap si Joseph Smith ng mahigit sa 60 paghahayag mula sa Panginoon. Ang ilang sulat-kamay na sipi ng mga paghahayag na ito ay ibinigay sa mga misyonero at sa iba, subalit karamihan sa mga miyembro ng Simbahan ay walang sipi ng mga ito. Sa idinaos na komperensiya sa Ohio noong 1831, nagpasiya ang mga pinuno ng Simbahan na ilathala ang mga paghahayag sa isang tomo na tinatawag na Aklat ng mga Kautusan (tingnan sa mga pamagat sa D at T 67 at 69). Sina Oliver Cowdery at John Whitmer ang napili upang dalhin ang mga paghahayag sa Independence, Missouri, na tinatayang ang layo ay mga 1,609 kilometro, kung saan ipalilimbag at pagagawan ng pabalat ang aklat.

Dumating sina Oliver Cowdery at John Whitmer sa Independence noong Enero 1832, at noong Hulyo 1833, nalimbag na ni William W. Phelps ang unang 160 pahina ng Aklat ng mga Kautusan. Gayunman, noong ika-20 ng Hulyo 1833 ay winasak ng mandurumog ang limbagan ni kapatid na Phelps at ang maraming hindi pa nakabuklod na pahina ng Aklat ng mga Kautusan.

Ipasalaysay sa itinalagang miyembro ng klase ang kuwento ng katapangan nina Mary Elizabeth at Caroline Rollins (*Ang Ating Pamana*, mga pahina 47–48).

Ang mga nasagip na pahina ay isinama sa kakaunting sipi ng Aklat ng mga Kautusan, subalit nananatili pa ring hindi makukuha nang malawakan ang mga paghahayag. Noong 1835, matapos idagdag ang 45 pang paghahayag, inilathala ang Aklat ng mga Kautusan bilang Doktrina at mga Tipan.

- Ano ang itinuro ng kuwento nina Mary Elizabeth at Caroline Rollins tungkol sa paano natin dapat pahalagahan ang mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan?
- Paano kayo pinagpala sa inyong pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan sa taong ito?
- Anu-ano ang ilan sa mga paborito ninyong talata sa Doktrina at mga Tipan?

Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari kayong magbahagi ng isa o dalawang talata mula sa Doktrina at mga Tipan na pinakamakabuluhan sa inyo.




**Ang Aklat ng mga Kautusan.** Ito ang unang tinipon na mga paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ang mga paghahayag na ito kinalaunan ay naging bahagi ng Doktrina at mga Tipan.

*Ang Mahalagang Perlas*

Bigyang-diin na angkop ang pangalang ibinigay sa Mahalagang Perlas. Katulad ng perlas, maliit subalit napakahalaga. Bagamat ito ay 84 na pahina lamang ang haba, binabagtas nito ang mga walang hanggan, na kinapapalooban ng mga talatang hinggil sa Dakilang Kapulungan sa Langit, ang pagpapanumbalik ng ebanghelyo sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon, ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, ang Milenyo, at buhay na walang hanggan. Ito ay naglalaman ng mahahalagang turo tungkol sa Paglikha, ang Pagkahulog, ang Pagbabayad-sala, at ang kalayaang pumili ng sangkatauhan. May limang bahagi ang aklat na ito ng banal na kasulatan:

a. Mga pinili mula sa aklat ni Moises

b. Ang Aklat ni Abraham

c. Joseph Smith—Mateo

d. Joseph Smith—Kasaysayan

e. Ang mga Saligan ng Pananampalataya

Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang Pambungad sa simula ng Mahalagang Perlas. Iparepaso sa kanila ang huling limang talata, na siyang nagpapaliwanag ng pangyayari sa bawat bahagi ng aklat na ito ng banal na kasulatan.

• Paano kayo natulungan ng mga turo sa Mahalagang Perlas? Anu-ano ang ilang talata sa Mahalagang Perlas na pinakamakabuluhan sa inyo?

*Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari kayong magbahagi ng isa o dalawa sa mga paborito ninyong talata mula sa Mahalagang Perlas.*

*Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia*

• Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang ikawalong saligan ng pananampalataya. Ano ang kahalagahan ng pariralang "hanggat ito ay nasasalin nang wasto"?

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang 3 Nephi 13:24–28. (Ipaliwanag na "ang aklat [na nagmula] sa bibig ng isang Judio" ay ang Biblia. Ang pariralang "makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan" ay tumutukoy sa mga yaong lumalaban sa Diyos, hindi sa isang partikular na simbahan.) Ipaalaala sa mga miyembro ng klase na dahil sa Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan, kinuha ng Panginoon ang kabuuan ng ebanghelyo mula sa mundo. Sa mga sumunod na siglo, maraming bahagi ng Biblia ang binago at maraming malilinaw at mahahalagang katotohanan ang nawala.

Kinalaunan matapos ipanumbalik ang Simbahan, tinagubilinan ng Panginoon si PropetangJoseph na magsimulang gumawa ng mga binigyang-inspirasyong pagwawasto sa King James na Bersiyon ng Biblia. Maraming sanggunian hinggil sa tagubiling ito sa Doktrina at mga Tipan (tingnan, halimbawa sa D at T 35:20; 37:1; 45:60–61; 73:3–4; 93:53). Ngayon ay tinutukoy natin ang gawain ng Propeta bilang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia.

Ang pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia ay kaiba mula sa karaniwang tinatawag natin na pagsasalin. Hindi isinalin ng Propeta ang Biblia mula sa isang wika patungo sa isa pang wika. Ang kanyang teksto lamang ay ang King James na Bersiyon ng Biblia, at siya ay ginabayan ng Espiritu upang gumawa ng mga pagtatama at ibalik ang mga talata na lubusang nawala.

Dalawang hango mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang nasa Mahalagang Perlas (ang aklat ni Moises at Joseph Smith—Mateo). Bilang karagdagan, ang maiikling bahagi ng Pagsasalin ni Joseph Smith ay isinama sa mga talababa ng edisyon ng mga Banal sa mga Huling Araw ng King James na Biblia. Ang mas mahabang hango ay isinama sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.*

Upang tulungan ang mga miyembro ng klase na magtamo ng malaking pagpapahalaga sa Pagsasalin ni Joseph Smith, maaari ninyong ihambing nang maikli ang ilang talata sa King James na Bersiyon ng Biblia. Dalawang paghahambing ang iminungkahi sa ibaba:

a. Ang ulat at mga turo ni Enoc ay mga halimbawa ng pagpapanumbalik ng mahahabang talata sa Pagsasalin ni Joseph Smith. Ang mga tanging sanggunian sa Biblia tungkol kay Enoc ay nasa Genesis 5:18–24, Lucas 3:37, Sa Mga Hebreo 11:5, at Judas 1:14–15. Ang mga sanggunian sa Pagsasalin ni Joseph Smith tungkol kay Enoc ay lubhang pinalawak kaya't isinama ang kanyang mga turo, pangitain, at propesiya na nakatala sa Moises 6:21–68 at 7:1–69. Pumili ng ilan sa mga talatang ito na babasahin sa klase, at talakayin ang mga kahalagahan nito.

b. Ang mga rebisyon sa Mateo 4 ay isang halimbawa ng binigyang-inspirasyong pagwawasto sa mga partikular na talata sa Biblia. Iparepaso sa mga miyembro ng klase ang mga halaw sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng mga talata mula sa Mateo 4 sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Talakayin kung paano nilinaw ng mga pagwawastong ito ang mga talata sa King James na Bersiyon.

Ang proseso ng pagsasalin ng Biblia ay hindi lamang nagdulot ng pagtatama at pagpapanumbalik ng mga doktrina sa Biblia. Tumulong din ito sa pagpapalabas ng pagpapanumbalik ng mga doktrina sa pamamagitan ng Doktrina at mga Tipan. Karamihan sa mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan ay mga katugunan sa mga itinanong ng Propeta habang pinagbubulay-bulay ang pagsasalin ng Biblia. Napansin ng isang miyembro ng Simbahan na gumugol ng maraming taon sa pag-aaral ng Pagsasalin ni Joseph Smith na, "Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ay hindi lamang mas mainam na Biblia; ito ang daan, o paraan, ng pagpapanumbalik ng doktrina sa pagsisimula ng Simbahang ito" (sa *The Capstone of Our Religion: Insights into the Doctrine and Covenants* ni Robert J. Matthews, [1989], 64).

Upang makapagbigay ng halimbawa kung paano nagbigay-daan ang Pagsasalin ni Joseph Smith sa "pagpapanumbalik ng ukol sa doktrina," basahin ang buong ikalawang talata sa mga pahina 27–28 ng *Ang Ating Pamana*. Maaari rin ninyong basahin ang pamagat sa D at T 76 at mga talata 15–19 sa D at T 76.

Himukin ang mga miyembro ng klase na gamitin ang Pagsasalin ni Joseph Smith habang pinag-aaralan nila ang mga banal na kasulatan.

**3. Ang malilinaw at mahahalagang doktrina ng ebanghelyo ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith.**

Ipinakikita sa tsart sa pahina 88 ang ilan sa mga doktrina ng ebanghelyo na ipinanumbalik o nilinaw sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Pansinin na ang mga paksang nasa kaliwang hanay ay tulad ng nasa gawaing pantawag pansin.

Ang gitnang hanay ng tsart ay nagtatala ng mga talata sa Biblia kung saan ang mga doktrina at alituntunin ay hindi malinaw, mali, o hindi kumpleto. Ipinakikita naman sa kanang hanay kung saan ipinaliliwanag o nililinaw ang mga doktrina at alituntuning ito sa banal na kasulatan na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith.

Pumili ng ilang paksa mula sa tsart, at pagbalik-aralan kasama ng mga miyembro ng klase ang mga kasamang talata sa banal na kasulatan. Talakayin kung nilinaw ng mga paghahayag na dumating sa pamamagitan ng Propeta ang mga paksang ito.

| **Paksa** | **Mga Banal na Kasulatan sa Biblia** | **Mga Ibinigay na Banal na Kasulatan sa Pamamagitan ni Joseph Smith** |
|---|---|---|
| Pisikal na katangian ng ang Panguluhang Diyos | Mateo 3:16–17; Juan 4:24; Mga Gawa 7:55 | Joseph Smith—Kasaysayan 1:17; D at T 130:1, 22 |
| Ang paglikha sa atin sa wangis ng Diyos | Genesis 1:27 | Moises 6:8–9 |
| Mga apostol at propeta | Mga Taga Efeso 2:20; 4:11–16 | D at T 107:23, 33, 35, 39, 58; 112:30– 32 |
| Pagkasaserdoteng Melquisedec | Sa Mga Hebreo 6:20; 7:17 | D at T 84:19–25; 107:1–8, 18–19 |
| Pagkasaserdoteng Aaron | Sa Mga Hebreo 7:11 | D at T 13; 84:18, 26–27, 30; 107:1, 13–14, 20 |
| Paraan ng pagbibinyag | Mateo 3:16 | 3 Nephi 11:22–26; Moroni 8:8–12; D at T 20:71–74 |
| Ang kaloob na Espiritu Santo | Mga Gawa 8:17 | D at T 20:41, 43; 35:6;121:46 |
| Buhay bago pa ang buhay sa mundong ito | Jeremias 1:4–5 | D at T 93:29; Abraham 3:22–26 |
| Pagbibinyag alang-alang sa mga patay | 1 Mga Taga Corinto 15:29 | D at T 128:16–18 |
| Pagkabuhay na Mag-uli | Job 19:25–26; Juan 5:28–29; 1 Mga Taga Corinto 15:22 | Alma 11:42–45 |
| Ang tatlong kaharian ng kaluwalhatian | 1 Mga Taga Corinto 15:40–42 | D at T 76:50–112; 131:1 |
| Walang hanggang kasal | Genesis 2:24; 1 Mga Taga Corinto 11:11 | D at T 131:1–4; 132:19 |
| Ang ating potensiyal na maging katulad ng Ama sa Langit | Mga Taga Roma 8:17 | D at t 88:107; 93:20; 132:20–24 |

Katapusan

Ipahayag ang inyong pagpapahalaga sa papel na ginampanan ni Joseph Smith sa pagdadala ng salita ng Panginoon sa atin. Kapag binigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa araling ito.

Aralin

14

# Ang Batas ng Paglalaan

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang batas ng paglalaan at ang mga walang hanggang layunin nito at hangarin nila na ilaan nang mas lubusan ang kanilang buhay sa paglilingkod sa Diyos.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at ang iba pang materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 42:30–42; 51; 78; 82; 104:11–18; at ang iba pang banal na kasulatan sa araling ito.
   b. *Ang Ating Pamana,* pahina 30.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng isang pirasong papel at bolpen o lapis para sa bawat iyembro ng klase.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng papel at bolpen o lapis. Hilingin sa bawat tao na magtala ng lima sa kanyang pinahahalagahang pag-aaring materyal. Pagkatapos ay basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 104:13–14.

- Ano ang natutuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa totoong may-ari ng lahat ng ating pag-aari? Ano ang inyong nadarama hinggil sa paggamit ng inyong mga ari-arian noong malaman ninyong ang lahat ng bagay dito sa mundo ay sa Panginoon?

Ipaliwanag ng ang mga itinurong alituntunin sa mga talatang ito ay mahalaga sa pamumuhay ng batas ng paglalaan. Ang aralin ay nakatuon sa batas na ito at sa mga pamamaraan kung paano natin mas lubos na mailalaan ang ating buhay sa Panginoon.

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng mga banal na kasulatan.

**1. Inihayag ng Panginoon ang batas ng paglalaan sa mga Banal.**

Ipaliwanag na noong Pebrero 1831, hindi pa natatagalan matapos magsimulang magtipon ang mga Banal sa Kirtland, Ohio, ay inihayag ng Panginoon na kailangan nilang simulang ipamuhay ang batas ng paglalaan (D at T 42:30).

- Ano ang ibig sabihin ng *ilaan*? (Ang ibig sabihin nito ay italaga ang anumang bagay sa paglilingkod sa Panginoon) Ano ang batas ng paglalaan? (Ito ay inihayag na pamamaraan kung paano ilalaan ng bawat isa ang kanilang oras, mga talino, at ari-arian sa Simbahan upang itatag ang kaharian ng Panginoon at paglingkuran ang Kanyang mga anak.)

Repasuhin nang maikli ang sumusunod na impormasyon upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang batas ng paglalaan (tingnan din sa *Ang Ating Pamana,* mga pahina 30). Ipaliwanag na naipamuhay lamang sa ilang panahon ang kabuuan ng batas ng paglalaan na iniutos ng Panginoon. Tinangka ng ilang unang Banal na ipamuhay nang ilang taon ang batas sa Ohio, Missouri, at Utah. Gayunman, ang Simbahan sa kabuuan ay nabigong ipamuhay ito, at ipinagpaliban ito ng Panginoon. Sa mga darating na panahon, hinihingi Niya na ipamuhay natin ang kabuuan ng batas.

*Paglalaan ng mga ari-arian*

Sa ilalim ng batas ng paglalaan, kusang inilalaan ng mga miyembro ng Simbahan ang kanilang mga ari-arian sa Simbahan sa pamamagitan ng legal na kasulatan (D at T 42:30).

*Pagtanggap ng pangangasiwa*

Matapos ilaan ng mga miyembro ng Simbahan ang kanilang mga ari-arian ang obispo ay magbibigay sa kanila ng mga pangangasiwaan, o mga bahagi mula sa lahat ng mga natanggap na ari-arian. Ang dami ng pangangasiwaan ay sang-ayon sa mga kalagayan at pangangailangan ng mag-anak batay sa inaakala ng obispo sa pagsangguni sa miyembro na tumanggap nito (D at T 42:32; 51:3). Ang pangangasiwa ay ibinibigay na may lakip na kasulatan ng pagmamay-ari nang sa gayon ang bawat miyembro ay maging lubos na responsable at may pananagutan sa pangangasiwa nito (D at T 51:4; 72:3–4; 104:11–13). Ang pangangasiwa, sa gayon, ay itinuring na pribadong pag-aari, hindi karaniwan o pag-aari ng komunidad, bagama’t ang lahat ng ari-arian ay pagmamay-ari lamang ng Diyos.

*Mga natira*

Kung may natira sa mga miyembro mula sa kanilang mga pinangasiwaan na labis sa pangangailangan ng kanilang mag-anak, sa pagtatapos ng taon ay ibinibigay nila ito sa obispo upang itago sa kamalig ng obispo (D at T 42:33; 51:13). Ginagamit ng obispo ang natira upang pangalagaan ang mga maralita, upang magtayo ng mga bahay-sambahan, at sa iba pang karapat-dapat na layunin (D at T 42:34–35).

*Nagkakaisang orden*

Noong Marso 1832, inihayag ng Panginoon na dapat magkaroon ng isang samahan upang magsaayos at mangasiwa ng batas ng paglalaan sa Kanyang mga tao (D at T 78:3). Tinawag Niya ang samahang ito na “Nagkakaisang orden” (D at T 92:1). Sa mga sumunod na paghahayag, ang Panginoon ay nagbigay ng mga karagdagang tagubilin hinggil sa nagkakaisang orden (tingnan, halimbawa sa D at T 104).

*Mga layunin ng batas ng paglalaan*

- Anu-ano ang layunin ng batas ng paglalaan? (Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na banal na kasulatan at tukuyin kung ano ang itinuturo ng mga ito hinggil sa mga layunin ng batas ng paglalaan. Ibuod ang mga layuning ito sa pisara. Pumili ng ilan sa mga sumusunod na tanong upang humikayat ng talakayan.)

  a. D at T 42:30 (Pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan.) Paano naisasakatuparan ang pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan sa pamamagitan ng batas ng paglalaan? (Tingnan sa D at T 42:31–34.)

  b. D at T 42:35. (Bumili ng mga lupain, magtayo ng mga bahay-sambahan, at itayo ang Bagong Jerusalem.)

  c. D at T 42:40. (Tulungan ang mga tao ng Panginoon na mapaglabanan ang kapalaluan.) Paano nakatutulong ang pamumuhay ng batas ng paglalaan sa mga miyembro upang mapaglabanan ang kapalaluan o kasakiman?

  d. D at T 42:42. (Tulungan ang mga tao ng Panginoon na maging masipag at maiwasan ang katamaran.)

  e. D at T 51:9. (Tulungan ang mga tao ng Panginoon na makiisa.) Sa paanong paraan inaasahan tayo ng Panginoon na magkaisa? Paano makatutulong ang batas ng paglalaan sa mga Banal upang magkaisa?

  f. D at T 78:3–7. (Gawing pantay ang mga tao ng Panginoon sa mga bagay sa lupa at tulungan na matanggap ang isang lugar sa kahariang selestiyal.) Paano makatutulong sa atin ang pagiging pantay sa “mga bagay sa lupa” upang matamo ang “mga bagay na makalangit”? (D at T 78:5).

  g. D at T 78:14. (Tulungan ang Simbahan na “makatayong malaya sa ibabaw ng lahat ng iba pang mga nilalang.”)

  h. D at T 82:17–19. (Tulungan ang mga tao ng Panginoon na mapabuti ang kanilang mga talento para sa kapakinabangan ng lahat, hangarin ang kapakanan ng kanilang kapwa, at gawin ang lahat ng bagay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos.) Paano makatutulong sa mga tao ng Panginoon ang pamumuhay ng batas ng paglalaan upang magkaroon ng mas dakilang pag-ibig sa kapwa?

Bigyang-diin na mula sa mga layuning ito, malinaw na ang batas ng paglalaan ay hindi lamang isang programang temporal o pangkabuhayan. Ito ay isa ring espirituwal na batas na tumutulong sa mga miyembro upang bumuti sa espirituwal at maghanda para sa buhay na walang hanggan (D at T 29:34–35).

**2. Ang batas ng paglalaan ay isang walang hanggang batas.**

Ang batas ng paglalaan ay isang walang hanggang batas na muling inihayag ng Panginoon sa ating dispensasyon. Ang mga ulat tungkol sa mga tao ng Panginoon na ipinamumuhay ang batas na ito ay kasama sa Mahalagang Perlas, Bagong Tipan, at Aklat ni Mormon. Basahin o repasuhing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata:

a. Moises 7:18. (Ang mga tao ni Enoc.)

b. Mga Gawa 4:32, 34–35. (Ang mga Banal matapos ang Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoon.)

c. 4 Nephi 1:1–3, 12–13, 15. (Ang mga Nephita matapos silang dalawin ng Tagapagligtas.)

- Ano sa palagay ninyo ang ilan sa mga magiging biyaya ng paninirahan sa isang komunidad kung saan ipinamumuhay ng mga tao ang batas ng paglalaan?

**3. Mailalaan natin ang ating buhay sa Panginoon ngayon.**

Bilang mga Banal ng Diyos, dapat tayong maging handa at kusang ipamuhay ang batas ng paglalaan sa kabuuan nito. Subalit hindi natin kailangan pang maghintay sa hinaharap upang ilaan ang ating buhay sa Panginoon. Habang ginagawa natin ang lahat ng ating makakaya upang ipamuhay ngayon ang batas ng paglalaan, tayo ay mas magiging handa na ipamuhay ang kabuuan ng batas kapag hiniling na ng Panginoon na gawin yaon.

- Sa anong mga paraan natin maipamumuhay ang batas ng paglalaan sa ating buhay ngayon? (Gamitin ang sumusunod na impormasyon upang matalakay o madagdagan ang mga tugon ng mga miyembro ng klase. Isulat ang mga pamagat sa pisara habang tinatalakay ninyo ang mga ito.)

*Kilalanin na ang lahat ng bagay na nasa atin ay pag-aari ng Panginoon*

- Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, muling sumangguni rito. Kung hindi ninyo ito ginamit, basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 104:13– 14 at Mga Awit 24:1. Ano ang matututuhan natin sa mga talatang ito? Ano ang ibig sabihin ng maging katiwala sa ating mga pag-aari? Paano nakaaapekto ang kaalamang ito sa ating pag-uugali sa ating mga pag-aari? Bakit mahalagang maunawaan na ang lahat ng bagay ay pag-aari ng Panginoon? Ano ang ipinapangako ng Panginoon kapag tayo ay mga matapat na katiwala sa mga ipinagkaloob Niya sa atin? (Tingnan sa D at T 51:19; 78:22.)

  Sinabi ni Obispong Victor L. Brown, dating Namumunong Obispo ng Simbahan na maliban sa “madama [nating] lubos na [tayong] kaisa” sa tuntuning ang lahat ng bagay ay pag-aari ng Panginoon, “magiging mahirap, kung hindi man imposible, para sa atin na tanggapin ang batas ng paglalaan. Habang naghahanda tayo na ipamuhay ang batas na ito, tayo ay naghihintay nang may malaking pag-asam sa araw kung kailan darating ang tawag. Kung sa kabilang dako, umaasa tayo na ito ay maipagpapaliban upang tayo ay masiyahan sa paglikom ng mga materyal na bagay, tayo ay nasa maling daan” (“The Law of Consecration,” *1976 Devotional Speeches of the Year* [1977], 439).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 19:26. Anong babala ang ibinigay ng Panginoon kay Martin Harris sa talatang ito? Bakit kailangan nating mapaglabanan ang pagiging mapag-imbot kung ilalaan natin ang ating buhay sa Panginoon? Paano natin mapaglabanan ang mapag-imbot na damdamin?

  Sinabi ni Pangulong Brigham Young: “Ako ay mas natatakot sa pagiging mapag-imbot ng ating mga Elder kaysa sa mga kampon ng impiyerno. . . . Ang lahat ng ating kaaway . . . sa daigdig, at ang lahat ng kasamaang nakatutok sa atin, ay hindi makapipinsala na tulad sa magagawa ng pag-iimbot sa mga puso ng mga taong ito; sapagkat ito ay isang pagsamba sa diyus-diyusan” (sa *Journal of Discourses*, 5:353).

*Gawin ang mga sakripisyong hinihingi ngayon ng Panginoon*

Dapat tayong handa na gumawa ng mga sakripisyong hinihingi sa atin ng Panginoon sa kasalukuyang panahon. Ang mga ito ay kinabibilangan ng pagsasakripisyo ng oras, mga talento, at pag-aari. Ang mga hindi

makapagsasakripisyo ng mga ito ngayon ay maaaring mahirapan sa pagsasakripisyo ng malaking bagay na hinihingi ng lubos na pagsasakatuparan ng batas ng paglalaan.

- Paano natin mailalaan ang ating oras, mga talento, at pag-aari upang tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos ngayon? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng mga nakatala sa ibaba.)

  a. Magbayad ng ikapu at mga handog mula sa ayuno at pagbibigay nang bukas-palad sa ibang kaparaanan sa mga nangangailangan. Sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito, matutulungan natin ang Simbahan sa pangangalaga sa mga maralita at maisasakatuparan ang mahahalagang gawain na kinakailangan upang itayo ang kaharian ng Diyos sa mundo. Itinanong ni Elder Marion G. Romney: "Anu-ano ang humahadlang sa atin sa pagbibigay *ng kasingdami sa mga handog mula sa ayuno na tulad sa maibibigay natin sa mga natira sa ilalim ng Nagkakaisang Orden? Wala, maliban sa sarili nating mga limitasyon" (sa Conference Report, Abr. 1966, 100; o *Improvement Era*, Hunyo 1966, 537).

  b. Maglingkod nang bukal sa kalooban sa Simbahan. Pinayuhan ng Panginoon ang bawat tao na "matuto ng kanyang tungkulin, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig" (D at T 107:99). Dapat nating gampanan ang mga tungkulin na ating natatanggap sa abot ng ating makakaya. Bukod sa mga partikular na tungkulin sa Simbahan, maaari nating ibahagi ang ebanghelyo sa iba, gawin ang gawain sa templo, at hangaring palakasin ang mga patotoo ng mga bago o mahina sa pananampalataya.

  c. Maglingkod bilang *full-time* na misyonero. Itinuro ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawa: "Ang pagtungo sa misyon ay nagtuturo sa inyo na ipamuhay ang batas ng paglalaan. Maaaring ito lamang ang panahon sa inyong buhay kung saan maibibigay ninyo sa Panginoon ang lahat ng inyong oras, talento, at kabuhayan. Bilang ganti, pagpapalain kayo ng Panginoon na mapasa inyo ang Kanyang Espiritu. Siya ay mapapalapit sa inyo at palalakasin kayo" (sa Conference Report, Abr. 1996, 50; o *Ensign*, Mayo 1996, 36).

*Magkaroon ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa iba*

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 82:19 at Jacob 2:17. Ano ang itinuro ng Panginoon sa mga banal na kasulatang ito hinggil sa paano natin ipakikita ang ating pagmamahal sa iba? Bakit kinakailangan ang pagkakaroon ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa iba kung maipamumuhay natin ang batas ng paglalaan?

  Ipaliwanag na ang kakayahan na magkaroon ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa iba ay saligan ng batas ng paglalaan. Habang nadaragdagan ang ating pag-ibig, ang ating kakayahan na ipamuhay ang batas na ito ay nadaragdagan rin. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan kung saan nagsakripisyo sila o ang iba ng kanilang oras at kabuhayan upang tulungan sila o ang iba sa oras ng pangangailangan. Kung naaangkop, maaari ninyong ibahagi ang sumusunod na kuwento, na isinalaysay ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Ako ay maraming alaala sa aking kabataan. Ang pag-asam sa hapunan tuwing Linggo ay isa sa mga ito. Habang kaming mga anak . . . ay sabik na nakaupo sa may hapag-kainan, at ang silid ay pinupuno ng masarap na amoy ng inihaw na baka, sasabihin ni Ina sa akin, 'Tommy, bago tayo kumain, dalhin mo ang pagkaing ito na aking inihanda sa bahay ni Tandang Robert at bumalik ka agad."

"Hindi ko maunawaan kung bakit hindi muna kami kumain at pagkatapos ay saka na lang ibigay ang kanyang pagkain. Hindi ko kailanman isinatinig ang aking katanungan sa halip ay nagtutungo akong patakbo sa kanyang bahay at hindi mapalagay na naghihintay hanggang sa makarating sa wakas ang kanyang nanghihinang paa sa pinto. Pagkatapos ay aking ibibigay ang pinggan ng pagkain sa kanya. Ibibigay niya sa akin ang malinis na pinggan mula sa nagdaang Linggo at aabutan ako ng pera sa aking paglilingkod. Ang aking sagot ay tulad ng dati: 'Hindi ko po matatanggap ang pera. Hindi masisiyahan sa akin ang aking ina.' Kanya namang hahaplusin ng kanyang mga kulubot na kamay ang aking olandes na buhok at sasabihing, 'Bata, ikaw ay may napakabuting ina. Sabihin mo sa kanyang salamat' . . . . Sa wari ko ang hapunan tuwing Linggo ay mas masarap pagkatapos kong makabalik mula sa iniutos sa akin" ("The Long Line of the Lonely," *Ensign*, Peb. 1992, 4).

*Sikaping ilaan ang lahat ng aspeto ng ating buhay sa Panginoon*

Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa: "Tila iniisip natin na ang paglalaan ay nauukol lamang sa mga ari-arian at salapi. Subalit napakaraming kaparaanan ng hindi pagbibigay ng mas marami sa Panginoon" (sa Conference Report, Okt. 1992, 90; o *Ensign*, Nob. 1992, 66).

- Anu-ano ang ilang paraan kung saan maaaring "hindi natin ibinibigay ang nararapat" samantalang maaari tayong maglaan ng mas malaki sa paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak? (Tingnan sa D at T 64:34 at ang mga sumusunod na halimbawa mula kay Elder Maxwell kung paano tayo magkaminsan ay nagkukulang sa paglalaan na dapat nating ibigay.)

  a. Ang hindi bukal sa kalooban na maging lubos na mapagkumbaba sa kagustuhan ng Panginoon, "Ang pagpapakumbaba ng kalooban ng isang tao ang tunay na natatanging bagay na personal na maaari nating ilaan bilang sakripisyo sa Diyos," ang wika ni Elder Maxwell. "Ang marami pang ibang bagay na "ibinibigay" natin . . . sa katunayan ay ang mga bagay na Kanyang ipinagkaloob na o ipinahiram sa atin. Gayunman, kapag ipinaubaya na natin ang ating sarili, sa pamamagitan ng pagpaparaya ng ating kalooban sa kalooban ng Diyos, sa gayon ay tunay na nagbibigay tayo ng mahalagang bagay sa kanya! Ito lamang ang natatanging pag-aari na ating maibibigay!" (sa Conference Report, Okt. 1995, 30; o *Ensign*, Nob., 1995, 24).

  b. Ang hindi bukal sa kaloobang isuko ang mga bagay na pansarili, katulad ng "ating mga ugali," ng ating oras, ng ating kataasan, at ng ating mga ari-arian" (sa Conference Report, Okt. 1995, 28).

  c. Pagpapahintulot na maubos ang oras sa mga libangan at mga pinagkakaabalahan na hindi gaanong mahalaga.

  d. Pagbibigay ng kapuri-puring paglilingkod sa pamayanan subalit nananatiling "hindi kilala ang mga banal na templo ni Jesus at ang Kanyang mga banal na kasulatan)" (sa Conference Report, Okt. 1995, 27).

e. Pagiging masunurin sa mga tungkulin sa mag-anak subalit hindi ginagaya ang halimbawa ni Jesus ng kahinahunan sa ilang miyembro ng mag-anak.
f. Itinatatag muna ang ating sarili sa halip na unahin ang kaharian ng Diyos.
g. Ibinabahagi nang hayagan ang mga talento samantalang palihim na pinananatili sa sarili ang kapalaluan.
h. Tinatanggap ang tungkulin sa Simbahan habang may pusong higit na nakatalaga sa pagpapanatili ng ilang papel na ginagampanan sa daigdig.

(Tingnan sa Conference Report, Okt. 1992, 88–92; o *Ensign*, Nob. 1992, 65–67; at Conference Report, Okt. 1995, 27–30; o *Ensign*, Nob. 1995, 22–24.)

- Paano tayo pinagpapala habang nagsisikap tayo para sa higit na ganap na paglalaan?

---

Katapusan

Himukin ang mga miyembro ng klase na suriin ang kanilang buhay upang malaman kung paano nila mailalaan ang kanilang sarili nang mas lubusan sa Panginoon. Ipaliwanag na magagawa natin ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagkilala na ang lahat ng ating ari-arian ay pagmamay-ari ng Panginoon, sa pamamagitan ng pagsasakripisyo na hinihingi sa atin ngayon, at sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pag-ibig na katulad ng kay Cristo para sa ibang tao.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o dalawa sa mga sumusunod na ideya bilang karagdagan sa imungkahing banghay ng aralin.

**1. Ang kamalig ng Panginoon**

Binanggit nang maraming ulit ang kamalig ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan na may kaugnayan sa pangangalaga para sa mga maralita (D at T 42:34; 78:3; 83:5–6). Upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung ano ang kamalig ng Panginoon at paano ito ginagamit ngayon, ibahagi ang mga sumusunod na impormasyon mula sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan:*

"Ang kamalig ng Panginoon ay tumanggap, nagpapautang, at namamahagi ng mga inilaang handog ng mga Banal. Maaaring maging payak o marangya ang kamalig sa hinihingi ng pangyayari. Maaaring ito ay talaan ng maibibigay na paglilingkod, salaping mauutang, pagkain sa paminggalan, o mga kagamitan sa gusali. Naitatatag ang isang kamalig kapag nailalaan ng matatapat na miyembro sa obispo ang kanilang oras, mga talento, kasanayan, awa, materyal at kabuhayang pinansiyal sa pangangalaga para sa mga maralita at sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa mundo.

"Ang kamalig ng Panginoon, samakatuwid, ay umiiral sa bawat purok. Ang obispo ang siyang kinatawan ng kamalig. Ginagabayan ng inspirasyon mula sa Panginoon, ipinamamahagi niya ang mga handog ng mga Banal sa mga maralita at nangangailangan. Siya ay tinutulungan ng mga korum ng pagsaserdote at ng Samahang Damayan. Siya ay tinatagubilinan at sinusuportahan ng istaka at mga pinuno ng pook sa kanyang mga responsibilidad" (*Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at ng mga Pantulong na Samahan* [1998], 256).

- Paano makapag-aambag ang bawat isa sa atin sa mga pinagkukunan na kamalig ng Panginoon sa ating purok?

**2. “Pantay sa mga bagay sa lupa” (D at T 78:6)**

Ang salitang *pantay* ay ginamit nang madalas sa Doktrina at mga Tipan na may kaugnayan sa mga bagay na temporal (D at T 51:3; 70:14; 78:6). Ipaliwanag na hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng pinangangasiwaan ay magkatulad na magkatulad. Sa halip, ang mga ito ay ibinibigay ayon sa mga pangangailangan ng bawat tao at mag-anak (D at T 42:32; 51:3). Ang mga ito ay pantay sa diwang ang lahat ng Banal ay may “mga pantay-pantay na karapatan sa mga ari-arian” upang matugunan ang kani-kanilang pangangailangan (D at T 82:17).

# Aralin 15 "Masigasig Ninyong Hanapin ang mga Pinakamahusay na Kaloob"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na makilala ang mga kaloob ng Espiritu, hangaring matamo ang mga ito, at gamitin ang mga ito upang paglingkuran ang iba.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at ang iba pang materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 46; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7.
   b. 1 Mga Taga Corinto 12–13; Moroni 10:8–18 (mga karagdagang banal na kasulatan).
   c. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 49–50, 56–57, 76.
2. Repasuhin ang materyal sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Paghandain ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga sumusunod na ulat mula sa *Ang Ating Pamana:*
   a. Binasbasan ni Newel Knight si Philo Dibble (mga pahina 49–50).
   b. Tumanggap si Amanda Smith ng paghahayag kung paano gamutin ang kanyang nasugatang anak na lalaki (mga pahina 56–57).
   c. Nagpropesiya si Propetang Joseph Smith tungkol sa misyon ni Dan Jones (pahina 76).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipalarawan sa isipan ng mga miyembro ng klase na sila ay naghahalaman.

- Anu-anong binhi ang itatanim ninyo sa inyong halamanan?

Bigyan ang mga miyembro ng klase ng pagkakataon na mag-isip, at pagkatapos ay anyayahan ang ilan sa kanila na ilarawan ang nais nila sa isang halamanan. Bigyang-pansin ang pagkakaiba-iba sa pagpili ng mga miyembro ng klase. Bigyang-diin na bagamat magkakaiba ang mga halamanan, ang lahat ng mga ito ay maaaring maging maganda at kapaki-pakinabang.

- Matapos magtanim ng binhi, ano ang kinakailangan ninyong gawin upang makaroon ng mayabong na halamanan?

Matapos sumagot ang mga miyembro ng klase, ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa mga kaloob ng Espiritu. Ipaalala sa mga miyembro ng klase na

maaaring magkaroon ng iba't ibang pananim ang mga tao sa kani-kanilang halamanan subalit maaari silang magkaroon ng magkakasingganda at kapaki-pakinabang na mga halamanan. Gayundin, maaaring makatanggap ang mga miyembro ng Simbahan ng magkakaibang kaloob ng Espiritu, subalit ang lahat ng kaloob na ito ay mapakikinabangan sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos. At katulad ng mga binhi at halaman, ang mga kaloob ng Espiritu ay dapat linangin at alagaan upang lubos na yumabong at mapakinabangan.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang mga materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng mga banal na kasulatan.

**1. Ang lahat ng matatapat na miyembro ng Simbahan ay maaaring tumanggap ng mga kaloob ng Espiritu.**

Ipaliwanag na ang mga kaloob ng Espiritu ay mga pagpapala o kakayahang espirituwal na ipinagkakaloob sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang mga kaloob na ito ay inalis sa mundo sa panahon ng Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan, subalit ipinanumbalik ng Diyos ang mga ito sa mga unang araw ng dispensasyong ito. Ang paggamit ng mga kaloob na ito ay maaaring magdulot ng pagpapala, magpasigla, at magbubuklod sa atin.

Ipabasa sa mga inatasang miyembro ng klase ang mga ulat mula sa *Ang Ating Pamana* (tingnan sa "Paghahanda," bilang 3). Matapos basahin ang bawat ulat, talakayin kung anong mga kaloob ng Espiritu ang inilalarawan sa kuwento: si Newel Knight ay may pananampalataya na makapagpagaling (D at T 46:20); Sina Philo Dibble at Alma Smith ay may pananampalataya na gumaling (D at T 46:19); si Amanda Smith ay nakatanggap ng paghahayag (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7); si Propetang Joseph Smith ay may kaloob na magpropesiya (D at T 46:22); at natanggap naman ni Dan Jones ang kaloob na magturo (Moroni 10:9–10).

- Anu-anong kaloob ng Espiritu ang tinutukoy ng Panginoon sa D at T 46? (Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na banal na kasulatan at ipatukoy ang kaloob na espirituwal na binanggit sa bawat talata. Ibuod ang mga kaloob na ito sa pisara.)
  a. D at T 46:13. (Kaalaman "na ipinagkaloob sa pamamagitan ng Espiritu Santo . . . na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at na siya ay ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng sanlibutan.")
  b. D at T 46:14. (Paniniwala sa mga patotoo ng iba sa Tagapagligtas.)
  c. D at T 46:15. (Kaalaman tungkol sa "pagkakaiba-iba ng pangangasiwa.") Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawa na ang kaloob na ito ay "ginagamit sa pangangasiwa at pagsasaayos ng simbahan" (*A New Witness for the Articles of Faith* [1985], 278).
  d. D at T 46:16 (Kakayahan "na malaman ang iba't ibang pamamalakad, kung ang mga ito ay sa Diyos." Tumutulong sa atin ang kaloob na ito na makilala kung ang turo o impluwensiya ay nanggagaling sa Diyos o mula sa iba.)
  e. D at T 46:17–18. (Karunungan at kaalaman.)
  f. D at T 46:19. (Pananampalataya na gumaling.)

g. D at T 46:20. (Pananampalataya na makapagpagaling.)
h. D at T 46:21. (Ang paggawa ng mga himala.)
i. D at T 46:22. (Magpropesiya.)
j. D at T 46:23. (Pagkilala ng mga espiritu.)
k. D at T 46:24. (Makapagsalita ng mga wika.)
l. D at T 46:25. (Pagpapakahulugan sa mga wika.)

Maaari ninyong ituro na ang mga kaloob ng Espiritu ay tinukoy rin sa 1 Mga Taga Corinto 12:4– 12; 13:1–13; at Moroni 10:8–18.

- Sino ang maaaring tumanggap ng mga kaloob ng Espiritu? (Tingnan sa D at T 46:8, 11. Bigyang-diin na binigyan ng Diyos ng kahit isa sa mga kaloob na ito ang bawat matapat na miyembro ng Simbahan na nakatanggap na ng kaloob na Espiritu Santo. Kung nagtuturo kayo sa mga kabataan, bigyang-diin na sila ay may mga kaloob na espirituwal. Maaari rin ninyong bigyang-diin na ang mga taong hindi nakatanggap ng kaloob na Espiritu Santo ay maaaring pagpalain pa rin nang mga kakaibang kakayahan na pasiglahin at palakasin ang iba.)

**2. Nagbibigay ang Diyos ng mga kaloob ng Espiritu para sa kapakinabangan ng kanyang mga anak.**

- Ano ang ilang mga layunin ng mga kaloob ng Espiritu, na inihayag sa D at T 46? (Gamitin ang sumusunod na impormasyon upang matalakay o dagdagan ang mga katugunan ng mga miyembro ng klase. Isulat ang mga pamagat sa pisara habang tinatalakay ninyo ang mga ito.)

*Upang palakasin at pagpalain ang bawat isa sa atin*

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 46:8. Sa anong mga paraan makatutulong sa bawat isa sa atin ang mga kaloob ng Espiritu? Anu-anong kaloob ang lubhang mahalaga sa inyo? (Maaari ninyong anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan kung saan pinalakas at pinagpala sila ng kanilang mga kaloob na espirituwal.)

  Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawa na ang mga kaloob ng Espiritu "ay mag-aakay sa atin patungo sa Diyos. Mapangangalagaan tayo ng mga ito mula sa kapangyarihan ng kaaway. Mapupunan ng mga ito ang ating mga kakulangan at maisasaayos ang ating mga kasiraan" ("Mga Kaloob na Espirituwal," *Ensign*, Set. 1986, 72).

*Upang tulungan tayo na maglingkod sa iba*

Basahing kasama ng mga miyembro ang klase ang D at T 46:11–12, 26. Pagkatapos ay ibahagi ang sumusunod na pahayag:

Sinabi ni Elder Orson Pratt ng Korum ng Labindalawa, "Ang mga kaloob na espirituwal ay ipinamahagi sa mga miyembro ng Simbahan, alinsunod sa kanilang katapatan, kalagayan, mga likas na kakayahan, pananagutan at tungkulin; upang ang mga miyembro ng Simbahan ay maayos na matagubilinan, mapagtibay, maging ganap, at maligtas" (*Masterful Discourses and Writings of Orson Pratt*, tinipon ni N.B. Lundwall [1953], 571).

- Paano nakatulong sa inyo ang isang kaloob na espirituwal na paglingkuran ang iba? Paano kayo pinagpala sa pamamagitan ng mga kaloob na espirituwal ng iba?

Bilang bahagi ng araling ito, maaari ninyong ibahagi ang sumusunod na kuwento:

"Habang kami ay abalang naghahanda para sa hapunan ng Paskong iyon, sabik na kinuha ng aking tinedyer na kapatid na babae sa paminggalan ang pinggang porselana na may pilak sa gilid. Ang magagandang . . . pinggan ay regalo pa ng aking Lola sa kasal nina Inay at Itay at ginamit lamang sa mga natatanging okasyon. Subalit habang kinukuha ng aking kapatid na babae ang ilan sa mamahaling pinggan mula sa paminggalan, bumangga ang kanyang braso at ang mga pinggan ay nahulog sa kanyang kamay. Hindi nagtagumpay ang kanyang wala nang pag-asang pagtatangka na saluhin ang mga pinggan, at kasing tindi ng pagbagsak ng mga ito ang takot sa kanyang mukha.

"Natigil ang paghahanda ni Inay, at ang masayang pag-uusap ng nagmamadaling kabahayan ay nahinto dahil kaming lahat ay napako sa pagkakatayo sa labis na katahimikan. Hindi lumingon upang makita ang nabasag, tahimik na lumabas si Inay sa silid. Pagkatapos. . .sinikap ng ilan sa amin na ibalik ang sigla ng aming mga tungkulin sa okasyong iyon.

"Maliban sa aking kapatid. Siya ay nakatayong di-kumikilos, malalaking patak ng luha ang dumaloy sa kanyang pisngi. Sa pagdaloy pa ng kanyang luha, kinuha niya nang walang sigla ang walis at pandakot at nagsimulang walisin ang mga nagkalat na piraso ng mga pinggan. Pagkatapos sa kanyang pagkakaluhod, dahan-dahan niyang pinulot ang mas malalaking piraso at maingat na inilagay ang mga ito sa pandakot.

"Sa loob ng ilang minuto ay bumalik si Inay sa kusina at niyakap niya ang kanyang nagdadalamhating anak. Nagsimulang umiyak nang malakas ang aking kapatid. . .Marahang inaliw [ni Inay], 'Tama na iyan, mahal; mas mahalaga ang tao kaysa mga bagay.

"Kinalaunan, sinabi sa akin ni Inay na siya ay pumasok sa isang silid upang manalangin at biyayaan ng isang payapang damdamin at inspirasyon kung paano aaliwin ang aking kapatid. Ang kaloob na pang-unawang espirituwal na ibinigay sa aking ina nang paskong iyon ang naging pinakamahalagang kaloob na natanggap ng aming mag-anak" (Laura Russell Bunker, "The Art of Perspective," *Ensign*, Dis. 1998, 54–55).

Maaari ninyong talakayin kung anu-anong kaloob ng Espiritu ang maaaring makatulong sa mga sumusunod na sitwasyon. Pasangguniin muli ang mga miyembro ng klase sa D at T 46:13–25.

a. Isang tagapagturo ng tahanan ang tinawag sa tahanan ng isa sa mga mag-anak na kanyang tinuturuan upang magbigay ng basbas ng pagkasaserdote.
b. Isang misyonero ang namumuno sa isang maliit na sangay ng mga miyembro ng Simbahan.
c. Isang kabataang babae ang inatasang magturo ng isang aralin sa kanyang klase.
d. Isang tagapayo sa Pagkasaserdoteng Aaron ang may pananagutan sa isang grupo ng mga diyakono sa isang gabing pagkakamping ang nagkaroon ng suliranin.
e. Isang pangulo ng Samahang Damayan ang nagtalaga ng mga tagapagturong dumadalaw sa mga kapatid na babae sa kanyang purok o sangay.

*Upang tulungan tayo na huwag nang malinlang*

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 46:8. Paano nakatutulong sa atin ang kaloob ng espiritu upang maiwasan ang masasamang impluwensiya o panlilinlang?

**3. Dapat nating hanapin at linangin ang mga kaloob ng Espiritu.**

Sinabihan tayo ng Panginoon, "Masigasig ninyong hanapin ang mga pinakamahusay na kaloob, alalahanin sa tuwina kung para saan ibinigay ang mga ito" (D at T 46:8).

- Ano ang magagawa natin upang matuklasan ang mga kaloob na espirituwal na ibinigay sa atin ng Diyos? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang maaari nating pagbulay-bulayin, ipanalangin, mag-ayuno, basahin ang ating mga basbas partriyakal, sundin ang mga kautusan, at paglingkuran ang iba.) Tingnan din ang sumusunod na siping-banggit.) Ano ang magagawa natin upang linangin at paunlarin ang mga kaloob na espirituwal na ibinigay sa atin?

  Itinuro ni Propetang Joseph Smith na maraming kaloob ng Espiritu, katulad ng karunungan o ang kaloob na makapagpagaling, ay hindi nakikita maliban sa ang mga ito ay kinakailangan. Sinabi niyang, "ito ay nangangailangan ng panahon at pangyayari upang magamit ang mga kaloob na ito" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 246).

- Ano ang magagawa natin upang mahanap ang mga kaloob ng Espiritu? (Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na banal na kasulatan at tukuyin kung ano ang itinuturo ng mga ito hinggil sa paghahanap ng mga kaloob ng Espiritu. (Ibuod ang mga impormasyon sa pisara.)

  a. D at T 46:7, 30. (Humingi sa Diyos at sundin ang patnubay ng Espiritu; tingnan din ang sumusunod na pahayag ni Pangulong George Q. Cannon.)
  b. D at T 46:9. (Hanapin ang mga kaloob para sa kapakinabangan ng iba, hindi para sa mga makasariling kadahilanan.)
  c. D at T 46:31. (Gawin ang lahat ng bagay sa pangalan ni Cristo.)
  d. D at T 46:32. (Pasalamatan ang Diyos sa mga kaloob na Kanyang ibinigay sa atin.)
  e. D at T 46:33. (Patuloy na gumawa ng kabutihan at kabanalan.)

  Itinuro ni Pangulong George Q. Cannon: "Kung sinuman sa atin ang hindi ganap , tungkulin nating manalangin para sa kaloob na magpapaganap sa atin. Mayroon ba akong mga kakulangan? Marami ako nito. Ano ang aking tungkulin? Ang manalangin sa Diyos na bigyan ako ng mga kaloob na magwawasto sa mga kakulangang ito. Kung ako ay magagaliting tao, tungkulin ko na manalangin para sa pag-ibig sa kapwa—tao, na nagtitiis nang matagal at mabait. Ako ba ay mainggiting tao? Tungkulin ko na hanapin ang pag-ibig sa kapwa-tao, na hindi naiinggit. Gayon din naman sa lahat ng kaloob ng Ebanghelyo. Ang mga ito ay inilaan para sa layuning ito. Walang sinumang tao na makapagsasabing, 'Oh, hindi ko mapaglabanan ito; ganito na ako. Hindi siya bibigyang-katwiran dito, sa kadahilanang ipinangako ng Diyos na magbibigay Siya ng lakas upang iwasto ang mga bagay na ito, at magbibigay ng mga kaloob na pupuksa sa mga ito" (*Millenial Star*, ika-23 ng Abr. 1894, 260).

Ipinaliwanag ni Elder Dallin H. Oaks kung paano isinasagawa ng kanyang ina ang alituntunin ng paghahanap sa mga kaloob ng Espiritu: "Dahil namatay ang kanyang asawa, nakadama ng kakulangan ang aking balong ina. Nanalangin siyang mabuti para sa kanyang kinakailangan upang maisagawa ang kanyang responsibilidad na palakihin ang kanyang tatlong maliliit na anak! Siya ay naghanap, siya ay karapat-dapat, at siya ay pinagpala! Ang kanyang mga panalangin ay sinagot sa maraming paraan, kabilang na ang pagtanggap ng mga kaloob na espirituwal. Marami siya nito, subalit ang mga kaloob na lubha kong naaalaala ay ang mga kaloob na pananampalataya, patotoo, at karunungan. Siya ay isang dakilang babae sa Sion" (*Ensign*, Set. 1986, 72).

---

Katapusan

Himukin ang mga miyembro ng klase na hanapin ang mga kaloob ng espiritu at gamitin ang mga ibinigay na kaloob upang paglingkuran ang iba. Kapag binigyang inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa aralin.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ideya bilang karagdagan sa imimungkahing banghay ng aralin.

**1. Paggamit ng mga kaloob na espirituwal upang paglingkuran ang iba.**

Kung may makukuhang larawan ng mga sumusunod, dalhin ang ilan o lahat ng ito sa klase: Isang Batang Babae na Nagtatalumpati sa Simbahan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 607); Ang Obispo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 611); Ipinangangaral ng mga Misyonero ang Ebanghelyo ni Jesucristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 612); Pangangasiwa sa mga Maysakit (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 613); Pagtuturo sa Tahanan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 614); at Paglilingkod sa Isa't Isa (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 615). Isa-isang ipakita ang mga larawan at hilingin sa mga miyembro ng klase na ipaliwanag kung paano ipakikita ng mga pangyayari sa bawat larawan ang pangangailangan para sa mga kaloob ng espiritu.

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isipin ang kanilang mga responsibilidad. Halimbawa, maaari nilang isiping ang kanilang mga responsibilidad bilang mga magulang, kapatid, pinuno ng pagkasaserdote at ng pantulong na samahan, o mga tagapagturo ng tahanan at tagapagturong dumadalaw. Pagkatapos ay hilingin sa kanila na tahimik na pagbulay-bulayin ang sumusunod na tanong: aling mga kaloob ng espiritu ang maaari ninyong hanapin upang mas mabuti ninyong mapaglingkuran ang iba?

**2. Mga karagdagang kaloob na espirituwal**

- Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie: "Ang mga kaloob na espirituwal ay walang katapusan ang bilang at walang hanggan ang anyo. Ang mga nakatala sa inihayag na salita ay mga paglalarawan lamang" (*A New Witness for the Articles of Faith*, 371). Anu-ano pa ang ilang kaloob na espirituwal bilang karagdagan sa mga nakatala sa D at T 46?

  Sinabi ni Elder Marvin J. Ashton ng Korum ng Labindalawa na ang ilang "di-gaanong lantad na kaloob" ay kinabibilangan ng "kaloob na paghingi; ang

kaloob na pakikinig; ang kaloob na pagdinig at paggamit ng isang marahan, banayad na tinig;. . .ang kaloob na pag-iwas sa pagtatalu-talo; ang kaloob na pagiging madaling sang-ayunan; . . . ang kaloob na paghahanap ng matwid; ang kaloob na hindi paghuhusga; ang kaloob na pagbaling sa Diyos para sa patnubay; ang kaloob na pagiging disipulo; at ang kaloob na pangangalaga sa iba; ang kaloob na nakapagbubulay-bulay; ang kaloob na pag-aalay ng panalangin; at ang kaloob na pagbibigay ng malakas na patotoo; ang kaloob na pagtanggap ng Espiritu Santo" (sa Conference Report, Okt. 1987, 23; o *Ensign*, Nob. 1987, 20).

**3. Pagkilala sa mga tunay na kaloob ng Espiritu**

Ipaliwanag na maaaring linlangin ni Satanas ang mga tao sa pamamagitan ng mga huwad na kaloob na espirituwal. Sa pag-aalala hinggil sa mga huwad na pagpapamalas ng mga kaloob na ito sa mga miyembro ng Simbahan, nagtanong si Propetang Joseph Smith sa Panginoon at tumanggap ng paghahayag na nakatala ngayon bilang D at T 50.

Upang tulungan ang mga miyembro ng klase na makilala ang mga tunay at huwad na kaloob na espirituwal, maaari ninyong repasuhin ang D at T 50:17–24. Bigyang-diin na kung ang kaloob ay galing sa Diyos, ito ay magpapasigla at magpapagalak sa atin. Ito ay aakay sa atin na gumawa ng mabuti, na mahalin at paglingkuran ang Diyos, at maniwala kay Cristo. Kung ang espirituwal na pagpapamalas ay hindi nakapagpapasigla, o kung ito ay umaakay sa atin na magkasala, hindi ito galing sa Diyos. Ang paksa na pag-iwas sa panlilinlang at masasamang impluwensiya ay higit na tatalakayin sa aralin 24.

**4. Pagtuturo sa Pamamagitan ng Espiritu**

- Ipaliwanag na ang pagtuturo ng ebanghelyo ay isang kaloob ng Espiritu (Moroni 10:9–10). Pagkatapos ay basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 42:13–14 at 50:17–18. Ano ang ibig sabihin ng magturo sa pamamagitan ng Espiritu? Bakit mahalagang magturo sa pamamagitan ng Espiritu? (tingnan sa 2 Nephi 33:1; D at T 50:21–22; at ang sumusunod na siping-banggit.)

  Inihayag ng *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan*: "Maaaring magturo ang isang tao ng malalalim na katotohanan, at makilahok sa mga nakahihikayat na talakayan ang mga miyembro ng klase, subalit maliban kung naroroon ang Espiritu, ang mga gabay na ito ay hindi titimo nang matindi sa kaluluwa" (*Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at ng Pantulong sa Samahan* [1998], xxx).

- Ano ang magagawa ng mga guro upang anyayahan ang Espiritu kapag sila ay nagtuturo? (Tingnan sa pahina ix ng manwal na ito.) Ano ang magagawa ng mga tinuturuan upang anyayahan ang Espiritu?

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 43:8 at 88:122. Paano maisasagawa ang mga talatang ito sa ating klase sa Panlinggong Paaralan? (Bigyan-diin ang kahalagahan ng pagtatagubilin at pagpapasigla sa isa't isa.) Paano ninyo nakita na nakatulong sa atin ang pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng Espiritu na patibayin ang isa't isa at sama-samang magalak?

**5. “A Man Without Eloquence” na pagtatanghal sa video**

Kung may makukuhang Video Cassette na *Teachings from Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang ang pagpapalabas ng “A Man Without Eloquence,” isang anim na minutong yugto. Kung napagpasiyahan ninyong ipalabas ito, gawin ito sa ikalawa o ikatlong bahagi ng aralin.

Ipaliwanag na ang pagtatanghal ay pagpapakita kung paano tinutulungan ng isang mapagkumbabang guro si Brigham Young na magbalik-loob sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Ito ay nagsimula sa isang halaw mula sa talumpati sa komperensiya na ibinigay ni Pangulong Young, kung saan kanyang itinanong, “Ano ang nakapaghihikayat sa tao?” (sa *Journal of Discourses*, 1:90). Himukin ang mga miyembro ng klase na hanapin ang sagot sa katanungang iyon habang pinanonood nila ang pagtatanghal. Pagkatapos niyon, itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang nakapaghihikayat sa mga tao sa katotohanan ng ebanghelyo?
- Ano ang magagawa natin upang tularan ang halimbawa ni Eleazer Miller sa ating pagtuturo ng ebanghelyo?

Aralin
# 16 “Ihandog ang Inyong Sakramento sa Aking Banal na Araw”

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na mapalakas ang kanilang hangarin na panatilihing banal ang araw ng Sabbath.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 59 at ang iba pang mga banal na kasulatan sa araling ito.
   b. *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Araw ng Sabbath,” pahina 14.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung may makukuhang larawang Nananalangin si Jesus sa Getsemani, ihanda ito para gamitin sa aralin (62175 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 227).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

- Ano ang nadarama ninyo kapag pumapasok kayo sa templo? (Kung ang mga miyembro ng klase ay hindi pa nakapapasok sa templo, itanong kung ano ang inaasahan nilang madama. Sa talakayang ito, paghambingin ang kapaligiran sa templo at ang kapaligiran sa daigdig.)
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 109:13. Ano ang ipinagkaiba ng templo sa iba pang pook? (Pinabanal ito ng Panginoon. Ito ay Kanyang bahay.)
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Genesis 2:1–3. Ipaliwanag na ito ay ulat tungkol sa pagpapasimula ng Panginoon ng Sabbath. Ayon sa ulat na ito, ano ang ipinagkaiba ng Sabbath sa ibang araw? (Pinabanal ito ng Panginoon. Ang Sabbath ay Kanyang araw.)

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa araw ng Sabbath. Bigyang-diin na sa maraming paraan, maaari tayong “makapasok” sa bawat araw ng Sabbath nang may gayunding pagpipitagan na ating nadarama kapag pumapasok tayo sa templo. Maaalaala natin na pinabanal ng Panginoon ang Sabbath at pribelihiyo nating sambahin at paglingkuran Siya sa araw Niyang ito.

Talakayan at Pagsasagawa

Ang araling ito ay naglalaman ng labis na materyal kaysa sa maaaring ituro sa buong oras ng klase. Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainan na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

**1. Pinasimulan ng Panginoon ang Sabbath.**

Ipaliwanag na itinatag ng Diyos ang huwaran para sa Sabbath sa panahon ng Paglikha. Matapos gumawa sa loob ng anim na araw, Siya ay namahinga sa ikapitong araw at pinabanal ito bilang banal na araw (Genesis 2:2–3). Mula noong mga unang panahon, inutusan Niya ang Kanyang mga anak na panatilihing banal ang araw ng Sabbath (*Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Araw ng Sabbath," pahina 14).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Exodo 20:8–11 at 31:13–17. Bigyang-diin na ang kautusang ito ay inulit nang maraming beses sa mga banal na kasulatan (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Araw ng Sabbath", pahina 14). Bakit sa palagay ninyo napakahalaga ng kautusang panatilihing banal ang araw ng Sabbath sa lahat ng panahon?

Sa ating dispensasyon, binigyang-diin muli ng Panginoon ang kahalagahan ng Sabbath. Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, inihayag ng Panginoon na sa araw na ito ay dapat nating iukol ang ating mga panalangin sa Kanya sa pamamagitan ng pagdalo sa simbahan, pagtanggap ng sakramento, at pamamahinga mula sa ating mga gawain (D at T 59:9–13).

**2. Ialay ang mga pananalangin sa Diyos sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya sa mga pulong sa Simbahan tuwing Linggo.**

- Sinabi ng Panginoon, "Kayo ay magtungo sa panalanginan. . .sa aking banal na araw" (D at T 59:9). Bakit sa palagay ninyo mahalaga na magtipon nang sama-sama upang sambahin ang Diyos sa araw ng Sabbath? Paano naging pagpapala sa inyo ang pagdalo sa mga pulong sa Simbahan tuwing Linggo?
- Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na "ang bawat pulong sakramento ay nararapat na maging isang espirituwal na piging" at "sandali ng espirituwal na pagpapanariwa" (*Teachings of Gordon B. Hinckley* [1997], 563, 564). Paano tayo makatutulong na maisakatuparan ito? Paano natin mas espirituwal na mapayayaman ang ating pagdalo sa iba pang pulong tuwing Linggo? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagdalo na may diwa ng pagsamba, hindi pagkahuli sa oras, pag-aaral ng itinakdang materyal ng aralin bago magklase, aktibong pakikilahok, pakikinig na mabuti, pagsisikap na palakasin ang iba, at hindi pamumuna sa mga tagapagsalita o guro.)

  Sinabi ni Spencer W. Kimball, ang ika-12 Pangulo ng Simbahan: "Hindi tayo nagtutungo sa mga pulong sa Sabbath upang malibang o tagubilinan lamang. Dumadalo tayo upang sambahin ang Panginoon. Ito ay responsibilidad ng bawat isa at kahit ano pa ang sabihin sa pulpito, kung hinahangad ng bawat isa na sambahin ang Panginoon sa espiritu at katotohanan, magagawa niya ito sa pamamagitan ng pagdalo sa kanyang mga pulong, pagtanggap ng sakramento, at pagbubulay-bulay sa mga kagandahan ng ebanghelyo. Kung ang pulong ay isang kabiguan sa inyo, kayo ang nagkulang. Wala sinuman ang makasasamba para sa inyo" ("The Sabbath—A Delight," *Ensign*, Ene. 1978, 4–5).

- Ano ang magagawa natin upang maihanda ang ating sarili para sa mga pulong tuwing Linggo? Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na lubos na makinabang mula sa mga pulong tuwing Linggo? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga katanungang ito.)

- Paano napagaganda ng musika ang ating mga pulong tuwing Linggo? (Tingnan sa *Mga Himno*.) Bakit mahalaga na umawit ang bawat isa sa atin ng mga himno? (Tingnan sa D at T 25:12.) Paano kayo pinagpala ng pag-awit ng mga himno?

  Ipinahayag ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa ang pag-aalala na "lumalaki ang bilang ng ating mga pinuno at miyembro na hindi umaawit ng mga awit na pang-kongregasyon." Pagkaraan ay ipinayo niyang, "Dapat nating awitin ang mga awit ng Sion—ang mga ito ay mahahalagang bahagi ng ating pagsamba" (sa Conference Report, Okt., 1991, 29; o *Ensign*, Nob., 1991, 22).

- Paano tayo makabuluhang makalalahok sa mga panalanging pang-kongregasyon sa mga pulong tuwing Linggo?

- Bakit mahalaga ang pagpipitagan sa mga pulong sa Simbahan?

  Sinabi ni Elder Boyd K. Packer na dapat tayong maging mapitagan sa kapilya upang hindi tayo makagambala "kapag ang isang tao ay nagsisikap na makadama ng maseselang espirituwal na pakikipag-ugnayan." Pinagsabihan niya rin tayo na ang pagpipitagan "ay hindi ipinalalagay na ganap na katahimikan. Dapat tayong maging mapagpaubaya sa mga sanggol, maging sa paminsan-minsang pagpapalahaw ng isang paslit na inilalabas sa kongregasyon" (sa Conference Report, Okt., 1991, 28; 0 *Ensign*, Nob., 1991, 22).

  Inilahad ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang isang nakakahiyang pangyayari na kanyang karanasan bilang misyonero:

  "Ginaganap namin ang aming pulong sa . . . gusaling-bayan, na aming inupahan. Ang mga sahig ay magagaspang, at . . . sa bawat paggalaw sa upuan ay nagkakaroon ng ingay. Subalit hindi ito ang pinakamalubhang aspeto ng pangyayari. Ang pinakamalubha ay ang ingay ng pakikipag-usap ng mga miyembro ng sangay sa isa't isa.

  "Minsan inanyayahan namin ang isang mag-anak na aming nakilala habang kami ay naghahanap ng matuturuan. May malaking pag-asam, kami bilang misyonero ay tumayo sa pinto upang malugod silang salubungin. Naroon ang gayunding diwa ng kaguluhan sa gusali, dahil ang mga miyembro ay maingay na nakikipag-usap sa isa't isa. Nang nakapasok na ang mag-anak na ito sa silid, marahan nilang inilipat ang ilang upuan, lumuhod ng ilang sandali, at ipinikit ang kanilang mga mata sa pag-usal ng panalangin. Umupo sila sa kilos na may pagpipitagan sa gitna ng lahat ng pagkakaingay.

  "Sa katotohanan, ako ay napahiya. Sila ay dumating sa ipinalagay nilang isang pulong na pagsamba, at kumilos sila nang naaayon.

  "Sa pagtatapos ng pulong, sila ay tahimik na umalis, at nang sumunod na pagkikita namin, sila ay nagsalita tungkol sa kanilang hindi pagkasiya sa kanilang naranasan. Hindi ko iyon kailanman malilimutan" *(Teachings of Gordon B. Hinckley*, 557).

- Paano natin mapabubuti ang pagpipitagan sa mga pulong sa Simbahan?

**3. Iukol ang mga panalangin sa Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakramento.**

Ipakita ang larawan ni Jesus na nananalangin sa Getsemani.

- Inutusan tayo ng Panginoon na tumanggap ng sakramento sa araw ng Sabbath (D at T 59:9, 12). Bakit mahalaga na tumanggap ng sakramento bawat linggo? (Tingnan sa D at T 59:9; 3 Nephi 18:6–7; at ang sumusunod na siping-banggit.)

  Sinabi ni Elder Joseph B. Wirthlin ng Korum ng Labindalawa: "Ang mga bintana ay kailangang linisin sa tuwina ang alikabok at dumi. . . . Katulad ng mga bintana dito sa mundo na nangangailangan ng palagian, lubusang paglilinis, ay gayundin naman ang ating espirituwal na mga bintana. . . . Sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakramento nang karapat-dapat upang panibaguhin ang ating mga tipan sa pagbibinyag, pinalilinaw natin ang ating pananaw sa walang hanggang layunin ng buhay at sa mga bagay na banal na dapat unahin. Ang mga panalangin ng sakramento ay nag-aanyaya ng personal na pagsusuri, pagsisisi, at muling pagbaling habang ipinangangako natin ang ating kahandahan na alalahanin ang ating Tagapagligtas, na si Jesus na siyang Cristo" (sa Conference Report, Okt., 1995, 103; o *Ensign*, Nob. 1995, 77).

- Paano naging pagpapala sa inyong buhay ang pagtanggap ng sakramento?
- Paano natin maihahanda ang ating sarili na tumanggap ng sakramento? Paano makatutulong ang mga magulang sa kanilang mga anak na maghanda para sa ordenansang ito? (Maaari ninyong talakayin kung paano tutulungan ang mga bata sa magkakaibang saklaw-na-gulang.) Paano makatutulong ang pag-awit ng himno sa sakramento upang maihanda kayo? Paano nakatutulong ang mga panalangin ng sakramento upang maihanda kayo? (Tingnan sa D at T 20:77, 79.)
- Bakit kailangang maging karapat-dapat tayo kapag tumatanggap ng sakramento? (Tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 11:28–29; 3 Nephi 18:29; Mormon 9:29.)
- Paano natin mapananatili ang ating mga isipan at puso na nakatuon kay Jesus habang tumatanggap tayo ng sakramento?
- Paano natin magagawang higit na makabuluhan ang ordenansa ng sakramento sa ating buhay? (Bigyang-diin na ang ordenansang ito ay hindi dapat makasanayan o makagawian lamang.) Paano napalalakas ng pagtanggap ng sakramento ang ating pangako sa Tagapagligtas sa ibang araw ng buong linggo?
- Sa araw ng Sabbath hindi lamang tayo tumatanggap ng sakramento, subalit dapat din nating ialay ang ating sariling sakramento at mga handog sa Panginoon (D at T 59:9; 12). Nangangahulugan ito na dapat tayong gumawa ng mga paghahandog o hain na nagpapakita ng ating pagmamahal sa Kanya. Anu-anong mga hain ang dapat nating ihandog? (Tingnan sa D at T 59:8; talababa *a* para sa D at T 59:12; D at T 64:34; 97:8; at ang sumusunod na siping-banggit.)

  Sinabi Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindawa:

  "Pagkatapos ng kanyang mortal na ministeryo,. . .sinabi ni Jesus sa kanyang mga Nephitang Apostol na hindi na Siya tatanggap pa ng mga handog na sinusunog sa halip ang kanyang mga disipulo ay mag-aalay ng bagbag na puso at nagsisising espiritu. (3 Nephi 9:19–20; tingnan din sa D at T 59:8, 12). Sa

halip na ang ating mga hayop o butil ang hinihingi ng Panginoon, ay ninanais Niya ngayon sa atin na isuko ang lahat ng hindi banal. Ang mas mataas na pagsasagawang ito ng batas ng hain ay umaabot sa kaloob-looban ng kaluluwa ng isang tao. . .

". . . Kapag napaglabanan natin ang ating mga makasariling hangarin at inuna ang Diyos sa ating buhay at nakipagtipan na paglingkuran Siya maging anuman ang katumbas, ipinamumuhay natin kung gayon ang batas ng sakripisyo" ("The Law of Sacrifice," *Ensign*, Okt., 1998, 10–11).

**4. Iukol ang mga pananalangin sa Diyos sa pamamagitan ng pamamahinga mula sa inyong mga gawain.**

- Sa D at T 59:10, inihayag ng Panginoon na dapat tayong "magpahinga mula [sa ating] mga gawain" sa araw ng Sabbath (tingnan sa talata 13). Ano ang ibig sabihin ng magpahinga mula sa ating mga gawain? Paano nagpapakita ng ating pagmamahal sa Diyos ang pamamahinga mula sa ating mga gawain?

- Bilang bahagi ng pamamahinga mula sa ating mga gawain, dapat tayong magpigil sa pagbili o pagtitinda, pagtungo sa mga pook-libangan, at iba pang makamundong interes sa araw ng Sabbath (tingnan sa Isaias 58:13, na binibigyang-pansin ang mga pariralang "[umurong]. . .sa paggawa ng iyong kalayawan" at "hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad"). Anu-anong gawain para sa inyo ang tila nag-aalis sa diwa ng Sabbath? Anu-ano ang ilang makamundong alalahanin ang nakapanghihimasok sa araw ng Sabbath? Paano natin mapalalaya ang ating sarili sa mga alalahaning ito?

  Sinabi ng Namumunong Obispo na si H. David Burton: "Ngayon, nalalaman kong ito ay mahirap, lalung-lalo na sa ating mga kabataan, na piliin na ipangilin ang araw ng Sabbath kapag ang mga koponan sa palakasan kung saan labis nilang hinahangad na makalahok ay may mga palagiang nakatakdang laro tuwing Linggo. Nalalaman ko rin na hindi mahalaga sa marami na nanangangailangan lamang ng ilang bagay sa araw ng Sabbath na panandaliang magtungo sa maliit na tindahan upang bumili sa araw ng Linggo. Subalit nalalaman ko rin na ang pag-alaala na panatilihing banal ang araw ng Sabbath ay isa sa pinakamahalagang kautusan na maisasagawa natin sa paghahanda sa atin na maging mga tagatanggap ng mga inspirasyong dulot ng Espiritu" (sa Conference Report, Okt., 1998, 9; o *Ensign*, Nob., 1998, 9).

- Ang pamamahinga mula sa ating mga gawain ay hindi nangangahulugan na dapat tayong maging tamad. Sa halip, dapat nating sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas at "gumawa ng mabuti sa araw ng Sabbath" (Mateo 12:12; tingnan din sa Lucas 13:10–17; Juan 5:1–19). Anu-anong gawain ang nadarama ninyong mabuting gawin sa araw ng Sabbath? (Itala ang mga tugon sa pisara.) Paano natin mapabubuti ang ating personal na oras ng pagsamba sa araw ng Sabbath?

  Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Ang Sabbath ay banal na araw kung kailan dapat gumawa ng matwid at mga banal na bagay. Ang hindi paggawa at paglilibang ay mahalaga, subalit hindi sapat. Ang Sabbath ay humihingi na ang bawat isa ay magkaroon ng mga nakatutulong na kaisipan at gawa, at kung ang isang tao ay humihilata lamang na walang ginagawa sa araw ng Sabbath, hindi niya ito ipinangingilin. Upang ipangilin ito, ang isang tao ay dapat na nakaluhod sa pananalangin, naghahanda ng mga aralin, pinag-aaralan ang ebanghelyo, nagbubulay-bulay, dinadalaw ang mga

maysakit at namimighati, lumiliham sa mga misyonero, naiidlip, nagbabasa ng maiinam na materyal, at dumadalo sa lahat ng pulong sa araw na iyon kung saan siya ay inaasahang naroroon" (*Ensign*, Ene., 1978, 4).

- Paano natin malalaman kung ano ang karapat-dapat na gawin natin sa araw ng Sabbath? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagtiyak na ang ating mga gawain ay nagpupuri sa Diyos, nakasisiya sa espirituwal, nagpapalakas ng pananampalataya, nagpapalakas sa mag-anak, tumutulong o nagpapala sa iba, at kaiba sa mga pang-araw-araw na gawain ng sanlibutan.)

- Anu-ano ang ilang paraan upang mapalakas natin ang ating mag-anak sa araw ng Sabbath? Paano tutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na matamasa ang Sabbath at mapanatili itong banal? (Tingnan ang mga sumusunod na siping-banggit. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga personal na karanasan na may kaugnayan sa mga katanungang ito. Hamunin ang mga miyembro ng klase na pumili ng tiyak na paraan upang higit nilang mabigyang-kabuluhan ang Sabbath para sa kanilang mga mag-anak.)

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "Hayaang ang mga Banal sa mga Huling Araw ay manatili sa kani-kanilang tahanan, na tinuturuan ang kanilang mag-anak, binabasa ang mga banal na kasulatan, gumagawa ng mga bagay na mabubuti at magaganda at nakikipag-ugnayan sa Panginoon sa araw ng Sabbath" ("Excerpts from Recent Addresses of President Gordon B. Hinckley," *Ensign*, Hulyo 1996, 73).

  Ipinayo rin ni Pangulong Hinckley: "Ngayon, hindi ko nais na maging napakaselan. Hindi ko nais na ikulong ninyo ang inyong mga anak sa bahay at basahan sila ng Biblia sa buong maghapon. Maging matalino. Maging maingat. Subalit gawin ang araw na iyn na araw kung saan makauupo kayong katabi ang inyong mag-anak at makapag-uusap hinggil sa mga banal at mabubuting bagay" (*Teachings of Gordon B. Hinckley*, 559–60).

  Ibinigay ng Unang Panguluhan ang sumusunod na payo nang ipahayag ang pinag-isang iskedyul ng pulong tuwing Linggo noong 1980:

  "Iaatang ang higit na malaking responsibilidad sa bawat miyembro at mag-anak para sa tamang pangingilin sa araw ng Sabbath. Mas maraming oras ang magugugol para sa personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pag-aaral ng ebanghelyo ng mag-anak. . .

  "Inaasahan na ang bagong iskedyul na ito ng mga pulong at gawain ay magbubunga ng mas malaking espirituwal na pag-unlad para sa mga miyembro ng Simbahan" (*Church News*, ika-2 ng Peb., 1980, 3).

- Ang Sabbath ay dapat na araw ng panalangin (D at T 59:14). Sa anu-anong paraan tayo maaaring maging mas madasalin sa araw na ito? Paano natin magagawang higit na makabuluhan ang ating mga panalangin?

- Anu-ano ang ilang hamon upang maging makabuluhan ang araw ng Sabbath katulad ng inyong ninanais? Anu-ano ang inyong ginagawa upang mapagtagumpayan ang mga hamong ito? Paano nakatutulong sa inyo ang maingat na pagpaplano na alisin o mapangasiwaan ang mga hamong ito?

**5. Pinagpapala ng Panginoon ang mga nagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath.**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 59:9, 13, 15–17. Anong mga pagpapala ang ipinangako ng Panginoon sa mga nagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath? (Itala ang mga sagot sa pisara.)
- Paano nakatutulong sa atin ang pangingilin sa araw ng Sabbath upang maging "walang bahid-dungis mula sa sanlibutan"? D at T 59:9; maaaring ibilang sa mga sagot ang nakatutulong ito sa atin na magsisi, panibaguhin ang ating mga tipan sa pagbibinyag, at ituon ang ating isipan sa Diyos at sa mga bagay na may walang hanggang kahalagahan sa halip na sa mga bagay ng sanlibutan).
- Paano nakatutulong sa atin ang pangingilin sa araw ng Sabbath upang matanggap ang lubos na kagalakan, katulad ng ipinangako ng Panginoon sa D at T 59:13? Paano makatutulong sa inyo ang wastong pangingilin sa araw ng Sabbath upang inyong madama na kayo ay napalakas sa pisikal at espirituwal? Paano ito nakatulong sa inyo na maging kapaki-pakinabang sa ibang araw ng buong linggo?
- Ipinangako ng Panginoon na ang mga ipinangingilin ang Sabbath ay matatanggap "ang kabuuan ng mundo" at "ang mabubuting bagay. . .sa lupa" (D at T 59:16–17; tingnan din sa Isaias 58:14). Paano ninyo nakitang natupad ang pangakong ito?
- Anu-ano ang ilan pang paraan na kayo at ang inyong mag-anak ay pinagpapala habang pinananatili ninyong banal ang araw ng Sabbath?
- Inihayag ng Panginoon na ang Sabbath ay dapat na araw ng "kagalakan" (D at T 59:14). Sinabi ni Isaias na dapat nating "tawagin ang Sabbath na kaluguran" (Isaias 58:13). Ang Sabbath ba ay tila naging araw ng mga pagbabawal kaysa kaluguran sa inyo? Paano natin magagawang araw ng kagalakan at "kaluguran" ang araw ng Sabbath sa ating buhay? (Ang isang paraan ay sa pamamagitan ng pagtuon sa nararapat nating gawin sa halip na sa hindi natin nararapat gawin.)

---

Katapusan

Himukin ang mga miyembro ng klase na suriin kung paano nila mapabubuti ang kanilang pangingilin sa araw ng Sabbath. Magpatotoo na habang pinananatili nilang banal ang araw na ito, pagpapalain sila ng Panginoon ng karagdagang espirituwal na lakas at kagalakan.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Mga mungkahi upang tulungan ang mga kailangang magtrabaho sa araw ng Linggo.**

Ipaliwanag na dapat na lubos na magsikap ang mga miyembro ng Simbahan na pumili ng mapapasukan na hindi mangangailangan na gumawa sila sa araw ng Linggo. Magtanong kung sino sa mga miyembro ng klase ang nakaalaala ng gayong panahon sa kanilang buhay o sa ibang miyembro ng mag-anak. Talakayin kung paano mapananatili hangga't maaari ang diwa ng Sabbath sa mga

pangyayaring ito. Imungkahi na sabihin ng mga miyembro ng klase sa kanilang mga pinaglilingkuran ang tungkol sa kanilang hangarin na panatilihing banal ang araw ng Sabbath. (Kung kayo ay nagtuturo sa mga kabataan, tingnan ang pamplet na *Para sa Lakas ng Kabataan*, mga pahina 20–21 [34285 893].)

**2. Sama-sama tayong pinagpapala ng Panginoon habang pinananatili nating banal ang araw ng Sabbath.**

Bukod sa pagpapala sa bawat isa sa atin habang pinananatili nating banal ang araw ng Sabbath, sama-sama rin tayong pinagpapala ng Panginoon. Halimbawa, maaari Niya tayong pagpalain bilang isang simbahan o isang komunidad. Ito ay nagbibigay-diin na kailangan nating magkaisa sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath.

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang pangatlong talata sa ilalim ng pamagat na “Araw ng Sabbath” sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Anu-ano ang ibubunga ng pagwawalang-bahala sa pangingilin sa araw ng Sabbath? Paano nakinibang o pinagkaitan ng mga biyaya ang inyong sariling komunidad batay sa pangingilin sa araw ng Sabbath?

Aralin
# 17

# Ang Batas ng Ikapu at ang Batas ng Ayuno

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na mapalakas ang kanilang hangarin na magbayad ng buong ikapu at ipamuhay ang batas ng ayuno.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:
   a. Doktrina at mga Tipan 59:13–14, 21; 119; 120.
   b. Isaias 58:6–12; Malakias 3:18–12 o 3 Nephi 24:8–12. Mateo 6:16–18 o 3 Nephi 13:16–18 (mga karagdagang banal na kasulatan).
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng isang piraso ng pera sa klase.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang isang piraso na salapi.

- Ano ang maaaring katawanin ng salaping ito?

Pahintulutan ang mga miyembro ng klase na maikling magmungkahi ng mga sagot. At pagkatapos ay bigyang-diin na paano man gamitin ang salapi, ito ay maaaring kumatawan sa lubos na magkakaibang bagay at konsepto. Halimbawa, ito ay maaaring kumatawan sa mga pag-aaring materyal, kapangyarihan, kasakiman, o mga payak na pangangailangan ng buhay.

Upang matapos ang talakayang ito, bigyang-diin na kung ang salapi ay ginagamit sa tiyak na paraan, maging sa maliliit na halaga, ito ay maaaring kumatawan sa ating hangarin na tumulong sa pagtatatag ng hangarin ng Diyos. Ito ay maaaring kumatawan sa ating pagmamalasakit para sa iba. At ito ay maaaring kumatawan sa ating pananampalataya, pagsunod, at pagmamahal sa Panginoon. Ipaliwanag na ang araling ito ay tumatalakay kung paano natin maitatatag ang kaharian at paglingkuran ang iba sa pamamagitan ng pagbabayad ng ikapu at mga handog mula sa ayuno.

Talakayan at Pagsasagawa

Ang araling ito ay naglalaman ng maraming materyal na hindi maituturo sa isang pagkaklase lamang. Piliin nang may panalangin ang mga materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

1. **Inutusan tayo ng Panginoon na magbayad ng ikapu. Siya ay nangako ng mga dakilang pagpapala sa mga sumusunod sa kautusang ito.**

*Ang kahulugan ng ikapu sa Panginoon*

- Nakatanggap si Propetang Joseph Smith ng isang pahahayag tungkol sa ikapu noong ika-8 ng Hulyo 1838 sa Far West, Missouri. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 119:3–4. Ano ang kahulugan ng ikapu sa Panginoon na ipinahayag sa mga talatang ito?

  Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung ano ang bumubuo sa buong ikapu, ibahagi ang mga sumusunod na pahayag:

  Nagbigay ang Unang Panguluhan ng sumusunod na kahulugan ng ikapu: "Ang pinakapayak na pahayag na nalalaman namin ay ang pahayag ng Panginoon mismo, alalaong baga'y, na ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat magbayad ng 'ikasampung bahagi ng kanilang tinubo taun-taon,' na nauunawaang ang ibig sabihin nito ay kita. Walang sinuman ang mabibigyang-katwiran sa paggawa ng iba pang pahayag maliban dito" (liham ng Unang Panguluhan, ika-19 ng Mar., 1970).

  Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph Fielding Smith ng Korum ng Labindalawa: "Kamangha-mangha na kayraming dahilan ang nagagawa at ibinibigay na mga pagpapakahulugan kung ano ang binubuo ng ikasampu . . . Nasusulat, gayunpaman, na habang sinusukat natin ang mga ito ay susukatin muli sa atin. Kung tayo ay maramot sa Panginoon maaaring maging maramot din siya sa atin, o sa madaling salita, ipagkakait ang kanyang mga pagpapala" (*Church History and Modern Revelation*, 2 tomo [1953], 2:92).

*Ang mga pangako ng Panginoon sa mga nagbabayad ng ikapu*

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Malakias 3:8–9 o 3 Nephi 24:8–9. Sa anu-anong paraan natin "ninanakawan . . . ang Diyos" kung hindi tayo nagbabayad ng ikapu at mga handog mula sa ayuno? (Maaari ninyong ipabasa sa mga miyembro ng klase ang D at T 59:21 at 104:14 habang tinatalakay nila ang tanong na ito.)

- Basahin ang Malakias 3:10–12 o 3 Nephi 24:10–12 sa mga miyembro ng klase. Ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga nagbabayad ng ikapu? (Itala ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara.)

  Nangusap si Elder John A. Widstoe ng Korum ng Labindalawa tungkol sa mga pagpapalang espirituwal na dumarating kapag nagbabayad tayo ng ikapu:

  "Ang mga nagbabayad ng ikapu ay nagtatatag ng pakikipag-ugnayan sa Panginoon. Ito ang pinakamasayang gantimpala. Ang pagsunod sa batas ng ikapu, katulad ng iba pang batas, ay nagdadala ng masidhing kagalakan sa kalooban, isang kasiyahan at pagkaunawa na hindi makukuha sa iba pang paraan. Ang tao, sa katunayan ay nagiging katuwang, bagama't abang tao, ng Panginoon sa napakalaki, at walang hanggang programa na itinatag para sa kaligtasan ng tao. Nagiging mas malinaw na nauunawaan ang mga alituntunin ng katotohanan; ang pamumuhay sa mga ito ay mas madaling naisasakatuparan. Isang bagong pagkamalapit ang naitatag sa pagitan ng tao at ng kanyang Tagapaglikha. Ang pananalangin ay mas nagiging madali. Umuurong ang pag-aalinlangan; lumalaki ang pananampalataya; ang katiyakan at katapangan ay nagpapasigla sa kaluluwa. Napatatalas ang

espirituwal na pandama; ang walang hanggang tinig ay naririnig nang mas malinaw. Ang tao ay nagiging higit na katulad ng kanyang Ama sa Langit" (sa *Deseret News,* ika-16 ng Mayo 1936, Church Section, 5).

Ang sumusunod na kuwento, na isinalaysay ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawa, ay naglalarawan kung paano tayo makatatanggap ng mga pagpapalang temporal habang nagbabayad tayo ng ikapu:

"Noong panahon ng Ika-II Digmaang Pandaigdig, itinaguyod ng aking balong ina ang kanyang tatlong batang anak sa kakaunting kita ng isang guro sa paaralan. Nang magkaroon ako ng kamalayan na nabubuhay kami nang hindi nagtatamasa ng ilang maiinam na bagay dahil sa wala kaming sapat na salapi, tinanong ko ang aking ina kung bakit siya nagbabayad nang marami sa kanyang kita bilang ikapu. Hindi ko kailanman malilimutan ang kanyang paliwanag: 'Dallin, marahil may ilang tao na nakapamumuhay nang hindi nagbabayad ng ikapu, subalit hindi tayo. Pinili tayo ng Pangnoon na kunin ang inyong ama at iwanan ako upang palakihin kayong mga anak. Hindi ko ito magagawa nang walang mga pagpapala ng Panginoon, at natatamo ko ang mga pagpapalang iyon kapag nagbabayad ako ng aking ikapu, natatamo ko ang pangako ng Panginoon na pagpapalain niya tayo, at kailangang mapasaatin ang mga pagpapalang iyon upang mabuhay" (sa Conference Report, Abr. 1994, 43–44; o *Ensign*, Mayo 1994, 33).

- Paano kayo nabiyayaan habang ipinamumuhay ninyo ang batas ng ikapu? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isalaysay kung paano sila espirituwal o temporal na nabiyayaan.)

*Mga dahilan sa pagbabayad ng ikapu*

Bigyang-diin na dapat tayong magbayad ng ikapu dahil mahal natin ang Panginoon at may pananampalataya tayo sa kanya, hindi lamang sa dahilang kailangan natin ng mga biyaya.

- Paano ipinakikita ng pagbabayad ng ikapu ang ating pagmamahal sa Panginoon? Paano ito nakaaapekto sa ating pakikipag-ugnayan sa Kanya?
- Sinabi ni Elder Joseph B. Wirthlin ng Korum ng Labindalawa na "ang pagbabayad ng ikapu ay walang gaanong kinalaman sa salapi, sa halip mas may kinalaman ito sa pananampalataya" (sa Conference Report, Abr., 1990, 40; o *Ensign*, Mayo 1990, 32). Paanong mas may higit na kinalaman ang ikapu tungkol sa pananampalataya kaysa sa salapi?
- Bakit kung minsan ang pagbabayad ng ikapu ay isang hamon? Ano ang magagawa natin upang mapagtagumpayan ang hamong iyon? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magsalaysay ng mga pangyayari kung saan sila o ang isang kakilala nila ay kailangang pagtagumpayan ang mga hamon upang makapagbayad ng ikapu.)

*Paggamit ng mga pondo ng ikapu*

- Sino ang nakaaalam kung paano gagamitin ang mga pondo ng ikapu? (Tingnan sa D at T 120. Pansinin na sa pahayag na ito, ang pariralang "ang obispo at ng kanyang kapulungan" ay tumutukoy sa Namumunong Obispado. Ang pariralang "mataas na kapulungan" ay tumutukoy sa Kurom ng Labindalawang Apostol. Ang Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawa at Namumunong Obispado ang bumubuo ng Kapulungan sa Pamamahagi ng mga Ikapu.)

Nangusap si Pangulong Gordon B. Hinckley tungkol sa matinding paggalang na mayroon ang Kapulungan sa Pamamahagi ng mga Ikapu para sa mga pondo ng ikapu:

"Inilagay ko sa *ordenanza* sa likuran ng aking mesa ang lepta ng isang balo na ibinigay sa akin sa Jerusalem maraming taon na ang lumipas bilang isang paalaala, isang palagiang paalaala, ng kabanalan ng mga pondo na kailangan nating ingatan. Ang mga ito ay nanggaling sa balo; ang mga ito ay kanyang handog gayundin ang ikapu ng mayamang lalaki, at dapat gamitin ang mga ito nang may pag-iingat at mabuting pagpapasiya para sa mga layunin ng Panginoon. Iniingatan natin at pinangangalagaan ang mga ito at hangga't maaari ay sinisikap nating gawin ang lahat ng paraan upang matiyak na ang mga ito ay ginagamit katulad ng nadarama nating nais ng Panginoon na gamitin ang mga ito para sa pagpapalaganap ng Kanyang gawain at sa ikabubuti ng mga tao" (sa Conference Report, Okt., 1996, 69; o *Ensign*, Nob. 1996, 50).

- Anu-ano ang gamit ng mga pondo ng ikapu?

  Ipinaliwanag ni Elder Dallin H. Oaks: "Ang mga pondo [ng Ikapu] ay ginugugol upang magpatayo at mangalaga sa mga templo at bahay-sambahan, upang pangasiwaan ang ating gawaing misyonero sa buong daigdig, upang maisalin at mailathala ang mga banal na kasulatan, upang maglaan ng mga mapagkukunang materyal, upang matubos ang mga patay, upang gugulan ang mga edukasyong pangrelihiyon, at upang suportahan ang iba pang layunin ng Simbahan na pinili ng mga itinalagang tagapaglingkod ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1994, 46; o *Ensign*, Mayo 1994, 35).

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pagbulay-bulayin ang pahayag ni Elder Oaks at isipin kung paano sila pinagpala dahil sa mga templo, bahay-pulungan, gawaing misyonero, mga banal na kasulatan, ang gawain upang tubusin ang mga patay, at seminary o institute. Bigyang-diin na ang mga pinakadakilang pagpapala na matatanggap natin ay tuwirang nakaugnay sa pagsunod sa batas ng ikapu. Habang pinagbubulay-bulay natin ang mga pagpapalang ito, matitiyak natin na tunay na ang Panginoon ay "bubuksan . . . ang mga durungawan ng langit, at ihuhulog . . . ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10; tingnan din sa 3 Nephi 24:10).

**2. Inutusan tayo ng Panginoon na mag-ayuno at magbayad ng mga handog mula sa ayuno nang bukas-palad.**

Ipaliwanag na ang isa pang batas na ipinanumbalik ng Panginoon sa mga huling araw ay ang batas ng ayuno. Sa pagsunod sa batas na ito, nag-aayuno tayo bilang isang Simbahan isang beses sa bawat buwan, karaniwang sa unang Linggo ng buwan. Tinagubilinan tayo na ang wastong pagsasakatuparan ng araw ng pag-aayuno ay kinabibilangan ng hindi pagkain at pag-inom sa dalawang magkasunod na oras ng pagkain at pagdalo sa pulong sa pag-aayuno at pagpapatotoo. Maaari ninyong bigyang-diin na bilang karagdagan sa pag-aayuno sa mga araw ng ayuno, maaari tayong mag-ayuno sa naaangkop na haba ng oras kailanma't nadama nating kailangang-kailangang gawin ang gayon.

Bigyang-diin na ang pag-aayuno ay higit pa sa simpleng hindi pagkain. Ang pag-aayuno ay maaaring maging masayang karanasan kapag nag-aayuno tayo nang may layunin, naghahanda para sa pag-aayuno, at nananalangin. Isulat sa pisara ang *Layunin, Paghahanda*, *Pananalangin*.

- Anu-ano ang ilang layunin sa pag-aayuno? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang maaari tayong mag-ayuno upang mas mapalapit sa Panginoon, makatanggap ng patnubay, maragdagan ang ating espirituwal na lakas, magpakumbaba ng ating sarili, ipasailalim ang mga hilig ng ating mga katawan sa ating espiritu, mapaglabanan ang tukso o kahinaan, mapalakas ang ating mga patotoo, at hilingin sa Panginoon na pagpalain ang iba.) Sa anu-anong paraan nakaragdag ng kabuluhan ang pag-aayuno nang may layunin sa inyong mga ayuno?
- Anu-ano ang ilang bagay na magagawa natin upang makapaghanda na mag-ayuno? Sa anu-anong paraan higit na makabuluhan ang ating pag-aayuno kapag naghanda tayo para rito?
- Dapat tayong manalangin sa simula ng pag-aayuno, kapag nag-aayuno na, at sa katapusan ng pag-aayuno. Bakit mahalaga na manalangin kapag tayo ay nag-aayuno?
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 59:13–14 at Mateo 6:16–18 o 3 Nephi 13:16–18. Ayon sa mga banal na kasulatan na ito, ano ang dapat nating ikilos kapag tayo ay nag-aayuno? Sa palagay ninyo, bakit itinuturing na ang pag-aayuno ay kagalakan at pagsasaya? Ano ang inyong ginagawa upang maging masayang karanasan ang pag-aayuno?

Ipaliwanang na sa linggo ng pag-aayuno, ang wastong pag-aayuno ay kinabibilangan ng pagbibigay ng handog mula sa ayuno nang bukas-palad upang makatulong sa pangangalaga sa mga nangangailangan. Ang mga handog mula sa ayuno ay unang ginagamit upang tulungan ang mga nasa purok o istaka kung saan naninirahan ang mga miyembro. Maaaring gamitin ng mga obispo ang mga pondong ito upang maglaan ng pagkain, bahay, damit, at iba pang tulong na nakapagtataguyod ng buhay sa mga nangangailangan.

- Bakit ang pagbibigay ng mga handog mula sa ayuno ay mahalagang bahagi sa pamumuhay sa batas ng ayuno? (Maaaring kabilang sa mga sagot na sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga handog mula sa ayuno, napaglilingkuran natin ang iba at naipakikita ang pagmamahal sa mga nangangailangan.)
- Gaano tayo kabukas-palad kapag nagbabayad tayo ng mga handog nula sa ayuno?

  Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Kung magkaminsan tayo ay medyo maramot [hindi bukas-palad na magbahagi] at iniisip na mayroon tayong almusal na isang itlog at iyon ay nagkakahalaga na ng napakaraming sentimo at pagkatapos iyon ang ibinibigay natin sa Panginoon. Sa palagay ko kapag tayo ay masagana, katulad ng marami sa atin, tayo ay nararapat na maging lubos na bukas-palad . . . at magbigay, sa halip na ang halagang naipon lamang natin mula sa ating pag-aayuno sa dalawang magkasunod na oras ng pagkain, marahil ay higit at higit pa—sampung ulit na higit pa kapag nasa kalagayan tayong magawa ito" (sa Conference Report, Abr. 1974, 184).
- Anu-ano ang ilang ibubunga ng bukas-palad na pagbabayad natin ng mga handog mula sa ayuno? (Tingnan sa Isaias 58:6–7 at ang sumusunod na siping-banggit.)

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Isipin . . . kung ano ang mangyayari kung ang mga alituntunin ng araw ng ayuno at handog mula sa ayuno ay isinasagawa sa buong daigdig. Ang mga nagugutom ay mapapakain, ang mga

hubad ay madaramitan, ang mga walang tahanan ay mabibigyan ng tahanan. Ang pasanin nating buwis ay mapagagaan. Ang nagbibigay ay hindi maghihirap kundi sa halip ay pagpapalain sa pamamagitan ng kanyang kaunting pangingilin. Isang panibagong sukatan ng pag-aalala at pagiging mapagbigay ang sisibol sa puso ng mga tao saanman (sa Conference Report, Abr. 1991, 73; o *Ensign*, Mayo 1991, 52–53).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Isaias 58:8–12. Ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga sumusunod sa batas ng ayuno? Sa anu-anong paraan nakatulong sa inyo ang pag-aayuno? Ano ang magagawa natin upang mas maging masigasig sa pamumuhay ng batas ng ayuno?

---

Katapusan

Bigyang-diin na kapag tapat tayong nagbabayad ng ikapu ay nag-aambag tayo sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos. Ang pagbibigay ng mga handog mula sa ayuno nang bukas palad ay isang paraan na maipakikita natin na tayo ay mga disipulo ng Tagapagligtas, na nagsasabing, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40).

Himukin ang mga miyembro ng klase na magbayad ng tapat na ikapu at ipamuhay ang batas ng ayuno. Magpatotoo sa inspirasyon ng Espiritu.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

### 1. Mga Pangkatang Talakayan at Paglalahad

Hatiin ang mga miyembro ng klase sa apat na maliit na grupo. Atasan ang bawat grupo na maghanda ng isang paglalahad batay sa mga talata sa mga banal na kasulatan at tanong sa bawat bahagi ng aralin.

### 2. Ginagawa nating unang obligasyon sa pananalapi ang mga ikapu at handog

Ibahagi ang sumusunod na payo mula kay Elder Marvin J. Ashton ng Korum ng Labindalawa:

"Ang matagumpay na pangangasiwa sa pananalapi sa bawat tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagsisimula sa matapat na pagbabayad ng ikapu. Kung ang ating ikapu at mga handog mula sa ayuno ang mga unang obligasyon na natugunan kasunod ng pagtanggap ng bawat suweldo, ang ating pangako sa mahalagang alituntuning ito ng ebanghelyo ay mapalalakas at ang malamang na di-mabuting pangangasiwang pananalapi ay mababawasan. Ang kaagad na pagbabayad ng ikapu sa Kanya na hindi dumarating upang magsiyasat bawat buwan ay magtuturo sa atin at sa ating mga anak na maging mas matapat sa mga taong nakakaugnayan natin" (*One for the Money: Guide to the Family Finance* [polyeto, 1992], 3).

### 3. Nagbibigay sa halip na tumatanggap

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng isang papel at bolpen o lapis. Atasan silang itala ang mga paraan ng karaniwang paggugol ng kanilang salapi.

Hamunin sila na sumulat ng talaan tungkol sa kanilang kinagawiang paggugol para sa susunod na buwan at pagkatapos ay suriin kung gaano sila kabukas-palad sa mga taong nangangailangan.

- Paano makatutulong ang mga kabataan sa Simbahan sa mga maralita at mga nangangailangan? (Kung nagtuturo kayo sa mga kabataan, himukin sila na maglingkod at magbayad ng mga handog mula sa ayuno. Maaari rin ninyong bigyang-diin na madalas tulungan ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang obispo sa mga bagay na temporal katulad ng pagkuha ng mga handog mula sa ayuno.) Ano ang magagawa ng mga magulang upang mahikayat ang kanilang mga anak na tumulong sa mga maralita at nangangailangan?

**4. "Iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya" (II Mga Taga Corinto 9:7)**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang II Mga Taga Corinto 9:6–8. Paano natin susundin ang payong ito sa ating pagbabayad ng mga ikapu at handog? Bakit ang ating mga ugali at panggaganyak ay mahalaga kapag nagbabayad tayo ng mga ikapu at handog mula sa ayuno?

**5. Pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas sa ating pag-aayuno**

Ipaliwanag na marami tayong matututuhan mula sa halimbawa ng Tagapagligtas nang Siya ay mag-ayuno sa ilang:

a. Nang mag-ayuno si Jesus, "inilahad sa Pagsasalin ni Joseph Smith na siya ay nakipag-ugnayan sa Diyos" (tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 4:2). Para sa atin, ang pag-aayuno ay panahon ng pakikipag-ugnayan sa Diyos.

b. Nang matapos ang Kanyang pag-aayuno, napaglabanan ng Tagapagligtas ang mga tukso ni Satanas at "bumalik . . . sa Galilea . . . sa kapangyarihan ng Espiritu" (Lucas 4:2–14, tingnan din sa Mateo 4:3–11). Sa pamamagitan ng pag-aayuno, magtatamo tayo ng kalakasang espirituwal.

**6. Pag-aayuno upang ipakita ang ating pasasalamat**

Sa isang talumpati sa pangkalahatang komperensiya, binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang isang liham na isinulat ng isang babae na ipinakikita ang kanyang pasasalamat sa Panginoon. Sinabi ng sumulat ng liham, "Ang halos lahat ng aking pag-aayuno ay mga ayuno ng 'pasasalamat'" (sa Conference Report, Okt. 1994, 75; o *Ensign*, Nob. 1994, 54). Ibahagi ang sumusunod na halimbawa ng ayuno ng "pasasalamat":

Noong ika-26 ng Disyembre 1842 sa Nauvoo, Illinois, hinuli nang hindi makatwiran si Propetang Joseph Smith at iniharap sa Springfield, Illinois. Ang mga kaso laban sa kanya ay pinawalang-saysay noong ika-6 ng Enero 1843, na pinahihintulutan siyang bumalik sa Nauvoo. Upang magdiwang, itinalaga ng Korum ng Labindalawa ang "isang araw ng pagpapakumbaba, pag-aayuno, papuri, pananalangin, at pasasalamat" (*History of the Church*, 5:209, 244, 248).

Isang ina ang nag-aalala na ang kanyang anak na lalaki, na magmimisyon, ay hindi sapat na malakas ang patotoo upang makapagpapatuloy ito sa mahihirap na panahon na maaari nitong makaharap. Pagkatapos ay nakatanggap siya ng mga balita tungkol sa tagumpay nito sa kanyang misyon. May marubdob na pasasalamat, siya ay nag-ayuno na may natatanging layunin na magpasalamat sa

Panginoon dahil hinangad ng kanyang anak na maging katangi-tanging misyonero. Nang malaman ng kanyang anak ang pag-aayuno ng pasasalamat ng kanyang ina, siya ay nangakong mas masigasig na gagawa pa upang maging misyonerong pinapangarap ng kanyang ina.

Hilingin sa mga miyembro ng klase na pagbulay-bulayin ang magiging damdamin nila kung mag-aayuno sila nang may natatanging layunin na ipakita ang pasasalamat sa Panginoon. Imungkahi na ilaan ang susunod na ayuno ng pagpapasalamat sa Panginoon. Himukin sila na isulat ang tungkol sa kanilang karanasan sa kanilang mga talaarawan.

**7. Mga Pagtatanghal ng Video**

Kung may makukuhang *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912), isaalang-alang ang pagpapalabas ng “Windows of Heaven,” isang 11 minutong yugto, sa oras ng pagtalakay sa ikapu.

Kung may makukuhang *Karagdagang Video ng Gabing Pantahanan ng Mag-anak*, (5x736 893), isaalang-alang ang pagpapalabas ng “Ang Batas ng Ayuno,” isang 4 na minutong bahagi.

Aralin

# 18

# “Magtayo ng . . . Isang Bahay ng Diyos”

---

**Layunin**

Tulungan ang miyembro ng klase na maunawaan ang kahalagahan ng mga templo at himukin sila na hangarin ang mga pagpapala sa templo sa kani-kanilang buhay.

---

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang materyal:

   a. Doktrina at mga Tipan 95; 109; 110.

   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 39–42.

2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.

3. Kung makukuha ang sumusunod na materyal, ihanda ang mga ito upang gamitin sa aralin: Mga larawan ng Templo sa Kirtland (62431 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 500) at ng iba pang templo.

4. Maghanda na ipaawit sa mga miyembro ng klase “Ang Espiritu ng Diyos” kung pinaplano ninyong gamitin ito sa aralin (*Mga Himno*). O atasan ang isang miyembro o grupo ng mga miyembro na maghanda upang awitin ito.

---

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat ang mga sumusunod na tanong sa pisara nang sa gayon ay makita ang mga ito ng mga miyembro ng klase sa kanilang pagpasok sa silid-aralan:

*Ilang templo ang naitayo ng mga pinagtipanang tao ng Panginoon bago sumapit ang dispensasyong ito?*

*Ilang templo ang naitayo o naiplano noong kapanahunan ni Propetang Joseph Smith?*

Bagama’t hindi hinihiling na talakayin ang mga katanungang ito, ipaliwanag na apat lamang ang alam nating templo na naitayo ng mga pinagtipanang tao ng Panginoon bago sumapit ang dispensasyong ito. Ang una ay ang templong itinayo at kilala sa magkaibang panahon bilang templo ni Zorababel at ang templo ni Herod (*Gabay sa mga Banal na Kasulatan* “Templo, Bahay ng Panginoon,” 246–247). Ang tatlong iba pa ay binanggit sa Aklat ni Mormon: ang templong itinayo ni Nephi (2 Nephi 5:16), ang templo sa lupain ng Zarahemla kung saan ibinigay ni Haring Benjamin ang kanyang huling talumpati (Mosias 1:10; 2:1), at ang templo sa lupaing Masagana kung saan nagtipon ang mga tao bago ang pagpapakita ng nabuhay na mag-uling Panginoon (3 Nephi 11:1).

Ipaliwanag na limang templo ang itinayo noong kapanahunan ni Propetang Joseph Smith: sa Kirtland, Independence, Far West, Adam-Ondi-Ahman, at Nauvoo.

- Ilang templo ang kasalukuyang itinatayo o ginagawa pa lamang?

Bigyang-diin na si Propetang Joseph Smith ay tagapagtayo ng templo. Sa pamamagitan niya natupad ang propesiya ni Malakias tungkol sa pagbabalik ni Elijah (Malakias 4:5–6; D at T 110:13–16). Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagpapatuloy sa pagiging simbahan na nagtatayo ng templo.

Ang araling ito ay tumatalakay sa Templo sa Kirtland, ang unang templong itinayo sa dispensasyong ito.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Ang araling ito ay naglalaman ng maraming materyal na hindi maituturo sa isang oras lamang ng klase. Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

**1. Iniutos ng Panginoon sa mga Banal na itayo ang Templo sa Kirtland.**

Ituro at talakayin ang D at T 95. Ipaliwanag na ang mga templo ay mahalagang bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo. Noong Disyembre 1832, iniutos ng Panginoon sa mga Banal na magtayo ng templo sa Kirtland, Ohio (D at T 88:119; 109:2; ipakita ang larawan ng Templo sa Kirtland). Limang buwan ang lumipas, nakagawa lamang ng kakaunti ang mga Banal upang tuparin ang utos na ito, kaya't hiningi ng Panginoon na sila ay magsisi at dalian ang kanilang paggawa (D at T 95). Pagkaraan ng apat na araw, ang mga kalalakihan, ay nagsimulang magtibag ng bato at humukay ng mga kanal sa paghahanda para sa pagtatayo ng templo.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 95:3–4, 8–9, 16–17; 109:5, 8. Ano ang itinuro ng mga talatang ito tungkol sa mga layunin ng pagtatayo ng Templo sa Kirtland? (Ibuod ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Ipaliwanag na ang Templo sa Kirtland ay hindi katulad ng mga templo sa ngayon, kung saan ang mga nakapagliligtas na ordenansa ay isinasagawa para sa mga buhay at sa mga patay. Ipinanumbalik ng Panginoon ang ordenansa sa templo makalipas ang ilang taon habang ang mga Banal ay nasa Nauvoo.)
- Ano ang inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith tungkol sa kung paano itatayo ang Templo sa Kirtland? (Tingnan sa D at T 95:13–17 at ang sumusunod na siping-banggit.)

  Iminungkahi ng ilang manggagawa na itatayo nila ang templo na yari sa mga kahoy o tabla. Subalit tumugon si Joseph Smith: "Tayo ba. . .ay magtatayo ng isang bahay para sa ating Diyos, na yari sa mga kahoy? Hindi . . . ako ay may plano ng bahay ng Panginoon, na ibinigay niya mismo, at makikita ninyo kinalaunan, ang kaibahan ng ating paglilimi at ng kanyang ideya tungkol sa mga bagay" (sinipi sa *History of Joseph Smith*, ni Lucy Mack Smith, pinamatnugutan ni Preston Nibley [1958], 230).

  Inihayag ng Panginoon ang Kanyang plano para sa Templo sa Kirtland sa isang pangitain ng Unang Panguluhan (sina Joseph Smith, Sidney Rigdon, at

Frederick G. Williams). Sinabi ni Pangulong Frederick G. Williams na sama-sama silang lumuhod sa panalangin, at isang modelo ng gusali "ang lumitaw sa layong sapat upang matanaw. . . . Matapos naming mamasdang mabuti ang labas ng gusali, ang gusali na wari ay papalapit sa amin. "Nang matapos na ang templo, sinabi ni Frederick G. Williams na ito ay katulad na katulad ng ipinakita sa pangitain. (Sa *The Revelation of the Propet Joseph Smith*, tinipon ni Lyndon W. Cook [1981], 198.)

Maaari ninyong bigyang-diin na sa ngayon ay itinatakda ng Unang Panguluhan, sa pamamagitan ng pahayag, kung kailan at saan itatayo ang mga templo.

**2. Ang mga Banal ay pinagpala dahil sa kanilang malalaking sakripisyo sa pagpapatayo ng templo.**

- Ipaliwanag na ang Templo sa Kirtland ang unang templong itinayo sa dispensasyong ito. Anu-ano ang ilang hamon at sakripisyo na nauugnay sa pagpapatayo ng templo? (Tingnan sa D at T 109:5 at *Ang Ating Pamana,* mga pahina 39–40.)
- Paano pinagpala ang mga Banal dahil sa mga ginawa nilang sakripisyo sa pagtatayo ng templo sa Kirtland? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 40–42.)
- Anu-anong sakripisyo ang nakikita ninyong ginagawa ng mga miyembro ng Simbahan upang matanggap ang mga pagpapala sa templo o upang makibahagi sa gawain sa templo? Anu-ano ang ilang sakripisyo na magagawa natin upang makibahagi sa gawain sa templo?



Templo sa Kirtland. Ito ang unang templo na itinayo sa dispensasyong ito, inilaan noong 1836.

**3. Inilaan ni Joseph Smith ang Templo sa Kirtland.**

Noong ika-27 ng Marso 1836, inilaan ng Propetang si Joseph Smith ang Templo sa Kirtland. Ang panalangin sa paglalaan na inihayag ng Panginoon, ay nakatala

sa D at T 109. Ang seremonya ng paglalaan ay tumagal ng pitong oras at sinamahan ng dakilang pagbuhos ng Espiritu. Ito ay kinapalooban ng panalangin sa paglalaan, pag-awit ng himno, pagpapatotoo, ang pagpasa ng sakramento, pangangaral at maringal na pagtitipon kung saan sinang-ayunan ng mga miyembro si Joseph Smith at ang iba pang mga pinuno ng Simbahan. Ang seremonya ay nagtapos sa pagsigaw ng mga Banal ng Hosana—na itinataas ang kanilang mga kamay na mataas sa kanilang mga ulunan at sumigaw ng tatlong ulit, "Hosana, hosana, hosana sa Diyos at sa Kordero, amen, amen, at amen" (*History of the Church*, 2:427–428).

Maaari ninyong ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Ang Espiritu ng Diyos" (*Mga Himno*), na inawit sa paglalaan ng Templo sa Kirtland. O hilingin sa itinalagang miyembro ng klase o grupo ng mga miyembro ng klase na awitin ito.

- Bakit inilalaan natin ang mga templo? Ano ba ang kaibahan ng mga templo pagkatapos na mailaan ang mga ito? Kung may sinumang miyembro ng klase na nakadalo sa paglalaan ng templo, anyayahan sila na magbahagi ng ilan sa kanilang mga iniisip at impresyon sa karanasang iyon.
- Anu-anong espirituwal na pagpapamalas ang naganap sa panahon ng paglalaan ng Templo sa Kirtland? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 40–41.)
- Ipaliwanag na sa panalangin ng paglalaan, binigyang-diin ng Propeta ang ilang responsibilidad ng mga miyembro ng Simbahan na may kaugnayan sa mga templo. Anu-anong responsibilidad ang kanyang binigyang-diin? (Ang ilan sa mga ito ay nakabalangkas sa sumusunod na talata ng mga banal na kasulatan. Pumili ng ilang talata para basahin at talakayin ng mga miyembro ng klase. Ibuod ang mga sagot sa pisara.)

   a. D at T 109:7, 14. (Dapat nating masigasig na hangarin na matuto sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya.) Bakit mahalagang responsibilidad ito na may kaugnayan sa mga templo?
   b. D at T 109:9, 17–19. (Ang ating mga pagpasok, paglabas, at pagbati ay dapat na sa pangalan ng Panginoon.) Paano natin maisasakatuparan ang responsibilidad na ito?
   c. D at T 109:20–21. (Dapat tayong maging malinis upang makapasok sa templo.) Bakit mahalaga na maging karapat-dapat tayo kapag pumapasok tayo sa templo? (Tingnan sa D at T 97:15–17.) Paano natin matitiyak ang ating pagiging karapat-dapat upang makapasok sa bahay ng Panginoon? (sa pamamagitan ng mga panayam sa rekomendasyon sa templo.)
   d. D at T 109:23 (Dapat nating lisanin ang templo na dala-dala ang mga dakila at maluwalhating balita ng ebanghelyo hanggang sa mga dulo ng mundo.) Paano makapagbibigay-inspirasyon sa atin ang pagdalo sa templo na gawin ito?

- Ipaliwanang na sa panalangin ng paglalaan, nanalangin ang Propeta para sa mga dakilang pagpapala. Anu-anong mga pagpapala ang kanyang idinalangin? (Ang ilan sa mga pagpapalang ito ay nakabanghay sa mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan. Pumili ng ilang talata para basahin at talakayin ng mga miyembro ng klase. Ibuod ang mga tugon sa pisara.)

   a. D at T 109:15. (Matatanggap ng mga tao ng Panginoon ang kaganapan ng Espiritu Santo.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isalaysay kung

paanong napalaki ng pagdalo sa templo ang impluwensiya ng Espiritu sa kanilang buhay.

b. D at T 109:22. (Ang mga tao ng Panginoon ay hahayo mula sa templo na sakbit ang kapangyarihan at pinangangalagaan ng mga anghel.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng karanasan kung saan nadama nila na sila ay may sakbit na kapangyarihan matapos dumalo sa templo.

c. D at T 109:25–26. (Walang sandata o kasamaan ang magwawagi sa mga tao ng Panginoon.) Paano tayo pinangangalagaan ng pagdalo sa templo mula sa masasama?

d. D at T 109:32–33. (Babaliin ng Panginoon ang pamatok ng pagdurusa mula sa Kanyang mga tao.) Paano kayo natutulungan ng pagdalo sa templo na mapagtagumpayan o mapagtiisan ang mga pagdurusa?

e. D at T 109:36–37. (Magkakaroon ng pagbuhos ng Espiritu, gaya sa araw ng Pentecostes; tingnan sa Mga Gawa 2:1–4.) Ang isang katuparan ng bahaging ito ng panalangin ay naganap sa pulong ng pagkasaserdote sa gabi ng paglalaan. Ang templo ay napuno ng malakas na rumagasang hangin, at maraming kapatid ang nangusap sa iba't-ibang wika, nagpropesiya, at nakakita ng mga pangitain (*History of the Church*, 2:428).

f. D at T 109:54–58. (Maaawa ang Panginoon sa mga bansa ng mundo, palalambutin ang mga puso ng mga tao upang ihanda sila para sa mensahe ng ebanghelyo.)

g. D at T 109:61–64, 67. (Ang nakalat na mga anak ni Israel ay sisimulang tipunin at tubusin.) Paano tumutulong ang gawain sa templo na maisakatuparan ang pagpapalang ito?

h. Doktrina at mga Tipan 109:72–74. (Pupunuin ng Simbahan ng Panginoon ang buong mundo.) Paano tumutulong ang gawain sa templo na isakatuparan ang pagpapalang ito?

Inilarawan ni Pangulong Howard W. Hunter, ang ika-14 na Pangulo ng Simbahan ang mga pangakong ito sa panalangin ng paglalaan ng Templo sa Kirtland na "nakaaantig ng damdamin at kahanga-hanga" ("The Great Symbol of Our Membership," *Ensign*, Okt.1994, 5). Ang panalanging ito aniya, "ay patuloy na sinasagot sa atin bilang indibiduwal, sa atin bilang mga mag-anak, sa atin bilang mga tao dahil sa kapangyarihan ng Pagkasaserdote na ibinigay sa atin ng Panginoon upang gamitin sa Kanyang mga banal na templo" (*Ensign*, Okt. 1994, 4).

**4. Tinanggap ng Panginoon ang Templo sa Kirtland, at ipinanumbalik ng mga sinaunang propeta ang mga susi ng pagkasaserdote.**

Ituro at talakayin ang D at T 110. Ipaliwanag na tinupad ng Panginoon ang Kanyang pangako na pagkakalooban ang Kanyang mga tagapaglingkod ng kapangyarihan mula sa kaitaasan kapag natapos ang Templo sa Kirtland (D at T 95:8). Ang pagkakaloob na ito ng kapangyarihan ay kinapalooban ng pagpapakita ng Tagapagligtas sa templo, ang pagbuhos ng Espiritu, maraming paghahayag, at pagpapanumbalik ng mga susi ng pagkasaserdote nina Moises, Elias, at Elijah. Sa pamamagitan ng mga banal na karanasan at susing ito, napalaganap ng mga tagapaglingkod ng Panginoon ang Kanyang gawain nang may dakilang kapangyarihan at karapatan.

- Paano inilarawan ni Propetang Joseph Smith ang pagpapakita ng Tagapagligtas sa Templo sa Kirtland? (Tingnan sa D at T 110:1–3.) Ano ang sinabi ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang sarili? (Tingnan sa D at T 110:4.) Ano ang sinabi Niya kina Joseph Smith at Oliver Cowdery tungkol sa templo? (Tingnan sa D at T 110:6–10).
- Ano ang ipinanumbalik na mga susi ng pagkasaserdote nina Moises, Elias, at Elijah? (Tingnan sa D at T 110:11–16.) Anu-anong pagpapala at responsibilidad ang mayroon tayo ngayon dahil ipinanumbalik ni Moises ang mga susi ng pagtitipon ng Israel? dahil ipinanumbalik ni Elias ang mga susi ng dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham? dahil ipinanumbalik ni Elijah ang mga susi ng kapangyarihan na pagbubuklod? (Ang susunod na tsart ay maaaring makatulong sa inyong talakayan. Maaari ninyong ibuod ang impormasyon sa pisara.)

| Tao | Mga Ipinanumbalik na Susi | Mga Pagpapala at Responsibilidad Ngayon |
|---|---|---|
| Moises | Pagtitipon ng Israel | Ang karapatan na ipangaral ang ebanghelyo upang tipunin ang Israel (gawaing misyonero). |
| Elias | Ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham | Mga pagpapala ng tipang Abraham at ang mga responsibilidad na may kaugnayan sa tipang iyon (tingnan sa Abraham 2:9–11 para sa pagrerepaso ng mga pagpapala at responsibilidad na ito). |
| Elijah | Kapangyarihan na Pagbubuklod | Ang kapangyarihan na nagpapatibay sa mga ordenansa ng pagkasaserdote sa langit. Pinapangyari ng kapangyarihan na pagbubuklod ang kasal sa templo, mga pagbubuklod sa mga anak at ninuno, walang hanggang mag-anak, at ordenansa sa templo na ginagawa para sa mga patay. |

**5. Pinabibilis ang pagtatayo ng templo at gawain sa templo sa ating panahon.**

- Magpakita ng larawan ng isang templo. Paano pinabibilis ang pagtatayo ng templo sa ating panahon? (Ang Simbahan ay mayroong 19 na templo noong 1980 at 51 templo sa pagtatapos ng 1997. Sa pangkalahatang komperensiya noong Oktubre 1997, inihayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang mga plano na magtayo ng maliliit na templo. Sa komperensiya noong Abril 1998 inihayag niya ang mga plano na magkaroon ng 100 templo sa pagtatapos ng taong 2000, na nangangahulugan ng pagtatayo ng templo sa 3 taon na kasing-dami ng itinayo sa loob ng unang 167 taon pagkatapos ang pagkakatatag ng Simbahan.)
- Kasabay ng pagpapabilis sa pagtatayo ng templo, ang mga pinuno ng Simbahan ay binigyan ng panibagong pagbibigay-diin sa pakikibahagi sa gawain sa templo. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 138:53–56. Ipaliwanag na ang mga karapat-dapat na miyembro ng Simbahan ngayon ay kabilang sa "mga piniling espiritu na inilaang bumangon sa kaganapan ng panahon upang makiisa sa . . . pagtatayo ng mga templo at pagsasagawa ng mga ordenansa rito." Paano tayo makatutulong na mapabilis ang gawain sa templo?

Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter: “Tayo nga ay maging mga taong paladalo sa templo at mapagmahal sa templo. Magtungo tayo sa templo nang kasing-dalas nang mapahihintulutan ng pagkakataon at kaparaanan at mga pansariling kalagayan. Magtungo tayo roon hindi lamang para sa ating mga yumaong kamag-anak, kundi magtungo rin tayo roon para sa personal na pagpapala ng pagsamba sa templo, para sa kabanalan at kaligtasan na inilaan sa loob ng mga gusali na ginawang banal at itinalaga. Ang templo ay pook ng kagandahan, ito ay pook ng paghahayag, ito ay pook ng kapayapaan. Ito ay bahay ng Panginoon. Ito ay banal sa Panginoon. Ito ay dapat na banal sa atin” (*Ensign*, Okt. 1994, 5).

---

Katapusan

Himukin ang mga miyembro ng klase na suriin nang may panalangin ang kanilang buhay at pagpasiyahan kung paano sila makababahagi sa gawain sa templo. Imungkahi na katulad ng mga Banal na gumawa ng mga pagsasakripisyo upang itayo ang Templo sa Kirtland, dapat tayong magsakripisyo upang tumulong sa gawain sa templo. Kung malapit kayo sa templo, himukin ang mga miyembro ng klase na dumalo sa templo. Magpatotoo na pagpapalain tayo ng Panginoon sa pakikilahok natin sa dakilang gawaing ito.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**Mga Larawan ng Templo**

Imungkahi sa mga miyembro ng klase na maglagay ng mga larawan ng mga templo sa kanilang tahanan. Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter: “Maglagay ng larawan ng templo sa inyong tahanan upang makita ito ng inyong mga anak. Turuan sila tungkol sa mga layunin ng bahay ng Panginoon. Pagplanuhin sila sa kanilang batang gulang na magtungo roon at manatiling karapat-dapat sa pagpapalang iyon” (sa Conference Report, Okt. 1994, 8; o *Ensign*, Nob. 1994, 8).

# Ang Plano ng Kaligtasan

Aralin
19

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang dakilang layunin ng plano ng kaligtasan at himukin silang mamuhay ayon sa kaalaman nila tungkol sa plano.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan sa araling ito.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, kumuha ng larawan, tulad ng larawan mula sa magasin. Gumupit ng ilang maliliit na piraso mula sa larawan. Tiyakin na hindi matutukoy ng mga miyembro ng klase ang larawan habang tinitingnan ang maliliit na piraso na ginupit mula sa larawan.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang ginupit na maliliit na piraso mula sa larawan na dala-dala ninyo sa klase, ngunit huwag ipakikita ang larawan (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3). Sabihin sa mga miyembro ng klase na ang maliliit na piraso ng papel na ito ay ginupit mula sa isang larawan. Anyayahan sila na hulaan sandali kung ano ang nasa larawan. Kasunod nito ay ipakita ang larawan na inilalagay ang maliliit na piraso sa lugar na pinaggupitan nito.

Bigyang-diin na bagama't ang maliliit na piraso ay mahalaga, ang mga ito ay di-gaanong magiging makahulugan kung ang mga ito ay hindi naging bahagi ng isang buong larawan. Ipaliwanag na ang ating mga karanasan, mga desisyon na ating ginagawa, at mga katotohanan na ating natututuhan ay tulad ng maliliit na piraso ng papel na ginupit mula sa isang buong larawan. Ang mga ito ay di-gaanong magiging makabuluhan kung hindi maiuugnay ang mga ito sa isang buong larawan: ang plano ng kaligtasan. Ang pagkakaroon ng kaalaman sa plano ng kaligtasan ay makatutulong sa atin na makagawa ng matwid na mga desisyon, magkaroon ng kagalakan sa mortalidad, at makapaghanda para sa buhay na walang hanggan. Tinatalakay ng araling ito ang plano ng kaligtasan.

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may-kaugnayan sa alituntunin ng mga banal na kasulatan.

**1. Ang plano ng kaligtasan ay "isa sa pinakamahalagang mga kaloob ng langit sa sangkatauhan."**

Isulat sa pisara *Ang Plano ng* ____________________ *ng Ama sa Langit.*

Atasan ang mga miyembro ng klase na buuin ang parirala. Himukin silang mag-isip ng mga sagot mula sa mga banal na kasulatan na maaaring maisip nila. Isulat ang kanilang mga sagot sa pisara. Pagkaraan ng isa o dalawang minuto, ibahagi ang alinman sa mga sumusunod na sagot na hindi nila nabanggit:

*Kaligtasan* (Alma 24:14; 42:5; Moises 6:62)

*Kaligayahan* (Alma 42:8, 16)

*Pagtubos* (Jacob 6:8; Alma 12:25–33)

*Pagpapanumbalik* (Alma 41:2).

*Awa* (Alma 42:15, 31)

- Ano ang itinuturo ng mga salitang ito tungkol sa plano ng Ama sa Langit?
- Tinukoy ni propetang Alma ang plano ng Ama sa Langit bilang "dakilang plano ng kaligayahan" (Alma 42:8). Paano makapagdudulot ng kaligayahan sa atin ang plano ng kaligtasan?
- Itinuro ng Propetang si Joseph Smith, "Ang dakilang plano ng kaligtasan ay isang paksa na dapat mahigpit na mapagtuunan ng ating pansin, at dapat ituring na isa sa pinakamahalagang kaloob ng langit sa sangkatauhan" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 68). Ano ang magagawa natin upang "mahigpit na mapagtuunan ng ating pansin" ang plano ng kaligtasan?

Ipaliwanag na ang araling ito ay buod ng plano ng kaligtasan. Ipinakikita nito kung paano nauugnay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa bawat isa bilang bahagi ng isang dakilang plano.

**2. Buhay bago pa ang buhay na ito**

Ipaliwanag na ang plano ng kaligtasan ay maaaring hatiin sa tatlong bahagi: buhay bago pa ang buhay na ito, buhay sa lupa, at kabilang buhay.

Isulat sa pisara ang *Buhay Bago pa ang Buhay na Ito*. Banggitin na ang isang mahalagang pagpapala ng Pagpapanumbalik ay ang dagdag na kaalaman hinggil sa ating buhay bago pa ang buhay na ito. Ang kaalamang ito ay tumutulong sa atin na maunawaan ang layunin ng buhay at ang ating bahagi sa plano ng kaligtasan ng Diyos. Habang tinatalakay ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na tanong, ipabasa sa kanila ang mga iminumungkahing talata sa banal na kasulatan.

- Tayo ay mga anak ng Diyos, at nabuhay tayo noon sa buhay bago ang buhay sa mundo bilang mga espiritung anak Niya (Doktrina at mga Tipan 76:24; 93:29). Paano nakaiimpluwensiya sa inyo ang kaalaman na kayo ay anak ng Diyos?
- Bago likhain ang daigdig, tinipon ng Ama sa Langit ang kapulungan sa langit at inilahad ang plano ng kaligtasan sa lahat ng Kanyang mga espiritung anak. Ano ang ilan sa mga bahagi ng plano na inilahad ng Ama sa Langit sa daigdig bago pa ito naging mortal? (Tingnan sa 2 Nephi 2:24–26; Alma 34:8–9; Abraham 3:24–25. Maaaring ibilang sa mga sagot ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo; ang Paglikha ng daigdig; ang Pagkahulog; panahon sa lupa kung saan ay tatanggap tayo ng katawang mortal at susubukin; at kapangyarihan sa pagpili, o ang kapangyarihan na pumili sa mabuti o masama.)

- Paano tumugon si Jehova, ang Panganay ng Ama, sa plano ng kaligtasan? (Tingnan sa Moises 4:2. Upang maipakita kung paano sumunod ang Tagapagligtas sa kalooban ng Ama, maaaring naisin ninyong basahin ang Doktrina at mga Tipan 19:16–19 at 76:40– 42. Bigyang-diin na binibigyang-kaganapan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang plano ng kaligtasan. Ang Tagapagligtas ang pinakasentro sa plano ng Diyos para sa ating kaligtasan.)
- Si Lucifer ay tumutol sa plano ng kaligtasan, na naghahangad na wasakin ang kapangyarihan sa pagpili ng tao at makamit ang kapangyarihan ng Ama sa Langit (Moises 4:1, 3; Doktrina at mga Tipan 29:36). Siya ay naging si Satanas, at siya at ang kanyang mga tagasunod ay pinalayas sa kinaroroonan ng Ama at pinagkaitan ng mortalidad (Doktrina at mga Tipan 29:36–38; 76:25–27; Moises 4:4; Abraham 3:26). Bakit mahalaga para sa atin na malaman ang tungkol sa pag-iral ni Satanas at ng kanyang mga tagasunod?
- Paano natin tinugon ang plano ng kaligtasan? (Tingnan sa Job 38:4–7. Ipaliwanag na itinuro ng mga propeta sa mga huling araw na ang talata 7 dito ay tumutukoy sa kagalakan na ating nadama sa ating buhay bago ang buhay sa mundo noong tanggapin natin ang plano ng kaligtasan.)

Ipaliwanag na sa buhay bago pa tayo naging mortal, pinili at noon pa inordenan ng Ama sa Langit ang maharlikang mga espiritu upang magsagawa ng Kanyang gawain sa mundo (Doktrina at mga Tipan 138:55–56; Abraham 3:22–23; tingnan din sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 365).

- Sa anong paraan maaaring maimpluwensiyahan ng kaalaman natin ukol sa buhay bago pa ang buhay na ito ang mga pang-araw-araw nating pasiya? Paano tayo matutulungan ng kaalaman natin tungkol sa ating buhay bago pa ang buhay na ito kapag nahaharap tayo sa mga pagsubok?

### 3. Buhay sa lupa

Bigyang-diin na noong tanggapin natin ang plano ng Ama sa Langit sa ating buhay bago pa ang buhay na ito, napanatili natin ang ating "unang kalagayan." Dahil sa ating katapatan, binigyan tayo ng pagkakataon na magtungo sa lupa, na siya nating "ikalawang kalagayan" (Abraham 3:26).

Isulat sa pisara ang *Buhay sa Lupa.* Ipaliwanag na dahil sa Pagkahulog nina Adan at Eva, tayo ay nasa nahulog na kalagayan sa mortalidad (Doktrina at mga Tipan 29:40). Napasailalim tayo ng kamatayang pisikal at gayundin ng kamatayang espirituwal, o paghiwalay sa kinaroroonan ng Diyos (Doktrina at mga Tipan 29:41–42; Alma 42:9, 14; ang kamatayang pisikal at kamatayang espirituwal ay tatalakayin sa huling bahagi ng aralin). Mula sa paghahayag sa mga huling araw ay natutuhan natin na ang Pagkahulog ay mahalagang hakbang sa ating walang hanggang pag-unlad. Binanggit ni Eva ang mga biyaya ng Pagkahulog: "Kung hindi dahil sa ating paglabag tayo sana ay hindi nagkaroon ng mga binhi, at kailanman ay hindi nalaman ang mabuti at masama, at ang kagalakan ng ating pagkakatubos, at ang buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng masunurin (Moises 5:11).

Habang tinatalakay ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na tanong, ipabasa sa kanila ang iminumungkahing mga talata sa banal na kasulatan.

- Ano ang ilan sa mga layunin ng buhay sa lupa? (Isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. Tumanggap ng katawang lupa. Sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Nagtungo tayo dito sa lupa upang tayo ay magtaglay ng katawan at iharap itong dalisay sa Diyos sa kahariang selestiyal" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 181).

  b. Patunayan ang ating katapatan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Diyos (Abraham 3:25–26). Kinabibilangan ito ng pagsisisi sa ating mga kasalanan at pagtanggap ng mga ordenansa ng kaligtasan (Alma 12:24; D at T 29:42–43; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).

  c. Mamuhay bilang mag-anak at maibuklod ang mga anak sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo (Moises 2:28; D at T 93:40; 131:1–4; 138:48).

  Ipinahayag ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na "ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inordena ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak. . . . Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan" ("Ang Mag-anak: Isang Paghahayag sa Mundo," Nob. 1995, 102).

- Paano nagdudulot ng kaibahan sa inyong buhay ang pagkakaunawa ninyo sa mga layunin ng mortalidad? Paano naiimpluwensiyahan ng pagkakaunawa ninyo sa mga layuning ito ang mga desisyon na inyong ginagawa?

- Bilang bahagi ng ating buhay sa lupa, pinahihintulutan si Satanas na tuksuhin tayo (D at T 29:39). Bakit? (Tingnan sa D at T 29:39; tingnan din sa 2 Nephi 2:11–13.) Bakit mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan ang kapangyarihan sa pagpili? (Tingnan sa D at T 58:27–28; 101:78; 2 Nephi 2:25–27.)

**4. Buhay matapos ang kamatayan**

Bigyang-diin na ang ating buhay ay hindi nagwawakas sa kamatayang pisikal. Isulat sa pisara ang *Buhay Matapos ang Kamatayan*. Habang tinatalakay ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na tanong, ipabasa sa kanila ang iminumungkahing mga talata sa banal na kasulatan.

- Kapag tayo ay namatay, ang ating mga espiritu ay magtutungo sa daigdig ng mga espiritu (tingnan sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 309–10). Paano maiimpluwensiyahan ng ating mga gawa sa mortalidad ang buhay natin sa daigdig ng mga espiritu pagkatapos ng buhay na may kamatayan? (Tingnan sa Alma 34:34; 40:;11– 14.)

- Ang mga taong hindi tumanggap ng ebanghelyo sa lupa ay magkakaroon ng gayong pagkakataon sa daigdig ng mga espiritu (D at T 137:7–9; 138:30–34). Ano ang magagawa natin upang matulungan silang matanggap ang lahat ng mga pagpapala ng plano ng kaligtasan? (Tingnan sa D at T 128:6–8, 15. Maaaring ibilang sa mga sagot na makagagawa tayo ng gawain sa kasaysayan

ng mag-anak at makapagsasagawa tayo ng mga ordenansa ng pagkasaserdote sa mga templo para sa kanila.)

- Ipaalala sa mga miyembro ng klase na ang Pagkahulog ay naghatid ng kamatayang pisikal at espirituwal sa mundo. Paano tayo mapalalaya mula sa kamatayang pisikal? (Tingnan sa Alma 11:42; D at T 88:14–16; 93:33. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli, o "magbabangon mula sa temporal na kamatayang ito." Ang ating mga espiritu ay sasamang muli sa ating mga katawan, at tayo ay "tatanggap ng ganap na kagalakan.") Paano tayo mapalalaya mula sa kamatayang espirituwal? (Tingnan sa Alma 42:11–13, 15; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.)

Ipaliwanag na makaraan tayong mabuhay na mag-uli, tayo ay babalik sa kinaroroonan ng Diyos upang hatulan alinsunod sa ating mga gawa (Alma 11:43–45; D at T 76:111). Tayo ay magmamana ng lugar sa kahariang selestiyal, kahariang terestriyal, o kahariang telestiyal batay sa kung paano tayo "tumanggap ng patotoo ni Jesus" (D at T 76:51; tingnan din sa mga talata 50, 79–82). Ang susunod na aralin ay kinabibilangan ng talakayan ukol sa tatlong kaharian ng kaluwalhatiang ito.

- Sa anong mga paraan tayo natutulungan sa mortalidad ng kaalamang taglay natin hinggil sa kabilang buhay?

---

## Katapusan

Ipabasa sa miyembro ng klase ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa:

"May tatlong bahagi sa plano. Kayo ay nasa ikalawa o gitnang bahagi, bahagi na kung saan ay susubukin kayo sa pamamagitan ng tukso, mga pagsubok, marahil ay sa pamamagitan ng malungkot na mga pangyayari. . . .

"Tandaan ninyo ito! Ang pangungusap na 'At silang lahat ay namuhay nang maligaya magpakailanman' ay hindi kailanman nasusulat sa ikalawang yugto [ng isang dula]. Ang pangungusap na ito ay bahagi ng *ikatlong* yugto, kapag natuklasan na ang mga hiwaga at naitama na ang lahat ng bagay. . . .

"Hangga't hindi kayo nagkakaroon ng malawak na pananaw hinggil sa walang hanggang katangian ng [plano], hindi ninyo mabibigyan ng sapat na kahulugan ang mga di-makatarungang bagay sa buhay. Ang ilan ay isinilang na talagang walang-wala at ang iba naman ay nagtataglay ng labis-labis. Ang ilan ay isinilang sa kahirapan, may mga balakid, kalungkutan, at pagdurusa. Ang ilan ay nakararanas ng maagang kamatayan, kahit na mga batang walang malay. Nariyan ang mga kalupitan, walang patawad na puwersa ng kalikasan at ang pagiging malupit ng tao sa kapwa tao. Marami tayong nasaksihang ganyang bagay kamakailan lamang.

"Huwag ninyong akalain na sinasadyang mangyari ng Diyos ang bagay na, dahil sa Kanyang sariling mga layunin, ay pinahihintulutan niyang mangyari. Kapag alam ninyo ang plano at ang layunin ng lahat ng ito, ang ganitong mga bagay ay nagpapamalas pa rin ng isang mapagmahal na Ama sa Langit" (*The Play and the Plan* [pagsasahimpapawid sa pamamagitan ng satelayt, ika-7 ng Mayo, 1995], 1–2).

Bigyang-diin na matutulungan tayo ng kaalaman natin sa plano ng kaligtasan na gumawa ng matwid na mga desisyon, matagpuan ang kagalakan sa mortalidad, at

maghanda para sa buhay na walang hanggan. Ipahiwatig ang inyong damdamin tungkol sa papel ni Jesucristo sa plano ng kaligtasan. Kapag binibigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na mga ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Pagtatanghal ng video na "The Plan of Salvation"**

Kung may makukuhang videocassette na *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang na ipalabas ang "The Plan of Salvation," isang apat na minutong yugto. Isaalang-alang na gamitin ang ilan o lahat ng sumusunod na mga tanong pagkatapos ng pagpapalabas:

- Paano maihahalintulad ang ating buhay sa lupa sa karanasan ng isang kabataang lalaki na natagpuan ang kanyang sarili sa gitna ng entablado sa ikalawang yugto?
- Paano nakatutulong sa atin ang inihayag na kaalaman hinggil sa unang yugto (buhay bago pa ang buhay na ito) sa ikalawang yugto (mortalidad)? Paano nakatutulong sa atin ang inihayag na kaalaman hinggil sa ikatlong yugto (kabilang buhay) sa ikalawang yugto?
- Nang matagpuan ng kabataang lalaki ang kanyang sarili sa gitna ng entablado, hindi niya alam kung sino ang kontrabida o kung sino ang bida. Anong mga problema ang maaaring dumating kung hindi natin alam kung sino ang mga kontrabida at bida sa ating buhay?
- Ano ang ginawa ng kabataang lalaki upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa dula? Ano ang nagsisilbing "iskrip" sa ating buhay?

**2. Payo para sa mga magulang**

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Alma 12:32. Bago basahin, ipaliwanag na ang salitang *kanila* sa talatang ito ay tumutukoy kina Adan at Eva.

Bigyang-diin na taglay na nina Adan at Eva ang kaalaman sa plano ng pagtubos noong tanggapin nila ang mga kautusan. Pagkatapos ay itanong ang sumusunod na mga katanungan:

- Bakit nakatutulong ang pagkakaroon ng kaalaman sa plano ng pagtubos kapag tinatanggap natin ang mga kautusan? Paano masusunod ng mga magulang ang huwaran ng pagtuturong ito sa kanilang mga anak?

# Ang mga Kaharian ng Kaluwalhatian

Aralin
20

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maingat na isaalang-alang ang mga walang hanggang pamana sa tatlong kaharian ng kaluwalhatian at himukin silang mamuhay sa paraan na sila ay magmamana ng kaluwalhatiang selestiyal at makapananahanan sa kinaroroonan ng Ama sa Langit kasama ng kanilang pamilya.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 76; 131; 132:19–24; 137.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Sandaling ipaalala sa mga miyembro ng klase ang aralin noong nakaraang linggo. Tiyakin na naaalaala ng mga miyembro ng klase ang tatlong bahagi ng ating walang hanggang pag-iral: buhay bago pa ang buhay na ito, buhay sa lupa, at kabilang buhay.

Matapos ang maikling pagrerepasong ito, ipaliwanag na kung wala sa atin ang mga paghahayag sa D at T 76, 131, at 137, napakakaunti ng malalaman natin tungkol sa kung ano ang ating magiging kalagayan pagkaraan na tayo ay mabuhay na mag-uli. Kasunod nito ay ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Wilford Woodruff, ang ikaapat na Pangulo ng Simbahan, tungkol sa pangitain na nakatala sa D at T 76:

"Bukod tangi kong tinutukoy ang 'Pangitain' bilang paghahayag na nagbibigay ng dagdag na liwanag, dagdag na katotohanan, at dagdag na alituntunin kaysa alinmang paghahayag na matutunghayan sa alinmang iba pang aklat na ating nabasa. Nililiwanag nito sa ating pang-unawa ang ating kasalukuyang kalagayan, saan tayo nanggaling, bakit tayo naririto, at saan tayo pupunta. Maaaring malaman ng sinumang tao sa pamamagitan ng paghahayag na iyon kung ano ang kanyang magiging bahagi at kalagayan" (*The Discourses of Wilford Woodruff*, pinili ni G. Homer Durham [1946], 47–48).

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Tiyakin na maglaan ng sapat na oras upang magkaroon ng makabuluhang talakayan tungkol sa kahariang selestiyal sa dakong huli ng aralin.

**1. Ang mga kaharian ng kaluwalhatian at "ang patotoo ni Jesus"**

Ituro at talakayin ang D at T 76:;11–24, 40–43, 119.

- Anong mga pangyayari ang nagbigay-daan sa pangitain na nakatala sa D at T 76? (Tingnan sa D at T 76:11–19; tingnan din ang pamagat sa D at T 76. Pansinin na ipinakikita ng larawan sa pahina 145 ang silid kung saan tinanggap nina Propetang Joseph Smith at Sidney Rigdon ang pangitaing ito.)

Bigyang-diin na ang buong pangitain ay nagpapatotoo kay Jesucristo at sa Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala. Ang paglalarawan ng Propetang si Joseph Smith sa pangitain ay nagsisimula at natatapos sa patotoo sa Tagapagligtas. Ipabasa nang malakas sa isang miyembro ng klase ang D at T 76:20–24 at ipabasa nang malakas sa isa pa ang D at T 76:119. Maaaring naisin din ninyong ipabasa sa mga miyembro ng klase ang D at T 76:40–43.

Ipinakikita ng Doktrina at mga Tipan 76 na naglaan ang Ama sa Langit ng tatlong kaharian ng kaluwalhatian kung saan mamumuhay ang karamihan sa mga tao pagkaraan na sila ay mabuhay na mag-uli: ang kahariang telestiyal, ang kahariang terestriyal, at ang kahariang selestiyal. Ang bawat isa sa atin ay magmamana ng kaharian ng kaluwalhatian batay sa kung paano tayo "tumanggap ng patotoo ni Jesus" (D at T 76:51). Himukin ang mga miyembro ng klase na tandaan itong mabuti kapag tinalakay nila ang paghahayag na ito.

**2. Kapahamakan**

Ituro at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 76:25–39, 44–49. Magsimula sa pamamagitan ng pagsulat sa pisara ng *Kapahamakan*. Ipaliwanag na ang salitang *kapahamakan* ay tumutukoy sa kalagayan ng pagkaligaw at pagkawasak sa halip na kaharian ng kaluwalhatian. Sila na makararanas nito ay tatawagin na "mga anak na lalaki ng kapahamakan" dahil sinundan nila si Satanas, na tinatawag na Kapahamakan (D at T 76:25–26, 31–32). Tiyakin na panatilihing maikli ang talakayang ito, na umiiwas sa pagkakaroon ng mga pala-palagay at naglalaan ng sapat na oras upang talakayin ang kahariang selestiyal sa dakong huli ng aralin. Tulad ng ibang mga paksa, magtuon lamang ng pansin sa mga itinuturo sa mga banal na kasulatan at ng mga propeta sa mga huling araw.

- Nang maghimagsik si Lucifer sa Kapulungan sa Langit, siya ay itinapon sa lupa (Apocalipsis 12:7–9; Doktrina at mga Tipan 29:36–37; 76:25–28; Moises 4:1–3). Ano ang inumpisahan niyang gawin nang siya ay pinalayas? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:29; Moises 4:4.) Ano ang magagawa natin upang mapagwagian ang digmaan laban kay Satanas sa ating buhay? (Para sa ilang kasagutan sa tanong na ito, tingnan sa 1 Nephi 14:14; D at T 10:5; 27:15–18.)
- Ano ang inihayag ng Panginoon tungkol sa pagdurusa ng mga anak na lalaki ng kapahamakan? (Tingnan sa D at T 76:32–34, 36–38, 44–49.) Bakit

isinumpa na dumanas ng gayon kalaking pagdurusa ang mga anak na lalaki ng kapahamakan? (Tingnan sa D at T 76:30–31, 35. Para sa pagpapaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng itakwil ang Espiritu Santo, tingnan ang sumusunod na sipi.)

Sinabi ni Propetang Joseph Smith: "Ano ang kailangang gawin ng tao upang makagawa ng kasalanang walang kapatawaran? Kinakailangang matanggap niya ang Espiritu Santo, mabuksan ang langit sa kanya, at makilala ang Diyos, at pagkatapos ay magkasala laban sa Kanya. Matapos magkasala ang tao laban sa Espiritu Santo, hindi na siya makapagsisisi. Kailangang tanggapin niya na ang araw ay hindi nagliliwanag samantalang nakikita niya ito; kailangan niyang itakwil si Jesucristo sa oras na mabuksan ang langit sa kanya, at itakwil ang plano ng kaligtasan na nakabukas ang mga mata niya sa katotohanan nito; at sa sandaling iyon ay magsisimula na siyang maging kaaway" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 358).

**3. Ang kahariang telestiyal**

Ituro at talakayin ang D at T 76:81–90, 98–106, 109–12. Magsimula sa pamamagitan ng pagsulat sa pisara ng *Kahariang Telestiyal* at pagdrowing ng bituin sa tabi nito. Ipaliwanag na ang kahariang telestiyal ang pinakamababang kaharian ng kaluwalhatian. Inihambing ng Panginoon ang kaluwalhatian nito sa kaluwalhatian ng mga bituin (D at T 76:81, 98; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 15:40–41, kabilang ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng I Mga Taga Corinto 15:40 na matatagpuan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*).

- Sino ang magmamana ng kahariang telestiyal? (Tingnan sa D at T 76:81–83, 98–101, 103.)
- Anong mga kalagayan o hangganan ang ipapataw sa mga nasa kahariang telestiyal? (Tingnan sa D at T 76:84–86, 102, 104–6, 112.)

Maaaring kailanganin ninyong ipaliwanag na ang "impiyerno" na binabanggit sa mga talata 84 at 106 ay ang bilangguan ng mga espiritu, isang pansamantalang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli. Sila na nasa bilangguan ng mga espiritu na hindi tumanggap sa ebanghelyo ay mabubuhay na mag-uli sa dakong huli at magmamana ng kaluwalhatiang telestiyal. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga talata 85 at 106 at ang unang talata ng kahulugan ng salitang "Impiyerno" sa pahina 81 na matatagpuan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

**4. Ang kahariang terestriyal**

Ituro at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 76:71–80, 91, 97. Magsimula sa pamamagitan ng pagsulat sa pisara ng *Kahariang Terestriyal* at pagdrowing ng buwan sa tabi nito. Ipaliwanag na inihahambing ng Panginoon ang kaluwalhatian ng kahariang terestriyal sa kaluwalhatian ng buwan (Doktrina at mga Tipan 76:78; tingnan din sa 1 Mga Taga Corinto 15:40–41).

- Sino ang magmamana ng kahariang terestriyal? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:71–75, 79. Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga talatang ito, ibahagi ang sumusunod na sipi.)

Ipinaliwanag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawa: "Ang mga nakatalaga na magmana ng kahariang terestriyal ay: (1) ang mga namatay 'nang walang batas'—ang mga taong di-Kristiyano at pagano na hindi nakarinig ng ebanghelyo sa buhay na ito, at hindi tatanggapin nang buo nilang puso kahit ito ay narinig nila; (2) ang mga nakarinig at hindi tumanggap sa ebanghelyo sa buhay na ito at pagkatapos ay tinanggap ito sa daigdig ng mga espiritu; (3) ang mga 'marangal na tao sa lupa, na [binubulag] ng panlilinlang ng mga tao; at (4) ang mga sala-sa-lamig at sala-sa-init na mga miyembro ng totoong simbahan at may mga patotoo, subalit hindi naging totoo at tapat sa lahat ng bagay" (*A New Witness for the Articles of Faith* [1985], 146).

- Anong mga kalagayan o hangganan ang ipapataw sa mga nasa kahariang terestriyal? (Tingnan sa D at T 76:76–78.)
- Paano natin mapangangalagaan ang ating mga sarili na "[mabulag] ng panlilinlang ng mga tao"? (Para sa ilang kasagutan sa tanong na ito, tingnan sa Mga Taga Efeso 4:11–15; 1 Nephi 15:24; Helaman 5:12; D at T 3:78; 21:4–6; 52:14–20.)

**5. Ang kahariang selestiyal**

Ituro at talakayin ang D at T 76:50–70, 92–96; 131:1–4; 132:19–24; 137. Magsimula sa pamamagitan ng pagsulat sa pisara ng *Kahariang Selestiyal* at pagdrowing ng araw sa tabi nito. Ipaliwanag na ang kahariang selestiyal ang pinakamataas na kaharian ng kaluwalhatian. Inihambing ng Panginoon ang kaluwalhatian nito sa kaluwalhatian ng araw (Doktrina at mga Tipan 76:70, 78, 96; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 15:40–41).

- Sino ang magmamana ng kahariang selestiyal? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:50–53, 68–69. Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang talata 53, maaari ninyong ipaliwanag na ang Banal na Espiritu ng Pangako ay ang Espiritu Santo, na nagpapatibay na ang mga ordenansa ng pagkasaserdote na ating tinanggap at mga tipan na ating ginawa ay katanggap-tanggap sa Diyos. Ang pagsang-ayon na ito ay batay sa ating katapatan.)
- Mga apat na taon makaraang ihayag ang pangitain sa D at T 76, si Joseph Smith ay tumanggap ng pangitain kung saan ay nakita niya ang kanyang nakatatandang kapatid na si Alvin sa kahariang selestiyal (D at T 137:1–5). Si Alvin ay namatay noong 1823, bago naipanumbalik ang Simbahan. Ano ang natutuhan ni Joseph sa pagkakakita niya kay Alvin sa kahariang selestiyal? (Tingnan sa D at T 137:7–9.) Ano pa ang natutuhan ng Propeta tungkol sa kung sino ang magmamana ng kaluwalhatiang selestiyal? (Tingnan sa D at T 137:10.) Paano nagdudulot ng kapanatagan sa atin ang mga katotohanang ito?
- Anong mga biyaya ang matatanggap natin kung magmamana tayo ng kahariang selestiyal? (Tingnan sa D at T 76:54–67, 94–95.)
- Paano magiging batayan ang ating patotoo kay Jesus sa kung anong kaharian ang ating mamanahin pagkatapos na tayo ay mamatay? (Tingnan sa D at T 76:31, 35 [kapahamakan]; D at T 76:82, 101 [telestiyal]; D at T 76:79 [terestriyal]; D at T 76:51– 53, 69; 121:29 [selestiyal]. Ano ang kahulugan sa inyo ng maging "matatag sa pagpapatotoo kay Jesus"? (D at T 76:79).

Bilang karagdagan sa pagtalakay sa mga kasagutan ng mga miyembro ng klase, maaari ninyong ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie:

"Ano ang kahulugan ng maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus?

"Nangangahulugan ito na maging matapang at malakas ang loob; na gamitin ang lahat ng ating lakas, sigla, at kakayahan sa pakikidigma sa daigdig; ang makibaka ka ng mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya. . . . Ang dakilang pinagmumulan ng katatagan sa kapakanan ng kabutihan ay ang pagsunod sa kabuuan ng batas ng kabuuan ng ebanghelyo.

"Ang maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus ay nangangahulugan na 'lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya'" nangangahulugan ito na pagkaitan ang ating sarili 'ng lahat ng kasamaan,' at 'iibigin ang Diyos' nang buo nating 'kakayahan, pag-iisip at lakas.' (Moroni 10:32.)

"Ang maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus ay nangangahulugan na maniwala kay Cristo at sa Kanyang ebanghelyo nang may matibay na pananalig. Nangangahulugan ito ng pag-alam ng katotohanan at kabanalan ng gawain ng Panginoon sa daigdig.

"Subalit, hindi pa ito ang lahat. Higit pa ito sa paniniwala at pag-alam. Kailangan tayong maging tagatupad ng salita at huwag tagapakinig lamang. Hindi ito puro salita lamang; hindi lamang ito pagsambit ng bibig sa banal na pagiging anak ng Tagapagligtas. Ito'y pagsunod at pagsang-ayon at pansariling pagkamatwid. . . .

"Ang maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus ay nangangahulugan na 'tayo ay magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao.' Nangangahulugan ito ng '[pagtitiis] hanggang wakas.' (2 Ne. 31:20.) Nangangahulugan ito ng pamumuhay ng ating relihiyon, pamumuhay ng ating ipinangangaral, pagsunod sa mga kautusan. Pagpapamalas ito ng 'dalisay na relihiyon' sa buhay ng tao; ito ay pagdalaw sa 'mga ulila at mga babaing balo sa kanilang kapighatian' at pagpapanatili sa ating sarili na 'walang dungis sa sanglibutan.' (Santiago 1:27.)

"Ang maging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus ay nangangahulugan ng pagpipigil ng silakbo ng ating damdamin, pagpipigil ng hilig ng ating katawan, at paggapi sa mga bagay na makamundo at masama. Nangangahulugan ito na mapagtatagumpayan natin ang daigdig tulad niya na ating halimbawa at siya mismo na pinakamatatag sa lahat ng mga anak ng ating Ama. Nangangahulugan ito na kabutihang-asal, pagbabayad ng ating mga ikapu at mga handog, paggalang sa araw ng Sabbath, pananalangin nang may buong layunin ng puso, pag-aalay sa altar ng lahat ng mayroon tayo kung ito ang ipinagagawa sa atin.

"Ang pagiging matatag sa pagpapatotoo kay Jesus ay nangangahulugan ng pagsangguni sa Panginoon sa lahat ng bagay. Ito ay pagboto na tulad ng gagawin niyang pagboto. Ito'y pag-iisip ng kung ano ang kanyang iniisip, paniniwala sa kung ano ang kanyang pinaniniwalaan, pagsasabi ng kung ano ang kanyang sasabihin at paggawa ng kung ano ang kanyang gagawin sa katulad na situwasyon. Ito ay ang pagtataglay ng kaisipan ni Cristo at pakikiisa

sa kanya na tulad ng Kanyang pakikiisa sa Ama" (sa Conference Report, Okt. 1974, 45–46; o *Ensign*, Nob. 1974, 35).

- Labing-isang taon makaraang ihayag ang pangitain sa D at T, itinuro ng Propetang si Joseph na may tatlong antas sa kahariang selestiyal (D at T 131:1). Sino ang dadakilain sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal? (Tingnan sa D at T 131:1–3; 132:19.)
- Anong pagpapala ang makukuha lamang ng mga dadakilain sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:4; 132:19–20. Maaaring kailanganin ninyong ipaliwanag na ang mga pariralang "pag-unlad" at "isang pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman at walang katapusan" ay nangangahulugan na ang mga tumupad sa tipan at dinakila sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal ay magkakaroon ng mga espiritung anak sa mga kawalang-hanggan.)
- Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith ng Korum ng Labindalawa: "Ang bahaging 76 ng Doktrina at mga Tipan . . . ay dapat pahalagahan ng lahat ng mga miyembro ng Simbahan bilang di-matutumbasang pamana. Dapat nitong palakasin ang kanilang pananampalataya at magsilbi itong pampasigla sa kanila upang hangarin ang ipinangakong kadakilaan sa lahat ng makatarungan at matapat" (*Church History and Mormon Revelation*, 2 tomo [1953], 1:279). Paano mapalalakas ng paghahayag na ito ang ating pananampalataya at magbibigay-inspirasyon sa atin upang hangarin ang kadakilaan? Paano natin mapagtatagumpayan ang anumang maaari nating madamang panghihina ng kalooban habang sinisikap nating makamit ang kaluwalhatiang selestiyal?

---

Katapusan

Bigyang-diin na ang mga dakilang pagpapala ng kadakilaan sa kahariang selestiyal ay para sa lahat ng tao. Ang bawat isa sa atin ay magagawang ganap sa pamamagitan ni Jesucristo at madadakilang kasama ng ating mag-anak sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal. Dapat tayong mahikayat ng paghahayag sa D at T 76 na sundin ang mga kautusan at tanggapin ang mga ordenansa ng kaligtasan upang matanggap natin ang napakalaking mga pagpapalang ito.

Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Hatiin sa apat na pangkat ang klase. Italaga ang isa sa sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan sa bawat pangkat. Bigyan ng panahon ang mga pangkat upang mabasa at matalakay ang mga talata. Sa angkop na sandali sa oras ng aralin, ipabahagi sa mga pangkat ang mga natutuhan nila mula sa mga iniatas na talata sa kanila.

D at T 76:25–49 (kapahamakan)

D at T 76:81–86, 88–90, 98–112 (kaluwalhatiang telestiyal)

D at T 76:71–80, 87, 91, 97 (kaluwalhatiang terestriyal)

D at T 76:50–70, 92–96 (kaluwalhatiang selestiyal)



**Tahanan ni John Johnson**. Habang gumagawa ng pagsasalin ng Biblia sa tahanang ito, tinanggap nina Propetang Joseph Smith at Sidney Rigdon ang paghahayag na ngayon ay nakatala sa D at T 76, kabilang na ang iba pang mga paghahayag.

Aralin
# 21 "Tatanaw sa Dakilang Araw ng Panginoon na Dumating"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan at matukoy ang mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito at makapaghanda para sa "dakilang araw ng Panginoon na dumating" (Doktrina at mga Tipan 45:39).

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 29:9–29; 34:5–12; 45:16– 75; 88:86–99; 101:22–34; 133; at iba pang mga banal na kasulatan sa aralin.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung may makukuhang larawan ng Ang Ikalawang Pagparito, maghanda na gamitin ito sa oras ng aralin (62562 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 38).
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, gawin ang mga sumusunod na paghahanda.
   a. Maghandang gamitin ang sumusunod na mga larawan bilang karagdagan sa larawan na nakalista sa gawing itaas: Ang Pagsilang ni Jesus (62116 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 200); Nananalangin si Jesus sa Getsemani (62175 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 227); at Ang Pagpapako sa Krus (62505 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 230).
   b. Maghanda na ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Jesus, Hamak Nang Isilang" (*Mga Himno at Awit Pambata*). O atasan ang isang miyembro ng klase o pangkat ng mga miyembro ng klase na maghandang awitin ito.

*Paalala sa guro:* Sa pagtuturo ninyo ng araling ito, pagtuunan ng pansin ang mga salitang inihayag ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan. Huwag tatalakay ng mga bagay na batay sa mga pala-palagay tulad ng oras ng Ikalawang Pagparito.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang mga larawan ng pagsilang, Pagbabayad-sala, at Ikalawang Pagparito ni Jesus (tingnan sa "Paghahanda," mga aytem 3 at 4a).

Ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Jesus, Hamak Nang Isilang," o hilingan ang inatasang miyembro ng klase o pangkat ng mga miyembro ng klase na

awitin ito. Atasan ang mga miyembro ng klase na hanapin ang kaugnayan sa pagitan ng mga salita sa himno at sa mga larawan na inyong ipinakita.

Pagkatapos ng himno, ipaliwanag na ang pagsilang ni Jesucristo at ang Kanyang Ikalawang Pagparito ay dalawa sa mga pinakamaluwalhating pangyayari sa kasaysayan ng daigdig. Noong unang magtungo ang Tagapagligtas sa mundo, dumating siya sa isang hamak na kalagayan at sa pangkalahatan ay hindi kinilala bilang Mesiyas. Gayunman, kapag dumating Siya sa ikalawang pagkakataon, Siya ay darating na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. Ang araling ito ay tungkol sa Ikalawang Pagparito at paghahari sa milenyo ng Tagapagligtas sa daigdig.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Ang araling ito ay naglalaman ng labis na materyal kaysa sa maaaring ituro sa buong oras ng klase. Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

**1. Ang Tagapagligtas ay babalik sa daigdig sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.**

Ipaliwanag na isang pribilehiyo na tayo ay mabuhay sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon, kung saan ay itinuturo sa atin ng paghahayag ang mga dakilang katotohanan sa mga huling araw tungkol sa Ikalawang Pagparito, ang mga kaganapan bago ito dumating, at ang isang libong taon ng kapayapaan na magsisimula kapag muling dumating ang Tagapagligtas. Ang Doktrina at mga Tipan ay nagbibigay ng mayayamang impormasyon sa mahahalagang paksang ito.

Tulad din naman ng katuparan ng bawat propesiya na nauugnay sa pagsilang ng Tagapagligtas, gayundin naman na matutupad ang bawat propesiya na nauugnay sa Kanyang Ikalawang Pagparito. Pumili ng ilan sa mga sumusunod na propesiya na babasahing kasama ang mga miyembro ng klase. Talakayin kung ano ang itinuturo ng bawat talata tungkol sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Isulat ang buod ng impormasyon sa pisara. Maaari ninyong hatiin ang klase sa maliliit na pangkat at atasan ang bawat pangkat upang pag-aralan at iulat ang mga itinalagang talata. O maaari kayong magtalaga ng mga indibiduwal upang pag-aralan at iulat ang mga talata.

a. D at T 29:9–11; 45:44. (Si Cristo ay paparito sa mundo sa kapangyarihan at kaluwalhatian. Ang mga palalo at ang masasama ay susunugin, at magwawakas ang kasamaan sa lupa.)

b. D at T 34:7; 12; 43:17; 110:16. (Ang Ikalawang Pagparito ay malapit na.)

c. D at T 34:8, 11; 63:34.) (Ang lahat ng bansa ay manginginig kapag dumating ang Tagapagligtas. Kung tayo ay matapat, ang Kanyang kapangyarihan at impluwensiya ay mapapasaatin hanggang sa Siya ay dumating.)

d. D at T 45:45–54; 88:96–99. (Ang mga Banal na pumanaw ay mabubuhay na mag-uli at magsisibangon upang salubungin ang Tagapagligtas. Ang mga Banal na nabubuhay sa lupa ay titipunin upang salubungin Siya. Magtutungo Siya sa Bundok ng mga Olibo, at ito ay mahahati. Makikilala ng mga Judio ang kanilang Tagapagligtas at mananangis dahil pinag-usig nila Siya. Kasunod nito ay mabubuhay na mag-uli ang mga tumanggap ng ebanghelyo sa bilangguan ng mga espiritu.)

e. D at T 49:6. (Ilalagay ng Tagapagligtas ang lahat ng kaaway sa ilalim ng Kanyang mga paa.)
f. D at T 49:7. (Wala ni isa, ni ang mga anghel, ang nakaaalam sa oras o araw ng pagdating ng Tagapagligtas.)
g. D at T 133:46–53. (Ang Tagapagligtas ay paparito na nakapulang kasuotan. Ang Kanyang pagdating ay panahon ng paghihiganti sa masasama at pagtubos para sa mabubuti.)

**2. Ang Milenyo ay panahon ng kagalakan at kapayapaan.**

Ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas ang magpapasimula sa panahon ng isang libong taon na tinatawag na Milenyo. Ipinapahayag ng ikasampung saligan ng pananampalataya na sa loob ng panahong ito, "maghahari si Cristo sa mundo," at "ang mundo ay babaguhin at matatanggap nito ang malaparaisong kaluwalhatian." Inilalarawan ng Doktrina at mga Tipan 101 ang ganda at galak na maaari nating asamin sa panahon ng Milenyo.

- Anong uri ng buhay ang magiging buhay sa mundo sa panahon ng Milenyo?

  Upang masagot ang tanong na ito, pumili ng ilan sa mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan na babasahing kasama ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung ano ang itinuturo ng bawat talata tungkol sa Milenyo. Isulat ang buod ng impormasyon sa pisara. Maaari ninyong hatiin ang klase sa maliliit na pangkat at atasan ang bawat pangkat upang pag-aralan at iulat ang itinalagang mga talata. O maaari kayong magtalaga ng mga indibiduwal upang pag-aralan at iulat ang mga talata.

  a. D at T 101:23. (Makikita ng lahat ang Tagapagligtas.)
  b. D at T 101:24. (Lahat ng masasama ay pupuksain.)
  c. D at T 101:25. (Ang daigdig ay magiging bago.)
  d. D at T 101:26. (Ang mga tao at hayop ay sama-samang mamumuhay nang mapayapa.)
  e. D at T 101:27. (Ipagkakaloob sa mga tao ang mga matwid nilang naisin.)
  f. D at T 101:28; tingnan din sa D at T 45:55; 88:110. (Si Satanas ay igagapos at hindi magkakaroon ng kapangyarihan na tuksuhin ang sinuman.)
  g. D at T 101:29. (Wala nang kalungkutan o kamatayan.)
  h. D at T 101:30–31. (Ang tao ay tatanda, pagkatapos ay biglang mababago mula sa pagiging mortal tungo sa buhay na walang kamatayan.)
  i. D at T 101:32–34. (Ihahayag ng Panginoon ang lahat ng bagay tungkol sa langit at lupa, kabilang na kung paano nilikha ang daigdig at kung ano ang kahihinatnan nito.)
  j. D at T 45:58. (Ang mga bata ay magsisilaking walang kasalanan.)
  k. Doktrina at mga Tipan 45:59; 133:25. (Ang Panginoon ang magiging hari at tagapagbigay ng batas sa buong mundo.)

- Paano magiging pagpapala sa ating buhay ngayon ang kaalamang ito tungkol sa Milenyo? Paano nakatutulong sa inyo na malaman na ang kabutihan ay mananaig sa kasamaan sa dakong huli?

**3. Kailangan tayong maghanda para sa Ikalawang Pagparito.**

Paulit-ulit na binigyang-diin ng Panginoon na kailangan tayong maghanda para sa Kanyang pagdating (D at T 133:4; 10–11). Marahil madarama ng ilang tao na hindi kailanman sapat ang kanilang magagawa o hindi sila ganoon kabuti upang makapaghanda nang sapat. Maaari silang panghinaan ng loob at madama na hindi magagawa ang gayong paghahanda. Gayunman, ang Panginoon ay nagbigay ng payo sa Doktrina at mga Tipan upang turuan tayo na maaari tayong makapaghanda para sa mahalagang kaganapang ito bilang bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay.

- Ano ang magagawa natin sa buhay natin sa ngayon upang mapaghandaan ang Ikalawang Pagparito? (Gamitin ang sumusunod na impormasyon upang matalakay o makadagdag sa mga kasagutan ng mga miyembro ng klase.)

*Magbantay sa mga palatandaan ng pagparito ng Tagapagligtas*

Ipaliwanag na sa Doktrina at mga Tipan, inihahayag ng Panginoon na marami sa mga palatandaan ay magaganap bago ang Kanyang Ikalawang Pagparito at hinihikayat tayong "maging maingat" (D at T 61:38).

- Bakit mahalaga na malaman natin ang tungkol sa mga palatandaan na magaganap bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas? Basahing kasama ang mga miyembro ng klase ang D at T 45:36–39. Ano ang matututuhan natin sa talinghagang ito tungkol sa kung bakit ibinigay sa atin ang mga palatandaang ito?

- Ano ang ilan sa mga palatandaan na ipinopresiyang magaganap bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas?

  Upang masagot ang katanungang ito, pumili ng ilan sa sumusunod na mga talata ng mga banal na kasulatan na babasahing kasama ng mga miyembro ng klase. Tukuyin ang mga palatandaan na binabanggit sa bawat talata. Isulat ang buod nito sa pisara sa ilalim ng mga pamagat na *Positibong mga Palatandaan* at *Negatibong mga Palatandaan.* Maaari ninyong hatiin ang klase sa maliliit na pangkat at atasan ang bawat pangkat upang pag-aralan at iulat ang itinatalagang mga talata. O maaari kayong magtalaga ng mga indibiduwal upang pag-aralan at iulat ang mga talata.

  *Mga Positibong Palatandaan*

  a. D at T 45:9; 133:57–58. (Ang kaganapan ng ebanghelyo ay ipapanumbalik.)
  b. D at T 45:66–71. (Ang Bagong Jerusalem ay itatago. Magiging lugar ito ng kapayapaan at kaligtasan para sa mabubuti sa mga huling araw.)
  c. D at T 65:2–6. (Ang kaharian ng Diyos ay itatatag sa lupa.)
  d. D at T 110:11–16. (Ang mga susi ng pagkasaserdote ay ipapanumbalik.)
  e. D at T 133:8–9, 36–39. (Ang ebanghelyo ay ipangangaral sa buong mundo.)

  *Mga Negatibong Palatandaan*

  a. D at T 29:15; 88:91. (Magkakaroon ng matinding pagtangis, kabiguan, at takot. Magsisipanlupaypay ang mga puso ng tao.)
  b. D at T 29:16; 45:31; 112:24. (Magkakaroon ng taggutom, pagpaparusa, karamdaman, at kapanglawan.)
  c. D at T 34:9; 45:40–42; 88:87. (Magkakaroon ng mga palatandaan at kababalaghan sa langit at sa lupa.)

d. D at T 45:26; 63:33. (Magkakaroon ng mga digmaan at alingawngaw ng digmaan, at ang buong mundo ay magkakagulo.)
e. D at T 45:27. (Ang pag-ibig ng tao ay manlalamig at ang kasamaan ay lalaganap.)
f. D at T 45:33; 88:89–90. (Magkakaroon ng mga paglindol, unos, at malalakas na pag-alon sa dagat. Patitigasin ng mga tao ang kanilang mga puso laban sa Diyos at makikipag-away sa bawat isa.)

Bigyang-diin na ang ilan sa mga propesiyang ito ay natupad na, ang ilan ay kasalukuyang natutupad, at ang ilan ay matutupad pa lamang.

- Pinayuhan tayo ng Panginoon na "huwag mabagabag" sa panahon ng kaguluhan sa mga huling araw (D at T 45:35). Paano natin mapananatili ang pag-asa at maiiwasan ang damdamin ng pangangamba kapag tayo ay napaliligiran ng kasamaan at kaguluhan ng mga huling araw? (Tingnan sa D at T 38:30.)

*Tumayo sa mga banal na lugar*

Bilang karagdagan sa pagpapayo sa atin na magbantay sa mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito, pinapayuhan tayo ng Panginoon na maghanda sa pamamagitan ng pagiging matwid. Pumili ng ilan sa mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan na babasahing kasama ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung ano ang itinuturo ng bawat talata tungkol sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Isulat ang buod ng impormasyon sa pisara.

a. D at T 27:15; 33:17. (Maging matatag sa kabutihan.)

b. D at T 34:6; 39:19–20; 43:20–23. (Mangaral ng pagsisisi at magsisi.) Bakit mahalaga ang pagsisisi sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito?

c. D at T 45:32; 87:8; 101:22–23. (Tumayo sa mga banal na lugar.) Ano ang ibig sabihin ng "tumayo sa mga banal na lugar"? Ano ang ilan sa mga banal na lugar na ito? (Maibibilang sa mga ito ang ating mga templo, mga kapilya, mga tahanan, at mga istaka ng Sion.) Ano ang magagawa natin upang mapanatili nating karapat-dapat at banal ang ating sarili sa kabila nang tayo ay nabubuhay sa makamundong kapaligiran?

d. D at T 45:56–57. (Gawin nating gabay ang Banal na Espiritu.)

Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Paano kayo naghahanda para sa Ikalawang Pagparito? Sa ganang akin, hindi ninyo ito kailangang pag-isipang mabuti. Mamuhay kayo sa paraang nararapat upang kung sakali mang sumapit bukas ang Ikalawang Pagparito kayo ay magiging handa. Walang sinuman ang nakaaalam kung kailan ito magaganap. . . . Ang tungkulin natin ay maihanda ang ating sarili, mamuhay nang karapat-dapat upang makapiling ang Tagapagligtas, kumilos tayo sa paraan na hindi tayo mapapahiya kung paparito man Siya sa atin. Iyan ang hamon sa araw at panahong ito" (*Church News*, 2 Ene. 1999, 2).

Ibinigay ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa ang sumusunod na payo:

"Iniisip din kung minsan ng mga kabataan, 'Para saan pa? Ang mundo ay magugunaw at magwawakas.' Ang damdaming iyon ay nagmumula sa takot, hindi mula sa pananampalataya. Walang taong nakaaalam sa oras o araw

(tingnan sa D at T 49:7), subalit ang katapusan ay hindi darating hangga't hindi natutupad lahat ang mga layunin ng Panginoon. Lahat ng natutuhan ko mula sa mga paghahayag at sa buhay ay kumukumbinsi sa akin na may panahon at sadyang nilaan upang maingat tayong makapaghanda para sa mahabang buhay.

"Darating ang araw na makikitungo kayo sa sarili ninyong mga anak na tinedyer. Mabuti nga sa inyo yan. Pagdating ng panahon, palalakihin ninyo sa layaw ang inyong mga apo, at ganoon din naman ang gagawin nila sa kanilang mga magiging apo. Kung sakali mang dumating nang mas maaga ang pagpanaw sa buhay ng isang tao, mas malaking dahilan ito upang gawin ang mga bagay na tama" (sa Conference Report, Abr. 1989, 72; o *Ensign*, Mayo 1989, 59).

---

Katapusan

Bigyang-diin na naghayag ang Panginoon sa atin ng mas maraming impormasyon tungkol sa Ikalawang Pagparito at sa Milenyo kaysa alinmang iba pang pangkat sa kasaysayan ng daigdig. Taglay ang impormasyong ito, makapaghahanda at makapagpapatuloy tayo sa kabutihan habang ang Kanyang mga propesiya ay natutupad sa buong paligid natin. Dapat nating asamin nang may kagalakan ang panahon kung kailan ang Tagapagligtas ay magbabalik at mag-uumpisang maghari sa kapayapaan at kabutihan sa milenyo.

Kapag binigyang-inspirasyon kayo ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang talinghaga ng trigo at ng mga pangsirang damo**

Ang Doktrina at mga Tipan ay nagbibigay ng dagdag pang kaalaman sa Ikalawang Pagparito. Nakatala sa bahaging ito ang paghahayag na tinanggap ni Joseph Smith upang mabigyang linaw ang ilan sa mga kahulugan ng talinghaga ng trigo at ng mga pangsirang damo. Naunang ibinigay ng Tagapagligtas ang talinghagang ito noong panahon ng Kanyang mortal na pagmiministeryo (Mateo 13:24–30).

- Repasuhin ang talinghaga sa Doktrina at mga Tipan 86 na kasama ang mga miyembro ng klase. Ano ang kinakatawan ng mga bahagi ng talinghagang ito?

  Ang mga tagapaglingkod ng Panginoon ang mga maghahasik ng mabubuting binhi, at si Satanas at ang kanyang mga tagasunod ang mga maghahasik ng mga pangsirang damo. Ang mabuting binhi ay kumakatawan sa mga tagasunod ni Jesus, at ang mga pangsirang damo ay kumakatawan sa mga nagpapatalo sa kasamaan. Ang trigo at mga pangsirang damo ay pinahihintulutang sabay na magsilaki hanggang sa katapusan ng mundo. Sa sandaling iyon, ang mga matwid ay titipunin mula sa masasama at ang masasama ay susunugin.

- Ano ang itinuturo ng talinghagang ito tungkol sa mga kaganapan na nauugnay sa Ikalawang Pagparito?

**2. Mga pagtatanghal ng video**

Kung ang videocassette na *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933) ay makukuha, isaalang-alang na ipalabas ang isa o dalawa sa mga sumusunod na bahagi:

"Be Not Troubled" (limang minuto). Ang pagtatanghal na ito ay makatutulong sa mga miyembro ng klase na maunawaan na hindi sila kinakailangang matakot o mabagabag sa mga kalamidad na darating sa mga huling araw. Kung ipinasiya ninyong ipalabas ito, gawin ito sa bandang ikatlong bahagi ng aralin.

"They That Are Wise" (anim na minuto). Inilalahad ng pagtatanghal na ito ang talinghaga ng Tagapagligtas tungkol sa sampung dalaga (Mateo 25:1–13; tingnan din sa D at T 45:54–59). Kung ipinasiya ninyong ipalabas ito, gawin ito sa bandang ikatlong bahagi ng aralin.

Bago ipalabas ang "They That Are Wise," ipaliwanag na ang talinghaga ng sampung dalaga ay batay sa sinaunang nakaugaliang kasalan ng mga Judio. Noong panahon ni Jesus, sinusundo ng kasintahang lalaki at ng kanyang mga kaibigan ang kasintahang babae mula sa kanyang tahanan patungo sa tahanan ng kasintahang lalaki. Sa may daraanan, ang mga kaibigan ng kasintahang babae ay naghihintay upang makisabay sa kanilang paglakad. Kapag dumating na sila sa tahanan ng kasintahang lalaki, pumapasok silang lahat para sa kasalan. Ang mga kasalang ito ay ginaganap kung gabi, kaya ang mga maghihintay sa kasintahang babae ay nagdadala ng maliliit na ilawan na may lamang langis. Sa talinghaga, kinakatawan ng kasintahang lalaki ang Tagapagligtas. Ang mga dalaga ay kinakatawan ng mga miyembro ng Simbahan. Ang kasalan ay kumakatawan sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Ang langis sa mga ilawan ay kumakatawan sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito.

Matapos ang pagpapalabas, ipabasa sa mga miyembro ng klase ang D at T 45:56–59. Pagkatapos ay itanong ang sumusunod:

- Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas?

Maaari ninyong ibahagi ang sumusunod na kaalaman mula kay Pangulong Spencer W. Kimball:

"Sa talinghaga, ang langis ay mabibili sa pamilihan. Sa ating buhay ang langis ng paghahanda ay natitipon nang patak-patak sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay. Ang pagdalo sa mga pulong-sakramento ay magdaragdag ng langis sa ating ilawan, unti-unti o patak-patak sa paglipas ng mga taon. Ang pag-aayuno, pagdarasal ng mag-anak, pagtuturo sa tahanan, pagpipigil sa mga hilig ng katawan, pangangaral ng ebanghelyo, pag-aaral ng mga banal na kasulatan—bawat gawain ng paglalaan at pagsunod ay isang patak na idinaragdag sa ating imbak. Ang mga gawain ng kagandahang-loob, pagbabayad sa mga handog at mga ikapu, malilinis na isip at mga kilos, kasal sa walang hanggang tipan,—lahat ito ay nakadaragdag nang malaki sa langis na maaari nating ilagay sa ating said na said nang ilawan sa hatinggabi" (*Faith Precedes the Miracle* [1972], 256).

# Ang Salita ng Karunungan: “Isang Alituntuning may Lakip na Pangako”

Aralin
22

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na sundin ang payo sa Salita ng Karunungan, gayundin ang iba pang payo ng Panginoon tungkol sa kalusugang pisikal.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at iba pang materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 89 (ang Salita ng Karunungan).
   b. Doktrina at mga Tipan 49:19–21; 59:15–21; 88:124 (mga karagdagang banal na kasulatan).
   c. *Ang Ating Pamana*, pahina 29.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibuod ang makasaysayang pinagmulan ng Salita ng Karunungan (*Ang Ating Pamana*, pahina 29).
4. Maaari kayong magdala ng mga larawan ng masusustansiyang pagkain na gagamitin sa ikatlong bahagi ng aralin.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ibahagi ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

“Naaalala ko ang kuwento sa akin ng isang obispo tungkol sa isang babae na pumaroon upang kumuha ng rekomendasyon (sa templo). Nang tanungin kung sinunod niya ang Salita ng Karunungan, sinabi niya na paminsan-minsan ay umiinom siya ng isang tasang kape. Sabi niya, ‘Ngayon, bishop, hindi ninyo ito hahayaang maging hadlang sa pagpunta ko sa templo, hindi ba?’ Kung saan ay sumagot siya, ‘Sister, tiyak na hindi *ninyo* hahayaang makahadlang sa pagitan ninyo at sa bahay ng Panginoon ang isang tasang kape’” (sa Conference Report, Abril 1990, 67; o *Ensign*, Mayo 1990, 51).

Ipaliwanag na ang Salita ng Karunungan ay isang simple at tuwirang batas. Maraming tao ang nakakaalam ng mga pisikal na panganib ng pagsuway sa batas

na ito. Mahalagang alalahanin ang mga kahihinatnang ito, subalit mahalaga rin na alalahanin ang pisikal at espirituwal na mga biyaya na tatanggapin natin habang sinusunod natin ang Salita ng Karunungan. Tinatalakay ng araling ito ang mga dakilang pangakong ito.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntunin ng mga banal na kasulatan.

**1. Bakit inihayag ang Salita ng Karunungan?**

Ipaliwanag na ipinagkakaloob ng Ama sa Langit ang ating mga katawan para sa isang layuning banal. Ang mga ito ay napakahalagang bahagi ng Kanyang plano para sa ating walang hanggang pag-unlad. Dahil sa kahalagahan ng mga ito, binigyan tayo ng Ama sa Langit ng karapatan sa pangangasiwa upang pangalagaan ang mga ito. Sa ating dispensasyon, tulad noong sinaunang panahon. Siya ay naghahayag ng mga alituntunin ng mabuting kalusugan upang tulungan tayong mapanatiling malinis at dalisay ang ating mga katawan. Ang ating pagsunod sa mga alituntuning ito ay palatandaan ng ating pagmamahal sa Kanya at pagpapakita ng ating pasasalamat.

Atasan ang inatasang miyembro ng klase na ibuod ang pinagmulan ng kasaysayan ng Salita ng Karunungan mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 29. Maaari ninyong ipakita ang larawan ng Newel K. Whitney Store sa pahina 162 ng manwal na ito. Tinanggap ni Propetang Joseph Smith ang Salita ng Karunungan sa tindahang ito.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang 1 Mga Taga Corinto 3:16–17 at 6:19– 20. Sang-ayon sa mga talatang ito, bakit mahalagang pangalagaan natin ang ating mga katawan? (Ipaliwanag na ang ating mga katawan ay mga templo at banal sa Panginoon. Dapat nating panatilihing dalisay ang mga ito dahil ang mga ito ang tirahan para sa ating mga espiritu, na siyang supling ng Diyos. Ang paggalang sa ating mga katawan bilang mga templo ng Diyos ay nagpapahiwatig ng ating patotoo na tayo ay mga anak ng Diyos. Pinananatili rin nitong dalisay ang ating mga katawan upang ang mga ito ay maging tirahan para sa Espiritu Santo. Bigyang-diin na ang paraan ng pangangalaga natin sa ating pisikal na mga katawan ay nakaaapekto sa ating espirituwalidad.)
- Basahin kasama ang mga miyembro ng klase ang D at T 89:4. Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa mga dahilan ng Panginoon sa pagbibigay ng Salita ng Karunungan? Anu-ano ang ilang halimbawa ng "masasama at mga pakana. . .sa mga puso ng mga nagsasabuwatang tao" hinggil sa mga makasasamang bagay na binabanggit sa Salita ng Karunungan? (Ang mga halimbawa ay kinabibilangan ng mga maling paglalarawang ginagawa sa mga patalastas at libangan na ang paggamit ng mga bagay na ito ay may kaugnayan sa kaligayahan at tagumpay.)
- Paano isang pagpapakita ng pagmamahal ng Diyos sa atin ang Salita ng Karunungan? Paano ito isang patunay ng tungkulin ni Joseph Smith bilang propeta at tagakita? (Ipaliwanag na matagal nang naihayag ng Panginoon ang Salita ng Karunungan sa Propetang si Joseph Smith bago pa lubusang

napatunayan ng mga pag-aaral sa agham ang ganap na kawastuhan ng mga batayan nito. Inaasahan na ng paghahayag na ito ang kasalukuyang paglaganap ng pag-abuso sa bagay na ito. Noon pa man ay binabalaan at pinangangalagaan na tayo nito laban sa tiyak na mga suliranin ng ating panahon.)

**2. Ang payo ng Panginoon hinggil sa kung ano ang hindi nakabubuti para sa katawan**

*Paalala sa guro*: Habang itinuturo ninyo ang ikalawa at ikatlong bahagi ng araling ito, tumuon sa mga pangunahing alituntuning pangkalusugan na inihayag ng Panginoon. Iwasan ang pagtalakay ng mga kausuhang pangkalusugan, di-pangkaraniwang pagkain, at iba pang uri ng pagkain at inumin. Bigyang-diin na hindi tiniyak ng Panginoon ang lahat nang hindi at dapat nating kainin, inumin o gamitin. "Hindi kailangan ang gayong paghahayag," ang sabi ni Pangulong Joseph Smith. "Ang Salita ng Karunungan ay isang pangunahing batas. Itinuro nito ang paraan at ibinibigay sa atin ang sapat na tagubilin na may kinalaman sa pagkain at inumin. . .Kung taos-puso nating sinusunod ang nakasulat sa tulong ng Espiritu ng Panginoon,. . .malalaman natin kung ano ang mabuti at masama para sa katawan" ("Your Question: The Word of Wisdon," *Improvement Era*, Pebrero 1956, 78–79).

Isulat ang *Hindi para sa katawan* at ang sumusunod na mga sangguniang banal na kasulatan sa pisara. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang bawat sangguniang banal na kasulatan. Pagkatapos ay isulat ang bagay na inilalarawan.

a. D at T 89:5–7. (Alak o matapang na inumin.)
b. D at T 89:8. (Tabako.)
c. D at T 89:9. (Maiinit na inumin, ipinapakahulugang tsaa at kape.)

Ipaliwanag na bukod pa sa mga bagay na nagtataglay nito, hindi tayo dapat:

a. Gumamit ng anumang bagay na nagtataglay ng bawal na gamot.
b. Gumamit ng iba pang mga bagay na makakahumalingang gamitin maliban kung nasa ilalim ng pangangalaga ng isang may kakayahang doktor.
c. Gumamit ng maling paraan ng pagrereseta at iba pang mga gamot.

- Anu-ano ang ilan sa mga kahihinatnan ng paggamit ng mga nakasasamang bagay na ito? (Talakayin ang pisikal at espirituwal na mga kahihinatnan. Ang sumusunod na mga parapo tungkol sa alkohol at tabako ay mga halimbawa. Kung kayo ay nagtuturo sa mga kabataan, maaari kayong sumangguni sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan*, mga pahina 14–15.

  Ang Unang Panguluhan ay nagpahayag: "Lango sa matitinding inumin, ang mga kalalakihan ay nawalan ng kanilang katwiran; nasira ang kanilang kakayahang magpayo; ang kanilang kakayahang magpasiya at pananaw ay naglaho. . .Ang pag-inom ay nagdulot ng higit na kasawian at paghihirap, sumawi sa nakararaming puso, nagwasak sa higit pang maraming tahanan, nagbunsod sa marami pang krimen, naging dahilan ng higit pang kamatayan, nang higit pa kaysa lahat ng digmaang dinanas ng mundo" (sa Conference Report, Okt. 1942, 8).

  Taun-taon ang paggamit ng tabako ay nagiging dahilan ng halos 2.5 milyong maagang pagkamatay sa buong mundo. Nakapipinsala din sa milyun-milyong inosenteng biktima ang paggamit ng tabako. Bawat taon ay higit sa 3 milyong

sanggol ang isinisilang na may kapansanang dulot ng paninigarilyo na palaging nakalalanghap ng usok mula sa iba at may mas mataas na bilang ng pagkakasakit sa baga at tatlong ulit na mas malamang na mamatay sa kanser sa baga kaysa sa mga hindi nakalalanghap ng usok mula sa iba. Ang tabakong nginangata o sinisinghot ay nakasusugapa rin tulad ng sigarilyo, at ang gumagamit ng tabako sa ganitong paraan ay may pagkakataong magkaroon ng kanser na hanggang limampung ulit ang taas kaysa sa mga hindi gumagamit ng tabako. (Tingnan sa "I Have a Question," ni James O. Mason, *Ensign*, Set. 1986, 59–61.)

- Ang paggamit ng mga bagay na ipinagbabawal sa Salita ng Karunungan ay lumalala sa maraming bahagi ng mundo, lalung-lalo na sa mga kabataan. Paano nakaaakit sa mga tao ang patalastas na gumamit ng mga bagay na ito? (Talakayin ang mga tiwaling mensahe ng ganitong mga patalastas.) Paano nang-aakit ang mga ka-edad at iba pa sa mga tao na gumamit ng mga bagay na ito? (Maaari ninyong talakayin kung paano lalabanan ang pang-aakit na tulad ng "Ang kaunti lang ay hindi makasasama," "Lahat ay gumagawa nito," at "Wala namang makaaalam.") Anu-ano ang ilan pang paraan na nakatutukso sa tao na gumamit ng mga bagay na ito?
- Paano makapipinsala ang tila maliliit na paglabag sa Salita ng Karunungan?
- Paano natin mapatitibay ang ating mga sarili laban sa mga tukso na gumamit ng nakasasamang bagay? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng mga karanasan noong nilalabanan nila ang mga tukso na labagin ang Salita ng Karunungan.) Paano makatutulong ang mga kabataan sa isa't-isa na sundin ang Salita ng Karunungan?
- Paano mabisang maituturo ng mga magulang sa kanilang mga anak ang tungkol sa Salita ng Karunungan at matutulungan silang sundin ito? (Tingnan sa *Family Home Evening Resource Book* [31106], mga pahina 228–31.)
- Ang mga nakasasamang bagay na ipinagbabawal sa Salita ng Karunungan ay nagbubunga ng pagkasugapa. Bakit mapanganib ang mga pagkasugapa sa mga bagay na ito? Paano mapagtatagumpayan ng mga tao ang pagkasugapa sa droga at iba pang nakasasamang bagay?

  Bigyang-diin na may pag-asa para sa mga taong nagsisikap makaahon sa pagkasagupa. Ang pagtatagumpay laban sa pagkasagupa ay karaniwang nangangailangan ng matinding pagnanais at disiplina sa sarili, kasama ang pagsisisi at tulong mula sa Panginoon. Maaari ding magkaloob ng tulong ang mga mag-anak, kaibigan, at pinuno ng Simbahan, at sa ilang kaso maaaring kailanganin ang tulong ng dalubhasa. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga halimbawa kung paano napagtagumpayan ng mga tao ang pagkasagupa sa mga bagay na nakasasama.

### 3. Ang payo ng Panginoon tungkol sa kung ano ang nakabubuti para sa katawan

Isulat ang *Mabuti para sa katawan* at ang mga sumusunod na sangguniang banal na kasulatan sa pisara. Basahin ang bawat sangguniang banal na kasulatan kasama ang mga miyembro ng klase. Pagkatapos ay ibuod ito katabi ng sanggunian. Kung nagdala kayo ng mga larawan ng masusustansiyang pagkain, ipakita ang mga ito ngayon (tingnan sa "Paghahanda," aytem 4).

a. D at T 89:10. (Masusustansiyang herbal na pagkain—nagpapalusog na mga gulay at halaman.)
b. D at T 89:11. (Prutas.)
c. D at T 89:12; tingnan din sa D at T 49:19. (Karne ng mga hayop at ibon.)
d. D at T 89:14–17. (Mga butil.)
e. D at T 88:124. (Pagtulog at paggising nang maaga—pagkakaroon ng sapat na tulog.)

- Ano ang ibig sabihin ng gamitin ang pagkain "nang may mabuting pagpapasiya"? (D at T 89:11; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 59:18–20; maaaring ibilang sa mga sagot na dapat tayong kumain ng pagkaing nagpapalusog ng ating katawan at gawing katamtaman lamang ang uri at dami ng pagkaing kinakain natin). Ano ang ibig sabihin ng gamitin ang pagkain "nang may . . . pasalamat"? (D at T 89:11). Paano natin maipakikita sa Panginoon ang ating pasasalamat para sa pagkaing ipinagkaloob Niya sa atin?
- Anu-ano ang panuntunang ibinigay ng Panginoon sa paggamit ng karne: (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 49:19, 21.) Anu-anong panuntunan ang ibinibigay ng Panginoon sa paggamit ng mga butil? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 89:14, 16.)
- Anong payo ang ibinigay ng Panginoon hinggil sa pagtulog? (Tingnan sa D at T 88:124.) Paano pisikal at espirituwal na nakaaapekto sa atin ang pagkakaroon ng sapat na tulog?

  Si Pangulong Brigham Young ay nagsabi: "Sa halip na gawin ang dalawang araw na trabaho sa loob ng isang araw, iniuutos ng karunungan sa (mga Banal) na kung nagnanais sila ng mahabang buhay at mabuting kalusugan, kailangan nila, matapos ang sapat na paggawa, na hayaang makapagpahinga ang katawan bago ito lubusang mahapo. Kapag nahahapo, ikinakatwiran ng ilan na kailangan nila ng pampasigla. . . . Subalit sa halip na ganitong uri ng mga pampasigla, ang dapat sa kanila ay magpahinga" (*Dicourses of Brugham Young*, pinili ni John A. Widstoe [1941], 187).

**4. Mga pangakong biyaya para sa pagsunod sa Salita ng Karunungan**

Inihayag ng Panginoon ang Salita ng Karunungan bilang "alituntunin na may lakip na pangako" (Doktrina at mga Tipan 89:3). Isulat ang *Mga Pangakong Biyaya* at ang sumusunod na mga sangguniang banal na kasulatan kasama ang mga miyembro ng klase. Pagkatapos ay isulat ang bawat pangako sa tabi ng sanggunian.

a. D at T 89:18. (Kalusugang pisikal.)
b. D at T 89:19. (Karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman.)
c. D at T 89:20. (Ang kakayahang tumakbo at hindi mapagod at lumakad at hindi manghina.)
d. D at T 89:21. (Pagsanggalang laban sa mapangwasak na anghel.)

- Paano kayo nabibiyayaan habang sinusunod ninyo ang Salita ng Karunungan? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ikuwento ang mga pisikal at espirituwal na biyaya na natanggap nila.)

Maaari ninyong banggitin na ang mga sumusunod sa Salita ng Karunungan ay karaniwang nabubuhay nang mas matagal at may mas mabuting uri ng buhay kaysa kung hindi nila sinusunod ito. Gayunman, ilang tao ang may malulubhang karamdaman o kapansanan sa kabila ng pagsunod nila sa Salita ng Karunungan. Ipaliwanag na ang mga taong ito ay makatatanggap ng mga espirituwal na biyaya dahil sa pagsunod sa Salita ng Karunungan kahit na ang kanilang mga pisikal na paghihirap ay nagpapatuloy. Bukod doon, ang mga pangako ng Panginoon ay para sa walang hanggan, at ang mga hindi tumatanggap ng lahat ng pangakong biyaya sa buhay na ito ay tatanggap ng mga ito sa kabilang buhay.

- Anu-ano ang ilang halimbawa ng kung paano tayo natutulungan ng pagsunod sa Salita ng Karunungan na "makatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan"? (D at T 89:19). Talakayin kung paano natutulungan ng pagsunod sa Salita ng Karunungan ang kakayahang ng kaisipan ng isang tao. Talakayin din kung paano nito natutulungan ang isang tao na makatanggap ng espiritwal na mga kayamanan at kaalaman, tulad ng patotoo, kaalaman sa banal na mga katotohanan, pansariling paghahayag, mga basbas ng patriyarka, at ordenansa ng templo at tipan.)

  Si Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa ay nagsabi: "Nalaman ko . . . na ang pangunahing layunin ng Salita ng Karunungan ay may kinalaman sa paghahayag. . . . Kung ang isang taon na nasa ilalim ng impluwensiya [ng mga nakasasamang bagay] ay nahihirapang makinig sa simpleng usapan, paano sila makatutugon sa espirituwal na mga inspirasyon na umaantig sa kanilang pinakamaselang damdamin? Gaano man kahalaga ang Salita ng karunungan bilang batas ng kalusugan, maaaring higit na mas mahalaga ito sa inyong espiritualidad kaysa pisikal" (sa Conference Rport, Okt. 1979, 28–29; o *Ensign*, Nob 1979, 20).

- Paano maaaring pisikal na maipatutungkol sa atin ang pangako ng Panginoon sa D at T 89:20? Paano ito maaaring maipatungkol sa ating isipan at damdamin? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang magkakaroon tayo ng karagdagang lakas ng kaisipan at damdamin, disiplina sa sarili, at kakayahang makapagsarili.) Paano maaaring espirituwal na maipatutungkol sa atin ang pangakong ito? (Tingnan sa Mga Hebreo 12:1–3. Maaaring ibilang sa mga sagot ang magkakaroon tayo ng karagdagang lakas upang labanan ang tukso at takbuhing may pagtitiis ang "takbuhing" patungo sa buhay na walang hanggan.)

- Paano maaaring nakapatungkol sa atin ang pangako ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 89:21?

  Ipaliwanag na noong unang panahon, bago pa ang Exodo ng mga anak ni Israel mula sa Egipto, nilampasan ng namumuksang anghel ang panganay na lalaki ng mga Israelita sapagkat sinunod ng mga tao ang propetang si Moises at minarkahan ng dugo ng kordero ang kanilang mga pinto (Exodo 12). Gayundin, habang tayo ay "[lumalakad] sa pagsunod sa mga kautusan," kabilang ang Salita ng Karunungan, lalampasan tayo ng namumuksang anghel, nangangahulugang maliligtas tayo sa espirituwal na kamatayan at bibiyayaan ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng nagbabayad-salang dugo ni Jesucristo. (Tingnan sa Conference Report, ni Boyd K. Packer, Abr. 1996; o *Ensign*, Mayo, 1996, 19.)

**Katapusan**

Bigyang-diin na ibinibigay sa atin ng Panginoon ang Salita ng Karunungan sapagkat mahal Niya tayo at pinagmamalasakitan ang ating pisikal at espirituwal na kapakanan. Ipaliwanag na ang Salita ng Karunungan ay higit pa sa batas ng kalusugang pisikal; ito rin ay susi sa mga dakilang biyayang espirituwal. Imungkahi sa mga miyembro ng klase na timbangin kung iniingatan nila ang kanilang mga katawan sa abot ng kanilang makakaya, ayon sa payo ng Panginoontungkol sa kalusugan. Magpatotoo na habang sinusunod natin ang payong ito ay tatapusin ng Panginoon ang kanyang mga pangako na pisikal at espiritwal na pagpalain tayo.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari nating gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga ideya bilang karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin.

**1. Ang pagsunod sa Salita ng Karunungan ay lulutas sa mga pandaigdig na suliraning pangkabuhayan**

- Si Pangulong Heber J. Grant, ang ikapitong pangulo ng Simbahan ay nagturo na "ang Salita ng Karunungan. . .ay lulutas sa mga suliraning pangkabuhayan. . .ng bawat. . .bansa, kung susundin ito ng mga tao sa mundo" (sa Conference Report, Abr. 1936, 48). Sa palagay ninyo, paano ito mangyayari?

  Isaalang-alang ang laki ng lupain, salapi, at iba pang mga mapagkukunan na ginagamit sa paggawa ng mga nakasasamang bagay, pagpapatalastas ng mga ito, pagbili ng mga ito, at isipin ang mga kahihinatnan ng paggamit ng mga ito. Halimbawa, noong taong 1985 ang naging halaga sa Amerika ng pangangalagang pangkalusugan at pagkalugi sa produksiyong kaugnay ng paggamit ng tabako ay humigit kumulang sa $65 bilyon (tingnan sa *Ensign*, Set. 1986, 61). Napakataas din ng halaga ng paggawa at paggamit ng alkohol. Isaalang-alang ang maaaring maging malaking epekto sa pangkabuhayan ng paggamit ng mga mapagkukunang ito para sa mga layuning nakabubuti kaysa nakasasama.

**2. Ang pagsunod sa Salita ng Karunungan ay nauugnay sa mga karagdagang benepisyo**

Natuklasan ng mga siyentipikong panlipunan na ang mga miyembro ng Simbahan na ipinamumuhay ang ebanghelyo, kabilang ang Salita ng Karunungan, ay mas malamang na maging maligaya kaysa iba sa kanilang buhay may-asawa at nasisiyahan sa kanilang buhay-pamilya. Mas malamang na hindi sila mahihikayat sa pakikipagtalik bago ang kasal o sa hindi nila kabiyak, makararanas ng sobrang kalungkutan, at masasangkot sa gawang masasama, nalilihis, o salungat sa lipunan. (Tingnan sa *Latter-day Christianity: 10 Basic Issues*, nina Robert L. Millet at Noel B. Reynolds, mga patnugot, (buklet 1998], 46–47.)

**3. Ang pagsunod sa salita ng Karunungan ay tumutulong sa misyonero na makapagturo nang may kapangyarihan**

Ang pagsunod sa salita ng Karunungan ay nagpala sa isang misyonero sa isang paraang inaasahan. Habang tinuturuan niya ang isang lalaki tungkol sa Salita ng Karunungan, tumingin ang lalaki sa kanyang mga mata at itinanong, "Ibig mo

bang sabihin sa akin na hindi ka pa kailanman nakasubok ng droga, nanigarilyo, o tumikim ng anumang uri ng alkohol?" Tumingin nang deretso ang misyonero sa lalaki at sinabi sa matatag na tinig, "Hindi po. Hindi po kailanman."

Kinalaunan ay inilarawan ng misyonero ang sumusunod na karanasan: "Isang kapangyarihan ang napasaakin nang sandaling iyon at nalaman ko kung bakit nanatili akong sumusunod sa Salita ng Karunungan. Nagpapasalamat ako na dumating ang sandaling iyon sa aking buhay, nakapagbigay ako ng matibay na patotoo hinggil sa kahalagahan ng Salita ng Karunungan sapagkat nanatili akong sumusunod dito."

**4. "Huwag kang tumakbo nang mas mabilis o gumawa nang labis kaysa sa iyong lakas" (D at T 10:4)**

- Anong payo ang ibinigay ng Panginoon kay Joseph Smith sa D at T 10:4? (Tingnan din sa Mosias 4:27.) Paano maaaring maipatungkol ang payong ito sa ating kalusugan? Anu-ano ang panganib ng pagwawalang-bahala sa payong ito?

**5. Mga tatto at di-karaniwang pagbubutas sa katawan**

Itinuro ni Apostol Pablo na ang ating mga katawan ay banal sa Panginoon at ang mga ito ay mga templo kung saan maaaring manirahan ang Espiritu Santo (1 Mga Taga Corinto 3:16; 6: 19–20). Tulad din ng hindi natin dapat dungisan ang ating mga katawan sa pamamagitan ng pagkain ng mga nakasasamang bagay, hindi natin dapat dungisan ang balat sa pamamagitan ng tatto o di-karaniwang pagbubutas sa katawan. Ang ganitong mga pagbabago ng anyo ay maaaring magbunga ng negatibong pisikal, panlipunan at espirituwal na kahihinatnan. (Tingnan sa "I Have A Question," ni David A. Burton, *Ensign*, Peb. 1999, 52–53.)

# “Maghangad na Matuto, Maging sa Pamamagitan ng Pag-aaral, at Gayundin sa Pamamagitan ng Pananampalataya”

Aralin 23

---

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na matuto “sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya” sa buong buhay nila (D at T 88:118).

---

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang banal na mga kasulatan sa araling ito.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung gagamitin ang gawaing pantawag pansin, hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibahagi ang isa o dalawang pansariling karanasan na nagpapakita ng mga biyaya ng pagkatuto sa kanyang buhay.

---

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Atasan ang isang miyembro ng klase na ikuwento nang maikli ang mga biyaya ng pagkatuto sa kanyang buhay (tingnan sa “Paghahada,” aytem 3).

Matapos magsalita ng miyembro ng klase, ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito ang kahalagahan ng pagkatuto sa buong buhay nila.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa pagkatuto.

**1. Ang Paaralan ng mga Propeta ay nagkakaloob ng huwaran para sundin natin sa ating pag-aaral.**

Banggitin na sa dispensasyong ito ay pinakabigyang-diin ng Panginoon ang pangangailangan ng espirituwal at temporal na edukasyon.

Tinagubilinan ng Panginoon si Propetang Joseph Smith na simulan ang Paaralan ng mga Propeta sa Kirtland, Ohio. Nagsimulang magpulong ang Paaralan ng mga Propeta noong Enero ng 1833 sa isang maliit na silid sa itaas ng Newel K.

Whitney Store sa Kirtland (tingnan ang larawan sa pahinang ito). Sa paaralang ito ay tinuruan ang mga pinuno ng Simbahan sa doktrina ng ebanghelyo, gawain sa Simbahan, at iba pang mga bagay. Sila ay naghahanda para sa pamumuno sa Simbahan at misyonerong paglilingkod (D at T 88:77–80).

Ang mga pulong na ito ay naglalaan ng kapaligiran para sa espiritwal na mga karanasan at malalimang talakayan ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Ilang paghahayag ang natanggap. Itinala ng kasaysayan ng Simbahan na "matinding galak at kasiyahan ang patuloy na magningning sa mga mukha ng mga nagsidalo sa Paaralan ng mga Propeta, at mga Banal, dahil sa mga bagay na inihayag, at . . . pagsulong sa kaalaman ng Diyos" (*History of the Church*, 1:334).

- Anu-anong pagkakataon sa pagkatuto ang mayroon tayo sa Simbahan? Ano ang maaari nating gawin upang mas mabuti nating maihanda ang ating mga sarili na matuto sa mga pulong sa ating Simbahan?
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 88:122–25. Ano ang iniutos ng Panginoon na gawin ng mga kapatid na lalaki sa Paaralan ng mga Propeta? Ano ang iniutos Niya sa kanila na huwag gawin? (Isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara.) Ano ang natututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa kung paano turuan ang isa't-isa? Ano ang sinabi ng mga talatang ito tungkol sa kung paano tayo dapat matuto sa isa't-isa?




**Newel K. Whitney and Company Store.** Ang Paaralan ng mga Propeta ay idinaos sa isang maliit na silid sa itaas ng tindahang ito sa Kirtland, Ohio. Ang paghahayag na nakilala bilang ang Salita ng Karunungan (D at T 89) ay natanggap dito, kasama ang iba pang mga paghahayag.

**2. Dapat tayong matuto "sa pamamagitan ng pag-aaral at gayundin sa pamamagitan ng pananampalataya."**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 88:118. Bakit kapwa kinakailangan ang pag-aaral at pananampalataya sa ating mga pagsisikap na matuto? (Tingnan sa siping-banggit sa ibaba.) Paano nadaragdagan ng pananampalataya ang ating kakayahang matuto? Anu-ano ang panganib ng

pagkatuto nang walang pananampalataya sa Diyos at pagsunod sa Kanyang mga kautusan? (Tingnan sa 2 Kay Timoteo 3:7; 2 Nephi 9:28–29.)

Si Pangulong Marion G. Romney ng Unang Panguluhan ay nagsabi: "Naniniwala ako sa pag-aaral. Naniniwala ako na maraming natututuhan ang tao sa pamamagitan ng pag-aaral. . . . Naniniwala din ako, gayunpaman, at nalalaman, na ang pagkatuto sa pamamagitan ng pag-aaral ay lubos na pinabibilis ng pananampalataya" (*Learning for the Eternities*, tinipon ni George G. Romney [1977], 72).

- Bukod sa pag-aaral ng ebanghelyo, dapat nating hangarin na matuto sa iba pang larangan, tulad ng kasaysayan, agham, at mabuting panitikan. Paano mapapayaman ng pag-aaral ng ganitong mga paksa ang inyong buhay?
- Anong uri ng kaalaman ang pinakamahalaga? Ano ang dapat maging kaugnay ng pagkatuto ng ebanghelyo sa iba pang kapaki-pakinabang na pag-aaral?

Si Pangulong John Taylor, ang ikatlong Pangulo ng Simbahan, ay nagsabi: "Kailangan nating isulong ang bawat uri ng pag-aaral at karunungan; payamanin ang pampanitikang panlasa, at ang mga taong may talino sa panitikan at agham ay dapat mapaunlad ng talinong iyon; at dapat gamiting mabuti ng lahat ang mga kaloob na ibinibigay sa kanila ng Diyos. . .Kung mayroong anumang mabuti at kapuri-puri sa asal, relihiyon, agham, o anumang sadyang makapagtataas at makapagpapadakila sa tao, itinataguyod natin ito. Subalit sa lahat ng ating natatamo, nais nating matamo ang pang-unawa, at ang pang-unawang iyon na nagmumula sa Diyos" (*The Gospel Kingdom*, pinili ni G. Homer Durham [1943], 277).

Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, nagbigay si Elder Gordon B. Hinckley ng talumpati kung saan ay binanggit niya ang utos ng Tagapagligtas "Mag-aral kayo sa akin" (Mateo 11:29). Pagkatapos ay sinabi niya: "Gusto kong imungkahi na sundin ninyo ang utos na iyon na ibinigay ng Anak ng Diyos. Sa lahat ng inyong natututuhan, mag-aral tungkol sa kanya. Sa lahat ng inyong pag-aaral, hangarin ang kaalaman ng Panginoon. Ang kaalamang iyon ay magpupuno sa kagila-gilalas na paraan sa natututuhan ninyo sa mundo at magbibigay ng kaganapan sa inyong buhay at pagkatao na hindi maidudulot sa anumang paraan" (sa Conference Report, Okt. 1964, 118; o *Improvement Era*, Dis. 1964, 1092).

- Paano ninyo nakita na ang kaalaman tungkol sa mga bagay ng Diyos ang pinakamahalagang uri ng kaalaman?

**3. Dapat tayong patuloy na mag-aaral habang nabubuhay.**

Banggitin na ang Panginoon at ang Kanyang propeta ay palaging nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagkatuto. Dapat tayong patuloy na mag-aral habang nabubuhay.

Si Elder Russel M. Nelson ng Korum ng Labindalawa ay nagsabing: "Dahil sa ating pagsasaalang-alang sa isipan ng bawat tao, itinuturing namin na isang responsibilidad na pangrelihiyon ang pagtatamo ng edukasyon. . .Ang ating lumikha ay umaasa na ang Kanyang mga anak saanmang dako ay bibigyang edukasyon ang kanilang sarili" (sa Conference Report, Okt. 1992, 5; o *Ensign*, Nob. 1992, 6).

Isulat ang mga sumusunod na tanong sa pisara:

*Bakit dapat tayong matuto*? *Ano ang dapat nating matutuhan*? *Paano tayo matututo*?

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata sa mga banal na kasulatan. Ipahanap sa mga miyembro ng klase ang mga sagot sa mga tanong sa pisara. Isulat ang kanilang mga sagot sa ibaba ng naaangkop na mga tanong.

| | | |
|---|---|---|
| D at T 6:7 | D at T 88:76–80, 118 | D at T 130:18–19 |
| D at T 11:21–22 | D at T 90:15 | D at T 131:6 |
| D at T 19:23 | D at T 93:36–37, 53 | D at T 136:32–33 |

- Bakit sa palagay ninyo inuutusan tayo na matuto tungkol sa maraming iba't-ibang bagay?

  Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa mga kabataan ang kahalagahan ng edukasyon: "Napakahalaga na kayong mga kabataang lalaki at kayong mga kabataang babae ay magkamit ng lahat ng edukasyon sa abot ng inyong makakaya. Napakaliwanag na sinabi ng Panginoon na ang Kanyang mga tao ay magtatamo ng kaalaman ng mga bansa at kaharian at ng mga bagay sa mundo sa pamamagitan ng proseso ng edukasyon, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya. Ang edukasyon ang susi na magbubukas sa pinto ng pagkakataon para sa inyo. Ito ay kasing halaga ng pagsasakripisyo para dito. Ito ay kasing halaga ng pagsisikap na makamit ito, at kung tuturuan ninyo ang inyong isipan at mga kamay, makagagawa kayo ng malaking kontribusyon sa lipunan kung saan kabahagi kayo, at makapagbibigay-dangal kayo sa Simbahan kung saan kayo ay miyembro. Mahal kong mga kabataan, samantalahin ang bawat pagkakataong makapag-aral sa abot ng inyong makakaya, at kayong mga ama at ina, hikayatin ang inyong mga anak na magtamo ng edukasyon na magpapala sa kanilang buhay" ("Inspirational Thoughts," *Ensign*, Hunyo 1999, 4).

- Anu-anong pagkakataon ang mayroon tayo para sa pormal na pag-aaral? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mataas na paaralan, paaralang magtuturo ng kasanayan (trade schools) at kolehiyo at pamantasan.) Paano nagkakaroon ng kapakinabangan sa ating buhay ang pormal na edukasyon? Ano ang maggagawa natin upang magamit nang mas mabuti ang mga pagkakataon para sa pormal na edukasyon?

- Si Pangulong Brigham Young ay nagturo: "Ang ating edukasyon ay dapat magpaunlad sa ating mga isipan at maghanda sa atin para sa ibayong kapakinabangan; upang tayo ay higit na makapaglingkod sa pamilya ng sangkatauhan" (*Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widstoe [1941], 255). Paano tayo matutulungan ng edukasyon na makapaglingkod sa ating pamilya? Paano tayo matutulungan ng edukasyon sa makapaglingkod sa iba? Paano tayo matutulungan ng edukasyon sa ating pagsisikap na makatulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan kung saan natulungan sila ng kanilang edukasyon sa kanilang pagsisikap na makapaglingkod.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 90:15. Paano napagyaman ng pag-aaral ng mabubuting aklat ang inyong buhay?

- Anu-ano ang mga responsibilidad ng mga magulang kaugnay sa pagtuturo sa kanilang mga anak? (Tingnan sa D at T 68:25–28. Bigyang-diin na ang mga magulang ay may taimtim na responsibilidad na tulungan ang kanilang mga anak na matutuhan ang ebanghelyo. Dapat din magturo ang mga magulang ng praktikal na mga kasanayan tungkol sa kung paano mapananatili ang mabuting kalusugan, masigasig na pagtatrabaho, pakikisama sa iba, paghawak ng salapi, at pagtatamo ng mabuting edukasyon.)
- Paano mahihikayat ng mga magulang ang mga anak na magkaroon ng pagpapahalaga sa pag-aaral na magtatagal sa buong buhay nila?

  Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, binigyang-diin ni Elder Gordon B. Hinckley ang kahalagahan ng paghikayat sa mga anak na magbasa: "Alam ninyo na ang inyong mga anak ay magbabasa. Magbabasa sila ng mga aklat at magbabasa sila ng mga magasin at pahayagan. Linangin ninyo sa kanila ang pagpili ng pinakamabuti. Habang sila ay musmos pa, basahin sa kanila ang dakilang mga kuwento na walang-kamatayan dahil sa mga kabutihang itinuro nito. Pakitaan sila ng mabubuting aklat. Maglaan ng isang sulok sa inyong tahanan, maging gaano man ito kaliit, kung saan makikita ang kahit ilang aklat man lamang na gayon ang uri na magpapayaman sa mga dakilang isipan" (sa Conference Report, Okt.1975, 57; o *Ensign*, Nob. 1975, 39).

  Ipinaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na nakauunawa ng mga turo sa mga banal na kasulatan ang maliliit na bata: "Ang . . . katangian ng isang masayang tahanan ay natutuklasan kapag ang tahanan ay silid-aklatan ng karunungan. . . . Nagpayo ang Panginoon, 'Maghanap kayo sa pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayundin sa pamamagitan ng pananampalataya' (Doktrina at mga Tipan 88:118). Ang mga pamantayang banal na kasulatan ang nag-aalay ng aklatan ng karunungan na sinasabi ko. Kailangan nating maging maingat na hindi maliitin ang kakayahan ng mga bata na basahin at unawain ang salita ng Diyos" (sa Conference Reprt, Okt. 1988, 81–81, o *Ensign*, Nob. 1988, 70).

  Kung nais ninyong talakayin nang mas detalyado ang paksa ng pagtuturo sa mga bata, maaari kayong sumangguni sa mga pahina 167–89 sa 1999 edisyon ng *Pagtuturo Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893). Ang aralin 45 sa manwal na ito ay tumatalakay din sa responsibilidad ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak.
- Anu-anong uri ng pagbabasa ang dapat nating iwasan?


  Si Pangulong Ezra Taft Benson ng Korum ng Labindalawa ay nagturo: "Sa kasalukuyan, sa dami ng makukuhang aklat, isang palatandaan ng taong edukado ang malaman kung ano ang hindi nararapat basahin. . . . Basahin lamang ang pinakamabubuting aklat: Tulad ng ipinayo ng ina ni John Wesley sa kanya: 'Iwasan ang anumang nagpapahina sa iyong isipan, nakapagpapalabo sa damdamin mong maka-Diyos, nagpapawalang gana sa iyong sigasig para sa mga bagay na espirituwal, . . . nagpapalakas sa kapangyarihan ng katawan sa isipan'" ("In His Step," sa 1979 *Devotional Speeches of the Year* [1980], 61).

- Bukod pa sa pagtatamo ng pormal na edukasyon at pagbabasa ng mabubuting aklat, ano ang maaari nating gawin upang patuloy na matuto habang nabubuhay tayo?

**4. Sa templo ay nagkakamit tayo ng edukasyon para sa walang hanggan.**

Ipaliwanag na noong patapos na ang Hunyo ng taong 1833, si Propetang Joseph Smith ay nagdala ng plano para sa pagtatayo ng lungsod ng Sion sa mga banal sa Independence, Missouri.

Ipakita ang plano para sa lungsod ng Sion na makikita sa ibaba. Ipaliwanag na ang mga Banal ay magtatayo ng templo sa gitna ng lungsod. Bagaman hindi sila makapagtayo ng lungsod ng Sion, sinunod nila ang konseptong ito nang itayo ang lungsod ng Salt Lake.



**Plano para sa Lungsod ng Sion.** Ang lugar para sa templo ay nasa gitna.

- Ano ang maaari nating matutuhan mula sa plano na pagtatayo ng templo sa gitna ng lungsod ng Sion? (Maaaring ibilang sa mga sagot na ang mga templo ay sentro ng karunungan para sa mga miyembro ng Simbahan at nararapat nating ilagay ang templo sa sentro ng ating buhay.)

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 88:119. Bigyang-diin na ang templo ay "isang bahay ng pagkatuto." Sa anu-anong paraan tayo tinuturuan ng Panginoon kapag dumadalo tayo sa templo? Ano ang magagawa natin upang matanggap ang kaalaman na matatamo sa templo?

  Si Elder John A. Widstoe ng Korum ng Labindalawa ay nagturo: "*Ang templo ay pook ng pagtuturo*. Dito pinag-aaralang muli ang mga alituntunin ng ebanghelyo at ipinaaalam ang malalalim na katotohanan ng kaharian ng Diyos. Kung pumapasok tayo sa templo sa tamang diwa at taimtim na nakikinig, lumalabas tayo na pinayaman sa kaalaman at karunungan sa ebanghelyo" ("Looking Toward the Temple," *Ensign*, Ene. 1972, 56–57).

  Si Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa ay nagsabi:

  "Ang templo ay dakilang paaralan. Ito ay bahay ng pagkatuto. Ang kapaligiran sa mga templo ay pinananatili upang ito ay angkop para sa pagtuturo ng mga bagay na lubhang espirituwal. . .

  "Ang seremonya sa templo ay hindi lubusang mauunawaan sa unang pagdalo dito. Bahagi lamang nito ang mauunawaan. Muli at muli at muling bumalik. Bumalik upang matuto. Ang mga bagay na nakababalisa o nakagugulo o nakalilito sa inyo o ang mga bagay na naging mahiwaga ay ipaaalam sa inyo. Marami sa mga ito ay ang payapa, personal na mga bagay na talagang hindi ninyo maipaliliwanag kaninuman. Subalit sa inyo ito ay mga bagay na nababatid. . .

  "Kaya't hangaring magtungo sa templo. Akayin ang inyong mga anak patungo sa templo. Simula pa sa mga araw ng kanilang kamusmusan, ituon ang kanilang pansin dito, at simulan ang kanilang paghahanda para sa araw kung kailan makapapasok na sila sa banal na templo.

  "Samantala, maging madaling maturuan, maging mapitagan. Lubos na matuto mula sa mga turo—ang masimbolo, lubhang espirituwal na mga turo—na malalaman lamang sa templo" (*The Holy Temple* [polyeto, 1982], 6–8).

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang mga ordenansa at seremonya sa templo ay sagrado. Hindi natin dapat talakayin ang detalye ng mga aspeto ng mga ordenansa at seremonyang ito sa labas ng templo. Atasan ang mga miyembro ng klase na tandaan ang alituntuning ito habang tumutugon sila sa sumusunod na tanong:

- Anu-ano ang ilang katotohanan na natutuhan ninyo sa pamamagitan ng pagdalo sa templo?

Himukin ang mga miyembro ng klase na dumalo sa templo nang madalas sa abot ng kanilang makakaya. Si Pangulong Ezra Taft Benson ay nagtanong: "Bumabalik ba tayo nang madalas sa templo upang tumanggap ng personal na mga biyaya na dulot ng palagiang pagsamba sa templo? Ang mga panalangin ay sinasagot, ang paghahayag ay nagaganap, at ang pagtatagubilin ng Espiritu ay nangyayari sa mga banal na templo ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1988, 98; o *Ensign*, Mayo 1988, 85).

Katapusan

Himukin ang mga miyembro ng klase na magpatuloy sa pag-aaral habang nabubuhay upang sila ay mapaunlad at upang sila ay makapaglingkod nang mas mabuti sa iba. Ipaalala sa kanila ang utos ng Panginoon na “maghangad na matuto . . . sa pamamagitan ng pag-aaral at gayun din sa pamamagitan ng pananampalataya” (D at T 88:118).

Kapag binigyang inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa aralin. Maaari ninyong ipahayag ang inyong pasasalamat para sa mga pagkakataon na matuto.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaai ninyong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Pagsasagawa ng payo sa D at T 88:121–26**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 121–26. Bigyang-diin na ang mga alituntunin sa talatang ito ay makatutulong sa atin sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Anu-ano ang naging karanasan ninyo na nagpakita sa inyo ng kahalagahan ng mga alituntuning ito?

**2. Pag-aaral nang hindi nanghihina ang kalooban dahil sa dami ng dapat malaman**

- Paano tayo makapagpapatuloy sa pagkatuto nang hindi nanghihina ang kalooban dahil sa dami ng dapat malaman?

  Si Pangulong Wilford Woodruff ay nagpayo, “Huwag kayong panghihinaan ng loob sapagkat hindi ninyo matututuhan ang lahat nang sabay-sabay; pag-aralan ang isang bagay nang isa-isa, pag-aralan itong mabuti, at pagyamanin ito, pagkatapos ay pag-aralan ang isa pang katotohanan at pagyamanin ito, at sa loob ng ilang taon ay magkakaroon kayo ng maraming imbak na kapakipakinabang na kaalaman na hindi lamang magiging malaking biyaya sa inyong sarili at sa inyong mga anak, kundi sa inyong kapwa-tao” (*The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham [1946], 269).

  Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari ninyong basahin ang Doktrina at mga Tipan 78:17–18 na kasama ang mga miyembro ng klase.

**3. Pag-aaral ng ebanghelyo sa mga klase ng seminary at institute**

Makibahagi sa sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley? “ Ang ating dakilang programa sa edukasyon ng simbahan ay nagpapatuloy. Ang gawain ng pagsasanay ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng programa ng seminary at institute ay patuloy na pinalalawak. . . . Hinihikayat namin ang lahat ng pinatutungkulan ng paanyayang ito na samantalahin ito. Hindi kami nag-aatubiling ipangako na madaragdagan ang kaalaman ninyo sa ebanghelyo, mapatitibay ang inyong pananampalataya, at magkakaroon kayo ng mga kahanga-hangang pagsasamahan at pagkakaibigan” (sa Conference Report, Abr. 1984, 69; o *Ensign*, Mayo 1984, 47).

Kung mayroong mga klase ng seminary o institute sa inyong lugar, maaari ninyong iukol ang panahon sa oras sa talakayang ito na hikayatin ang mga

kabataan at kabataang nasa wastong gulang na mag-aaral. Isaalang-alang ang pagtatanong ng sumusunod:

- Anu-ano ang naging karanasan ninyo sa seminary (o institute) na nakatulong sa inyo? Paano natin mahihikayat ang iba na dumalo sa seminary (o institute)?

**4. Pagpapaunlad ng ating mga talino sa pamamagitan ng edukasyon**

Repasuhin ang talinghaga ng mga talento (Mateo 25:14–30; tingnan din sa D at T 82:18). Ipasulat sa isang pirasong papel sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga talino at interes. Talakaying kasama sila kung paano sila matutulungan ng edukasyong walang kaugnayan sa relihiyon at edukasyong pang-relihiyon upang mapaunlad ang kanilang mga talino at interes.

Aralin
# 24 “Huwag Magpalinlang, sa Halip ay Manatiling Matatag”

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano nila maiiwasan ang panlilinlang at lubusang pagtalikod sa katotohanan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 26; 28; 43:1–7; 50; 52:14– 19; at ang iba pang mga banal na kasulatan sa araling ito.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kumuha ng tsart ng mga kasalukuyang *Pangkalahatang Awtoridad* mula sa kalalabas na isyu ng komperensiya sa magasin ng Simbahan.
4. Maaari ninyong atasan ang mga miyembro ng klase na maglalahad ng mga kuwento sa unang bahagi ng aralin. Bigyan sila ng mga kopya ng mga kuwento nang maaga.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat ang kasunod na mga parirala sa pisara:

*Isang pint ng Krema*

*Isang pangalang mali ang pagkakabaybay*

*Walang mauupuan sa paglalaan ng Templo sa Kirtland*

Sabihin sa mga miyembro ng klase na ang mga pariralang ito ay nagkakaisa sa isang bagay. Lahat ng mga ito ay mga dahilang ibinigay ng mga naunang miyembro ng Simbahan sa kanilang lubusang pagtalikod sa katotohanan ng Simbahan.

Ipaliwanag na ang aralin sa araw na ito at tumatalakay sa kung paano iiwasan ng bawat tao ang lubusang pagtalikod sa katotohanan. Ang mga pariralang ito at ang mga kuwentong kasama nito ay ipaliliwanag sa dakong hulihan ng aralin.

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung paano naisasagawa ang piling materyal sa pang-araw-araw na buhay.

1. **Dapat nating malaman na ang mga panlilinlang ni Satanas ay maaaring umakay sa atin sa lubusang pagtalikod sa katotohanan.**

Ipaliwanag na noong mga unang taon ng Simbahan, ilang miyembro ang nalinlang ni Satanas at humantong sa lubusang pagtalikod sa katotohanan, o paghihimagsik laban sa Diyos. Ang ilang miyembro na lubusang tumalikod sa katotohanan ay naging mga kaaway ng Simbahan at tumulong sa mga pagmamalupit sa mga Banal sa Ohio at Missouri. Bilang mga miyembro ng Simbahan ngayon, kailangan tayong maging tapat at maingat upang hindi tayo malinlang.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 50:2–3 at 2 Nephi 2:18, 27. Bakit gusto ni Satanas na malinlang tayo? Anu-ano ang ilang paraan kung saan sinisikap ni Satanas na linlangin tayo at ibulid sa lubusang pagtalikod? (Gamitin ang kasunod na impormasyon upang talakayin o dagdagan ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Isulat ang mga pamagat sa pisara.)

*Hindi pagkilala sa propeta bilang pinagmulan ng paghahayag para sa Simbahan*

Ang ilang miyembro ay nalinlang ng mga bulaang propeta. Ang sumusunod na salaysay ay nagpapakita kung paanong ang ilang naunang Banal ay pansamantalang nalinlang ng maling mga paghahayag.

Noong taong 1830, si Hiram Page, isa sa walong saksi sa Aklat ni Mormon, ay nagtaglay ng isang bato kung saan sinabi niyang tumatanggap siya ng mga paghahayag tungkol sa pagtatayo ng Sion at kaayusan ng Simbahan. Si Oliver Cowdery at mga Whitmer, at iba pa ay naniwala sa mga pahayag na ito, Gayunpaman, sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang mga pahayag "ay lubhang taliwas sa kaayusan ng bahay ng Diyos, na nakalagay sa Bagong Tipan, gayundin, sa ating mga huling paghahayag" (*History of the Church*, 1:110).

Ipinanalangin ng Propeta ang tungkol sa bagay na ito at nakatanggap siya ng paghahayag kung saan nilinaw ng Panginoon na tanging ang Pangulo ng Simbahan ang may karapatan na tumanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan (D at T 28). Inutusan ng Panginoon si Oliver Cowdery na sabihin kay Hiram Page na ang mga paghahayag na ipinarating sa pamamagitan ng bato ay nagmula kay Satanas (D at T 28:11). Matapos marinig ang mga tagubilin ng Panginoon, "Tinalikdan ni Kapatid na Page, gayundin ng buong Simbahan na naroroon, ang sinasabing bato, at ang lahat ng bagay na kaugnay nito" (*History of the Church*, 1:115).

*Kapalaluan*

Ang ilang miyembro ay nalilinlang dahil sa kapalaluan. Ang sumusunod na kuwento ay naglalarawan kung paano inakay ng kapalaluan si Thomas B. Marsh, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawa, at ang kanyang maybahay, na si Elizabeth, tungo sa pagtalikod sa katotohanan.

Samantalang naninirahan sa Far West, Missouri, sina Sister Marsh at Sister Harris ay nagpasiyang magpalitan ng gatas upang mas malaking keso ang magawa nila kaysa magagawa nila kung hindi ganito ang gagawin. Nagkasundo silang ipadala sa isa't-isa kapwa ang gatas at krema mula sa kanilang mga baka. Subalit bumawas si Sister Marsh ng isang *pint* ng krema mula sa bawat baka at ipinadala kay Sister Harris ang gatas na walang krema.

Nagkaroon ng away, at ang pangyayari ay isinangguni sa obispo. Nang mapagpasiyahan niya na nilabag ni Sister Marsh ang pangako niya, nagalit si Sister Marsh at ang kanyang asawa at inapela ang pangyayari sa mataas na kapulungan at pagkatapos ay sa Unang Panguluhan. Sinang-ayunan ng bawat kapulungan ang naunang desisyon na mali si Sister Marsh.

Ipinahayag ni Thomas B. Marsh na aayunan niya ang pag-uugali ng kanyang asawa. Pagkatapos na pagkatapos niyon, tinalikuran niya ang Simbahan at lumapit sa isang opisyal ng pamahalaan upang ideklara na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay kalaban ng estado ng Missouri. (Tingnan sa *Journal of Discourses*, ni George A. Smith, 3:283–84.)

Ganito ang sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley tungkol sa pangyayaring ito: "Napakaliit at napakasimpleng bagay—kaunting krema na siyang pinag-awayan ng dalawang babae. Subalit ito ang nagbunsod sa, o naging dahilan kahit paano ng malupit na utos ng paglipol ni Gobernador Boggs na nagtaboy sa mga Banal mula sa estado ng Missouri, kasama ang lahat ng matinding pagdurusa at kasunod na pagkamatay bunga nito. Ang lalaking dapat sanang nag-ayos ng maliit na away na ito, subalit siya pa sa halip, ang nagpatuloy nito,. . .ay naalis sa kinalalagyan sa Simbahan. Nawala ang kanyang patotoo sa ebanghelyo" (sa Conference Report, Abr. 1984, 111; o *Ensign*, Mayo 1984, 83).

Matapos ang 19 na taon ng kadiliman at sama ng loob, si Thomas B. Marsh ay buong tiyagang pumaroon sa Salt Lake Valley at hiniling kay Brigham Young na patawarin siya at pahintulutan ang muling pagbibinyag sa kanya sa Simbahan. Sumulat siya kay Heber C. Kimball, ang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Nagsimula kong mapagtanto ang aking kalagayan; . . . Alam ko na ako ay nagkasala laban sa Langit at sa kanyang paningin." Pagkatapos ay inilarawan niya ang aral na natutuhan niya: "Ang Panginoon ay maayos na maayos na nakapagpapatuloy nang wala ako at walang nawala sa Kanya sa aking lubusang pagtalikod; subalit napakalaki ng nawala sa akin? Mga kayamanan, higit na dakilang mga kayamanan kaysa sa maidudulot ng mundong ito o ng maraming planetang tulad nito" (sinipi ni James E. Faust, sa Conference Report, Abr. 1996; o *Ensign*, Mayo 1996, 7).

- Ano ang natutunan natin sa kuwentong ito? Paano ninyong nakitang ibinubulid ng kapalaluan ang tao tungo sa pagkalinlang at pagtalikod sa katotohanan? Ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga pagpapakumbaba sa Kanyang harapan? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 112:2–3, 10; Eter 12:27. Pansinin na ang Doktrina at mga Tipan 112 ay isang paghahayag na ibinigay kay Thomas B. Marsh sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith.)

*Pamimintas sa mga kakulangan ng mga pinuno*

Ang ilang miyembro ay nalilinlang dahil nagiging mapamintas sila sa mga kakulangan ng mga pinuno ng Simbahan. Ang sumusunod na kuwento ay naglalarawan kung paano nalinlang si Simonds Ryder sa paraang ito.

Si Simonds Ryder ay nagbalik-loob sa Simbahan noong taong 1831. Kinalaunan ay tumanggap siya ng sulat na nilagdaan nina Propetang Joseph Smith at Sidney Rigdon at ipinaalam sa kanya na kalooban ng Diyos, na ipinahayag ng espiritu, na ipangaral niya ang ebanghelyo. Kapwa sa sulat na tinanggap niya at sa opisyal na pagkakaatas upang mangaral ay nasusulat ang pangalan niya na *Rider* sa halip na *Ryder*. "Inisip" ni Simonds Ryder "na kung ang 'Espiritu' na siyang daan ng

pagkatawag sa kanya upang mangaral ay maaaring magkamali sa pagbaybay ng kanyang pangalan, maaaring nagkamali rin ito sa pagtawag sa kanya sa pagmiministeryo; o, sa madaling salita, siya ay nagduda kung siya nga ba ay tinawag ng Espiritu ng Diyos, dahil sa pagkakamali sa pagbaybay sa kanyang pangalan!" (*History of the Church*, 1:261). Hindi naglaon si Simonds Ryder ay lubusang tumalikod sa Simbahan.

- Ano ang matututuhan natin mula sa kuwentong ito? Paano tayo ginagawang mas malapit sa panlilinlang ng pagiging mapamintas sa ating mga pinuno ng Simbahan?

*Nasasaktan ang damdamin*

Ilang miyembro ng Simbahan ang nasaktan ang damdamin dahil sa mga kilos ng ibang miyembro at hinayaan ang sama ng loob na lumaki hanggang sa humantong sa lubusang pagtalikod sa katotohanan. Ang halimbawa nito ay nakalarawan sa sumusunod na pangyayari.

Noong matapos ang Templo sa Kirtland, nagtipon ang maraming Banal para sa paglalaan. Madaling napuno ang mga upuan sa templo, at maraming tao ang hinayaang tumayo, ngunit hindi pa rin magkasya ang lahat sa loob ng gusali. Si Elder Frazier Eaton, na nagbigay ng $700 para sa pagtatayo ng templo, ay dumating matapos mapuno ito, kung kaya hindi siya pinayagang makapasok para sa paglalaan. Inulit ang paglalaan para sa mga hindi nakapasok sa unang araw, subalit hindi ito naging kasiya-siya kay Frazier Eaton, at siya ay tumalikod sa katotohanan. (Tingnan sa *Journal of Discourses*, ni George A. Smith, 11:9.)

- Ano ang matututuhan natin mula sa kuwentong ito? Paano natin hinahayaan ang ating mga sarili sa panahong ito, na masaktan ng iba ang ating damdamin? Paano humahantong sa pagtalikod sa katotohanan ang damdaming nasaktan? Paano natin maaaring iwasang masaktan ang ating damdamin?
- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 64:8–11 at 82:1 kasama ang mga miyembro ng klase. Sino ang hinihiling ng Panginoon na patawarin natin? Bakit kung minsan ay mahirap maging mapagpatawad? Anu-ano ang ilang kahihinatnan ng hindi pagpapatawad sa isang tao? Ano ang magagawa natin upang matulungan ang ating sarili na mapatawad ang isang tao na hindi pa natin napapatawad?

*Pagbibigay-katwiran sa di-pagsunod*

Ang pagbibigay-katwiran ay pagdadahilan o pagtatanggol sa di-katanggap-tanggap na ugali. Ito ay paghanap ng paraan upang mapagaan ang konsensiya sa paggawa ng isang bagay na alam nating mali.

- Paanong isang uri ng panlilinlang ang pagbibigay-katwiran? paano natin sinisikap minsan na bigyang-katwiran ang ating ugali? Bakit mapanganib ito? Paano natin malalaman at mapaglalabanan ang pagbibigay-katwiran?

*Pagtanggap sa mga maling turo ng mundo*

- Anu-ano ang ilang maling turo ng mundo na makalilinlang sa mga miyembro at makaaakay sa kanila sa lubusang pagtalikod sa katotohanan? (Maaaring ibilang sa mga halimbawa ang mga maling ideya na ang mga kautusan ng

Diyos ay lubhang mahigpit, na katanggap-tanggap ang kahalayan, at ang mga materyal na ari-arian ay mas mahalaga kaysa mga espirituwal na bagay.)

Ang namumunong obispong si H. David Burton ay nagturo: "Isa sa mga tusong pamamaraan [ni Satanas] ay ang patuloy na pahinain ang ating mga pandamdam hinggil sa kung ano ang tama at mali. Kinukumbinsi tayo ni Satanas na nauuso ang pagsisinungaling at pandaraya. Inuudyukan niya tayo na manood ng pornograpiya sa pamamagitan ng pagmumungkahi na inihahanda tayo nito sa tunay na mundo. Pinapapaniwala niya tayo na ang imoralidad ay isang kaakit-akit na paraan ng pamumuhay at ang pagsunod sa mga kautusan ng ating Ama sa Langit ay makaluma. Patuloy tayong tinatambakan ni Satanas ng mapanlinlang na propaganda na nababalot nang maganda at maingat na nakabalat-kayo" (sa Conference Report, Abr. 1993, 60; o *Ensign*, Mayo 1993, 46).

**2. Maaari tayong manatiling magiting sa ating mga patotoo at maiiwasan ang panlilinlang.**

Ipaliwanag na binigyan tayo ng Panginoon ng maraming biyaya at kautusan upang matulungan tayo na manatiling magiting sa ating mga patotoo at maiiwasan ang malinlang.

- Ano ang magagawa natin upang maiwasan ang malinlang at hindi humantong sa lubusang pagtalikod sa katotohanan? (Gamitin ang kasunod na impormasyon upang buuin ang talakayang ito.)

*Malalaman natin nang malinaw kung sino ang tinawag ng Panginoon upang pamunuan ang Simbahan.*

- Noong mga unang taon ng Simbahan, maraming tao ang umangking tumatanggap ng mga paghahayag upang gabayan ang Simbahan o iwasto si Propetang Joseph Smith. Ano ang inihayag ng Panginoon bilang tugon sa mga pahayag na ito? (Tingnan sa D at T 28:2, 6– 7; 43:1–3. Bigyang-diin na ang D at T 28 ay inihayag nang sabihin ni Hiram Page na tumatanggap siya ng mga paghahayag para sa buong simbahan, at ang D at T 43 ay inihayag noong gumawa ang iba ng katulad na mga pahayag.
- Sino ang tumatanggap ng mga paghahayag at kautusan para sa buong Simbahan ngayon?

  Si Pangulong Joseph F. Smith at ang kanyang mga Tagapayo sa Unang Panguluhan ay nagturo: "Ang Panginoon ay. . .nagtalaga ng isang lalaki sa isang panahon sa lupa upang humawak ng mga susi ng paghahayag sa buong Simbahan sa lahat ng organisasyon, awtoridad, ordenansa at doktrina nito. Ang espiritu ng paghahayag ay ipinagkaloob sa lahat ng miyembro nito para sa kapakanan at kaliwanagan ng bawat isang tumatanggap ng inspirasyon nito, at alinsunod sa katayuan kung saan siya ay tinawag na gumawa. Subalit para sa buong Simbahan, siya na tumatayong pangulo ay nag-iisang itinalaga upang tumanggap ng mga paghahayag bilang kautusan o bilang pagtatapos sa isang pagtatalo" (sa *Message of the First P*residency *of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, tinipon ni James R. Clark, 6 tomo [1965–75], 4:270).
- Paano natin maiiwasan na malinlang ng mga umaangkin ng mali na tumanggap ng paghahayag para sa Simbahan? (Tingnan sa D at T 43:4–7.)

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 26:2 at 28:13. Ano ang alituntunin ng pagsang-ayon ng lahat? (Tingnan sa D at T 20:65; 42:11.) Ito ay kaugalian ng pagpapakita na tayo ay nakahandang sang-ayunan ang mga tinawag na maglingkod sa Simbahan, karaniwan sa pamamagitan ng pagtataas ng ating kanang kamay.) Paano tayo napoprotektahan ng alituntunin ng pagsang-ayon ng lahat laban sa panlilinlang? (Pinapahintulutan nito na malaman natin kung sino ang tinawag upang mamuno at mangasiwa sa Simbahan, sa gayon, iniiwas tayo na malinlang ng mga pahayag ng mga hindi wastong tinawag.)

Ipakita ang tsart ng mga kasalukuyang Pangkalahatang Awtoridad (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3). Bigyang-diin ang mga biyaya natin sa pagsang-ayon sa mga pinunong ito at pagsunod sa kanilang payo.

*Dapat nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan at ang mga doktrina ng Simbahan*

- Basahing kasama ang mga miyembro ng klase ang D at T 1:37 at 33:16. Ipaliwanag na sa kabuuan ng Doktrina at mga Tipan ay itinuro ng Panginoon ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Paano nakatutulong sa atin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta sa mga huling araw upang makaiwas sa panlilinlang? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang nakalista sa ibaba.)

  a. Malalaman natin nang mas mabuti ang katotohanan ng mga ideya sa pamamagitan ng paghahambing ng mga ito sa mga katotohanan na natututuhan natin mula sa mga banal na kasulatan at sa ating mga kasalukuyang pinuno.

     Si Pangulong Harold B. Lee ay nagturo: "Kung may isang magsusulat o magsasabi ng isang bagay na lampas pa sa anumang matatagpuan sa mga pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan, maliban kung ito ay ang propeta, tagakita, o tagahayag—mangyari lamang na pansinin ang isang eksepsiyong iyon—maaari ninyong sabihin agad na 'Siya, iyon ay kanyang sariling ideya.' At kung nagsasabi siya ng isang bagay na taliwas sa natatagpuan sa mga pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan, maaari ninyong malaman sa pamamagitan ng gayon ding palatandaan na ito ay mali." (*The Teachings of Harold B. Lee*, pinamatnugutan ni Clyde J. Williams [1996], 540–41).

  b. Ang pag-aaral ng banal na kasulatan ay nagpapalakas sa ating mga patotoo kung kayat hindi tayo gaanong magiging kampante sa pagiging matuwid o maimpluwensiyahan ng maling doktrina.

     Si Pangulong Lee ay nagturo, "Kung hindi tayo nagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw, himihina ang ating mga patotoo, bumababaw ang ating espirituwalidad" (*The Teaching of Harold B. Lee*, 152).

- Paano kayo napoprotektahan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan mula sa panlilinlang?

*Dapat nating malaman na palagi tayong patitibayin ng mga bagay na ukol sa Diyos*

Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith na pagkatapos na pagkatapos na makapanatili ang mga Banal sa Kirtland, "naglabasan ang mga bulaang espiritu, nakita ang maraming kakatwang pangitain, at pinakinggan ang padalus-dalos,

masigasig na mga kuru-kuro; ang mga kalalakihan ay nagtakbuhan palabas ng mga pintuan sa ilalim ng impluwensiya ng espiritung ito, at ang ilan sa kanila ay nasabit ang mga paa sa mga tuod ng punong-kahoy at sumigaw, at lahat ng uri ng pagsasaya ay pinasok nila; . . . maraming katawa-tawang bagay ang ginawa, tinatayang dinadala sa kahihiyan ang Simbahan ng Diyos, upang maging dahilan ng pag-alis ng Espiritu ng Diyos" (*History of the Church*, 4:580). Nag-aalala sa sobrang espirituwal na pagpapakitang ito, nagtanong ang Propeta sa Panginoon. Ang pahahayag sa D at T 50 ang sagot ng Panginoon.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 50:17–24 kasama ang mga miyembro ng klase. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa kung paano natin malalaman ang mga bagay na mula sa Diyos at ang mga bagay na ukol kay Satanas? (Ang mga bagay na ukol sa Diyos ay patitibayin tayo sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa ating mga isipan at pagtulong sa atin na espiritwal na umunlad. Ginagawa ng mga ito na naisin nating sundin ang Tagapagligtas at pagbutihin ang ating buhay. Ang mga bagay na ukol kay Satanas ay gagawin ang kabaligtaran.)

  Si Pangulong Joseph Fielding Smith ay nagturo: "Wala nang masasabing higit na dakilang katotohanan kaysa 'yaong hindi nakapagpapatibay ay hindi sa Diyos'. At ang hindi sa Diyos ay kadiliman, hindi mahalaga kung ito man ay pabalatkayong dumarating sa kaanyuan ng relihiyon, etika, pilosopiya o paghahayag. Walang paghahayag na mula sa Diyos ang makakaligtaang magpatibay" (*Church History and Modern Revelation*, 2 tomo [1953], 1:201–2).

*Dapat nating isagawa ang huwaran ng Panginoon para sa pagsasanggalang sa ating sarili mula sa pagkakalinlang*

Inihayag ng Panginoon ang D at T 52 isang araw matapos ang komperensiya sa Kirtland. Sa paghahayag na ito ay nagbibigay Siya ng huwaran na sa pamamagitan nito ay maiiwasan natin ang malinlang.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 52:14–19. Ayon sa mga talatang ito, ano ang mga katangian ng mga gurong "maka-Diyos"? Paano makatutulong sa atin ang huwaran na ibinibigay sa talatang ito upang makaiwas na malinlang?

---

Katapusan

Repasuhin ang mga panlilinlang ni Satanas na maaaring humantong sa pagtalikod sa katotohanan. Repasuhin ang payo ng Panginoon na ibinigay para sa pagsasanggalang sa ating sarili laban sa panlilinlang. Bigyang-diin na habang sinusunod natin ang payong ito, pananatilihin tayo ng Espiritu ng Panginoon sa landas ng katotohanan. Kapag binigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o ang kapwa sa mga sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Gawaing magpapasimula sa unang bahagi ng aralin**

Maghanda ng tala para sa bawat miyembro ng klase. Bawat tala ay maaaring maglaman ng iminungkahing mensahe ng pagpapasalamat o takdang-gawain na basahin ang banal na kasulatan sa klase o makibahagi sa anumang paraan.

Gayunpaman, bahagyang baybayin muli ang pangalan ng bawat tao. Ipamahagi ang mga tala sa simula ng unang bahagi ng aralin upang pasimulan ang kuwento ni Simonds Ryder at ang iba pang kuwento sa bahaging iyon.

**2. Karagdagang payo tungkol sa kung paano palalakasin ang ating mga sarili laban sa lubusang pagtalikod sa katotohanan**

Tinutukoy ni Elder Carlos E. Asay ng Pitumpu ang mga sumusunod na bagay na magagawa natin upang palakasin ang ating mga sarili laban sa pagtalikod sa katotohanan.

“1. Iwasan ang mga sisira sa inyong pananampalataya, . . .

“2. Sundin ang mga kautusan . . .

“3. Sundin ang mga buhay na propeta . . .

“4. Huwag kayong magtatalu-talo o magdedebate hinggil sa mga paksa ng doktrina. [Tingnan sa 3 Nephi 11:28.]

“5. Saliksikin ang mga banal na kasulatan . . .

“6. Huwag lalayo o lilihis sa misyon ng Simbahan. . .

“7. Ipanalangin ang inyong mga kaaway . . .

“8. Isagawa ang ‘dalisay na relihiyon.’ [Tingnan sa Santiago 1:27] at Alma 1:30.]. . .

“9. Tandaan na maaaring magkaroon ng maraming tanong kung saan ay wala tayong mga sagot at ang ilang bagay ay kailangang tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya” (sa Conference Report, Okt. 1981, 93–94; o *Ensign*, Nob. 1981, 67–68).

Aralin
# 25 Pagkasaserdote: "Ang Kapangyarihan ng Kabanalan"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng higit na pang-unawa sa pagkasaserdote at hangarin ang mga pagpapala na nagmumula sa matwid na paggamit nito.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal.
   a. Doktrina at mga Tipan 84:33–44; 121:34–46.
   b. Doktrina at mga Tipan 107 (mga karagdagang banal na kasulatan).
   c. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 30–31.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga dahilan kung bakit nagpapasalamat sila sa pagiging miyembro ng Simbahan. Isulat ang kanilang mga sagot sa pisara.

- Alin sa mga bagay na ito ang maaaring mangyari kung wala ang pagkasaserdote?

Malamang, wala alinman sa mga bagay na inilista ng mga miyembro ng klase ang maaaring mangyari kung wala ang pagkasaserdote. Halimbawa, kapag nagpahayag ng pasasalamat ang mga miyembro ng klase sa walang hanggang kasal, ituro na hindi ito maaari kung wala ang kapangyarihang magbuklod ng pagkasaserdote. Maging ang isang bagay na kasing simple ng pagkakaisa sa Simbahan ay hindi maaaring mangyari kung wala ang mga propeta, apostol, at iba pang pinunong pagkasaserdote, na tumutulong sa atin na magkaroon ng "pagkakaisa ng pananampalataya" (Efeso 4:13; tingnan din sa mga talata 10–12).

Ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito ang pagkasaserdote at ilang mga tipan at pagpapala na may kinalaman dito.

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

### 1. Ang pagkakasunud-sunod ng pagpapanumbalik ng pagkasaserdote at mga katungkulan dito

Ipinanumbalik sa lupa ang Pagkasaserdoteng Aaron at Pagkasaserdoteng Melquisedec noong 1829 (tingnan sa aralin 8). Pagkaraan ng pagtatatag ng Simbahan noong 1830, unti-unting inihayag ng Panginoon ang mga katungkulan, korum, at kapulungan ng pagkasaserdote na kailangan upang mamuno sa paglaki ng Simbahan. Ibinubuod ng kasunod na sukatan ng panahon ang pagpapanumbalik na ito. Isulat ito sa pisara at repasuhing kasama ang mga miyembro ng klase. Maaaring huwag nang isulat sa pisara ang mga sangguniang banal na kasulatan.

Pagkasaserdoteng Aaron: ika-15 ng Mayo 1829 (D at T 13)
Pagkasaserdoteng Melquisedec: Mayo o Hunyo 1829 (D at T 128:20)
Mga apostol, elder, saserdote, guro at diyakono: Abril 1830 (D at T 20:38–60)
Obispo: ika-4 ng Pebrero 1831 (D at T 41:9–10)
Mga mataas na saserdote: Hunyo 1831 (pambungad sa D at T 52)
Unang Panguluhan: 1832–33 (D at T 81; 90)
Patriyarka: ika-18 ng Disyembre 1833 (*Teachings of the Prophet Joseph Smith* [1976], 38–39)
Mataas na kapulungan: ika-17 ng Pebrero 1834 (D at T 102)
Korum ng Labindalawang Apostol: 1835 (D at T 107:23–24)
Mga Pitumpu: 1835 (D at T 107:25)
Unang Korum ng Pitumpu: 1835 (D at T 107:26, 93–97)

Ipaliwanag na patuloy na nagbibigay ng mga paghahayag sa ating panahon ang Panginoon hinggil sa kaayusan at mga tungkulin ng pagkasaserdote upang gabayan ang paglago ng Simbahan. Isang halimbawa nito ay ang pagtawag ng Awtoridad ng Pook na Pitumpu at ang kasabay na pagkakatatag ng Pangatlo, Pang-apat, at Panlimang Korum ng Pitumpu noong 1997 (tingnan sa aralin 42, mga pahina 312–13).

### 2. Ang sumpa at tipan ng pagkasaserdote

Isulat ang *Ang Sumpa at Tipan ng Pagkasaserdote* sa pisara. Ipaliwanag na bukod sa mga paghahayag tungkol sa mga katungkulan at pamamahala sa pagkasaserdote, ang Panginoon ay naghayag ng mga alituntunin tungkol sa pagtanggap at pagganap sa pagkasaserdote. Halimbawa, inihayag niya ang sumpa at tipan ng pagkasaserdote na matatagpuan sa D at T 84:33–44. Binabanghay ng mga talatang ito (1) ang mga tipan na ginagawa ng isang lalaki sa Panginoon kapag tinanggap niya ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at (2) ang mga tipang ginagawa ng Panginoon sa matatapat na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.

Sinabi ni Elder Carlos E. Asay ng Pitumpu: "Sa lahat ng banal na kasunduan hinggil sa ebanghelyo ni Jesucristo, kakaunti, kung mayroon man, ang hihigit ang halaga sa sumpa at tipan ng pagkasaserdote. Tunay na isa ito sa pinakasagradong kasunduan, sapagkat kinabibilangan ito ng pagbabahagi ng banal na kapangyarihan at ng pagsisikap ng tao para sa mga walang hanggang layunin" (sa Conference Report, Okt. 1985, 56; o *Ensign,* Nob. 1985, 43).

Habang tinatalakay ninyo ang sumpa at tipan ng pagkasaserdote, bigyang-diin na "ang mga pagpapala ng pagkasaserdote ay hindi lamang para sa mga lalaki. Ipinagkakaloob din ang mga pagpapalang ito. . .sa lahat ng matapat na kababaihan ng Simbahan. . . .Ipinagkakaloob ng Panginoon sa kanyang mga anak na babae ang lahat ng espirituwal na kaloob at pagpapalang maaaring matamo ng kanyang mga anak na lalaki, sapagkat hindi maaaring walang lalaki at ang lalaki ay hindi maaaring walang babae sa Panginoon" (Joseph Fielding Smith, sa Conference Report, Abr. 1970, 59; o Improvement Era, Hunyo 1970, 66, tingnan din sa Alma 32:23).

- Isulat sa pisara ang *Tipan ng mga maytaglay ng pagkasaserdote na*. Ano ang ipinangangako ng mga maytaglay ng pagkasaserdote bilang bahagi ng sumpa at tipan ng pagkasaserdote? (Tingnan sa D at T 84:33, 36, 39–44. Ibuod sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.)

  Tipan ng mga maytaglay ng pagkasaserdote na:

  a. Maging matapat sa pagtatamo ng Pagkasaserdoteng Aaron at Pagkasaserdoteng Melquisedec (talata 33).

  b. Tumupad sa kanilang tungkulin (talata 33).

  c. Tanggapin ang mga tagapaglingkod ng Panginoon (talata 36).

  d. Makinig na mabuti sa mga salita ng buhay na walang hanggan (mga talata 43–44).

- Ano ang ibig sabihin ng pagtupad sa tungkulin? (Tingnan sa D at T 107:99; Jacob 1:17–19.)

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Lumalago ang ating pagkasaserdote at nagagampanan nating mabuti ang ating tungkulin kapag naglilingkod tayo nang masigasig at masigla sa mga tungkuling ibinigay sa atin sa pamamagitan ng tamang awtoridad. . . . Ginagampanan nating mabuti ang ating tungkulin, napalalago ang potensiyal ng ating pagkasaserdote kapag dumaramay tayo sa mga nagdurusa at kapag nagbibigay tayo ng lakas sa mga pinanghihinaan ng loob. . . . Ginagampanan nating mabuti ang ating tungkulin kapag tayo'y lumalakad nang may katapatan at integridad" (sa Conference Report, Abr. 1989, 63; o *Ensign,* Mayo 1989, 48–49).

- Paano kayo nabasbasan ng isang taong gumanap na mabuti sa kanyang tungkulin?

Ipaliwanag na habang ginagampanan nating mabuti ang ating tungkulin, mahalagang makita natin ang tamang pagtitimbang upang hindi natin mapabayaan ang ating mga pamilya. Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa:

"Kung minsan, hindi sinasadya, maging ang ilang karagdagang gawain sa Simbahan, kapag hindi pinangasiwaan nang maayos, ay makahahadlang sa buhay mag-anak. Bilang tagubilin, pagkaraang turuan ng nabuhay na mag-uling Jesus ang mga Nephita, sinabi niya, 'Magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan, at bulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi,' at manalangin at maghanda 'para sa kinabukasan' (3 Nephi 17:3). Hindi sinabi ni Jesus na pumunta kayo sa inyong mga samahang pambayan, pulong ng bayan, o maging sa mga sentro ng istaka!" (sa Conference Report, Abr. 1994, 120; o *Ensign,* Mayo 1994, 89).

- Ano ang kahulugan ng tanggapin ang mga tagapaglingkod ng Panginoon? (D at T 84:36). Ipaliwanag na habang tinatanggap natin ang mensahe at mga ordenansa ng ebanghelyo mula sa mga tagapaglingkod ng Panginoon ay tinatanggap din natin ang Panginoon.
- Isulat sa pisara ang *Tipan ng Panginoon na*. Ano ang mga biyayang ipinangako ng Panginoon bilang bahagi ng sumpa at tipan ng pagkasaserdote? (Tingnan sa D at T 84:33–34, 38, 42. Ibuod ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara.)

  Tipan ng Panginoon na:

  a. Pabanalin tayo sa pamamagitan ng Espiritu (talata 33).
  b. Panibaguhin ang ating mga katawan (talata 33).
  c. Ipagkaloob sa atin ang mga pagpapalang ipinangako kay Abraham at sa kanyang mga inapo (talata 34).
  d. Gawin tayong Kanyang hinirang, o pinili (talata 34).
  e. Ibigay sa atin ang lahat ng mayroon ang Ama (talata 38).
  f. Utusan ang Kanyang mga anghel na bantayan tayo (talata 42).
- Ipinangangako ng Panginoon na kapag tayo ay matapat, magiging tulad tayo ng "binhi ni Abraham . . . at ang hinirang ng Diyos" (D at T 84:33–34). Ano ang mga pagpapala at tungkulin ng mga binhi ni Abraham? (Tingnan sa Abraham 2:9–11.) Isinasaad sa Abraham 2:11 na "pagpapalain ang lahat ng mag-anak sa mundo" sa pamamagitan ng pagkasaserdote. Paano mangyayari ito?
- Ang pinakadakilang pangako sa sumpa at tipan ng pagkasaserdote ay ang maaari nating matamo ang "lahat ng mayroon ang Ama" (D at T 84:38). Paano tayo matutulungan ng kaalamang ito sa mga panahon ng pagsubok? Paano tayo matutulungan nito sa mga panahon ng kaginhawahan?

**3. Mga alituntunin sa paggamit ng pagkasaserdote**

Ituro at talakayin ang D at T 121:34–46. Ipaliwanag na inihahayag ng Panginoon sa mga talatang ito ang mga alituntunin sa paggamit ng pagkasaserdote. Inihahayag din niya ang mga pangako sa mga gagamit nito sa kabutihan. Bukod sa pagiging angkop nito sa mga maytaglay ng pagkasaserdote, karaniwang angkop ang mga alituntuning ito sa lahat ng ugnayan ng tao. Samakatwid, mahalaga rin ang mga ito sa mga hindi nagtataglay ng pagkasaserdote.

- Sa D at T 121:34–40, inihahayag ng Panginoon kung bakit hindi mabisang nagagamit ng ilang mga maytaglay ng pagkasaserdote ang kanilang kapangyarihan. Ayon sa mga talatang ito, ano ang nakahahadlang sa kanila? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagtuon ng kanilang mga puso sa mga bagay ng daigdig, paghahangad ng mga parangal ng tao, pagtatangkang pagtakpan ang mga kasalanan, pagbibigay-kasiyahan sa kapalaluan o walang kabuluhang adhikain, at paggamit ng di-makatwirang pamamahala.)
- Ano ang ilang halimbawa ng labis na pagbibigay pansin sa "mga bagay ng daigdig na ito"? (D at T 121:35). Paano nakahahadlang sa atin ang mga inaalok ng daigdig upang matamo ang mga inilalaan ng Panginoon? Paano mapagtatagumpayan ng isang tao ang problemang ito?

- Sa anong mga paraan ginagamit ng mga tao ang "di makatwirang pamamahala"? (D at T 121:39; tingnan din sa talata 37). Ano ang mga kahihinatnan nito? Paano mapagtatagumpayan ng isang tao ang pagkakaroon ng pagnanais na gumamit ng di makatwirang pamamahala?

Bigyang-diin na ang pagkasaserdote ay maaari lamang gamitin sa kabutihan at sa diwa ng pagmamahal bilang paraan ng paglilingkod at pagbibigay biyaya sa iba. Sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawa:

"Hindi kailanman dapat kalimutan ng mga maytaglay ng pagkasaserdote na wala silang karapatang gamitin ang awtoridad ng pagkasaserdote na tulad sa isang panghambalos sa ulo ng ibang miyembro ng pamilya o sa mga tungkulin sa Simbahan. . . . Ang sinumang . . . naghahangad na gamitin ang pagkasaserdote sa anumang antas ng kasamaan sa Simbahan o sa tahanan ay tiyak na hindi nauunawaan ang katangian ng kanyang awtoridad. Ang pagkasaserdote ay para sa paglilingkod, hindi sa pang-aalipin; sa pakikiramay, hindi sa pamimilit; sa pagmamalasakit, hindi sa pagsupil" (sa Conference Report, Okt. 1993, 105; o *Ensign*, Nob. 1993, 78).

- Sa D at T 121:41–42, inihahayag ng Panginoon ang mga alituntunin na tutulong sa mga maytaglay ng pagkasaserdote na gamitin nang may kapangyarihan ang pagkasaserdote. Anu-ano ang mga alituntuning ito? Paano natin magagamit ang mga alituntuning ito sa ating pakikisalamuha sa mga miyembro ng pamilya, mga kapitbahay, mga kasama sa trabaho, at sa iba?

  kapag may hindi nakagawa ng takdang gawain, o kapag may malalang pagkakaiMaaari mong talakayin kung paano magagamit ang mga alituntuning ito sa mga natatanging kalagayan, tulad ng pagtulong sa isang bata na gumawa ng pagpapasiya o tapusin ang isang gawain, kapag gumagawa ng mga pasiya sa mga lupon ng Simbahan, ba ng opinyon.

- Anong mga alituntunin ng pagtutuwid o pagdisiplina ang inihayag sa D at T 121:43–44? (Ipaliwanag na ang kahulugan ng *tamang pagkakataon* ay "kagyat" o "kaagad." Sa nilalaman ng talatang ito, ang kahulugan ng *may kataliman* ay "malinaw" o "tiyak," hindi "labis" o "mabagsik.") Anong mga karanasan sa inyong buhay ang nagpatunay sa kahalagahan ng mga alituntuning ito? Ano ang kaibahan ng mga bunga ng pagdisiplina na may pagmamahal sa pagdisiplina na may galit?
- Ano ang kahulugan ng "puspusin ng kabanalan ang iyong iniisip nang walang humpay"? (D at T 121:45). Paano natin maiwawaksi sa ating isipan ang mga masasama at mahalay na kaisipan? (Tingnan sa D at T 27:15–18.) Paano natin higit na aktibong mapupuno ng mabubuting kaisipan ang ating mga isipan?
- Ano ang ipinangangako ng Panginoon kapag tayo ay puno "ng pag-ibig" at puspos "ng kabanalan ang [ating] mga iniisip nang walang humpay"? (Tingnan sa D at T 121:45– 46.) Ano ang kahulugan ng maging tiwala sa harapan ng Diyos? (Tingnan ang sumusunod na sipi.) Anong mga pagpapala ang natatanggap natin kapag ang Espiritu Santo ang kasama natin sa tuwina?

  Sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley ang ganito habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa: "Naranasan ko sa maraming pagkakataon na makausap ang mga Pangulo ng Estados Unidos at mga mahahalagang tao sa iba't ibang pamahalaan. Sa pagwawakas ng gayong pagkakataon, naisip ko ang

magandang karanasang tumayo nang may tiwala sa harap ng isang kilalang pinuno. At pagkatapos ay naiisip ko, napakaganda, kahanga-hangang tumayo nang may tiwala—hindi natatakot at hindi nahihiya—sa harap ng Diyos. Ito ang pangakong ibinibigay sa bawat dalisay na lalaki at babae" (sa Conference Report, Okt. 1970, 66; o *Improvement Era*, Dis. 1970, 73).

Katapusan

Magpatotoo sa kahalagahan ng pagkasaserdote. Ipahayag ang iyong pasasalamat sa sumpa at tipan ng pagkasaserdote at sa mga pagpapalang ipinangangako ng Panginoon kapag tayo'y matapat. Himukin ang mga miyembro ng klase na higit na ganap na hangarin ang mga pagpapala ng pagkasaserdote.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sa sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Mga namumunong korum sa Simbahan**

Isang mahalagang bahagi ng pagpapanumbalik ng awtoridad ng pagkasaserdote ang pagtatatag ng mga namumunong korum sa Simbahan. Noon pa mang Marso 1832, tumawag na ng mga tagapayo upang tulungan ang Propetang Joseph (D at T 81:1), at ang Unang Panguluhan ay pormal na binuo, isang taon pagkatapos nito (tingnan sa ulo ng D at T 90). Noong Pebrero 1835, labindalawang lalaki ang tinawag at inordenan bilang mga Apostol, at binuo ang Korum ng Labindalawa. Pagkaraan nito, binuo ng Propeta ang Unang Korum ng Pitumpu.

- Ano ang mga tungkulin ng mga miyembro ng Unang Panguluhan? (Tingnan sa D at T 107:9, 22, 65–66, 78–81, 91–92; 112:30–32.)
- Ano ang mga tungkulin ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol? (Tingnan sa D at T 107:23, 33, 35, 39, 58; 112:30–32.)
- Ano ang mga tungkulin ng mga miyembro ng Korum ng Pitumpu? (Tingnan sa D at T 107:25–26, 34, 38, 97.)

Paano nabiyayaan ang ating buhay ng paglilingkod ng mga namumunong pinuno ng Simbahan?

**2. Ang kahalagahan ng paglilingkod ng pagkasaserdote**

Anyayahan ang isang maytaglay ng pagkasaserdote sa purok na magbahagi ng karanasang pagkasaserdote sa klase, tulad ng pangangasiwa ng sakramento sa isang taong nakaratay sa kanilang bahay dahil sa karamdaman, pagtulong sa pagbabasbas ng pagkakaserdote, o paglilingkod sa misyon. Ipatalakay sa maytaglay ng pagkasaserdoteng ito ang mga nadama niya habang naglilingkod. Hilingan siyang magpatotoo tungkol sa pagkasaserdote at sa kahalagahan ng paggamit ng pagkasaserdote upang paglingkuran ang iba.

Aralin

# 26 "Humayo sa Buong Daigdig, at Mangaral ng Aking Ebanghelyo"

**Layunin**

Bigyang-inspirasyon ang mga miyembro ng klase na sundin ang mga halimbawa ng mga Banal sa Kirtland na gumawa ng malalaking sakripisyo upang maibahagi ang ebanghelyo at manatiling matibay sa mga oras ng pagsubok.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan sa araling ito at *Ang Ating Pamana*, mga pahina 34–38, 42.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang mga miyembro ng klase na maghandaupang makapagbigay ng buod ng mga sumusunod na bahagi sa *Ang Ating Pamana*:
   a. "Mga Misyon ng mga Sinaunang Nagbalik-loob sa Ohio" at "Ang Misyon ng Korum ng Labindalawang Apostol" (pahina 35–37).
   b. "Misyon sa Inglatera" (pahina 37–38).
   c. "Ang Exodo mula sa Kirtland" (pahina 42).

   Maaari din ninyong atasan ang mga miyembro ng klase upang magsalaysay ng ibang kuwento mula sa aralin.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, ilagay ang mga sumusunod na bagay sa isang maliit na maleta o bag: isang set ng mga banal na kasulatan, isang pares ng medyas, limang maliliit na barya, at isang piraso ng papel na may sumusunod na mensahe (alisin ang mga sanggunian sa hulihan):

Ang maletang ito ay pag-aari ni Elder Erastus Snow. Tinawag ako ni Propetang Joseph Smith upang maglingkod sa isang misyon sa kanlurang Pennsylvania. Tinagubilinan akong umalis sa tagsibol ng 1836. Maglalakad akong mag-isa paalis ng Kirtland. Dadalhin kong lahat ang aking kayamanan sa mundo. (Tingnan sa *Ang Ating Pamana*, pahina 42; "Autobiography of Erastus Snow," *Utah Genealogical and Historical Magazine*, July 1923, 106.)

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang maleta o bag na inihanda ninyo (tingnan sa "Paghahanda," aytem 4). Atasan ang isang miyembro ng klase na buksan ito, basahin ang nakasaad sa

papel, at ipakita kung ano ang dinala ng misyonerong ito: mga banal na kasulatan, mga medyas, at limang maliliit na barya. Sumulat ng tatlong salita sa pisara: *Sakripisyo, Tapang,* at *Pananampalataya*. Hilingin sa mga miyembro ng klase na isaalang-alang ang sakripisyo, tapang, at pananampalatayang kinailangan ni Elder Snow upang isagawa ang paglalakbay misyonero tulad ng nais ng Panginoon.

Ipaliwanag na kasama sa araling ito ang isang talakayan sa gawaing misyonero na pinagsakripisyuhan nang husto ng mga Banal na naninirahan sa Kirtland, Ohio. Tumulong ang mga misyonerong ito upang magbalik-loob sa ebanghelyo ang maraming tao, na nagpalakas sa bagong Simbahan.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang ituturong materyal na pinakaangkop sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning tinatalakay ninyo.

**1. Nagbuhos ng maraming pagpapala ang Panginoon noong kapanahunan ng Kirtland.**

Ipaliwanag na karamihan sa huling 13 aralin ay nakatuon sa mga doktrinang ipinahayag at mga pangyayaring naganap habang ang mga Banal ay nasa Kirtland, Ohio. Sa panahong ito labis na pinagpala ng Panginoon ang Kanyang mga tao. Gamitin ang sumusunod na mga tanong upang maikling repasuhin ang mga tampok na bahagi mula sa panahon sa Kirtland. Sumangguni sa mga nakaraang aralin at sa *Ang Ating Pamana* kung kinakailangan.

- Ano ang ilan sa mahahalagang doktrinang ipinahayag ng Panginoon noong kapanahunan ng Kirtland? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga paghahayag tungkol sa batas ng paglalaan, batas ng ikapu, mga kaharian ng kaluwalhatian, Salita ng Karunungan, Ikalawang Pagparito, at pagkasaserdote.)
- Ano ang ilan sa mahahalagang pangyayari at mga nagawa noong kapanahunan ng Kirtland?

**2. Gumawa ng malalaking sakripisyo ang mga Banal sa Kirtland upang ibahagi ang ebanghelyo.**

Ipaliwanag na isa pang mahalagang aspeto ng kapanahunan ng Kirtland ay ang pagtawag sa mga misyonero upang ibahagi ang ebanghelyo sa Estados Unidos, Canada, at Inglatera. Karamihan sa kanila ay malaki ang isinakripisyo sa paglilingkod.

- Basahin ang D at T 42:6 at D at T 88:81 kasama ang mga miyembro ng klase. Anong mensahe ang ibinigay ng Panginoon sa mga talatang ito? Ipaliwanag na maraming paghahayag ang ibinigay sa Kirtland kabilang na ang mga utos na ipangaral ang ebanghelyo.

Hilingin sa inatasang miyembro ng klase na ibuod ang mga bahaging “Mga Misyon ng mga Sinaunang Nagbalik-loob sa Ohio” at “Ang Misyon ng Korum ng Labindalawang Apostol” mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 36–37).

- Anong mga sakripisyo ang ginawa ng mga Banal upang maibahagi ang ebanghelyo?

Maaari din ninyong isalaysay ang sumusunod na mga karanasan:

Noong 1836 si Elder Parley P. Pratt, isang miyembro ng Korum ng Labindalawa, ay natawag upang maglingkod sa isang misyon sa Canada. Sa pagtungo niya sa Toronto, Canada, "isang estranghero ang nagbigay sa kanya ng isang liham ng pagpapakilala kay John Taylor, isang karaniwang Metodistang pastor sa Toronto. Si Taylor ay kaanib sa isang grupong naniniwala na ang umiiral na mga simbahan ay hindi umaayon sa Kristiyanismo ng Bagong Tipan. Nagpulong ang grupong ito maraming beses sa isang linggo sa loob ng dalawang taon para 'hangarin ang katotohanan, na malaya sa anupamang sekta.' Sa Toronto, magalang na tinanggap ng mag-anak na Taylor si Elder Pratt, ngunit sa simula ay hindi sila sabik na marinig ang kanyang mensahe.

"Sira ang loob sa hindi pagkatagpo ng lugar para mangaral, nagpasiyang lisanin ni Parley ang Toronto. Bago lumisan dumaan siya sa mag-anak na Taylor upang kunin ang ilan niyang bagahe at magpaalam. Habang naroon siya, ibinalita ni Leonora Taylor sa kanyang kaibigang si Gng. Isabella Walton ang tungkol sa problema ni Parley at sinabing nalulungkot siya sa kanyang paglisan. 'Maaaring isa siyang tao ng Diyos,' sabi niya. Sumagot si Gng. Walton na binigyang-inspirasyon siya ng Espiritu na dalawin ang mag-anak na Taylor nang umagang iyon dahil nais niyang manatili si Elder Pratt sa kanyang tahanan at mangaral. Gayon nga ang ginawa niya at sa huli ay naanyayahan siyang dumalo sa isang pulong ng grupo ni John Taylor, kung saan binasa ni John sa Bagong Tipan ang kuwento tungkol sa pangangaral ni Felipe sa Samaria. 'Ngayon,' sabi niya, 'nasaan ang ating Felipe? Nasaan ang ating pagtanggap sa Salita nang may kagalakan, at ang pagbibinyag sa atin *kung tayo ay maniniwala*? Nasaan ang ating Pedro at Juan? Ang ating mga apostol? Nasaan ang ating Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay?. . .' Nang anyayahan si Parley upang magsalita, ipinahayag niyang may mga sagot siya sa mga katanungan ni John Taylor.

"Tatlong linggong dumalo si John Taylor sa mga pulong ni Elder Pratt, sumusulat ng mga detalye ng kanyang mga pangaral at maingat na inihahambing sila sa mga banal na kasulatan. Unti-unti siyang nahikayat na ang totoong ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik. Siya at ang kanyang asawa, si Leonora, ay bininyagan noong ika-9 ng Mayo 1836" (*Church History in the Fulness of Times* [Church Educational System manual, 1993], 157; tingnan din sa *Autobiography of Parley P. Pratt* ni Parley P. Pratt [1975], 134–40, 151).

Inordenang isang elder si John Taylor at matapat siyang naglingkod bilang isang misyonero. Nang lumaon ay naging ikatlo siyang Pangulo ng Simbahan.

- Paanong pinagpala ng Panginoon si Elder Pratt nang hangarin niyang ipangaral ang ebanghelyo?

Bininyagan si Levi Hancock nang Nobyembre 1830, at di-naglaon makalipas yaon ay natawag siyang lisanin ang Kirtland at maglingkod sa isang misyon sa Missouri. Kinailangan sa paglalakbay ang paglalakad nang daang milya, at siya at ang kanyang kasama, si Zebedee Coltrin, ay nagtagumpay sa pangangaral ng

ebanghelyo sa kanilang pagbibiyahe. "Ngunit nahirapan din sila sa kanilang paglalakbay. Nagkasakit si Levi dahil sa isang impeksiyon sa kanyang mga paa at kinailangang magpagaling sa piling ng isang mag-anak na nag-aruga sa kanya samantalang si Zebedee ay humayong mag-isa. Pagkaraan, sa Missouri, patuloy niyang nilabanan ang karamdaman at nagdusa kung magkaminsan dahil hindi niya magawa ang lahat ng nais niyang gawin. Ngunit nagpapasalamat sa pagkakataong makapaglingkod, isinulat niya: "Kailangan kong maging tapat sa harapan ng Diyos at gawin ang lahat ng kabutihang kaya kong gawin para sa kanyang kaharian o kaawa-awa ako. Wala akong pakialam sa mundo o sa anumang sasabihin nila. Kailangan nilang panagutan ang aking Patotoo sa luklukan ng Paghuhukom. Ang ibig kong sabihin ay dapat akong kumilos nang ayon sa aking mga sinasabi upang ako ay paniwalaan, at ang Panginoon ang aking katuwang.' "

Pagkaraan, matapang na naglingkod si Levi bilang bahagi ng Kampo ng Sion. Noong Pebrero 1835 napili siya bilang isa sa mga Pangulo ng Pitumpu. (Tingnan sa "It Is the Truth, I Can Feel It" ni Don L. Searle, *Ensign*, Hulyo 1999, 48–50.)

- Ano ang ating matututuhan tungkol sa gawaing misyonero mula sa mga kuwentong ito? Ano ang ating matututuhan tungkol sa pagdaig sa kahirapan sa gawaing misyonero?
- Anong mga sakripisyo ang kailangan nating gawin upang maglingkod bilang mga full-time na misyonero? Anong mga sakripisyo ang kailangan nating gawin upang maibahagi ang ebanghelyo sa ating mga kaibigan at kapitbahay?

**3. Libu-libo ang tinuruan ng mga miyembro ng Korum ng Labindawa sa Inglatera.**

Ipaliwanag na habang lumalaki ang Simbahan, naging mas matindi ang mga puwersang kumakalaban dito. Humina ang pananampalataya ng ilan sa mga Banal. Sa oras ng kagipitang ito, ipinahayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith na "kailangang makagawa ng pagbabago para sa kaligtasan ng Kanyang Simbahan" (*History of the Church*, 2:489).

Hilingin sa inatasang miyembro ng klase na ipaliwanag kung ano ang ginawa sa pamamagitan ng pagbubuod ng bahaging "Ang Misyon sa Inglatera" mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 37–38.

- Paano pinagpapala ng Panginoon ang Simbahan sa oras na ito ng pagpapahirap at pagsubok? Ano ang ating matututuhan mula sa halimbawa ni Elder Heber C. Kimball?

Ang utos ng Panginoon sa Korum ng Labindalawa na lisanin ang Kirtland sa oras ng gayong kagipitan ay maaaring parang mahirap unawain. Ngunit ang mga sakripisyong ginawa ng mga matapat na kalalakihang ito ay nagdulot ng malaking kalakasan sa Simbahan.

Noong ika-23 ng Hulyo 1837, sa araw na nangaral ng ebanghelyo ang mga misyonero sa Inglatera, nakatanggap ng isang paghahayag si Propetang Joseph Smith patungkol kay Thomas B. Marsh, ang Pangulo ng Korum ng Labindawa. Ang paghahayag na ito ang siya ngayong D at T 112. Ang mga talata 12–34 ay naglalaman ng mga tagubiling ibibigay ni Thomas B. Marsh sa Labindalawa.

- Basahin ang D at T 112:19–22 kasama ang mga miyembro ng klase. Anong mga pangako ang ginawa ng Panginoon sa Labindalawang Apostol sa mga talatang ito?

Ipaliwanag na mabilis na natupad ang pangakong ibinigay sa D at T 112:19. Sa loob ng walong buwan, 2,000 tao ang sumapi sa Simbahan sa pamamagitan ng mga pagsisikap ng mga misyonerong ito, at 26 na sangay ang nabuo.

Ipinangako ng Panginoon sa Labindawa na bibigyan Niya sila ng kapangyarihang buksan ang mga bansa sa pangangaral ng ebanghelyo kung sila ay "magpapakumbaba sa [Kanyang] harapan, mananatili sa [Kanyang] salita, at makikinig sa tinig ng [Kanyang] Espiritu" (D at T 112:21–22). Upang maipakitang patuloy na tinutupad ng Panginoon ang pangakong ito, maaari ninyong naising ibahagi ang sumusunod na kuwentong isinalaysay ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Noong 1968 sa unang pagdalaw ko sa Republika ng Demokratikong Alemanya, matindi ang tensiyon. Walang namamayaning pagtitiwala at pag-uunawaan. Walang naitatag na ugnayang diplomatiko. Sa isang maulap at maulang araw naglakbay ako sa lungsod ng Görlitz, na nasa kailaliman ng Republika ng Demokratikong Alemanya. . . . Dumalo ako sa una kong pakikipagpulong sa mga Banal. Nagkita-kita kami sa isang maliit at antigong gusali. Habang umaawit ang mga miyembro ng mga himno ng Sion, tunay na pinuno nila ang bulwagan ng kanilang pananampalataya at pagmamahal.

"Napuno ng kalungkutan ang aking puso nang matanto kong walang patriyarka ang mga miyembro, walang mga purok o istaka—mga sangay lamang. Hindi sila makatatanggap ng mga pagpapala ng templo—maging endowment man o pagbubuklod. Walang opisyal na bisitang nagtutungo mula sa punong tanggapan ng Simbahan sa mahabang panahon. Gayunpaman buong puso silang nagtitiwala sa Panginoon.

"Tumayo ako sa pulpito, at luhaan ang mga mata at may bikig ang lalamunang nagbitaw ako ng isang pangako sa mga tao: 'Kung mananatili kayong taos at matapat sa mga utos ng Diyos, bawat pagpapalang tinatamasa ng sinumang miyembro ng Simbahan saanmang bansa ay sasainyo.' Pagkatapos ay natanto ko ang aking sinambit. Nang gabing iyon, nanikluhod ako at nagsumamo sa aking Ama sa Langit, 'Ama, ako po ay nasa Inyong pag-uutos; ito ay Inyong Simbahan. Nagbitaw ako ng mga salitang hindi sa akin nanggaling kundi sa Inyo at sa Inyong Anak. Mangyari po lamang na tuparin Ninyo ang pangako sa buhay ng mararangal na taong ito.' Gayon nagwakas ang aking unang pagdalaw sa Republika ng Demokratikong Alemanya."

Makalipas ang walong taon, nag-alay si Elder Monson ng isang panalangin sa paglalaan sa lupain:

"Isang Linggo ng umaga, ika-27 ng Abril 1975, tumayo ako sa isang nakaungos na malaking tipak ng bato sa pagitan ng mga lungsod ng Dresden at Meissen, sa itaas ng Ilog ng Elbe, at nag-alay ng isang panalangin para sa lupain at sa mga tao nito. Ang panalanging iyon ay kumilala sa pananampalataya ng mga miyembro. Binigyang-diin nito ang mapagmahal na damdamin ng maraming

pusong puspos ng pagnanasang makatamo ng mga pagpapala ng templo. Isang pagsamo para sa kapayapaan ang ipinahayag. Hiniling ang tulong mula sa langit. Sinambit ko ang mga salita: 'Mahal na Ama, hayaan ninyo itong maging simula ng isang bagong araw para sa mga miyembro ng Inyong Simbahan sa lupaing ito.'

"Kapagdaka, mula sa malayong ibaba sa lambak, isang kampana sa kampanaryo ng isang simbahan ang nagsimulang kumalembang at ang matinis na tilaok ng isang manok ang bumasag sa katahimikan ng umaga, bawat isa ay ibinabalita ang pagsisimula ng isang bagong araw. Kahit na nakapikit ang aking mga mata, nakadama ako ng init mula sa mga sinag ng araw na umaabot sa aking mukha, mga kamay, at mga bisig. Paano nangyari ito? Walang tigil ang pagbagsak ng ulan buong umaga.

"Sa pagwawakas ng panalangin, tumingala ako sa langit. Napansin ko ang isang sinag ng sikat ng araw na dumaloy mula sa isang hawi sa makapal na ulap, isang sinag na nakapalibot sa lugar kung saan natayo ang aming maliit na grupo. Simula sa sandaling iyon nabatid kong parating na ang tulong mula sa langit."

Kasunod ng inspiradong panalanging ito, mabilis na lumaki ang Simbahan sa lupain. Nabuo ang mga kapulungan sa distrito, na sinundan ng paglikha ng mga istaka. Tinawag ang mga pinuno sa pagkasaserdote at mga patriyarka. Inilaan ang templo sa Freiberg Alemanya noong 1985. At noong 1989 pinahintulutan ng pamahalaan ang Simbahan na magpadala ng mga full-time na misyonero sa bansa. (Sa Conference Report, Abr. 1989, 66–69; o *Ensign*, Mayo 1989, 50–53.)

**4. Maraming Banal sa Kirtland na nanatiling matapang sa kabila ng pagpapahirap.**

Ipaliwanag na pagsapit ng 1838, palapit na ang pagwawakas ng panahon ng mga Banal sa Kirtland. Tumindi ang pagpapahirap, at naging mapanganib ang manatili pa roon. Hilingin sa inatasang miyembro ng klase na ibuod ang bahaging "Ang Pagtakas mula sa Kirtland" mula sa *Ang Ating Pamana*, pahina 42.

Habang ang ilang miyembro ng Simbahan sa Kirtland ay tumalikod sa katotohanan, karamihan sa kanila ay nanatiling tapat at naging malaking kalakasan sa Simbahan. Isalaysay ang sumusunod na karanasan sa buhay ni Brigham Young:

Habang naninirahan sa Kirtland, nasa isang pulong si Brigham Young kung saan isang grupo ng mga tumalikod sa katotohanan, kasama ang ilang mga kilalang pinuno ng Simbahan, ang nagbabalak na tanggalin si Propetang Joseph Smith at maglagay ng iba sa kanyang lugar. Ang sabi ni Brigham Young sa karanasang ito:

"Tumindig ako, at sa payak at sapilitang paraan ay sinabi ko sa kanila na si Joseph ay isang Propeta, at alam ko ito, at . . . (see Tagalog translation of 35554 893 Teachings of Presidents. . .: Brigham Young, Chapter 1, subheading 3, par. 7, sentence 2)" ("History of Brigham Young," *Deseret News*, 10 Peb. 1858, 386).

- Anong mga katangian ang ipinamalas ni Brigham Young sa kalagayang ito? Paano nakapagpapalakas sa atin ang pagtataguyod sa ating mga pinuno ng Simbahan? Paano pinalalakas nito ang buong Simbahan?

Katapusan

Bigyang-diin na dumating ang mga dakilang pagpapala sa mga Banal habang sila ay naninirahan sa Kirtland. Marami sa kanila ang natawag upang maglingkod sa mga misyon at kusang gumawa ng mga sakripisyo upang maibahagi ang ebanghelyo. Karamihan sa kanila ay nanatiling tapat sa oras ng matinding paghihirap. Hinggil sa mga miyembrong ito ng Simbahan, ipinahayag ng *Ang Ating Pamana*, "Sa halimbawa sa kanilang buhay, nag-iwan sila ng isang palagiang pamana ng matapat na pagsunod sa mga pinuno na binasbasan at pansariling sakripisyo sa gawain ng Panginoon. . . . " (36).

Himukin ang mga miyembro ng klase na sundin ang halimbawa ng mga Banal sa Kirtland na gumawa ng malalaking sakripisyo para sa gawain ng Panginoon at nanatiling tapat sa oras ng paghihirap. Kapag binigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa aralin.

# “Sila ay Kinakailangang Parusahan at Subukan, Maging Gaya ni Abraham”

Aralin
27

**Layunin**

Pag-aralan ang tungkol sa mga pagsisikap ng mga Banal sa lungsod ng Sion sa Missouri at himukin ang mga miyembro ng klase na tumulong sa pagtatatag ng Sion ngayon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at iba pang materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 101; 103; 105.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 30–34, 43–53.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang mga miyembro ng klase na maghanda upang makapagbigay ng buod ng mga sumusunod na bahagi sa *Ang Ating Pamana*:
   a. “Pag-uusig sa Jackson County” at “Ang Pagbubuhos ng Alkitran at Balahibo kay Obispo Partridge” (mga pahina 46–49).
   b. “Kanlungan sa Clay County” (mga pahina 50–51).
   c. “Pagsasanay ng mga Pinuno sa Kampo ng Sion” at “Ang Pag-uusig sa Kampo ng Sion” (mga pahina 31–34 at 51–53).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

- Ano ang madarama ninyo kung inatasan kayong iwanan ang inyong mag-anak at maglakad ng 1,000 milya sa mga napakahirap na kalagayan upang tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na nasa mapanganib na lugar? (Maaari kayong pumili ng isang kilalang lugar na 1,000 milya ang layo at magdala ng isang mapa upang ipakita kung gaano kalayo ang magiging paglalakbay.) Anong mga sakripisyo ang kakailanganin ninyong gawin? Ano ang madarama ninyo kung dumating kayo sa pupuntahan at sinabihang umuwi nang walang nagagawang anuman upang makatulong?

Ipaliwanag na nang palayasin sa kanilang mga tahanan ang mga Banal sa Jackson County, Missouri, binuo ni Joseph Smith ang Kampo ng Sion, na

binubuo ng grupo ng 207 kalalakihan, upang lakarin ang halos 1,000 milya mula Ohio upang tulungan sila. Ang mga nagdaang katanungan ay makatutulong sa atin na unawain ang ilan sa mga hamong nakaharap ng mga kalahok sa Kampo ng Sion.

---

## Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maaari kayong gumamit ng dalawang oras ng klase upang maituro ang araling ito.

**1. Nanirahan sa Jackson County, Missouri ang mga Banal at nang lumaon ay pinalayas.**

Repasuhin sandali ang sumusunod na makasaysayang impormasyon. Ipaalala sa mga miyembro ng klase na mula 1831 hanggang 1838, may dalawang sentro ng populasyon ang Simbahan—isa sa Kirtland, Ohio at isa pa sa kanlurang Missouri. Mahahalagang pangyayari ang naganap sa dalawang lugar na ito. Ang mga aralin 27 at 28 ay nakatuon sa mga doktrina at pangyayaring may kaugnayan sa Simbahan sa Missouri.

Noong Hulyo 1831, unang naglakbay si Joseph Smith sa Missouri. Doon ay natanggap niya ang isang paghahayag na nagtatalaga sa Missouri bilang lugar para sa lungsod ng Sion, kasama ang Independence bilang sentro (D at T 57:1–3). Noong ika-2 ng Agosto, inilaan ni Sidney Rigdon ang lupain para sa pagtitipun-tipon ng mga Banal. Kinabukasan inilaan ni Joseph Smith ang pagtatayuan ng templo sa Independence.

Ang mga miyembro mula sa Sangay ng Colesville sa Nueva York ang unang mga Banal na nanirahan sa Missouri, at di-naglaon ay nagtipun-tipon doon ang iba pa, sabik na makatulong sa pagtatatag ng lungsod ng Sion (D at T 63:24, 36). Nang sumapit ang 1832 mahigit 800 Banal ang nagtipun-tipon sa limang sangay sa Independence at mga nakapaligid na lugar ng Jackson County.

Nagtamasa ng panahon ng kapayapaan at pag-asa ang mga Banal sa Jackson County. Gayunpaman, dumating ang mga problema sa bandang huli ng 1832. Ilang miyembro ang ayaw tumanggap sa awtoridad ng mga pinuno sa kanilang lugar. Pinintasan ng iba si Propetang Joseph, na nakabalik na sa Kirtland. Ang ilang miyembro ay palaaway, mapag-imbot, makasarili, at walang pananalig.

Bilang karagdagan, ang tensiyon sa iba pang mga naninirahan sa lugar na iyon ay nag-ibayo. Noong ika-20 ng Hulyo 1833, ang tensiyon na ito ay humantong sa karahasan. Hilingan ang naatasang miyembro ng klase na ibuod ang mga bahaging "Pag-uusig sa Jackson County" at "Pagbubuhos ng Alkitran at Balahibo kay Obispo Partridge" mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 46–47 at 48–49.

Sa pagitan ng Hulyo at Nobyembre 1833, ang mga pag-uusig laban sa mga Banal ay sumidhi. Sinunog ng mga mandurumog ang kanilang mga pananim, winasak ang kanilang mga tahanan, pinalo at binugbog ang mga kalalakihan, at tinakot ang kababaihan at mga bata.



**Pag-uusig sa Missouri.** Ang mga Banal ay itinaboy mula sa kanilang mga tahanan sa Jackson County, Missouri.“

Noong ika-4 ng Nobyembre, malapit sa Ilog ng Big Blue, ang mga miyembro ng mandurumog ay nagsimulang sumalakay laban sa maliit na pangkat ng mga Banal sa mga Huling Araw na kalalakihan at kabataang lalaki (*Ang Ating Pamana*, mga pahina 49–50). Sa loob ng dalawang magkasunod na araw mahigit sa 1,000 mga Banal ang itinaboy sa gitna ng lamig mula sa Jackson County. Walang sukat magawa, karamihan sa kanila ay tumawid ng Ilog Missouri at nakasumpong ng pansamantalang kanlungan sa Clay County. Hilingan ang naatasang miyembro ng klase na ibuod ang bahaging “Kanlungan sa Clay County” mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 50–51.

**2. Nagtagubilin ang Panginoon sa mga Banal na itinaboy mula sa Jackson County.**

Ipaliwanag na sa pag-abot ng balita kay Joseph Smith sa Kirtland hinggil sa mga kaguluhan sa Missouri, siya ay lubhang nabagabag. Nanalangin siya hinggil sa pagtubos sa Sion at tinanggap ang paghahayag na ngayon ay Doktrina at mga Tipan 101.

- Anong mga dahilan ang ibinigay ng Panginoon kung bakit hinahayaang dumanas ng mga pagdurusa ang mga Banal sa Missouri? (Basahin ang sumusunod na mga talata sa mga miyembro ng klase. Ibuod ang impormasyon sa pisara. Pumili ng ilang katanungan upang makahikayat ng talakayan.)

a. D at T 101:2, 6; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 103:4. (Dahil sa kanilang mga paglabag.)
b. D at T 101:4. (Dahil kinakailangan silang "parusahan at subukan, maging gaya ni Abraham.") Sa anong mga layunin pinarurusahan ng Panginoon ang Kanyang mga tao? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 95:1; 105:6; Helaman 12:3; Sa Mga Hebreo 12:11.) Paano nagsisilbing tanda ng pagmamahal Niya sa atin ang pagpaparusa ng Panginoon? Paano nakatutulong sa atin ang pagpaparusa ng Panginoon upang matuto ng pagsunod at maalaala Siya?
c. D at T 101:7–8. (Dahil ang ilang mga Banal ay naging mabagal makinig sa Panginoon.) Bakit kung minsan kinalilimutan ng mga tao ang Diyos at ipinagwawalang-bahala ang Kanyang payo "sa araw ng kanilang kapayapaan"? Ano ang magagawa natin upang matulungan tayong hangarin na sundin ang payo ng Diyos?

- Paano ipinakita ng Panginoon ang pagkahabag sa mga Banal matapos na sila ay parusahan? (Basahin ang sumusunod na mga talata sa mga miyembro ng klase. Ibuod ang impormasyon sa pisara.)

a. D at T 101:9. (Ipinangako niya na hindi niya sila itatakwil at magiging maawain "sa araw ng pagkapoot.")
b. D at T 101:10. (Ipinangako niya na ang Kanyang galit ay ibubuhos sa kanilang mga kaaway.)
c. D at T 101:11–15. (Ipinangako niya na ililigtas, titipunin, at aaliwin ang Kanyang mga Banal.)
d. D at T 101:16–19. (Ipinangako niya na ang Sion ay tutubusin sa pagdating ng panahon.)

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan kung saan ay nadama nila ang pagmamahal at awa ng Panginoon sa mga sandali ng natatanging pangangailangan.

- Basahin ang D at T 101:35–38 sa mga miyembro ng klase. Ano ang maaari nating matutuhan mula sa mga talatang ito na makatutulong sa atin upang mapanatili ang ating buhay sa lupa sa tamang pananaw? Paano nakatutulong sa inyo ang kaalaman tungkol sa walang hanggang mga pangako ng Panginoon sa mga panahon ng pagsubok?

**3. Ang Kampo ng Sion ay itinatag at nagmartsa patungong Missouri.**

Ipaliwanag na pagkaraang itaboy ang mga Banal mula sa Jackson County, pinakiusapan nila ang Gobernador na si Daniel Dunklin para tulungan sila na muling maisaayos ang kanilang mga tahanan at mabigyang proteksiyon. Ipinahayag ng gobernador ang kahandaan niya na tumulong kung magbubuo ang mga Banal ng pangkat ng mga kalalakihan para sa kanilang sariling proteksiyon.

Noong Pebrero 1834, tumanggap si Joseph Smith ng pasabi hinggil sa alok na ito sa Kirtland. Tumugon siya sa pamamagitan ng pagbubuo ng pangkat ng mga kalalakihan upang magmartsa ng halos 1609 na kilometro para makapaghatid ng tulong sa mga Banal sa Missouri, tulungan silang makabalik sa kanilang mga lupain, at pagkatapos ay bigyan sila ng proteksiyon. Ang paghahayag na

nagbibigay ng mga tagubilin para sa ekspedisyong ito, na nakilala sa tawag na Kampo ng Sion, ay nakatala sa D at T 102.

Hilingan ang naatasang miyembro ng klase na repasuhin ang kuwento ng Kampo ng Sion mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 31–34 at 51–53. Upang maipakita ang distansiya sa pagitan ng Kirtland at Missouri, maaaring naisin ninyong sumangguni sa mapa 3 sa pahina 347 sa manwal na ito at sa pahina 37 sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase*.

- Katulad ng tagubilin ng Panginoon sa D at T 103, itinatag ni Joseph Smith ang Kampo ng Sion upang tulungan ang mga Banal sa Jackson County na mabawi ang kanilang mga tahanan at lupain. Ano ang kinahantungan ng Kampo ng Sion hinggil sa layuning ito? (Matapos makapaglakbay ang kampo nang halos 1609 na kilometro sa Ilog Fishing, malapit sa Jackson County, inihayag ng Panginoon na kakailanganin ng mga Banal na maghintay sa pagtubos ng Sion. Hindi nagtagal, binuwag ng Propeta ang kampo.
- Nang bumalik si Brigham Young sa Kirtland makaraang buwagin ang Kampo ng Sion, tinanong siya, “Ano ang natamo mo sa paglalakbay na ito?” Sumagot siya, “Kung ano ang layunin ng ipinunta namin doon;. . .Hindi ko ipagpapalit ang kaalaman na tinanggap ko sa panahong ito sa lahat ng yaman ng bansang [ito]” (sa *Journal of Discourses*, 2:10). Anong mahahalagang layunin ang naisakatuparan ng Kampo ng Sion? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. Ang mga nakibahagi ay pinalakas sa pamamagitan ng ilang mahimalang pagpapamalas ng kapangyarihan ng Panginoon (tingnan ang isang halimbawa sa *Ang Ating Pamana,* mga pahina 51–53).
  b. Nagbigay ito ng pagkakataon na subukin ang pananampalataya ng mga nakibahagi, pinahintulutan silang patunayan na susundin nila ang Panginoon at isasakripisyo ang lahat ng bagay, maging ang kanilang buhay kung kinakailangan, upang masunod ang Kanyang kalooban.
  c. Nagsilbi itong pagsubok upang malaman kung sino ang matapat na makapaglilingkod sa mga tungkulin ng pamumuno ng Simbahan.
  d. Binigyan nito ng pagkakataon ang mga kasali na makasa-kasama ang Propeta at matuto sa kanya, inihahanda sila para sa mga pananagutan ng pamumuno sa darating na panahon.

  Ipaliwanag na bagaman inakala ng ilang mga tao na hindi nagtagumpay ang Kampo ng Sion, ang katuparan ng mga layuning ito ay napakahalaga sa Simbahan. Ang Kampo ng Sion ay isang halimbawa kung paano maisasakatuparan ang mga layunin ng Diyos sa mga paraan na maaaring hindi natin nauunawaan sa kasalukuyan.

- Paano naihanda ng karanasan sa Kampo ng Sion ang mga magiging pinuno ng Simbahan sa darating na panahon?

  Noong Pebrero 1835, limang buwan makaraang buwagin ang kampo, ang Korum ng Labindalawang Apostol at ang Unang Korum ng Pitumpu ay itinatag. Siyam sa Labindalawang Apostol at lahat ng 70 miyembro ng Korum ng Pitumpu ay naglingkod sa Kampo ng Sion. Hinggil sa kung paano natulungan ng kampo na maihanda ang mga pinunong ito, sinabi ni Joseph Smith:

"Mga kapatid, ang ilan sa inyo ay galit sa akin, dahil hindi kayo nakipaglaban sa Missouri; ngunit hayaan ninyong sabihin ko sa inyo, hindi nais ng Diyos na makipaglaban kayo. Hindi Niya maaaring itayo ang Kanyang kaharian sa pamamagitan ng labindalawang kalalakihang magbubukas ng mga pinto ng Ebanghelyo sa mga bansa sa daigdig, at pitumpung kalalakihan sa ilalim ng pangangasiwa ng mga ito na sumunod sa kanilang landas, maliban lamang kung kinuha Niya ang mga ito mula sa kalalakihang inialay ang kanilang mga buhay, at gumawa ng sakripisyong kasing dakila ng ginawa ni Abraham" (*History of the Church*, 2:182).

Ipinakikita ng karanasan ni George A. Smith kung paano inihanda ng Kampo ng Sion ang mga kalalakihan para sa pamumuno sa Simbahan sa darating na panahon. Sa gulang na 16, siya ang pinakabatang lalaki sa kampo, walang karanasan at hindi pa buo ang tiwala sa sarili. Sa kabila ng hirap at ng daing ng maraming kalalakihan hinggil sa napakahirap na kalagayan, kusang-loob na sinunod ni George ang lahat ng tagubilin ni Joseph Smith. Natulog si George sa tolda ng Propeta at marami siyang narinig sa kanyang payo at mga tagubilin. Dahil naging kasa-kasama siya ng Propeta, natutuhan ni George ang mga kasanayan sa pamumuno at nagkaroon ng lakas na naghanda sa kanya para sa panghabambuhay na pamumuno. Kulang-kulang mga limang taon makaraang mabuwag ang Kampo ng Sion, si George A. Smith ay naordenan bilang Apostol. Pagkaraan ay naglingkod siyang kasama si Brigham Young bilang miyembro ng Unang Panguluhan.

- Ano ang maaari nating matutuhan mula sa mga karanasan ng Kampo ng Sion na maaari nating magamit sa ating buhay? (Ang ilang posibleng mga kasagutan ay nakalista sa ibaba, kasama ang mga katanungan na hihikayat sa talakayan.)

  a. Pagkaunawa sa mga layunin ng mga pagsubok. Ano ang ilan sa mga pagsubok na nauugnay sa Kampo ng Sion? Ano ang maaaring maituro sa atin ng Kampo ng Sion tungkol sa mga layunin ng mga pagsubok sa ating buhay? (Tingnan sa D at T 103:12.)

  b. Ang kahalagahan ng pagsunod. Ano ang maaari nating matutuhan mula sa Kampo ng Sion tungkol sa pagsunod? (Tingnan sa D at T 103:7–10, 36.)

  c. Ang pangangailangan na kusang-loob na isakripisyo ang lahat ng bagay para sa Panginoon. Ano ang maaari nating matutuhan mula sa Kampo ng Sion tungkol sa sakripisyo? (Tingnan sa D at T 103:27–28.) Bakit hiningi ng Panginoon sa atin na kusang-loob na isakripisyo ang lahat ng bagay para sa Kanya? Paano tayo magkakaroon ng ganitong pagkukusang-loob? Paano natin maipakikita ang ganitong pagkukusang-loob sa ngayon?

  d. Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagkakaisa sa gawain ng Panginoon. Bigyang-diin na kahit iilang tao lamang ang bumubulung-bulong at naghihimagsik, ang buong pangkat ay humihina.

  e. Ang kahalagahan ng pagsang-ayon sa propeta at pagsunod sa kanyang payo kahit na ito'y mahirap o kahit hindi natin lubos na nauunawaan ang mga kadahilanan nito.

**4. Inihayag ng Panginoon na ang Kanyang mga tao ay kailangang "maghintay ng maikling panahon para sa ikatutubos ng Sion."**

Ipaliwanag na ipinangako ng Panginoon na tutubusin ang Sion at ipapanumbalik ang Kanyang mga tao sa kanilang mga lupain sa Jackson County, Missouri. Gayunman, ang pangakong ito'y ibinatay sa pagsunod ng mga Banal (D at T 103:5–8, 11–14). Tulad ng sinaunang Israel na hindi nakapasok sa lupang pangako sa loob ng 40 taon dahil sa kanilang hindi pagsunod, inihayag ng Panginoon na ang makabagong Israel ay kinakailangang "maghintay ng maikling panahon para sa ikatutubos ng Sion dahil sa hindi pagsunod at pagtatalo ng ilang mga Banal (D at T 105:9, 13).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 105:1–13. Ano ang ilan sa mga kinakailangang bagay na ibinigay ng Panginoon upang ganap na maitatag ang Sion? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba. Talakayin kung paano magagampanan sa ating buhay ang mga kinakailangang bagay na ito.)

  a. Kailangang matutuhan ng mga Banal ang pagsunod (D at T 105:3, 6; tingnan din sa talata 37).
  b. Kailangan nilang kalingain ang mga maralita at nangangailangan (D at T 105:3).
  c. Kailangan nilang "nagkakaisa ayon sa pagkakaisang hinihingi ng batas ng kahariang selestiyal" (D at T 105:4; tingnan din sa talata 5).
  d. Kailangan nilang maturuan nang mas ganap, at magkaroon ng karanasan, at makaalam nang mas ganap hinggil sa kanilang tungkulin (D at T 105:10).
  e. Kailangan nilang mapagkalooban ng kapangyarihan mula sa itaas (D at T 105:11–12; tingnan din sa talata 33).

- Sa D at T 105:38–40, pinayuhan ng Panginoon ang mga Banal na maghangad ng kapayapaan, maging sa mga tao na umuusig sa kanila. Ipinangako niya na bilang kapalit, "lahat ng bagay ay sama-samang gagawa para sa inyong ikabubuti" (D at T 105:40). Paano kayo napagpapala kapag nagagampanan ninyo ang payo na maghangad ng kapayapaan?

---

Katapusan

Ipinangako ng Panginoon na ang Sion ay tutubusin, at sinabi Niya sa atin kung ano ang kailangan nating gawin upang mapaghandaan ang araw na iyon. Ipaalaala sa mga miyembro ng klase na dapat nating hangarin nang buong puso na makatulong sa pagtatatag ng Sion ngayon sa ating mga mag-anak at istaka. Kapag nabigyang inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Tampok na mga petsa sa Missouri.**

Ang sumusunod na tampok na mga petsa ng mga kaganapan sa Missouri ay maaaring makatulong habang itinuturo ninyo ang araling ito. Upang matukoy ang mahahalagang lugar, maaaring naisin ninyong sumangguni sa mapa 2 sa pahina 346 sa manwal na ito at sa pahina 36 sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase*.

*Enero 1831:* Ang mga unang misyonero ay dumating sa Missouri.

*Hulyo 1831:* Itinalaga ng Panginoon ang Missouri bilang lugar para sa lungsod ng Sion.

*Agosto 1831:* Inilaan ni Joseph Smith ang lugar na pagtatayuan ng templo sa Independence, Missouri.

*Hulyo 1833:* Sinalakay ng mga mandurumog ang mga Banal sa Independence, Missouri.

*Nobyembre 1833:* Naganap ang Labanan sa Big Blue. Ang mga Banal ay itinaboy mula sa Jackson County patungong Clay County, Missouri.

*Mayo–Hunyo 1834:* Nagmartsa ang Kampo ng Sion mula sa Kirtland, Ohio patungong Clay County, Missouri.

*Hunyo 1836:* Hiniling ng mga mamamayan ng Clay County na lisanin ng mga Banal ang bayang iyon.

*Setyembre 1836:* Nagsimulang lumipat ang mga Banal patungong Far West at iba pang lugar na naging Caldwell at Davies Counties, Missouri.

*Marso 1838:* Dumating si Joseph Smith at ang kanyang mag-anak sa Far West, Missouri, matapos tumakas sa mga mandurumog sa Kirtland, Ohio.

*Oktubre 1838:* Naganap ang Labanan sa Ilog Crooked. Ipinalabas ni Gobernador Boggs ng Missouri ang kanyang atas ng pamumuksa.

*Oktubre 1838–Abril 1839:* Si Joseph Smith at ang iba pang mga pinuno ng Simbahan ay ipiniit bilang mga bilanggo sa Missouri.

*Abril 1839:* Tumakas ang mga Banal mula sa Missouri patungong Illinois.

**2. Ang mga tagubilin ng Panginoon sa mga ipinatapon na Banal**

Matapos itaboy ang mga Banal sa Jackson County, nagbigay ang Panginoon ng mga tiyak na tagubilin hinggil sa kung ano ang dapat nilang gawin. Maaari ninyong repasuhin ang sumusunod na mga tagubilin:

a. Hangarin na matubos ang Sion (D at T 101:43–62). Sa pamamagitan ng talinghaga sa mga talatang ito, pinaalalahanan ng Panginoon ang mga Banal na pinahina ng hindi pagsunod ang kanilang katayuan at pinahintulutan nilang madaig sila ng mga kaaway. Gayunman, tiniyak Niya sa kanila na ang Sion ay tutubusin sa Kanyang sariling panahon.

b. Ipagpatuloy ang gawain ng pagtitipon (D at T 101:63–75). Bagaman ang sentrong lugar ng Sion ay napasakamay ng kaaway, nilinaw ng Panginoon na patuloy na magtipon ang mga Banal sa mga lugar na Kanyang itinakda (talata 67). Sa ating panahon, ang mga lugar na ito ay ang mga istaka ng Sion sa buong daigdig. Dapat nating gawing “mga banal na lugar” ang ating mga istaka (D at T 101:21–22).

c. Humingi ng bayad-pinsala (D at T 101:76–95). Ang mga Banal ay inutusan na magharap ng pormal na reklamo upang makakuha ng kabayaran at katarungan. Sa ilalim ng Saligang-batas ng Estados Unidos sila'y ginagarantiyahan ng karapatan ng relihiyon at ari-arian. Ang mga karapatang iyon ay nilabag sa estado ng Missouri. Sinunod ng mga Banal ang payo ng Panginoon at humingi ng bayad-pinsala sa lokal, estado, at pambansang hanay. Sila'y pinagkaitan ng tulong kaya't ipinagkatiwala ng mga Banal ang pananagutan sa paghatol sa mga kamay ng Panginoon at sila'y nagpatuloy.

d. Mag-angkin ng kanilang ari-arian sa Jackson County (D at T 101:96–101).

**3. Pagtatanghal ng video na "Zion's Camp"**

Kung may makukuhang videocassette na *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang na ipalabas ang "Zion's Camp," isang 19 na minutong yugto, bilang bahagi ng inyong talakayan sa ikatlong bahagi ng araling ito.

Aralin

# 28

# "O Diyos, Nasaan Kayo?"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na higit na mapagtiisan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagbaling sa Tagapagligtas.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 121:1–33; 122; at iba pang mga banal na kasulatan sa araling ito.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 53–63.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Paunang hilingan ang isa o dalawang miyembro ng klase na sandaling magbahagi kung ano ang natutuhan nila at paano sila umunlad mula sa kahirapan. Tiyakin na panatag sila sa takdang-gawaing ito.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng isang pirasong papel at bolpen o lapis para sa bawat miyembro ng klase.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng isang pirasong papel at isang bolpen o lapis. Hilingin na isulat nila ang paghihirap o kahirapan na kanilang naranasan. Kapag natapos na sila, ipasulat sa kanila kung ano ang natutuhan nila at kung paano umunlad sa kahirapang iyon.

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa pagtitiis ng kahirapan sa pamamagitan ng pagbaling sa Tagapagligtas. Sabihin sa mga miyembro ng klase na sa dakong huli ng aralin ay magkakaroon sila ng pagkakataon na maibahagi ang mga naisulat nila.

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa alituntunin ng mga banal na kasulatan.

Maikling ibuod ang mga sumusunod na kaganapan sa Missouri. Maaari kayong sumangguni sa tampok na mga petsa sa pahina 198 at sa mapa 2 sa pahina 346 sa manwal na ito at sa pahina 36 sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase*.

Pagkaraang itaboy ang mga Banal mula sa Jackson County, noong dakong huling bahagi ng 1833, nakasumpong sila ng kanlungan sa di-kalayuang Clay County hanggang sa atasan silang lumisan noong 1836. Mula sa Clay County, lumipat sila ng mga 96 na kilometro sa hilaga at itinayo ang pamayanan ng Far West at iba pang maliliit na panirahanan.

Ang Simbahan ay nanagana sa loob ng ilang panahon sa gawing hilaga ng Missouri. Ang populasyon ay mabilis na lumaki, at ang mga lugar na pagtatayuan ng templo sa Far West at Adam-ondi-Ahman ay inilaan. Gayunman, nagpatuloy pa rin ang mga salungatan sa ilang mga Banal. Ilang mga pinuno ang itiniwalag, kabilang sina Oliver Cowdery at David Whitmer.

Maliban pa sa alitan ng ilang mga miyembro ng Simbahan, nagpatuloy pa rin ang salungatan sa ibang mga naninirahan sa gawing hilaga ng Missouri. Noong 1838, ang mga mandurumog at mga miyembro ng hukbong sandatahan ay nagsimulang gumawa ng mas maraming pagsalakay. Noong ika-25 ng Oktubre, tatlong miyembro ng Simbahan ang pinatay sa labanan sa Ilog Crooked, kabilang si David W. Patten na isang Apostol. Makalipas ang dalawang araw, nagpalabas ng atas si Gobernador Lilburn W. Boggs ng Missouri na "*dapat na* ituring na kaaway ang mga Mormon, at kinakailangang *puksain* o palayasin mula sa estado" (*History of the Church*, 3:175).

Noong ika-30 ng Oktubre, pinatay ng mga 200 kalalakihang mandurumog ang may 17 kalalakihan at batang lalaki sa Haun's Mill. Nang sumunod na araw, si Joseph Smith at ang humigit-kumulang sa 50 iba pang mga pinuno ng Simbahan ay dinakip ayon sa walang katotohanang paratang. Karamihan sa mga pinunong ito ay pinalaya pagkaraan ng tatlong linggo. Gayunman, anim sa kanila, kabilang sina Joseph at Hyrum Smith, ay pinigil na makalaya sa kabila nang sila ay walang nagagawang pagkakasala. Noong buwan ng Nobyembre sila ay unang pinagmartsa sa Independence, pagkatapos ay sa Richmond, at pagkatapos ay sa Liberty, kung saan ay ikinulong sila sa Piitan ng Liberty hanggang Abril 1839.

Malupit ang naging kalagayan sa Piitan ng Liberty. Ang mga bilanggo ay ikinulong sa pinakailalim na palapag na gaya ng isang bartolina—madilim, maginaw, at marumi. Ang pagkain ay hindi sapat at marumi. Ang Propeta at ang kanyang mga kasama ay gumagamit lamang ng kaunting dayami sa sementong sahig para sa kanilang higaan, gamit ang ilang kapirasong blangket para maipangkumot. Ang kisame ay napakababa kaya't ang ilang mga kapatid, kabilang sina Joseph at Hyrum, ay hindi makatayo nang tuwid. Patuloy din na nasa ilalim ng pagbabanta ang kanilang buhay.

Habang ang Propeta ay nakakulong, humigit-kumulang sa 8,000 Banal sa Missouri ang pinilit na paalisin sa kanilang mga tahanan alinsunod sa atas ng pamumuksa ng gobernador. Marami sa kanila ang ninakawan, binugbog, at pinatay ng mga mandurumog habang sila ay tumatakas patungong estado ng Illinois. Narinig ng Propeta ang mga ulat ng pagdurusa ng mga Banal at nagsumamo para sa tulong ng Panginoon. Bilang pagtugon, nagbigay ang Panginoon ng ilang mga makapangyarihang paghahayag. Inilakip ng Propeta ang mga ito sa sulat sa mga pinuno ng Simbahan sa Quincy, Illinois, na siyang nangangasiwa sa exodo ng mga Banal mula sa Missouri. Ang mga bahagi ng mga paghahayag na ito ay matatagpuan ngayon sa mga bahagi 121, 122, at 123 ng D at T.



**Piitan ng Liberty**. Habang hindi makatarungang ibinilanggo noong 1838–39, tinanggap ng Propetang Joseph Smith ang mga paghahayag na ngayon ay nakatala sa Doktrina at mga Tipan 121, 122, at 123.

### 1. Ang panalangin ni Joseph Smith sa Piitan ng Liberty at ang kasagutan ng Panginoon

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 121:1–6. Ano ang ipinahihiwatig ng mga talatang ito sa nadarama at iniisip ni Joseph Smith sa mga sandaling ito? Ano ang ipinakiusap niya sa Panginoon? Ano ang inyong mga naiisip at nadarama habang binabasa ninyo ang mga pagsusumamo ni Joseph Smith sa Panginoon sa mga talatang ito?
- Ang kasagutan ng Panginoon sa panalangin ni Joseph Smith ay ibinigay sa Doktrina at mga Tipan 121:7–33 at Doktrina at mga Tipan 122. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 121:7–10. Ano ang itinuro ng Panginoon kay Joseph sa mga talatang ito? Ano ang inyong mararamdaman kung ang mga salitang ito ay sinabi sa inyo? Ano ang maaari nating matutuhan tungkol sa Panginoon mula sa kasagutan na ito?

Bigyang-diin na dahil sa mga paghahayag na ito “ang piitan ng Liberty, sa mga panahong iyon, ay naging sentro ng tagubilin. Ibinaling ng mga banal ang kanilang pansin dito bilang lugar na pinagmumulan ng panghihikayat, payo—salita ng Panginoon. Higit na itinuring ito bilang templo kaysa isang bilangguan, hangga’t ang Propeta ay naroroon. Ito ay lugar ng pagmumuni-muni at panalangin. . . . Sinaliksik ni Joseph Smith ang Diyos sa malupit na bilangguang ito, at Siya’y kanyang natagpuan” (B.H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church* 1:526).

- Paano napagpala ang inyong buhay ng mga paghahayag na ibinigay sa Piitan ng Liberty (Doktrina at mga Tipan 121 at 122)?

### 2. Ang ganap na pang-unawa ng Tagapagligtas sa ating mga pagdurusa at kahirapan

- Hilingan ang mga miyembro ng klase na isipin nila ang kanilang sariling mga pagsubok habang may bumabasa ng Doktrina at mga Tipan 122:5–8. Sa anong paraan "nagpakababa-baba" sa lahat ng bagay ang Tagapagligtas? (Tingnan sa Alma 7:11–12; D at T 19:16–19.)

  Ipaliwanag na dahil nagpakababa-baba sa lahat ng bagay ang Tagapagligtas, taglay Niya ang ganap na pang-unawa sa lahat ng ating mga pagsubok. Hinggil sa sukdulang pagdurusa ng Tagapagligtas, sinabi ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa:

  "Bilang bahagi ng Kanyang walang hanggang pagbabayad-sala, tiniis ni Jesus. . .ang mga kasalanan, pighati, kalungkutan, at, ayon sa pahayag ni Jacob, ang sakit ng bawat lalaki, babae, at bata (tingnan sa 2 Nephi 9:21). Dahil nagawa Niyang maging ganap sa Kanyang pag-unawa sa iba, nalalaman ni Jesus samakatuwid kung paano tayo tutulungan. . . . Walang bagay na hindi maaabot ng Kanyang pagtubos o ng Kanyang lubos na pag-unawa sa iba. Dahil dito, hindi tayo dapat dumaing na ang buhay natin mismo ay puno ng hirap kapag naaalaala natin siya na nagsuot ng koronang tinik!" (sa Conference Report, Abr. 1987, 89; o *Ensign*, Mayo 1987, 72).

- Dumaranas ba tayo ng anumang mga pagsubok na hindi tayo kayang mapapanatag ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Mga Hebreo 4:15.) Paano makatutulong sa atin ang kaalaman hinggil sa pagdurusa ng Tagapagligtas upang maging matapat sa sarili nating mga kapighatian?

- Ano ang maaari nating gawin upang lubos na matanggap ang kapanatagan at lakas na inaalay ni Jesus sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala? (Tingnan sa Mga Hebreo 4:16; 1 Ni Pedro 5:6–11.) Paano makatutulong sa atin ang panalangin, kababaang-loob, at pananampalataya kay Jesucristo na matanggap ang lakas sa mga panahon ng kahirapan?

### 3. Mga layunin sa kahirapan

Ipaliwanag na ang kahirapan ay bahagi ng plano ng Panginoon para sa ating sariling pagsubok at pag-unlad sa panahon ng mortalidad. Nagtungo tayo sa lupa na nalalaman na daranas tayo ng sakit, mga pagsubok at iba pang mga paghihirap.

Ang Propetang Joseph Smith ay dumanas ng napakaraming pagdurusa kaya nasabi niya na ang mga ito "ay naging pangkaraniwang bagay sa lahat ng araw ng aking buhay;. . .at aking nararamdaman, tulad ni Pablo, na nagpupuri sa pagdurusa" (Doktrina at mga Tipan 127:2). Bilang karagdagan sa kapanatagan at payo na ibinibigay ng Panginoon sa Propeta sa Piitan ng Liberty, mayroon pang ibang mga pagkakataon na tinuruan siya ng Panginoon tungkol sa kahirapan. Ang natitirang bahagi ng araling ito ay nagsusuri sa mga turong ito sa Doktrina at mga Tipan.

- Ano ang inihayag ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan tungkol sa mga layunin ng kahirapan? (Basahin ang mga sumusunod na talata sa mga miyembro ng klase. Ibuod ang impormasyon sa pisara.)

a. D at T 98:12, 14–15; 101:4; 136:31. (Pinahihintulutan ng Panginoon ang kahirapan na dumating sa ating buhay upang subukan tayo at patunayan kung tayo ba ay mananatili sa Kanyang tipan.) Bakit nais ng Panginoon na ang Kanyang mga tao ay "masubukan sa lahat ng bagay"?

b. D at T 101:1–2. (Ang ilang kahirapan ay bunga ng ating mga paglabag.)

c. D at T 122:7. (Pinahihintulutan ng Panginoon ang kahirapan upang bigyan tayo ng karanasan at tulungan tayo na umunlad.)

- Paano makatutulong sa atin ang pag-unawa sa mga layuning ito ng kahirapan na "pagtiisang mabuti" ang lahat? (Doktrina at mga Tipan 121:8).

- May ilang mga taong mali ang paniniwala na ang lahat ng mga pagdurusa ay kaparusahang galing sa Diyos. Ano ang panganib ng ganitong paniniwala? Bakit hindi ipinagkakait sa matwid ang kahirapan?

  Bigyang-diin na bagaman ang paglabag ay isang pinanggagalingan ng kahirapan, hindi lamang ito ang pinagmumulan ng kahirapan. Ang ilang kahirapan ay dumarating dahil maging sa matwid ay "may pagsalungat sa lahat ng bagay" (2 Nephi 2:11). Ang ilang kahirapan ay dumarating bilang karaniwang bunga ng kahinaan at karupukan ng katawang mortal. Ang ilan ay dumarating dahil sa mga disgrasya, dahil sa sarili nating mga pagpili na hindi naman maituturing na mga paglabag, at dahil sa mga pagpili ng ibang tao—mga bagay na maaari tayong pangalagaan ng Diyos ngunit kung minsan ay hindi dahil "ang pangunahing batas ng ebanghelyo ay kalayaan sa pagpili at walang hanggang pagsulong" (Spencer W. Kimball, *Faith Precedes Miracle* [1973], 96). Ang kahirapan ay maaari ding dumating "upang maisakatuparan ang sariling mga layunin ng Panginoon sa ating buhay upang matanggap natin ang pagdadalisay na nagmumula sa pagsubok" (Richard G. Scott, sa Conference Report, Okt. 1995, 18; o *Ensign*, Nob. 1995, 16).

  Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, sinabi ni Elder Harold B. Lee na "ang pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi garantiya na hindi darating ang kahirapan sa ating buhay; subalit ang pamumuhay ng ebanghelyo ay nagbibigay sa atin ng lakas at pananampalataya at kapangyarihan na mapagtagumpayan ang kahirapang iyon at tingnan ang mas maningning na bukas sa halip na ang kasalukuyang paghihirap" (sinipi ni A. Theodore Tuttle, sa Conference Report, Okt. 1967, 15; o *Improvement Era*, Dis. 1967, 47).

Para sa iba pang mga turo ng banal na kasulatan tungkol sa mga layunin ng kahirapan, maaari ninyong tingnan sa 2 Nephi 2:11; Alma 32:5–6; at Helaman 12:1–3.

**4. Ang payo ng Panginoon sa mga dumaranas ng kahirapan**

- Anong payo ang ibinigay ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan na tutulong sa atin kapag dumaranas tayo ng kahirapan? (Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang sumusunod na mga talata. Ibuod ang impormasyon sa pisara. Pumili ng ilang mga tanong upang makahikayat ng talakayan.)

a. Doktrina at mga Tipan 24:8; 31:9; 45:10; 121:7. (Maging matiisin sa mga paghihirap; ang mga ito "ay maikling sandali na lamang"; tingnan din sa Alma 17:11.) Paano natin madaragdagan ang ating pagtitiyaga upang mapagtiisan ang mga pagsubok? Sa paanong paraan naging "maikling

sandali" lamang ang mga pagdurusa ni Joseph Smith? Paano natin makikita ang kahirapan mula sa walang hanggang pananaw ng Panginoon?

b. D at T 98:1. (Magalak at magpasalamat.) Bakit dapat tayong magpasalamat sa Diyos kahit pa dumaranas tayo ng mga pagsubok? Ano ang ilan sa mga pagpapala na patuloy nating tataglayin maging sa panahon ng pinakamatinding kahirapan?
c. D at T 98:11. (Dapat tayong manatiling masunurin at "mangunyapit sa lahat ng mabuti.") Bakit kung minsan ay mahirap manatiling masunurin kapag dumaranas tayo ng kahirapan?
d. D at T 101:36–38. (Intindihin ang kaluluwa, hindi ang katawan, at hanapin ang Panginoon.) Paano natin maipamumuhay ang payong ito?
e. D at T 122:9. (Hindi natin dapat katakutan ang nagagawa ng tao, sapagkat kasama natin ang Diyos magpakailanman at walang katapusan; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 98:13.)

- Bakit ang ilang tao ay natatalo ng mga pagsubok samantalang ang iba naman ay lumalago at lumalakas? Ano ang maaari nating gawin upang mas lalo nating maharap ang ating mga pagsubok at kahirapan? (Tingnan sa Alma 62:49–51.) Anong mga salaysay sa mga banal na kasulatan ang nakatulong o nakapagbigay-inspirasyon sa inyo sa mga panahon ng kahirapan?

- Ano ang nagawa ng iba upang matulungan kayong malampasan ang kahirapan? Paano tayo makatutulong sa iba na harapin ang kanilang mga pagsubok? Paano natin magagamit ang natutuhan natin sa ating sariling mga pagsubok sa pagtulong sa iba? Anong mga kapakinabangan ang maaaring dumating mula sa paglilingkod sa iba kapag tayo mismo ay dumaranas ng sarili nating mga pagsubok? (Tingnan sa Lucas 9:24; Mga Taga Galacia 6:2.)

- Ano ang maaari nating gawin kung nadarama natin mismo sa sarili natin na tayo ay nasisiraan ng loob at nawawalan ng pag-asa dahil sa kahirapan? (Tingnan sa Alma 36:3.) Paano tayo makapaghahanda ngayon upang maging malakas sa darating na panahon kapag dumaranas na tayo ng mas matinding kahirapan?

**5. Ang mga pangako ng Panginoon sa matatapat sa kahirapan**

- Anong mga pangako ang ibinibigay ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan para sa matatapat sa kahirapan? (Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang ilan sa mga sumusunod na talata. Ibuod ang impormasyon sa pisara. Pumili ng ilang mga tanong upang makahikayat ng talakayan.)

a. Doktrina at mga Tipan 3:8; 24:8; 112:13; 122:4. (Ang Panginoon ay makakasama natin, tatayo sa ating tabi, at pagagalingin tayo sa ating mga pagdurusa; tingnan din sa Jacob 3:1; Mosias 24:13–14; Alma 36:27.) Bakit mahalaga na malaman na makakasama natin ang Panginoon sa mga pagdurusa? Anong mga karanasan ang nagpakita sa inyo na kasama ninyo ang Panginoon sa mga panahon ng pagsubok?
b. D at T 58:2–4; 101:35–36; 103:12; 121:29; 127:4; 136:31. (Ang matatapat sa kapighatian ay tatanggap ng kaluwalhatian, kagalakan, at iba pang mga pagpapala.)
c. Doktrina at mga Tipan 98:3; 122:7. (Lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa ating ikabubuti at sa kaluwalhatian ng Panginoon; tingnan

din sa Doktrina at mga Tipan 90:24; 100:15; 2 Nephi 2:2; Mga Taga Roma 8:28.) Paano magiging para sa ikabubuti natin ang kahirapan?

Hilingan ang mga naatasang miyembro ng klase na ikuwento sandali kung ano ang natutuhan nila at kung paano sila umunlad mula sa kahirapan? (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3). Kung gamit ninyo ang gawaing pantawag pansin, anyayahan ang ibang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang isinulat. Kung hindi ninyo gamit ang gawaing pantawag pansin, anyayahan ang ibang mga miyembro ng klase na ikuwento kung ano ang natutuhan nila at kung paano sila umunlad mula sa kahirapan.

Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, sinabi ni Elder James E. Faust: "Sa mga sakit, matitinding paghihirap, at magigiting na adhikain ng buhay, dumadaan tayo sa apoy na nagpapadalisay, at ang hindi gaanong makabuluhan at ang hindi mahalaga sa ating buhay ay matutunaw na gaya ng dumi ng baka at ang ating pananampalataya ay magiging maningning, matibay, at matatag. . . . Ito ay bahagi ng mga bagay na kailangang gawin ng ilan upang makilala ang Diyos. Sa mga paghihirap ng buhay, tila ba mas nakikinig tayong mabuti sa mahinay at makalangit na mga pag-uudyok ng Banal na Pastol (sa Conference Report, Abr. 1979, 77; o *Ensign*, Mayo 1979, 53).

Sinabi ni Elder Marion G. Romney ng Korum ng Labindalawa:

"Nakita ko ang labis na pagkalungkot at kabiguan sa buhay ng mga tao na, sa panahon ng pagsubok, sinumpa ang Diyos at espirituwal na namatay. At nakakita ako ng mga tao na nakaahon nang lubos mula sa tila hindi madala-dalang mga pasanin.

"Sa katapusan, hinanap ko ang Panginoon sa sarili kong mga kapighatian at natutuhan ko sa aking sarili na napakalaki ng naging pag-unlad ng aking kaluluwa noong ako'y payukuin ng kahirapan at kapighatian" (sa Conference Report, Okt. 1969, 60; o *Improvement Era*, Dis. 1969, 69).

d. Doktrina at mga Tipan 121:8; 127:2. (Ang matatapat sa kapighatian ay dadakilain.)

- Ano ang maaari nating magawa sa panahon ng ating pagsubok upang mas lubos na madama ang kapayapaan na binabanggit ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 121:7: (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 19:23.)

---

Katapusan

Noong Abril 1839, pagkaraan na ikulong ang Propeta at ang kanyang mga kasamahan sa Piitan ng Liberty sa loob ng halos limang buwan, sila'y pinadala sa Davies County at pagkatapos ay sa Boone County para sa paglilitis. Habang sila'y inililipat sa Boone County, hinayaan silang makatakas ng mga guwardiya dahil napag-isip-isip ng ilang mga pinuno na hindi magtatagumpay ang pag-uusig sa kanila. Pagkaraan ay nagtungo si Joseph Smith at ang iba pang mga bilanggo sa Illinois, kung saan ay nakapiling nila ang kanilang mga mag-anak at ang iba pang mga Banal.

Himukin ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga paghahayag na ibinigay sa Piitan ng Liberty sa mga panahon ng kahirapan. Magpatotoo na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, tiniis ni Jesucristo ang ating mga pighati. Kung babaling tayo sa Kanya, papapanatagin at iaangat Niya tayo maging sa

pinakamadilim na mga sandali ng ating buhay. Ipahayag ang inyong pagtanaw ng utang na loob sa halimbawa ni Joseph Smith sa pakikitungo sa kahirapan at ang pagkukusang-loob ni Cristo na matulungan tayong magtiis at matuto mula sa kahirapan.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

**1. Lakas ng loob na ipaglaban ang ating matibay na paniniwala**

Bago pa ang kanilang pagkakabilanggo sa Piitan ng Liberty, si Joseph Smith at ang kanyang mga kasamahan ay sama-samang itinanikala at ginuwardiyahan sa isang bakanteng lumang bahay sa Richmond, Missouri sa loob ng mahigit dalawang linggo. Pagbalik-aralan ang salaysay ni Joseph Smith hinggil sa naging sagot niya sa mapanghamak na mga guwardiya sa Richmond, tulad ng nakatala sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 59 (ikatlong talata) hanggang 60.

- Paano tayo magkakaroon ng lakas ng loob na kakailanganin upang harapin ang mahihirap na situwasyon? Ano ang ilang mga situwasyon na mangangailangan ng lakas ng loob sa pang-araw-araw na buhay? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang sila o ang mga tao na kilala nila ay nagpamalas ng lakas ng loob na manindigan para sa mga alituntunin ng ebanghelyo.)

**2. Tumanggap si Amanda Smith ng inspirasyon upang matulungan ang kanyang anak na lalaki na si Alma**

Kabilang sa *Ang Ating Pamana* ang salaysay ni Amanda Smith na tumanggap ng inspirasyon na tulungan ang kanyang anak na lalaki na si Alma, na malubhang nasugatan noong naganap ang Pamumuksa sa Haun's Mill (mga pahina 56–57). Kung hindi ninyo pinagbalik-aralan ang salaysay na ito sa aralin 15, maaaring naisin ninyong gawin ito sa araling ito.

Aralin
29

# Pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa Nauvoo, Illinois

**Layunin**

Ituro kung paano gumawa ang mga sinaunang Banal upang itayo ang kaharian ng Diyos sa Nauvoo at upang himukin ang mga miyembro ng klase na tularan ang kanilang halimbawa.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 124:1–21, 87–90, 97–110; 126.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 60–61, 65–69, 72–74.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang mga miyembro ng klase na maghandang ibuod ang mga sumusunod na talata mula sa *Ang Ating Pamana:*
   a. Ang mga pagsubok na naranasan nina John Hammer at kanyang pamilya sa kanilang pagkanlong sa Illinois mula sa bahaging pinamagatang "Exodo Patungong Illinois" (mga pahina 60–61).
   b. "Mga Sakripisyo ng mga Misyonero ng Nauvoo" (mga pahina 65–69).
   c. "Ang Samahang Damayan" (mga pahina 72–74).
4. Ipagbigay-alam nang maaga ang paanyaya kung nais ninyong magsalita ang pangulo ng Samahang Damayan o isa sa kanyang mga tagapayo tungkol sa mga layunin ng Samahang Damayan. Hilingan siyang ihandang basahin ang pahayag ng Samahang Damayan na ipinabatid noong 1999 na pangkalahatang pulong ng Samahang Damayan. Ang pahayag ay kabilang sa pahina 212 ng manwal na ito at maaari ding makuha bilang hiwalay na lathala (36175, 36185, at 36195).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat ang mga sumusunod na pangungusap sa pisara:

*Inihayag ang doktrina ng pagbibinyag para sa mga patay.*

*Unang isinagawa ang mga endowment sa templo.*

*Itinatag ang samahang damayan.*

- Saan nangyari ang mga ito?

Ipaliwanag na ang mga ito at iba pang mahahalagang pangyayari ay naganap sa Nauvoo, Ilinois. Tinatalakay ng araling ito kung paano nagsikap ang mga

sinaunang Banal sa Nauvoo na itayo ang kaharian ng Diyos at kung paano tayo matututo sa kanilang mga halimbawa habang sinisikap nating itayo ang kaharian ng Diyos ngayon.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Nagkanlong sa Illinois ang mga Banal.**

Ipaliwanag na habang nakakulong si Joseph Smith sa Liberty, Missouri, pinasan ni Brigham Young, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang pangunahing katungkulang pangasiwaan ang paglikas ng mga Banal mula sa Missouri. Upang matakasan ang kanilang mga mang-uusig, sinimulang tawirin ng mga Banal ang Ilog Mississippi patungong Illinois noong huling bahagi ng 1838. Ipinakikita sa Mapa 3 sa pahina 347 sa manwal na ito at pahina 37 sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* ang daang ginamit ng mga Banal nang sila'y palayasin sa Missouri.

Hilingan ang inatasang miyembro ng klase na isalaysay ang mga pagsubok na naranasan ni John Hammer at kanyang pamilya nang magkanlong sila sa Illinois *(Ang Ating Pamana,* mga pahina 60–61).

Nagtipon muna sa Quincy, Illinois ang mga Banal. Nang makabalik si Joseph Smith mula sa Piitan ng Liberty, naglakbay sila ng mga 35 milya sa dakong bungad ng Ilog Mississippi na kung saan dating matatagpuan ang maliit na lambak ng Commerce. Kaagad na sinimulan ng mga Banal na patuyuin ang latian, nagtanim sila, at nagtayo ng mga tahanan. Noong tag-araw ng 1839, pinalitan ng Propeta ang pangalan ng lugar bilang Nauvoo. Sinabi niya, "Ang pangalan ng ating Lungsod (Nauvoo) ay mula sa salitang Hebreo, at nangangahulugan ng magandang kalagayan, o lugar, na nagtataglay rin ng kahulugang katahimikan" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 182).

Noong Disyembre 1840, pinagkalooban ng karapatan ng estado ng Illinois ang Nauvoo na nagpahintulot sa lungsod upang magkaroon ng kawal, hukuman, at pamantasan. Naging pangalawa sa pinakamalaking lungsod sa Illinois ang Nauvoo habang mabilis na lumalago ang Simbahan at nagtitipon dito ang mga bagong nagbalik-loob.

Noong ika-19 ng Enero 1841, nakatanggap ng paghahayag si Propetang Joseph Smith kung saan nagbigay ng mga kautusan ang Panginoon sa mga Banal tungkol sa kanilang mga tungkulin sa Nauvoo. Ang paghahayag na ito ay nakatala sa D at T 124. Ipaliwanag na sa pag-aaral ng D at T 124 at sa mga halimbawa ng mga sinaunang Banal sa Nauvoo, higit nating malinaw na mauunawaan ang mahalagang bahagi ng bawat isa sa atin sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos.

**2. Libu-libong tao ang napagbalik-loob ng mga misyonerong ipinadala mula sa Nauvoo.**

Ipaliwanag na maraming miyembro ng Simbahan sa Nauvoo, kabilang na ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawa ang tinawag na maglingkod bilang

mga misyonero. Hilingan ang inatasang miyembro ng klase na mag-ulat hinggil sa mga misyon ng mga Banal sa Nauvoo (*Ang Ating Pamana*, mga pahina 65–69).

Mga ilang buwan pagkaraang dumating sa Inglatera, nagbinyag at nagpatibay ng maraming tao si Elder Wilford Woodruff. Pagkatapos ay nagkaroon siya ng sumusunod na karanasan:

"Ako. . .ay nakipagpulong sa isang malaking kalipunan ng mga Banal at mga taong hindi kakilala, at habang inaawit ang unang himno, napasaakin ang espiritu ng Panginoon at sinabi sa akin ng tinig ng Diyos, 'Ito ang huling pulong na iyong idaraos kasama ang mga taong ito sa loob ng maraming araw.' Nagulat ako rito, dahil marami akong itinakdang pakikipagpulong sa distritong iyon. Nang tumayo ako upang magsalita sa mga tao, sinabi ko na ito ang huling pulong na idaraos ko sa kanila sa loob ng maraming araw. Nagulat din sila na tulad sa aking pagkabigla. Sa pagtatapos ng pulong, apat na tao ang pumunta sa harap upang magpabinyag, lumusong kami sa tubig at bininyagan sila.

"Kinaumagahan lihim akong sumangguni sa Panginoon, at itinanong sa Kanya kung ano ang Kanyang ninanais hinggil sa akin. Ang tugon na natanggap ko ay dapat akong magtungo sa timog; sapagkat may malaking gawaing ipagagawa sa akin doon ang Panginoon, sapagkat maraming kaluluwa ang naghihintay sa Kanyang salita."

Sa loob ng sumunod na dalawang araw, naglakbay siya patungong timog hanggang sa makarating siya sa sakahan ni John Benbow sa Herefordshire. Masayang tinanggap siya nina Ginoong Benbow at ng kanyang maybahay at sinabing may pangkat ng mahigit 600 kalalakihan at kababaihan ang bumuo ng sarili nilang kongregasyon na tinatawag na Nagkakaisang Magkakapatid. Sinabi ni Elder Woodruff:

"Ang pangkat na ito na Nagkakaisang Magkakapatid ay naghahanap ng liwanag at katotohanan, subalit nagawa na nila ang lahat ng magagawa nila, at patuloy na tumatawag sa Panginoon, upang buksan ang daan at pagkalooban sila ng liwanag at kaalaman, upang malaman nila ang tamang daan para maligtas. Nang marinig ko ang mga bagay na ito, malinaw na nakikita ko kung bakit inutusan ako ng Panginoon, habang nasa bayan ng Hanley, na lisanin ang lugar na pinaglilingkuran at magtungo sa timog; sapagkat sa Herefordshire, may malaking bukid na pag-aanihin para sa pagtitipon ng maraming banal sa Kaharian ng Diyos."

Ang mga ginawa ni Elder Woodruff sa pook na ito ng Inglatera ay nagbigay sa kanya ng pagkakataong "magdala sa Simbahan, sa biyaya ng Diyos, ng mahigit labingwalong daang kaluluwa sa loob ng walong buwan, kabilang na ang lahat maliban sa isa sa animnapu na raang Nagkakaisang Magkakapatid" (sa Wilford Woodruff: History of His Life and Labors, ed. Matthias F. Cowley [1909], 116–19).

- Ano ang matututuhan natin sa karanasan ni Elder Woodruff?

Ituro na napalakas ng mga sakripisyo at pagsisikap ng mga misyonerong naglingkod sa Inglatera ang Simbahan. Ibinuod ni Elder Harold B. Lee ang nangyari sa loob ng kahanga-hangang panahong ito:

"Sa loob ng isang taon, 1840 hanggang 1841—isang taon at labing apat na araw, upang maging tiyak—siyam na miyembro ng labindalawa ang tinawag upang

magmisyon sa Misyon sa Britanya. Kung naaalaala ninyo ang kasaysayan [sa Nauvoo], ang mga taon na iyon ang panahon ng ilan sa pinakamalalang pag-uusig na dinanas ng Simbahan sa dispensasyong ito. Sa loob ng isang taon at labing-apat na araw na iyon, nagtatag ng mga sangay ng simbahan ang siyam na miyembro ng labindalawa at kanilang mga kasama, sa lahat ng kilalang bayan at lungsod sa kaharian ng Britanya. Nagbinyag sila sa pagitan ng 7000 at 8000 nagbalik-loob. Naglimbag sila ng 5000 kopya ng Aklat ni Mormon, 3000 himno, at 50,000 polyeto,. . .at naglikas [sila] ng 1000 kaluluwa sa Amerika"(sa Conference Report, Abr. 1960, 108).

**3. Ipinakikita ng mga halimbawa ng mga Banal sa Nauvoo ang kahalagahan ng pagtitiis hanggang sa wakas sa kabutihan.**

Ipaliwanag na kabilang sa D at T 124 ang maraming tagubilin at pangako sa mga taong nabuhay noong panahon ng Nauvoo. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang ilan sa mga sumusunod na talata at tukuyin ang mga tagubilin at pangako:

a. D at T 124:12–14 (kay Robert B. Thompson).
b. D at T 124:16–17 (kay John C. Bennett).
c. D at T 124:18–19 (kay Lyman Wight).
d. D at T 124:87–90, 97–103 (kay William Law).
e. D at T 124:104–10 (kay Sidney Rigdon).

Noong panahon ng Nauvoo, karamihan sa mga Banal na nanatiling matapat ay labis na nabiyayaan. Gayunman, sina John C. Bennett, Lyman Wight, William Law, Sidney Rigdon, at iba pa ay tumalikod sa katotohanan at nawalan ng karapatan sa marami nilang pagpapala.

- Ano ang pinakamalaking nakatulong sa inyo sa mga pagsisikap ninyo na magtiis hanggang sa wakas sa kabutihan?
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 124:15. Anong mga katangian ni Hyrum Smith ang pinuri ng Panginoon? (Tingnan din ang sumusunod na sipi.) Paano tayo magkakaroon ng katapatan ng puso? Paano tayo magkakaroon ng pagmamahal sa tama?

  Sinabi ni Propetang Joseph Smith hinggil sa kanyang kapatid na si Hyrum, "Dalangin ko sa aking puso na lahat ng aking kapatid na lalaki ay tulad ng aking minamahal na kapatid na si Hyrum, na nagtataglay ng pagkamaamo ng tupa, at ng katapatan ng isang Job, at sa madaling sabi, ang pagkamaamo at kababaang-loob ni Cristo; at minamahal ko siya nang may pagmamahal na higit na matibay sa kamatayan, sapagkat hindi kailanman ko siya napagalitan, at gayon din siya sa akin" (*History of the Church*, 2:338).

**4. Itinatag ang Samahang Damayan sa Nauvoo.**

Ipaliwanag na habang naninirahan ang mga Banal sa Nauvoo, nabiyayaan sila ng bagong samahan sa Simbahan. Sa kapangyarihan ng pagkasaserdote, itinatag ni Propetang Joseph Smith ang Samahang Damayan. Hilingan ang inatasang miyembro ng klase na ibuod ang bahaging "Ang Samahang Damayan" mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 72–74.

Upang bigyang-diin ang mga layunin ng Samahang Damayan, basahin ang sumusunod na pahayag, na ipinabatid noong 1999 na pangkalahatang pulong ng Samahang Damayan. Kung inanyayahan ninyo ang pangulo ng Samahang Damayan o isa sa kanyang mga tagapayo na gawin ang paglalahad na ito, anyayahan siyang gawin na ito ngayon.

"Kami ay mga minamahal na anak na babae ng Diyos sa espiritu, at ang aming buhay ay may kahulugan, layunin, at patutunguhan. Bilang pandaigdigang kapatiran, nagkakaisa kami sa aming katapatan kay Jesucristo, ang aming Tagapagligtas at Halimbawa. Kami ay mga kababaihang may pananampalataya, kalinisan, pananaw, at pag-ibig sa kapwa na:

"Nagpapalago ng aming patotoo kay Jesucristo sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan.

"Naghahangad ng espirituwal na lakas sa pagsunod sa Espiritu Santo.

"Naglalaan ang aming sarili sa pagpapatibay ng samahang mag-asawa, mag-anak, at mga tahanan.

"Nakakahanap ng dangal sa pagiging ina at kagalakan sa pagiging isang babae.

"Nagagalak sa paglilingkod at mga mabubuting gawa.

"Nagmamahal sa buhay at pag-aaral.

"Naninindigan para sa katotohanan at kabutihan.

"Nagtataguyod sa pagkasaserdote bilang awtoridad ng Diyos sa lupa.

"Nagagalak sa mga pagpapala sa templo, nakauunawa sa ating banal na kahahantungan, at nagsisikap para sa kadakilaan" (Mary Ellen Smoot, "Rejoice, Daughters of Zion," Ensign, Nob. 1999, 92–93).

- Paano bumubuo ng pananampalataya at nagpapalakas ng patotoo ang Samahang Damayan? Paano nito pinatitibay ang pagsasama ng mag-asawa at pamilya? Paano nito tinutulungan ang mga taong nangangailangan?
- Anong mga pagpapala ang dumating sa buhay ninyo dahil sa Samahang Damayan?

---

Katapusan

Bigyang-diin na inilaan ng mga sinaunang Banal sa Nauvoo ang kanilang buhay sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng gawaing misyonero at paglilingkod sa maraming iba pang paraan. Sa pagsunod sa kanilang mga halimbawa, higit na matapat tayong makatutulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos ngayon.

Kapag binigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo hinggil sa mga katotohanang tinalakay sa aralin.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Pinahintulutan ang mga sinaunang Banal na huwag magtayo ng templo sa Missouri**

- Hindi nagtayo ng templo sa Missouri ang mga Banal bagamat inutusan sila ng Panginoon na magtayo ng isa sa Independence at isa sa Far West (D at T 57:1–3; 97:10–12; 115:7–12). Anong alituntunin ang itinuro ng Panginoon sa mga Banal sa D at T 124:49–53? Paano nauukol sa atin ngayon ang alituntuning ito?

**2. Ang pagsisikap ng mga Apostol na tumupad sa mga salita ng Panginoon.**

Ipaliwanag na ang D at T 118 ay naglalaman ng mga tagubilin ng Panginoon na tawirin ng Labindalawang Apostol ang "malalaking tubig" at ipangaral ang ebanghelyo. Ang mga Kapatid ay lumisan mula sa lugar ng templo sa Far West, Missouri, noong ika-26 ng Abril 1839. Gayunman, noong Marso 1839, karamihan sa mga banal ay tumakas mula Missouri patungong Illinois. Pinagbantaan ng mga mandurumog ang sinumang pinunong babalik sa Far West.

Sa kabila ng mga bantang ito, sina Brigham Young, apat na iba pang Apostol at ilang iba pa ay bumalik sa lugar ng templo sa Far West noong madaling araw ng ika-26 ng Abril 1839. Nag-ordena sila roon ng dalawang karagdagang Apostol—sina Wilford Woodruff at George A. Smith. Sila ay umawit at nanalangin, at pinagulong nila ang isang malaking bato sa kanto ng ipinanukalang lugar ng templo. Pagkaraan, umalis sila para sa kanilang mga misyon sa Inglatera.

**3. Isang pagpapahayag sa mundo**

- Basahing kasama ng mga miyembro klase ang D at T 124:1–7. Ano ang iniutos ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith na isulat?

Ipaliwanag na ginawa ng Propetang Joseph Smith at ng iba pa ang pagpapahayag na ito hanggang sa paslangin ang Propeta noong 1844. Pagkaraa'y tinapos ng Korum ng Labindalawa ang dokumento at inilathala noong ika-6 ng Abril 1845.

Ang pagpapahayag ay para sa mga hari ng daigdig, pangulo ng Estados Unidos, at mga pinuno at mga tao ng lahat ng bansa. Ipinahayag ng mga pinuno ng Simbahan na ang Diyos ay muling nagsalita mula sa kalangitan at ipinanumbalik ang kaharian ng Diyos at ang banal na pagkasaserdote upang ihanda ang daan para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Ipinahayag din nila:

"Ipinababatid namin sa inyo nang may kapangyarihan buhat sa itaas at inuutusan kayong lahat na magsisi at magpakumbaba tulad sa maliliit na bata, sa harap ng kamahalan ng Banal; at lumapit kay Jesus nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu; at magpabinyag sa kanyang pangalan, para sa kapatawaran ng mga kasalanan. . ., at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga Apostol at elder, ng dakila at huling dispensasyon ng pagbibigay-awa sa mga tao.

"Ang Espiritung ito ang magpapatunay sa inyo, ng katotohanan ng aming patotoo; at magbibigay-liwanag sa inyong isipan, at mapapasainyo bilang espiritu ng propesiya at paghahayag. Ipauunawa at ipaaalaala nito ang mga bagay na lumipas; at ipakikita nito sa inyo ang mga bagay na darating.

"Ipagkakaloob rin nito sa inyo ang maraming dakila at maluwalhating kaloob; tulad ng kaloob sa pagpapagaling ng mga maysakit, at ng kakayahang mapagaling, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay sa pangalan ni Jesus; at ng pagpapalayas ng mga Demonyo; at maging ang pagkakaroon ng mga pangitain, at pakikipag-usap sa mga Anghel at espiritu mula sa di nakikitang daigdig.

Sa pamamagitan ng liwanag ng Espiritung ito, na tinanggap sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ordenansa—sa kapangyarihan at awtoridad ng Banal na pagka-Apostol at Pagkasaserdote, mauunawaan ninyo, at kayo'y magiging mga anak ng liwanag; at sa gayon ay magiging handa na malagpasan ang lahat ng darating sa lupa, at sa gayo'y tatayo sa harap ng Anak ng Tao.

"Pinatototohanan namin na ang naunang doktrina ay ang doktrina o ebanghelyo ni Jesucristo, sa kaganapan nito; at ito ang tanging totoo, walang-hanggan, at di nagbabagong ebanghelyo; at ang tanging planong inihayag sa lupa kung saan maaaring maligtas ang tao" (*Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, tinipon ni James R. Clark, 6 na tomo [1965–75], 1:252-54).

Noong 1975, binanggit ni Pangulong Ezra Taft Benson ng Korum ng Labindalawa ang bahagi ng dokumentong ito sa pangkalahatang komperensiya at sinabi na muling ipinapahayag ng Simbahan ang mga katotohanang ito sa mundo. Sinabi niya:

"Bilang mapagkumbabang mga lingkod ng Panginoon, nananawagan kami sa mga pinuno ng bansa na magpakumbaba sa Diyos, hangarin ang kanyang inspirasyon at patnubay. Nananawagan kami sa lahat ng mga namumuno at gayon din sa mga tao na magsisi sa kanilang mga masasamang gawa. Bumaling sa Panginoon, hangarin ang kanyang kapatawaran, at sumapi nang may pagpapakumbaba sa kanyang kaharian. Walang ibang paraan. Kung gagawin ninyo ito, mabubura ang inyong mga kasalanan, darating at mamamalagi ang kapayapaan, at magiging bahagi kayo ng kaharian ng Diyos sa paghahanda sa ikalawang pagparito ni Cristo. Subalit kung tumanggi kayong magsisi o tanggapin ang patotoo ng kanyang mga binigyang-inspirasyong sugo at di sumapi sa kaharian ng Diyos, mapapasainyo kung gayon ang mga kalunus-lunos na paghuhukom at kalamidad na ipinangako sa mga masasama" (sa Conference Report, Okt. 1975 48; o *Ensign*, Nob. 1975, 34).

**4. Pagtatanghal ng video na "The Heart and the Willing Mind"**

Kung may makukuhang videocassette na *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang na ipalabas ang "The Heart and the Willing Mind," walong minutong yugto. Ang pagtatanghal na ito ay naglalarawan sa pagkukusa ni Elder Heber C. Kimball na maglingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo. Ipinakikita rin nito ang katapatan ng kanyang maybahay at mga anak sa kanilang pagsuporta sa kanya nang lisanin niya kapwa ang Kirtland at Nauvoo upang maglingkod sa Panginoon sa Inglatera.

Maaari ninyong ipakita ang pagtatanghal na ito sa ikalawang bahagi ng aralin. Gamitin ang mga sumusunod na tanong upang talakayin ang palabas sa mga miyembro ng klase:

- Basahin ang D at T 64:33–34 kasama ang mga miyembro ng klase. Paano ipinakita ni Elder Kimball na ibinigay niya ang kanyang puso sa gawain ng Panginoon? Paano niya ipinakita na siya ay "may pagkukusang isipan." Ano ang kaibahan ng pagiging masunurin lamang at pagiging kapwa masunurin at nagkukusa?
- Ipinakita ni Elder Kimball at ng kanyang pamilya na handa silang magsakripisyo upang makatulong sa pagsulong ng Sion. Ano ang ilang mga sakripisyo na kailangan nating gawin ngayon upang makapaglingkod sa gawain ng Panginoon? Sa anong mga paraan naiiba ang ating mga sakripisyo sa kanilang mga naging sakripisyo? Sa anong mga paraan nakakatulad ng ating mga sakripisyo ang kanilang mga sakripisyo?

**5. Ang tindahan ni Propetang Joseph Smith na yari sa pulang adobe**

Ipaliwanag na isa sa pinakamahalagang gusali sa Simbahan noong buong panahon ng Nauvoo ang tindahan ni Propetang Joseph Smith na yari sa pulang adobe (tingnan ang larawan sa ibaba). Bukod sa pagiging pangkalahatang tindahan, naging sentro ito ng mga gawaing panrelihiyon, panlipunan, at pambayan. Nagtayo ng pampublikong paaralan doon ang mga Banal. Ginamit din nila ang gusali para sa mga pulong ng Simbahan at bayan at sa pagtitipon ng mga kabataan. Itinatag ang Samahang Damayan sa tindahang ito noong ika-17 ng Marso 1842. Bago natapos ang templo, ginamit ang itaas na palapag bilang silid na pinagdarausan ng ordenansa. Ang mga unang endowment sa dispensasyong ito ay ipinagkaloob doon.



**Ang Tindahan ni Propetang Joseph Smith na Yari sa Pulang Adobe.** Mahalaga ang gusaling ito sa Simbahan noong buong panahon ng Nauvoo.

Aralin

# 30

# "Ang mga Bilanggo ay Makalalaya"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magalak sa kanilang pagkakataong magsagawa ng mga ordenansa para sa mga patay.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 2; 124:25–55; 127; 128; Joseph Smith—Kasaysayan 1:36–39.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 70–72, impormasyon sa ilalim ng "Ang Templo ng Nauvoo."
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Paunang ibigay ang mga sumusunod na takdang gawain:
   a. Atasan ang isang miyembro ng klase na isalaysay ang tungkol sa pagtatayo ng Templo ng Nauvoo. Hilingan siyang ibatay ang kanyang paglalahad sa unang apat na talata sa ilalim ng "Ang Templo ng Nauvoo" sa mga pahina 70–71 ng *Ang Ating Pamana*.
   b. Atasan ang dalawang miyembro ng klase na isalaysay nang maikli ang mga naging karanasan nila sa pagsasagawa ng pagbibinyag para sa mga patay. Hilingan silang magsalaysay kung ano ang nadama nila sa kaalamang sa pamamagitan ng pagbibinyag para sa mga patay ay matutulungan nila ang iba na makatanggap ng kaligtasan. Kapag nakapagsagawa na sila ng mga pagbibinyag para sa mga yumaong ninuno, hilingan silang magsalaysay tungkol sa mga karanasang ito na tumulong upang ibaling ang kanilang puso sa kanilang mga ninuno.
   c. Hilingan ang isa o higit pang nagbalik-loob na maghandang ipaliwanag kung ano ang nadama nila nang una nilang malaman na maaari silang binyagan para sa mga yumaong miyembro ng kanilang pamilya.
4. Kung maaaring makuha ang mga sumusunod na larawan, ihandang gamitin ang mga ito sa aralin: Templo ng Nauvoo (62432 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 501) at Lugar na Pinagbibinyagan sa Templo (62031 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 504).

*Paalala sa guro:* Maaaring magtanong ang mga miyembro ng klase hinggil sa kung paano malalaman ang mga ninunong namatay bago matanggap ang ebanghelyo. Imungkahing makipag-usap sila sa taong sanggunian para sa kasaysayan ng mag-anak sa kanilang purok at kumuha ng kopya ng *A Member's Guide to Temple and Family History Work* (34697). Maaari din silang makipag-ugnayan sa isa sa Mga Sentro ng Kasaysayan ng Mag-anak ng Simbahan. Maaari

din ninyong ipaliwanag na pagtutuunan ng pansin sa aralin 40 ang mga natatanging bagay na maaaring gawin ng mga miyembro ng Simbahan upang makibahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak.

## Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Basahin ang sumusunod na paglalarawang ginawa ni Propetang Joseph Smith sa pinakapanganay niyang kapatid na lalaki na si Alvin:

"Siya ang. . .pinakadakila sa pamilya ng aking ama. Isa siya sa pinakadakila sa mga anak ng tao. . . .Wala siyang panlilinlang. . . .Isa siya sa pinakamahinahong tao, at nang siya'y mamatay dinalaw siya ng anghel ng Panginoon sa kanyang mga huling sandali" (*History of the Church,* 5:126–27).

Ipaliwanag na namatay si Alvin noong 1824, apat na taon pagkaraang tanggapin ang patotoo ni Joseph tungkol sa Unang Pangitain ngunit limang taon bago ipinanumbalik ang pagkasaserdote.

- Sinu-sino ang ilan sa mga lalaki at babae sa inyong pamilya na namatay bago nila matanggap ang kabuuan ng ebanghelyo? Ano ang nalalaman ninyo tungkol sa mga miyembro ng pamilyang ito?

Bigyang-diin na bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nasa atin ang kaganapan ng ebanghelyo at mga nakapagliligtas na ordenansa ng pagkasaserdote. Dahil sa gawain sa templo para sa mga patay, maaari nating ipagkaloob ang mga ordenansang ito sa bilyun-bilyong lalaki at babae na hindi kailanman nakatanggap nito noong sila ay nabubuhay sa lupa.

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa pagtubos sa mga patay. Pangunahin nitong tinatalakay ang pagbibinyag para sa mga patay.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith, inihayag ng Panginoon ang doktrina ng mga ordenansang pagkasaserdote para sa mga patay.**

- Bakit tayo nagsasagawa ng mga ordenansa para sa mga patay? (Ipaliwanag na kailangang magkaroon ng pagkakataon ang lahat ng tao na marinig ang ebanghelyo at tanggapin ang mga nakapagliligtas na ordenansa ng pagkasaserdote. Ang mga taong hindi nakatanggap ng mga pagpapalang ito noong sila'y nabubuhay ay magkakaroon ng pagkakataon sa daigdig ng mga espiritu. Dahil wala silang pisikal na katawan sa daigdig ng mga espiritu, hindi nila maaaring tanggapin mismo ang mga ordenansa. Gayunman, maaari nating tanggapin ang mga ordenansa para sa kanila. Pagkatapos ay

maaari nilang piliin sa daigdig ng espiritu kung tatanggapin o tatanggihan nila ang mga ordenansa na isinagawa para sa kanila.)

Bigyang-diin na sinimulang turuan ng Panginoon si Joseph Smith tungkol sa gawain para sa mga patay noong mga unang bahagi ng ministeryo ng Propeta (Joseph Smith—Kasaysayan 1:36–39; ulo ng D at T 2; D at T 2:1–3). Ang wika ni Gordon B. Hinckley hinggil sa turong ito:

"Lubhang mahalaga sa akin na. . .ang pag-ulit sa mga kahanga-hangang salita ni Malakias hinggil sa gawain para sa mga patay, ay ibinigay sa batang Joseph apat na taon bago siya pinahintulutang kunin ang mga lamina mula sa burol. Ito'y ibinigay bago niya matanggap alinman sa Pagkasaserdoteng Aaron o Melquisedec, bago siya mabinyagan, at bago maitatag ang Simbahan. Lubhang nagpapahiwatig ito ng kahalagahan ng naturang gawain sa plano ng Panginoon" ("A Century of Family History Service," Ensign, Mar. 1995, 61).

Ipaliwanag na noong ika-15 ng Agosto 1840, nangaral ang Propetang Joseph sa burol ng isang miyembro ng Simbahan na nagngangalang Seymour Brunson. Bilang bahagi ng kanyang pangaral, marami siyang binasa mula sa I Mga Taga Corinto 15, na naglalaman ng sanggunian hinggil sa pagbibinyag para sa mga patay (talata 29). Pagkatapos ay sinabi niya na ang mga Banal ay maaaring binyagan para sa kanilang mga kaibigan at kamag-anak na namatay nang di tinatanggap ang ebanghelyo. Ipinahayag niya na ang plano ng kaligtasan ay naglalayong iligtas ang lahat na nagnanais sumunod sa mga hinihiling ng batas ng Diyos. Pagkatapos ng pangaral na ito, nagsimulang magsagawa ng mga pagbibinyag para sa mga patay ang mga miyembro ng Simbahan sa malapit na Ilog Mississippi. (Tingnan sa *Journal History of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, ika-15 ng Agosto, 1840.)

**2. Iniutos ng Panginoon sa mga Banal na magtayo ng templo sa Nauvoo.**

- Noong ika-19 ng Enero 1841, ilang buwan pagkaraang magsimulang magsagawa ng mga pagbibinyag para sa mga patay ang mga Banal, inutusan sila ng Panginoon na magtayo ng templo sa Nauvoo (D at T 124:25–27). Anong mga dahilan ang ibinigay ng Panginoon sa kautusang ito? (Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang sumusunod na banal na kasulatan upang makita ang mga sagot sa tanong na ito. Nakalista rin sa ibaba ang mga posibleng sagot.)

  a. D at T 124:28, 40–41. (Upang maghayag ng karagdagang ordenansa ng pagkasaserdote.)
  b. D at T 124:29–30, 33. (Upang maglaan ng lugar para sa pagsasagawa ng pagbibinyag para sa mga patay.)
  c. D at T 124:55. (Upang mapatunayan ng mga Banal ang kanilang katapatan sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan upang mabiyayaan Niya sila ng karangalan, kawalang-kamatayan, at buhay na walang hanggan.)

  Bigyang-diin na ang Templo ng Nauvoo ang pangalawang templo na itinayo sa dispensasyong ito. Isa sa pangunahing layunin ng templong ito ang maglaan ng lugar sa mga Banal upang magsagawa ng mga ordenansa tulad ng pagbibinyag at pagpapatibay para sa mga patay, endowment, at kasal sa templo. Ang mga ordenansang ito ay hindi isinagawa sa Templo ng Kirtland.

Ipakita ang larawan ng Templo ng Nauvoo. Ipaliwanag na gumawa ng malaking sakripisyo ang mga Banal upang sundin ang kautusang magtayo ng templo. Hilingan ang inatasang miyembro ng klase na mag-ulat sa pagtatayo ng Templo ng Nauvoo, tulad ng nakalahad sa *Ang Ating Pamana* (mga pahina 70–71, unang apat na talata sa ilalim ng "Ang Templo ng Nauvoo").



**Templo sa Nauvoo.** Ipinakikita ng modelong ito ang kagandahan ng orihinal na gusali bago nasunog noong 1848.

- Ano ang mga hinangaan ninyo sa mga sakripisyong ginawa ng mga sinaunang Banal sa pagtatayo ng Templo ng Nauvoo?

Ipaliwanag na sa loob ng maikling panahon, pinahintulutan ng Panginoon ang mga Banal na patuloy na magsagawa ng mga pagbibinyag para sa mga patay sa Ilog ng Mississippi (D at T 124:31–32; *History of the Church*, 4). Ngunit noong ika-3 ng Oktubre 1841, ipinahayag ng Propetang Joseph na "wala nang isasagawang pagbibinyag para sa mga patay, hangga't ang ordenansa ay maaaring isagawa sa Bahay ng Panginoon" (*History of the Church*, 4:426). Noong ika-8 ng Nobyembre 1841, inilaan ni Brigham Young ang isang pansamantala ngunit mahusay na ginawang lugar na pagbibinyagan na yari sa kahoy. Matatagpuan ito sa ilalim ng hindi pa tapos na templo (*History of the Church* 4:446–47). Ngayon, lahat ng ordenansa para sa mga patay ay kailangang isagawa sa mga templo.

- Ano ang matututuhan natin sa matinding pagnanais ng mga Banal na magtayo ng lugar na pagbibinyagan bago matapos ang templo? (Habang tinatalakay ng mga miyembro ng klase ang tanong na ito, anyayahan silang pag-isipang mabuti ang kanilang mga nadarama tungkol sa pagtubos sa mga

patay. Imungkahing itanong sa kanilang sarili kung kasing sabik nila ang mga sinaunang Banal sa paggawa.)

**3. Dapat tayong maging masigasig at masaya sa ating pagsisikap na magsagawa ng pagbibinyag para sa mga patay.**

Ipaliwanag na may mga isinagawang pagbibinyag para sa mga patay noong panahon ng Bagong Tipan kasunod ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo (I Mga Taga Corinto 15:29). Gayunman, ang dakilang gawain ng pagkakaloob ng mga ordenansa para sa mga patay ay tungkulin na ngayon ng mga miyembro ng Simbahan sa dispensasyong ito. Ipakita ang larawan ng lugar na pinagbibinyagan sa templo.

Bigyang-diin na ang mga miyembro ng Simbahan na 12 taon at higit pa, kabilang na ang mga bagong nagbalik-loob ay maaaring binyagan para sa mga patay. Upang magawang magpabinyag para sa mga patay, kailangang magtaglay ng rekomendasyon sa templo na may bisa sa kasalukuyan ang isang miyembro. Kailangang maytaglay na pagkasaserdote ang mga lalaking miyembro.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 128:15. Sa anong mga paraan umaasa sa atin ang mga patay para sa kanilang kaligtasan? Sa anong mga paraan nakasalalay sa kaligtasan ng mga patay ang ating kaligtasan? (Tingnan sa D at T 128:17–18 at sa mga sumusunod na sipi.)

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Ang mga nagaganap sa Bahay ng Panginoon . . . ay higit na nahahalintulad sa diwa ng sakripisyo ng Panginoon kaysa sa anumang gawaing nalalaman ko. Bakit? Sapagkat ito’y isinasagawa ng mga taong kusang nagbibigay ng kanilang panahon at kakayahan, nang walang anumang inaasahang pasasalamat o gantimpala, upang gawin para sa iba ang mga bagay na di nila magagawa para sa kanilang sarili” (*Ensign*, Mar. 1995, 62–63).

  Sinabi ni Elder John A. Widtsoe ng Korum ng Labindalawa: “Sa ating kalagayan bago ang buhay na ito, noong panahon ng dakilang kapulungan, gumawa tayo ng kasunduan sa ating Maykapal. Ang Panginoon ay nagpanukala ng plano, na binuo niya. Tinanggap natin ito. Yamang ang plano ay para sa lahat ng tao, naging mga kabahagi tayo sa kaligtasan ng bawat tao sa ilalim ng planong iyon. Sumang-ayon tayo, doon mismo, upang maging mga tagapagligtas hindi lamang ng ating sarili, kundi. . .mga tagapagligtas ng sangkatauhan. Nakipagkasundo tayo sa Panginoon. Ang ikatutupad ng plano noo’y naging hindi na lamang gawain ng Ama, at ng Tagapagligtas, kundi naging gawain din natin. Ang pinakamababa sa atin, ang labis na mapagpakumbaba, ay katuwang ng Maykapal sa pagtatamo ng layunin ng walang hanggang plano ng kaligtasan” (“The Worth of Souls,” *Utah Genealogical and Historical Magazine,* Okt. 1934, 189).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 2. Paano nakatutulong na magbalik-loob ang ating mga puso sa ating mga ninuno ang pagsasagawa ng pagbibinyag para sa mga patay?

Hilingan ang mga inatasang miyembro ng klase na magsalita ng kaunti tungkol sa nararamdaman nila na sa pamamagitan ng mga pagbibinyag para sa mga patay ay makatutulong sila sa iba upang matamo ang kaligtasan (tingnan sa “Paghahanda” aytem 3b).

Kapag nagtuturo kayo sa kabataan, maaari din ninyong ibahagi ang sumusunod na kuwento tungkol sa isang grupo ng kabataang babae na nagsaliksik upang mahanap ang mga pangalan ng mga taong namatay na hindi natatanggap ang ebanghelyo:

"Pagkaraang magsaliksik ng mahigit 400 pangalan, kapwa mga lalaki at babae, inanyayahan ng mga Kabataang Babae ng Meridian [Idaho] ika-15 Purok ang mga Kabataang Lalaki na samahan sila sa Templo ng Boise [Idaho] upang magsagawa ng mga pagbibinyag. Isinaayos ng templo na ang mga pangalan ay mailagay sa isang *file* para sa kanilang purok. Sinabi ni Heather Bennett, 15, 'Pinakamasayang bahagi ang mabinyagan para sa kanila. Tila kilala ko ang mga pangalan. Iyon ang pinakamagandang bagay tungkol sa buong proyekto. Gumawa kami para sa mga tao na kung hindi nangyari ay maaaring hindi na kailanman naisagawa. Maaaring limot na sila.'"

Sinabi ni Cori Christensen, isa pang miyembro ng grupo, "Habang nakaupo kami sa silid na pinagbibinyagan sa templo, lubhang napakaganda ng aming pakiramdam. Nakadama kami ng tagumpay. Nabigyan namin sila ng pagkakataon" (Names and Faces," *New Era*, Peb. 1994, 32).

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 128:19, 22–24. Ayon sa mga talatang ito, ano ang dapat nating maging saloobin hinggil sa ebanghelyo at sa pagsasagawa ng mga pagbibinyag para sa mga patay? Bakit nagdudulot ng gayong kagalakan, kapwa sa mga buhay at patay ang paksa hinggil sa pagbibinyag para sa mga patay?

Hilingan ang inatasang miyembro ng klase na ipaliwanag kung ano ang nadama niya nang una niyang malaman na maaari silang mabinyagan para sa kanilang mga yumaong miyembro ng pamilya (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3c).

---

Katapusan

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 128:17. Bigyang-diin na tinawag ng Propetang Joseph Smith ang gawaing pagtutubos sa mga patay na "pinakamaluwalhati sa lahat ng paksang kabilang sa walang hanggang ebanghelyo." Himukin ang mga miyembro ng klase na gawin ang lahat ng kanilang magagawa upang magsagawa ng mga pagbibinyag para sa mga patay. Kapag binigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo hinggil sa mga katotohanang tinalakay sa aralin.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Kasaysayan sa likod ng Doktrina at mga Tipan 127 at 128**

Gamitin ang sumusunod na kaalaman upang magbigay ng kasaysayan sa likod ng D at T 127 at 128:

Noong tag-araw ng 1842, isang grupo ng kalalakihan ang hindi makatarungang naghangad na ikulong ang Propetang Joseph Smith. Dahil sa pag-uusig na ito, nilisan ng Propeta ang Nauvoo. Wika niya, "aking inisip na ito ay kapaki-pakinabang at karunungan sa akin na lisanin ang lugar sa maikling panahon,

para sa aking sariling kaligtasan at sa kaligtasan ng mga taong ito" (D at T 127:1). Sa kabila ng mga gayong mahirap na kalagayan, sumulat siya ng masasayang liham sa mga Banal.

- Noong panahong iyon ng pag-uusig, ano ang paksang laging iniisip ng Propeta at pinakamatinding umantig sa kanyang damdamin? (Tingnan sa D at T 128:1.)

**2. Ang kahalagahan ng pag-iingat ng talaan**

Ipaliwanag na sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith, inutusan ng Panginoon ang mga Banal na masusing mag-ingat ng mga talaan ng pagbibinyag para sa mga patay (D at T 127:5–9; 128:1–9). Ang mga talang ito ay nakalagay ngayon sa mga kompyuter.

- Bakit kailangan nating mag-ingat ng mga talaan ng mga pagbibinyag para sa mga patay? (Tingnan sa D at T 128:6–8, 24. Ang mga talang ito na ginawa sa lupa ay nakatala rin sa langit, at ang mga patay ay hahatulan mula sa mga aklat na ito. Sa panahon ng Ikalawang Pagparito, ipakikita natin ang mga talaan sa Panginoon bilang alay sa Kanya.)

# “Ibinuklod . . . sa Panahon at sa Lahat ng Kawalang-Hanggan”

Aralin
31

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang walang hanggang kasal ay mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit, tulungan ang mga kabataang maghanda para sa walang hanggang kasal, at hikayatin ang mga mag-asawa na mamuhay ayon sa tipan ng kasal.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 131:1–4; 132:, at iba pang mga banal na kasulatan sa araling ito.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung mga kabataan ang inyong tinuturuan, magdala sa klase ng isa o maraming kopya ng *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 893). Maaari kayong magdala ng kopya para sa bawat miyembro ng klase o atasan ang mga miyembro ng klase na magdala ng sarili nilang kopya sa klase.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, makipag-alam sa isang miyembro ng purok na ikinasal sa templo. Hilingin sa kanya na maghandang magsalita sa simula ng klase sa loob ng apat o limang minuto tungkol sa araw nang siya ay ikinasal sa templo. Maaaring hilingin ninyo sa kanyang magdala ng larawan at iba pang alaala ng kasal. Hilingin na pag-isipan niya ang mga sumusunod na tanong bilang paghahanda:

- Ano ang ginawa mong paghahanda para sa kasal sa templo?
- Ano ang kaibahan ng ikinasal sa templo?
- Anong payo ang maibibigay mo sa mga miyembro ng klase na hindi pa naikakasal sa templo upang matulungan silang makapaghanda.

*Paalala sa guro*: Sa pagtuturo ninyo ng araling ito, maging sensitibo sa damdamin ng mga nag-iisang magulang at ng iba pang hindi karaniwan ang kalagayan ng mag-anak (tingnan ang unang karagdagang ideya sa pagtuturo). Kung magtatanong ang mga miyembro ng klase tungkol sa diborsiyo o iba pang mga sensitibong usapin, hikayatin silang makipag-usap sa obispo nang sarilinan sa halip na talakayin ang mga tanong sa klase.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Anyayahan ang itinalagang miyembro ng purok na magsalita tungkol sa araw nang siya ay ikinasal sa templo (tingnan sa “Paghahanda,” aytem 4). Matapos

ang paglalahad, magbigay ng maikling puna hinggil sa mga bagay na sinabi ng miyembro. Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa walang hanggang kasal.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning batay sa mga banal na kasulatan.

**1. Ang walang hanggang kasal ay mahalaga sa plano ng Ama sa Langit.**

Ituro at talakayin ang D at T 131:1–4; 132:4–33. Ipaliwanag na ang mga talatang ito ay naglalaman ng mga paghahayag mula sa Panginoon kay Propetang Joseph Smith tungkol sa walang hanggang kasal. Isinalaysay ni Elder Parley P. Pratt, isa sa orihinal na mga miyembro ng Korum ng Labindalawa sa dispensasyong ito, ang kanyang naging damdamin noong una niyang narinig na itinuro ni Propetang Joseph ang mga doktrinang ito:

"Nagmahal ako noon, ngunit hindi ko alam kung bakit. Ngunit ngayon nagmamahal ako—nang may kadalisayan—isang masidhing pag-uumapaw ng damdamin, na nagpapaangat sa aking kaluluwa . . . nadama ko na ang Diyos ay talagang ang aking Ama sa Langit; na si Jesus ay aking kapatid, at ang kabiyak ng aking dibdib ay makakapiling ko maging sa kawalang kamatayan at walang hanggan . . . . Sa madaling salita, ngayon ay maaari na akong magmahal nang may espiritu at gayundin nang may pang-unawa" (*Autobiography of Parley P. Pratt* [1975], 298).

- Ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpahayag na ang "kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa walang hanggang plano [ng Diyos]" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign*, Nob. 1995, 102; tingnan din sa D at T 49:15). Bakit mahalagang bahagi ang kasal sa walang hanggang plano ng Diyos? (Tingnan sa D at T 131:1–4; I Mga Taga Corinto 11:11.)

  Ibahagi ang isa o higit pa sa mga sumusunod na pahayag. Matapos magbahagi ng pahayag, anyayahan ang mga miyembro ng klase na talakayin ang kahulugan at pagsasabuhay nito.

  Si Elder Joseph B. Wirthlin ng Korum ng Labindalawa ay nagsabi: "Ang matamis na ugnayan sa loob ng walang hanggang kasal ay isa sa mga pinakadakilang biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa Kanyang mga anak. Walang alinlangang ang maraming taon na pinagsama namin ng aking mabait na asawa ay nagdulot sa aking buhay ng pinakamatitinding kagalakan. Sa simula pa lamang ng panahon, ang pagsasama bilang mag-asawa ay napakahalaga na sa dakilang plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Ang buhay natin ay naiimpluwensiyahan sa mabuti, at kapwa tayo napatitibay at nadadakila habang nalalasap natin ang pagpapala na makasama ang mga minamahal na miyembro ng mag-anak" (sa Conference Report, Okt. 1997, 42; o *Ensign*, Nob. 1997, 32).

  Si Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa ay nagturo: "Ang pangunahing layunin ng lahat ng ating itinuturo ay ang pag-isahin ang mga magulang at mga anak sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, na sila ay masaya sa tahanan, naibuklod ayon sa walang hanggang kasal, naiugnay sa

kanilang mga salinlahi, at nabigyang katiyakan ng kadakilaan sa kinaroroonan ng Ama sa Langit" (sa Conference Report, Abr. 1995, 8; o *Ensign*, Mayo 1995, 8).

Si Pangulong Joseph Fielding Smith ay nagsabi: "Ang kasal, tulad ng pagkakaunawa ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay isang tipan na inordenan na maging walang hanggan. *Ito ang pundasyon para sa walang hanggang kadakilaan, dahil kung wala ito hindi magkakaroon ng walang hanggang pag-unlad sa kaharian ng Diyos*" (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:58).

- Kung ang mag-asawa ay hindi ikinasal sa templo sa panahon at sa kawalang hanggan, ano ang magiging bisa ng kanilang kasal kapag namatay ang isa sa kanila? (Tingnan sa D at T 132:7, 15–18. Ang kanilang kasal ay "hindi [magiging] ni may bisa," maging sila man ay sumumpang magsasama magpakailanman.)
- Kapag ang lalaki at babae ay ikinasal sa panahon at sa kawalang-hanggang sa templo, sila ay gumagawa ng tipan sa Panginoon. Anong mga biyaya ang matatanggap nila kung tapat sila sa kanilang tipan? (Tingnan sa D at T 131:1–4; 132:19–24, 30–31. Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa sumusunod na pahina.)

  a. Sila ay magsasama "sa panahon at sa lahat ng kawalang-hanggan" (D at T 132:19). Ang kanilang mga anak ay maaari ding maging bahagi ng kanilang walang hanggang mag-anak. (Maaari ninyong ipaliwanag na ang Banal na Espiritu ng Pangako ay ang Espiritu Santo, na nagpapatibay na ang mga ordenansa ng pagkasaserdote na ating tinanggap at ang mga tipan na ginawa ay katanggap-tanggap sa Diyos. Ang pagsang-ayon na ito ay batay na rin sa ating katapatan.)
  b. Sila ay dadakilain sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal kasama ang Ama sa Langit at si Jesucristo (D at T 131:1–3; 132:23–24).
  c. Sila ay "magmamana ng mga trono, kaharian, pamunuan, . . . kapangyarihan, [at] mga sakop" (D at T 132:19).
  d. Sila ay patuloy na magkakaroon ng mga binhi, o mga espiritung anak hanggang sa kawalang-hanggan (D at T 132:19, 30–31; tingnan din sa D at T 131:4).
  e. "Sila ay magiging mga diyos, sapagkat taglay nila ang lahat ng kapangyarihan" (D at T 132:20–21).

- Anong mga biyaya ang dulot ng kasal sa templo sa buhay sa lupa? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng kanilang damdamin tungkol sa kahalagahan na makasal sa templo. Kung hindi pa ninyo nabasa ang pahayag ni Elder Joseph B. Wirthlin sa pahina 224, maaari ninyong gawin ito ngayon.)

### 2. Ang mga kabataan ay dapat nang maghanda ngayon para sa walang hanggang kasal.

Kung mga kabataan ang tinuturuan ninyo, gamitin ang bahaging ito ng aralin upang mahikayat silang maghanda para sa kasal sa templo. Kung matatanda ang tinuturuan ninyo, maaari ninyong alisin ang bahaging ito o gamitin lamang ang maliit na bahagi nito.

- Sa palagay ninyo bakit labis na binibigyang-diin sa mga kabataan ng Simbahan ang kasal sa templo? (Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang desisyong magpakasal sa templo ay isa sa mga pinakamahalagang desisyong magagawa ng isang tao. Ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat magsimulang maghanda para sa walang hanggang kasal habang bata pa sila.

  Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagsabi: "Marahil ang kasal ang pinakamahalaga sa lahat ng . . . mga desisyon at may pinakamalawak na epekto, sapagkat hindi lamang ito may kinalaman sa panandaliang kaligayahan, kundi gayundin sa walang hanggang kagalakan. Naiimpluwensiyahan nito hindi lamang ang dalawang taong kasangkot, kundi pati na rin ang kanilang mga mag-anak at lalung-lalo na ang kanilang mga anak at mga anak ng kanilang mga anak sa loob ng maraming salinlahi" ("Oneness in Marriage," *Ensign*, Mar. 1977, 3).

- Ano ang ilang bagay na magagawa ng mga kabataang lalaki at babae upang makapaghandang makasal sa templo?

- Paano nakaiimpluwensiya ang pagdedeyt sa panahon ng kabataan sa kasal sa kalaunan? (Kung nagdala kayo ng mga kopya ng *Para sa Lakas ng Kabataan*, ipabasa sa mga miyembro ng klase ng "Pakikipagtipanan," pahina 7–8.)

- Anong uri ng tao ang nais ninyong pakasalan pagdating ng araw? (Maaari ninyong hilingan ang bawat miyembro ng klase na bumanggit ng isang katangian at sabihin kung bakit mahalaga ito. Ilista ang mga sagot sa pisara. Tingnan din ang mga sumusunod na sipi para sa iba pang mga ideya.) Paano kayo dapat na mamuhay upang makapaghanda na makasal sa gayong uri ng tao? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pag-isipang mabuti ang tanong na ito nang tahimik sa halip na sumagot nang malakas.)

  Si Pangulong Gordon B. Hinckley ay nagpayo: "Pumili ng pakakasalan na kaisa ninyo sa paniniwala. Mas malamang na liligaya kayo. Pumili ng pakakasalan na igagalang ninyo sa tuwina, na palagi ninyong ireresteto na magpupuno ng kakulangan sa buhay ninyo, isang tao na iuukol ninyo ang buong puso ninyo, nang buong katapatan ninyo" ("Life's Obligations," *Ensign*, Peb. 1999, 2.)

  Si Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawa ay nagsabi:

  "Sa pundasyon ng walang hanggang kasal, may hihigit pa sa magandang mukha at kahali-halinang katawan. Mayroon pang kailangang isaalang-alang maliban sa popularidad o karisma. Sa paghahanap ninyo ng makakasama sa kawalang-hanggan, humanap ng tao na nagpapaunlad ng mahahalagang katangiang nagdudulot ng kaligayahan: may marubdob na pagmamahal sa Panginoon at sa Kanyang mga kautusan, may determinasyon na ipamuhay ang mga ito, isang tao na maunawain, mapagpatawad sa iba, at handang ibigay ang sarili, na may hangaring magkaroon ng mag-anak na biniyayaan ng mabubuting anak at may matapat na pangakong tuturuan sila ng mga alituntunin ng katotohanan sa tahanan.

  "Ang mahalagang priyoridad ng isang babaeng magiging asawa ay ang hangaring maging asawa at ina. Nararapat na pinauunlad niya ang mga sagradong katangiang ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak upang bumuti bilang isang asawa at ina: pagkamatiisin, kabaitan, pagmamahal sa mga bata,

at pagnanais na alagaan sila sa halip na maghangad ng kagalingan sa propesyon. Nararapat na magkaroon siya ng magandang edukasyon upang mapaghandaan ang mga hinihingi sa pagiging ina.

"Nararapat din na igalang ng isang lalaking magiging asawa ang kanyang pagkasaserdote at gamitin ito sa paglilingkod sa iba. Humanap ng lalaking tumatanggap ng kanyang papel bilang tagapagtaguyod ng mga pangangailangan sa buhay, at may kakayahang gawin ito, at ginagawa ang lahat ng pagsisikap upang ihanda ang kanyang sarili na magampanan ang mga responsibilidad na iyon" (sa Conference Report, Abr. 1999, 31; o *Ensign*, Mayo 1999, 26).

- Paano matutulungan ng mga magulang at iba pang nasa wastong gulang ang mga kabataan na makapaghanda para sa walang hanggang kasal? Paano nila matutulungan ang maliliit na bata na makapaghanda para sa walang hanggang kasal?

**3. Matapos maibuklod ang mag-asawa sa templo, dapat nilang masunod ang tipan upang matanggap ang mga ipinangakong biyaya.**

Ipabasa sa babaeng miyembro ng klase ang sumusunod na sipi. Pagkatapos ay pahulaan sa mga miyembro ng klase kung sino ang nagsabi nito.

"Basta sigurado na ako na ang unang sampung taon ay magiging maligaya. Subalit noong unang taon ng aming pagsasama ay natuklasan ko . . . na maraming dapat pakibagayan. Siyempre, hindi naman iyon ang isang bagay na kailangan mo pang isumbong sa nanay mo. Pero paulit-ulit akong umiyak sa unan ko. Ang mga problema ay halos lagi nang may kinalaman sa pakikibagay sa iskedyul ng iba at paggawa ng mga bagay ayon sa pamamaraan ng iba. Mahal namin ang isa't isa, walang pag-aalinlangan diyan. Pero kailangan din naming masanay sa isa't isa. Palagay ko ang bawat mag-asawa ay dapat na masanay sa isa't isa."

Sabihin sa mga miyembro ng klase na ang pahayag ay ginawa ni Sister Marjorie P. Hinckley, asawa ni Pangulong Gordon B. Hinckley (sa *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* [1996], 118 ni Sheri L. Dew). Bigyang-diin na nangangailangan ng pagmamahal, pagsisikap, at katapatan upang magkaroon ng matagumpay na pagsasama. Kapag ang isang lalaki at babae ay ibinuklod sa templo, matatanggap lamang nila ang ipinangakong biyaya kung "susunod sa tipan" (D at T 132:19). Gamitin ang mga tanong, mga banal na kasulatan, at mga sipi sa bahaging ito ng aralin upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga bagay na dapat gawin ng mga mag-asawa upang "makasunod sa tipan."

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 42:22. Ipaliwanag na ang kautusang ito ay kapwa naaangkop sa kalalakihan at kababaihan. Ano ang ibig sabihin ng mahalin ang asawa nang buong puso? Ano ang ibig sabihin ng pumisan sa iyong asawa at wala nang iba?

  Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagpaliwanag:

  "Kapag sinabi ng Panginoon na nang buo ninyong puso, hindi nito pinahihintulutan ang magbahagi o makihati ni magkait.

"Ang mga salitang wala nang iba ay hindi nagbibigay ng puwang sa kahit sino at kahit ano. Dahil dito ang kabiyak ang siyang nangingibabaw sa buhay ng kanyang asawa, at walang anumang interes, tao, bagay, pakikisalamuha, hanap-buhay, o buhay-pulitika ang kailanman ay maaaring makapangibabaw sa asawa. . . .

"Ang kasal ay nangangahulugan ng ganap na katapatan. Ang bawat kabiyak ay tinatanggap ang kapareha nang may pang-unawa na lubusan niyang ibibigay sa kabiyak ang buong puso, lakas, katapatan, paggalang, at pagmamahal, nang may karangalan. Ang anumang paglihis dito ay kasalanan; ang anumang pagtataksil ng puso ay paglabag. Tulad ng kung paano tayo dapat na 'may matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos,' gayundin naman dapat na nakatuon ang ating mata, tainga, at puso sa kasal at sa kabiyak at sa mag-anak" (*Faith Precedes the Miracle*, [1972], 142–43).

Ibinigay ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang simpleng payo na ito sa mga mag-asawa: "Maging lubos na matapat sa isa't isa" (*Ensign*, Peb. 1999, 4).

- Kapag ang isang lalaki at isang babae ay ikinasal sa templo, nakikipagtipan sila na magiging tapat sa isa't isa at sa Panginoon. Anu-ano ang ilang mga bagay na magagawa ng mga mag-asawa upang mapalakas ang kanilang pagmamahal sa isa't isa at sa Panginoon? (Isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagdarasal at pagbabasa ng mga banal na kasulatan nang magkasama, paghahangad na magabayan ng Espiritu bilang mag-asawa, pagdaraos ng gabing pantahanan ng mag-anak, pagdedeyt, paglalaan ng oras na magkausap nang sarilinan, pagtulong sa isa't isa sa loob ng bahay, at pagdalo sa templo nang magkasama. Maaari ninyong gamitin ang pangalawang ideya sa pagtuturo bilang bahagi ng talakayang ito.)

---

Katapusan

Kung mga kabataan ang tinuturuan ninyo o iba na hindi pa ikinakasal sa templo, hikayatin silang maghanda para sa walang hanggang kasal. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ikinasal sa templo na sumunod sa tipan ng kasal.

Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw ay hindi pagkakaitan ng mga biyaya ng kawalang-hanggan.**

Ibahagi ang mga sumusunod na pahayag hinggil sa mga wala pang asawa.

Si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawa ay nagpayo:

"Nalalaman natin na maraming karapat-dapat at kahanga-hangang mga Banal sa mga Huling Araw ang kasalukuyang hindi nagkaroon ng sapat na pagkakataon at mga bagay na kinakailangan para sa kanilang pag-unlad. Ang pagiging dalaga o binata, kawalan ng anak, kamatayan, at paghihiwalay ang

bumibigo sa mga mithiin at nagpapaliban sa katuparan ng mga ipinangakong biyaya. Maliban pa riyan, ang ilang kababaihang nagnanais na gumanap na lamang bilang mga ina at tagapangasiwa sa tahanan ay literal na napipilitang ibigay ang buong panahon para kumita ng pera. Ngunit ang mga kabiguang ito ay pansamantala lamang. Nangako ang Panginoon na sa mga kawalang-hanggan ay walang ipagkakait na mga pagpapala sa Kanyang mga anak na sumusunod sa mga kautusan, tapat sa kanilang mga tipan, at naghahangad na gawin ang tama.

"Marami sa pinakamahahalagang bagay na hindi naipagkaloob sa mortalidad ang mapupunan sa Milenyo, na siyang panahon para sa pagsasakatuparan ng lahat ng naging kakulangan sa dakilang plano ng kaligayahan para sa lahat ng karapat-dapat na mga anak ng ating Ama. Nalalaman natin na totoo iyon pagdating sa mga ordenansa sa templo. Naniniwala ako na totoo rin ito sa mga ugnayan at mga karanasan ng mag-anak" (sa Conference Report, Okt. 1993, 101; o *Ensign*, Nob. 1993, 75).

Ipinayo ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawa: "Kung kayo ay walang asawa at hindi pa ninyo natutukoy ang talagang inaasam ninyo para sa selestiyal na kasal, gawin ninyong karapat-dapat ang sarili ninyo para dito. Ipagdasal ninyo ang mga bagay na ito. Asahan ito sa panahong itinakda ng Panginoon. Huwag ninyong itaya ang mga pamantayan ninyo sa anumang paraang maglalayo sa biyayang iyon sa buhay na ito o sa kabilang buhay. Nalalaman ng Panginoon ang hangarin ng inyong puso. Ipinahayag ng kanyang mga propeta na mapapasainyo ang biyayang iyon habang namumuhay kayong karapat-dapat para dito. Hindi natin alam kung ito ay magaganap dito o sa kabilang buhay. Subalit gawin ninyong karapat-dapat ang sarili ninyo para dito. Ipagdasal ninyo ang mga bagay na ito" (sa Conference Report, Abr. 1999, 33; o *Ensign*, Mayo 1999, 27).

**2. Mga halimbawa ng maligaya at tumatagal na mga kasal sa templo**

Matapos maisaalang-alang ang mga bagay-bagay sa panalangin, makipag-alam sa isang lalaki at babae sa purok na nagsisilbing mabubuting halimbawa ng isang matagumpay na kasal sa templo. Hilingan ang bawat isa na maghandang magbahagi sa loob ng dalawa o tatlong minuto sa klase ng mga mungkahi para sa isang maligaya at tumatagal na kasal.

Matapos ang mga paglalahad na ito, maaari ninyong bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng iba pang mga mungkahi.

**3. Takdang-gawain para sa mga kabataan at dalaga't binata**

Kung mga kabataan o dalaga't binata ang mga tinuturuan ninyo, hikayatin ang bawat miyembro ng klase na umuwi at sumulat ng liham na nagpapahayag ng pag-ibig sa kanyang magiging asawa. Tagubilinan ang mga miyembro ng klase na itago ang kanilang mga sulat hanggang sa ikasal sila at ibahagi ang nilalaman nito sa kanilang asawa.

**4. Pag-iwas sa makamundong mga nakakagawian**

- Anu-ano ang ilang mga nakakagawian na nagpapakita na ipinagwawalang-bahala ng mga tao ang mga pamantayan ng Diyos tungkol sa kasal? Ano ang magagawa natin upang manatiling tapat sa mga pamantayan ng Panginoon?

**5. Pagtatanghal ng video na "Temples and Families"**

Kung may makukuhang mga *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912), isaalang-alang na ipalabas ang "Temples and Families," isang siyam na minutong yugto.

**6. Pag-aasawa nang Maramihan**

Ang sumusunod na impormasyon ay inilaan upang tulungan kayo kung may mga katanungan ang mga miyembro ng klase tungkol sa pag-aasawa nang maramihan. Hindi dito dapat matuon ang aralin.

*Ang layunin ng Panginoon sa pag-uutos sa Kanyang mga tao na mag-asawa nang maramihan.*

Sa iba't ibang pagkakataon, iniutos ng Panginoon sa Kanyang mga tao ang pag-aasawa nang maramihan. Halimbawa, ibinigay Niya ang kautusang ito kina Abraham, Isaac, Jacob, David, at Solomon (D at T 132:1). Sa pamamagitan ng propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon, itinuro ng Panginoon ang Kanyang layunin tungkol sa pag-aasawa nang maramihan: "Sapagkat kung loloobin ko, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, na *magbangon ng mga binhi sa akin* ay uutusan ko ang aking mga tao" (Jacob 2:30 idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik; tingnan din sa mga talata 23–29).

*Ang paghahayag na mag-asawa nang maramihan sa dispensasyong ito*

Sa dispensasyong ito, iniutos ng Panginoon sa ilan sa mga sinaunang Banal na mag-asawa nang maramihan. Ang Propetang si Joseph Smith at ang pinakamalalapit sa kanya, kabilang na sina Brigham Young at Heber C. Kimball, ay nahirapan sa kautusang ito, ngunit ito ay sinunod nila. Pinangasiwaan ng mga pinuno ng Simbahan ang pagsasagawang ito. Ang mga gumagawa nito ay dapat na nabigyang-karapatan at ang mga kasal ay dapat na naisagawa sa pamamagitan ng kapangyarihang magbuklod ng pagkasaserdote.

*Ang posisyon ng Simbahan sa pag-aasawa nang maramihan sa panahon ngayon.*

Noong 1890, si Pangulong Wilford Woodruff ay tumanggap ng paghahayag na ang mga pinuno ng Simbahan ay dapat na tumigil sa pagtuturo ng pag-aasawa nang maramihan (Opisyal na Pahayag 1, mga pahina 415–16 sa Doktrina at mga Tipan; tingnan din ang mga hango mula sa mga talumpati ni Pangulong Wilford Woodruff na kaagad na sumunod sa Opisyal na Pahayag 1).

Noong 1998, binanggit ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang sumusunod na pahayag tungkol sa posisyon ng Simbahan sa pag-aasawa nang maramihan: "Ang Simbahang ito ay walang anumang kinalaman sa mga taong nag-aasawa nang higit sa isa. Hindi sila mga miyembro ng Simbahang ito. . . . Kung sino man sa aming mga miyembro ang napatunayang nag-aasawa nang maramihan, sila ay itinitiwalag, ang pinakamabigat na parusa na maipapataw ng Simbahan. Hindi lamang sila sangkot sa tuwirang paglabag sa batas na sibil, sila ay lumalabag din sa batas ng Simbahang ito" (sa Conference Report, Okt. 1998, 92; o *Ensign*, Nob. 1998, 71).

# “Upang Tatakan ang Patotoo”

Aralin
32

**Layunin**

Turuan ang mga miyembro ng klase tungkol sa pagkamartir ng Propetang si Joseph Smith at palakasin ang kanilang patotoo hinggil sa kanyang tungkulin bilang propeta ng Diyos.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 135.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 74–79.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibuod ang unang limang talata sa bahaging “Ang Pagkamartir” mula sa *Ang Ating Pamana* (mga pahina 74–75).
4. Kung may makukuha sa sumusunod na mga larawan, paghandaang gamitin ang mga ito sa oras ng aralin: Ang Propetang si Joseph Smith (62002 893, Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 401) at Kapatid na Joseph (62161 893).
5. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, paghandaang gamitin ang mga sumusunod na larawan bilang karagdagan sa mga nakalista sa itaas: Nangangaral si Juan sa Ilang (62132 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 207) at Si Abinadi sa harap ni Haring Noe (62042 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang mga larawang nakalista sa bahaging “Paghahanda” mga aytem 4 at 5. Atasan ang mga miyembro ng klase na isipin kung ano ang pagkakatulad ng mga kalalakihan sa larawan. Makaraan ang ilang sandali, tukuyin na ang isang pagkakatulad nila ay na silang lahat ay pinatay bilang martir dahil sa kanilang katapatan sa katotohanan.

Atasan ang mga miyembro ng klase na tukuyin ang iba pang mga martir mula sa mga banal na kasulatan at kasaysayan ng Simbahan. Maaaring ibilang sa mga sagot sina Zacarias (Mateo 23:35), Esteban (Mga Gawa 7:56–60), at Hyrum Smith (D at T 135:1).

Ipaliwanag na ang araling ito ay tumatalakay sa pagkamatay ng Propetang si Joseph Smith at ng kanyang kapatid na si Hyrum. Tinatalakay din nito ang mga naiambag ng Propetang si Joseph Smith.

---

Talakayan at Pagsasagawa


Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning batay sa mga banal na kasulatan.

**1. Tinatakan ng Propetang si Joseph Smith ng kanyang dugo ang kanyang patotoo.**

Ipaliwanag na umunlad ng mga ilang taon ang mga Banal sa Nauvoo. Mabilis na lumago ang Simbahan at ang lungsod, sumulong ang gawain sa templo, nakatanggap ang Propetang Joseph Smith ng maraming paghahayag. Gayunpaman, noong 1843 at 1844, nag-ibayo ang matinding pagkapoot laban sa Simbahan. Ang mga kaaway sa loob at labas ng Simbahan ay nagsimulang subukang wasakin ito. Dumating ang sukdulan ng pagsalungat na ito noong ika-27 ng Hunyo 1844.

Atasan ang itinalagang miyembro ng klase na mag-ulat sa unang limang talata ng bahaging "Ang Pagkamartir" mula sa "*Ang Ating Pamana*," mga pahina 74–75. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 135:4–5. Ipaliwanag na ang D at T ay isinulat ni Elder John Taylor, na nasugatan noong pinagbabaril ang Propetang Joseph Smith.

- Sa palagay ninyo bakit nagawa ng propetang Joseph Smith na maging "mahinahon gaya ng isang umaga sa tag-araw" gayong alam niya na maaari siyang mapatay sa Carthage? Anong kaaliwan ang sa palagay ninyo ay natanggap nina Joseph at Hyrum mula sa Eter 12:36–38?



**Ang Propetang si Joseph Smith**

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 135:1–2. Basahin din ang mga sumusunod na salaysay ng pagkamatay na isinulat ni Elder Willard Richards, o atasan ang isang miyembro ng klase na basahin ito. Ipaliwanag na si Elder Richards ay kaibigan ng Propeta at miyembro ng Korum ng Labindalawa. Siya ay nasa piitan ng Carthage nang patayin ang propeta. Ang kanyang salaysay ay nagsimula sa pagdating ng mga mandurumog sa piitan makalipas pa lamang ang alas-singko ng hapon noong ika-27 ng Hunyo 1844:

"Sunud-sunod na pagbaril na nagsimula sa hagdanan ang ipinutok sa pintuan ng piitan sa ikalawang palapag, kasunod ng maraming humahangos na mga yabag. . . .

“. . . Isang bala ang tumagos sa pinto, na dumaan sa pagitan namin, na nagpapakita na ang aming mga kaaway ay mga mapanganib na kriminal. . . .

“. . . Si Joseph Smith, si G. Taylor at ako ay lumundag pabalik sa harapang bahagi ng silid, at. . .si Hyrum ay tuluy-tuloy na umatras ng dalawang-katlo patawid sa silid na nakaharap sa pinto.

“Isang bala ang ipinutok sa pinto na tumama sa gilid ng ilong ni Hyrum at patalikod siyang bumagsak, diretsong-diretso nang hindi gumagalaw ang kanyang mga paa.

“Mula sa mga butas ng kanyang [kasuotan], makikitang tila ang bala ay nanggaling sa labas ng gusali at pinadaan sa bintana, na tumama sa kanyang likod sa gawing kanan, at tumagos papunta sa kanyang relo . . . . Kasabay niyon ang bala mula sa pinto na tumama sa kanyang ilong.

“Pagbagsak niya sa sahig nakakahabag na ibinulalas niya. ‘Mamamatay na ako,’ tumingin sa kanya si Joseph at tumugon, ‘O, mahal kong kapatid na Hyrum!’ at nang buksan niya ng mga dalawa o tatlong pulgada ang pinto ng kaliwang kamay, nagpaputok siya nang sapalaran ng isang magasin ng pistolang may animang bala sa pasukan. . . . Isang bala [mula sa baril ng isa sa mga mandurumog] ang tumama sa dibdib ni Hyrum, na pumasok sa kanyang lalamunan at dumaan sa kanyang ulo, samantalang ang ibang bala naman ay ipinuntirya sa kanya at ang iba’y tumama sa kanya.


“Patuloy na kinalabit ni Joseph ang gatilyo ng baril mula sa awang ng pinto tulad ng dati . . . , samantalang si G. Taylor na may hawak na tungkod ay hindi umalis sa kanyang tabi at pinabagsak ang mga bayoneta at mga balang patuloy na pinapuputok sa daanang papuntang pinto. . . .

“Nang maubusan na ng bala ang rebolber, wala na kaming armas, at inasahan namin ang kagyat na paglusob ng mga mandurumog, ang pag-ulan ng bala sa daanang papuntang pinto na malapit sa silid, at walang inaasahan kundi biglaang kamatayan sa loob.

“Humahangos na tumakbo si G. Taylor sa bintana, ng mga labinlima o dalawampung piye mula sa ibaba. Nang halos nakabalanse na siya, isang bala mula sa pinto sa loob ang tumama sa binti niya, at isang bala mula sa labas ang tumama sa relo niya . . . sa bulsa ng kanyang tsaleko malapit sa kaliwang dibdib, . . . bumagsak siyang muli sa sahig sa lakas ng tama ng bala, at gumulong siya sa ilalim ng kamang nasa tabi niya. . . .

“Tinangka ni Joseph Smith, bilang huling paraan, na tumalon [mula] sa bintanang kinalalagyan ni G. Taylor, nang dalawang balang nagmula sa pinto ang tumama sa kanya, ang isa rito ay tumagos sa kanang dibdib niya at nahulog siya palabas na ibinubulalas ang, ‘O, Panginoon, aking Diyos!, . . . Bumagsak siya nang nakatagilid at namatay” (*History of the Church*, 6:619–20).

Si Elder John Taylor ay nabaril nang apat na beses ngunit gumaling din ang kanyang mga sugat. Bilang katuparan ng propesiyang sinabi ng Propeta mahigit isang taon bago iyon, walang naging sugat si Elder Willard Richards. Ginunita ni Elder Richards na sa propesiyang iyon, sinabi sa kanya ng Propeta na “Darating ang araw na uulan ng bala sa paligid niya, at makikita niya ang mga kaibigan niya na kabi-kabilang magbabagsakan, ngunit walang balang bubutas man sa kanyang kasuotan” (*History of the Church*, 6:619).



**Piitan ng Carthage**. Dito pinaslang bilang martir ang Propetang si Joseph Smith at ang kanyang kapatid na si Hyrum noong ika-27 ng Hunyo 1844.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 135:6. Anu-ano ang inyong nadarama habang iniisip ang sakripisyong ginawa ng Propeta at ng kapatid niyang si Hyrum para sa kanilang mga patotoo sa ebanghelyo?

Ipaliwanag na bago mamatay si Joseph Smith Sr., binasbasan niya ang propeta at sinabi sa kanya: "Mabubuhay ka pa hanggang sa matapos mo ang iyong gawain. . . . Mabubuhay ka upang mailatag ang plano ng lahat ng gawaing iniutos sa iyo ng Diyos na gawin mo" (sinipi sa *History of Joseph Smith*, ni Lucy Mack Smith, binago ni Preston Nibley [1958], 309–10). Buong tapang na tinapos ni Joseph Smith ang kanyang misyon, ginawa ang lahat ng iniutos ng Diyos na gawin niya.

- Ayon sa kaalaman ninyo tungkol sa buhay ng Propetang si Joseph Smith, ano ang lubos na hinahangaan ninyo sa kanya?

**2. Ang Propetang si Joseph Smith ay nakagawa nang higit pa maliban lamang kay Jesus para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito.**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 135:3. Ayon sa talatang ito, ano ang ilan sa mga pangunahing nagawa ng Propetang si Joseph Smith? Sa anu-anong paraan nakagawa siya "nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito"?

  Maaaring ibilang sa mga sagot na ang kanyang gawain ay nagbibigay-biyaya hindi lamang sa mga Banal sa dispensasyong ito, kundi sa bilyun-bilyong tao na nabuhay sa iba pang panahon na hindi nakatanggap ng mga biyaya ng ebanghelyo o ng mga nakapagliligtas na ordenansa ng pagkasaserdote.

Gamitin ang sumusunod na materyal upang talakayin nang detalyado ang mga kontribusyong ito. Isulat ang mga pamagat sa pisara. Ipaliwanag na higit nating mapahahalagahan ang buhay at misyon ng Propeta kapag sinasariwa natin kung paano napagpapala ng napakarami niyang kontribusyon ang ating pang-araw-araw na buhay at magpapala sa atin sa walang hanggan.

*Mga katotohanan tungkol sa Panguluhang Diyos*

- Anu-anong katotohanan tungkol sa Panguluhang Diyos ang naipanumbalik sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith? (Tingnan sa D at T 130:22–23; Joseph Smith—Kasaysayan 1:17; at ang sumusunod na siping-banggit.)

  Sa isang sermong ibinigay sa burol ni Elder King Follet noong ika-7 ng Abril 1844, Itinuro ng propetang Joseph Smith: "Ang Diyos mismo ay nanggaling sa kung ano tayo ngayon, at isang dinakilang tao, at nakaluklok doon sa mga kalangitan! Iyan ang dakilang lihim. Kung ang tabing ay mahahawi ngayon, at ang dakilang Diyos na nagpapagalaw sa daigdig at lahat ng bagay sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, ay magpapakita ng kanyang sarili,—Sinasabi ko, kung makikita ninyo siya ngayon, makikita ninyo siya sa anyo ng isang tao—tulad ng mga sarili ninyo sa lahat ng katauhan, larawan, at pinakaanyo ng tulad ng tao; sapagkat si Adan ay nilikha sa mismong anyo, larawan at wangis ng Diyos, at tumanggap ng tagubilin mula sa, lumakad, nagsalita at nakipag-usap sa kanya, gaya nang pagsasalita at pakikipag-usap ng isang tao sa isa pa" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 345).

- Bakit mahalaga sa atin ang mga katotohanan tungkol sa Panguluhang Diyos na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith?

  Si Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawa ay nagsabi: "Ang kaalaman sa Diyos ay ang pinakadakilang katotohanan sa lahat ng kawalang-hanggan. . . . Dumating si Joseph Smith upang ihayag ang Diyos, sa panahon ng halos ganap na kadilimang espirituwal, sa panahong kung kailan hindi na nakikilala ng mga tao ang likas at uri ng Nilalang na kanilang dapat sambahin" ("This Generation Shall Have My Word Through You," *Ensign*, Hunyo 1980, 55).

*Ang awtoridad ng pagkasaserdote*

Bigyang-diin na sa pamamagitan ni Joseph Smith, ipinanumbalik ng mga sugo mula sa langit ang Pagkasaserdoteng Aaron, ang Pagkasaserdoteng Melquisedec, at ang mga susi ng pagkasaserdote (D at T 13; 110:11–16). Sa pagsulong ng Pagpapanumbalik, nagbigay ang Panginoon ng mga paghahayag hinggil sa mga tungkulin, samahan, mga tipan, ordenansa, tungkulin, at pagbabasbas ng pagkasaserdote. Hindi natin mauunawaan ang pagkasaserdote o kung paano ito kumikilos kung wala ang mga paghahayag na ito.

- Anu-anong biyaya ang mayroon kayo sa inyong buhay dahil sa pagkasaserdote? Paano natin maipapakita ang ating pagpapahalaga para sa mga biyaya ng pagkasaserdote?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkasaserdote, tingnan ang aralin 8 at 25.

*Mga katotohanan tungkol sa ating pinagmulan at kaugnayan sa Diyos*

- Anu-anong mga katotohanan tungkol sa ating pinagmulan at kaugnayan sa Diyos ang naipanumbalik sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith? (Maaaring ibilang sa mga sagot na tayo ay literal na mga espiritung anak ng Diyos at tayo ay nabuhay kasama Niya bago tayo ipinanganak sa mundo. Tingnan sa D at T 76:23–24; Abraham 3:22–28.)
- Paano maituturing na pagpapala sa inyong buhay ang kaalaman na kayo ay literal na anak ng Diyos?

*Mga Banal na Kasulatan*

Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie na ang Propetang Joseph Smith "ay nagbigay sa ating kasalukuyang daigdig ng mas maraming banal na kasulatan kaysa sa sinumang nabuhay na propeta" (sa Conference Report, Abr. 1976, 142; o *Ensign*, Mayo 1976, 95). Ang mga banal na kasulatang ito ay kinabibilangan ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas, at ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia.

Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley: "Isinalin at inilathala ni [Joseph Smith] ang Aklat ni Mormon, isang tomo ng 522 pahina na mula noon ay naisaling muli sa [maraming] wika at tinatanggap ng milyun-milyong tao sa iba't ibang bahagi ng mundo bilang salita ng Diyos. Ang mga paghahayag na natanggap niya at mga katha na inilathala niya ay itinuturing ding banal na kasulatan ng milyun-milyong ito. Ang kabuuang bilang ng mga pahina ay katumbas ng halos buong lumang Tipan ng Biblia, at lahat ng ito ay dumating sa pamamagitan ng isang tao sa loob ng ilang taon" (sa Conference Report, Abr. 1977, o *Ensign*, Mayo 1977, 65).

- Paano naging isang biyaya sa inyong buhay ang mga banal na kasulatang inihayag sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kasulatang ito, tingnan ang mga aralin 1, 4, at 13.

*Mga Katotohanan tungkol sa plano ng kaligtasan*

- Anu-anong mga katotohanan tungkol sa plano ng kaligtasan ang naipanumbalik sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith? (Maaari ninyong bigyang-diin ang ilang materyal sa mga aralin 19 at 20.)
- Paano naging isang biyaya sa inyong buhay ang pagkakaalam sa mga katotohanang ito?

*Mga Katotohanan tungkol sa kaligtasan ng mga patay*

- Anu-anong mga katotohanan tungkol sa kaligtasan ng mga patay ang naipanumbalik sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith? (Maaaring ibilang sa mga sagot na tayo ay makapagsasagawa ng mga pagbibinyag alang-alang sa iba sa mga templo para sa mga yaong namatay na hindi nakatanggap ng ordenansang ito. Tingnan sa D at T 128:18.) Bakit mahalaga ang mga katotohanang ito?

Ipaliwanag na ang kaligtasan ng mga patay ay isa sa pinakamahalaga at nakapagbibigay-inspirasyong doktrina na naipanumbalik sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang mga aralin 29 at 39.

*Ang pagtatayo ng mga templo at ang pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo*

- Anu-ano ang ilan sa mga biyayang dumating sa inyong buhay dahil sa mga templo at mga ordenansa sa templo? (Maaari ninyong talakayin ang mga biyaya ng walang hanggang mag-anak, na ginagawang posible ng ordenansa ng pagbubuklod sa templo.)

*Iba pang mga kontribusyon*

Maaari ninyong repasuhin sandali ang ilan sa mga iba pang kontribusyon ng Propetang si Joseph Smith at ang mga biyayang idinulot ng mga ito sa ating buhay:

a. Ang Simbahan ay naipanumbalik dahil sa kanya (tingnan sa aralin 9).
b. Sinimulan niya ang gawain sa dispensasyong ito na dalhin ang ebanghelyo sa lahat ng bansa at tipunin ang Israel (tingnan sa aralin 12).
c. Ang batas ng paglalaan ay inihayag sa pamamagitan niya (tingnan sa aralin 14).
d. Ang Salita ng Karunungan ay inihayag sa pamamagitan niya (tingnan sa aralin 22).
e. Ang impormasyon tungkol sa pagtatayo ng Sion sa mga huling araw ay inihayag sa pamamagitan niya (tingnan sa mga aralin 27 at 46).
f. Isinulat niya ang Mga Saligan ng Pananampalataya (tingnan ang unang karagdagang ideya sa pagtuturo).

- Bakit mahalaga na bawat isa sa atin ay magkaroon ng patotoo na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos? Paano nabuo ang inyong patotoo sa tungkulin ni Joseph Smith? Paano nakapagpalakas sa inyong patotoo ang pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan sa taong ito?
- Paano natin maipakikita ang ating pagpapahalaga sa buhay at misyon ng Propetang Joseph Smith?

---

Katapusan

Bigyang-diin ang kahalagahan ng mga kontribusyon ng Propetang Joseph Smith sa ating buhay. Maaari ninyong ibahagi ang sarili ninyong patotoo tungkol sa kanyang tungkulin bilang propeta ng Diyos.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Ang Mga Saligan ng Pananampalataya**

Ipaliwanag na ang mga saligan ng Pananampalataya ay naglalahad ng karamihan ng mga pangunahing doktrina ng Simbahan. Ang mga ito ay isinulat ng Propetang si Joseph Smith bilang bahagi ng liham kay John Wentworth, isang patnugot ng pahayagan sa Chicago na humingi ng pahayag tungkol sa kasaysayan at mga paniniwala ng Simbahan. Kalaunan ang mga ito ay opisyal na ipinahayag bilang banal na kasulatan sa Mahalagang Perlas.

Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagtanong: “Ilan sa inyo ang nakaaalam ng mga Saligan ng Pananampalataya? . . . Alam ba ninyo ang mga ito? Paulit-ulit ba

ninyong nababanggit ang mga ito? Lagi ba kayong may handang sermon kapag nalalaman ninyo ang mga Saligan ng Pananampalataya? At ang mga ito ay mahalaga, hindi ba? Iniisip ko na isang kahanga-hangang bagay kung isasaulo [natin] ang mga ito. Ang ibig sabihin ay wala kayong hindi mababanggit at hindi kayo makalilimot" (sa Conference Report, Okt. 1975, 119; o *Ensign*, Nob. 1975, 79).

- Bakit mahalagang malaman natin ang mga Saligan ng Pananampalataya? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan kung saan ay nakatulong sa kanila ang mga Saligan ng Pananampalataya.

**2. "Purihin Siya"**

Maghandang ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Purihin Siya" (*Mga Himno at Awit Pambata*). O anyayahan ang isang miyembro ng klase o isang grupo ng mga miyembro ng klase na maghanda upang awitin ito. Ipaliwanag na isinulat ni William W. Phelps ang teksto ng himnong ito bilang papugay kay Propetang Joseph Smith.

**3. Mga pagtatanghal ng video**

Kung may makukuhang videocassette na *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang na ipalabas ang "Joseph Smith: The Prophet of the Restoration," isang 13 minutong yugto.

Kung may makukuhang *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912), isaalang-alang na ipalabas ang "The Martyrdom of Joseph Smith," isang 2 minutong yugto.

# Pinamunuan ni Pangulong Brigham Young ang mga Banal

Aralin 33

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang proseso ng paghahalinhinan sa pamumuno sa Simbahan at ipakita kung paano sinimulang ihanda ni Brigham Young ang mga Banal sa kanilang paglalakbay pakanluran.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 107:22–24.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 79–86.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang mga miyembro ng klase na maghandang ibuod ang mga sumusunod na bahagi sa *Ang Ating Pamana*:
   a. "Paghahalinhinan sa Panguluhan" (mga pahina 79–81).
   b. "Paghahanda para sa Paglisan sa Nauvoo" at "Mga Pagsubok ng Paglalakbay sa Taglamig" (mga pahina 83–85).
4. Kung may makukuha sa mga sumusunod na larawan, maghandang gamitin ang ilan sa mga ito sa oras ng aralin: Templo ng Nauvoo (62432 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 501); Paglisan mula sa Nauvoo, Pebrero–Mayo 1846 (62493 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 410); at Paglisan mula sa Nauvoo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 411).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipaliwanag na sa pagkamatay ng Propetang Joseph Smith, maraming tao ang humula na hindi na magpapatuloy ang Simbahan.

- Ano ang hindi naunawaan ng gayong mga tao sa pamumuno ng Simbahan?

  Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Joseph Smith:

  "Walang sinumang tao ang makapamumuno sa simbahang ito sa kanyang sarili. Ito ay Simbahan ng Panginoong Jesucristo, siya ang namumuno. . . .

  "Pumipili siya ng mga tao at tinatawag sila upang maging mga kasangkapan niya sa pagsasakatuparan ng kanyang mga layunin, at ginagabayan at pinangangasiwaan sila sa kanilang mga gawa. Ngunit ang mga tao ay

kasangkapan lamang ng Panginoon, at ang karangalan at kadakilaan ng lahat ng naisagawa ng Kanyang mga tagapaglingkod ay dapat na iukol sa kanya magpakailanman.

"Kung ito ay gawa ng tao, mabibigo ito, ngunit ito ay gawa ng Panginoon, at hindi siya nabibigo" (sa Conference Report, Abr. 1970, 113; o *Improvement Era*, Hunyo 1970, 26).

Ipaliwanag na kasunod ng pagkamartir ng Propetang si Joseph Smith, si Brigham Young ay naging pinuno ng Simbahan sa pamamagitan ng binigyang-inspirasyong proseso ng paghahalinhinan na umiiral sa Simbahan ngayon. Ang araling ito ay tumatalakay sa proseso ng paghahalinhinan sa Panguluhan ng Simbahan at nagpapaliwanag kung paano sinimulan ni Brigham Young ang paghahanda sa mga Banal sa kanilang paglalakbay pakanluran sa Lambak ng Salt Lake.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning batay sa mga banal na kasulatan.

**1. Ibinigay ni Propetang Joseph Smith sa Labindalawa ang mga susi ng kaharian at itinuro sa kanila ang mga alituntunin ng paghahalinhinan sa Panguluhan.**

Ipaliwanag na sa Nauvoo noong taglamig ng 1843–44, gumugol ng ilang araw ang Propetang si Joseph Smith sa pagbibigay sa Korum ng Labindalawa ng kanilang mga endowment sa templo at pagtuturo tungkol sa kanilang mga responsibilidad. Sinabi niya sa Labindalawa na matagal na niyang inaalala na hindi magtatagal ay mamamatay na siya nang hindi naigagawad ang mga susi ng kaharian sa iba. Si Wilford Woodruff, na miyembro ng Korum ng Labindalawa noong panahong iyon ay ginunita ang mga sumusunod na salitang mula sa Propetang si Joseph:

"Ngayon, mga kapatid, nagpapasalamat ako sa Diyos na nabubuhay pa ako hanggang sa araw na ito na nagawa kong maipagkaloob ang mga endowment ninyo, at ngayo'y naigawad ko na sa inyong mga ulo ang lahat ng kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Aaron at Melquisedec at pagiging Disipulo, kasama ang lahat ng mga susi at kapangyarihang ukol doon, na itinatak sa akin ng Diyos; at ngayon isinasalin ko na ang lahat ng paggawa, pasanin at alalahanin ng Simbahang ito at Kaharian ng Diyos sa inyong mga balikat, at ngayon ay inuutos ko sa inyo sa pangalan ng Panginoong Jesucristo na ihanda ang inyong mga sarili, at pamunuan ang Simbahan at Kahariang ito ng Diyos sa harap ng langit at lupa, at sa harap ng Diyos, ng mga anghel at mga tao" (sa *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, 6 na tomo [1965–75], 3:134), tinipon ni James R. Clark).

- Ang mahalagang alituntunin na may kaugnayan sa paghahalinhinan sa Panguluhan ay nakatala sa D at T 107:22–24. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga talatang ito. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa kaugnayan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol? (Ipaliwanag na ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay binubuo ng tig-iisang korum. Ang dalawang


Korum ay pantay sa awtoridad at kapangyarihan, ngunit ang Unang Panguluhan ang tinawag upang mamuno.)

- Bakit mahalaga na maunawaan ang kaugnayan sa pagitan ng dalawang namumunong korum ng Simbahan?

  Sinabi ni Pangulong Harold B. Lee: "Ipinahayag ni Propetang Joseph Smith na 'kung wala ang pangulo, walang Unang Panguluhan.'" Kapag namatay ang Pangulo, ang sumusunod na hanay ng pamunuan, ang Korum ng Labindalawang Apostol, ang nagiging namumunong awtoridad, at ang Pangulo ng Labindalawa ay kaagad na siyang tumatayong Pangulo ng Simbahan hanggang sa ang Pangulo ng Simbahan ay opisyal na maordenan at masang-ayunan sa kanyang tungkulin" (sa Conference Report, Abr. 1970, 123; o *Improvement Era*, Hunyo 1970, 28).

  Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng paghahalinhinan, tingnan ang unang karagdagang ideya sa pagtuturo.

**2. Matapos ang pagkamartir ni Joseph Smith, ang Labindalawa ang namuno sa Simbahan hanggang sa masang-ayunan bilang Pangulo si Brigham Young.**



**Pangulong Brigham Young**

Ipaliwanag na noong namatay si Joseph Smith, ang Unang panguluhan ay nabuwag, at ang Korum ng Labindalawa ang naging namumunong awtoridad sa Simbahan. Atasan ang itinalagang miyembro ng klase na ibuod ang "Paghahalinhinan sa Unang Panguluhan" mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 79–81).

- Ano ang hindi naunawaan ni Sidney Rigdon tungkol sa paghahalinhinan sa Simbahan? Ano ang unang naging tugon ni Brigham Young sa tanong na sino ang mamumuno sa Simbahan? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana*, pahina 79. Nais niyang malaman ang kalooban ng Panginoon hinggil sa bagay na iyon.) Ano ang matututuhan natin sa halimbawa ni Brigham Young?

- Sa panghapong sesyon ng pulong ukol sa pagtalakay sa pamumuno sa Simbahan, nagpropesiya si Brigham Young na ang mga hindi sumusunod sa Labindalawang Apostol ay hindi magtatagumpay at tanging mga Apostol lamang ang makapagtatayo ng kaharian ng Diyos (*Ang Ating Pamana*, pahina 80). Paano ito napatunayang totoo sa kasaysayan ng Simbahan at sa ating sariling panahon?

Ipaliwanag na sa pagtatapos ng pulong, nagkaisang bumoto ang mga Banal na sang-ayunan ang Korum ng Labindalawa bilang mga pinuno ng Simbahan

(*Ang Ating Pamana*, pahina 80). Ang Korum ng Labindalawa, na kinabibilangan ni Brigham Young bilang Pangulo ng korum, ang namuno sa Simbahan sa loob ng tatlo at kalahating taon. Noong ika-27 ng Disyembre, 1847, ang Unang Panguluhan ay pormal na binuong muli at si Brigham Young ang siyang Pangulo.

**3. Bago lisanin ang Nauvoo, nakatanggap ang mga Banal ng mga ordenansa sa templo.**

Ipakita ang larawan ng Templo sa Nauvoo. Ipaliwanag na kasabay ng paghahanda ng mga Banal sa paglisan sa Nauvoo, nagsikap sila nang mabuti upang matapos ang templo. Matapos maihanda ang templo, nagtipon sila sa malaking bilang para tumanggap ng kanilang mga ordenansa sa templo. Ang sumusunod na salaysay mula sa talaarawan ni Pangulong Brigham Young ay nagpapakita kung gaano ang pananabik ng mga Banal sa pagtanggap sa mga ordenansang ito:

"Sa umagang ito ay napakaraming tao ang nasa bukana ng silid na naghihintay na makapasok . . . Isang daan at dalawampu't isang tao ang nakatanggap ng mga ordenansa" (*History of the Church*, 7:565).

"Gayon na nga ang pananabik na ipinakita ng mga banal na matanggap ang mga ordenansa [ng Templo], at gayon din ang pananabik sa panig namin na mangangasiwa sa kanila, kung kaya lubos na ibinigay ko ang aking sarili sa gawain ng Panginoon sa Templo gabi at araw, nang hindi lumalagpas ng apat na oras sa pagtulog, bawat araw, at umuuwi ng isang beses lamang isang linggo.

"Si Elder Heber C. Kimball at ang iba pa sa Labindalawang Apostol ay palagi ring dumadalo ngunit bunga ng mahigpit na pangangailangan ang ilan sa kanila ay kinakailangan umalis ng Templo upang magpahinga at magpalakas ng katawan" (*History of the Church*, 7:567).

Ang pag-uusig sa mga Banal ay nag-ibayo noong Enero nang 1846. Noong mga unang araw ng Pebrero 1846, ipinahayag ni Pangulong Young na ihinto na ang mga ordenansa sa templo nang sa gayon ay makaalis na ang mga Banal sa Nauvoo. Subalit ayaw umalis ng mga yaong hindi pa nakatanggap ng kanilang mga ordenansa. Itinala ni Pangulong Young ang sumusunod noong ika-3 ng Pebrero 1846.

"Sa kabila ng aking pagpapahayag na hindi kami dadalo sa pangangasiwa ng mga ordenansa, ang Bahay ng Panginoon ay punung-puno ng tao sa buong maghapon, ang pananabik na mamalagi kami at ipagpatuloy ang endowment hanggang sa kami ay maharangan na nga ng mga kaaway at mapigilan nila. Ngunit ipinaalam ko sa mga kapatid na hindi makabubuti ito, at na dapat na magtayo pa tayo ng mga Templo, at magkaroon pa ng karagdagang oportunidad na matanggap ang mga biyaya ng Panginoon, pagdating na pagdating ng panahong handa na ang mga Banal na tanggapin ang mga ito. Lubus-lubos na gantimpala ang tinanggap namin sa Templong ito, kung hindi man kami tatanggap pa. Ipinaalam ko rin sa mga kapatid na ihahanda ko ang aking mga bagon at ako ay aalis. Lumakad ako nang kaunti palayo sa Templo inaakalang mag-aalisan na ang mga tao, ngunit sa pagbalik ko, nakita kong punung-puno ng tao ang bahay.

"Nang tingnan ko ang mga tao at madama ang kanilang pananabik dahil sila ay nauuhaw at nagugutom sa salita. Nagpatuloy kami sa paggawa nang buong sigasig sa Bahay ng Panginoon. Dalawang daan at siyamnapu't limang tao ang nakatanggap ng mga ordenansa" (*History of the Church*, 7:579).

- Ano ang matututuhan natin mula sa pagkasabik ng mga Banal sa pagtanggap ng mga ordenansa ng templo? Sa palagay ninyo bakit mahalaga na matanggap ng mga Banal ang mga ordenansa sa templo bago simulan ang kanilang paglalakbay mula sa Nauvoo? (Maaaring ibilang sa mga sagot na ang karagdagang kaalaman at lakas ay makatutulong sa kanilang makayanan ang mga pagsubok na kakaharapin nila.) Sa anong mga paraan nagsisilbing lakas at patnubay ang templo sa inyo?

Ipaliwanag na ang gawain sa templo ay nagpatuloy hanggang sa matapos ang linggong iyon, at pagkatapos ay isinara na ang templo. Lahat-lahat, halos 6,000 Banal ang nakatanggap ng kanilang endowment bago magsimula sa kanilang paglalakbay pakanluran.

**4. Ang mga Banal ay nakaranas ng mga pagsubok at himala sa pagsisimula ng kanilang paglalakbay pakanluran.**

Ipakita ang larawan ng exodo mula sa Nauvoo. Ipaliwanag na ilan sa mga Banal ang nagsimulang umalis sa Nauvoo noong ika-4 ng Pebrero 1846. Hilingan ang itinalagang miyembro ng klase na ibuod ang mga bahaging "Paghahanda para sa Paglisan sa Nauvoo" at "Mga Pagsubok ng Paglalakbay sa Taglamig" mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 83–85.

Dahil ang mga Banal ay nagsimula nang umalis sa Nauvoo noong taglamig at napilitang gumawa ng madaliang paghahanda, sila ay nakaranas ng napakahirap na paglalakbay. Isang hindi malilimutang karanasan ang naganap noong mga unang araw ng Pebrero sa Sugar Creek, humigit-kumulang na pitong milya sa Nauvoo sa gawing Iowa ng ilog ng Mississippi. Sa unang gabi ng pagkakamping sa Sugar Creek, siyam na sanggol ang isinilang. Napakatindi ng lamig ng panahon, at ang mga Banal ay walang sapat na kanlungan. Itinala ni Eliza R. Snow:

"Ang mga ina ay nagsilang sa ilalim ng halos lahat ng uri ng maiisip na kalagayan, maliban sa mga yaong nakagawian na nila, ang ilan ay sa mga tolda, ang iba'y sa mga bagon—sa ulan, bagyo, at niyebe. Nabalitaan ko ang isang panganganak na naganap sa loob, ng giray-giray na dampa na ang mga gilid ay pinagdugtung-dugtong na kumot na itinali sa mga posteng ibinaon sa lupa, na may bubong na yari sa balat ng kahoy na tinatagusan ng ulan. Nakatayong may hawak na pinggan ang mababait na kapatid na babae upang sahurin ang tumutulong ulan, at sa gayon ay naprotektahan ang bagong silang at ang kanyang ina mula sa pagkabasa. . . .

"Alalahanin natin ang mga inang ito ng mga bagong silang na sanggol sa ilang ay hindi . . . sanay na gumala sa kagubatan at suungin ang bagyo at sigwa . . . . Karamihan sa kanila ay ipinanganak at iminulat sa mga Silangang Estado—doo'y tinanggap ang ebanghelyo gaya nang itinuro ni Jesucristo at ng kanyang mga apostol, at, para sa kapakanan ng kanilang relihiyon, ay nakitipon sa mga banal, at sa ilalim ng kanilang pananampalataya, pagtitiis at lakas, upang magawa ang Nauvoo sa kung ano ang isinasaad ng pangalan nito, 'ang maganda.' Doon ay may magaganda silang tahanan, pinapalamutian ng mga

bulaklak at mayaman sa mga piling namumungang puno, na nagsisimula pa lamang mamunga nang sagana.

"Sa mga tahanang ito. . .sila'y nagsabi ng huling paalam, at dala ang kung anumang maikakarga nila sa isa, dalawa, at kung minsa'y, tatlong bagon, ay nagsimulang maglakbay patungong disyerto" (*The Women of Mormondom* [1877], 307–8), ni Edward W. Tullidge.

- Ano ang nagpapahanga sa inyo sa mga Banal sa salaysay na ito?

Ipaliwanag na noong Setyembre nang 1846, karamihan sa mga Banal ay lumisan sa Nauvoo at lumaganap sa ibayong Iowa sa mga panirahanang inihanda nila para sa nalalapit na taglamig. Determinadong itaboy ang mga natitirang Banal mula sa Nauvoo, nilooban ng mga mandurumog ang kanilang tahanan at itinaboy sila sa ilog. Ang ilan ay nakatakas patawid sa ilog ngunit hindi nakapagdala ng pamalit na damit. Yaong mga hindi nakaligtas ay binugbog at itinapon sa ilog ng mga mandurumog.

Ang mga kampo para sa lima o anim na raang kalalakihan, kababaihan, at mga batang nawalan ng tahanan ay nagkalat sa dalawang milya ng kahabaan ng pampang ng ilog. Karamihan ay gumagawa lamang ng kanlungan sa pamamagitan ng mga kumot, puno at halaman at kakaunti ang kinakain. Marami sa kanila ang hindi na makapaglakbay dahil sa karamdaman, at ang ilan ay namatay. Bumili ng kaunting harina si Bishop Newel K. Whitney at ipinamahagi ito sa abot nang kanyang makakaya, ngunit hindi pa rin sapat ito para tustusan ang mga tao. Kasunod nito ay naglaan sa kanila ang Panginoon sa mahimalang paraan:

Noong ika-9 ng Oktubre, nang nasa sukdulan na ang kakulangan ng pagkain, ilang malalaking kawan ng pugo ang lumipad sa kampo at dumapo sa lupa at maging sa mga lamesa. Marami sa mga ito ang nahuli, niluto at kinain ng mga gutom na Banal. Sa mga matapat ito ay tanda ng awa ng Diyos sa modernong Israel dahil ang gayunding pangyayari ay nangyari na noon sa sinaunang Israel. (Tingnan sa *A Comprehensive History of the Church* 3:135–36, ni B. H. Roberts.)

- Anong himala ang kahalintulad nito na ginawa ng Panginoon para sa mga sinaunang Israelita? (Tingnan sa Exodo 16:12–15.) Paano kayo pinaglaanan ng Panginoon sa panahon ng mga pangangailangan?

---

Katapusan

Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Karagdagang impormasyon tungkol sa paghahalinhinan sa Panguluhan ng Simbahan**

Ang proseso ng paghahalinhinan sa Panguluhan ng Simbahan ay naganap na ng maraming beses at ngayon ay sumusunod sa prosesong nakabalangkas sa pahina 240. Kung sa palagay ninyo ay makatutulong sa mga miyembro ng klase ang detalyadong pagpapaliwanag ng prosesong ito, repasuhin ang mga sumusunod na hakbang sa kanila.

1. Ang isang tao na noon pa inordenan upang balang araw ay mamuno sa Simbahan ay tinawag sa pamamagitan ng paghahayag na maging miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.

2. Siya ay sinasanay para sa kanyang magiging tungkulin sa pamamagitan ng pakikisama niya sa mga miyembro ng Korum at ng Unang Panguluhan at sa pamamagitan ng mga tungkuling itinakda sa kanya. Kung malalampasan niya ang tagal ng buhay ng iba pang miyembro ng Korum, susulong siya sa mas nakatataas na kalagayan hanggang sa siya ay maging Pangulo ng Korum ng Labindalawa at tanging ang Pangulo ng Simbahan na lamang ang Apostol na mas matagal kaysa sa kanya.

3. Kapag ang Pangulo ng Simbahan ay namatay, ang Unang Panguluhan ay mabubuwag. Ang mga Tagapayo sa Unang Panguluhan ay magbabalik sa kanilang puwesto sa Korum ng Labindalawa (kung sila ay mga miyembro ng korum). Ang Korum ng Labindalawa ang magiging namumunong korum sa Simbahan. Ang Pangulo ng Labindalawa ang magiging namumunong awtoridad sa Simbahan.

4. Ang mga miyembro ng Labindalawa ay magtitipun-tipon sa templo sa diwa ng pag-aayuno at panalangin. Ginagabayan ng paghahayag, sila ay humahantong sa nagkakaisang desisyon hinggil sa muling pagbubuo ng Unang Panguluhan. Alinsunod sa desisyong ito, sinasang-ayunan nila ang nakatataas na miyembro ng Labindalawa bilang Pangulo ng Simbahan. Pagkatapos ay ipinapatong ang kanilang mga kamay sa kanyang ulo at inoordenan siya at itinatalaga bilang Pangulo ng Simbahan.

5. Ang bagong Pangulo ay pumipili ng dalawang tao (karaniwa'y mga miyembro ng Korum ng Labindalawa) upang maging mga tagapayo niya.

6. Ang mga bakanteng lugar sa Korum ng Labindalawa bunga ng pagbubuong muli ay pinupunan.

**2. Ang pagsalungat ng kaaway sa gawain sa templo**

Naranasan ng mga Banal sa Nauvoo ang matinding pagsalungat habang gumagawa sila upang matapos ang templo. Hinggil sa pagtalakay ng pag-uusig sa mga Banal sa tuwing sisikapin nilang magtayo ng templo, sinabi ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa:

"Ang pag-uusig ay nakatuon sa mga Banal sapagkat ang kaaway ay natatakot sa templo. Gagawin niya ang lahat upang pigilan ang kanilang pagtatayo nito" (*Ang Banal na Templo* [1980], 175).

- Bakit natatakot ang kaaway sa mga templo at gawain sa templo? Ano ang magagawa natin upang mapalakas ang ating desisyong dumalo sa templo anuman ang mga hadlang na kinakaharap natin?

**3. "Mga Banal, Halina"**

Ihanda ang mga miyembro ng klase sa pag-awit ng "Mga Banal, Halina" (*Mga Himno*). O atasan ang isang miyembro ng klase o grupo ng mga miyembro ng klase na maghandang awitin ito. Pagkatapos ng himno, ibuod ang mga pangyayaring nagbigay-inspirasyon kay William Clayton upang isulat ito (*Ang Ating Pamana*, pahina 85–86).

Aralin

# 34

# Pananampalataya sa Bawat Hakbang

---

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano maihahambing ang naging paglalakbay ng mga tagabunsod patungong Lambak ng Salt Lake sa paglalakbay natin pabalik sa ating Ama sa Langit at tulungan ang mga miyembro ng klase na mapahalagahan ang mga sakripisyong ginawa ng mga tagabunsod.

---

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 136.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 86–93.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal na ito sa oras ng aralin.
3. Atasan ang mga miyembro ng klase na maghandang ibuod ang mga sumusunod na bahagi sa *Ang Ating Pamana*:
   a. “Winter Quarters” (mga pahina 86–87).
   b. “Ang mga Banal sa Brooklyn” (mga pahina 89–90).
   c. “Nagpatuloy ang Pagtitipon” (mga pahina 90–92).
   d. “Ito ang Tamang Lugar” (mga pahina 92–93).
4. Kung may makukuha sa mga sumusunod na larawan, maghandang gamitin ang mga ito sa oras ng aralin: Tinatawid nina Mary Fielding at Joseph ang mga Kapatagan (62608 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 412) at Dumarating ang mga Tagabunsod Lulan ng Barko sa Look ng San Francisco (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 412).

---

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat ang *Lupang Pangako* sa pisara. Ipaliwanag na matatagpuan sa mga banal na kasulatan na maraming beses na ginabayan ng Panginoon ang mga grupo ng tao mula sa kanilang pinagmulan patungo sa “lupang pangako.” Madalas na tinutukoy ng mga banal na kasulatan ang lugar na iyon bilang lupaing pinili, lupa ng kapayapaan, o lupain ng kanilang mga mana (1 Nephi 2:20; D at T 45:66; 103:11).

- Makapagbabanggit ba kayo ng anumang grupo mula sa mga banal na kasulatan na ginabayan sa isang paglalakbay patungong lupang pangako? (Isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga Jaredita, ang mag-anak ni Lehi, ang mag-anak ni Israel sa Lumang Tipan, at si Brigham Young at ang mga tagabunsod.)

Ipaliwanag na ang ating buhay sa lupa ay tulad ng isang paglalakbay sa "lupang pangako" ng kahariang selestiyal. Sa pagtukoy sa mga tagabunsod na naglatag ng mga pundasyon ng dispensasyong ito, sinabi ni Elder M. Russel Ballard ng Korum ng Labindalawa:

"Ang kanilang paglalakbay ay katumbas ng sa atin. May mga aral para sa atin sa bawat hakbang na ginawa nila—mga aral ng pagmamahal, tapang, pangako, katapatan, pagtitiis, at, higit sa lahat, pananampalataya" (sa Conference Report, Abr. 1997, 81; o *Ensign*, Mayo 1997, 59).

Ang araling ito ay tumatalakay sa isa sa mga pinakadakilang paglalakbay sa kasaysayan—ang paglalakad ng mga tagabunsod patungong Lambak ng Salt Lake. Sa oras ng aralin, anyayahan ang mga miyembro ng klase na ihambing ang paglalakbay ng mga tagabunsod sa kanilang sariling paglalakbay patungong buhay na walang hanggan.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning batay sa mga banal na kasulatan.

**1. Tinagubilinan ng Panginoon ang mga Banal hinggil sa kanilang mga pisikal na paghahanda para sa paglalakbay.**

Hilingan ang inatasang miyembro ng klase na ibuod ang salaysay ng mga Banal sa Winter Quarters mula sa "*Ang Ating Pamana*, mga pahina 86–87.

- Ang mga Banal sa Winter Quarters ay nagdusa nang lubos sa sakit at iba pang paghihirap, subalit patuloy pa rin silang gumawa at naghanda para sa kanilang paglalakbay. Sa anu-anong paraan nabiyayaan sila at ang iba pa dahil sa kanilang patuloy na determinasyon? (Maaaring ibilang sa mga sagot na mas pinadali ng kanilang mga paghahanda ang kanilang paglalakbay at nakatulong sa mga sumunod sa kanila.) Paano kayo nabibiyayaan sa pamamagitan ng pagtitiis sa panahon ng paghihirap? Paano makatutulong sa mga susunod sa atin ang pagtitiis sa panahon ng paghihirap?

Ipaliwanag na sa Winter Quarters noong Enero ng 1847, si Pangulong Brigham Young ay nakatanggap ng paghahayag hinggil sa paglalakbay pakanluran ng mga Banal. Ang paghahayag na ito ay nakatala sa D at T 136.

- Anong mga tagubilin ang ibinigay ng Panginoon sa mga Banal hinggil sa paghahanda para sa kanilang paglalakbay? (Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata at tukuyin ang mga tagubilin sa bawat talata. Pumili ng ilan sa mga tanong upang matulungan ang mga miyembro ng klase na matalakay at maisagawa ang mga tagubiling ito.)

a. D at T 136:2. (Gumawa ng isang “tipan at pangakong susundin ang lahat ng kautusan at batas ng Panginoon.”) Bakit napakahalaga ng tagubiling ito sa mga Banal? Paano natin magagamit ang tagubilin na ito sa ating paglalakbay?
b. D at T 136:3. (Bumuo ng mga samahan sa ilalim ng tagubilin ng Labindalawang Apostol, na may isang pangulo at dalawang tagapayo at nang may mga kapitan ng mga isandaan, ng mga limampu at ng mga sampu.) Paano maihahalintulad ang samahang ito sa paraan ng pagkakabuo ng mga purok at istaka?
c. D at T 136:5. “Maglaan ang bawat samahan para sa kanilang sarili ng lahat ng . . . kaya nila.“) Bakit mahalagang sikapin nating magkaroon ng sariling kakayahan?
d. D at T 136:6. (“Maghanda para sa mga yaong [maiiwan].“) Anong mga paghahanda ang ginagawa ng mga Banal para sa mga yaong maiiwan? (Tingnan sa D at T 136:7, 9.) Paano naaangkop ang tagubilin na ito sa atin?
e. D at T 136:8. (Alagaan “ang mga maralita, balo, [at] mga ulila.”) Paano natin magagampanan ang mga responsibilidad na ito ngayon?
f. D at T 136:10. (“Gamitin ng bawat tao ang lahat ng kanyang impluwensiya at ari-arian upang ilikas ang mga taong ito sa . . . isang istaka ng Sion.”) Paano naaangkop ang tagubiling ito sa atin?

**2. Tinagubilinan ng Panginoon ang mga Banal hinggil sa kanilang pakikitungo.**

Ituro at talakayin ang D at T 136:17–33. Ipaliwanag na bilang karagdagan sa pagbibigay ng mga tagubilin tungkol sa mga pisikal na paghahanda, binibigyan ng Panginoon ang mga Banal ng mga tagubilin hinggil sa mga sumusunod na espirituwal na kalagayan at ang kanilang pakikitungo sa bawat isa.

- Anu-ano ang mga ibinigay ng Panginoon sa mga Banal tungkol sa kung paano nila pakikitunguhan ang kanilang sarili. (Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata at tukuyin ang mga tagubilin sa bawat talata. Piliin ang ilan sa mga tanong upang matulungan ang mga miyembro ng klase na matalakay at maisagawa ang mga tagubiling ito?

a. D at T 136:19. (“Kung sinumang tao ang maghangad na iangat ang kanyang sarili, at hindi hahanapin ang aking payo, siya ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan.”) Bakit magiging mahalaga ang kababaang-loob sa mga Banal sa kanilang paglalakbay? Paano hinahangad ng mga tao kung minsan na iangat ang kanilang sarili? Paano natin higit na ganap na magagawang hangarin ang kadakilaan ng Panginoon kaysa sa ating sariling kadakilaan?
b. D at T 136:21. (“Itayo ang inyong sarili mula sa masama upang gamitin ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan.” Tingnan din sa Exodo 20:7.) Bakit mahalagang gamitin natin nang may pagpipitagan ang pangalan ng Panginoon?

c. D at T 136:23–24. ("Tumigil sa pakikipagtalo sa isa't isa, tumigil sa pagsasalita ng masama sa isa't isa. . .ang inyong mga salita ay mauwi sa pagpapatibay sa isa't isa. Paano nagiging hadlang sa atin bilang mga tao ang mga pagtatalu-talo at pagsasalita ng masama? Paano natin mapagtatagumpayan ang mga pagtatalu-talo sa bawat isa? Ano ang magagawa natin upang mapatibay ang bawat isa?

d. D at T 136:25–26. (Ibalik ang hiniram o nawalang mga bagay.)

e. D at T 136:27. ("Maging masigasig sa pag-iingat ng anumang mayroon kayo.") Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng maging "marunong na katiwala"? Paano nakaaapekto sa ating espirituwal na kapakanakan ang pag-iingat natin sa mga pisikal na ari-arian?

Sa D at T 136:28, nagbigay ang Panginoon ng tagubilin tungkol sa naaangkop na libangan. Sa pagbanggit tungkol sa paksang ito, si Elder David O. McKay ay nagturo:

"Sa mga kapatagan, matapos ang maghapong paglalakad, at ang mga bagon ay naiayos na nang paikot, isang may biyolin ang pupuwesto na sa tabi ng siga at doon sa parang ang malalakas na Tagabunsod ay magkakapit-kamay sa pagsasayaw, sisimulan ito sa panalangin, at makikilahok sa mga libangang nanghihikayat sa diwa ng ebanghelyo. . . . Si Pangulong Brigham Young . . . ay nagsabi minsan nang ganito: 'Ang diwa ng sayawan ay nararapat baga na kung ang sinumang elder ay tinawag mula sa kasayahan upang mangasiwa ng maysakit, ay aalis siya na ang espiritung nadarama ay tulad din ng madarama niya kung aalis siya mula sa pulong ng korum ng mga elder'" (sa Conference Report, Abr. 1920, 117).

- Paano natin maisasagawa ang payong ito?
- Ano ang itinagubilin ng Panginoon na gawin ng mga Banal upang matuto ng karunungan? (Tingnan sa D at T 136:32–33.) Sa anong mga paraan ninyo napapatunayang totoo ang mga tagubiling ito sa inyong buhay?

**3. Sa ilalim ng pangangasiwa ni Pangulong Brigham Young, ang mga Banal ay naglakbay patungong Lambak ng Salt Lake.**

Sumangguni sa mapa 3 ng pahina 347 ng manwal na ito at sa pahina 37 ng *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase*. Ipaliwanag na dalawang taon bago mamatay ang Propetang Joseph Smith, ipinropesiya niya na "ang mga Banal ay patuloy na magdaranas ng maraming paghihirap at itataboy sa Rocky Mountains," at ang ilan sa kanila ay "mabubuhay upang humayo at tumulong sa paggawa ng mga panirahan at magtayo ng mga lungsod at makitang maging malalakas na tao ang mga Banal sa gitna ng Rocky Mountains" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 255). Bilang katuparan ng propesiyang ito, umabot ng mga may 70,000 miyembro ng Simbahan mula sa iba't ibang bahagi ng daigdig ang naglakad patungong Utah sa pagitan ng 1847 at 1869.



**Paglisan Pakanluran.** Noong ika-4 ng Pebrero 1846 ang mga unang bagon ay tumawid sa Ilog Mississippi upang simulan ang makasaysayang paglalakbay pakanluran.

Ipakita ang mga larawan nina Mary Fielding at Joseph F. Smith at ng mga Banal na dumarating sa San Francisco. Ipaliwanag na maraming kuwento ng pananampalataya at tapang habang naglalakbay ang mga Banal patungong Utah. Hilingan ang inatasang mga miyembro ng klase na ibuod ang sumusunod na bahagi mula sa *Ang Ating Pamana*: "Ang mga Banal sa Brooklyn" (mga pahina 89–90), "'Nagpatuloy ang Pagtitipon" (mga pahina 90–91), at "Ito ang Tamang Lugar" (mga pahina 92–93).

Kung pahihintulutan ng panahon, maaari kayong magsalaysay ng iba pang nakapagbibigay-inspirasyong kuwento ng mga tagabunsod (tingnan sa unang karagdagang ideya sa pagtuturo bilang halimbawa). Maaaring anyayahan din ninyo ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga kuwento ng mga tagabunsod na nakapagbibigay-inspirasyon sa kanila. Ang mga kuwentong ito ng mga tagabunsod ay maaaring mula sa iba pang panahon ng kasaysayan ng Simbahan at mula sa iba't ibang bansa kung saan naitatag ang Simbahan.

- Ano ang inyong nararamdaman kapag iniisip ninyo ang pamana ng pananampalataya at sakripisyo na ibinigay sa atin ng mga tagabunsod at ng iba pang mga Banal? Sino ang mga tagabunsod o naunang miyembro ng Simbahan sa inyong pook? Paano natin maipapasa ang ganitong uri ng pamana sa mga susunod sa atin?
- Anong mga aral ang matututuhan natin mula sa paglalakad ng mga tagabunsod upang matulungan tayo sa ating paglalakbay pabalik sa

kinaroroonan ng Diyos? (Matapos na magkaroon ng pagkakataong tumugon ang mga miyembro ng klase, basahin ang sumusunod na pahayag mula kay Elder Russel M. Ballard.)

"Hindi laging madali ang buhay. Sa ilang dako ng ating paglalakbay maaaring maramdaman din natin ang marami sa naramdaman ng mga tagabunsod habang tumatawid sila ng Iowa . . . hanggang tuhod natin ang putik, napilitang ilibing ang ating mga pangarap sa daraanan. Lahat tayo ay nahaharap sa mababatong lansangan, na may hanging umiihip sa ating mukha at taglamig na malapit nang dumating. Minsan ay parang wala nang katapusan ang alikabok na pumupuwing sa ating mga mata at nagpapadilim ng ating paningin. Ang matatalim na dulo ng kalungkutan at kabiguan ay umuusli sa mga lupa na nagpapabagal ng ating pagtahak. . . . Paminsan-minsan nararating natin ang ibabaw ng isang taluktok ng ating buhay, tulad ng ginawa ng mga tagabunsod, para lamang makakita pa ng mas maraming tuktok ng bundok doon, mas mataas at mas mapanghamon kaysa sa katatapos lamang nating bagtasin. Umaasa sa di-nakikitang imbakan ng pananampalataya at pagtitiis, tayo, tulad ng ginawa ng mga ninuno natin, ay dahan-dahang sumusulong patungo sa araw na iyon kung kailan ang ating mga tinig ay makasasabay sa lahat ng mga tagabunsod na nagtiis nang may pananampalataya, umaawit ng 'Kay-inam ng buhay!' " (sa Conference Report, Abr. 1997, 82; o *Ensign*, Mayo 1997, 61).

---

## Katapusan

Bigyang-diin na sa maraming bagay ang ating paglalakbay patungong buhay na walang hanggan ay kahalintulad ng paglalakbay ng mga tagabunsod patawid ng Amerika. Tinawid ng mga tagabunsod ang mga kapatagan sa napakalaking personal na sakripisyo at kadalasan ay sa ilalim ng matinding paghihirap. Nagpapakita ng dakilang pananampalataya, tapang, at pagtitiis, nagbigay sila sa atin ng halimbawa na ating susundin.

Ipaliwanag na ito ang ating panahon sa kasaysayan ng kaharian ng Diyos sa lupa. Inilatag ng mga tagabunsod ang pundasyon, ngunit nasa sa atin na ang tungkuling tapusin ang gawain. tulad ng pinatotohanan ni Pangulong James E. Faust, "Ang pananampalataya sa bawat hakbang sa hinaharap ay magbibigay katuparan sa pangitain ng propeta hinggil sa maluwalhating tadhana ng ating Simbahan" (sa Conference Report, Okt. 1997, 58; o *Ensign*, Nob. 1997, 42).

Sinabi ni Elder M. Russel Ballard: "Tayo ay mga tagapagmana ng napakalaking pamana. Ngayon ay pribilehiyo at responsibilidad natin ang maging bahagi ng patuloy na dula ng Pagpapanumbalik, at maraming dakila at magiting na kuwento ng pananampalataya na maisusulat sa ating panahon. Mangangailangan ito ng bawat lakas natin, karunungan, at kakayahan na malabanan ang mga hadlang na kakaharapin natin. Subalit maging iyan ay hindi sapat. Matutuhan natin, tulad din ng ating mga ninuno, na sa pananampalataya lamang—*tunay* na pananampalataya, ganap, nasubok at napatunayan—na tayo ay makatatagpo ng kaligtasan at pagtitiwala habang binabagtas natin ang mapanganib na landas ng ating buhay" (sa Conference Report, Abr. 1997, 83; o *Ensign*, Mayo 1997, 61).

Magpatotoo na marami sa mga paraan kung paano pinagpayuhan na maghanda ang mga tagabunsod sa D at T 136 para sa kanilang paglalakbay ay naaangkop din sa ating paglalakbay. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na magpakita ng kanilang pasasalamat sa mga tagabunsod sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa kanilang pamana ng pananampalataya.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Mga sakripisyong ginawa ng mga tagabunsod**

Maliban pa sa pagpopropesiya na marami sa mga Banal ang mabubuhay upang maging kahanga-hangang mga tao sa Rocky Mountains, hinulaan rin ni Joseph Smith ang magiging paghihirap nila. Sinabi niya ang ilan ay "papatayin ng ating mga taga-usig o mamamatay bunga ng pagkabilad o sakit" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 255).

Ibahagi ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Elder Thomas S. Monson habang naglilingkod siya sa Korum ng Labindalawa:

"Daan-daang tagabunsod na Mormon ang nagdusa at namatay sa sakit, pagkabilad, o matinding pagkagutom. Mayroong ilan na dahil walang mga bagon at mga hayop ay talagang nilakad ang 1,300 milya patawid sa mga kapatagan at mga bundok, itinutulak at hinihila ang mga kariton. Sa mga grupong ito, ang isa sa anim ay namatay.

"Para sa karamihan ang paglalakbay ay hindi nagsimula sa Nauvoo, Kirtland, Far West, o New York, kundi sa malayong Inglatera, Scotland, Scandinavia, at Alemanya. . . . Sa pagitan ng kaligtasan ng sambahayan at ng pangako ng Sion ay nakaamba ang nagngangalit at nakapanlilinlang na katubigan ng makapangyarihang Atlantiko. Sino ang makapag-uulat ng takot na bumalot sa puso ng tao sa sandaling yaon ng mapanganib na pagtawid? Sa pagbibigay inspirasyon ng tahimik na pagbulong ng Espiritu, pinalalakas ng payak, ngunit walang maliw na pananampalataya, nagtiwala sila sa kanilang Diyos at nagpatuloy sa kanilang paglalakbay. . . .

"Lulan ng isa sa mga masikip at lumalangitngit na barko ng nakaraan ay ang aking mga lolo at lola, ang maliit nilang mag-anak, at ilang kaunting ari-arian. Nagtaasan ang mga alon, napakahaba ng paglalakbay, nagsisikipan ang mga silid. Ang munting si Mary [ang kanilang anak] ay masasakitin na noon pa man, ngunit ngayon, sa bawat paglipas ng araw, nalalaman ng nag-aalala niyang ina na ang munting anak ay pahina nang pahina. Lumala na ang kanyang karamdaman. . . . Bawat araw ang mga nag-aalalang magulang ay lubhang umaasa na makakakita ng lupa, ngunit walang lupa. Ngayon ay hindi makatayo si Mary. . . . Malapit na ang wakas. Ang munting si Mary ay payapang pumanaw sa daigdig na ito.

"Habang nagtitipun-tipon ang mag-anak at mga kaibigan sa palapag ng barko, iniutos ng kapitan ng barko ang pag-aayos sa bangkay, at ang pinakamamahal na munting katawan na magiliw na inilagay sa kumot na puno ng luha, ay ipinagkatiwala sa nagngangalit na dagat. Ang matatag na ama sa tinig na

punung-puno ng damdamin ay inaliw ang nagdadalamhating ina sa paulit-ulit na pagsasabing, 'Panginoon ang nagbigay at Panginoon ang kukuha; pagpalain ang ngalan ng Panginoon. Makikita nating muli ang ating si Mary!'" (sa Conference Report, Abr. 1967, 55–56; o *Improvement Era*, Hunyo 1967, 55).

**2. Pagtatanghal ng video na "Pananampalataya sa Bawat Hakbang,"**

Kung may makukuhang videocassette ng *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang na ipalabas ang "Faith In Every Footstep," isang 16 na minutong yugto.

Aralin
# 35
# "Misyon ng Pagliligtas"

**Layunin**

Ituro ang tungkol sa pagsagip sa mga pangkat na Martin at Willie ng hinihilang kariton, ipakita na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay mensahe ng pagsagip, at hikayatin ang mga miyembro ng klase na tulungang sagipin ang mga nangangailangan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 4:3–7; 18:10–16; 52:40; 81:5–6; 138:58.
   b. 3 Nephi 18:31–32; Moroni 7:45–48 (mga karagdagang banal na kasulatan).
   c. Ang mga sipi sa araling ito.
   d. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 93–96.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung may makukuha sa mga sumusunod na larawan, maghandang gamitin ang mga ito sa oras ng aralin: Pangkat ni Martin ng Hinihilang Kariton, Bitter Creek, Wyoming, 1856 (62554 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo (414); at Sinasagip ng Tatlong Kabataang Lalaki ang Pangkat ni Martin ng Hinihilang Kariton (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 415).
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, maghandang gamitin ang sumusunod na mga larawan bilang karagdagan sa mga nakalista sa gawing itaas: Exodo mula sa Nauvoo (62493 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 411); Pangkat ng Hinihilang Kariton (62528 893); at Tinatawid nina Mary Fielding at Joseph F. Smith ang Kapatagan (62608 893).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang mga larawang nakalista sa bahaging "Paghahanda," mga aytem 3 at 4.

- Bakit mahalagang patuloy na ulitin ang mga kuwento tungkol sa mga karanasan ng mga sinaunang tagabunsod na mga Banal sa mga Huling Araw?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: 'Ang mga karanasan ng mga inusig na mga Banal sa mga Huling Araw at ang kanilang paghihirap at kamatayan ay muli't muling uulitin. . . . Ang mga kuwento ng kanilang pagkasagip ay kailangang muli't muling ulitin. Ipinahiwatig nila ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo" (sa Conference Report, Okt. 1996, 118; o *Ensign*,

Nob. 1996, 86).

Tinutukoy ang mga tagabunsod, sinabi rin ni Pangulong Hinckley: “Hindi ako hihinto sa pasasalamat sa kanila; sana’y hindi kayo tumigil sa pasasalamat sa kanila. Umaasa ako na lagi natin silang aalalahanin. . . . Basahin nating muli at muli, at basahin sa ating mga anak o sa mga anak ng ating mga anak, ang mga talaan ng mga yaong naghirap nang puspos” (*Church News*, ika-31 ng Hulyo 1999, 15).

Ipaliwanag na ang araling ito ay tumatalakay sa kasaysayan ng paghihirap, kamatayan, at pagsagip: ang kuwento ng mga pangkat na Martin at Willie ng hinihilang kariton.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning itinuturo ninyo.

**1. Pinatnubayan ni Pangulong Brigham Young ang pagsagip sa mga pangkat na Martin at Willie ng hinihilang kariton.**

Ipakita ang larawan ng pangkat ng hinihilang kariton ni Martin. Ibuod ang unang talata sa ilalim ng “Mga Tagabunsod ng Hinihilang Kariton” sa pahina 93 ng *Ang Ating Pamana*. Pagkatapos ay ibahagi ang sumusunod na tala ayon sa pagkakasalaysay ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

“Ibinabalik ko kayo sa pangkalahatang komperensiya noong Oktubre ng 1856. Noong Sabado ng komperensiyang iyon, si Franklin D. Richards at ang isang maliit na pangkat ng mga kasamahan ay dumating sa lambak. Naglakbay pa sila sa Winter Quarters na may malalakas na hayop, at magarang bagon at nagawa pa nilang magkaroon ng kasayahan. Kaagad na hinanap ni Kapatid na Richards si Pangulong Young. Iniulat niya na daan-daang kalalakihan, kababaihan, at mga bata ang napahiwalay dahil sa mahabang paglalakbay. . . . Sila ay nasa mapanganib na kalagayan. Maagang dumating ang taglamig. Umiihip ang hanging may kasamang niyebe sa mga kabundukan. . . . Nagugutom na ang ating mga tao; unti-unti nang nawawasak ang mga kariton at bagon nila; naghihingalo na ang mga kapong baka nila. Ang mga tao mismo ay naghihingalo na. Mamamatay silang lahat maliban na lang kung sila’y sasagipin..

“Palagay ko ay hindi nakatulog si Pangulong Young noong gabing iyon. Palagay ko’y naglalaro sa kanyang isipan ang mga larawan ng mga taong iyon na kalunus-lunos, naninigas sa lamig at naghihingalo. Sinabi niya sa mga tao:

“’Ibibigay ko na ngayon ang mga tao na ito bilang paksa at mensahe para sa mga Elder na magsasalita. . . . Ang mensahe ay ito. . . . Marami sa ating mga kapatid na lalaki at babae na may hila-hilang kariton ang nasa mga kapatagan, at marahil marami sa kanila ay mga pitong daang milya ang layo mula sa lugar na ito, at dapat na sila’y madala rito; kailangang magpadala tayo ng tulong sa kanila. Ang mensahe ay, ”dalhin sila rito.“ . . .

“ ‘Iyan ang aking relihiyon: iyan ang pag-uudyok ng Espiritu Santo na sumasaakin. Iyan ay ang iligtas ang mga tao. . . .

“ ‘Tinatawagan ko ang mga Obispo sa araw na ito. Hindi na ako maghihintay pa ng bukas, o ni sa susunod na araw, para sa 60 mahuhusay na kabayo at 12 o 15 bagon. Ayokong magpadala ng mga kapong baka. Ang nais ko ay mahuhusay na kabayo at bisiro. Mayroon tayo nito sa teritoryong ito, at kailangang makakuha tayo ng mga ito. Idagdag pa ninyo ang 12 tonelada ng harina at 40 magagaling na tagapagpaandar ng bagon, maliban pa sa mga yaong magpapatakbo sa mga hayop. . . .

“’Sasabihin ko sa inyo na ang lahat ng inyong pananampalataya, relihiyon, at pagpapahayag ng relihiyon, ay hindi kailaman makapagliligtas ng kahit isang kaluluwa sa inyo sa Kahariang Selestiyal ng ating Diyos, maliban kung isasagawa ninyo ang gayong mga alituntunin tulad ng itinuturo ko ngayon sa inyo. *Humayo kayo at dalhin ang mga taong iyon na nasa mga kapatagan*’ (sa *Handcarts to Zion*, nina Le Roy R. Hafen at Ann W. Hafen [1960], 120–21).

“Nang hapong iyon, ang malalaking bulto ng pagkain, tulugan, at mga damit ay tinipon ng mga kababaihan. Kinaumagahan, . . . ang mga kabayo’y sinapatusan at ang mga bagon ay kinumpuni at kinargahan. Nang sumunod na umaga, . . . 16 na mahuhusay na kabayo ang lumisan at nagtungo pasilangan. Sa huling bahagi ng Oktubre may 250 pangkat na ang nasa daan upang magbigay ng tulong” (sa Conference Report, Okt. 1996, 117–18; o *Ensign*, Nob. 1996, 85–86).

Bigyang-diin na ginawa ng lahat ng mga pangkat na Martin at Willie ng hinihilang kariton ang lahat ng kanilang magagawa upang marating ang Lambak ng Salt Lake, ngunit hindi na sila makapagpatuloy pang maglakbay. Kailangan na nilang masagip. Kung walang mga tagasagip, mamamatay silang lahat.

- Anong mga karanasan ang pinagdaanan ninyo kung saan ay nasagip kayo? Ano ang nadama ninyo noong kailangan ninyo ng tulong? Ano ang nadama ninyo nang may dumating na tulong mula sa isang tao?
- Ano ang maaaring naramdaman ng mga Banal sa mga pangkat ng hinihilang kariton nang matagpuan sila ng mga tagasagip?

Ibinahagi ni Pangulong Hinckley ang salaysay na ito ng pagsagip:

“Sila ay nasa kalunus-lunos at kakila-kilabot na kalagayan—gutom, hapo, sira-sira at marurumi ang kasuotan—nang matagpuan sila [mga pangkat ng hinihilang kariton] ng mga pangkat ng tagasagip. Nang matanaw ang mga tagasagip sa kanlurang papawirin na bumabagtas sa mga niyebe, nagmistula silang mga anghel ng awa. At tunay ngang sila’y mga anghel ng awa. Ang ilan sa mga nalugmok na mandarayuhan ay sumigaw sa kagalakan. Ang iba sa kanila na hindi makasigaw dahil sa matinding kahinaan ay umiyak na lamang nang umiyak.

“Mayroon na ngayong makakain at ilang damit na makapagpapainit. Ngunit hindi pa rin tapos ang paghihirap, hindi kailanman sa buhay na ito. Nanigas na sa lamig ang mga binti at bisig, at ang natuyong laman dahil sa tindi ng lamig ay naglangib at nagtuklap nang sagad sa buto.

“Inabandona ang mga kariton, at ang mga nakaligtas ay nagsiksikan sa mga bagon ng mga tagasagip. Ang napakahaba at masalimuot na paglalakbay na may layong apat na raan at walumpu’t tatlo, anim na raan at apatnapu’t apat, maging walong daan at limang kilometrong milya mula sa kanilang kinalalagyan patungo sa lambak na ito ay talagang napakabagal at napakahirap

dahil sa mga bagyo. Noong ika-30 ng Nobyembre, 104 na mga bagon, lulan ang mga nagdurusang tao, ay dumating sa Lambak ng Salt Lake. Bago pa lamang sila dumating ay nabalitaan na ito. Linggo noon, at muli ang mga Banal ay nagtipon sa Tabernakulo. Tumayo si Brigham Young sa harap ng kongregasyon at sinabing:

"'Pagkatapos na pagkatapos ng pulong na ito nais kong umuwi na sa kani-kanilang mga tahanan ang mga kapatid. . .

"'Ang pulong sa hapon ay hindi muna gaganapin, dahil nais kong ang mga kababaihan. . .ay maghanda ng makakain para sa mga kararating lamang, at linisin sila at alagaan. . . .

" 'Makikita ninyo na ang ilan sa kanila ay may mga paa na nanigas sa lamig na umaabot hanggang sa kanilang bukung-bukong; ang ilan ay may mga tuhod at kamay na nanigas sa lamig . . . ; nais naming tanggapin ninyo sila na parang tunay ninyong mga anak, at magkaroon ng gayunding damdamin sa kanila' (sinipi sa *Handcarts to Zion*, ni Hafen, p. 139)." (Sa Conference Report, Okt. 1991, 76–77; o *Ensign,* Nob. 1991, 54).

- Ano ang pumukaw sa isipan ninyo tungkol sa mga pagsisikap na sagipin ang mga tagabunsod ng hinihilang karton?

**2. Sinasagip tayo ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang pagbabayad-salang sakripisyo.**

Bigyang-diin na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay isang mensahe ng pagsagip. Sa isang mensahe ng komperensiya, matapos maibahagi ang kuwento ng pagsagip sa mga pangkat ng hinihilang kariton, nagpatotoo si Pangulong Gordon B. Hinckley tungkol sa nakapagsasagip na misyon ng Tagapagligtas:

"Ang dakilang plano ng walang hanggang ebanghelyo ay naibigay sa atin dahil sa nakapagtutubos na sakripisyong ginawa ng Tagapagligtas ng daigdig, kung alin ang mga yaong namatay sa Panginoon ay hindi matitikman ang kamatayan kundi magkakaroon ng pagkakataon na mapunta sa selestiyal at walang hanggang kaluwalhatian.

"Sa ating kawalang-kakayahan; Siya ay ating nagiging tagasagip, inililigtas tayo mula sa kaparusahan at dinadala sa buhay na walang hanggan.

"Sa panahon ng kawalang-pag-asa, sa oras ng lungkot at takot, naroon Siya sa papawirin upang bigyan tayo ng tulong at aliw at katiyakan at pananampalataya. Siya ang ating Hari, ang ating Tagapagligtas, ang ating Panginoon at ang ating Diyos" (sa Conference Report, Okt. 1991, 78; o *Ensign*, Nob. 1991, 54).

- Sa anu-anong paraan tayo kailangang masagip ng Tagapagligtas? Bakit nagagawa ng Tagapagligtas na sagipin tayo? (Tingnan sa Alma 7:11–13; Doktrina at mga Tipan 18:11–12.) Ano ang dapat nating gawin upang ganap na matanggap ang Kanyang inialay na pagsagip?

**3. Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, dapat na sagipin natin ang mga nangangailangan.**

Ipakita ang larawan ng tatlong kabataang lalaki na sumasagip sa mga pangkat ng

hinihilang kariton. Pagkatapos ay basahin ang sumusunod na kuwentong ibinahagi ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Sa ilang sandali ay samahan natin si Kapitan Edward Martin at ang pangkat ng hinihilang kariton na pinamumunuan niya. Bagamat hindi natin mararamdaman ang hapdi ng gutom na kanilang naramdaman o mararanasan ang matinding lamig na nanuot sa kanilang nanghihinang katawan, lalabas tayo muli sa paggunitang ito nang may higit na pagpapahalaga sa paghihirap na pinasan, ipinakitang katapangan, at pananampalatayang naisakatuparan. Masasaksihan natin nang may mga matang puno ng luha ang madamdaming sagot sa tanong na 'Ako ba'y tagapagbantay sa aking kapatid?'

" 'Ang mga kariton ay tumulak noong ika-3 ng Nobyembre at narating ang ilog ng [Sweetwater], na punung-puno ng lumulutang na yelo. Ang pagtawid ay nangangailangan ng ibayong tapang at tatag ng loob, na higit pa sa matitipon ng tao. Umurong sa takot ang mga kababaihan at nanangis ang mga kalalakihan. Ang ilan ay nagpatuloy, ngunit ang iba ay hindi nakayanan ang matinding pagsubok.

"'Tatlong labing walong-taon na lalaki na kabilang sa pangkat ng tagasagip ang tumulong; at sa pagkamangha ng lahat ng nakakita ay binuhat ang halos lahat ng miyembro ng sinawing-palad na pangkat na iyon ng hinihilang kariton patawid sa ilog na puno ng niyebe. Napakatindi ng naging pinsala, at napakasidhi ng pagkabilad, kung kaya't makaraan ang ilang taon ang lahat ng kabataang lalaki na ito ay namatay bunga ng mga epekto nito. Nang mabalitaan ni Pangulong Brigham Young ang kabayanihang ito, nanangis siyang parang bata, at kalaunan ay hayagang ipinahayag, "Ang gawaing iyon lamang ay magbibigay-katiyakan na kina C. Allen Huntington, George W. Grant, at David P. Kimball ng walang hanggang kaligtasan sa Kahariang Selestiyal ng Diyos, ng mga walang hanggang daigdig" '(*Handcarts to Zion*, nina LeRoy R. Hafen at Ann W. Hafen, [Glendale California: The Arthur H. Clark Company, 1960], mga pahina 132–33).

"Maaaring ang paglilingkod natin sa iba ay hindi gaanong madula, ngunit makapaghihikayat tayo ng espiritu ng sangkatauhan, madaramitan ang mga nagiginaw na katawan, makapagpapakain ng mga nagugutom, makapag-aaliw ng mga namimighating puso, at makapag-aangat sa bagong kalagayan ng mahahalagang kaluluwa" (sa Conference Report, Abr. 1990, 61–62; o *Ensign*, Mayo 1990, 46–47).

Bigyang-diin na bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo, tayo ay may misyong magsasagip. "Ang ating misyon sa buhay bilang mga tagasunod ng Panginoong Jesucristo," ang sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "ay dapat na maging misyon ng pagliligtas" (sa Conference Report, Okt. 1991, 78; o *Ensign*, Nob. 1991, 59). Tulad ng sinabi ni Pangulong Monson, ang ating paglilingkod ay maaaring hindi kasing dula ng sakripisyong ginawa ng tatlong kabataang lalaki sa kuwento. Gayunpaman, makatutulong tayo sa pagsagip ng mga miyembro ng mag-anak, kaibigan, at iba pa sa pamamagitan ng simpleng pang-araw-araw na pagsisikap na mahalin, paglingkuran, at turuan sila.

- Anu-ano ang ilang bagay na magagawa natin upang masagip ang mga taong nangangailangan? (Isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Bilang bahagi ng aralin, ibahagi ang sumusunod na sipi.)

Sa pagbanggit sa pagdurusa ng mga pangkat na Martin at Willie ng hinihilang kariton, sinabi ni Pangulong Hinckley:

"Nagpapasalamat ako na ang mga araw na iyon ng pagbubunsod ay nakalipas na. Nagpapasalamat ako na wala tayong mga kapatid na lalaki at babae na sapilitang namalagi sa niyebe, naninigas sa lamig at naghihingalo, habang sinisikap na makarating dito, sa kanilang Sion sa mga kabundukan. Subalit may mga tao, na hindi lamang iilan, na ang mga kalagayan ay kalunus-lunos at humihingi ng tulong at pagsagip.

"Napakarami ang nagugutom at naghihikahos sa magkabilang panig ng daigdig na ito na nangangailangan ng tulong. . . . Ang sa atin ay isang dakila at banal na tungkuling abutin at tulungan sila, iangat sila, pakainin sila kung nagugutom, pangalagaan ang kanilang espiritu kung nauuhaw sila sa katotohanan at kabutihan.

"Napakaraming kabataan ngayon ang naliligaw ng landas at binabagtas ang masalimuot na buhay ng droga, barkada, imoralidad at ang mga sakit na dulot ng mga bagay na ito. May mga balo na umaasam sa magiliw na tinig at nasasabik sa mapagmahal na pagmamalasakit. Nariyan ang mga dati'y masigla sa pananampalataya, ngunit sa ngayon ay nanlalamig na sa pananampalataya. Marami sa kanila ang nagnanais na makabalik ngunit hindi alam kung ano ang gagawin. Kailangan nila ang mapagkawanggawang kamay na aabot sa kanila. Sa kaunting pagsisikap, marami sa kanila ang maibabalik upang muling mabusog sa hapag kainan ng Panginoon.

"Mga kapatid, umaasa ako, nananalangin ako na ang bawat isa sa atin . . . ay magpapasiyang hanapin ang mga nangangailangan ng tulong, na nasa kalunus-lunos at mahirap na kalagayan, at pasiglahin sila sa pamamagitan ng pagtanggap ng Simbahan, kung saan ang malalakas na kamay at mapagmahal na puso ay pasisiglahin sila, aaliwin sila, aalalayan sila, at ibabalik sila sa masaya at makabuluhang buhay" (sa Conference Report, Okt. 1996, 118; o *Ensign*, Nob. 1996, 86).

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na banal na kasulatan, humahanap ng payo kung ano ang magagawa natin upang masagip ang mga nangangailangan. Gamitin ang mga tanong upang makahikayat ng talakayan at pagsasagawa.

a. D at T 4:3–7; Moroni 7:45–48. Paano makatutulong sa atin ang mga katangiang nakalista sa mga sumusunod na talata upang sagipin ang mga nangangailangan?

b. D at T 18:10–16. Anu-anong oportunidad ang taglay natin upang maituro ang ebanghelyo at hikayatin ang iba na magsisi?

c. D at T 52:40. Ano ang magagawa natin upang tulungan ang "mga maralita at ang mga nangangailangan, ang maysakit at naghihirap"? Bakit hindi tayo maituturing na mga disipulo ng Tagapagligtas kung hindi natin tutulungan ang mga nangangailangan?

d. D at T 81:5–6. Ano ang ibig sabihin ng "itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina"? Paano naaangkop ang kautusang ito sa mga espirituwal na pangangailangan gayundin sa pisikal na pangangailangan?

e. D at T 138:58. Paano natin masasagip ang mga tao sa pamamagitan ng gawain sa templo?

f. 3 Nephi 18:31–32. Ano ang magagawa natin upang "patuloy na maglingkod" sa mga nagsilayo sa Simbahan?

- Atasan ang mga miyembro ng klase na pag-isipan ang pagsagip sa mga pangkat na Martin at Willie ng hinihilang kariton. Habang sinisikap nating tulungan ang iba, ano ang matutuhan natin mula sa mga halimbawa nina Pangulong Young at sa mga banal na sumagip sa mga naantala sa paglalakbay na mga pangkat ng hinihilang kariton? (Maaaring ibilang sa mga sagot na hindi natin dapat ipagpaliban ang ating pagsisikap, na dapat na madalas nating isaisantabi ang sarili nating mga alalahanin upang tugunan ang mga pangangailangan ng iba, at dapat na manampalataya tayo.)

---

Katapusan

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na maghanap ng mga paraan upang isagawa ang mga alituntuning tinalakay sa araling ito. Bigyang-diin na habang sinisikap nating tulungan yaong mga nangangailangan ng pagsagip, hindi tayo dapat na sumuko. Kailangang alisin natin ang pagkamakasarili, at tumulong nang may pagmamahal. Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ideya bilang karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin.

**1. "Nakikilala natin ang [Diyos] sa panahon ng ating pinakamatinding kagipitan.**

Atasan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibahagi ang kuwento ni Nellie Pucell mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 93–94. Anyayahan ang iba pang miyembro ng klase na maghandang ibahagi ang kuwento ng taong nagpatotoo na siya at ang iba pang mga tagabunsod ng hinihilang kariton ay "nakilala ang [Diyos] sa [kanilang] pinakamatinding kagipitan" (*Ang Ating Pamana*, pahina 94).

- Ano ang matututuhan natin mula sa mga kuwentong ito? Paano ninyo nalaman na higit nating makikilala ang Diyos habang pinagtitiisan natin ang mga pagsubok?

Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari ninyong ipabasa sa mga miyembro ng klase ang D at T 122:5–8.

**2. "Kung kailangan mang iligtas ang daigdig, tayo ang dapat na gumawa nito"**

Upang mabigyang-diin ang ating responsibilidad na sagipin ang mga nangangailangan, ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Ang ating mensahe ay kinakailangan, kapag inisip ninyo na ang kaligtasan, ang walang hanggang kaligtasan ng daigdig ay nakaatang sa mga balikat ng Simbahang ito. Matapos masabi at magawa ang lahat, kung kailangan mang iligtas ang daigdig, tayo ang dapat na gumawa nito. Hindi natin matatakasan

ito. Walang ibang tao sa kasaysayan ang nakatanggap ng ganyang klaseng utos maliban sa atin. Responsibilidad natin ang lahat ng taong nabuhay sa mundo. Iyan ay kinabibilangan ng ating kasaysayan ng mag-anak at gawain sa templo. Responsable tayo sa lahat ng mga nabubuhay ngayon sa daigdig, at iyan ay kinabibilangan ng ating gawaing misyonero. At may pananagutan tayo sa lahat ng mabubuhay pa lamang sa daigdig" (*Church News*, ika-3 ng Hulyo 1999, 3).

**3. Pagtatanghal ng video na "Tried in All Things"**

Kung may makukuha na videocassette na *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang na ipalabas ang "Tried in All Things," isang apat na minutong yugto.

Aralin
# 36

# "Ang Ilang ay Magagalak, at Mamumulaklak na gaya ng Rosas"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano sila pinagpala ng mga sakripisyo ng mga naunang Banal sa Lambak ng Salt Lake at hikayatin silang sundin ang halimbawa ng matatapat na mga miyembrong ito.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang *Ang Ating Pamana*, mga pahina 97–115.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35688 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang mga miyembro ng klase na maghandang ibuod ang mga sumusunod na bahagi mula sa Ang Ating Pamana:
   a. "Ang Unang Taon sa Lambak" at "Mga Paggalugad" (mga pahina 98–101).
   b. "Mga Panawagan para sa Pananakop" (mga pahina 104–7).
   c. "Sumagot ang mga Misyonero sa Panawagan" (mga pahina 101–4).
   d. "Ang Gawaing Misyonero" (mga pahina 111–15).
4. Kung may makukuha sa mga sumusunod na larawan, ihandang ipakita ang mga ito sa oras ng aralin: Templo sa Salt Lake (62433 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 502; pahina 265 sa manwal na ito); Brigham Young (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 507); at John Taylor (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 508).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang larawan ng Templo ng Salt Lake. Ipaliwanag na sa ilalim ng lupang kinatatayuan ng templo ay isang matibay na pundasyon na mula sa malalaking tipak ng bato. Ang pundasyon na ito ay sumusuporta sa maringal na templong ito sa loob ng higit na 150 taon.

- Bakit mahalaga na ang pundasyon ng gusali ay matibay at malalim?

Ipaliwanag na tulad ng mga gusali na nangangailangan ng matibay na pundasyon, gayundin ang ating buhay. Ang araling ito ay tumatalakay sa pagtatayo ng Templo sa Salt Lake at ang mga pagpupunyagi ng mga tagabunsod na sakupin ang kanilang bagong tahanan at ipalaganap ang ebanghelyo. Tinatalakay din nito ang ilan sa mga pangunahing alituntunin kung saan itinuon ng naunang mga Banal ang kanilang buhay at kung paano tayo matututo mula sa kanilang mga halimbawa.

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning tinalakay ninyo.

**1. "Dito itatayo ang templo ng ating Diyos."**

Ipaliwanag na noong ika-28 ng Hulyo 1847, apat na araw mula nang dumating sa Lambak ng Salt Lake, tumayo si Pangulong Brigham Young sa mismong lugar kung saan nakatayo ngayon ang templo sa Salt Lake. Itinusok niya ang kanyang tungkod sa lupa at sinabing: "Dito itatayo ang templo ng ating Diyos" (sa *Deseret Evening News*, ni Wilford Woodruff, ika-25 ng Hulyo, 1888, 2). Alinsunod dito ay nagsimula ang sakripisyo at mga biyaya ng pagtatayo ng isa pang templo.

Sinabi ni Elder John A. Widtsoe ng Korum ng Labindalawa, "Ang mga tagabunsod ay nagugutom at nanghihina; kailangan nila ng pagkain at pahinga; ang kapaligiran nila ay isang malupit na disyerto, subalit sa gitna ng gayong mga pisikal na paghamon, sila ay bumaling muna sa pagtatayo ng templo at sa pagkaing espirituwal at lakas na ipinagkakaloob ng templo" (sa Conference Report, Abr. 1943, 38).

Sa loob ng isang linggo matapos markahan ni Pangulong Young ang mismong lugar para sa templo, sinimulang sukatin ng mga Banal ang lupa ng bagong lungsod, na ang sentro ng pagsukat ay ang templo. Ang balangkas ng lungsod ay tumulong na magtuon sa mga tao sa templo.

- Bakit nararapat na ang templo ay maging sentro ng ating buhay ngayon? (Tingnan ang sumusunod na sipi.) Paano natin magagawang higit na mahalagang bahagi ng ating buhay ang templo?

  Itinuro ni Pangulong Howard W. Hunter:

  "'Aming. . .binibigyang-diin ang pansariling mga biyaya ng pagsamba sa templo at ang kabanalan at kaligtasan na nakalaan sa loob ng mga banal na pader na iyon. Ito ay bahay ng Panginoon, isang lugar ng paghahayag at ng kapayapaan. Sa ating pagdalo sa templo, natututuhan natin nang mas mabuti at mas malalim ang layunin ng buhay at ang kahalagahan ng pagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoong Jesucristo. Gawin natin ang templo, kalakip rito ang pagsamba sa templo at kasal sa templo, na siya nating pinakamataas na layunin sa lupa at ang pinakabanal na karanasan sa lupa. . . .

  "Nawa'y hayaan ninyo na ang kahulugan at kagandahan at kapayapaan ng templo ay dumating sa inyong pang-araw-araw na buhay nang puspusan" (sa Conference Report, Okt. 1994, 118; o *Ensign*, Nob. 1994, 87–88).

Ipakita ang larawan ng Templo sa Salt Lake. Ipaliwanag na ang paghuhukay para sa malawak na pundasyon ay ginawa sa pamamagitan ng kamay, na nangangailangan ng libu-libong oras nang paggawa. Ang mga batong panulok ay inilatag noong ika-6 ng Abril 1853. Matapos ang ilang taong paggawa sa pundasyon, huminto ang mga Banal sa paggawa dahil sa problema sa pamahalaan ng Estados Unidos. Ang pangulo ng Estados Unidos ay nakatanggap ng mga maling balita na ang mga Banal ay naghihimagsik laban sa pamahalaan, kung kaya't nagpadala siya ng hukbo sa Lambak ng Salt Lake. Bilang tugon,

pinatabunan ng lupa ni Brigham Young sa mga Banal ang pundasyon upang magmistula itong isang pangkaraniwang bukirin.

Kalaunan nang hukayin ng mga Banal ang *sandstone* na pundasyon, napuna nila ang mga bitak sa mga bato. Inalis nila ang *sandstone* at pinalitan ito ng matibay na mga batong granite. Iginiit ni Pangulong Young na tanging pinakamahusay na materyal at pagkakagawa lamang ang dapat na gamitin sa pagtatayo ng templo. Sinabi niya:

"Nais kong makita ang templo na itinayo sa paraang ito ay tatagal hanggang sa Milenyo. Hindi lamang ito ang templong itatayo natin; daan-daan pa ang itatayo at ilalaan sa Panginoon. . . . At kapag nagwakas na ang Milenyo . . . nais kong manatiling nakatayo pa rin ang templo bilang isang maipagmamalaking sagisag ng pananampalataya, pagtitiis at kasipagan ng mga Banal ng Diyos sa mga kabundukan, sa ikalabing siyam na siglo" (*Discourses of Brigham Young*, tinipon ni John A. Widtsoe [1941], 395).

Maraming taon ang ginugol ng mga Banal sa pagtibag, pagdala at paghubog sa mga batong granite para sa pagtatayo ng templo. Sa panahong ito, nakibaka sila para lamang patuloy na mabuhay, inubos ng mapanira ang kanilang pananim, nagmisyon sa malalayong lupain, at tumanggap ng mga tawag na iwan ang kanilang mga tahanan at magtayo ng mga komunidad sa malalayong lugar. Sa kabila ng maraming hamon na ito, nagtiyaga pa rin ang mga Banal, at sa tulong ng Panginoon, sila ay nagtagumpay. Ang Templo sa Salt Lake ay inilaan noong 1893, 40 taon pagkaraang mailatag ang mga batong panulok.

- Ano ang matututuhan natin mula sa pagtitiyaga ng mga Banal habang ginagawa nila ang Templo ng Salt Lake? Paano makatutulong sa atin ang halimbawa ng pagtitiyaga ng mga Banal?

  Nang si Jeffrey R. Holland ay pangulo pa ng Brigham Young University, inihambing niya ang pagtatayo ng ating buhay sa pagtatayo ng Templo sa Salt Lake:

  "Tinukoy ng bantog na *Scientific American* [Siyentipikong Amerikano] ang [Templo sa Salt Lake] bilang 'sagisag ng pagtitiyaga ng mga Mormon.' At gayon na nga. Dugo, paggawa, luha, at pawis. Ang pinakamahuhusay na bagay ay laging karapat-dapat na tapusin. 'Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Diyos?' (I Mga Taga Corinto 3:16.) Tunay nga na tayo ay gayon. Kahit tila matagal at mabigat ang paggawa, dapat na patuloy nating hubugin at isalansan ang mga bato na makapangyayari na ang *ating* mga naisakatuparan ay maging isang maringal at kahanga-hangang gawa. 'Dapat nating samantalahin ang bawat pagkakataong matuto at umunlad, mangarap at makakita ng mga pangitain, magsumikap para sa kanilang kaganapan, matiyagang maghintay kung wala tayong ibang pagpipilian, magpahinga panandali sa ating pakikibaka ngunit bumangong muli at makipaglaban. . . . Tayo ay naglalatag ng pundasyon ng isang dakilang gawain—ang sarili nating bukas na hindi matatawaran" (*However Long and Hard the Road* [1985], 127).



**Templo sa Salt Lake**. Inilaan noong 1893, gumugol ng 40 taon para maitayo ang templong ito.

**2. Ang mga Banal ay naging masunurin habang tinitirhan at sinasakop nila ang Lambak ng Salt Lake at iba pang mga karatig-pook.**

Ipaliwanag na ang mga Banal ay humarap sa malalaking paghamon nang simulan ang gawain ng paninirahan sa Lambak ng Salt Lake at sa mga karatig-pook. Atasan ang itinalagang miyembro ng klase na ibuod ang mga bahaging "Ang Unang Taon sa Lambak" at "Mga Paggalugad" mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 98–101.

- Anong mga katangian ang tumutulong sa mga Banal na makayanan ang mahihirap na pagsubok na kinaharap nila noong mga unang taon sa Lambak ng Salt Lake? Anong mga situwasyon sa buhay natin ngayon ang maaaring mangailangan din ng ganoong mga katangian?
- Paano nabiyayaan ang mga Banal sa panahon ng kanilang paghihirap? Paano kayo nabiyayaan ng Panginoon sa oras ng paghihirap?

Atasan ang itinalagang miyembro ng klase na ibuod ang bahaging "Mga Panawagan para sa Pananakop" mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 104–7.

- Ano ang mga hinangaan ninyo sa kuwento tungkol kina Charles Lowell Walker at Charles C. Rich?

Ipaliwanag na ang dalawang kapatid na ito at ang kanilang mag-anak ay mga dakilang halimbawa ng pagsunod. Ang isa sa mga pinakadakilang aral ng kasaysayan ng Simbahan ay ang mabibiyayaan tayo kapag sinusunod natin ang Panginoon at ang Kanyang mga propeta. Ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaman din ng maraming aral tungkol sa mga biyaya ng pagsunod. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na banal na kasulatan. Talakayin kung ano ang itinuturo ng bawat taludtod tungkol sa pagsunod, tulad ng ipinapakita sa gawing ibaba.

a. D at T 58:2–4. (Kung sumusunod tayo sa mga kautusan at "matapat sa kapighatian," tayo ay "puputungan ng maraming kaluwalhatian.")
b. D at T 64:33–34. (Yaong may mga pagkukusa at masunurin ay bibiyayaan sa lupain ng Sion sa mga huling araw.)
c. D at T 82:10. (Ang Panginoon ay nakatali kapag ginagawa natin ang Kanyang sinasabi. Bibiyayaan Niya tayo kapag sinusunod natin ang Kanyang mga kautusan.)
d. D at T 93:1. (Yaong mga nagsisisi, lumalapit sa Tagapagligtas, at sumusunod sa Kanyang mga kautusan ay makikita ang Kanyang mukha.)
e. D at T 130:19–21. (Ang isang tao na nagtatamo ng maraming kaalaman at katalinuhan sa buhay na ito sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap at pagiging masunurin ay magkakaroon ng labis na kalamangan sa daigdig na darating. Nagtatamo tayo ng mga pagpapala sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ng Diyos.)

- Anu-anong karanasan ang angkop na maibabahagi ninyo na nagturo sa inyo ng kahalagahan ng pagsunod. Bagama't hindi tayo tinawag upang manakop ng bagong mga lugar, sa anu-anong paraan tayo inaatasang sumunod sa propeta ngayon? Ano ang mga nararamdaman ninyo kapag kayo ay masunurin sa kalooban ng Diyos?

**3. Ang mga misyonero ay nagsakripisyo upang maituro ang ebanghelyo sa buong daigdig.**

Ipaliwanag na habang naninirahan ang mga Banal sa Lambak ng Salt Lake, tumawag si Pangulong Brigham Young ng mga misyonero upang maglingkod sa buong daigdig. Atasan ang inatasang miyembro ng klase na ibuod ang bahaging "Sumagot ang mga Misyonero sa Panawagan" mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 101–4.

- Sa anu-anong dako ng daigdig ipinangaral ng mga Banal ang ebanghelyo habang pinamumunuan ni Brigham Young ang Simbahan? Anu-anong sakripisyo ang ginawa ng mga naunang Banal na ito upang ibahagi ang ebanghelyo sa mga tao sa buong daigdig?
- Paano nakatulong ang pananampalataya at mga panalangin ni Elder Lorenzo Snow upang mabuksan ang puso ng mga tao sa Italya sa mensahe ng ebanghelyo?
- Ano ang matututuhan natin mula sa mga halimbawa ni Elder Edward Stevenson? Kina Elizabeth at Charles Wood? Kay Elder Joseph F. Smith?

Pinamunuan ni Pangulong Brigham Young ang Simbahan sa loob ng 33 taon. Pagkamatay ni Pangulong Young noong 1877, pinamunuan ni John Taylor ang Simbahan nang tatlong taon bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa, at pagkatapos ay sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-10 ng Oktubre 1880 (*Ang Ating Pamana*, pahina 111).

Ipaliwanag na sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Taylor, patuloy na ipinangaral ng mga Banal ang ebanghelyo sa buong daigdig. Atasan ang itinalagang miyembro ng klase na ibuod ang bahaging "Ang Gawaing Misyonero" mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 111–15.

- Sa anu-anong dako ng daigdig ipinangaral ng mga Banal ang ebanghelyo habang pinamumunuan ni Pangulong John Taylor ang Simbahan?
- Paano ginabayan si Milton Trejo sa buong buhay niya upang makabahagi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos? Paano natin lalong maihahanda ang ating sarili sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos?
- Ano ang matututuhan natin mula sa mga kuwento tungkol kay Elder Thomas Biesinger? Kina Elder Kimo Pelio at Samuela Manoa? kina Elder at Kapatid na Dean? kina Jonathan at Kitty Napela?

---

Katapusan

Bigyang-diin na sa Lambak ng Salt Lake, ang mga Banal ay nagtayo ng matibay na pundasyon para sa templo ng Panginoon at para sa kanilang buhay. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na sundan ang halimbawa ng pananampalataya, pagtitiyaga, pagsunod, at pagnanais na ibahagi ang ebanghelyo ng mga sinaunang Banal. Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

Aralin

# 37 "Salamat, O Diyos, sa Propeta"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na kilalanin ang pangangailangan natin sa isang buhay na propeta, unawain ang kanyang papel na ginagampanan, at matapat na sundin pang lalo ang kanyang payo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan sa araling ito sa *Ang Ating Pamana*, pahina 158.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang isang miyembro ng klase na maghandang isalaysay ang kuwento tungkol kay Elder Spencer W. Kimball na tumutulong sa isang ina at sa kanyang anak sa isang paliparan (*Ang Ating Pamana*, pahina 158).
4. Maghandang ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Salamat, O Diyos, sa Propeta" (*Mga Himno*) kung binabalak ninyong gamitin ito sa katapusan ng aralin. O atasan ang isang miyembro o isang pangkat ng mga miyembro ng klase na maghandang awitin ito.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ibahagi ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Pangulong Hugh B. Brown ng Unang Panguluhan:

Bago tawagin si Pangulong Brown bilang Pangkalahatang Awtoridad, nagtrabaho siya ng ilang panahon sa Inglatera bilang tagapagtanggol o abogado. Kinaibigan niya ang isang kilalang Ingles na miyembro ng House of Commons at dating huwes ng kataas-taasang hukuman ng Britanya. Ang dalawang lalaki ay madalas na magtalakayan tungkol sa iba't ibang paksa, kabilang na ang relihiyon.

Noong 1939, nang tila papasiklab na ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tinawag ng Ingles si Kapatid na Brown sa kanyang tanggapan. Inatasan niya si Kapatid na Brown na ipagtanggol ang kanyang paniniwalang pangrelihiyon tulad ng pamamaraan niya ng pagtalakay sa isang usaping legal. Sa isang talumpati sa pangkalahatang komperensiya, ginunita ni Pangulong Brown ang isang bahagi ng kanilang pag-uusap:

"Sinimulan ko sa pagtatanong ng, 'Maaari po ba akong magpatuloy ginoo, sa pagpapalagay na kayo ay isang Kristiyano?'

"'Oo"

"'Ipinagpapalagay kong naniniwala kayo sa Biblia—ang mga Luma at Bagong Tipan?'

"'Naniniwala ako!"

Sinabi ng Ingles na naniniwala siya sa mga tala sa Biblia na naglalahad ng pakikipag-usap ng Panginoon sa mga propeta. Gayunpaman, ipinaggiitan niya na ang gayong pakikipag-usap ay huminto na pagkatapos na pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Nagpatuloy ang pag-uusap sa isa pang tanong mula kay Kapatid na Brown: "Sa palagay mo, bakit huminto ito?"

"'Hindi ko masabi.'

"Sa palagay ba ninyo ay hindi na nakipag-usap ang Diyos mula noon?"

"'Hindi sa pagkakaalam ko.'

"'Maaari ba akong magmungkahi ng maaaring dahilan kung bakit hindi siya nakipag-usap. Marahil ay dahil hindi niya magawa. Nawalan na siya ng kapangyarihan.

"Sinabi niya, 'Kalapastanganan na iyan.'

"'Kung ganoon, kung ayaw ninyong tanggapin iyan, marahil ay hindi siya nakikipag-usap sa tao sapagkat hindi na niya tayo mahal. Hindi na siya interesado sa mga gawain ng tao.'

"'Hindi,' aniya, 'Mahal ng Diyos ang lahat ng tao, at hindi siya nagtatangi ng mga tao.'

"'Kung gayon, . . . ang tanging maaaring sagot sa pagkakakita ko ay hindi natin siya kailangan. Napakabilis na ng pag-unlad natin sa edukasyon at agham kaya hindi na natin kailangan ang Diyos.'

"At pagkatapos ay sinabi niya, at nanginginig ang kanyang tinig habang iniisip niya ang nalalapit na digmaan," 'Ginoong Brown hindi kailanman higit na kinailangan sa kasaysayan ng daigdig ang tinig ng Diyos kundi sa ngayon. Marahil ay masasabi mo sa akin kung bakit hindi siya nagsasalita.'

"Ang kasagutan ko ay, 'Nagsasalita siya, nakikipag-usap na siya; subalit kailangan ng tao ang pananampalataya upang marinig siya'" (sa Conference Report, Okt. 1967, 117–18; o *Improvement Era*, Dis. 1967, 36–37).

Bigyang-diin na patuloy na nakikipag-usap ang Panginoon ngayon sa pamamagitan ng buhay na propeta. Ang araling ito ay tumatalakay sa mga biyaya na nagmumula sa paggabay ng buhay na propeta at sa ating responsibilidad na sumunod sa kanyang payo.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning tinatalakay ninyo.

**1. Ang pangangailangan natin sa isang buhay na propeta**

- Bakit kailangan natin ang buhay na propeta ngayon? (Maaari ninyong bigyang-diin na ang payo ng buhay na propeta ay nakatutulong na matugunan natin ang lahat ng mga pangunahing problema at pangangailangan ng ating panahon.)

  Habang naglilingkod bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa, sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Ang pinakamahalagang propeta, kung tayo ang tatanungin, ay ang ang nabubuhay sa ating panahon. Ito ang propetang may mga tagubilin sa atin para sa ngayon mula sa Panginoon. Ang paghahayag ng Diyos kay Adan ay hindi nagtagubilin kay Noe na gumawa ng arka. Bawat salinlahi ay may pangangailangan sa sinaunang banal na kasulatan at kasalukuyang banal na kasulatan mula sa buhay na propeta. Samakatuwid, ang pinakamahalagang pagbabasa at pagninilay-nilay na dapat ninyong gawin ay sa pinakahuling mga salitang binigyang-inspirasyon mula sa tagapagsalita ng Panginoon" (sa Conference Report, Korea Area Conference 1975, 52).

- Paano kayo nabiyayaan dahil mayroong buhay na propeta ngayon sa daigdig?

**2. Ang papel na ginagampanan ng ating buhay na propeta**

Ipaliwanag na ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Gayunpaman, tanging ang Pangulo ng Simbahan ang may awtoridad na tumanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan at gumamit ng lahat ng susi ng pagkasaserdote na kailangan sa pamamahala ng Simbahan.

Ang Doktrina at mga Tipan ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa papel na ginagampanan ng ating buhay na propeta. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na nakahilig na sangguniang banal na kasulatan. Pagkatapos ay ipatukoy sa kanila kung ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatan na iyon tungkol sa papel na ginagampanan ng ating buhay na propeta (ang mga iminungkahing sagot ay nasa mga panaklong). Ibuod ang mga kasagutan sa pisara. Pagkatapos ay talakayin ang mga sagot.

A. *Doktrina at mga Tipan 1:38; 21:4–5; 43:2; 68:3–4.* (*Nagsasalita ang propeta para sa Panginoon at inihahayag ang kalooban ng Panginoon*.)

- Ano ang ilang paksa kung saan ay nakatanggap tayo ng paggabay mula sa mga makabagong propeta? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagbuo ng matatag na mag-anak, paggawa ng gawain sa templo, pagtulong sa mga bagong miyembro ng Simbahan, pag-iwas sa utang, at pagbabasa ng Aklat ni Mormon.)

B. *Doktrina at mga Tipan 20:21–26; Mosias 13:33. (Nagpapatoo ang propeta tungkol kay Jesucristo at nagtuturo ng ebanghelyo.)*

- Paano napalakas ang inyong patotoo ng mga salita ng buhay na propeta?

C. *Doktrina at mga Tipan 21:1; Mosias 8:13–18. (Ang propeta ay isang tagakita.)*

- Ano ang tagakita? (Ang tagakita ay isang propeta kung kanino iginagawad ng Diyos ang dakilang kapangyarihang malaman ang nakaraan at hinaharap. Maaari niyang malaman ang mga bagay na hindi nalalaman o nakatago. Maaari din siyang magkaroon ng kapangyarihang magsalin ng mga sinaunang tala.)
- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 101:43–54. Sa talinghagang ito, anong kautusan ang hindi nasusunod ng tagapaglingkod? (Tingnan sa D at T 101:46– 50.) Ano ang maaaring naiwasan kung itinayo lamang ng tagapaglingkod ang tore? (Tingnan sa D at T 101:51–54.) Paano ito naaangkop sa pagtalima na ibinibigay natin sa Pangulo ng Simbahan?
- Nakikita ng Pangulo ng Simbahan ang kaaway “samantalang siya ay malayo pa” (D at T 101:54). Anong mga panganib ang nakita at ipinagbigay-babala sa atin ng mga propeta sa mga huling araw?

D. *Doktrina at mga Tipan 107:91–92. (Namumuno ang propeta sa buong Simbahan.)*

- Anu-anong biyaya ang natatanggap natin dahil ang totoong Simbahan ay pinamumunuan sa tuwina ng isang propetang pinili at ginagabayan ng Diyos?
- Paano natin masasang-ayunan ang propeta sa kanyang papel na ginagampanan bilang Pangulo ng Simbahan? (Tingnan sa D at T 107:22.)

**3. Pakikinig sa mga salita ng ating buhay na propeta**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 21:4–6. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa ating responsibilidad na makinig sa propeta? Ano ang ipinapangako ng Panginoon kung ating susundin ang payo ng propeta?

  Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee: “Ang tanging kaligtasan lamang na mayroon tayo bilang mga miyembro ng Simbahang ito ay ang gawin nang walang labis at walang kulang ang sinabi ng Panginoon sa Simbahan noong araw na itatag ang Simbahan [tingnan sa D at T 21:4–5]. . . . May mga bagay na nangangailangan ng tiyaga at pananampalataya. Maaaring salungat ito sa inyong mga politikal na pananaw. Maaaring salungat ito sa inyong mga panlipunang pananaw. Maaaring makahadlang ito sa inyong pamumuhay sa lipunan. Subalit kung pakikinggan ninyo ang mga bagay na ito na para bang ito ay nagmula mismo sa bibig ng Panginoon, nang may tiyaga at pananampalataya, ang pangako ay ‘ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo ‘ [D at T 21:6]” (sa Conference Report, Okt. 1970, 152; o *Improvement Era*, Dis. 1970, 126).

- Paano natin matututuhan ang binigyang-inspirasyon na payo ng propeta? (Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga mensahe sa pangkalahatang komperensiya, Mensahe ng Unang Panguluhan, at iba pang lathalain sa mga magasin ng Simbahan at sa pakikinig sa mga liham ng Unang Panguluhan na binabasa sa mga pulong ng Simbahan.)

  Sa pagtatapos ng isang pangkalahatang komperensiya, sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, “Sa susunod na anim na buwan, ang pangkomperensiyang

edisyon ng *Ensign* ay dapat na maging kaagapay ng inyong mga pamantayang banal na kasulatan at madalas na pagsasanggunian" (sa Conference Report, Abr. 1988, 97; o *Ensign*, Mayo 1988, 84).

Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, sinabi din ni Elder Harold B. Lee ang gayong pahayag habang idinaraos ang isang pangkalahatang komperensiya. Sinabi niya na ang ulat ng komperensiya ay dapat na "maging gabay ng ating pagkilos at pagsasalita sa susunod na anim na buwan" (sa Conference Report, Abr. 1946, 68).

- Paano natin higit na mapag-aaralan at magagamit ang mga talumpati sa pangkalahatang komperensiya bilang indibiduwal at bilang isang mag-anak?
- Paano kayo nabibiyayaan habang sinusunod ninyo ang payo ng propeta?

Ibahagi ang sumusunod na kuwentong isinalaysay ni Elder Bruce D. Porter ng Pitumpu:

"Noong ako at ang aking asawa ay bagong kasal pa lang, tumira kami sa Boston, kung saan ako nag-aral. Isa pang batang mag-asawa ang lumipat sa purok namin di pa nagtatagal mula nang lumipat kami roon. Mga dalawang taon na silang miyembro. . . . Nagmamalasakit ako sa magiging kalagayan nila, . . . kaya isang kasiyahan para sa akin na tanggapin ang tungkuling maging kanilang tagapagturo ng tahanan. Umaasa ako na matutulungan ko silang mapalakas ang kanilang patotoo sa ebanghelyo.

"Dumating kaming mag-asawa isang gabi sa kanilang simpleng apartment upang turuan sila. Katatapos lamang nila ng gabing pantahanan ng mag-anak kasama ang kanilang munting sanggol. Ikinintal ko sa isip ko na magandang ideya na magsimula na kaming magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak para kapag nagkaanak na kami ay makakagawian na namin iyon. Pagkatapos ay sabik na ipinakita nila sa amin ang kanilang Aklat ng Alaala na kung saan ay marami na silang natipon na mga pangalan ng kanilang mga ninuno sa magkabilang panig ng kanilang mag-anak. Naalala ko na matagal-tagal ko na ring hindi tinitingnan ang aking Aklat ng Alaala.

"Pagkatapos ng aming aralin ay dinala nila kami sa tagong balkonahe sa likod kung saan may mga balde ng pinaglagyan ng sorbetes na punung-puno ng trigo, asukal, harina at iba pang pagkain—kumpletong suplay ng pagkain para sa loob ng isang taon. Inakala ko kahit paano, na bilang mga mag-aaral hindi naaangkop ang payong iyon sa amin! Nakadama ako nang sandaling iyon ng kapakumbabaan. Pumunta ako doon para turuan sila, ngunit sila ang nagtuturo sa akin sa bawat bagay. Nang umalis na kami sa maliit na apartment na iyon napansin ko ang larawan ng templo na nakasabit malapit sa kanilang pintuan. Naalala ko na sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na ang bawat mag-anak na Banal sa mga Huling Araw ay dapat na may larawan ng templo na nakasabit nang lantaran sa kanilang tahanan, at naalala ko na wala kami ni isa man sa aming bahay. . . .

"Umuwi ako na puspos ng pagsisisi. Nakita ko ang isang maliit na larawan ng Templo sa Swiss sa isang babasahing pangmisyon. Ginupit ko ito at idinikit sa aming pader. Mula noon lagi na kaming may larawan ng templo sa aming

tahanan. Tuwing titingnan ko ito, naaalala ko ang bagong mag-asawang miyembro na nagturo sa amin ng kahulugan ng ”pagsunod sa propeta’ “ (talumpating ibinigay sa komperensiya ng Istaka ng Bountiful, Mueller Park, ika-17 ng Ene. 1999).

### 4. Halimbawa ng pagmamahal na katulad ng kay Cristo na ipinakita ng mga propeta sa mga huling araw

Bigyang-diin na ang mga Pangulo ng Simbahan ay naglingkod sa iba nang walang pag-iimbot at nang buong pagmamahal. Marami tayong matututuhan mula sa kanilang halimbawa.

Isalaysay ang sumusunod na tala mula sa buhay ng Propetang si Joseph Smith:

Sina John Lyman Smith at ang kanyang mag-anak ay dumating sa Nauvoo noong unang paninirahan dito ng mga Banal. Ang tanging lugar kung saan maaaring tumuloy ang mag-anak ay isang kuwadra na yari sa troso. Ang lahat sa mag-anak, maliban sa ina ay agad na dinapuan ng lagnat bunga ng paninirahan sa latian. Ikinuwento ni John Lyman Smith ang tungkol sa karanasang ito:

“Ang ating Propetang Joseph Smith at ang kanyang kapatid na si Hyrum ay dumalaw sa amin at pinagaling kaming lahat, kabilang si Itay na nagdidiliryo mula sa matinding lagnat. Labis na nagpaginhawa sa amin ang kanilang mga salita nang sabihin nila sa amin sa pangalan ng Panginoon ‘kayong lahat ay magsisigaling.’ Nang papaalis na sa dampa, isinuot ni Joseph ang kanyang mga tsinelas sa mga paa ng aking ama at tumalon sa kanyang kabayo mula sa pintuan at umuwing nakayapak. Nang sumunod na araw inilipat ni Joseph ang aking ama sa sarili niyang tahanan hanggang sa gumaling siya” (sinipi sa *Stories about Joseph Smith the Prophet: A Collection of Incidents Related by Friends Who Knew Him*, tinipon ni Edwin F. Parry [1934], 33–34).

Hilingan ang itinalagang miyembro ng klase na ibahagi ang kuwento tungkol sa pagtulong ni Elder Spencer W. Kimball sa isang ina at sa kanyang mga anak sa paliparan (*Ang Ating Pamana*, pahina 158).

Matapos ang paglalahad ng miyembro ng klase, isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol kay Pangulong Gordon B. Hinckley:

Noong 1998 isang mapangwasak na unos ang puminsala nang lubos sa Gitnang Amerika. Nagpadala ang Simbahan ng malalaking bulto ng pagkaing pantawid gutom at suplay, ngunit nadama ni Pangulong Gordon B. Hinckley na dapat siyang magtungo sa Honduras at Nicaragua upang makadaupang-palad ang mga tao doon at palakasin ang kanilang loob. Hindi nagtagal sa isang Pamaskong debosyonal, ikinuwento ni Pangulong Hinckley ang tungkol sa dalawang taong gulang na batang babae na nakita niya sa kanyang paglalakbay na naulila sa sakuna. Namatay ang kanyang ina ilang buwan bago dumating ang buhawi at nang nanalanta ang unos, pinagpatung-patong ng ama ang mga kasangkapan sa bahay upang iwasan ang tumataas na tubig.

Isinalaysay ni Pangulong Hinckley na kumuha ang ama ng maliit na kutson at ipinatong ito sa ibabaw at inihiga rito ang [kanyang anak]. Dahil sa katarantahan at desperadong pagsisikap na makaligtas, inatake siya sa sakit at

namatay. . . .Walang nakaalam tungkol sa kanya, hanggang dalawang araw pagkaraan noon, isang kabataang lalaki ang di-sinasadyang napatingin sa iniwanang bahay na iyon at dinala siya sa obispo at sa asawa nito. Doon namin siya nakita. . . .

"Umaasa ako na sa panahong ito ng Kapaskuhan, kung kailan walang bigayan ng regalo para sa mga sinawimpalad na taong ito, ang munting naulilang ito ay makatatanggap at makatitikim ng kahit kendi, na matamis at masarap. Titiyakin ko na mangyayari iyan.

"Pagpalain nawa ng Diyos ang lahat ng tao saanman . . . na ang kanilang mga puso ay mabuksan at ang kanilang mga kamay ay maiabot sa mga nangangailangan" (*Church News*, ika-12 ng Dis. 1998, 4).

- Ano ang pumukaw sa inyong isipan tungkol sa mga ginawa ng mga propetang ito? Ano ang matututuhan natin mula sa kanilang halimbawa?

---

Katapusan

Bigyang-diin na tayo ay ginagabayan ng salita ng Diyos na ibinigay sa pamamagitan ng Kanyang propeta. Sa ating pakikinig sa payo ng propeta at pagtalima sa kanyang mga tagubilin, matatanggap natin ang gabay at lakas na kailangan upang harapin ang mga paghamon ng ating panahon. Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo hinggil sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

Maaari ninyong ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Salamat, O Diyos, sa Propeta" (*Mga Himno*). O hilingan ang itinalagang miyembro ng klase o pangkat ng mga miyembro ng klase na awitin ito.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

### 1. Hindi tayo kailanman ililigaw ng propeta

Bigyang-diin na magkaroon tayo ng ganap na pagtitiwala na ang propetang hinirang ng Diyos ay lagi tayong pamumunuan nang tama.

Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, itinuro ni Elder Ezra Taft Benson, "Panatilihin ninyong nakatuon ang inyong mata sa Propeta, sapagkat hindi pahihintulutan ng Panginoon na iligaw ng kanyang propeta ang Simbahang ito" (sa Conference Report, Okt. 1966, 123; o *Improvement Era*, Dis. 1966, 1145).

Habang naglilingkod bilang tagapayo sa Unang Panguluhan, itinuro ni Propetang Joseph F. Smith: "Kung ang Pangulo ng Simbahan ay hindi magiging matapat, aalisin siya ng Panginoon sa kanyang kinalalagyan. Pinatotohanan ko sa pangalan ng Diyos ni Israel na hindi niya hahayaan ang pinuno ng Simbahan, na kanyang piniling mamuno, na labagin ang kanyang mga batas at tumalikod sa katotohanan; sa sandaling tumahak siya ng landas na hahantong dito, aalisin siya ng Diyos. Bakit? Sapagkat ang pahintulutan ang isang masamang tao na hawakan ang katungkulang iyon ay pagpapahintulot na ring marumihan ang bukal, na isang bagay na hindi niya kailanman pahihintulutang mangyari" (*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 44–45).

**2. Propesiya at paghahayag tungkol sa digmaan**

Habang tinatalakay ninyo ang mga papel na ginagampanan ng isang propeta, maaari ninyong basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 87. Ang paghahayag na ito ay ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith noong 1832. Hinula dito ang mangyayaring Digmaang Sibil sa Estados Unidos, na nagsimula noong 1861.


**3. Pagtatanghal ng video na "Watchmen on the Tower"**

Kung may makukuhang videocassette na *Teachings from the Doctrine and Covenants and Church History* (53933), isaalang-alang na ipalabas ang "Watchmen on the Tower," isang apat na minutong yugto.


**4. Mga kontribusyon ng mga Pangulo ng Simbahan sa mga huling araw**

Ipakita ang mga larawan ng mga Pangulo ng Simbahan sa mga huling araw (62575 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 401, 507–20; tingnan din sa pahina 276). Kung gagamitin ninyo ang mga larawan mula sa aklatan ng bahay-pulungan o sa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo, maaari ninyong ipakita sa tabi ng bawat larawan ang pangalan ng propeta at ang mga petsa kung kailan siya naglingkod bilang Pangulo ng Simbahan, tulad ng ipinakikita sa pahina 276.


Hilingan ang mga miyembro ng klase na buklatin sa "Mga Pagkakasunud-sunod ng Pangyayari sa Kasaysayan ng Simbahan (Church History Chronology)" (mga pahina 342–44 ng manwal na ito at mga pahina 35–37 sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase*. Ipaliwanag na isa itong makatutulong na mapagkukunan sa paghahanap ng ilan sa mga pangunahing naiambag ng bawat Pangulo ng Simbahan.




Joseph Smith
1830–44




Brigham Young
1847–77




John Taylor
1880–87




Wilford Woodruff
1889–98




Lorenzo Snow
1898–1901



Joseph F. Smith
1901–18



Heber J. Grant
1918–45



George Albert Smith
1945–51



David O. McKay
1951–70



Joseph Fielding Smith
1970–72




Harold B. Lee
1972–73



Spencer W. Kimball
1973–85



Ezra Taft Benson
1985–94



Howard W. Hunter
1994–95



Gordon B. Hinckley
1995–

# "Sa Aking Sariling Pamamaraan"

Aralin
38

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga alituntunin ng kapakanang pang-espirituwal at pangtemporal at ipangako ang kanilang sarili para sa ibayong tiwala sa sariling kakayahan at paglilingkod sa mga maralita at nangangailangan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 38:30; 42:30–31, 42; 58:26–28; 104:13–18, at iba pang mga banal na kasulatan sa araling ito.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 130–32, 135–38.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang mga miyembro ng klase na maghandang ibuod ang sumusunod na impormasyon mula sa *Ang Ating Pamana*:
   a. Ang pagtatatag ng programang pangkapakanan (mga pahina 130–32).
   b. Ang tulong pangkapakanan na ibinigay sa mga nasa Europa pagkatapos ng Ika-II Digmaang Pandaigdig (ikatlong talata sa pahina 135 hanggang sa ikalawang talata ng pahina 138).
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, magdala ng backpack o bag sa klase. Magdala rin ng ilang malalaking bato na may mga sumusunod na marka: *Kawalan ng pananampalataya*, *Katamaran*, *Kakulangan ng edukasyon*, *Utang*, *Pagkabigong maghanda para sa hinaharap*.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na isakbit ang backpack o buhatin ang bag na dinala ninyo sa klase (tingnan sa "Paghahanda," aytem 4.) Ipaliwanag na marami sa atin ang nagdadala ng mabibigat na pasanin sa buong buhay nang hindi naman kinakailangan. Magsimulang ilagay ang mga bato sa backpack o bag, nang isa-isa, tinatalakay kung bakit ang bawat isa ay maaaring maging isang pasanin. Sa sandaling ilalagay na ninyo ang huling bato, ipaalam sa mga miyembro ng klase kung gaano na kabigat ang backpack o bag.

Ngayon alisin ang mga bato nang isa-isa. Ipaliwanag na kapag tinutulungan natin ang ating mga sarili na maiwaksi ang mga pasaning ito, mas magiging mainam ang ating buhay.

Ipaliwanag na ang mga propeta sa mga huling araw ay nagtuturo sa atin sa tuwina ng kahalagahan ng pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan at pagtulong sa mga nangangailangan. Ang araling ito ay tumatalakay sa mga alituntuning ito gayundin sa programang pangkapakanan ng Simbahan, na humihikayat sa mga miyembro na isagawa ang mga alituntuning ito.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning tinatalakay ninyo.

**1. Pagpapaunlad ng tiwala sa sariling kakayahan sa espirituwal na bagay**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 38:30. Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa kahalagahan ng tiwala sa sariling kakayahan? Paano ninyo napatunayang totoo sa inyong buhay ang payong ito?
- Ano ang ibig sabihin ng magtiwala sa sariling kakayahan batay sa mga espirituwal na bagay? (Kinakailangang pagsikapan nating paunlarin ang espirituwal na lakas upang magawa nating lutasin ang mahihirap na problema sa ating buhay at palakasin ang iba sa oras ng espirituwal nilang pangangailangan.) Bakit mahalagang magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan sa espirituwal na bagay.

  Si Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa ay nagsabi:

  'Tayo ay tinuruang mag-imbak ng isang taong suplay ng pagkain, kasuotan, at kung maaari, panggatong—*sa bahay*. . . . Hindi ba natin nakikita na ang gayunding alituntunin ay naaangkop sa inspirasyon at paghahayag, sa paglutas sa mga problema, sa payo, at sa gabay? Kailangan tayong magkaroon ng mapagkukunan nito na *nakaimbak sa bawat tahanan*. . . .

  "Kung maglalaho sa atin ang ating emosyonal at espirituwal na kakayahang makapagsarili, ang ating tiwala sa sariling kakayahan, maaari tayong manghina nang gayon na lamang, marahil ay higit pa, kaysa sa naging palaasa tayo sa materyal na bagay" (sa Conference Report, Abr. 1978, 136–37; o *Ensign*, Mayo 1978, 91–92).
- Paano tayo higit na magkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan sa mga espirituwal na bagay?
- Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na matutong magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan batay sa espirituwal na bagay?

**2. Pagpapaunlad ng tiwala sa sariling kakayahan sa temporal na bagay**

- Ano ang ibig sabihin ng magtiwala sa sariling kakayahan batay sa mga temporal na bagay? (Dapat nating gamitin ang mga biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa atin upang pangalagaan ang ating mga sarili at ating mga mag-anak. Kapag makakaya nating gumawa alinsunod sa pisikal at emosyonal nating kakayahan, hindi natin dapat na ipabalikat sa iba ang pagkalinga sa ating sarili o sa ating mag-anak.) Bakit mahalagang magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan sa temporal na bagay?

- Paano tayo higit na magkakaroon ng tiwala sa ating sariling kakayahan sa mga temporal na bagay? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagkatutong magtrabaho, pag-iimbak ng pagkain at iba pang panustos sa oras ng pangangailangan, maayos na pangangasiwa ng pananalapi, at pagtatamo ng maayos na edukasyon. Gamitin ang sumusunod na impormasyon upang matalakay o maragdagan ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Para sa impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng maayos na edukasyon, tingnan sa aralin 23.)

*Trabaho*

Ipaliwanag na pagkarating na pagkarating sa Lambak ng Salt Lake, pinangalanan ni Pangulong Brigham Young ang rehiyon ng *Deseret*, na isang salita mula sa Aklat ni Mormon na ang kahulugan ay "pukyutan" (Eter 2:3.) Nais ni Pangulong Young na maging masipag ang mga Banal sa kanilang bagong tahanan at sama-samang gumawa para sa ikabubuti ng lahat, katulad ng mga pukyutan. Dapat tayong magtaglay ng ganito ring saloobin sa gawain natin sa buhay.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 42:42 at 56:17. Anong babala ang ibinigay ng Panginoon sa mga mas pinipiling maging tamad? Gaano kahalaga ang paggawa (trabaho) sa kanilang buhay? (Tingnan ang sumusunod na sipi.) Paano naging isang biyaya sa inyong buhay ang pagtatrabaho? Paano ninyo natutuhan ang halaga ng pagtatrabaho? Paano matuturuan ng matatanda ang mga bata tungkol sa halaga ng pagtatrabaho?

  "Upang magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan, ang tao ay dapat magtrabaho. Ang trabaho ay pisikal, pangkaisipan at espirituwal na pagpupunyagi. Ito ang pangunahing pinagmumulan ng kaligayahan, pagpapahalaga sa sarili, at kaunlaran. Sa pamamagitan ng pagtatrabaho ang mga tao ay nakagagawa ng maraming mabubuting bagay sa kanilang buhay" (*Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at ng mga Pantulong na Samahan* [1998], 257).

- "Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa: "Ang pagtatrabaho ay isang espirituwal na pangangailangan sa tuwina kahit na, para sa ilan, ang pagtatrabaho ay hindi pangkabuhayang pangangailangan" (sa Conference Report, Abr. 1998, 50; o *Ensign*, Mayo 1998, 38). Bakit mahalaga sa atin ang pagtatrabaho sa espirituwal o sa temporal na bagay?

*Pag-iimbak ng pagkain at iba pang pangangailangan*

Ipaliwanag na sa loob ng maraming taon, sinasabi sa atin ng mga propeta sa mga huling araw na mag-imbak ng isang taong panustos ng pagkain at iba pang kinakailangan hangga't maaari. Kapag sinusunod natin ang payong ito, mas nagkakaroon tayo ng tiwala sa ating sariling kakayahan dahil nagagawa nating pangalagaan ang ating sarili sa mga oras ng pangangailangan.

*Ipinapaliwanag ng Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan:*

"Ang mga pinuno ng Simbahan ay hindi nagbigay ng eksaktong pormula tungkol sa kung ano ang dapat iimbak. Sa halip, iminumungkahi nila na magsimulang mag-imbak ang mga miyembro ng Simbahan ng mga bagay na kakailanganin upang patuloy silang mabuhay kung wala na sila talagang makakain. . . .

"Sa pamamagitan ng maingat na pagpaplano, ang maraming miyembro ng Simbahan ay makapag-iimbak ng isang taong panustos ng mga pangunahing bagay na kailangan upang madugtungan ang buhay. Gayunman, ang ilang miyembro ay walang salapi o lugar para makapag-imbak, at ang ilan ay pinagbabawalan ng batas na mag-imbak ng pagkain para sa loob ng isang taon. Dapat mag-imbak ang mga miyembrong ito hangga't makakaya nila batay sa kanilang mga katayuan. Matutustusan ng lahat ng miyembro ang kanilang sarili nang hindi kakaba-kaba sa pamamagitan ng pag-aaral na gumawa at maghanda ng mga pangunahing pagkain" (*Aklat 2*, 258).

- Anu-anong pangunahing pagkain ang maaaring iimbak sa inyong lugar? Ano na ang nagawa ninyo o ng iba pa upang makapag-imbak ng pagkain? Paano nagiging isang espirituwal at temporal na biyaya ang pagkakaroon ng sapat na imbak ng pagkain.

*Seguridad sa Pananalapi*

Upang magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan, mahalagang malaman natin kung paano pangangasiwaan ang ating pananalapi. Ang maling paghawak ng pera ay maaaring humantong sa maraming problema sa ating buhay bilang indibiduwal at bilang mag-anak.

- Ano ang magagawa natin upang higit na magkaroon ng tiwala sa ating sariling kakayahan na mapangasiwaan ang ating pananalapi? Paano matuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na magtiwala sa sariling kakayahan na mapangasiwaan ang kanilang pananalapi?

  Ipinaliliwanag ng *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan*: "Upang magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan sa pangangasiwa ng mapagkukunan, ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat na magbayad ng ikapu at handog, umiwas sa hindi kinakailangang pagkakautang, mag-impok para sa kinabukasan, at tuparin ang lahat ng kanilang ipinangakong mga obligasyon. Dapat ring gamitin ng mga miyembro ang kanilang mapagkukunan, kabilang na ang kanilang panahon, nang may pagtitipid at iwasang maaksaya ang mga ito" (*Aklat 2*, 258).

- Paano nakatutulong ang pagbabayad ng ikapu upang mapabuti natin ang pangangasiwa sa ating mga mapagkukunan?

- Bakit mahalagang iwasan natin ang hindi kinakailangang pagkakautang? Anu-anong nakagawian ninyong gawin na nakatulong na maiwasan ninyo ang mga pagkakautang o malayo sa pagkakautang?

  Si Pangulong Gordon B. Hinckley ay nagbababala laban sa mga panganib ng pangungutang:

  "Hinihikayat ko kayo na ilagay sa ayos ang inyong paggasta; disiplinahin ang inyong sarili sa inyong mga pamimili upang maiwasan ang pangungutang hangga't maaari. Bayaran agad ang pagkakautang ninyo sa lalong madaling panahon, at palayain ang inyong sarili mula sa pagkaalipin. . . .

  " . . . Kung nabayaran na ninyo ang inyong mga utang, kung may naipon kayo, maging ito man ay kakaunti, dumating man ang kagipitan, mayroon kayong tahanan para sa inyong asawa at mga anak at kapanatagan sa inyong puso" (sa Conference Report, Okt. 1998, 72; o *Ensign*, Nob. 1998, 54).

**3. Pangangalaga sa mga nangangailangan**

Sa Doktrina at mga Tipan, paulit-ulit na binigyang-diin ng Panginoon ang kahalagahan ng pangangalaga sa mga nangangailangan. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata. Tukuyin kung ano ang itinuturo ng bawat talata tungkol sa ating responsibilidad na pangalagaan ang mga nangangailangan.

a. D at T 42:30–31. (Kapag nagbibigay tayo ng ating ari-arian sa mga maralita, ginagawa natin ito para sa Panginoon.)

b. D at T 44:6. ("Kailangang dalawin [ninyo] ang mga maralita at ang mga nangangailangan at magbigay sa kanila ng tulong.")

c. D at T 52:40. (Kung hindi natin inaalala ang mga maralita, ang mga nangangailangan, ang maysakit, at ang naghihirap, hindi tayo mga disipulo ng Tagapagligtas.)

d. D at T 56:16. (Kung hindi tayo nagbibigay ng ating yaman sa mga maralita, ang ating kayamanan ay lulupig sa ating mga kaluluwa.)

e. D at T 88:123. (Kailangang mahalin natin ang isa't isa at magbahagi sa isa't isa gaya ng hinihingi ng ebanghelyo.)

f. D at T 104:18. (Kung hindi tayo magbabahagi ng ating kayamanan sa mga maralita, makakasama natin ang masasama sa paghihirap.)

- Sa D at T 104:13–18, ipinaliliwanag ng Panginoon ang Kanyang pamamaraan ng paglalaan para sa temporal na pangangailangan ng Kanyang mga anak. Ano ang "sariling pamamaraan" ng Panginoon ng paglalaan para sa mga maralita? Ano ang ating responsibilidad kapag tinatanggap natin ang kasaganaan ng Panginoon? (Tingnan din sa Jacob 2:17–19.)

  Ipaliwanag na ang paglalaan para sa mga maralita at nangangailangan sa "sariling pamamaraan" ng Panginoon ay nangangahulugan ng pagtulong sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng pagbibigay alinsunod sa kung ano ang tinatanggap natin mula sa Diyos. Ito ay nangangahulugan ng pagbibigay nang kusang-loob at may pagmamahal, kinikilala na ang Ama sa Langit ang pinagkukunan ng lahat ng biyaya at na tayo ay responsable na gamitin ito sa paglilingkod sa iba. Yaong mga nakatanggap ng tulong na ito ay dapat na tanggapin ito nang may pasasalamat. Kailangang gamitin nila ito upang mapunan ang kanilang sarili mula sa magawang karapat-dapat sila sa kanilang ganap na potensiyal. Kailangan, kung gayon, na tumulong sila sa iba.

- Paano tayo nabibiyayaan kapag nagbibigay tayo sa mga nangangailangan? Paano kayo nabiyayaan dahil binibigyan kayo ng iba sa oras ng inyong pangangailangan?

Ipaliwanag na maraming paraan upang makatulong sa mga nangangailangan. Naglalaan ang Simbahan ng maayos na pamamaraan kung paano tayo makatutulong, at magagawa rin nating pangalagaan ang mga nakapaligid sa atin sa tahimik at indibiduwal na mga pamamaraan.

- Isang paraan upang makatulong tayo sa pagbibigay ng tulong sa nangangailangan ay sa pamamagitan ng pag-aambag sa handog mula sa ayuno. Paano ginagamit ang handog mula sa ayuno upang tulungan ang mga maralita? (Ginagamit ng obispo ang mga ito sa paglalaan ng pagkain, tahanan, kasuotan, at iba pang tulong sa mga nangangailangan.)

- Magkano ang dapat nating iambag sa mga handog mula sa ayuno? (Tingnan ang sumusunod na sipi.) Bakit mahalagang mag-ambag tayo sa mga handog mula sa ayuno?

  "Inilalaan ng Simbahan ang isang araw ng Linggo sa bawat buwan bilang araw ng pag-aayuno. Sa araw na ito, ang mga miyembro ng Simbahan ay hindi kumakain at umiinom ng dalawang magkasunod na kainan. Sila . . . ay nagbibigay sa Simbahan ng handog mula sa ayuno na katumbas ng halaga ng pagkain na dapat sana ay kinain nila. Kung maaari ang mga miyembro ay dapat maging bukas-palad at magbigay nang higit pa kaysa sa halaga ng dalawang kainan." (*Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2,* 330–31).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aayuno at pag-aambag sa handog mula sa ayuno, tingnan sa aralin 17.

Ang isa pang paraan ng pagtulong ng Simbahan sa mga nangangailangan ay sa pamamagitan ng itinatag na tulong-pantao. Sa maraming taon ang Simbahan ay kabilang na sa ganitong tulong-pantao at mga pagpupunyaging magtiwala sa sariling kakayahan sa buong mundo. Ang pagtulong ay ibinibigay kapwa sa mga miyembro at hindi miyembro upang tumulong na maibsan ang mga mapangwasak na epekto ng kahirapan, digmaan, at likas na mga sakuna.

- Paano makapag-aambag ang indibiduwal na miyembro sa pondo ng tulong-pantao ng Simbahan? (Sa pamamagitan ng pagsulat sa naaangkop na bahagi ng papel ng donasyon (donation slip) ng ikapu. Maaari ninyong ipakita sa mga miyembro ng klase ang isa sa mga slip na ito.) Ano ang ilan sa mga paraan kung saan nabigyang-biyaya ng tulong-pantao ng Simbahan ang mga nangangailangan?

  Binanggit ni Pangulong Thomas S. Monson ang tungkol sa ilang resulta ng tulong-pantao ng Simbahan:

  "Noong 1992 isang mapangwasak na unos . . . ang rumagasa sa silangang baybayin ng Florida, na nag-iwan ng bakas ng malaking pinsala, ng mga sira-sirang tahanang walang bubong, ng mga taong nagugutom. Ang mga miyembro natin ay naroon upang tumulong. Ang mga tahanan ay isa-isang nilinis at kinumpuni nang walang bayad. Hindi mahalaga ang paniniwala o kulay ng taong nakatira sa bahay. . . .

  "Sa kalayuan sa mga paanan ng burol ng kanlurang dalisdis ng Bundok ng Kenya, sa kahabaan ng gilid ng napakalaking Lambak ng Riff, dalisay na tubig na ang ngayo'y parating na sa mga nauuhaw na tao. Ang proyekto ng paglalagay ng maiinom na tubig ay nakapagbago sa buhay ng mahigit 1,100 mag-anak. Noong una kaming nagkaroon ng kamalayan tungkol sa pangangailangan ng dalisay na tubig, nagawa naming magtustos sa proyekto sa pakikipagtulungan ng TechnoServe, isang pribadong boluntaryong samahan. Sa tulong na paggawa ng mga katutubo, dumadaloy na ngayon ang maiinom na tubig sa 25 milya na mga tubo sa naghihintay na mga tao sa pook na may 15 nayon. Ang simpleng biyaya sa pag-inom ng ligtas na tubig ay nagpapagunita sa mga salita ng Panginoon. 'Ako'y nauuhaw, at ako'y inyong pinainom [Mateo 25:35]" ("Our Brothers' Keepers," *Ensign*, Hunyo 1998, 37).

- Bilang karagdagan sa mga oportunidad na inilalaan ng Simbahan, kailangang maghanap pa tayo ng ilang pamamaraan upang mabiyayaan ang mga nangangailangan sa ating paligid. Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Doktrina at mgaTipan 58:26– 28. Paano natin maiaangkop ang banal na kasulatang ito sa ating mga pagsisikap na paglingkuran ang mga maralita at mga nangangailangan?
- Anu-ano ang mga balakid na maaari nating harapin sa pangangalaga sa mga maralita at mga nangangailangan? Paano natin makakayanan ang mga balakid na ito?

**4. Ang programang pangkapakanan ng Simbahan**

Ipaliwanag na noong 1936, bilang resulta ng inspirasyon mula sa Panginoon, itinatag ng Unang Panguluhan ang programang pangkapakanan ng Simbahan bilang isang maayos na pamamaraan upang humimok ng tiwala sa sariling kakayahan at tulungan ang mga nangangailangan. Hilingan ang itinalagang miyembro ng klase na mag-ulat tungkol sa pagtatatag ng programang pangkapakanan mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 130–32.

Maaari ninyong ibahagi ang sumusunod na pahayag mula sa Unang Panguluhang upang bigyang-diin ang mga layunin ng programang pangkapakanan ng Simbahan:

"Ang pangunahin nating layunin ay itatag, sa abot ng ating makakaya, ang isang sistemang kung saan mapapawi ang sumpa ng katamaran, maalis ang kasamaan sa pag-asa sa bigay ng iba, at ang kakayahang magsarili, kasipagan, katipiran at paggalang sa sarili ay minsan pang maitatag sa ating mga tao. Ang layunin ng Simbahan ay tulungan ang mga tao na tulungan ang kanilang sarili. Ang pagtatrabaho ay kailangang bigyan muli ng halaga bilang namamayaning alituntunin sa buhay ng mga miyembro ng ating Simbahan" (sa Conference Report, Okt. 1936, 3).

- Paano nakakatulong ang programang pangkapakanan sa pagsasakatuparan ng mga layuning ito?

Ipaliwanag na ang pagtulong ng Simbahan sa mga tao sa Europa matapos ang Ika-II Digmaang Pandaigdig ay isang nakalulugod na halimbawa kung paanong ang programang pangkapakanan ng Simbahan ay magbibigay biyaya sa maraming tao. Hilingan ang inatasang miyembro ng klase na mag-ulat kung paano nabiyayaan ng proramang pangkapakanan ang mga nangangailangan sa Europa, nagsisimula sa huling ikatlong talata sa pahina 135 ng *Ang Ating Pamana* hanggang sa ikatlong talata ng pahina 138.

- Anu-ano ang nagpahanga sa inyo tungkol sa mga pagsisikap ng mga kalahok sa mga proyektong ito? Sa anu-anong paraan natin matutularan ang kanilang halimbawa?

---

Katapusan

Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan at pangangalaga para sa maralita at mga nangangailangan. Maaari kayong magpatotoo sa kung paano nabiyayaan ang inyong buhay ng pagsunod sa mga alituntuning ito.

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Ang edukasyon ay mahalaga sa pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan**

Bigyang-diin na lagi nang pinapayuhan ang mga miyembro ng Simbahan na mag-aral hangga't maaari. Ang mga sinaunang Banal sa mga Huling Araw ay lubhang interesado sa pagpapatuloy ng kanilang edukasyon. Noong unang taon sa Lambak ng Salt Lake, ang paaralang pambata ay ginawa sa loob ng tolda. Di nagtagal, inatasan ng mga pinuno ng Simbahan ang bawat purok na magtatag ng paaralan. Ang Unibersidad ng Deseret ay nalikha noong 1850. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kahalagahan ng edukasyon sa pagpapaunlad ng tiwala sa sariling kakayahan, tingnan sa aralin 23.

**2. Pagtatanghal ng video na "Pangangalaga sa mga Nangangailangan"**

Kung may makukuhang *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912), isaalang-alang na ipalabas ang "Caring for the Needy (Pangangalaga sa mga Nangangailangan)," isang pitong-minutong bahagi.

# “Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob sa Kanilang mga Ama”

Aralin
39

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang pangangailangan na saliksikin ang tungkol sa kanilang mga ninuno at matanggap ang mga ordenansa ng pagkasaserdote alang-alang sa kanila.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 2; 110:13–16; 138; Joseph Smith—Kasaysayan 1:37–39.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 119–20, 122–23, 127–29.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Ibigay ang mga sumusunod na takdang-gawain nang mas maaga:
   a. Atasan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibuod ang kuwento tungkol kay Obispo Henry Ballard at sa kanyang anak mula sa *Ang Ating Pamana*, pahina 120.
   b. Atasan ang isa pang miyembro ng klase na maghandang mag-ulat nang maikli tungkol sa paghahayag na tinanggap ni Pangulong Wilford Woodruff hinggil sa pagtunton sa ating mga kasaysayan ng mag-anak at pagbubuklod sa mga anak nito sa kanilang mga magulang (tingnan ang huling talata sa pahina 122 at karugtong na talata sa pahina 123 ng *Ang Ating Pamana).*
   c. Atasan ang isa o dalawang miyembro ng klase na maghandang magsalita nang maikli tungkol sa kanilang mga karanasan sa paglalaan ng mga ordenansa ng pagkasaserdote para sa mga patay. Anyayahan ang mga miyembro ng klaseng ito na ikuwento kung ano ang naramdaman nila sa mga taong pinagkalooban nila ng mga ordenansang ito.
   d. Atasan ang isang miyembro ng klase na maghandang mag-ulat nang maikli tungkol sa propesiya ni Pangulong Joseph F. Smith na darating ang panahon kung kailan ang lupain ay “mapupuno ng mga templo” (tingnan ang unang buong talata sa pahina 129 ng *Ang Ating Pamana*).
4. Kung may makukuha sa mga sumusunod na larawan, paghandaang gamitin ang mga ito sa oras ng aralin: Ipinanunumbalik ni Elijah ang Kapangyarihang Magbuklod ng mga Mag-anak para sa Kawalang-Hanggan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 417); Wilford Woodruff (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 509); Joseph F. Smith (Pakete ng Larawan ng Sining ng

Ebanghelyo 511); at Gordon B. Hinckley (63001 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 520). Sa halip na gamitin ang kani-kanyang larawan nina Pangulong Woodruff, Smith, at Hinckley, maaari ninyong gamitin ang larawan ng mga mga Propeta sa mga Huling Araw (62575 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 506).

---

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, ibahagi ang sumusunod na kuwento o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Si Frederick William Hurst ay nagtatrabaho bilang minero ng ginto sa Australia nang una niyang marinig ang mga misyonero na Banal sa mga Huling Araw na ipinangangaral ang naipanumbalik na ebanghelyo. Siya at ang kanyang kapatid na si Charles ay nabinyagan noong Enero ng 1854. Sinikap niyang tulungan ang iba pang miyembro ng kanilang mag-anak na magbalik-loob, ngunit tinanggihan nila siya at ang mga katotohanang itinuro niya.

Si Fred ay nanirahan sa lungsod ng Salt Lake pagkaraang sumapi sa Simbahan, at naglingkod siya nang tapat bilang misyonero sa iba't ibang bansa. Nagtrabaho din siya bilang pintor sa Templo sa Salt Lake.

Sa isa sa mga huling isinulat niya sa kanyang talaarawan, ay ganito ang isinasaad: "Noong ika-isa ng Marso, 1893, natagpuan ko ang aking sarili na nag-iisa sa kainan, ang lahat ay natutulog na. Habang nakaupo ako sa mesa laking gulat ko nang ang aking nakatatandang kapatid na si Alfred ay pumasok at umupo sa tapat ko sa mesa at ngumiti. Sinabi ko sa kanya (natural na natural ang hitsura niya): 'Kailan ka pa dumating sa Utah?'

"At sinabi niya: 'Kagagaling ko pa lang sa Daigdig ng mga Espiritu, hindi ko katawan itong nakikita mo, nakahimlay iyon sa puntod. Nais kong sabihin sa iyo na noong ikaw ay nasa misyon maraming bagay kang binanggit tungkol sa Ebanghelyo, at sa kabilang buhay, at tungkol sa Daigdig ng mga Espiritu na kasing totoo at nakikitang tulad ng mundo. Hindi kita mapaniwalaan, subalit nang mamatay ako at nagtungo roon at aking nakita sa sarili ko mismo nabatid ko na katotohanan ang sinabi mo. Dumalo ako sa mga pulong ng Mormon.' Itinaas niya ang kanyang kamay at sinabi nang buong paggiliw: 'Naniniwala ako sa Panginoong Jesucristo nang buo kong puso. Naniniwala ako sa pananampalataya, at pagsisisi at pagbibinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, ngunit hanggang doon lamang ang maaari kong marating. Umaasa ako na gagawin mo ang gawain sa templo para sa akin. . . . Ikaw ay mahigpit na binabantayan . . . . Itinuturing ka naming lahat bilang namumuno sa dakilang gawaing ito. Nais kong sabihin sa iyo na napakaraming dakilang espiritu na nananangis at nagdadalamhati sapagkat may mga kamag-anak sila dito sa Simbahan na walang malasakit at walang ginagawa para sa kanila" (*Diary of Frederick William Hurst*, tinipon ni Samuel H. at Ida Hurst [1961], 204).

Ipaliwanag na sa araling ito ay tatalakayin ninyo ang pagtubos sa mga patay sa pamamagitan ng maikling pag-aaral sa gawain ng apat na propeta: Elijah, Pangulong Wilford Woodruff, Pangulong Joseph F. Smith, at Pangulong Gordon

B. Hinckley. Ang layunin ng araling ito ay magtamo ng ibayong pang-unawa sa pangangailangang tubusin ang mga patay. Ang susunod na aralin ay tumatalakay sa ilang pamamaraan kung saan makababahagi tayo sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning batay sa mga banal na kasulatan.

**1. Elijah: "Ang mga susi ng dispensasyong ito ay ipinagkakatiwala sa inyong mga kamay."**

Ituro at talakayin ang D at T 2; 110:13–16; 138:47–48; Joseph Smith—Kasaysayan 1:37–39. Ipakita ang larawan ni Elijah na ipinanunumbalik ang kapangyarihang magbuklod ng pagkasaserdote.

- Nang dalawin ng anghel na si Moroni si Joseph Smith, sinabi niya na "itatanim [ni Elijah] sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama" (D at T 2:2; Joseph Smith—Kasaysayan 1:39). Sa propesiyang ito, ang mga salitang *mga ama* ay tumutukoy sa ating mga ninuno. Anu-anong pangako ang ibinigay sa ating mga ninuno?

  Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith: "Ano ang pangakong ibinigay sa mga ama na matutupad sa mga huling araw sa pamamagitan ng pagbaling ng mga puso ng mga anak sa kanilang mga ama? Ito ang pangako na ginawa ng Panginoon kina Enoc, Isaias, at sa mga propeta, sa mga bansa ng daigdig, na *darating ang panahon kung kailan ang mga patay ay matutubos*" (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:154).

  Si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawa ay nagsabi, "Ibinigay ng Diyos ang mga pangakong iyon sa mga sinaunang patriyarka–Adan, Noe, Abraham, Isaac, Jacob, at iba pa—at walang alinlangang ibinigay din sa ating sariling ninuno, yaong mga ipinanganak sa daigdig bago pa naipanumbalik ang ebanghelyo subalit mga pinangakuan nating gagawan ng mga nakapagliligtas na ordenansa" (*Christ and the New Covenants* [1997], 297).

- Noong ika-3 ng Abril 1836 sa Templo ng Kirtland, ang propetang si Elijah ay nagpakita kay Propetang Joseph Smith at Oliver Cowdery. Ano ang layunin ni Elijah sa pagdalaw kina Joseph at Oliver? (Tingnan sa D at T 110:13–16; tingnan din sa D at T 2; Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39. Iginawad niya ang kapangyarihang magbuklod ng pagkasaserdote kay Joseph Smith. Nagagawang posible ng kapangyarihang ito ang walang hanggang kasal, pagbubuklod sa mga magulang, at mga ordenansa sa templo para sa mga patay.)

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:37–39 at D at T 138:47–48 sa klase. Bakit ang mundo ay "lubusang mawawasak sa. . .pagparito [ng Panginoon]" kung wala tayo ng kapangyarihang magbuklod? (Ang isa sa mga pangunahing layunin ng buhay sa mundo ay ang magbuo ng mga walang hanggang ugnayan ng mag-anak. Kung wala ang kapangyarihang magbuklod, magiging imposible ito.)

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland na kung wala ang kapangyarihang magbuklod, "walang mga pagkakabigkis ng mag-anak ang iiral sa mga kawalang-hanggan, at tunay ngang ang mag-anak ng tao ay maiiwan sa kawalang-hanggan nang "walang ugat [mga ninuno] ni sanga [mga inapo]. Sapagkat . . . ang binuklod, pinag-isa, nailigtas ng selestiyal na mag-anak ng Diyos ang pinakatampok na layunin ng mortalidad, anumang kakulangan dito ay tunay ngang isang sumpa, pinangyayari, na ang buong plano ng kaligtasan ay "lubusang mawawasak" (*Christ and the New Covenant*, 297–98).

**2. Pangulong Wilford Woodruff: "Kailangang may isang tutubos sa kanila."**

Ipakita ang larawan ni Pangulong Wilford Woodruff. Ipaliwanag na si Pangulong Wilford Woodruff ay masigasig sa gawain ng pagtubos sa mga patay at pagbubuklod ng mga mag-anak para sa kawalang-hanggan. Noong panahon ng kanyang paglilingkod, maraming miyembro ng Simbahan ang naglingkod sa misyong pangtalaangkanan, at noong 1894 pinangasiwaan ng Unang Panguluhan ang pagbubuo ng samahang pangtalaangkanan (*Ang Ating Pamana*, pahina 122). Ayon kay Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawa "ang mga pangyayari noong makasaysayang taong iyon [1894] ay nagpasimula sa pananaliksik sa kasaysayan ng mag-anak at paglilingkod sa templo bilang *isang gawain* sa Simbahan" (sa Conference Report, Okt. 1994, 114; o *Ensign*, Nob. 1994, 85).

Gamitin ang mga sumusunod na kuwento na nagtuturo tungkol sa pangangailangan sa gawain sa templo para sa mga patay at ang pangangailangang mabuklod sa ating mga magulang at ninuno.

*Ang pangangailangan sa gawain sa templo para sa mga patay*

Hilingan ang itinalagang miyembro ng klase na ibuod ang kuwento tungkol kay Obispo Henry Ballard at sa kanyang anak mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 119–20.

Ipaliwanag na sa loob ng ilang panahon, si Pangulong Wilford Woodruff ay naglingkod bilang pangulo ng templo sa St. George, Utah. Sa templong iyon isinagawa ang mga endowment para sa mga patay sa unang pagkakataon sa dispensasyong ito (tingnan ang *Doctrines of Salvation*, 2:171). Habang naglilingkod doon, si Pangulong Woodruff ay dinalaw ng marami sa mga espiritu ng "kilalang tao" na namatay. Anyayahan ang miyembro ng klase na ibahagi ang sumusunod na salaysay ni Pangulong Woodruff:

"Ang mga espiritu ng mga patay ay nagtipon sa aking paligid, nais na malaman kung bakit hindi natin sila tinutubos. Sinabi nila: 'Ginagamit na ninyo ang Bahay para sa Endowment nang maraming taon na, subalit hanggang ngayon wala pa ring ginagawa para sa amin. Inilatag namin ang pundasyon ng pamahalaang tinatamasa ninyo ngayon at kami'y . . . nananatiling tapat dito at tapat sa Diyos.' Sila ay ang mga tagapaglagda ng Pagpapahayag ng Kalayaan [ng Estados Unidos ng Amerika], at naghintay sila sa akin ng dalawang araw at dalawang gabi. . . . Tuluy-tuloy akong nagtungo sa lugar na pinagbibinyagan at tinawag si Kapatid na McAllister na binyagan ako para sa mga tagapaglagda ng Pagpapahayag ng Kalayaan, at limampung iba pang kilalang tao, na umabot lahat ang bilang sa isandaan, kabilang na sina John Wesley, Columbus, at iba

pa" (*The Discourses of Wilford Woodruff*, pinili ni G. Homer Durham [1946], 160–161).

- Ano ang matutuhan natin mula sa dalawang kuwentong ito? (Maaaring ibilang sa mga sagot na ang mga patay ay nasasabik na isagawa natin ang mga ordenansa para sa kanila at dapat na masigasig tayo sa ating mga pagsisikap na tubusin ang mga patay.)

Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, itinuro ni Elder Wilford Woodruff: "Sa nakalipas na labingwalong daang taon, ang mga taong nabuhay at namatay ay hindi kailanman narinig ang tinig ng taong binigyang-inspirasyon, hindi kailanman nakarinig ng pangaral ng Ebanghelyo, hanggang sa makapasok sila sa daigdig ng mga espiritu. Kailangang may isang tutubos sa kanila, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gayong ordenansa para sa kanila sa laman sapagkat hindi nila magagawa ito sa kanilang sarili sa espiritu, at upang maisagawa ang gawaing ito, kailangang may mga Templo tayo para gawin ito" (sa *Journal of Discourses*, 19:228–29).

*Ang pangangailangang maibuklod tayo sa ating mga magulang at mga ninuno*

Ipaulat sa itinalagang miyembro ng klase ang paghahayag na tinanggap ni Pangulong Woodruff tungkol sa paghahanap ng mga kasaysayan ng ating mag-anak at pagbubuklod ng mga anak sa kanilang mga magulang (*Ang Ating Pamana*, pahina 122).

- Ano ang itinuturo ng paghahayag na ito tungkol sa mga mag-anak? Paano nakatutulong ang paghahayag sa pagsasakatuparan ng mga propesiyang ito tungkol sa pagbabalik-loob ng puso ng mga anak sa kanilang mga magulang.

**3. Pangulong Joseph F. Smith: "Ang mga mata ng aking pang-unawa ay nabuksan."**

Basahin o ibahagi sa inyong sariling mga salita ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Woodruff:

"Si Pangulong [Brigham] Young, na sumunod kay Pangulong Joseph Smith, . . . ay nagtatag ng pundasyon ng [Templo sa Salt Lake], gayundin sa iba pa sa mga kabundukan ng Israel. Para saan? Upang maisagawa natin ang mga alituntuning ito ng pagtubos sa mga patay. Isinakatuparan niya ang lahat ng hiningi ng Panginoon sa kanya. Ngunit hindi niya natanggap ang lahat ng paghahayag na kabilang sa gawaing ito; ni si Pangulong John Taylor, o ni si Wilford Woodruff" (*The Discourses of Wilford Woodruff,* 153–54).

Ipakita ang larawan ni Pangulong Joseph F. Smith. Ipaliwanag na si Pangulong Smith, ang ikaanim na Pangulo ng Simbahan, ay nakatanggap ng paghahayag na tumulong sa patuloy na pagsulong ng gawain ng pagtubos sa mga patay. Noong ika-4 ng Oktubre, 1918, ilang linggo bago siya namatay, sinabi niya sa pangkalahatang komperensiya:

"Ako ay nasa ilalim ng pag-atake ng napakalubhang karamdaman sa loob ng nakalipas na limang buwan . . . . Hindi ako nabuhay nang nag-iisa sa loob ng limang buwan na ito. Ako ay nanahan sa espiritu ng pananalangin, ng pagsamo, ng pananampalataya at ng determinasyon; nagpatuloy ako sa maraming pakikipag-usap sa Espiritu ng Panginoon" (sa Conference Report, Okt. 1918, 2).

Isang araw bago ibigay ng Pangulong Smith ang pahayag na ito, nakatanggap siya ng paghahayag na magpapalawak sa pang-unawa ng mga Banal sa pagtubos sa mga patay. Ang paghahayag na ito ay bahagi 138 ngayon ng Doktrina at mga Tipan. Ito ang tala ng pagdalaw ng Tagapagligtas sa daigdig ng mga espiritu, habang nakahimlay ang Kanyang katawan sa libingan.

- Ano ang ginawa ni Pangulong Smith noong matanggap niya ang pangitain ng pagtubos sa mga patay? (Tingnan sa D at T 138:1–11). Pinagbulay-bulayan niya ang mga banal na kasulatan at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Habang siya'y nagbubulay-bulay, nahikayat siyang basahin ang I Ni Pedro 3 at 4, na kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa ministeryo ni Jesus sa daigdig ng mga espiritu pagkatapos ng buhay na may kamatayan.)

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 138:12–19. Sino ang dinalaw ng Tagapagligtas sa daigdig ng mga espiritu? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba. Maaari ninyong ibuod ang mga ito sa pisara.)

  Ang Tagapagligtas ay nagtungo sa mga espiritu na:

  a. "Naging matatapat sa patotoo ni Jesus samantalang sila ay nabubuhay sa lupa" (D at T 138:12).
  b. "Naghandog ng sakripisyo na kahalintulad ng dakilang sakripisyo ng Anak ng Diyos" (D at T 138:13).
  c. "Nagdanas ng pagdurusa sa pangalan ng kanilang Manunubos" (D at T 138:13).
  d. "Lumisan sa buhay na may kamatayan, matatag sa pag-asa sa isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos Ama at ng kanyang Bugtong na Anak, si Jesucristo" (D at T 138:14).
  e. "Napuspos ng tuwa at galak, at magkakasamang nagsaya dahil ang araw ng kanilang kaligtasan ay dumating na" (D at T 138:15).

- Kanino *hindi nagtungo* ang Tagapagligtas? (Tingnan sa D at T 138:20–21.) Ano ang ginawa ng Tagapagligats upang ang ebanghelyo ay maipangaral sa "yaong mga nangamatay sa kanilang mga kasalanan, na walang nalalaman sa katotohanan"? (Tingnan sa D at T 138:27–37. Tinipon niya ang mabubuting espiritu at inatasan sila na mangaral sa mga hindi pa nakatatanggap ng ebanghelyo.) Sino ang nangangaral ng ebanghelyo sa daigdig ng mga espiritu ngayon? (Tingnan sa D at T 138:57.)

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 138:22–24, 57–59. Atasan silang hanapin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga nasa daigdig ng mga espiritu na naging matapat sa kanilang patotoo kay Jesus at sa mga hindi naging matapat. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa kahalagahan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa daigdig ng mga espiritu? Ano ang naipadadama sa inyo ng mga talatang ito tungkol sa inyong responsibilidad na gawin ang mga ordenansa ng pagkasaserdote para sa mga patay?

  Atasan ang itinalagang miyembro ng klase na magsalita nang maikli tungkol sa kanilang mga karanasan at damdamin kapag ginagawa nila ang mga ordenansa para sa mga patay (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3c).

**4. Pangulong Gordon B. Hinckley: "Determinado tayo na . . . dalhin ang mga templo sa mga tao."**

Ipaulat sa itinalagang miyembro ng klase ang tungkol sa propesiya ni Pangulong Joseph F. Smith na darating ang panahon na kung kailan ang lupain ay "mapupuno ng mga templo" (*Ang Ating Pamana*, pahina 129).

Ipakita ang larawan ni Pangulong Gordon B. Hinckley. Ipaliwanag na si Pangulong Hinckley ay isa pang propeta na nagpalawak ng ating pang-unawa sa gawain sa templo. Noong siya ay naging Pangulo ng Simbahan noong 1995, may 47 templo ang ginagamit. Mga dalawa at kalahating taon ang nakalipas, ibinigay niya ang sumusunod na panawagan:

"Napakaraming pook sa Simbahan ang malalayo, kung saan kakaunti lamang ang mga miyembro at malamang na hindi gaanong dumami sa darating na panahon. Ang mga naninirahan ba sa mga lugar na ito ay habampanahong pagkakaitan ng mga biyaya ng ordenansa sa templo? Habang dumadalaw sa gayong pook ilang buwan na ang nakalilipas, pinagbulayan namin nang may panalangin ang katanungang ito. Naniniwala kami, na ang kasagutan, ay dumating nang maliwanag at malinaw.

"Magtatayo tayo ng maliliit na templo sa ilan sa mga pook na ito, mga gusaling naglalaman ng lahat ng pasilidad upang maisagawa ang lahat ng mga ordenansa. Itatayo ang mga ito nang ayon sa mga pamantayan sa templo, na mas mataas sa pamantayan ng mga bahay-pulungan. Mabibigyang-lugar nito ang mga pagbibinyag para sa mga patay, ang serbisyong endowment, mga pagbubuklod, at lahat ng iba pang mga ordenansang dapat na ginagawa sa bahay ng Panginoon kapwa sa mga buhay at mga patay. . . .

". . . Determinado tayo na . . . dalhin ang mga templo sa mga tao at bigyan sila ng bawat oportunidad para sa mga napakahalagang biyaya na nanggagaling mula sa pagsamba sa templo" (sa Conference Report, Okt. 1997, 68–69; o *Ensign*, Nob. 1997, 49–50).

Noong Abril 1998, ipinahayag ni Pangulong Hinckley ang layuning magkaroon ng 100 templong magagamit sa pagtatapos ng siglo (tingnan sa Conference Report, Abr. 1998, 115; o *Ensign,* Mayo 1998, 88).

- Paano nakaapekto sa inyo ang pagdami ng mga itinatayong templo? Paano naapektuhan nito ang ibang mga kilala mo? (Maaari ninyong bigyang-diin kung gaano karaming tao ang hindi makatatamasa ng mga biyaya ng templo kung hindi natanggap ni Pangulong Hinckley ang paghahayag na pag-ibayuhin ang pagtatayo ng mga templo.) Paano makaaapekto ang ibayong pagtatayo ng mga templo sa mga namatay na hindi nakatanggap ng ebanghelyo?

---

Katapusan

Bigyang-diin na walang mga tao sa kasaysayan ng mundo ang nagkaroon ng oportunidad na gumawa ng napakaraming bagay para sa maraming tao na tulad ng ginagawa natin ngayon. Ipaliwanag na ang sumusunod na aralin ay kabibilangan ng talakayan tungkol sa mga tiyak na pamamaraan na makabahagi sa mga gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak. Kapag nabigyang-

inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa kahalagahan ng gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng aralin.

Pakikibahagi ng mga kabataan sa gawain sa templo

Kung kayo ay nagtuturo sa mga kabataan, hikayatin sila na makibahagi sa gawain sa templo sa pamamagitan ng pagpapabinyag para sa mga patay. Kung kayo ay nagtuturo sa matatanda, imungkahi na tulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na makibahagi sa gawain sa templo. Isaalang-alang na ibahagi ang sumusunod na kuwentong isinalaysay ni Elder J. Ballard Washburn ng Pitumpu:

"Matapos ang komperensiya ng istaka, nakipag-usap ako sa isang mag-anak na may mga anak na tinedyer. Sinabi ko sa kanila, 'Kailangang mamuhay kayo nang matuwid upang balang araw ay makapunta kayo sa templo kasama ng inyong mga magulang.' Sumagot ang labing-anim na taong gulang na anak na babae, 'Ah, nagpupunta po kami sa templo kasama ng aming mga magulang halos linggu-linggo. Nagpapabinyag po kami para sa mga pangalan na nasa salansan ng aming mag-anak.' Naisip ko na, *Isang napakagandang bagay, para sa mga mag-anak na sama-samang magtungo sa templo*" (sa Conference Report, Abr. 1995, 12; o *Ensign*, Mayo 1995, 11).

- Sa anu-ano pang ibang paraan makatutulong lalo ang mga kabataan upang magawa ang gawain sa templo? (Maaaring ibilang sa mga sagot na maaari silang magsaliksik ng kasaysayan ng mag-anak at suportahan ang mga pagsisikap ng kanilang mga magulang na dumalo sa templo.)

# Pagkakaroon ng Kagalakan sa Gawain sa Templo at Kasaysayan ng Mag-anak

Aralin **40**

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na makita ang iba't ibang paraang makababahagi sila sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak at hikayatin silang pagpasiyahan nang may panalangin ang mga paraang makababahagi sila ngayon.

**Paghahanda**

1. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
2. Mga isang linggo bago ang klase, atasan ang dalawang miyembro ng klase na makibahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak sa ilang paraan sa loob ng darating na linggo. Tulungan silang maunawaan na maraming paraan upang magawa ang gawaing ito. Halimbawa, maaari nilang kumpletuhin ang talaan ng mag-anak, magsumite ng pangalan ng isang ninuno para sa gawain sa templo, dumalo sa templo, magsulat sa talaarawan o personal na kasaysayan, o magturo sa mga bata tungkol sa kanilang mga ninuno. Anyayahan silang maghanda upang magkuwento tungkol sa mga karanasan nila bilang bahagi ng aralin.
3. Maaaring naisin ninyong makakuha ng mga kopya ng ilang mapagkukunan na inilalaan ng Simbahan para sa paggawa ng gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak upang maipakita ninyo sa kanila ang ikatlong bahagi ng aralin (tingnan sa pahina 298). Kung ang inyong purok o sangay ay may taong masasangguni ukol sa kasaysayan ng mag-anak, maaari ninyong hilingin sa kanya na maghanda ng maikling paglalahad tungkol sa mga mapagkukunang ito.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyong upang simulan ang aralin.

Isulat ang inyong pangalan sa gitna ng pisara. Sa iba pang bahagi ng pisara, isulat ang mga pangalan ng inyong mga magulang, ang ilan sa inyong mga ninuno, at, kung kayo ay magulang na, ang pangalan ng inyong mga anak. Banggitin sandali sa mga miyembro ng klase kung ano ang inyong kaugnayan sa pangalan ng bawat tao na isinulat ninyo.

Ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit ang ilan sa mga taong ito ay pansamantalang nahiwalay sa isa't isa. Halimbawa, ang ilan ay nahiwalay dahil sa kamatayan. Ang ilan ay maaaring nahiwalay dahil sila ay naninirahan sa iba't ibang lugar.

Bigyang-diin na bagama't ang mga miyembro ng mag-anak ay pansamantalang nahiwalay sa isa't isa, sila ay maaaring magkasamang muli nang walang hanggan. Ang kanilang mga puso ay maaaring maibaling sa isa't isa (D at T 110:14–15).

Ipaliwanag na ang araling ito ay tumatalakay sa mga paraang makababahagi tayo sa gawain sa templo at sa kasaysayan ng mag-anak. Sa pakikibahagi natin sa gawaing ito, nakatatamo tayo ng mas malawak na pang-unawa kung ano ang ibig sabihin ng maging bahagi ng isang walang hanggang mag-anak. Ang ating mga puso'y babaling sa ating mga ninuno, ang kanilang mga puso ay babaling sa atin, at ang mga puso ng mga magulang at mga anak ay babaling sa isa't isa.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning tinatalakay ninyo.

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ito ang pangalawa sa dalawang aralin tungkol sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak. Ang Aralin 39 ay tumatalakay sa pangangailangang dumalo sa templo at magsagawa ng mga ordenansa ng pagkasaserdote alang-alang sa mga namatay nang hindi nakatanggap nito. Ang araling ito ay tumatalakay sa ilang paraan na makababahagi tayo sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak.

**1. Ang Espiritu ni Elijah ang nagbibigay-inspirasyon sa mga tao na ibaling ang kanilang mga puso sa kanilang mga ninuno.**

Ipaliwanag na madalas pinag-uusapan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tungkol sa Espiritu ni Elijah. Ang pariralang ito ay tumutukoy sa hangarin ng mga tao na "ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama" (D at T 110:15). Tinatawag natin itong Espiritu ni Elijah sapagkat ipinanumbalik ni Elijah kay Joseph Smith ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod ng pagkasaserdote (D at T 110:13–16). Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito, maisasagawa na ang mga ordenansang ito ng pagbubuklod na tutulong na magkasama-sama ang mga mag-anak sa walang hanggan.

- Ano ang ibinibigay na inspirasyon ng Espiritu ni Elijah na gawin ng mga miyembro ng Simbahan? (Maaaring ibilang sa mga sagot na binibigyang-inspirasyon tayo nito na tumanggap ng mga ordenansa sa templo para sa ating sarili, gumawa ng pagsasaliksik sa kasaysayan ng mag-anak, at dumalo sa templo upang tumanggap ng mga ordenansa ng pagkasaserdote para sa mga patay. Tingnan din sa sumusunod na sipi.) Anu-ano ang mga naging karanasan ninyo nang makadama kayo ng impluwensiya ng Espiritu ni Elijah?

  Binigyang-diin ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Lahat ng ating malawakang pagpupunyagi sa kasaysayan ng mag-anak ay nakatuon sa gawain sa templo. Wala nang iba pang layunin dito. Ang mga ordenansa sa

templo ang siyang pinakamataas na biyayang maihahandog ng Simbahan" (sa Conference Report, Abr. 1998, 115–16; o *Ensign*, Mayo 1998, 88).

- Anu-ano ang ilang bagay na iniimpluwensiyahan ng Espiritu ni Elijah na gawin ng tao sa buong mundo? (Maaaring ibilang sa mga sagot na ang talaangkanan ay naging isang popular na libangan sa buong mundo at ginagawa ng mga makabagong teknolohiya na mas madali at mas madaling makuha ang talaangkanan.)

**2. Bawat miyembro ng Simbahan ay makababahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak.**

Atasan ang mga itinalagang miyembro ng klase na magkuwento nang maikli tungkol sa mga karanasan nila sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak nang nakalipas na linggo (tingnan sa "Paghahanda" aytem 2).

Matapos na makapagbahagi ang mga miyembro ng kanilang karanasan, basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa:

"Wala nang gawaing higit na pagkalinga sa simbahang ito kaysa sa gawain sa templo at pagsasaliksik ng talaangkanan na sumusuporta dito. Wala nang gawaing higit na espirituwal na nakadadalisay. Wala nang gawaing higit na nagbibigay sa atin ng kapangyarihan" ("Ang Banal na Templo," *Ensign*, Peb. 1995, 36).

- Paano nakatutulong sa inyo ang gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak upang madama ang ibayong espirituwal na kadalisayan at kapangyarihan?

Bigyang-diin na lahat tayo ay maaaring makababahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak sa ilang paraan sa buong buhay natin. Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawa: "Sa gawain ng pagtubos sa mga patay maraming gawaing dapat isagawa, at . . . ang lahat ng miyembro ay dapat na makibahagi sa pamamagitan ng pagpili nang may panalangin ng mga paraang naaangkop sa kanilang pansariling kalagayan sa partikular na panahon. . . . Ang ating tungkulin ay ang hindi pagpilit sa bawat isa na gawin ang lahat, kundi ang hikayatin ang bawat isa na gumawa" ("Family History: 'In Wisdom and Order,' " *Ensign*, Hunyo 1989, 6).

- Anu-ano ang ilang bagay na nagawa na ninyo upang makabahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak? (Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Kung kayo ay nagtuturo sa mga nasa wastong gulang, maaari ninyong tanungin kung paano sila nakibahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak sa iba't ibang yugto ng kanilang buhay.)

*Magkaroon ng rekomendasyon sa templo na may bisa sa kasalukuyan at dumalo sa templo nang palagian*

Ipaliwanag na ang isang bagay na magagawa natin upang makabahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak ay ang magkaroon ng rekomendasyon sa templo na may bisa sa kasalukuyan at dumalo sa templo na kasing-dalas nang ipinapahintulot ng situwasyon. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Hinihikayat ko ang ating mga tao sa lahat ng dako, nang buong panghihikayat na kaya kong gawin, na mamuhay nang karapat-dapat upang magkaroon ng rekomendasyon sa templo, na magtamo nito at ituring ito na isang mahalagang

ari-arian, at gumawa ng ibayong pagsisikap na pumunta sa bahay ng Panginoon at makibahagi sa diwa at mga biyayang makakamit doon. Naniniwala ako na ang bawat lalaki at babae na pumupunta sa templo sa diwa ng katapatan at pananampalataya ay higit na mabuting lalaki o babae sa paglisan sa bahay ng Panginoon. Kailangan ang patuloy na pagpapabuti ng ating buhay. Kailangang iwanan paminsan-minsan ang ingay at kaguluhan ng mundo at pumasok sa loob ng sagradong bahay ng Panginoon, at doo'y damhin ang Kanyang espiritu sa isang kapaligirang puspos ng kabanalan at kapayapaan" (sa Conference Report, Okt. 1995, 72; o *Ensign*, Nob. 1995, 53).

Bigyang-diin na kahit na hindi tayo pinahihintulutan ng ating mga kalagayan na makadalo sa templo nang palagian, kailangang mayroon tayong rekomendasyon sa templo. Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter: "Ikalulugod ng Panginoon kung ang bawat miyembro na nasa wastong gulang ay magiging karapat-dapat sa—at magtaglay ng—rekomendasyon sa templo na may bisa sa kasalukuyan. Ang mga bagay na dapat nating gawin at hindi dapat gawin upang maging karapat-dapat sa rekomendasyon sa templo ay ang mismong mga bagay na titiyak na tayo ay magiging masaya bilang indibiduwal at bilang mga mag-anak" (sa Conference Report, Okt. 1994, 8; o *Ensign*, Nob. 1994, 8).

- Anu-anong biyaya ang matatanggap natin sa pamamagitan ng pagkakaroon ng rekomendasyon sa templo at pagdalo sa templo?
- Paano matuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak tungkol sa kahalagahan ng templo? (Maaaring ibilang sa mga sagot na ang mga magulang ay maaaring dumalo nang palagian sa templo o aktibong magsikap upang makadalo, turuan ang mga anak tungkol sa templo at magpatotoo sa mga biyayang natatanggap natin sa pamamagitan ng templo, at isama ang mga anak na 12 taon pataas sa templo upang mabinyagan para sa mga patay.)

*Maghandang magsagawa ng mga ordenansa para sa mga namatay na kamag-anak*

Ipaliwanag na ang ibang paraan na makababahagi tayo sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak ay ang maghandang magsagawa ng mga ordenansa para sa mga namatay na kamag-anak. Kahit na ginawa na ng iba sa ating mga pamilya ang kasaysayan ng mag-anak, madalas na makakikita pa rin tayo ng mga namatay na kamag-anak na kailangan pang gawan ng mga ordenansa sa templo.

Sinisimulan natin ang prosesong ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga namatay na kamag-anak natin. Maaari nating ilista ang mga natatandaan natin, maghanap sa mga talaan ng mag-anak, at magtanong sa mga magulang, lolo at lola, at iba pang miyembro ng mag-anak upang magkuwento sa atin tungkol sa iba pang ninuno. Maaari rin nating gamitin ang mga programa sa kompyuter na ginawa ng Simbahan sa ating mga tahanan at sa Family History Centers [mga Sentro ng Kasaysayan ng Mag-anak] upang tulungan tayo sa mga pagpupunyaging ito. Bigyang-diin ang makapangyarihang impluwensiya ng Espiritu sa pagtukoy sa mga ninuno. Habang nananampalataya tayo, maaaring dumating sa atin ang mga pangalan at impormasyon sa mga hindi inaasahang paraan at lugar.

Habang inaalam natin ang tungkol sa ating mga ninuno, kailangang itala sa mga pormularyo ng kasaysayan ng mag-anak ang impormasyong nakukuha natin, gaya ng mga tsart ng talaangkanan at mga talaan ng mag-anak. Kung

nakatanggap ng alinmang pagkasaserdote ang isang ninuno bago namatay, makatutulong na itala ang mga petsa kung kailan isinagawa ang mga ordenansang ito upang malaman natin kung alin-alin pa ang dapat na gawin.

Ang mga taong masasangguni sa kasaysayan ng mag-anak sa purok, sangay, o istaka ay makatutulong sa ating maihanda ang impormasyon na kakailanganin ng templo bago maisagawa ang mga ordenansa para sa ating mga ninuno. Kailangang mayroon din ng mga tagubiling ito ang mga lathalain sa kasaysayan ng mag-anak ng Simbahan, lokal na mga pinuno ng pagkasaserdote, at mga templo.

Si Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawa ay nagpayo: "Maghandang makibahagi sa pagbubuklod at iba pang ordenansa para sa mga namatay na ninuno. . . . Nakatutulong sa akin na kapag tumatanggap ako ng mga ordenansa sa iba na makipag-ugnayan sa taong iyon mismo. Iniisip ko siya at ipinagdarasal na sana ay matanggap niya ang ordenansa at makinabang dito. Gawin ninyo ang mga bagay na ito nang may panalangin sa inyong puso na palawakin ng Banal na Espiritu ang inyong pang-unawa at mapagyaman ang inyong buhay. Ang matapat na panalanging iyon ay sasagutin" (sa Conference Report, Abr. 1999, 33; o *Ensign*, Mayo 1999, 27).

*Pag-aralan ang buhay ng ating mga ninuno*

- Paano ninyo napag-aralan ang buhay ng inyong mga ninuno? Paano nakatutulong sa inyo ang pag-aaral ng buhay ng inyong mga ninuno?
- Ano ang magagawa ng mga magulang upang turuan ang kanilang mga anak tungkol sa mga ninuno nila?

  Ikinuwento ni Elder Dennis B. Neuenschwander ng Pitumpu ang kanyang responsibilidad na turuan ang kanyang mga anak at apo ng tungkol sa kasaysayan ng kanilang mag-anak:

  "Wala ni isa man sa aking mga anak ang may alaala ng aking lolo at lola. Kung nais kong malaman ng aking mga anak at apo ang mga nabubuhay pa rin sa aking alaala, kung gayon dapat akong magtayo ng tulay sa pagitan nila. Ako lamang ang tumatayong tagapag-ugnay sa mga salinlahing nakatayo sa magkabilang panig ko. Responsibilidad ko na magkalapit ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pagmamahal at respeto, bagamat marahil ay hindi nila makikilala nang personal ang bawat isa. Hindi magkakaroon ng kaalaman sa kasaysayan ng kanilang mag-anak ang aking mga apo kung wala akong gagawin para maingatan ko ito para sa kanila. Ang mga hindi ko naitala ay mawawala sa oras na ako ay mamatay, at ang hindi naipasa sa aking angkan ay hindi nila makakamtan kailanman. Ang gawain ng pagtitipon at pagbabahagi ng walang hanggang alaala ay isang pansariling responsibilidad. Hindi ito maipapasa o maibibigay sa iba" (sa Conference Report, Abr. 1999, 109; o *Ensign*, Mayo 1999, 83–84).

*Mag-ingat ng talaarawan o maghanda ng pansariling kasaysayan o kasaysayan ng mag-anak*

- Paano nakatutulong sa atin ang pag-iingat ng talaarawan o pansariling kasaysayan upang makabahagi sa kasaysayan ng mag-anak? (Imungkahi na talakayin ng mga miyembro ng klase kung paano sila personal na nabiyayaan at kung paano maaaring mabiyayaan ang kanilang mga ninuno.)

- Paano makatutulong ang paghahanda ng kasaysayan ng mag-anak upang maibaling ang ating mga puso sa mga miyembro ng mag-anak?

**3. Ang Simbahan ay nagbibigay ng maraming mapagkukunan upang tulungan tayong makabahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak?**

Ipaliwanag na ang Simbahan ay nagbibigay ng maraming mapagkukunan upang tulungan tayong makabahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak. Kabilang dito ang:

a. *Gabay ng mga Miyembro sa Gawain sa Templo at Kasaysayan ng Mag-anak* (34697 893).

b. Mga pormularyo ng kasaysayan ng mag-anak (tulad ng tsart ng talaangkanan at talaan ng mag-anak).

c. Mga programa sa kompyuter.

d. Impormasyon sa Internet.

e. Family History Centers (maaari ninyong alamin kung saan ang pinakamalapit sa inyo).

Magpakita ng mga kopya ng *Gabay ng mga Miyembro sa Gawain sa Templo at Kasaysayan ng Mag-anak* at mga pormularyo ng kasaysayan ng mag-anak at ipaliwanag sa mga miyembro kung paano makukuha ito. Kung hinilingan ninyo ang taong masasangguni sa kasaysayan ng mag-anak sa purok o sangay na magsalita sa mga miyembro ng klase tungkol sa mga mapagkukunang ito, ipagawa na ito sa kanya ngayon (tingnan ang "Paghahanda," aytem 3). Tiyakin na mauunawaan ng mga miyembro ng klase na makababahagi sila sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak kahit na wala sila ng mga ganitong mapagkukunan.

---

Katapusan

Ipahayag ang inyong damdamin tungkol sa kahalagahan ng pakikibahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na mapagpasiyahan nang may panalangin ang mga paraang makababahagi sila sa gawaing ito ngayon. Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng aralin.

**Gawain para sa mga miyembro ng klase**

Kumuha ng ilang kopya ng kasalukuyang pormularyo ng kasaysayan ng mag-anak, tulad ng tsart ng talaangkanan o talaan ng mag-anak, upang mabigyan ng tig-iisa ang mga miyembro ng klase. Makukuha ninyo ang mga pormularyong ito sa pamamagitan ng mga pinuno ng pagkasaserdote o taong masasangguni sa kasaysayan ng mag-anak.

Bilang bahagi ng aralin, bigyan ng tig-iisang kopya ng pormularyo ang mga miyembro ng klase. Kung may oras pa, maaaring magpamahagi kayo ng mga lapis at papel at pasimulan na sa klase ang pagsagot nito sa oras ng aralin. Kung wala nang oras sa klase, himukin ang mga miyembro ng klase na gawin ito sa bahay.

# "Bawat Miyembro ay Misyonero"

Aralin
# 41

**Layunin**

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na makibahagi sa pagdadala ng ebanghelyo sa buong mundo at palakasin ang mga bagong miyembro.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 1:4–5, 30; 65; 88:81; 109:72–74.
   b. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 140–42, 150–51.
2. Repasuhin ang materyal para sa araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang mga miyembro ng klase na ibuod ang sumusunod na impormasyon mula sa *Ang Ating Pamana*:
   a. Gawaing misyonero sa ilalim ng pangangasiwa ni Pangulong David O. McKay (mga pahina 140–42).
   b. Ang talumpati ni Pangulong Spencer W. Kimball sa mga kinatawan sa rehiyon ng Simbahan (unang dalawang talata sa mga pahina 150–51).
4. Maaari ninyong atasan ang isa o dalawang miyembro ng klase na mga nagbalik-loob na ibahagi nang maikli ang naging damdamin nila noong mga bago pa lamang silang miyembro ng Simbahan. Tanungin sila kung paano sila tinutulungan ng iba pang mga miyembro; maaari rin silang magmungkahi kung paano higit na makatutulong ang mga iba pang miyembro.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat ang mga sumusunod sa pisara bago magklase:

| | | |
|---|---|---|
| Inglatera | Alemanya | Tsina |
| Tahiti | Tonga | Samoa |
| Australia | Turkey | New Zealand |
| Iceland | Mexico | Timog-Amerika |
| Italya | Japan | Pransiya |
| Switzerland | Czechoslovakia | Hawaii |

- Alin sa mga lugar na ito sa palagay ninyo ang nadalaw ng mga misyonero noong unang 20 taon matapos maitatag ang Simbahan?

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Kapag nagbabasa ako ng kasaysayan ng Simbahan, namamangha ako sa kagitingan ng mga naunang kapatid habang sila’y lumilibot sa daigdig. Tila nakahahanap sila ng paraan. . . . Noong 1837 pa lamang ang Labindalawa ay nakikipaglaban na kay Satanas sa Inglatera, sa Tahiti noong 1844, Australia noong 1851, Iceland [noong] 1853, Italya noong1850, at pati na rin sa Switzerland, Alemanya, Tonga, Turkey, Mexico, Japan, Czechoslovakia, Tsina, Samoa, New Zealand, Timog-Amerika, Pransiya, at Hawaii noong 1850. . . . Karamihan sa mga pagpapabalik-loob na ito ay naganap habang ang mga pinuno ay naglalakbay sa Rocky Mountains at naglilinang ng lupain at nagtatayo ng kanilang mga tahanan. Ito ay pananampalataya at napakalakas na pananampalataya (”When the World Will Be Converted,“ *Ensign*, Okt. 1974, 6).

Bigyang-diin na mula sa mga pinakaunang araw ng pagpapanumbalik, hinangad ng mga pinuno ng Simbahan na isakatuparan ang kautusang dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo. Ipinahayag ni Pangulong Kimball ang kanyang paniniwala na dapat nating ipagpatuloy ito: “Sa hindi mailarawan na dahilan, . . . nadarama ko na kung ginagawa natin ang lahat sa abot ng ating makakaya gagawa ng paraan ang Panginoon na mabuksan ang mga bansa sa gawaing misyonero. Iyan ay pananampalataya ko” (*Ensign*, Okt. 1974, 7).

Ipaliwanag na ang araling ito ay tumatalakay sa ilang mga pamamaraan kung saan napalalaganap ang ebanghelyo sa buong mundo.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning batay sa mga banal na kasulatan.

**1. Ang Simbahan ay lilitaw mula sa karimlan.**

Ipinapakita ng kurso ng pag-aaral sa taong ito kung paano nagsimula ang Simbahan bilang isang maliit na pangkat ng mga tao na di-gasinong kilala. Ngayon ay lumaki na ang Simbahan na kinabibilangan ng mga miyembro sa lahat halos ng bansa sa daigdig. Ang mabilis na pagdami ng bilang ng mga miyembro nito ay maaaring mahirap maunawaan noong mga unang araw ng pakikibaka, pag-uusig, at kahirapan ng Simbahan. Subalit inihayag ng Panginoon ang kagila-gilalas na tadhana ng Kanyang Simbahan.

Atasan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at talakayin kung ano ang itinuturo ng bawat isa tungkol sa tadhana ng Simbahan.

a. D at T 1:30 (Ang mga tinawag ng Diyos upang pamunuan ang Kanyang Simbahan ay magkakaroon ng kapangyarihang ilitaw ito mula sa karimlan.)
b. D at T 65:1–6. (Ang ebanghelyo ay lalaganap hanggang sa mapuno nito ang buong mundo. Ang mga tatanggap nito ay magiging handa para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.)
c. D at T 109:72–74. (Ang Simbahan ay lalaganap sa buong mundo. Ito ay lalabas mula sa ilang at “magliliwanag . . . maliwanag gaya ng araw.”)

*Ipinahayag ni Pangulong Joseph Smith, "Walang hindi banal na kamay ang makapipigil sa pag-unlad ng gawain; ang mga pag-uusig ma'y magngalit, mga mandurumog ma'y magsama-sama, mga hukbo ma'y magtipun-tipon, ang paninirang-puri ma'y magpasama, ngunit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may tapang, marangal, at malaya, hanggang sa mapasok nito ang lahat ng lupalop, madalaw ang lahat ng lugar, masuyod ang lahat ng bansa, at maipahayag sa lahat ng tainga, hanggang ang mga layunin ng Diyos ay maisagawa, at sabihin ng Dakilang Jehova na ang gawain ay tapos na" (*History of the Church*, 4:540).

- Sa anong paraan lumilitaw ang Simbahan mula sa karimlan sa buong daigdig?

**2. Binigyan tayo ng hamon ng mga propeta sa mga huling araw na ibahagi ang ebanghelyo sa buong daigdig.**

Ipaliwanag na ang isa sa mahalagang paraan na sumusulong ang Simbahan sa buong daigdig ay sa pamamagitan ng mga pagsisikap ng bawat miyembro na makaganap bilang misyonero. Binigyan tayo ng hamon ng mga propeta sa mga huling araw na gumawa ng ibayong pagsisikap na maibahagi ang ebanghelyo bilang mga miyembrong misyonero at full-time na misyonero.

Si Pangulong David O. McKay ay nakilala sa pagsasabi niya na "Ang bawat miyembro ay misyonero." Atasan ang itinalagang miyembro ng klase na mag-ulat tungkol sa gawaing misyonero sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong McKay (*Ang Ating Pamana*, mga pahina 140–42).

Hindi nagtagal, nanawagan si Pangulong Spencer W. Kimball sa mga miyembro ng Simbahan na pahabain pa ang kanilang paghakbang sa paglilingkod bilang misyonero. Hiniling niya sa mga miyembro ng Simbahan na ipanalangin na ang pinto ng mga bansa ay mabuksan para sa pangangaral ng ebanghelyo at paramihin ang bilang ng mga nakahandang misyonero upang makapasok tayo sa mga pintuang iyon. Atasan ang itinalagang miyembro ng klase na mag-ulat tungkol sa talumpati ni Pangulong Kimball sa mga kinatawan sa rehiyon (*Ang Ating Pamana*, mga pahina 150–51, unang dalawang talata). Ipaliwanag na ang pangitain ni Pangulong Kimball kung paano susulong ang gawaing misyonero sa magkabilang panig ng mundo ay natutupad na ngayon.

Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley na ang bawat isa sa atin ay may responsibilidad na isakatuparan ang pangitaing ito ng pagpapalaganap ng ebanghelyo sa mundo:

"Ngayon, paano naman ang hinaharap? Paano naman ang mga taon na darating? Tila tunay nga itong may ipinangangako. Nagsisimula nang makita ng mga tao kung sino tayo at ang mga pinahahalagahan natin. . . .

"Kung magpapatuloy tayo, hindi kailanman nawawala sa ating layunin, hindi nagsasalita ng masama kaninuman, ipinamumuhay ang mga dakilang alituntuning pinaniniwalaan nating totoo, ang layuning ito ay magpapatuloy sa kadakilaan at kapangyarihan upang punuin ang mundo. Ang mga pintong sarado pa sa pangangaral ng ebanghelyo ay mabubuksan. Kung kinakailangan, maaaring yanigin ng Makapangyarihan ang mga bansa upang pababain ang kanilang loob at makinig sa mga tagapaglingkod ng Diyos na buhay. Anuman ang kakailanganin ay mangyayari.

"Ang susi sa malalaking hamon na kinakaharap natin at sa tagumpay ng gawaing ito ay ang pananampalataya ng lahat ng tumatawag sa kanilang sarili na mga Banal sa mga Huling Araw" (sa Conference Report, Okt. 1997, 92; o *Ensign*, Nob. 1997, 68).

- Paano naisasakatuparan ang mga propesiyang ito ng pagpapalaganap ng ebanghelyo sa mundo?

**3. "Ang bawat miyembro ay misyonero."**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 1:4–5 at 88:81. Anu-ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa ating responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo?
- Ano ang magagawa ng bawat isa sa atin upang makatulong sa gawaing misyonero? (Gamitin ang sumusunod na impormasyon upang talakayin o makaragdag sa mga sagot ng mga miyembro ng klase. Isulat ang mga pamagat sa pisara habang tinatalakay ang mga ito.

*Maghandang maglingkod sa full-time na misyon*

- Paano natin maihahanda ang ating sarili na maglingkod sa full-time na misyon? Bakit mahalagang ihanda muna natin ang ating sarili bago tayo matawag?

  Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Kapag humihingi ako ng mas marami pang misyonero, hindi ako humihingi ng mas marami pang misyonero na walang patotoo o hindi karapat-dapat. Hinihingi ko na magsimula tayo nang mas maaga at sanayin pa nating mabuti ang ating mga misyonero sa bawat sangay at sa bawat purok sa daigdig . . . [Kailangang] maintindihan ng mga kabataan na isang dakilang pribilehiyo ang makapagmisyon at dapat na magtaglay sila ng malusog na pangangatawan, isipan, maging espiritu, at na 'ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang' [D at T 1:31]" ("When the World Will Be Converted," *Ensign*, Okt. 1974, 7).

- Paano matutulungan ng mga magulang at iba pang matatanda ang mga kabataan sa paghahanda upang maging full-time na misyonero? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagtuturo sa kanilang maging karapat-dapat at handa para sa tawag sa misyon sa tamang panahon, pagbabahagi sa kanila ng mga karanasan sa misyon, pagtuturo sa kanila ng mga kagalakan at biyaya ng gawaing misyonero, pagsasalaysay ng mga kuwento ng pagbabalik-loob nila o ng kanilang mga ninuno, pagsisimula ng pondo ng misyonero para sa kanila, at pagtuturo sa kanila kung paano magtrabahong mabuti.)
- Anu-anong hamon ang kinakaharap ng mga kabataan habang naghahanda silang maging mga full-time na misyonero? Paano nila makakayanan ang mga paghamong ito? Anu-ano ang mga hamon na kinakaharap ng mga mas may edad na miyembro habang naghahanda silang maglingkod ng full-time na misyon? Paano nila makakayanan ang mga hamong ito?

*Maglingkod sa full time na misyon*

- Sino ang kailangang maglingkod sa full-time na misyon?

Lahat ng mga kabataang lalaki na karapat-dapat at may kakayahan mula edad 19 hanggang 25 ay kailangang maglingkod sa full-time misyon. Ang paglilingkod sa full-time na misyon ay kaakibat ng pananagutan sa pagkasaserdote ng mga kabataang ito. Ang mga kababaihan na may edad na 21 at pataas ay maaari ding irekomendang maglingkod sa full-time na misyon kung nanaisin nila. Ang mga mas may edad na mag-asawa ay hinihikayat ding magmisyon kung makakaya nila. Ang lahat ng mga misyonero ay kailangang maging karapat-dapat.

Si Elder David B. Haight ng Korum ng Labindalawa ay nagpayo: "Ang dapat na layunin ng bawat mag-asawa sa Simbahan na may kakayahan sa pangangatawan, na gaya rin ng kinakailangan sa bawat labingsiyam na taong gulang na kabataang lalaki sa Simbahan, ay ang makapagmisyon. Wala nang mas mainam na halimbawa ang maibibigay, wala nang mas mabisang patotoo ang maibabahagi ng mga magulang sa kanilang mga anak o apo, maliban sa pamamagitan ng paglilingkod bilang misyonero sa mga taon ng kanilang pagtanda" (sa Conference Report, Abr. 1987, 73; o *Ensign*, Mayo 1987, 61).

*Suportahan ang mga full-time na misyonero*

- Paano natin masusuportahan ang mga misyonerong kasalukuyang naglilingkod? (Maaaring ibilang sa mga sagot na maaaring alalahanin sila sa ating mga panalangin, pagpapadala ng mga nakahihikayat na liham, at pag-aambag sa pondo ng misyonero sa purok o sangay o sa, Pangkalahatang Pondo ng Misyonero. Masusuportahan natin ang mga misyonerong naglilingkod sa ating purok sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang maghanap at magturo sa mga nagsisiyasat sa Simbahan at sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba pang tulong.)

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Mga kapatid, maaaring hayaan nating gawin na lamang ito ng mga misyonero, o maaari natin silang tulungan. Kung gagawin nila ito nang nag-iisa, kakatok sila sa mga pinto araw-araw at ang ani ay lalabas na kaunti. O bilang mga miyembro maaari natin silang tulungan sa paghahanap at pagtuturo sa mga nagsisiyasat sa Simbahan" ("Find the Lambs, Feed the Sheep," *Ensign*, Mayo 1999, 107).

*Ibahagi ang ebanghelyo sa buong buhay natin*

- Bakit mahalaga para sa atin na ibahagi ang ebanghelyo sa iba sa buong buhay natin? Anu-ano ang mga naging karanasan ninyo sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba?
- Bakit minsan ay natatakot tayong ibahagi ang ebanghelyo? Paano natin mapagtatagumpayan ang mga takot na ito?
- Mayroon bang sinuman sa inyo ang naimpluwensiyahang sumapi sa Simbahan dahil sa halimbawa at pakikipagkaibigan ng isang miyembro ng Simbahan? Paano nakaapekto ang pag-uugali ng miyembro ng Simbahang ito sa inyo?
- Anu-ano ang ilang paraang maibabahagi natin ang ebanghelyo sa iba bilang bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga sumusunod.)

  a. Magpakita ng mabuting halimbawa sa mga miyembro ng mag-anak, kapitbahay, at kaibigan.

b. Magbahagi ng kopya ng Aklat ni Mormon.

c. Magbahagi sa mga misyonero ng mga pangalan ng mga taong interesado sa Simbahan.

d. Magbahagi sa mga tao ng inyong mga damdamin tungkol sa ebanghelyo.

e. Mag-anyaya ng mga tao sa mga gawain ng Simbahan, mga pulong, at fireside.

f. Mag-anyaya ng mga tao sa gabing pantahanan ng mag-anak at sa mga gawaing pangkapitbahay.

g. Mag-aanyaya ang mga taong interesado sa talaangkanan na bumisita sa Family History Center.

h. Mag-anyaya ng mga tao sa mga serbisyo ng pagbibinyag.

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Para sa akin ay tila ba pinili ng Panginoon ang kanyang salita nang sinabi niya [na ang ebanghelyo ay dapat maituro sa] 'ibang bansa,' 'bawat lupain,' 'kadulu-duluhang bahagi ng mundo,' 'bawat wika,' 'bawat tao,' 'buong daigdig,' at sa 'maraming lupain.' Tiyak na may kabuluhan sa mga salitang ito! . . . Iniisip ko kung ginagawa ba natin ang lahat ng makakaya natin. Kuntento na ba tayo sa paraan ng pagtuturo natin sa buong mundo?. . .Handa ba tayong pahabain pa ang ating mga paghakbang? Palawakin ang ating pananaw?" (*Ensign*, Okt. 1974, 5).

- Sa anong mga paraan mapahahaba ng bawat isa sa atin ang ating mga paghakbang habang hinahangad nating maibahagi ang ebanghelyo sa ating pang-araw-araw na buhay?

Sinabi ni Pangulong Kimball: "Ang ating malaking pangangailangan, at ang ating dakilang tungkulin, ay ang dalhin sa mga tao ng daigdig na ito ang mensahe ng pang-unawa upang tanglawan ang kanilang daraanan mula sa kadiliman at patungo sa kagalakan, kapayapaan, at mga katotohanan ng ebanghelyo. Naniniwala ako na hindi tayo dapat na "mapagod sa paggawa ng mabuti. Naniniwala ako na panahon nang muli na tanungin natin ang ating sarili, ano ang magagawa ko upang tumulong sa pagdadala ng ebanghelyo sa iba at sa mga naninirahan sa daigdig?" ("Are We Doing All We Can?" *Ensign*, Peb. 1983, 5).

Hiniling ni Pangulong Hinckley na tanggapin ng bawat pinuno ng pagkasaserdote ang responsibilidad at magpakita ng halimbawa sa paghahanap at pakikipagkaibigan sa mga nagsisiyasat. Iniatas niya na talakayin ang paksang ito paminsan-minsan sa mga pulong-sakramento. Iniatas din niya na ang mga Samahang Damayan, Mga Kabataang Babae, Primarya, kapulungan ng purok, at kapulungan ng istaka ay maaaring gamitin upang magplano kung paano hahanapin at kakaibiganin ang mga nagsisiyasat. (*Ensign*, Mayo 1999, 107.)

**4. Ang pangangalaga sa mga bagong binyag ay patuloy na responsibilidad natin.**

Isulat ang sumusunod na pahayag sa pisara: "Ang sinumang nagsisiyasat na karapat-dapat sa pagbibinyag ay nagiging isang miyembro na karapat-dapat iligtas" (Gordon B. Hinckley, *Ensign*, Mayo 1999, 109). Ipaliwanag na bawat taon, daan-daang libo ang nabibinyagan sa Simbahan. Ang mga bagong miyembrong ito ay dapat na pangalagaan at palakasin ng bawat isa sa atin.

- Bakit minsan ay mahirap para sa mga bagong binyag na manatiling aktibo sa Simbahan?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Hindi madaling bagay ang maging miyembro ng Simbahang ito. Sa kadalasang situwasyon ay nangangailangan ito ng pagsasaisantabi ng mga dating gawi, pag-iwan sa mga dating kaibigan at samahan, at pagpasok sa bagong samahan na kaiba at tila maraming hinihingi" (sa Conference Report, Abr. 1997, 66; o *Ensign*, Mayo 1997, 47).

- Ano ang magagawa ng mga bagong binyag upang palakasin ang kanilang sarili? Ano ang magagawa ng ibang miyembro upang palakasin ang mga bagong binyag? Paano ninyo nakita na mabisang nagagawa ito ng mga miyembro?

  Itinuro ni Pangulong Hinckley na "ang bawat nagbalik-loob ay nangangailangan ng tatlong bagay:

  "1. Isang kaibigan sa Simbahan na lagi niyang malalapitan na aalalay sa kanya, na sasagot sa kanyang mga tanong, na uunawa sa kanyang mga problema.

  "2. Tungkulin. Gawain ang pinakamainam na bahagi ng Simbahang ito. Ito ang proseso kung saan tayo umuunlad. Ang pananampalataya at pagmamahal sa Panginoon ay parang kalamnan ng aking bisig. Kung paiiralin ko ang mga ito, lalong lalakas ang mga ito. Kung hindi ako mananampalataya at magmamahal sa Panginoon, ang mga ito ay lalong hihina. Ang bawat nagbalik-loob ay karapat-dapat sa isang responsibilidad. . . .

  "3. Ang bawat nagbalik-loob ay dapat na 'mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos' (Moro. 6:4). Kinakailangan na siya ay makasama sa korum ng pagkasaserdote o sa Samahang Damayan, sa mga Kabataang Babae, sa mga Kabataang Lalaki, sa Panlinggong Paaralan, o sa Primarya. Siya ay dapat na mahikayat na pumunta sa pulong-sakramento" (*Ensign*, Mayo 1999, 108).

Kung nagtalaga kayo ng mga miyembro ng klase na magbahagi ng kanilang mga naging damdamin bilang mga bagong miyembro ng Simbahan, ipagawa na ito sa kanila ngayon (tingnan sa "Paghahanda," aytem 4).

---

Katapusan

Bigyang-diin na ginagabayan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan at binubuksan ang daan upang ang ebanghelyo ay maipalaganap sa buong mundo. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na pahabain pa ang kanilang mga hakbang habang naghahanda sila sa full time na misyon at ibahagi ang ebanghelyo sa mga tao na nasa paligid nila. Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

## Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng aralin.

**Pagtatanghal ng video na *Sagisag sa mga Bansa (An Ensign to the Nations)***

Kung may makukuhang videocassette na *Sagisag sa mga Bansa* (53980 893), isaalang-alang na ipalabas ang bahagi nito bilang bahagi ng aralin. Ang

pagtatanghal na ito ay naglalaman ng mga nakapagbibigay-inspirasyong kuwento ng pag-unlad ng Simbahan sa Europa, sa mga Pulo ng Pasipiko, Latin Amerika, Asya, at Aprika, Nagtatapos ito sa mga larawan ng mga templo at ng mga tao mula sa buong mundo na umaawit ng "Pananampalataya sa Bawat Hakbang,"

Dahil ang videocassette ay 60 minuto ang haba, hindi ninyo maipalalabas ang buong pagtatanghal sa klase. Gayunpaman, sa una ninyong panonood ng pagtatanghal, maaaring makita ninyo ang bahagi na partikular na makapagbibigay ng inspirasyon sa mga tinuturuan ninyo.

# Patuloy na Paghahayag sa mga Propeta sa mga Huling Araw

Aralin
42

**Layunin**

Ipakita sa mga miyembro ng klase na patuloy na ginagabayan ng Panginoon ang Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag sa mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa mga huling-araw.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at ang iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 1:38; 68:1–4; 84:109–10; 107:25, 34, 93–98; 132:8.
   b. Opisyal na Pahayag 2 (mga pahina 418–420 sa Doktrina at mga Tipan).
   c. *Ang Ating Pamana*, mga pahina 142–144, 151–54.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Atasan ang mga miyembro ng klase na ihandang ibuod ang sumusunod na impormasyon mula sa *Ang Ating Pamana*:
   a. Ang impormasyon sa pag-uugnay sa Simbahan (Church correlation) (sa huling talata sa pahina 142 hanggang sa huling talata sa pahina 144).
   b. Ang salaysay ng paghahayag na ipagkakaloob na ang mga pagbabasbas ng pagkasaserdote sa lahat ng karapat-dapat na miyembrong lalaki ng Simbahan (mga pahina 151–154).

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isalaysay ang sumusunod na kuwento, na ibinahagi ni Pangulong Harold B. Lee:

"Minsan isinalaysay ni Elder John A. Widtsoe ng Kapulungan ng Labindalawa ang kanyang pakikipagtalakayan sa isang grupo ng mga pinuno ng istaka. Sa gitna ng talakayan, sinabi ng isa sa kanya, 'Kapatid na Widtsoe, gaano katagal na mula nang tumanggap ng paghahayag ang Simbahan?' Hinaplos ni Kapatid na Widtsoe ang kanyang baba na nag-iisip at tumugon, 'O, marahil ay noong nakaraang Huwebes' "(*Stand Ye in Holy Places* [1974], 132–33).

Ipinahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball na patuloy na ginagabayan ang Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag:

"Pinatototohanan namin sa sanlibutan na nagpapatuloy ang paghahayag at na ang kaha-de-yero ng mga papeles at salansan ng Simbahan ay naglalaman ng mga paghahayag na ito na dumarating buwan-buwan at araw-araw.

Pinatototohanan din namin na mayroong paghahayag, mula noong 1830 nang itatag ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at magpapatuloy na magkaroon, hanggang sa pagtatapos ng panahon, isang propeta, na kinikilala ng Diyos at ng kanyang mga tao, na siyang magpapatuloy na ipaliwanag ang isipan at kalooban ng Panginoon. . . .

"Habang naghihintay sa mga nakagigilalas na bagay, hindi lubos na magiging kapansin-pansin sa isang tao ang patuloy na pagdaloy ng inihayag na pakikipag-ugnayan. Sinasabi ko, nang may lubos na pagpapakumbaba, gayundin naman sa pamamagitan ng kapangyarihan at lakas ng nag-aalab na patotoo sa aking kaluluwa, na mula sa propeta ng Pagpapanumbalik hanggang sa propeta ng sarili nating panahon, ang linya ng pakikipag-ugnayan ay hindi napuputol, ang karapatan ay nagpapatuloy, ang liwanag, maningning at nakatitimo, ay patuloy na lumiliwanag. Ang tunog ng tinig ng Panginoon ay isang himig na walang tigil at isang panawagang tila ba'y kulog. Walang patlang sa loob ng halos isang siglo at kalahati" (sa Conference Report, Abr. 1977, 115; o *Ensign*, Mayo 1977, 78).

Bigyang-diin na ang pahayag ni Pangulong Kimball ay nananatiling totoo pa rin sa ngayon. Ang kalangitan ay nakabukas, at nagpapatuloy ang Panginoon na ihayag ang Kanyang kalooban sa mga propeta sa mga huling araw.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning tinalakay ninyo.

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 1:38 at 68:1–4. Bigyang-diin na ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa mga huling-araw. Patuloy silang tumatanggap ng paghahayag upang gabayan ang Simbahan. Ang kanilang landas ay "ang. . .kalooban ng Panginoon, ang. . .kaisipan ng Panginoon, ang. . .salita ng Panginoon, ang. . .tinig ng Panginoon, at ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan" (D at T 68:4). Ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito ang ilang halimbawa ng patuloy na paghahayag upang gabayan ang Simbahan.

**1. Pag-uugnay sa Simbahan (Church Correlation)**

Hilingan ang inatasang miyembro ng klase na ibuod ang impormasyon sa pag-uugnay sa Simbahan mula sa *Ang Ating Pamana*, na nagsisimula sa huling talata sa pahina 142 hanggang sa huling talata sa pahina 143). Bigyang-diin na ang pag-uugnay sa Simbahan ay pinasimulan at patuloy na isinasagawa ngayon sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Panginoon sa Kanyang mga propeta.

Ipaliwanag na ang layunin ng pag-uugnay sa Simbahan ay upang pangalagaan "ang tamang landas ng Diyos" (Jacob 7:7). Sa katunayan, ito ay nilayon upang tulungan na matamo ang misyon ng Simbahan, at iyon ay anyayahan ang lahat ng tao na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya" (Moroni 10:32; tingnan din sa D at T 20:59).

Ang Unang panguluhan at Korum ng Labindalawa ang nangangasiwa sa pag-uugnay sa Simbahan. Ang pag-uugnay ay kinapapalooban ng:

a. Pagpapanatiling dalisay ng doktrina.

b. Pagbibigay-diin sa kahalagahan ng mag-anak at ng tahanan.
c. Pagsasailalim ng lahat ng gawain ng Simbahan sa pamamatnubay ng pagkasaserdote.
d. Pagtatatag ng maayos na pakikipag-ugnayan ng mga samahan ng Simbahan.
e. Pagtatamo ng pagkakaisa at kaayusan sa Simbahan.
f. Pagtitiyak na gawing simple ang mga programa at materyal ng Simbahan.

Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawa na ang pag-uugnay ay isang proseso "kung saan tinitipon natin ang lahat ng programa ng Simbahan, dinadala ang mga ito sa isang pinagtutuunang layunin, tinitipon ang lahat ng programa ng Simbahan sa isang programa, pinangangasiwaan ang mga ito bilang isang programa, isinasama ang lahat ng ito sa ilalim ng pamamatnubay ng pagkasaserdote" (*Let Every Man Learn His Duty* [polyeto, 1976], 2).

Gamitin ang sumusunod na materyal upang talakayin kung paano pinagpapala ang ating buhay ng pag-uugnay sa Simbahan. Isulat ang mga pamagat sa pisara habang tinatalakay ninyo ang mga ito.

*Kahalagahan ng Mag-anak*

Binibigyang-diin ng pag-uugnay ang kahalagahan ng mag-anak sa maraming paraan. Ang isa rito ay ang pagtatatag ng programang gabing pantahanan ng mag-anak. Dapat na magdaos ang mga magulang ng lingguhang gabing pantahanan ng mag-anak upang turuan at palakasin ang kani-kanilang mag-anak. Ang mga gabi ng Lunes ay inilalaan para sa gabing pantahanan ng mag-anak sa buong Simbahan at dapat na malaya mula sa mga pulong at gawain ng Simbahan.

- Paano nakaimpluwensiya ang gabing pantahanan ng mag-anak sa inyong mag-anak? Anu-ano na ang nagawa ninyo upang maging matagumpay ang gabing pantahanan ng mag-anak?

Binibigyang-diin rin ng pag-uugnay ang kahalagahan ng mag-anak sa pamamagitan ng paglilinaw ng papel na ginagampanan ng mga samahan, programa, at gawain ng Simbahan na may kaugnayan sa mag-anak. Isinasaad ng *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan*:

"Ang pinakamahalagang lugar para sa pagtuturo ng ebanghelyo at pamumuno ay ang mag-anak at ang tahanan (tingnan sa Mosias 4:14–15; D at T 68:25–28). . . . Ang mga korum, pantulong na samahan, programa, at gawain sa Simbahan ay dapat na magpalakas at sumuporta sa mag-anak. Dapat mapag-ibayo ng mga ito ang mga gawaing pangmag-anak na nakatuon sa ebanghelyo, at hindi makipagpaligsahan sa mga ito" (*Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at ng mga Pantulong na Samahan* [1998], 391).

- Bakit mahalaga na maunawaan na umiiral ang mga pantulong na samahan, programa, at gawain ng Simbahan upang suportahan ang mag-anak? Paano nakapagpalakas sa inyo at sa inyong mag-anak ang mga samahan at gawain ng Simbahan?

Binigyang-diin rin ng pag-uugnay na ang mga programa at gawain sa Simbahan ay hindi dapat hingan ang mga miyembro ng Simbahan ng hindi kinakailangang pagsisikap, panahon, o iba pang pinagkukunan.

*Pangangasiwa ng mga pantulong na samahan ng Simbahan*

Ang isang mahalagang papel na ginagampanan ng pag-uugnay ay pag-isahin at pagtugmain ang mga pantulong na samahan ng Simbahan—ang Samahang Damayan, Mga Kabataang Lalaki, Mga Kabataang Babae, Primarya, at Panlinggong Paaralan. Sa loob ng maraming taon ang mga samahang ito ay halos tumatayong malaya sa isa't isa. Sa pangkalahatang antas ng Simbahan, ang ilan ay mayroong kani-kanyang magasin, pondo at komperensiya. Sa paglaki ng mga ito, ang mga ito ay naging lubhang nakalilito at madalas magkaroon ng hindi mahahalagang pagkakapare-pareho sa mga programa at materyal.

Sa pamamagitan ng proseso ng pag-uugnay, ang gayong pagkalito at pagkakapare-pareho ay nabawasan. Sa pamamagitan ng pag-uugnay, nagkaroon din ng pagbibigay-diin sa mga pantulong na samahan na gumaganap sa ilalim ng pamamatnubay ng mga pinuno ng pagkasaserdote. Halimbawa, sa isang purok ang lahat ng samahang ito ay gumaganap sa ilalim ng pamamatnubay ng obispado.

- Bakit mahalaga na pag-isahin at pag-ugnayin ang mga pagpupunyagi ng mga pantulong na samahan sa purok? Paano ninyo nakita na nakakagawa nang higit na mabisa ang mga samahang ito sa pamamagitan ng pag-uugnay ng pagpupunyagi ng mga ito?

*Paghahanda ng mga lathalain ng Simbahan*

Ipaliwanag na ang mga lathalain ng Simbahan, katulad ng mga manwal na pang-aralin at magasin ng Simbahan, ay ginawa upang tulungan ang mga miyembro ng mag-anak na matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Tumutulong ang proseso ng pag-uugnay na matiyak na ang mga materyal na ito ay batay sa mga banal na kasulatan, wasto sa doktrina at naaangkop sa tuturuan. Ang lahat ng lathalain ng Simbahan ay pinaplano, inihahanda, pinag-aaralan, at isinasagawa sa ilalim ng pamamatnubay ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa.

Ang isang bunga ng pag-uugnayan sa mga lathalain ng Simbahan ay pinag-aaralan ng nasa hustong gulang at mga kabataan sa mga klase ng Doktrina ng Ebanghelyo at sa halos lahat ng klase ng Primarya ang magkatulad na aklat ng banal na kasulatan sa loob ng isang taon. Ito ay makahihikayat at makapagpapadali ng talakayan ng mga banal na kasulatan sa tahanan.

- Paano nakasusuporta ang mga itinuturong aralin sa simbahan sa pagsisikap ng mga magulang na maturuan ang kanilang mga anak sa tahanan?

*Pagtuturo sa tahanan*

Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 20:53–55. Ipaliwanag na ang mga pagdalaw sa tahanan ng mga maytaglay ng pagkasaserdote ay bahagi na ng Simbahan mula sa panahon ni Propetang Joseph Smith. Bilang bahagi ng pagpupunyagi ng pag-uugnay, ang mga pagdalaw na ito ay muling binigyang-diin noong mga taong 1960 at tinawag na pagtuturo sa tahanan. Ang pagtuturo sa tahanan ay nananatiling mahalagang responsibilidad ng mga guro, saserdote, at may hawak ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.

- Anu-ano ang layunin ng pagtuturo sa tahanan? Anu-anong karanasan ang nagpakita sa inyo ng kahalagahan ng pagtuturo sa tahanan?

Upang tapusin ang inyong talakayan sa pag-uugnay sa Simbahan, basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 84:109–10 at 132:8.

- Sa paanong paraan tumutulong sa atin ang pag-uugnay sa Simbahan na maisakatuparan ang mga salitang ito?
- Ano ang magagawa ng bawat isa sa atin at ng mga tungkulin natin sa Simbahan upang maipamuhay ang mga alituntunin ng pag-uugnay sa Simbahan?

**2. Paghahayag na ipagkaloob ang mga pagbabasbas ng pagkasaserdote sa bawat karapat-dapat na miyembrong lalaki ng Simbahan**

Ipaliwanang na noong Hunyo 1978, ipinahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball ang isang paghahayag na nagkakaloob ng mga pagbabasbas ng pagkasaserdote sa bawat karapat-dapat na miyembrong lalaki ng Simbahan. Hilingan ang itinalagang miyembro ng klase na ibuod ang ulat ng paghahayag na ito mula sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 151–154.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Opisyal na Pahayag–2. Paano maituturing na isang pagpapala ang paghahayag na ito sa Simbahan?
- Ano ang matututuhan natin mula sa prosesong pinagdaanan ni Pangulong Kimball bago matanggap ang paghahayag na ito? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana*, pahina 152.)

**3. Paglalathala ng mga bagong edisyon ng mga banal na kasulatan**

Ipaliwanag na noong 1979, matapos ang mga taon ng masusing paggawa sa ilalim ng pamamatnubay ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa, naglathala ang Simbahan ng edisyon ng mga Banal sa mga Huling Araw ng mga Biblia sa Ingles. May parehong teksto ng King James na Bersiyon sa Ingles ang edisyong ito ng Biblia, subalit ito ay kinapapalooban ng mga natatanging tulong sa pag-aaral, katulad ng *Topical Guide*, ng *Bible Dictionary,* at mga talababa na bumabanggit ng mga talata sa ibang mga aklat ng banal na kasulatan at sa mga hango mula sa pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia sa Ingles.

Noong 1981, naglathala ang Simbahan ng bagong edisyon sa Ingles ng tatlong pinagsama-samang aklat ng banal na kasulatan (ang Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas sa iisang tomo), na may mga pinalawak na talababa at mga tala sa indise.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang Ezekiel 37:15–19. Ipaliwanag na ang "tungkod ng Juda" ay ang Biblia at ang "tungkod ng Ephraim" ay ang Aklat ni Mormon. Paano nakakatulong ang mga bagong edisyon ng mga banal na kasulatan sa Biblia at Aklat ni Mormon na maging "isa sa [inyong] kamay"?

  Ipaliwanag na maraming talababa sa Ingles na Biblia ang tumutukoy sa mga banal na kasulatan sa Aklat ni Mormon, at maraming talababa sa Aklat ni Mormon ang tumutukoy sa mga banal na kasulatan sa Biblia. Namasdan ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa: "Ang tungkod o talaan ng Juda—ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan—at ang tungkod o talaan ng Ephraim—ang Aklat ni Mormon, na isa pang tipan ni Jesucristo—ay pinagsama sa pamamaraang habang pinag-aaralan ninyo ang isa, kayo ay

nalalapit sa isa pa; habang natututuhan ninyo ang isa, kayo ay nabibigyang liwanag ng isa pa. Tunay na ang mga ito ay isa sa ating mga kamay" (sa Conference Report, Okt. 1982, 75; o *Ensign*, Nob. 1982, 53).

Gumamit ng ilang minuto upang ipakita sa mga miyembro ng klase ang mga tulong sa pag-aaral sa mga edisyon ng mga banal na kasulatan ng mga Banal sa mga Huling Araw (maaari ninyong gamitin ang pangalawang karagdagang ideya sa pagtuturo). Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Sa paanong paraan ninyo nagamit ang mga tulong sa pag-aaral sa mga banal na kasulatan? Paano nakatulong sa inyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan ang mga mapagkukunang materyal na ito? Sa inyong palagay sa anong paraan pinagpapala ang Simbahan dahil sa mga edisyon ng mga banal na kasulatan ng mga Banal sa mga Huling Araw?

  Pagkaraang-pagkaraan ng panahon matapos malimbag ang mga banal na kasulatang ito, ipinropesiya ni Elder Boyd K. Packer: "Sa pagdaraan ng mga taon, ang mga banal na kasulatang ito ay magbubunga ng sunud-sunod na salinlahi ng matatapat na Kristiyano na nakakikilala sa Panginoong Jesucristo at nahahandang sundin ang Kanyang kalooban. . . . Ang mga paghahayag ay bubuksan sa kanila nang higit sa iba pang [salinlahi] sa kasaysayan ng daigdig. Sa kanilang mga kamay ngayon ay nakalagay ang mga tungkod ng Jose at ng Juda. Magkakaroon sila ng kaalaman sa ebanghelyo na lampas sa maaaring naabot ng kanilang mga ninuno. Sila ay magkakaroon ng patotoo na si Jesus ang Cristo at may kakayahan na ipahayag Siya at ipagtanggol Siya" (sa Conference Report, Okt. 1982, 75; o *Ensign*, Nob. 1982, 53).

  Sa pangkalahatang komperensiya noong Abril 1995, gumawa ng isang pagsusuri si Pangulong Gordon B. Hinckley na nagpakita na ang mga salita ni Elder Packer ay natutupad na: "Inalaala ko ang sarili kong kabataan. Hindi gaanong nagbabasa ng mga banal na kasulatan ang mga kabataang lalaki o ang mga kabataang babae man noong panahong iyon. Anong kahanga-hangang pagbabago ang naganap. Isang bagong salinlahi ang bumabangon na maalam sa salita ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1995, 117; o *Ensign*, Mayo 1995, 87).

**4. Mga Karagdagang Korum ng Pitumpu**

Ipaliwanag na habang lumalago ang Simbahan, inihayag ng Panginoon kung paano dapat magbago ang pangkalahatang pangangasiwa ng Simbahan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro sa buong daigdig. Ang mga pagbabagong ito ay makikita lalo na sa pagbubuo ng mga karagdagang Korum ng Pitumpu.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 107:25, 34. Anu-ano ang responsibilidad ng Pitumpu?

Ipaliwanag na sa loob ng maraming taon mayroon lamang pitong Pangkalahatang Awtoridad ng Simbahan ang naglilingkod bilang mga Pitumpu. Sila ang bumubuo sa Unang Kapulungan ng Pitumpu. Noong 1975, tinawag ang iba pa; sila ay naglingkod sa Unang Korum ng Pitumpu. Isa pang pagpapalawak ang naganap noong 1989, nang idagdag ang Pangalawang Korum ng Pitumpu.

Noong Abril 1995, ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang pagtawag ng mga pinunong lokal, na tinatawag na mga Awtoridad ng Pook, na

maglilingkod sa loob ng anim na taon. (Tingnan sa Conference Report, Abr. 1995, 71–72; o *Ensign*, Mayo 1995, 52.)

Noong 1997, ipinahayag ni Pangulong Hinckley na oordenan ang mga Awtoridad ng Pook na Mga Pitumpu at bubuuin ang mga Ikatlo, Ikaapat, at Ikalimang Korum ng Pitumpu. Di-katulad ng mga Pitumpu na naglilingkod bilang mga Pangkalahatang Awtoridad, ang mga Awtoridad ng Pook na Pitumpu ay naglilingkod sa mga pook kung saan sila naninirahan at magpapatuloy pa rin sa kanilang kasalukuyang hanapbuhay. (Tingnan sa Conference Report, Abr. 1997, 4–5; o *Ensign*, Mayo 1997, 5–6.)

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 107:93–97. Paano tumutugon ang pagkalikha ng mga karagdagang Korum ng Pitumpu sa mga tagubilin sa paghahayag na ito?
- Sa inyong palagay, paano tutulungan ng pagkakatawag ng mga Awtoridad ng pook na Pitumpu ang Simbahan habang ito ay lumalaki?

  Hinggil sa pagkakalikha ng mga karagdagang Korum ng Pitumpu, sinabi ni Pangulong Hinckley: "Sa pamamagitan ng kani-kanyang korum sa pook, naitatag natin ang huwaran sa pamamaraan kung saan maaaring lumaki sa anumang sukat ang Simbahan na may samahan ng mga Panguluhan ng Pook at Awtoridad ng Pook na Pitumpu, na pinili at gumagawa sa magkabilang panig ng daigdig ayon sa pangangailangan. Ngayon, ang Panginoon ay nagbabantay sa Kanyang kaharian. Binigyang-inspirasyon Niya ang pamumuno nito upang pangalagaan ang walang tigil na paglaki ng bilang ng mga miyembro nito" (sa Conference Report, Abr. 1997, 5; o *Ensign*, Mayo 1997, 6).

---

## Katapusan

Kung hindi ninyo ginamit ang gawaing pantawag pansin, basahin ang pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball sa pahina 307–8. Bigyan ng natatanging pansin ang patotoo ni Pangulong Kimball na "ang tunog ng tinig ng Panginoon [sa Kanyang mga propeta] ay isang himig na walang tigil at isang panawagang tila ba'y kulog." Ipahayag ang inyong pasasalamat sa pamamatnubay ng Panginoon sa pamamagitan ng mga propeta sa mga huling araw.

Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Maaari ninyong gamitin ang isa o kapwa sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng araling ito.

**1. Pagtatanghal ng video na "Revelation on Priesthood"**

Kung may makukuhang *Doctrine and Covenants and Church History Video Presentations* (53912), isaalang-alang ang pagpapalabas ng "Revelation on Priesthood," isang pitong minutong yugto, sa ikalawang bahagi ng araling ito.

**2. Gawain upang mahikayat ang paggamit ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan**

Gamitin ang sumusunod na gawain upang tulungan ang mga miyembro ng klase na gamitin ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan:

Hilingan ang mga miyembro ng klase na isara ang kanilang mga banal na kasulatan. Pagkatapos ay papag-isipin sila nang kahit gaano karaming mga sangguniang banal na kasulatan na maaari nilang maisip tungkol sa mga dalawa o tatlong magkakaibang paksa ng ebanghelyo na may mahabang pagkakatala sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Halimbawa, maaari ninyong hilingin sa kanila na magtala ng mga sanggunian tungkol sa pagsunod at kaloob na Espiritu Santo. Kapag wala na silang maitala na anumang sanggunian, ipahanap sa kanila ang gayunding mga paksa sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan sa ilalim ng mga paksang iyon.

Pagkaraang matapos ninyo ang gawaing ito, ipalipat sa mga miyembro ng klase ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan sa mga pahina 90–95 upang makita ang maraming pagkakatala tungkol sa Tagapagligtas. Sa kanilang pagsusuri sa mga sangguniang ito, maaari ninyong ibahagi ang paghahayag ni Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa. Tinukoy niya ang mga pahinang iyon bilang "Mga pinakamaraming tinipong sanggunian sa banal na kasulatan sa paksa tungkol kay Jesucristo na naisaayos sa kasaysayan ng daigdig" ("The Peaceable Followers of Christ," *Ensign*, Abr. 1998, 64).

# “Magsuot Kayo ng Aking Buong Kasuotan”

Aralin
43

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na isuot ang buong baluti ng Diyos upang pangalagaan sila sa digmaan laban sa masama.

**Paghahanda**


1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan sa araling ito.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung mga kabataan ang tinuturuan ninyo, atasan ang mga miyembro ng klase na maghandang ibuod ang impormasyon sa ilan o sa lahat ng sumusunod na paksa sa *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 893).
   a. “Seksuwal na Kadalisayan” (mga pahina 17–20).
   b. “Pananamit at Anyo” (pahina 8–9).
   c. “Media: Mga Pelikula, Telebisyon, Radyo, Videocassette, Mga Aklat, at Mga Magasin” (mga pahina 13–14).
   d. “Musika at Pagsasayaw” (mga pahina 16–17).
   e. “Katapatan” pahina 11.
   f. “Pananalita” mga pahina 11–13.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Magdrowing sa pisara ng mga larawang patpat na kumakatawan sa isang tao, katulad ng nakadrowing sa ibaba. Pagkatapos ay magdrowing ng ilang maliliit na sibat o palaso na nakaturo sa larawan, na galing sa maraming direksiyon.



Ipaliwanag na kung minsan ay tinutukoy sa mga banal na kasulatan ang mga tukso bilang "nag-aapoy na sibat ng kaaway" (D at T 3:8; tingnan din sa Mga Taga Efeso 6:16; 1 Nephi 15:24; D at T 27:17). Ang araling ito ay tungkol sa mga tuksong ito at sa "baluti" na maaari nating isuot upang mapangalagaan ang ating sarili mula sa mga ito.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na talakayin kung paano maipamumuhay ang mga alituntuning ito sa kanilang buhay.

**1. Isuot ang buong baluti ng Diyos.**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 76:25–28 at Moises 4:3. Sinu-sino ang pinuno ng dalawang puwersa na kabilang sa Digmaan sa Langit, at ano ang kanilang layunin? Paano tayo napabibilang sa gayunding labanan sa mundo ngayon? (Tingnan sa D at T 76:29; Moises 4:4.)
- Bigyang-diin na hindi tayo iniwan ng Panginoon na hindi pinangangalagaan sa digmaan laban sa masama. Basahin ang D at T 27:15–18 sa mga miyembro ng klase. Ano ang baluti ng Panginoon na inilalarawan sa mga talatang ito? (Isulat ang mga sumusunod na aytem sa pisara. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, isulat ang mga ito malapit sa larawang patpat na inyong idrinowing.)

  *Mga balakang ay may bigkis ng katotohanan*

  *Baluti sa dibdib ng kabutihan*

  *Mga paa ay may panyapak ng paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan*

  *Kalasag ng pananampalataya*

  *Turbante ng kaligtasan*

  *Espada ng Espiritu ng Diyos at ng Kanyang salita sa pamamagitan ng paghahayag*

- Ano ang magagawa natin upang maisuot ang "buong baluti" ng Diyos? Paano ninyo nadarama ang karagdagang kaligtasan mula sa tukso kapag kayo ay nananalangin? nag-aaral ng mga banal na kasulatan? nagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath? nagtutungo sa templo? iginagalang ang pagkasaserdote?
- Anu-ano ang maaaring maging bunga ng pagsusuot lamang ng bahagi ng baluti ng Panginoon o pagpapabaya na isuot ito kahit na sa maikling panahon lamang?

  Nagbabala si Elder Joseph B. Wirthlin ng Korum ng Labindalawa na si Satanas "ay nagsisikap na makahanap ng anumang kahinaan sa baluti ng bawat tao. Nalalaman niya ang ating mga kahinaan at nalalaman kung paano kakasangkapanin ang mga ito kung pababayaan nating gawin niya ang gayon. Maipagtatanggol natin ang ating sarili laban sa kanyang mga pagsalakay at panlilinlang sa pamamagitan lamang ng pag-unawa sa mga kautusan at sa pamamagitan ng pagpapatibay sa ating sarili bawat araw sa pamamagitan ng pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagsunod sa payo ng mga hinirang ng Panginoon" (sa Conference Report, Okt. 1998, 44; o *Ensign*, Nob. 1998, 35).

Ipaliwanag na ang nalalabing bahagi sa araling ito ay tutuon sa tatlong bahagi kung saan sinisikap ni Satanas na kasangkapanin ang mga kahinaan sa ating baluti ngayon: kalinisang-puri, katapatan, at pananalita.

**2. Ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri.**

- Ano ang batas ng Panginoon hinggil sa kalinisang-puri? (Tingnan sa D at T 42:22–24; 59:6; 63:16; at ang mga sumusunod na siping-banggit.)

  Ipinahayag ng Unang Panguluhan: "Ang batas ng Panginoon hinggil sa kagandahang asal ay hindi pagkakaroon ng kaugnayan sa labas ng legal na kasal at katapatan sa loob ng kasal. Ang mga pakikipag-ugnayang seksuwal ay wasto lamang na ipahayag sa pagitan ng mag-asawa, na nakalaang isagawa lamang sa bigkis ng kasal. Ang anumang iba pang ugnayang seksuwal, kabilang na ang pangangalunya, pakikiapid, at homoseksuwal na pag-uugali, ay masama" (liham ng Unang Panguluhan, ika-14 ng Nob. 1991).

  Itinuro ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawa: "Anumang ugnayang seksuwal sa labas ng bigkis ng kasal—ang ibig kong sabihin ay anumang sinadyang paghipo sa mga banal, pribadong bahagi ng katawan ng iba, nakadamit man ito o hindi—ay kasalanan at ipinagbabawal ng Diyos. Kasalanan din na sadyaing buhayin ang mga emosyong ito sa inyong sariling katawan" (sa Conference Report, Okt. 1994, 51; o *Ensign*, Nob. 1994, 38).

  Kung inatasan ninyo ang isang miyembro ng klase na ibuod ang bahaging "Kadalisayang Seksuwal" sa *Para sa Lakas ng Kabataan*, ipabuod na ito sa kanya ngayon.

- Anu-ano ang ilang ibubunga ng paglabag sa batas ng kalinisang-puri? (Talakayin ang espirituwal at pisikal, panandalian at panghabampanahon na ibubunga nito.) Paano nakaaapekto sa iba ang paglabag ng isang tao sa batas ng kalinisang-puri?

  Itinuro ni Elder Joseph B. Wirthlin: "Ang isa sa mga pinakalaganap na panlilinlang noong mga nakaraan lamang na taon ay ang paniniwala na ang imoralidad ay karaniwan na lamang at tinatanggap at walang mga negatibong ibubunga. Sa katunayan, ang imoralidad ang pinagmumulan ng labis na pagdurusa at maraming iba pang suliranin na laganap ngayon, kabilang na ang nakahahawang sakit, pagpapalaglag, mga magkakahiwalay na mag-anak, mga mag-anak na walang mga ama, at ina na sila mismo ang mga anak" (sa Conference Report, Okt. 1994, 100; o *Ensign*, Nob. 1994, 76).

- Paano tayo pinagpapala habang ipinamumuhay natin ang batas ng kalinisang-puri? (Tingnan sa D at T 121:45–46. Maaaring ibilang sa mga sagot na nakadarama tayo ng karagdagang kapayapaan at kagalakan, pagmamahal para sa ating asawa at sa iba pang miyembro ng mag-anak, paggalang sa sarili, at paggalang sa iba. Ang pamumuhay ng batas ng kalinisang-puri ay mahalaga rin para sa atin upang magkaroon ng patnubay ng Espiritu Santo, matanggap ang mga ordenansa ng pagkasaserdote, at matanggap ang sakramento nang karapat-dapat.) Paano maaaring makaapekto sa iba ang ating pagsunod sa batas ng kalinisang-puri?

- Paano tinutukso ni Satanas ang mga tao na labagin ang batas ng kalinisang-puri? Paano sinisikap ng mga tao na bigyang-katuwiran ang paglabag sa batas na ito?

Kung inatasan ninyo ang mga miyembro ng klase na ibuod ang mga bahagi ng *Para sa Lakas ng Kabataan*, ipabuod ngayon sa kanila ang mga sumusunod: "Pananamit at Anyo," "Media: Mga Pelikula, Telebisyon, Radyo, Videocassette, Aklat , at Magasin," at "Musika at Pagsasayaw."

Nagbabala si Pangulong Gordon B. Hinckley: "Hindi kayo dapat maglaro sa Internet upang makahanap ng materyal na pornograpiya. Hindi kayo dapat dumayal sa telepono upang makinig sa mga kalaswaan. Hindi kayo dapat umarkila ng mga video na may kahit anong uri ng pornograpiya. Ang mahahalay na bagay na ito ay hindi para sa inyo. Lumayo sa pornograpiya katulad ng pag-iwas ninyo sa malulubhang sakit. Ito ay nakasisira. Ito ay maaaring makagawian, at ang mga ito ay nakagugumon" (sa Conference Report, Abr. 1998, 66–67; o *Ensign*, Mayo 1998, 49).

- Paano natin pangangalagaan ang ating sarili mula sa mga tukso na labagin ang batas ng kalinisang-puri? Ano ang magagawa natin sa ating tahanan upang iwasan ang mga impluwensiyang imoral?
- Ang batas ng kalinisang-puri ay kinabibilangan ng kadalisayan ng pag-iisip gayundin ng pagkilos. Paano tayo naaapektuhan sa espirituwal kapag marumi ang ating isipan? (Tingnan sa D at T 63:16.) Paano natin aalisin ang maruming kaisipan mula sa ating isipan?

Pinayuhan tayo ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa na alisin ang mga di-karapat-dapat na kaisipan mula sa ating isipan sa pamamagitan ng paglalagay "ng mahahalagang bagay na nakapagpapasigla na maipanghahalili sa mga ito" (sa Conference Report, Okt. 1977, 90; o *Ensign*, Nob. 1977, 60). Talakayin kung paano susundin ang payong ito. Maaaring ibilang sa mga mungkahi ang pagdarasal upang magkaroon ng lakas, pag-awit ng paboritong himno o pagsasaulo ng paboritong banal na kasulatan o pag-iisip tungkol sa pagmamahal natin para sa mga miyembro ng mag-anak.

**3. Maging matapat.**

- Ano ang ibig sabihin ng maging matapat?

Itinuro ni Pangulong James E. Faust: "Ang katapatan ay higit pa sa hindi pagsisinungaling. Ito ay pagsasabi ng katotohanan, pagsasalita ng katotohanan, pamumuhay sa katotohanan, at pagmamahal sa katotohanan" (sa Conference Report, Okt. 1996, 57; o *Ensign*, Nob. 1996, 41).

Kung inatasan ninyo ang isang miyembro ng klase na ibuod ang bahaging "Katapatan" sa *Para sa Lakas ng Kabataan*, ipabuod na sa kanya ito ngayon.

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 42:21, 51:9, at 97:8. Bakit mahalaga na maging matapat sa lahat ng aspeto ng ating buhay? Anu-ano ang ibubunga ng pagiging hindi matapat? Paano tayo pinagpapala kapag tayo ay matapat?
- Sa anong mga paraan tayo natutukso na maging hindi matapat? Paano tayo mas magiging marupok sa ibang mga tukso kapag binibigyang-daan natin ang mas maliliit na tukso nang hindi pagiging matapat? Paano natin mapaglalabanan ang mga tukso na maging hindi matapat?
- Ano ang ibig sabihin ng maging matapat sa Panginoon? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagtupad sa mga tipan at iba pang pangako na ginawa natin sa

Panginoon, pagganap sa mga gawain natin sa Simbahan, pagtanggap ng sakramento nang karapat-dapat, at pagbabayad ng mga ikapu at handog.)

- Ano ang ibig sabihin ng maging matapat sa ating sarili? (Ang isang kahulugan ay hindi natin binibigyang-katwiran o binibigyang-dahilan ang kasalanan.)
- Paano natin epektibong maituturo ang katapatan sa ating tahanan?

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang piliin nila na maging matapat bagamat ito ay mahirap gawin. O hilingan sila na magbahagi ng mga halimbawa ng katapatan na nakita nila sa kanilang pinapasukan, paaralan, komunidad, o tahanan.

**4. Gumamit ng pananalita na nagbibigay-pitagan sa Diyos at nagpapasigla.**

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 63:60–62 at 136:21. Ano ang kautusan ng Panginoon hinggil sa paraan ng paggamit natin ng Kanyang pangalan? Sa anong paraan nagagamit ng mga tao ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang walang galang na paggamit nito, paggamit sa pamamaraang karaniwan o nakasanayan, at paggamit na kasama ang maruruming kaisipan o masasamang gawa.)
- Bilang karagdagan sa paggamit ng pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan, anu-ano pa ang ibang uri ng pananalita na dapat nating iwasan? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang bastos, malaswa, magaspang, o nakabababang pananalita.)

  Sinabi ni Pangulong Hinckley: "Huwag manungayaw. Huwag lumapastangan. Iwasan ang tinatawag na maruruming biro. Lumayo sa mga usapan na naglalaman ng anumang uri ng masasama at maruruming salita. Mas magiging maligaya kayo kung gagawin ninyo ito, at ang inyong halimbawa ay magbibigay ng lakas sa iba" (sa Conference Report, Okt. 1987, 59; o *Ensign*, Nob. 1987, 48).

  Kung inatasan ninyo ang isang miyembro ng klase na ibuod ang bahaging "*Pananalita"* sa *Para sa Lakas ng Kabataan*, ipabuod ito sa kanya ngayon.

- Anu-ano ang ilang ibubunga ng paggamit ng masasamang pananalita? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagkakasala sa Diyos, pagkakasala sa iba, pagpapababa ng sarili, at pagkawala ng paggabay ng Espiritu Santo.)

  Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawa, "Ang kalapastanganan at kabastusan . . . ay mga kasalanan na naghihiwalay sa atin mula sa Diyos at pumipinsala sa ating mga espirituwal na pananggalang sa pamamagitan ng pagpapaalis ng Espiritu Santo mula sa atin" (sa Conference Report, Abr. 1986, 69; o *Ensign*, Mayo 1986, 52).

- Paano tinutukso ni Satanas ang mga tao na gumamit ng walang-galang, bastos o mahalay na pananalita? Paano natin mapaglalabanan ang mga tukso na gumagamit ng masasamang pananalita? (Maaari ninyong talakayin kung paano ninyo puputulin ang nakagawiang paggamit ng masasamang pananalita.)
- Bakit mahalaga sa ating espirituwal na pag-unlad ang matutuhang pigilan ang ating mga salita? Paano nakatutulong sa atin ang pagpigil sa ating pananalita upang makalayo mula sa iba pang tukso?

- Paano tayo nararapat tumugon kapag tayo ay nasa paligid ng mga taong gumagamit ng masasamang salita o kapag ang masasamang salita ay ginagamit sa mga pelikula, telebisyon, o aklat? (Kung maaari, dapat nating lisanin ang mga lugar kung saan ginagamit ang masasamang salita. Maaari rin tayong tumutol sa mga gayong salita.)
- Paano matuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na huwag gumamit ng masasamang salita?
- Anong uri ng salita ang nais ng Panginoon na gamitin natin? (Tingnan sa D at T 52:16; 136:24; Mga Taga Efeso 4:29.) Sa paanong paraan nakapagpapasigla sa iba ang ating mga salita? Paano natin mahihikayat ang iba na gamitin ang pananalita na nagbibigay-pitagan sa Diyos at nakapagpapasigla?

Katapusan

Bigyang-diin na minamahal tayo ng Ama sa Langit at ninanais na isuot natin ang Kanyang "buong baluti" nang sa gayon ay mapangalagaan tayo mula sa tukso. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri, maging matapat, at gumamit ng nakapagpapasiglang pananalita. Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa oras ng aralin.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng aralin.

**1. Ang baluti ng Diyos ay kinapapalooban ng mga sandatang magagamit natin laban sa kaaway**

Habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa, ipinaliwanag ni Elder Harold B. Lee na ang baluti ng Diyos ay kinapapalooban hindi lamang ng mga pananggalang subalit ng mga sandata rin na magagamit natin nang aktibo:

"[Ang] nakabaluting tao ay tumatangan ng pananggalang sa kanyang kamay at sa kanyang kabilang kamay ay isa namang espada. . . . Ang pananggalang na iyon ay ang pananggalang ng pananampalataya at ang espada ay ang espada ng espiritu na siyang Salita ng Diyos. Wala na akong maisip pa na anumang makapangyarihang sandata kaysa pananampalataya at kaalaman tungkol sa mga banal na kasulatan na. . .siyang naglalaman ng Salita ng Diyos. Ang isang taong ganap na nakabaluti at lubos na nakahanda kasama ang mga sandatang iyon ay handa nang humayo laban sa kaaway" (*"Feet Shod With the Preparation of the Gospel of Peace,"* Brigham Young University Speeches of the Year [ika-9 ng Nob. 1954], 7).

**2. Gawain sa *Para sa Lakas ng Kabataan***

Ipaliwanag na ang pamumuhay ng mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng Kabataan* ay tumutulong na maglaan ng baluti na matibay at tiyak. Hatiin sa mga grupo ang mga miyembro ng klase at magtalaga ng paksa sa *Para sa Lakas ng Kabataan* sa bawat grupo.

Ipagamit sa mga grupo ang limang minuto sa pagtalakay sa kani-kanyang paksa at paghahanda ng mga ideya na ilalahad sa klase. Pagkatapos ay ipalahad ito

nang maikli sa bawat grupo. Maaari ninyong imungkahi na gamitin ng mga grupo ang isa o higit pa sa mga sumusunod na pamamaraan sa kanilang paglalahad:

a. Tukuyin ang mga makatotohanang halimbawa ng mga pangyayari kung saan ang isa sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng Kabataan* ay karaniwang pinag-uusapan.
b. Magbahagi ng mga pansariling karanasan o mga karanasan ng mga kaibigan na may kaugnayan sa pamantayang ito.
c. Gumamit ng pagsasadula upang maisalarawan kung paano pakikitunguhan ang hango sa tunay na buhay na mga pangyayari na may kaugnayan sa pamantayang ito.
d. Pag-usapan kung ano ang personal na nakatulong sa kanila upang mapanatili ang pamantayang ito.
e. Magbahagi ng mga ideya kung paano tutulungan ang iba na mapanatili ang pamantayang ito.
f. Talakayin ang gagawin kung ang pamumuhay ng pamantayang ito ay lumilikha ng pagtatalu-talo sa grupo o sa bawat isa.

**3. Pagsuporta sa mga kabataan**

Kung ang mga may sapat na gulang ang tinuturuan ninyo, mag-anyaya ng magulang o isang pinuno ng mga Kabataang Lalake o Kabataang Babae na talakayin nang maikli ang ilan sa mga hamon at tagumpay na pinagdaraanan ng mga kabataan.

Hilingan ang mga miyembro ng klase na maingat na isaalang-alang ang kanilang narinig. Anyayahan sila na mag-isip ng mga kaparaanan na mas higit nilang masusuportahan ang mga kabataan. Ibuod ang mga kasagutan sa pisara. Ang ilang mungkahi ay nakatala sa ibaba.

a. Alamin at tandaan ang kanilang mga pangalan.
b. Maging tunay na interesado sa kanila at ipaalam sa kanila na kayo ay nag-aalala sa kanila.
c. Alamin ang mga natatanging pangangailangan at magkusa na matugunan ang mga ito.
d. Maghanap ng mga pagkakataon na maibahagi ang mga talento, kuwento tungkol sa sarili, karanasan na mayroon kayo bilang kabataan, at karanasang nakapagpapatatag ng patotoo.
e. Patuloy na makisalamuha sa mga kabataan matapos halinhan mula sa tungkulin sa Simbahan kung saan nagturo o gumawa kayong kasama nila.
f. Magpakita ng magandang halimbawa ng pamumuhay na tulad ng kay Cristo.
g. Patawarin ang mga nakaraang pagkakamali at pigilin ang pagbabansag ng negatibo sa bawat tao.

**4. Pagtatanghal ng video na "Ang Buong Kagayakan ng Diyos"**

Kung may makukuhang *Pagtatanghal sa Video ng Bagong Tipan* (53914 893), isaalang-alang ang pagpapalabas ng "Ang Buong Kagayakan ng Diyos," isang 13 minutong yugto.

Aralin
# 44 Pagiging Mabubuting Mamamayan

**Layunin**

Hikayatin ang mga miyembro ng Simbahan na maging mabubuting mamamayan sa pamamagitan ng pakikilahok sa pamahalaan, pagsunod sa batas, at pagpapalakas ng komunidad.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at iba pang mga materyal:
   a. Doktrina at mga Tipan 58:21–22, 26–28; 98:4–10; 134; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12.
   b. *Ang Ating Pamana*, pahina 161, na nakatuon sa paglilingkod ni Elder Ezra Taft Benson bilang Kalihim ng Pagsasaka para sa Estados Unidos ng Amerika.
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.

*Paalala sa guro*: Ang mga pamahalaan at batas ay magkakaiba sa iba't ibang bansa at kultura. Maging sensitibo sa mga kalagayang lokal habang nagpapasiya kayo kung ano ang tatalakayin sa araling ito. Sa ilang bahagi maaaring pinakamainam na gugulin ang karamihan sa oras ng klase sa pagtalakay sa ikatlong bahagi ng aralin. Iwasan ang mga talakayan na magbibigay puwang sa mga usapin o pamimintas. Alalahanin na tinatagubilinan tayo sa tuwina ng mga pinuno ng Simbahan na gumawa sa nasasaklaw ng batas upang maisagawa ang mga kinakailangang pagbabago.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipaliwanag na noong 1952, habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol, inalok ni Dwight D. Eisenhower, Pangulo ng Estados Unidos, si Elder Ezra Taft Benson na maglingkod bilang Kalihim ng Pagsasaka ng bansa. Sa panghihikayat ng Pangulo ng Simbahan, na si David O. McKay, tinanggap ni Elder Benson ang gawain at naglingkod mabuti. Sa kanyang unang talumpati sa pangkalahatang komperensiya matapos maging Kalihim ng Pagsasaka, kanyang sinabing:

"Ako ay masaya sa pribilehiyo na mapaglingkuran, sa maliit mang paraan kahit paano, ang malaking bansang ito at ang pamahalaan kung saan namumuhay tayo sa ilalim nito. Ako ay nagpapasalamat sa Unang Panguluhan at sa aking mga kapatid na sila ay handa, hindi upang magbigay lamang ng payo, subalit

upang ibigay din sa akin ang kanilang pagbabasbas sa aking pagtugon sa tawag ng punong tagapagpaganap" (sa Conference Report, Abr. 1953, 40).

- Sa palagay ninyo, bakit nahikayat si Elder Benson na tanggapin ang gayong responsibilidad?

Ipaliwanag na hinihimok tayo ng mga pinuno ng Simbahan na maging mabubuting mamamayan at palakasin ang ating mga komunidad at bansa. Maraming paraan upang maging mabubuting mamamayan. Ito ay kinabibilangan ng pakikilahok sa mga proseso ng pamahalaan o ng pulitika, pagsunod sa batas, at paglilingkod sa ating komunidad. Tinatalakay ng araling ito ang mga turo ng Panginoon hinggil sa pamahalaan at mabuting pagkamamamayan.

---

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning batay sa mga banal na kasulatan.

**1. Pakikilahok sa pamahalaan**

Ipaliwanag na noong Agosto 1835, pinagtibay nang buong pagkakaisa sa isang pangkalahatang pagtitipon ng Simbahan sa Kirtland, Ohio ang pahayag ng paniniwala tungkol sa pamahalaan. Ang pahayag na ito ay nakatala sa D at T 134.

- Anu-ano ang layunin ng mga pamahalaang sibil? (Tingnan sa D at T 134:1, 6–8, 11. Maaaring ibilang sa mga sagot ang mga nakatala sa ibaba.)

  a. "Para sa ikabubuti at kaligtasan ng lipunan" (D at T 134:1).
  b. "Para sa pangangalaga sa mga walang malay at pagpaparusa sa mga nagkasala" (D at T 134:6).
  c. "Para sa pangangalaga ng lahat ng mamamayan sa malayang pagtupad ng kanilang pangrelehiyong paniniwala" (D at T 134:7).
  d. "Upang iwasto ang lahat ng pang-aapi at karaingan" (D at T 134:11).

- Ano ang magagawa nating tulong bilang mga mamamayan upang matupad ang mga layuning ito ng pamahalaan?

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawa:

"Bilang mga miyembro ng Simbahan, namumuhay tayo sa ilalim ng iba't ibang bandila. Kayhalaga na maunawaan natin ang ating lugar at ang ating kinatatayuan sa mga lupain kung saan tayo naninirahan! Dapat na alam natin ang kasaysayan, pamana, at mga batas ng mga lupain na namamahala sa atin. Sa mga bansang iyon na nagpapahintulot sa atin ng karapatan na makilahok sa mga gawain ng pamahalaan, dapat nating gamitin ang ating kalayaang pumili at aktibong gumawa sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga alituntunin ng katotohanan, karapatan , at kalayaan" (sa Conference Report, Okt. 1987, 87; o *Ensign*, Nob. 1987, 72).

- Paano natin masusuportahan at maipagtatanggol ang katotohanan, karapatan, at kalayaan sa pamamagitan ng pakikilahok natin sa pamahalaan?

- Ang Doktrina at mga Tipan 134 ay nagtuturo na nararapat nating hanapin at itaguyod ang mga pinuno na " mamamahala ng batas na pantay-pantay at makatarungan" (talata 3). Anu-ano pa ba ang ibang katangian na nararapat nating hanapin kapag pumipili ng mga pinuno? (Tingnan, para sa halimbawa, sa D at T 98:10.) Paano natin maihahanda ang ating sarili na matalinong pumili ng mga pinuno?

Ipaliwanag na habang nakikilahok tayo sa pamahalaan at sa mga prosesong pampulitika, nararapat nating gawin ito nang may pag-unawa na "ang Simbahan ay walang kinikilingan sa pulitika. Hindi ito nag-eendorso ng mga partido sa pulitika, plataporma, o kandidato. Hindi dapat ipahiwatig ng mga kandidato na sila ay sinusuportahan ng Simbahan o ng mga pinuno nito. Ang mga pinuno at miyembro ng Simbahan ay dapat umiwas sa pagpapahayag o gawain na maaaring magbigay ng pakahulugan na ang Simbahan ay nag-eendorso ng mga partido o kandidato sa pulitika" (*Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at ng mga Pantulong na Samahan* [1998], 424).

**2. Pagsunod sa mga batas ng lupain**

- Ano ang ating responsibilidad hinggil sa mga batas ng lupain? (Tingnan sa D at T 58:21--22; 98:4–6; 134:5–6; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12.) Paano matuturuan ng mga magulang, guro, at pinuno ang mga bata na sundin ang mga batas ng lupain?
- Paano natin nararapat pakitunguhan ang mga pinunong tagapagpatupad ng batas at ang iba pang pinunong sibil? (Tingnan sa D at T 134:3, 6.) Paano natin maipakikita ang ating pasasalamat para sa kanilang mga pagsisikap?
- Anong ugnayan ang nararapat na umiral sa pagitan ng relihiyon at pamahalaang sibil? (Tingnan sa D at T 134:4, 9. Ang mga talatang ito ay nagtuturo na hindi dapat magpatupad ang pamahalaan ng mga batas sa relihiyon maliban kung ang mga gawaing pangrelihiyon ay nanghihimasok sa mga karapatan at kalayaan ng iba.) Paano napalalakas ng relihiyon ang pamahalaan?

**3. Pagpapalakas ng komunidad**

Basahin ang sumusunod na pahayag na mula sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan*:

"Dapat gampanan ng mga miyembro ang kanilang tungkuling pangsibiko sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga hakbanging nagpapalakas sa lipunan sa aspeto ng moralidad, pananalapi, at kultura. Ang mga miyembro ay hinihikayat na maging aktibong kalahok sa mga karapat-dapat na layunin upang mapaunlad ang kanilang mga pamayanan at gawin ang mga itong kaiga-igayang lugar upang tirhan at magpalaki ng mga mag-anak" (*Aklat 2*, pahina 424).

Isulat ang *Palakasin ang Komunidad* sa pisara.

- Anu-ano ang ilang paraan na mapapalakas natin ang ating komunidad? (Gamitin ang sumusunod na impormasyon upang matalakay at madagdagan ang mga tugon ng mga miyembro ng klase. Isulat ang mga pamagat sa pisara habang tinatalakay ninyo ang mga ito.)

*Maglingkod sa iba*

- Bakit mahalaga na maglingkod ang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang komunidad?
- Anu-ano ang ilang proyektong paglilingkod na pangkomunidad na ang nilahukan ninyo o ng ibang miyembro ng Simbahan? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang mga karanasang ito.) Paano ninyo nabatid ang pangangailangang ito? Ano ang ginawa ng grupo upang magtagumpay ang proyekto?
- Anu-ano ang ilang indibiduwal at di-pormal na mga pamamaraan na ibinigay ninyo o ng ibang miyembro ng Simbahan sa paglilingkod sa komunidad?
- Anu-anong pagkakataon para sa paglilingkod ang umiiral sa ating komunidad ngayon? (Para sa ilang mungkahi, tingnan ang ikalawang karagdagang ideya sa pagtuturo.) Paano tayo higit na magkakaroon ng kabatiran sa mga pagkakataon para sa paglilingkod sa komunidad? (Maaaring ibilang sa mga sagot ang pagbabasa ng pahayagan, pagtalakay sa mga pangangailangan ng komunidad sa mga pulong ng pamunuan ng Simbahan, at pagpupulong kasama ang mga opisyal ng bayan upang talakayin kung paano tayo makatutulong.)
- Sa paanong paraan pinakikinabangan ng komunidad ang paglilingkod na pangkomunidad? Anu-ano ang ilan sa mga paraan na pinagpapala tayo kapag tayo ay naglilingkod?

*Maglingkod sa mga inihalal o itinalagang posisyon na paglilingkod sa bayan*

Basahin ang sumusunod na pahayag sa mga miyembro ng Simbahan mula sa Unang Panguluhan:

“Matibay naming hinihimok ang mga kalalakihan at kababaihan na maging handa upang maglingkod sa mga lupon ng paaralan, kapulungan at komisyon ng lungsod, lehislatura ng estado, at iba pang mataas na katungkulang inihalal o hinirang man” (liham ng Unang Panguluhan, ika-15 ng Ene. 1998).

- Anu-ano ang ilang halimbawa ng posisyon na pampubliko sa ating komunidad? Paano nagdadala ng kabutihan sa isang komunidad ang mga tao na nasa gayong posisyon?

*Suportahan ang mga kapaki-pakinabang na layunin o gawain*

- Basahing kasama ng mga miyembro ng klase ang D at T 58:27. Paano tayo magiging “sabik sa paggawa” sa mabubuting layunin sa komunidad?

Ibahagi ang sumusunod na salaysay ng isang Banal sa mga Huling Araw na nakagawa ng mahalagang ambag sa kanyang komunidad at bansa sa pamamagitan ng pagsuporta sa kapaki-pakinabang na layunin:

“Habang naglilingkod si Dolina Smith bilang pangulo ng Mga Kabataang Babae sa Istaka ng Toronto, Ontario noong 1986, hinilingan niya ang isang dalubhasa na magsalita sa *fireside* hinggil sa lumalaking problema ng pornograpiya. Kinalaunan siya ay nasama sa malawakang grupo na tinatawag ng Mga Taga Canada para sa Kalinisang Moral na nagpakilos sa mga libu-libong taga Canada na laban sa pornograpiya upang makipagkita sa kanilang mga inihalal na pinuno dahil tumitindi ang problema tungkol sa pornograpiya. . . .

". . . Noong 1990, naragdagan ang kanyang pakikilahok nang siya ay hiranging tagapangulo ng Mga Taga Canada para sa Kalinisang Moral. Sa bagong papel na ito na gagampanan, siya ay nagbigay ng napakaraming pagtatanghal sa harap ng mga namumunong pangkat na panlalawigan at distrito na siyang gumawa at bumago ng mga batas tungkol sa pornograpiya. Siya rin ay nangusap sa maraming grupo ng mamamayan na nagtatrabaho sa mga lokal na pamahalaan upang mahigpit na mapigilan ang paglaganap ng pornograpiya sa kanilang komunidad" (Donald S. Conkey, "Together We Can Make a Difference," *Ensign*, Peb. 1996, 68).

- Anu-ano ang ilang kapaki-pakinabang na layunin na maaari nating suportahan sa komunidad? Paano natin malalabanan nang wasto ang masasamang impluwensiya sa ating komunidad?
- Anu-ano ang ilang hamon sa paglilingkod sa komunidad? Paano natin mapagtatagumpayan ang mga hamong ito? (Ang isang hamon marahil ay ang pagsasaayos ng oras na kailangan natin upang maglingkod. Ang isang paraan upang mapagtagumpayan ang hamong ito ay maglingkod nang sama-sama ang mga miyembro ng mag-anak o ang mga miyembro ng purok, kung maaari. Ito ay nagpapahintulot sa mag-anak na magsama-sama sa halip na magkahiwa-hiwalay habang naglilingkod.)

---

Katapusan

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawa:

"Sa Simbahan, madalas nating banggitin ang sawikaing, 'Manirahan sa daigdig subalit huwag makiisa sa daigdig.'. . .Marahil dapat nating sabihin ang sawikain. . .bilang dalawang magkahiwalay na paalaala. Una, '*Manirahan sa daigdig*.' Makilahok; maging maalam. Sikaping maging maunawain at mapagbigay at pasalamatan ang pagkakaiba-iba. Gumawa ng mga makabuluhang ambag sa lipunan sa pamamagitan ng paglilingkod at pakikilahok. Ikalawa, '*Huwag makiisa sa daigdig*.' Huwag sundin ang mga maling daan o makipagkasundo upang pagbigyan o tanggapin ang bagay na mali. . . .

"Kinakailangang higit na makaimpluwensiya ang mga miyembro ng Simbahan kaysa tayo ang maimpluwensiyahan. Nararapat tayong gumawa upang pigilan ang impluwensiya ng kasalanan at masama sa halip na maimpluwensiyahan nang walang pagtutol sa mga ito. Kailangan natin ang bawat isa na tumulong makalutas sa problema sa halip na iwasan o ipagwalang-bahala ito" (sa Conference Report, Abr. 1989, 100–101; o *Ensign*, Mayo 1989, 80).

Bigyang-diin na bilang mga Banal sa mga Huling Araw nararapat tayong maging mabubuting mamamayan saanman tayo naninirahan. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na gawin ang magagawa nila upang suportahan ang mabuting pamahalaan at palakasin ang kanilang mga komunidad.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na mga materyal ay karagdagan sa iminungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Mag-ulat tungkol sa mga boluntaryong paglilingkod sa komunidad**

Magtalaga ng isang miyembro ng purok o sangay sa umpisa pa lamang upang mag-ulat tungkol sa mga binalangkas na boluntaryong paglilingkod sa inyong komunidad at kung paano makikilahok sa mga paglilingkod na ito. O anyayahan ang isang miyembro ng klase na kabahagi sa ilang uri ng paglilingkod sa komunidad na ipaliwanag kung ano ang kanyang ginagawa roon.

Bilang bahagi ng talakayan, bigyang-diin na hindi na natin kailangang maghintay para sa mga tawag o gawain mula sa mga pinuno ng Simbahan bago tayo maglingkod sa komunidad bilang indibiduwal o isang grupo.

**2. Mga ideya sa paglilingkod sa komunidad**

Kung nahihirapan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng mga paraan upang makapagbigay ng paglilingkod sa komunidad, maaari ninyong imungkahi ang mga sumusunod na ideya. Bilang bahagi ng talakayang ito, ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Mateo 25:34–40.

*Mga paglilingkod pangkalusugan*: Gumawa ng mga kasuotan at pagkain para sa mga taong maysakit; alagaan ang mga batang maysakit sa ospital o sa inyong kapitbahayan; magdala ng mga bulaklak sa mga pasyente sa mga ospital na wala nang mag-anak; sa mga natatanging okasyon, alalahanin ang mga taong maysakit.

*Mga paglilingkod panlipunan*: Tumulong magbuo o mamuno sa mga grupo na tumutulong sa mga kabataan na mapahusay ang mga kasanayan; magturo ng pananahi, pagluluto, mga kasanayan, o iba pang mga kasanayan sa mga nasa bahay-ampunan at paaralan sa komunidad o sa mga may kapansanan; basahan ang matatanda sa bahay-kalinga; magturo ng mga kasanayang pangwika sa mga hindi nakaaalam ng inyong wika; magbasa para sa mga bulag; dalawin at kausapin ang matatanda sa inyong sariling mag-anak at kapitbahayan.

**3. Palakasin ang komunidad sa pamamagitan ng pagpapakita ng paggalang**

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Kahanga-hanga ang magagawa ng paggalang. Kalunus-lunos ang maidudulot ng kakulangan ng paggalang. Nakikita natin ito sa araw-araw habang tayo ay umuusad sa trapiko ng mga lungsod kung saan tayo naninirahan. Ang isang sandaling ginugol sa pagpapaubaya sa iba sa linya ng trapiko ay gumagawa ng kabutihan sa taong tinulungan, at ito rin ay gumagawa ng kabutihan sa taong tumutulong. May kakaibang nangyayari sa ating kalooban kapag tayo ay magalang at mapitagan sa iba. Ang lahat ng ito ay bahagi ng proseso ng pagpapadalisay na, kung pananatilihin, ay babaguhin ang ating likas na katauhan" (sa Conference Report, Abr. 1996, 70; o *Ensign*, Mayo 1996, 49).

- Anu-anong pagkakataon ang mayroon tayo sa bawat araw upang maipakita ang ating paggalang sa iba? (Maaaring ibilang sa mga sagot na kapag tayo ay nagtatrabaho, nagmamaneho, namimili, o naglalakad lamang sa kalsada.) Paano napalalakas ng paggalang ang isang komunidad?

Aralin

# 45 "Ang Mag-anak ay Inordena ng Diyos"

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang walang hanggang kahalagahan ng mag-anak at bigyang-inspirasyon sila na palakasin ang kanilang mag-anak.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" (*Ensign*, Nob. 1995, 102). Ang bawat miyembro ng klase ay nararapat magkaroon ng sipi ng pagpapahayag upang makasangguni rito sa oras ng aralin. Ang pagpapahayag ay kasama sa pahina 329 ng manwal na ito at sa mga pahina 30–31 ng *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Ito rin ay makukuha bilang hiwalay na aytem (35602 893 at 35538 893).
2. Repasuhin ang materyal ng araling ito sa *Gabay sa Pag-aaral ng mga Miyembro ng Klase* (35686 893). Magplano ng mga paraan upang mabanggit ang materyal sa oras ng aralin.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag pansin, ihandang ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" o mag-anyaya ng maliit na grupo ng mga bata sa Primarya na magtungo sa inyong klase at awitin ito.

*Paalala sa guro*: Maaaring magkakaiba ang mga kalagayan ng mag-anak sa mga miyembro ng klase. Maging sensitibo sa mga pagkakaibang ito, at bigyang-diin na ang bawat isa ay bahagi ng isang mag-anak na may mga magulang kapwa sa lupa at sa langit.

**Mga Mungkahi para sa Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag Pansin

Kapag naaangkop, gamitin ang kasunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" o atasan ang mga grupo ng mga bata sa Primarya na awitin ito (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3).

Matapos umawit, ipaalala sa mga miyembro ng klase ang mga salita mula sa koro: "Nais kong kapiling ang mag-anak namin, paraan nito'y bigay ng Diyos, Landas 'tinuro N'yang Lubos."

Ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," na naglalaman ng mga turo ng Panginoon tungkol sa mag-anak na ibinigay sa pamamagitan ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga turong ito, mapalalakas at mapag-iisa natin ang ating mag-anak ngayon at maihahanda na mamuhay bilang mga walang-hanggang mag-anak.

Talakayan at Pagsasagawa

Piliin nang may panalangin ang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga alituntuning tinatalakay ninyo.

**1. Ang mag-anak ang sentro ng plano ng Diyos**

Ipaliwanag na "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" ay inilahad ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa pangkalahatang pulong ng Samahang Damayan noong Setyembre, 1995. Mula noon, ito ay inilimbag na sa maraming wika para sa mga miyembro ng Simbahan at sa iba pang tao sa buong daigdig. Ito rin ay inilahad sa mga pinuno ng pamahalaan sa maraming lupain.

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang pamagat, ang paliwanag sa ilalim ng pamagat, at ang unang dalawang talata ng pagpapahayag.

- Ano ang nangyayari sa ating sariling mag-anak, komunidad, at bansa na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa payo at babalang ito mula sa mga propeta ng Diyos?

  Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Bakit mayroon tayo ngayon ng pagpapahayag na ito sa mag-anak? Sapagkat ang mag-anak ay sinasalakay. Sa buong daigdig ang mga mag-anak ay nagkakawatak-watak. Ang lugar na dapat pagmulan upang mapabuti ang lipunan ay sa tahanan. Ginagawa ng mga bata, karaniwan, kung ano ang itinuro sa kanila. Sinisikap nating mapabuti ang daigdig sa pamamagitan ng pagpapalakas sa mag-anak" ("Inspirational Thoughts," *Ensign*, Ago. 1997, 5).

- Isinasaad ng pagpapahayag na ang kasal at mag-anak ay "inordena ng Diyos" at "sentro sa [Kanyang] plano para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak." Bakit ang mag-anak ang sentro ng plano ng Diyos para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak? (Tingnan sa D at T 131:1–4; I Mga Taga Corinto 11:11.)
- Isinasaad ng pagpapahayag na tayong lahat ay mga espiritung anak ng Diyos, na nilikha sa Kanyang wangis (tingnan din sa Genesis 1:26–27). Ano ang itinuturo ng doktrinang ito hinggil sa ating kakayahang maging? Paano nakaaapekto ang kaalamang kayo ay miyembro ng mag-anak ng Ama sa Langit sa nadarama ninyo hinggil sa mga mag-anak dito sa lupa? Paano tayo mapalalakas ng doktrinang ito?

**2. Pinapangyari ng mga sagradong ordenansa na magkasama nang walang hanggan ang mga mag-anak.**

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang pangatlong talata ng pagpapahayag.

- Ano ang itinuturo ng talatang ito hinggil sa layunin ng buhay sa mundo? Paano nakatutulong sa atin ang karanasan natin sa mundo sa ating walang hanggang pag-unlad?
- Ano ang kinakailangan upang ang kasal at mag-anak ay maging walang hanggan? (Kailangang matanggap ng mag-asawa ang ordenansa ng pagbubuklod sa templo at tuparin ang mga tipan na kaugnay ng ordenansang ito.)

- Paano natin mapalalakas ang ating pangako na tuparin ang ating mga tipan sa templo? Sa papaanong paraan matutulungan ng mga magulang ang mga anak na makapasok sa templo?
- Paano dapat makaapekto ang pangako na maaari tayong mamuhay nang walang hanggan kasama ang ating mga anak sa pakikitungo natin ngayon sa mga miyembro ng mag-anak?

**3. Ang kapangyarihang lumikha ng buhay na mortal ay sagrado.**

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang ikaapat at ikalimang talata ng pagpapahayag.

- Ano ang iniutos ng Diyos hinggil sa paggamit ng kapangyarihan upang makalikha ng buhay na mortal? Bakit mahalaga ang pagsunod sa kautusang ito?

  Itinuro ni Elder Henry B. Eyring ng Korum ng Labindalawa:

  "Ang mga anak ay pamana sa atin mula sa Panginoon sa buhay na ito at gayundin sa kawalang-hanggan. Ang buhay na walang hanggan ay hindi lamang ang makasama magpakailanman ang ating mga inapo sa buhay na ito. Ito rin ay upang magkaroon ng walang hanggang pag-unlad.. . . .

  "Mauunawaan natin kung bakit inuutusan tayo ng ating Ama sa Langit na pagpitaganan ang buhay at pahalagahan ang mga kapangyarihan na lumikha nito bilang sagrado. Kung wala tayong mapitagang damdamin sa buhay na ito, paano ibibigay sa atin ng ating Ama ang mga ito sa mga kawalang hanggan?" ("Ang Mag-anak," *Liahona*, Okt. 1998).

  Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawa: "*Ang katawan ay mahalagang bahagi ng kaluluwa*. . . . Ipinapahayag namin na ang taong ginagamit ang katawan ng iba na ipinagkaloob ng Diyos nang walang banal na pagpapahintulot ay inaabuso ang mismong kaluluwa ng taong iyon, inaabuso ang pangunahing layunin at mga proseso ng buhay. . .Sa pagkakasalang seksuwal, nakataya ang kaluluwa—ang katawan at ang espiritu" (sa Conference Report, Okt. 1998, 99–100; o *Ensign*, Nob. 1998, 76).

- Ano ang magagawa ng mga magulang upang matulungan ang mga anak na maunawaan ang kahalagahan ng kalinisang moral? (Maaari ninyong imungkahi na balik-aralan ng mga magulang kasama ang kanilang mga anak ang mga aral tungkol sa kadalisayang seksuwal na matatagpuan sa *Para sa Lakas ng Kabataan* [34285 893] o *Gabay sa mga Magulang* [31125 893].)

**4. Ang mga magulang ay may banal na tungkulin na pangalagaan ang isa't isa at turuan ang kanilang mga anak.**

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang ikaanim na talata ng pagpapahayag.

- Ano ang magagawa ng mag-asawa upang patibayin ang kanilang pagmamahalan sa isa't isa?

  Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Kapag kayo'y kasal na, maging lubos na matapat sa isa't isa. Ang kasakiman ay matinding tagawasak ng masayang buhay mag-anak. Kung uunahin ninyong alalahanin ang kaginhawahan, ang kapakanan, at ang kaligayahan ng inyong kabiyak,

inilalayo ang anumang personal na alalahanin sa mas mataas na layunin, kayo ay magiging masaya, at ang inyong pagsasama ay magpapatuloy hanggang sa kawalang-hanggan" ("Excerpts from Recent Addresses of President Gordon B. Hinckley," *Ensign*, Dis. 1995, 67).

- Paano pinagpapala ang mga anak kung sila ay may mga magulang na nagmamahalan at nag-aalala sa isa't isa?
- Anu-ano ang mga responsibilidad ng mga magulang na ituro sa kanilang mga anak? (Tingnan sa Mosias 4:14–15; D at T 68:25–28; 93:40.) Anu ano ang ilang paraan upang ituro ang mga alituntuning ito sa mga anak? Paano kayo nakinabang mula sa mga turo ng inyong mga magulang?
- Anu-ano ang ilang tagpo kung saan magkakaroon ang mga magulang ng pagkakataon na turuan ang kanilang mga anak? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng gabing pantahanan ng mag-anak, panalangin pang-mag-anak, oras ng kainan, oras ng pagtulog, paglalakbay nang magkakasama, at paggawa nang magkakasama.)
- Ano ang papel na ginagampanan ng Simbahan sa pagtuturo ng mga bata? (Tingnan ang sumusunod na siping-banggit.) Paano magiging katuwang ng mga magulang ang Simbahan upang maturuan ang kanilang mga anak?

  Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Responsibilidad ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak. Ang Panlinggong Paaralan, ang Primarya, [Mutuwal], at iba pang mga samahan ng Simbahan ay gumaganap lamang ng pangalawang papel" (*The Teachings of Spencer W. Kimball*, binago ni Edward L. Kimball [1982], 332).

**5. Ang matatagumpay na pagsasama at mag-anak ay nababatay sa mga matwid na alituntunin.**

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang ikapitong talata ng pagpapahayag.

- Itinuturo ng pagpapahayag na "ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo." Paano nagdulot ng kaligayahan ang mga turo ni Cristo sa inyong tahanan?
- Isinasaad ng pagpapahayag na "ang matagumpay na buhay may-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan." Alin sa mga alituntuning ito ang sadyang mahalaga sa inyong buhay may-asawa at mag-anak? Anu-anong epektibong pamamaraan ang inyong natagpuan para sa pagtuturo ng mga alituntuning ito sa inyong mag-anak? (Kapag nabigyang-inspirasyon ng Espiritu, maaari kayong tumuon sa iisa lamang o dalawa sa mga alituntuning ito. Kung nais ninyong mag-ukol ng maraming oras sa bahaging ito ng pagpapahayag, tingnan ang ikaapat na karagdagang ideya sa pagtuturo.)
- Ayon sa pagpapahayag, anu-ano ang pangunahing responsibilidad ng mga ama? Ano ang ibig sabihin ng "mamuno . . . sa pagmamahal at kabutihan"? (Tingnan sa D at T 121:41– 46.)

- Paano maihahanda ngayon ng mga batang lalaki at mga kabataang lalaki ang kanilang sarili upang itaguyod ang kanilang mag-anak? Ano ang magagawa ng mga magulang upang mahikayat ang mga kabataan na magtamo ng pormal na edukasyon at matuto ng mga kasanayang praktikal?
- Ano ang pangunahing responsibilidad ng mga ina na inilalarawan ng pagpapahayag? Paano maihahanda ngayon ng mga kabataang babae ang kanilang sarili upang maisakatuparan ang responsibilidad na ito?

  Itinuro ni Gordon B. Hinckley:

  "Kung dapat magbalik sa mga luma at sagradong pinahahalagahan, ito ay kailangang magsimula sa tahanan. Dito natututuhan ang katotohanan, ang integridad ay nalilinang, ang disiplina sa sarili ay ikinikintal, at ang pag-ibig ay naaalagaan. . . .

  "Mga kapatid na babae, pangalagaan ang inyong mga anak. . . . Wala nang mas mahalaga sa inyo bilang mga ina, sadyang wala na. Ang inyong mga anak ang pinakamahalagang bagay na matatamo ninyo sa panahon o sa lahat ng kawalang-hanggan. Sa katunayan kayo ay magiging mapalad kung, sa inyong pagtanda at minamasdan ang inyong mga iniluwal sa daigdig, matatagpuan ninyo sa kanila ang pagkamakatwiran ng buhay, kabutihan sa pamumuhay, at katapatan sa kanilang mga pag-uugali" ("Magsilakad sa Liwanag ng Panginoon," *Liahona*, Ene. 1999, 25).
- Paano makatutulong ang mga ama sa pag-aalaga sa kanilang mga anak? Bakit mahalaga para sa mga magulang na tulungan ang isa't isa bilang mag-asawang may pantay na karapatan?

**6. Ang pagpapalakas ng mga mag-anak ay responsibilidad ng lahat.**

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang huling dalawang talata ng pagpapahayag.

- Tinatapos ng pagpapahayag ang pagbibigay-babala sa malulubhang ibubunga ng pagkakawatak-watak ng mag-anak at sa panawagan sa lahat ng tao na palakasin ang mag-anak. Ano ang magagawa natin bilang indibiduwal at mga mag-anak upang mapasimulan ang mas matatatag na mag-anak sa ating sariling komunidad?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa isang pulong ng mga alkalde at ng iba pang pinuno ng bayan: "Sa inyong mga kalalakihan at kababaihan na may malaking impluwensiya, kayo na namumuno sa mga lungsod ng bansa, sinasabi ko sa inyo na hindi gaanong magkakahalaga nang malaki upang baguhin ang ating mga paaralan, upang ituro ang mga katangian ng mabuting pagkamamamayan, kaysa sa magagastos na pagpapatayo at pagpapanatili ng mga mamahaling piitan at kulungan. . . . Subalit mayroon pang isang institusyon na higit na mahalaga kaysa sa mga paaralan. Ito ay ang tahanan. Naniniwala ako na walang bansang higit na makapangingibabaw kaysa lakas ng mga mag-anak nito" ("U. S. Conference of Mayors," *Ensign*, Nob. 1998, 109).
- Bakit kinakailangang maging matatag ang mga mag-anak upang makaahon ang mga bansa?

Katapusan

Bigyang hamon ang mga miyembro ng klase na isipin ang kanilang mag-anak at isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong: Nadarama ba ng lahat ng miyembro ng aking mag-anak ang pagmamahal ko sa kanila? Nagsisikap ba kami na mamuhay bilang walang hanggang mag-anak? Ano ang magagawa ko upang mapalakas ang aking mag-anak?

Magpatotoo sa katotohanan ng mga alituntunin sa pagpapahayag at hikayatin ang mga miyembro ng klase na patuloy na pag-aralan at ipamuhay ang mga turo nito.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ideya upang dagdagan ang iminungkahing banghay ng araling ito.

**1. Pagkilala at pag-iwas sa pang-aabuso**

Ang pagpapahayag ay nagbababala na "ang mga nang-aabuso sa asawa o anak . . . ay papananagutin sa harapan ng Diyos balang araw." Ang mga pinuno ng Simbahan ay nagsasalita laban sa anumang uri ng pang-aabuso. Ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley sa mga kapatid ng pagkasaserdote ay maaaring isagawa kapwa sa mga kalalakihan at kababaihan:

"Huwag kailanman abusuhin ang inyong maybahay. Huwag kailanman abusuhin ang inyong mga anak. Sa halip tipunin sila sa inyong mga bisig at ipadama sa kanila ang inyong pagmamahal at ang inyong pasasalamat at ang inyong paggalang. Maging mabubuting asawa. Maging mabubuting ama" ("Mga Kaisipang Nagbibigay-inspirasyon," *Liahona*, Hun. 1999).

**2. Pagtatanghal sa video ng "Responsibilidad ng mga Magulang"**

Kung may makukuhang *Pagtatanghal sa Video ng Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan* (53912 893), isaalang-alang ang pagpapalabas ng "Responsibilidad ng mga Magulang," isang pitong minutong yugto. Atasan ang mga miyembro ng klase na pag-isipan nang mabuti ang sumusunod na mga katanungan habang pinanonood nila ang mga pagtatanghal:

- Sa paanong paraan kayo pinagpala ng mga turo ng inyong mga magulang? Ano ang nais ninyong matutuhan ng inyong mga anak sa inyo?

**3. Karagdagang pahayag tungkol sa mag-anak**

Maaari ninyong basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawa:

"Ang plano ng Ama ay magpapatuloy ang pagmamahalan at pagsasama ng mag-anak sa mga kawalang-hanggan. Ang pagiging . . . bahagi ng mag-anak ay nagdadala ng malaking responsibilidad ng pagkalinga, pagmamahal, pagpapalakas ng loob, at pagpapalakas sa bawat miyembro ng mag-anak nang sa gayon ang lahat ay makapagtiis nang matwid hanggang wakas sa mortalidad at manahang magkakasama sa lahat ng kawalang-hanggan. Hindi sapat na iligtas lamang natin ang ating sarili. Mahalaga rin na maligtas ang ating mga magulang, kapatid at ating mag-anak. Kung babalik tayong mag-isa sa ating Ama sa Langit tatanungin tayo, 'Nasaan ang mga kasama mo sa mag-anak?'" (sa Conference Report, Okt. 1996, 88; o *Liahona*, Ene. 1997).

**4. Pangkatang mga talakayan**

Isulat sa pisara ang siyam na alituntunin ng matagumpay na buhay may-asawa at mag-anak na nakatala sa ikapitong talata ng pagpapahayag (na kasunod ng pariralang "matagumpay na buhay may-asawa at mag-anak"). Hatiin ang mga miyembro ng klase sa mga grupo at magtalaga ng isa o higit pang alituntunin sa bawat grupo. Hilingin sa mga grupo na mag-isip ng mga paraan upang makatulong silang maitatag at mapalakas ang mga alituntuning ito sa kanilang mag-anak. Matapos magkaroon ng ilang minuto ang mga grupo na talakayin ito, anyayahan ang isang tao mula sa bawat grupo na ibahagi ang mga ideya ng grupo.

**5. Pagtalakay ng pagpapahayag sa gabing pantahanan ng mag-anak**

Imungkahi na talakayin ng mga miyembro ng klase ang pagpapahayag sa mag-anak sa oras ng gabing pantahanan ng mag-anak sa linggong ito. Atasan sila na maghandang iulat ang karanasang ito sa pagsisimula ng klase sa susunod na linggo

# Mga Pagkakasunud-sunod ng Pangyayari at Mapa sa Kasaysayan ng Simbahan

# Mga Pagkakasunud-sunod ng Pangyayari sa Kasaysayan ng Simbahan

**1805, Disyembre 23**
Isinilang si Joseph Smith kina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith sa Sharon, Vermont (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:3–4).

**1820, Mga Unang Araw ng Tagsibol**
Natanggap ni Joseph Smith ang Unang Pangitain sa isang kakahuyan malapit sa kanyang tirahan sa estado ng New York (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20).

**1823, Setyembre 21–22**
Dinalaw ng anghel na si Moroni si Joseph Smith at sinabihan tungkol sa Aklat ni Mormon. Nakita ni Joseph ang mga laminang gintong nakalagak sa isang malapit na burol (Cumorah) (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–54).

**1827, Setyembre 22**
Tinanggap ni Joseph Smith ang mga laminang ginto mula kay Moroni sa Burol ng Cumorah (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:59).

**1829, Mayo 15**
Iginawad ni Juan Bautista ang Pagkasaserdoteng Aaron kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Harmony, Pennsylvania (tingnan sa D at T 13; Joseph Smith—Kasaysayan 1:71–72).

**1829, Mayo**
Tinanggap nina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang Pagkasaserdoteng Melquisedec mula kina Pedro, Santiago, at Juan malapit sa Ilog Susquehanna sa pagitan ng Harmony, Pennsylvania, at Colesville, New York (tingnan sa D at T 128:20).

**1829, Hunyo**
Natapos ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ipinakita sa Tatlong Saksi at Walong Saksi ang mga laminang ginto (tingnan sa 2 Nephi 11:3; 27:12–13; D at T 17).

**1830, Marso 26**
Nagkaroon ng mga unang limbag na kopya ng Aklat ni Mormon sa Palmyra, New York.

**1830, Abril 6**
Pagtatatag ng Simbahan sa Fayette, New York.

**1830, Setyembre–Oktubre**
Tumawag ng mga unang misyonero na mangangaral sa mga Lamanita (Mga Katutubong Amerikano) (tingnan sa D at T 28:30; 32).

**1830, Disyembre hanggang 1831, Enero**
Inutusan ng Panginoon ang mga Banal na magtipon sa Ohio (tingnan sa D at T 37; 38:31–32).

**1831, Hulyo 20**
Ang lugar para sa lungsod ng Sion (ang Bagong Jerusalem) sa Independence, Missouri, inihayag kay Propetang Joseph Smith (tingnan sa D at T 57; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10).

**1833, Marso 18**
Itinalaga sina Sidney Rigdon at Frederick G. Williams bilang mga Tagapayo sa Panguluhan ng Simbahan at pinagkalooban ng mga susi ng kaharian (tingnan sa ulo ng D at T 81 at 90; tingnan din sa D at T 90:6).

**1833, Nobyembre 7**
Nagsimulang tumakas ang mga Banal mula sa mga mandurumog sa Jackson County, Missouri, patawid sa Ilog ng Missouri at patungong Clay County, Missouri.

**1834, Mayo 5**
Nilisan ni Joseph Smith ang Kirtland, Ohio, patungong Missouri bilang pinuno ng Kampo ng Sion upang magdala ng tulong sa mga Banal na sapilitang pinaalis sa Jackson County.

**1835, Pebrero 14**
Itinatag ang Korum ng Labindalawang Apostol sa Kirtland, Ohio (tingnan sa D at T 107:23–24).

**1835, Pebrero 28**
Nagsimula ang pagtatatag ng Unang Korum ng Pitumpu sa Kirtland, Ohio.

**1835, Agosto 17**
Tinanggap bilang pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan ang Doktrina at mga Tipan sa Kirtland, Ohio.

**1836, Marso 27**
Inilaan ang Templo sa Kirtland (tingnan sa D at T 109).

**1836, Abril 3**
Nagpakita si Jesucristo kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Templo ng Kirtland (tingnan sa D at T 110:1–10). Nagpakita sina Moises, Elias, at Elijah at ipinagkatiwala ang mga susi ng pagkasaserdote (tingnan sa D at T 110:11–16).

**1837, Hulyo 19**
Dumating sa Liverpool, England sina Elder Heber C. Kimball at anim na iba pa, sa kauna-unahang misyon sa ibayong dagat.

**1838, Abril 26**
Binanggit sa pamamagitan ng paghahayag ang pangalan ng Simbahan (tingnan sa D at T 115:4).

**1838, Disyembre 1 hanggang 1839, Abril 16**
Ikinulong si Propetang Joseph Smith at iba pa sa Bilangguan ng Liberty sa Liberty, Missouri (tingnan sa D at T 121–23).

**1840, Agosto 15**
Ipinahayag sa publiko ni Propetang Joseph Smith ang tungkol sa pagbibinyag sa mga patay.

**1841, Oktubre 24**
Inilaan ni Elder Orson Hyde ang Palestina para sa pagbabalik ng mga anak ni Abraham.
Itinatag ang Samahang Damayan ng mga kababaihan sa Nauvoo, Illinois.

**1842, Mayo 4**
Ipinagkaloob sa Nauvoo, Illinois ang mga unang buong endowment sa templo.

**1844, Hunyo 27**
Pinaslang sina Joseph at Hyrum Smith sa Bilangguan ng Carthage sa Carthage, Illinois (tingnan sa D at T 135).

**1846, Pebrero 4**
Nagsimulang tumawid ng Ilog Mississippi ang mga Banal sa Nauvoo upang magtungo sa kanluran. May ilang Banal na naglayag mula Lungsod ng New York patungong California sakay ng barkong Brooklyn.

**1846, Hulyo 16**
Nagtipon sa Iowa ang Batalyon ng Mormon upang maglingkod sa hukbo ng Estados Unidos. Nilisan ng tagabunsod na samahan ni Pangulong Brigham Young ang Winter Quarters sa kanilang paglalakbay pakanluran (tingnan sa D at T 136).

**1847, Hulyo 24**
Pumasok sa Lambak ng Salt Lake si Pangulong Brigham Young.

**1847, Disyembre 27**
Sinang-ayunan si Brigham Young bilang Pangulo ng Simbahan.

**1848, Mayo–Hunyo**
Sinalanta ng mga balang ang mga pananim sa Lambak ng Salt Lake. Nailigtas mula sa ganap na pagkasira ang mga bukirin nang kainin ng mga kawan ng ibong-dagat ang mga balang.

**1849, Disyembre 9**
Itinatag ni Richard Ballantyne ang Panlinggong Paaralan.

**1850, Hunyo 15**
Nagsimula ang paglalathala ng *Deseret News* sa Lungsod ng Salt Lake.

**1856, Oktubre**
Naantala ng maagang unos ng niyebe ang mga pangkat nina Willie at Martin na may hilang mga kariton. Natagpuan ng mga tagaligtas mula sa Lungsod ng Salt Lake.

**1869, Nobyembre 28**
Binuo ang Samahan ng mga Kabataang Babae para sa Pagtitipid, ang sinundang programang Mga Kabataang Babae.

**1875, Hunyo 10**
Binuo ang Samahan para sa Kapwa Ikauunlad ng mga Kabataang Lalaki, ang sinundan ng programang Kabataang Lalake.

**1877, Abril 6**
Inilaan ang Templo sa St. George. Natanggap ni Pangulong Brigham Young ang paghahayag na isaayos ang samahan ng pagkasaserdote at ang mga istaka ng Sion.

**1878, Agosto 25**
Idinaos ni Aurelia Spencer Rogers ang kauna-unahang pulong ng Primarya sa Farmington, Utah.

**1880, Oktubre 10**
Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan si John Taylor. Tinanggap ang Mahalagang Perlas bilang pamantayang banal na kasulatan.

**1883, Abril 14**
Ibinigay kay Pangulong John Taylor ang paghahayag hinggil sa pagbuo ng Pitumpu.

**1889, Abril 7**
Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan si Wilford Woodruff.

**1890, Oktubre 6**
Sinang-ayunan ang "Pahayag" sa pangkalahatang komperensiya na nagpahinto sa gawaing pakikilahok sa pag-aasawa nang maramihan (tingnan sa Opisyal na Pahayag 1).

**1893, Abril 6**
Inilaan ni Pangulong Wilford Woodruff ang Templo saSalt Lake matapos ang 40 taong paggawa.

**1898, Setyembre 13**
Naging Pangulo ng Simbahan si Lorenzo Snow.

**1899, Mayo 17**
Nakatanggap ng paghahayag si Pangulong Lorenzo Snow sa St. George, Utah na nag-udyok sa kanyang bigyang-diin ang ikapu.

**1901, Oktubre 17**
Naging Pangulo ng Simbahan si Joseph F. Smith.

**1918, Oktubre 3**
Natanggap ni Joseph F. Smith ang pangitain hinggil sa pagtutubos sa mga patay (tingnan sa D at T 138).

**1918, Nobyembre 23**
Naging Pangulo ng Simbahan si Heber J. Grant.

**1936, Abril**
Itinatag ang Programang Pangseguridad ng Simbahan upang tulungan ang mahihirap noong panahon ng Matinding Taghirap; naging programang pangkapakanan ng Simbahan. Ang programang ito ay nagmula sa isang paghahayag na naunang natanggap ni Pangulong Heber J. Grant.

**1941, Abril 6**
Tinawag sa unang pagkakataon ang mga Katuwang ng Labindalawa.

**1945, Mayo 21**
Naging Pangulo ng Simbahan si George Albert Smith.

**1951, Abril 9**
Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan si David O. McKay.

**1961, Setyembre 30**
Sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, inihayag ni Elder Harold B. Lee na lahat ng programa ng Simbahan ay dapat iugnay sa pamamagitan ng pagkasaserdote upang palakasin ang mga mag-anak at bawat tao.

**1964, Oktubre**
Binigyang-diin ang pagdaraos ng gabing pantahanan ng mag-anak.

**1970, Enero 23**
Naging Pangulo ng Simbahan si Joseph Fielding Smith.

**1971, Enero**
Nagsimulang ilathala ang mga bagong magasin ng Simbahan—Ensign, New Era, at Friend.

**1972, Hulyo 7**
Naging Pangulo ng Simbahan si Harold B. Lee

**1973, Disyembre 30**
Naging Pangulo ng Simbahan si Spencer W. Kimball.

**1975, Oktubre 3**
Inihayag ni Pangulong Spencer W. Kimball ang pagsasaayos sa Unang Korum ng Pitumpu.

**1976, Abril 3**
Dalawang paghahayag ang idinagdag sa Mahalagang Perlas. Inilipat ang mga ito noong 1981 at naging D at T 137 at 138.

**1978, Setyembre 30**
Sinang-ayunan ng Simbahan ang paghahayag na nagkakaloob ng pagkasaserdote sa lahat ng karapat-dapat na lalaking miyembro anuman ang lahi o kulay (tingnan sa Opisyal na Pahayag 2).

**1979, Setyembre**
Inilathala ang BHA na edisyon ng Bibliang King James.

**1981, Setyembre**
Inilathala ang mga bagong edisyon ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas.

**1984, Hunyo**
Pormal na sinimulan ang mga Panguluhan ng Pook, na ang mga miyembro ay tinawag mula sa Pitumpu.

**1985, Nobyembre 10**
Naging Pangulo ng Simbahan si Ezra Taft Benson.

**1989, Abril 1**
Isinaayos ang Ikalawang Korum ng Pitumpu.

**1994, Hunyo 5**
Naging Pangulo ng Simbahan si Howard W. Hunter.

**1995, Marso 12**
Naging Pangulo ng Simbahan si Gordon B. Hinckley.

**1995, Abril 1**
Inihayag ang bagong katungkulan na tatawaging Awtoridad ng Pook.

**1995, Setyembre 23**
Binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," mula sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na isinagawa sa isang pangkalahatang pulong ng Samahang Damayan.


**1997, Abril 5**
Oordenan ang mga Awtoridad ng Pook bilang Pitumpu. Binuo ang Pangalawa, Pang-apat, at Panlimang Korum ng Pitumpu.

**1997, Oktubre 4**
Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang mga plano hinggil sa pagtatayo ng mga higit na maliliit na templo.

**1997, Nobyembre**
Umabot sa 10 milyon ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan.


**1998, Abril 5**
Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang layuning pagkakaroon ng 100 magagamit na templo sa taong 2000.

# Mapa 1: Ang Pook na New York, Pennsylvania, at Ohio ng Estados Unidos




1. **Timog Bainbridge.** Ikinasal dito sina Joseph Smith Jr. at Emma Hale noong ika-18 ng Enero 1827 (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:57).
2. **Colesville.** Itinatag ang isa sa mga unang sangay ng Simbahan sa tahanan ni Joseph Knight Sr., sa Colesville, noong 1830.
3. **Tahanan ni Joseph Smith Jr. sa Harmony.** Natapos dito ang karamihan sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Sa pampang ng Ilog Susquehanna ipinanumbalik ang pagkasaserdote noong 1829 (tingnan sa D at T 13; 128:20; Joseph Smith—Kasaysayan 1:71–72).
4. **Fayette.** Nakita rito ng Tatlong Saksi ang mga laminang ginto at ang anghel na si Moroni (tingnan sa D at T 17). Natapos dito ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon noong Hunyo 1829. Dito itinatag ang Simbahan noong ika-6 ng Abril 1830 (tingnan sa D at T 20–21).
5. **Mendon.** Nanirahan dito sina Brigham Young at Heber C. Kimball noong una nilang marinig ang ipinanumbalik na ebanghelyo.
6. **Kirtland.** Tumigil dito noong 1830 ang mga misyonerong ipinadala sa mga Lamanita at bininyagan si Sidney Rigdon at iba pa sa pook na ito. Ang Kirtland ang punong-tanggapan ng Simbahan mula noong mga unang araw ng Pebrero 1831 hanggang ika-12 ng Enero 1838. Itinayo rito ang unang templo ng dispensasyong ito at inilaan noong ika-27 ng Marso 1836 (tingnan sa D at T 109).
7. **Kanal ng Erie.** Naglayag ang tatlong sangay ng Simbahan sa New York sa pamamagitan ng Kanal ng Erie at Lawa ng Erie patungong Kirtland, Ohio, noong Abril at Mayo 1831.
8. **Hiram.** Nanirahan dito sina Joseph at Emma mula Setyembre 1831 hanggang Setyembre 1832. Ginawa nina Joseph at Sidney Rigdon ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia. Ang mga paghahayag na tinanggap dito: D at T 1, 65, 67–69, 71, 73–74, 76–81, 99, at 133.
9. **Amherst.** Dito sinang-ayunan si Joseph Smith bilang Pangulo ng Mataas na Pagkasaserdote noong ika-25 ng Enero 1832 (tingnan sa History of the Church, 1:243; tingnan din sa ulo ng D at T 75).
10. **Toronto.** Tahanan nina John Taylor, na naging pangatlong Pangulo ng Simbahan, at Mary Fielding, na pagkaraan ay naging asawa ni Hyrum Smith.

# Mapa 2: Ang Pook ng Missouri, Illinois, at Iowa ng Estados Unidos




1 **Independence.** Tinukoy ng Panginoon ang Independence bilang sentro ng Sion noong Hulyo 1831 (tingnan sa D at T 57:2–3). Inilaan dito noong ika-3 ng Agosto 1831 ang pagtatayuan ng templo. Sapilitang pinaalis ng mga mandurumog ang mga Banal mula sa Independence at Jackson County noong Nobyembre 1833.

2. **Fishing River.** Naglakbay sina Joseph Smith at Kampo ng Sion mula Kirtland, Ohio, patungong Missouri noong 1834 upang ibalik ang mga Banal ng Jackson County sa kanilang lupain. Inihayag sa pampang ng ilog na ito ang D at T 105.

3. **Far West.** Isang kanlungan ang itinayo rito para sa mga Banal mula 1836 hanggang 1838. Naging punong tanggapan ito ng Simbahan noong ilang bahagi ng 1838. Inilaan dito ang isang lugar na pagtatayuan ng templo (tingnan sa D at T 115). Noong ika-8 ng Hulyo 1838, nakatanggap ng tawag mula sa Panginoon ang Korum ng Labindalawa na magmisyon sa ibayong dagat (tingnan sa D at T 118). Noong 1838–39, napilitang lumikas patungong Illinois ang mga Banal.

4. **Adan-ondi-Ahman.** Binasbasan dito ni Adan ang kanyang matwid na inapo tatlong taon bago siya mamatay (tingnan sa D at T 107:53–57). Isang malaking pagtitipun-tipon ang magaganap dito bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas (tingnan sa Daniel 7:9–14; D at T 78:15; 116; Teachings of the Prophet Joseph Smith, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 157).

5. **Liberty.** Nagtipon sa lugar na ito ang mga Banal mula sa Jackson County mula 1833 hanggang 1836, nang sila'y kinailangang umalis. Ikinulong dito nang walang kasalanan si Joseph Smth at iba pa mula Disyembre 1838 hanggang Abril 1839. Sa gitna ng mga maligalig na panahon ng Simbahan, nanalangin ng patnubay sa Panginoon si Joseph at natanggap ang D at T 121–23.


6. **Nauvoo.** Matatagpuan malapit sa Ilog ng Mississippi, ang pook na ito ang punong tanggapan ng Simbahan mula 1839 hanggang 1846. Nagtayo ng templo rito, at dito nagsimula ang mga ordenansang tulad ng pagbibinyag para sa mga patay, endowment, at ang pagbubuklod ng mag-anak. Dito itinatag ang Samahang Damayan noong 1842. Ang mga paghahayag na natanggap dito ay kinabibilangan ng D at T 124–29.

7. **Carthage.** Dito pinaslang sina Propetang Joseph Smith at ang kanyang kapatid na si Hyrum noong ika-27 ng Hunyo 1844 (tingnan sa D at T 135).

8. **Winter Quarters.** Ang punong-tanggapan at sakop na lupa ng mga Banal patungo sa Lambak ng Salt Lake (1846–48). Dito binuo ang Kampo ng Israel para sa pakanlurang paglalakbay (tingnan sa D at T 136).

9. **Council Bluffs (Kanesville).** Sinang-ayunan dito ang Unang Panguluhan noong ika-27 ng Disyembre 1847, si Brigham Young bilang Pangulo.

# Mapa 3: Ang Pakanlurang Paglalakbay ng Simbahan




1. **Fayette.** Nilisan ng Propetang Joseph Smith ang Fayette patungong Kirtland, Ohio, noong Enero 1831. Sumunod ang tatlong sangay sa New York noong Abril at Mayo 1831 sa ilalim ng utos ng Panginoong magtipun-tipon (tingnan sa D at T 37–38).

2. **Kirtland.** Ang punong-tanggapan ng Simbahan mula noong mga unang araw ng Pebrero 1831 hanggang 12 Enero 1838, nang lumipat ang Propeta sa Far West, Missouri.

3. **Independence.** Tinukoy ng Panginoon ang Independence bilang sentro ng Sion noong Hulyo 1831 (tingnan sa D at T 57:2–3). Sapilitang pinaalis ng mga mandurumog ang mga Banal mula rito noong Nobyembre 1833.

4. **Liberty.** Nagtipon sa lugar na ito ang mga Banal mula sa Jackson County mula 1833 hanggang 1836, nang sila ay kinailangang umalis.

5. **Far West.** Isang kanlungan ang itinatag dito para sa mga Banal mula 1836 hanggang 1838. Naging punong tanggapan ng Simbahan noong ilang bahagi ng 1838. Noong 1838–39, ang mga Banal ay napilitang umalis ng Illinois.

6. **Nauvoo.** Ang punong-tanggapan ng Simbahan mula 1839 hanggang 1846. Mga dalawang taon makalipas ang pagpaslang sa Propeta at sa kanyang kapatid na si Hyrum, lumikas pakanluran ang mga Banal.

7. **Council Bluffs (Kanesville).** Dumating dito ang mga tagabunsod noong Hunyo 1846. Umalis ang miyembro ng Batalyon ng Mormon noong ika-21 ng Hulyo 1846 sa ilalim ni Tinyente Koronel James Allen.

8. **Winter Quarters.** Ang punong-tanggapan at sakop na lupa ng mga Banal sa kanilang daan patungo sa Lambak ng Salt Lake (1846–48). Umalis ang paunang samahan sa ilalim ng pamamahala ni Pangulong Brigham Young noong Abril 1847.

9. **Fort Leavenworth.** Dito binigyan ng mga kagamitan ang Batalyon ng Mormon bago magmartsa pakanluran noong Agosto 1846.

10. **Santa Fe.** Pinamahalaan ni Tinyente Koronel Philip Cooke ang Batalyon ng Mormon nang sila'y magmartsa rito noong ika-19 ng Oktubre 1846.

11. **Pueblo.** Tatlong maysakit na pangkat mula sa Batalyon ng Mormon ang inutusang magpagaling sa Pueblo, kung saan nila pinalipas ang taglamig ng 1846–47 kasama ang mga Banal mula sa Mississippi. Ang mga pangkat na ito ay pumasok sa Lambak ng Salt Lake noong Hulyo 1847.

12. **San Diego.** Natapos dito ng Batalyon ng Mormon ang kanilang 2,000 milyang paglalakbay noong ika-29 ng Enero 1847.

13. **Los Angeles.** Dito pinalaya sa kanilang tungkulin ang Batalyon ng Mormon noong ika-16 ng Hulyo 1847.

14. **Sacramento.** Ilang pinalaya sa tungkuling miyembro ng batalyon ang nagtrabaho rito at sa gawi pang silangang Sutter's Mill sa American River, kung saan sila tumulong sa pagtuklas ng ginto.

15. **Lungsod ng Salt Lake.** Dumating sa Lambak ng Salt Lake si Pangulong Brigham Young noong ika-24 ng Hulyo 1847.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

35685 893